I've Been Executed

by SentirOph

Completed



I'VE BEEN EXECUTED
A love with her is not a story. it is a tragedy.
SENTIROPH SENTIROPH
SENTIROPH SENTIROPH

Table of Contents

1. Synopsis
2. Chapter 1
3. Chapter 2
4. Chapter 3
5. Chapter 4
6. Chapter 5
7. Chapter 6
8. Chapter 7
9. Chapter 8
10. Chapter 9
11. Chapter 10
12. Chapter 11
13. Chapter 12
14. Chapter 13
15. Chapter 14
16. Chapter 15
17. Chapter 16
18. Chapter 17
19. Chapter 18
20. Chapter 19
21. Chapter 20
22. Chapter 21
23. Chapter 22
24. Chapter 23
25. Chapter 24
26. Chapter 25
27. Chapter 26
28. Chapter 27
29. Chapter 28
30. Chapter 29

31. Chapter 30
32. Chapter 31
33. Chapter 32
34. Chapter 33
35. Chapter 34
36. Chapter 35
37. Chapter 36
38. Chapter 37
39. Chapter 38
40. Chapter 39
41. Chapter 40
42. Chapter 41
43. Chapter 42
44. Chapter 43
45. Chapter 44
46. Chapter 45
47. Chapter 46
48. Chapter 47
49. Chapter 48
50. Chapter 49
51. Chapter 50
52. Chapter 51
53. Epilogue
54. Special Chapter I
55. Special Chapter II

Synopsis

~I'VE BEEN EXECUTED~

This is all work of fiction. No copyright intended. All of the scenes here came from the author's imagination. The story contains a lot of trigger warnings that are not advisable for young readers. Explicit and harsh words are used and included as well as sensitive content.

Ps. The portrayer of the two main characters doesn't describe their whole appearance at all. It's just that they had the closest physical characteristics I've found before since I am already in the middle of the story before finding one. You're still free to think of other people if ever. It's your decision in the first place. I would also like to include that let's avoid mentioning other characters here. You can criticize but don't compare two or more different stories.

I might also include that I am intentionally republishing this incompletely to see how many changes I need to fix. The more spoilers the book will have, the more I will change the remaining scenes.

I didn't edit all of the chapters so there's still a lot of errors. This story has been written out of boredom so what I can only say is if you're looking for heavy angst and a perfect story flow and structure, this is definitely not for you. I wrote this to help me cope up and not to stress the readers. I'd also like to add that if you don't like being spoiled, avoid looking at the comment section. Thank you in advance.

Read at your own risk.

~~~~~

Being a mistress will never be my dream. That's the last thing I would dare to do in this world. But, destiny is really a good player sometimes.

I learned how to be contented in my life after my parents left me. I learned how to value the things I get from my own hard work and from the people around me. I learned how to be independent and how to stand alone in my own feet.

I am contented with what I have.

I am contented to the people who's always been by my side and never leave me alone at my darkest hours.

I am contented with them. . . Not until she walked inside our room and greeted me with her cold eyes.

She is an architect. A highly respected one.

She is gorgeous, no, she's beyond gorgeous. Her eternal beauty is exquisite. It is perfect.

Her eyes is hazel brown and she got a cupid bow lips. In every angle I would take a look of her, there's no any single flaws I've seen. She's beautiful just the way she is. It is natural, it is in born.

At first, flirting her is just my way to get closer to her. She's been thrilling to be with and what I like even

more is, she's different.

She educate me and gave me knowledge I should have. She taught me a lot of things and show me the differents perspective in life.

She change me in the best version to of myself without even knowing it.

She's a good companion even though she is silent most of the time. She love rolling her eyes when she is trying to conceal her emotions and she is frowning when she is being confused.

I know her too well.

She is the woman you would never dare to talk to because of her aura. She's just so high to look and to reach at sometimes.

I repeat, she is an architect. A highly respected one.

She loves designing and planning. She is good at teaching and leading. She is the best mentor I've ever had.

Sa sobrang galing niya ngang magturo ay natutununan ko na kung paano planuhin ang buhay ko kasama siya.

My future is already imprinted in my mind everytime I'm staring at her. Ewan ko, pero sakaniya lang ako nabaliw ng ganito.

I am straight--- nah, it's wrong.

I was straight.

Straight ako noong hindi pa siya dumadating. I was just a player before, a girl who loves to play around without even falling in love.

She is not afraid to fall in love, she is afraid to the consequences of love.

I am that girl. I was that girl.

I was been like that not until she came and let me fall without exerting any efforts. Nahulog ako, putangina kasi ni kupido.

Putangina niya dahil papanain niya nalang ako, sa may asawa pa.

He strike my heart using his bow and arrow. . . But he is unfair enough to aim for my heart but he didn't aim hers.

Ako lang ang pinana niya.

Because the woman that is supposed to be mine is already married to any other man.

She's married.

And I've been executed.

Chapter 1

Zajei's POV

"Zajei my loves!!!"

"Tangina mo, Ferb!" Barumbadong saad ko nang makalapit siya sa'kin. Nakangising aso ito na lalong ikinataas ng inis ko dahil sa punyetang lalaking 'to.

Pinaghintay lang naman ako ng mahigit dalawang oras kagabi sa bar nila.

"Sorry na. Bumalik kasi yung isang ka-fling ko tapos nag-ayang mag-'you know' kaya sino ba naman ako para tumanggi?" Nakangiting hayag nito na ikinairap ko.

"Sino ka? Isa kang marupok na hinayupak sa s*x. Hindi mo 'yan ikinagwapo, tanga."

I started to walk out of the parking lot habang nasa tabi ko siya at nakalingkis sa kanang braso ko.

"Ang harsh mo talaga." Nakalabing wika nito pero hindi ko na pinansin pa. Mukha siyang pato.

"Where's Phineas?"

"Wazzup Zj!!" I almost jump when he screams right after my ear. Bwisit! Ang panget talaga ng boses niya.

"Dumbass! Get off me!" Angil ko dahil parehas silang nakapulupot sa akin. Bobong kambal 'to akala mo mga walang kalandian kung makayakap sa'kin.

They are Phineas and Ferb. Kambal sila and they are the only best of friends I've got. Childhood friends ko sila and until now, kaibigan pa din. Ang galing kasi mag-isip nang pangalan ng mga magulang nila kaya Phineas and Ferb nalang.

Sabagay, pangalan nga ng Mommy nila ay Candice.

"Balita ko, buntis daw si Professor X."

"Bobo! Lalaki si Professor X kaya paano mabubuntis." Kontra ni Ferb sa kakambal niya habang naglalakad kami papunta sa first subject namin.

We are currently on our last year being an architecture students tapos nag-umpisa na ang second sem kaya ilang months nalang ay ga-graduate na kami.

"Hindi pa kasi ako tapos. Tarantadong 'to." Phineas deeply breathe before explaining. "Buntis yung asawa niya kaya nag-leave daw si Sir. Akalain mo 'yon tol, nakakabuntis pala si Professor X."

I shook my head before leaving them at nauna nang pumasok sa room namin. They are pertaining to our professor sa isa naming major subject na may hawig kay Professor X. As in, sa unang tingin talaga akala mo siya 'yon kaya laging pinagtitripan ng mga ugok kong kablock.

"Hello, Zajei."

I smiled at one of my block mate bago umupo sa upuan ko sa dulo. I prefer seating at the back dahil mahilig akong matulog sa klase habang nagdidiscuss ang teacher.

"Bobo Zj bakit mo kami iniwan?"

"Hindi kasi worth it mag-stay sayo." Nakangising sagot ko kay Ferb ng makaupo sila sa tabi ko. Parang hindi talaga mabubuhay ang dalawang 'to ng hindi sumasama sa'kin.

"Grabe siya. Parang hindi mo ako nagustuhan ha!"

"Hindi naman talaga! Tanga lang ang magkakagusto sayo--- *ay putangina!"* Mahinang pagmumura ko ng biglang pumasok ang Dean namin.

Bigla tuloy nagka-spotlight sa room dahil sa makintab niyang buhok na malinis na naka-brush up with matching Gatsby.

"Good morning, students."

"Goooooood mowninggg, Sirrr Vonny!!" Tila grade one na bati naming lahat. Nakita namin ang bahagyang pagdilim ng mukha ni Sir kaya halos umiwas kaming lahat ng tingin.

"It's Vauh. It pronounced as 'Voh', how many times should I repeat it to you all?!" Galit na sumbat nito pero tumungo lang ako kasabay ng mahihinang pagtawa.

Pinaarte pa ni Sir eh alam naman naming lahat na Gervauh ang name niya. Gervo ang basa pero pinapaarte niya at Vauh nalang daw. Asus! Akala mo naman ikinagwapo niya.

Buti nga hindi Vauh-Vauh ang tawag namin sakaniya.

"Hoosh!" Paghinga nito ng malalim na ikinareklamo ng mga kaklase namin sa una. Kaysa ang baho daw or so whatever. "Shut up!!"

I chuckled upon seeing his crimson red face. Kami lang talaga ang nakakapikon sakaniya ng ganyan. Favorite ba naman niya kaming pagalitan every time na bibisita siya sa block namin.

"Sir Vonny asan po si Professor X?" Ferb asked after a while dahil puro tawanan nalang ang nangyari sa loob ng room. Pinagtitripan na naman kasi nila si Dean.

Mga walang galang!

"Miss Montero can you stop laughing?! You're the president of this class yet you're supporting them to their stupidity?!" Naiinis na baling sakin ni Sir na ikinatigil ko sa pagtawa dahil sa katarantaduhan nila.

Kasama talaga ako sa walang galang eh.

I stood up and face him with a grin on my lips na lalong ikinapula ng pisnge niya. Sus, crush ata ako ni Sir.

"Sir, with all due respect, I'm not supporting them to their stupidity. I'm just supporting and vibin' with them while enjoying their happiness. Alam niyo naman pong kayo ang happy pill namin." Mapaglaro ang ngiting iginawad ko sakaniya habang sumasagot.

"That's our president!"

"Ayieeeee! Same vibe, pres! Try din natin ang same feelings." Malanding saad ni Jino, one of my classmate na trip lagi akong landiin.

We are blockmates since first year college kaya halos magkakapatid na ang turing namin sa isa't isa. Pero yung iba ay bet ata ang block strokes kaya mga naglandian at nagjowaan.

"You're getting insane, Miss Montero." Iritadong saad ni Sir Vauh bago ako paupuin. "To answer your question Mr. Ferb Oqua, your beloved Professor X is on his leave because his wife is pregnant. . . And as an answer to the questions in your heads, someone will replace him temporarily until your graduation. She will arrive tomorrow and I hope and swear to our loving God that all of you won't do anything to harm her, understood?"

I grin and nodded kasabay ng mga kaklase ko. Ang arte talaga magsalita ni Sir, he is gay by the way.

Baklang 'to.

"Sir Vauh Vauh my labidabs, is this our free cut for today?" Nakangiting tanong ni Phineas sa tabi ko. Halatang dinadaan na naman si Sir sa mga kalandian niya porket alam niyang may crush sakaniya yung tao.

"Yeah. Do whatever you want. . . But please, don't break rules---"

"We'll break bones, then." I smirk playfully at our Dean pero bumuntong hininga lang ito at sumandal sa table na nasa likuran niya.

"Don't you dare to do it, Zajei." Banta nito pero nagkibit balikat lang ako. "You may now enjoy your free cut. . . Miss Montero, come with me."

I fixed my things first before bidding my goodbye to my classmates at saka sumunod kay Sir. Sa tingin ko ay sa office niya kami pupunta dahil na din sa daang tinatahak naming dalawa.

"Have a seat, hija."

I sat in front of him habang nakaupo naman siya sa swivel chair niya. May iuutos talaga 'to kaya ako pinasunod nyan. Galawan talaga ng taong 'to, ang daling hulaan.

"I'm expecting you not to do something worse to your new professor tomorrow, Zj." He casually said and lean on his chair. Woah, nickname basis na kami? "She is highly respected in her field and she don't deserve any stupidity. Kung ayaw niyong mapahiya, don't do something she don't like."

I shrugged my shoulders off at kinuha ang milktea na nasa ibabaw ng table niya. Hindi naman niya ako pinigilan bagkos ay nginitian pa kaya ininom ko na. Close kami niyan ni Sir eh.

"She's an architect, am I right?"

"She is."

I nodded and play with the straw and plastic cup on my hand. Sana naman hindi masungit ang professor na 'yon. Puro ang susungit kaya ng prof namin this sem, wala man lang mabait inside the class pero nakikipag-biruan naman sila kapag nasa labas na kaya medyo close din kami sakanila.

Pero above all of it, wala pa rin akong inspiration sakanila para pumasok at sumagot sa recitation.

Wala kasi akong gwapong professor. Merong isang binata na nasa late 20's na pero hindi ko bet eh. Mukha kasing good boy tapos ang gusto ko may pagka-bad boy look.

"Zj..."

Muli akong nag-angat ng tingin kay Sir bago siya nginitian ng simple. I stood up habang hawak hawak ang milktea at bag ko saka tumango sakaniya.

"You should take care of Architect Acozta. . . She's a newbie in teaching and leading a class. Help her to adjust, will you?" Mababa ang tono ngunit nag-uutos na batid niya.

"I get it. I'll try my best to do what you're asking me to do."

"I'm not asking you to do it as a student, Zj." He says with a sly smile on his lips. "Alright?"

"Yeah, whatever you say. . . Uncle."

"Naks, galing kalang sa office ni Sir Vonny may milktea kana agad." Mapang-asar na saad ni Ferb habang kumakain. Nadatnan ko sila ng kakambal niya sa cafeteria na umoorder ng pagkain kaya diretso kain kami pagdating ko.

"Ang spoiled mo talaga sa Uncle mo." Dagdag ni Phineas.

Hindi man kapani-paniwala, Sir Gervauh is my uncle. Kapatid 'yon ni Daddy kaya ganon and alam 'yon ng buong school. Buti nga walang nag-iissue sa'kin na kaya ako kasali sa Dean Lister ay dahil sakaniya, hambalusin ko sila 'pag nagkataon.

"Jei.." pukaw ni Phineas sa atensyon ko kasabay ng pagturo niya sa may gilid gamit ang nguso niya. Nagtatakang tumingin ako sa gilid ko only to see my fvcking ex na ang tanging gusto ay sex. "Ang pangit naman ng bago niya."

I chuckled at his remarks bago pinagpatuloy ang pagkain. Nakita ko pang tumingin sa amin si Kaios at ngumisi pero nginisian ko lang din siya.

"Grabe, ang sakit no'n sa part mo, Zj. Ang dami daming nanliligaw sayo na mga rugby boy tapos yung isa mong ex ipinagpalit ka lang sa mukhang ostrich?" Disappointed na ani ni Ferb na ikinatawa ko.

Mga bobong 'to daig pa ako sa panlalait mga kalalaking tao.

"Mahilig 'yon sa hayop, hayop din siya eh." They chuckled at my answer before shooking their heads. "Asan mga girlfriend niyo?"

"Wala kami no'n--"

"Tanga ikaw lang. May magiging girlfriend kaya ako." Ungos ni Phineas at itinuro ang isang table na

agad naman naming tingnan ni Ferb. It is the table of women volleyball team na ngayon ay nakatingin din sa amin. "Yuki!"

Yuki, the captain of the team stood up and walk towards our table na may ngiti sa labi. Agad naman siyang pinaupo ni Ferb sa upuan niya at lumipat siya sa tabi ko. Lah? Anong nangyayari?

"Guys, meet my future girlfriend, Yuki."

Naniningkit ang mga matang binalingan ko si Phineas. Gago ba siya? Alam niyang bawal niyang jowain si Yuki.

"Hey, stop giving him that look, Zj." Saway sa'kin ni Yuki pero inirapan ko lang siya.

"May usapan tayo, Phineas. Kung ayaw mong basagin ko 'yang mukha mo, tigilan mo ang pinsan ko." Pagbabanta ko sakaniya saka sila binigyan ng malamig na tingin.

"Tol naman, maghaharutan lang naman kami." Hirit nito pero tinaasan ko lang siya ng kilay.

"Jei--"

"Shut up, Yuki."

I won't let them play with each other. Kahit na sabihin pang maglalandian lang sila, may feelings pa din na iinvest don. Gosh! Knowing the both of them, parehas silang mahilig humarot and play around pero parehas marupok.

"Paano ba 'yan? Ayaw ni Master Zajei. Hindi pa nagiging tayo break na agad." Tumatawang saad ni Yuki bago humalik sa pisnge ko at nagpaalam na babalik na sa table nila.

"Sayang si Yuki, Zajei. Chic yu--"

"Hambalusin kaya kita ng dos por dos?!" Iritang putol ko dito.

Yuki is like my baby sister. I treat her like that and I don't like the idea of her, being play with anybody else.

"Sabi ko nga, 'wag si Yuki."

"Sabi ko naman sayo tol, 'wag mong babaliin ang batas ni Zajei." Nang-aasar na saad ni Ferb sa tabi ko. Sinamaan ko siya ng tingin bago muling ibaling ang atensyon sa pagkain.

Una palang, alam ko ng crush ni Phineas si Yuki. I do know it because he confronted me but he also told me that his feelings for her is not that strong and that's the time I warned him not to mess with my cousin. Marupok ang pinsan ko kaya wala akong balak hayaan si Phineas na ligawan siya not unless he is knowledgeable enough to know that he sees Yuki with him in the future.

Ayaw kong magkasakitan silang dalawa.

"Hoy!"

"Ano?!" Naiinis na tanong ko sakanila. Bwisit talaga ang dalawang 'to minsan.

"May sinabi ba si Sir Vonny about don sa magiging bago nating prof?" Tanong ni Ferb.

Napaisip naman ako dahil hindi ko na masyadong mataandaan ang pinag-usapan namin kanina. Antok na antok kaya ako kanina kaya lutang pa ako habang kausap si Sir.

"Architect daw tapos highly respected kaya 'wag daw tayong gagawa ng katangahan kung ayaw nating mapahiya."

"Hot daw?"

I frowned upon hearing Ferb's question. Malay ko kung hot 'yun at isa pa, wala akong pake kung hot siya.

"Ewan. Tingnan mo nalang bukas." Simpleng sagot ko bago kunin ang bag at nagpaalam na sakanilang dalawa.

Uuwi nalang ako sa condo dahil wala naman na akong class. Tuwing Thursday kasi ay yung class lang namin kay Professor X ang tanging schedule namin pero 4 hours yun. Nakakabobo na nga minsan pumasok sa class na 'yon dahil sobrang haba ng time tapos sobrang hirap pa ng kasi ang hirap intindihin ng way ni Professor X para magets namin ang lesson agad agad.

Kasalukuyang tinatahak ko ang daan papuntang langit--- charot! Sa elevator talaga ang punta ko dahil kailangan ko na talagang makapunta sa unit ko. Antok na antok ako ngayon dahil sa ginawang katarantaduhan ni Ferb.

12 am niya ako pinapunta sa bar nila kasi daw ililibre niya ako pero hindi ako sinipot dahil nag-ayang makipag*x ang ka-fling niya. Potang 'yon quarter to 2 am na tuloy ako nakauwi tapos 7 am ang start ng class namin.

Kung alam ko lang na wala pala si Professor X at free cut namin, hindi na sana ako pumasok pa. Sayang sa gas.

Nang makarating ako sa unit ko ay diretso ligo ako tapos higa sa bed matapos magblower. I didn't wear any clothes too dahil hindi ako sanay 'pag ganon. I prefer wearing undies and a loose shirt either kapag may kasama ako but it's rare to happen dahil hindi naman ako sumasama kina Phineas magsleepover. Si Yuki lang lagi ang kasama ko matulog kapag dumadayo ako sa bahay nila.

I place my arm on my forehead as I close my eyes at tuluyan ng nagpalamon sa walanghiyang antok.

...

"Putangina, president!!" Bungad sa'kin ng mga kablockmates ko nang makapasok ako sa room.

I didn't attend my morning classes earlier kaya ngayong afternoon class lang ako nakapunta sa school. Nagkaroon kasi ng meeting ang mga president ng Archi department kaya hindi kami nakapasok lahat.

"Problema niyo?"

"Gago ang ganda noong pumalit kay Professor X!" Jino answered and his eyes are twinkling kaya nagtatakang tiningnan ko sila. Ano naman kung maganda si Architect Acozta? For sure mas maganda ako doo--- putangina maganda nga.

"Good afternoon everyone." She greeted after she made herself comfortable in front of her desk. She looks so elegant and pricey. Her eyes roamed around the four corners of our and I think I forgot to breathe for a second when she met my gazes.

Damn it!

"The girl at the back, stand up." Her cold voice beamed across the room as I stare at her more. "The girl wearing the black hoodie, I said stand up."

Agad akong napatayo when I realized that it was me she was pertaining to. I smiled playfully at her while my hands are in my pockets and starts to check her out.

By the way she dresses, you will notice immediately that she is a woman with elegance and power. Ang lakas din ng appeal niya and yeah, she's beautiful pero mas maganda pa din ako. Hindi ako papayag na mas maganda siya kahit na sabihing ang ganda ng hazel brown niyang mga mata.

"What's your name?"

"I'm Zajei Loure Montero, Ma'am. How about you? Gusto mo bang dalhin ang pangalan ko?" Nakangising tanong ko na ikinataas ng kilay niya pero agad ding bumalik sa plain expression niya.

"What are you talking about, Miss?" Malamig na saad niya but I just shrugged my shoulders and smile playfully even more.

"Perhaps, do you even know the Montero's?"

"Why?"

"I am a Montero." I stated and directly look at her eyes. "And I can make you one."

Rinig ko ang mahihinang pagsinghap ng mga kaklase ko but I didn't care less. Ang alam ko straight ako and I haven't flirt any woman before not until now.

Ah, basta. Trip ko lang 'tong si Ma'am.

"I don't need it."

"Because I am the one you need." Nakangiting pahayag ko na ikinatili ng mga kaklase kong babae. Pota, anong nangyayari sayo, Zj? Hindi naman ako ganito lumandi ah.

"Sit down." Bagkos ay saad niya matapos akong taasan ng kilay. Attitude si Ma'am. "For Miss Montero who didn't know me yet. . . I am Architect Saviel Acozta and I will be the one who will replace Architect Dela Paz for the meantime."

Oh, she's pertaining to professor X.

Ako na nga lang pala ang hindi nakakakilala sakaniya ng formal dahil wala ako kaninang umaga noong una siyang nag-class sa block namin. Dalawa ang period namin sakanya ngayon, one is in the morning and one is in the afternoon.

Pero teka, parang may nakakalimutan si Ma'am.

"Architect? You missed something to say." I said that made the whole class confuse.

"And what is it, Miss Montero?"

"How can you say that I didn't know you?" I asked and pause for a bit before flashing a smile full of playfulness. "Architect, I do know you. Paano ko ba hindi makikilala ang magiging asawa ko?"

Chapter 2

Zajei's POV

Tahimik kong pinagmamasdan si Ma'am Acozta habang nagtuturo siya sa unahan. Everybody is listening including me which is barely to happen.

She's so exquisite in teaching. Akala ko ba first timer 'to? Bakit ang galing niya atang magturo? She's good at catching our attention because of the way she teach and speak. Idagdag pa na maganda siya pero pucha, terror siya. Mas terror pa siya sa professor naming matandang dalaga.

"That's all, class dismissed."

Nakasunod ang mga mata ko sakaniya habang inaayos niya ang mga gamit hanggang sa makalabas siya ng room. Maging ang mata ng mga kaklase kong lalaki ay nasa kaniya.

"Pucha sabihin niyo kay Professor X buntisin nalang lagi ang asawa niya tapos 'wag na siyang bumalik hanggang graduation." Bulaslas ni Phineas habang nakangiting nakatingin sa nakasarado ng pinto.

Madaming sumang-ayon sa sinabi nito na ikinailing ko nalang. Basta talaga maganda nakakalimutan ng mga lalaking 'to na may mga girlfriend ang iba sakanila.

Mga unfaithful xy chromosomes.

"President ang lakas mo ha. Bakit mo nilandi si Ma'am?"

Napatigil ako sa pag-aayos ng gamit ko when my blockmate asked me. Maging ito ay nakangiti na parang manghang mangha. Parang ngayon lang ako nila nakitang lumandi ah.

"Oh, did I flirt?" Inosenteng tanong ko na ikinaismid nilang lahat. "You've seen me flirting before right?"

"Pero hindi sa babae, Zj. . . Sa tanang buhay ko ngayon lang kita nakitang lumandi sa babae." Ferb says that made the others agree.

First time ko nga lumandi sa babae 'no tapos sa teacher ko pa. Pero hindi ba pwedeng gusto ko lang at trip trip ko lang? Ang big deal sa mga 'to ang paglandi ko ha.

"Crushyy tawag ka ni Dean sa office niya." Biglang sulpot ng president sa kabilang block.

Ang mga hinayupak kong kaklase ay biglang nagsipulan. Nakakita na naman sila nang maganda maliban sa akin kaya ganyan sila.

"Sige sunod ako, Eira." She smiled at us first before leaving. Habol na naman tuloy ng tingin ang mga kaklase namin.

"Alis na 'ko." Paalam ko sakanila bago umalis sa room. Sumunod naman sa akin si Phineas at Ferb pero humiwalay din ng daan ng makalabas kami sa building. Sa gym daw sila pupunta para sa PE namin.

Potang 'yan graduating na kami't lahat may PE pa din. Ang masama pa ay archery ang PE namin kaya tamad na tamad ako umattend. Ang basic kaya ng itinuturo sa amin ni Ma'am Lia kaya minsan hindi na ako umaattend kasi ako ang ginagawa niyang assistant.

"Come in."

I entered the Dean's office right after I hear Sir Vonny's cue. Minsan talaga ay maganda ring laging inuutusan nitong Dean na 'to dahil nagiging exempted sa isang class.

"Old man you save me---" Nabitin sa ere ang dapat ay sasabihin ko ng mapadako ang mga mata ko sa babaeng nasa harapan niya. Seryoso itong nakatingin sa akin samantalang nakasimangot naman si Sir Vauh sa itinawag ko sakaniya. "Good afternoon po."

"Maupo ka, Zajei." Maotoridad na saad ni Sir Vauh na sinunod ko naman. "I already informed Miss Lia that you won't attend her class for today because I would lend you some task."

Tumango tango ako sakaniya habang palipat-lipat ang tingin sakaniya at kay Ma'am. Panigurado, may connect kay Ma'am ang iuutos nitong si Sir.

"I want you to tour Architect Acozta around the university."

Nanlalaki ang matang tiningnan ko si Uncle na seryoso lang na nakatingin sa akin pero mukhang gusto na niyang tumawa sa reaction ko. Punyemas pinagtitripan ata ako nitong lalaking 'to.

Kung sa tingin n'ya ay natutuwa ako sa pinaggagagawa n'ya pwes tama s'ya. Syempre kapag may pinagawa 'to na mabigat hihingi ako ng kapalit. Hindi pwedeng mastress ang kagandahan ko ng basta basta lang.

"Is it fine with you, *Miss Montero?*" Nakangising tanong ni Dean na pasimple kong inirapan. Minsan talaga bwisit talaga 'tong si Uncle Vonny. Inaabuso niya ako bilang pamangkin niya dahil ako ang laging inuutusan.

"Shurr Ser!" Labas sa ilong na sagot ko bago tumayo at kinuha ang mapa ng university sa table niya. "Tara na po Ma'am bago ko pa makalbo si Vownyyyy--- charot lang Uncle!" Tumatawang lumayo ako sa table niya while making face. Batuhin ba naman ako ng stress ball na hawak hawak niya.

"Sav, advance sorry na sa gagawing kagagahan ng batang 'yan."

Ay wow, nickname basis sila ni Ma'am. Close sila?

"Grabe sa kagagahan, Sir." Himutok ko pero inirapan niya lang ako sabay pilantik ng mga daliri. "Let's go, Ma'am?"

She nodded before I gesture that she should walk first. Ginawa naman niya kaya noong nasa likod na niya ako ay muli akong lumingon kay Sir Vauh na nakangisi kaya inirapan ko siya at nginisian pabalik.

Ang laki kaya ng university na 'to tapos ako ang uutusan niya? Puta anong gamit ng map na pinagawa nila? Pwede namang hindi na itour pero dahil si Ma'am Acozta 'to, edi arat na.

"First thing first Ma'am. . . That's the library po." I pointed the building at our west and starts walking towards it. "Dyan niyo po ako mahahanap kapag wala ako sa paligid. 5th floor at the Literature section, cubicle 29 at the back."

"How many floor does the library have?" Tanong niya at hindi na pinansin ang sinabi ko. I automatically pressed my lips together while thinking how many floors it consists.

"Parang 7 lang po ata." Hindi siguradong sagot ko. Sa 5th floor lang kasi talaga ako pumupunta dahil andoon yung poging librarian.

"Next po is the university chapel." This time, I pointed the huge chapel on top of the stairs. It is the heart of this university kaya kahit nasaan ka pang daan ay makikita mo yun. "It is open all the time kaya po pwede niyo 'kong yayain dyan anytime na wala akong class."

Pota, hindi ko na talaga alam ang sinasabi ko. Wala naman siyang pakialam sa mga pasegway ko kaya itinuloy tuloy ko nalang sa bawat establishment na itinuturo ko.

Mas magaling pa ako sa BDO.

"'Yan naman po Ma'am ang dormitory. . . The left one is for all the students, scholars or not and the right one is for the athletes kaya doon niyo po ako sa right building hahanapin."

"Why?" Tila hindi interesadong tanong nito na ikinangisi ko. Ngayon lang siya nagtanong ng hindi about sa school stuffs.

"I am staying there po kapag may competition. I am an archer, cupid for short." I heard her hissed before starting to walk away kaya agad ko siyang sinundan. "Archer ako Ma'am, gusto mo panain ko puso mo? Ayieeeee!"

"Whatta lame lines." Bulong nito pero rinig na rinig ko naman.

Pansin ko lang, ang tahimik ni Ma'am. Seryoso talaga siyang tao tapos cold pa kaya ang hirap biruin. Siya yung tipong macoconcious ka sa mga bibitawan mong banat at jokes kasi hindi talaga siya tatawa.

Pero nage-enjoy naman ako kaya itinutuloy ko.

"Ma'am ayun po ang gym ng college." Hinila ko siya sa kabilang direction para mapuntahan namin ang ibang buildings na hindi pa namin nalilibot.

"Hi fans!" Sigaw ko ng kumaway sa'kin ang mga kaklase ko at ang ibang block na nagp-PE rin.

"Sav." Miss Lia spoke when we arrived in front of them. Kinawayan niya kasi kami kaya lumapit kami sakanila. "Pahiram muna saglit kay Zajei papatirahin ko lang ng isa."

"Hala Ma'am hindi ako natira, I'm too young." Inosenteng saad ko habang inaayos ang gagamitin kong bow and arrow. Kaya lang ako tinawag niyan ni Ma'am ay gagawin na naman akong taga-explain kung paano tumira.

"Hoy ang bastos mo, Montero!" Ferb shouted from afar dahil hindi sila pwedeng lumapit. Hindi naman kasi lahat ay marunong mag-archery kaya dapat ay malayo sila sa mismong titira kung ayaw nilang maging unexpected target.

"Ikaw ang bastos." Sagot ko pabalik bago inayos ang pagkakahawak sa pana.

"Ma'am bigay ka pong shape." Baling ko kay Ma'am Acozta na nasa tabi lang ni Miss Lia. Mukhang magkakilala silang dalawa base na rin sa pakikipag-usap ni Miss Lia sakaniya.

"Heart."

Rinig ko ang asaran ng mga kablock ko kaya kinindatan ko sila bago mag-umpisang magpakawala ng mga arrow.

I've been playing archery for almost half of my life. I first hold a bow and arrow when I was 10 years old and it happened that I loved it kaya nagpaturo ako sa Lolo ko. They also enrolled me to an archery class to enhanced my skills even more after I learned martial arts for my safety.

"Galing!"

I gave the bow at the man who came beside me at saka nilapitan ang target ko. I smile and remove it saka ako lumapit kina Ma'am Acozta habang may nakapintang ngisi sa mga labi ko.

"You're really amazing, Zajei." Papuri ni Miss Lia na nginitian ko lang.

I turn my gazes at Ma'am Acozta na seryoso lang na nakahalukipkip bago lumapit sakaniya at itaas ang papel na hawak ko.

"Paano ba 'yan Ma'am? I got your heart."

Her brows arch.

"You wish."

...

"I think I'm inlove~" mahinang pagkanta ko habang naglalakad papuntang cafeteria.

Kakatapos lang ng meeting namin sa Archi department dahil malapit na daw ang foundation week kaya ngayon lang ako uuwi. 5 pm na kaya tapos gutom na ako kaya better to eat first kaysa umuwi ng gutom.

Wala akong kasama para magluto para sa'kin kapag umuwi agad ako. I only know how to fried some foods tapos sinigang lang. I'm bad at cooking, really. Kaya nga gusto ko ang lalaking culinary ang course para may taga-luto ako if ever.

Para laging busog mga mare.

"Hello Ma'am!" Nakangising bati ko kay Architect Acozta ng makita ko siya sa cafeteria na umoorder. Imbis na sa likod niya ako pumwesto ay sa tabi niya ako tumayo.

"Ma'am ano pong gusto niyo? 'Wag niyo po munang sabihing ako."

She boredly looked at me before she ordered a bottle of water. Nginitian ko naman si Ate na nasa counter bago umorder ng isang blueberry milkshake.

"Ma'am uuwi kana po?" Tanong ko ng maibigay na sa amin ang order naming dalawa. Dapat talaga ay kakain ako pero mas gusto ko nalang guluhin si Ma'am kaysa kumain.

Ang pagkain ay pwedeng iadjust pero ang kagaguhan ko ay hindi.

"Not yet."

"Anong oras ka po uuwi?"

"Why?" She stopped walking and choose to sit on the chair near the entrance.

Humalumbaba naman ako sa table at nginisian siya bago sumimsim sa milkshake.

"Just wanna know po."

Imbis na sumagot siya ay tiningnan niya lang ako at nagkibit balikat bago sumandal sa upuan niya.

Habang umiinom siya ng tubig ay hindi ko mapigilang pagmasdan siya. Puta, above all the women I've met, sakanya ko lang gusto lumandi. She looks thrilling to be with because of her attitude. Ewan ko pero gusto ko siyang maka-close.

"Zajei."

"Oh?" Bored na sagot ko sa hinayupak na biglang sumulpot sa harap namin ni Ma'am.

"Can we talk?" I take a sipped on my milkshake bago siya ngisian. Pagkatapos ng ginawa niya sa'kin tatanungin niya talaga ako niyan? Putangina lang. "Look, I still love you. Its just that--"

"Leave, Kaios." I smirk devilishly at him before rolling my eyes. "We're over."

Bobong 'yon, pagkatapos niya akong lokohin sasabihin niyang mahal pa niya ako? Asan utak niya? Nasa blueballs?

Painumin ko s'ya ng spermicide, eh.

"Zj--"

"I said leave." Madiing bagkas ko bago siya tingnan ng seryoso. Madilim ang aura na umalis ito sa harapan namin. Ano akala niya sa'kin, marupok? Ang tanga niya ha.

"Ma'am kilala mo 'yon?" Baling ko sa babaeng nasa harap ko na tahimik lang. Umiling siya at pinatay ang tumutunog niyang cellphone sa ibabaw ng lamesa bago muling tumingin sa'kin. "Ako rin hindi ko po kilala yon."

"What? Nagagandahan ka sa'kin Ma'am?" I smirk playfully at her because she's staring at me seriously. I saw that she sighed before rolling her eyes.

"You know him." She stated na ikinatigil ko sa pag-inom. "He's your ex."

"Bakit 'di ko alam, Ma'am?"

"You're playing dumb." Ouch, sakit! Maka-dumb naman 'tong si Architect tagos hanggang buto.

Pero true. I'm so dumbfoundedly gorgeous as hell.

"He is the one who's dumb." I complain and pout afterwards dahil parang ako pa ang masama. "Kung hindi sana siya tanga edi sana kami pa."

Agad kong tinakpan ang bibig ko dahil kahit ako ay nabibigla sa mga sinasabi ko.

"You still love him?"

Kumunot ang noo ko sa tanong niya pero umiling din ako agad at ipinatong ang isang braso ko sa lamesa.

"I didn't love him but I trusted him." Mababa ang tonong sagot ko before I gave her a sly grin. "I don't fall."

She only shrugged her shoulders before standing up and started to walk out of the cafeteria. Babalik na ata siya sa office niya kaya hindi ko na siya sinundan pa. Uuwi nalang ako sa condo para makapag-pahinga na.

Ang daming ganap ngayon. Napagod kaya ako sa pagtour kay Ma'am sa buong university tapos ang init init pa kanina. Sisingilin ko talaga ang magaling na si Uncle Vonny sa pagpapahirap niya sa akin kanina.

Although parang ang laking benefit sa akin ng nangyari kanina dahil na-enhance ang kalandian ko. Wala ba naman akong ibang ginawa kundi bumanat kay Ma'am Acozta.

Dapat talaga minsan nait'try pa rin ang flirting skills kasi baka mawala. May theory ang ganito, eh. 'Yong kapag hindi raw nagamit ay mawawala. Nalimutan ko lang kung anong klase pero sa evolution 'yon.

"Bakit andito kayo?!" Iritadong tanong ko ng makita yung kambal sa tapat ng unit ko kasama si Yuki. My cousin is still wearing her jersey shirt habang nakapagpalit naman na sina Phineas at Ferb.

"May nabalitaan kasi akong may nilandi ka daw na babae."

"Oh? Ano naman?" Takang tanong ko kay Yuki. So what if I flirt with a woman? It wasn't a big deal as long as I won't fall and she won't too. Hindi rin naman masisira ang reputation niya kaya walang big deal do'n.

"Gaga! Kailan ka pa natutong lumandi sa babae?" Curious na tanong ni Yuki nang makapasok kami sa unit ko.

I glare at the two jerks on my back dahil sila lang naman ang magsasabi sa pinsan ko ng tungkol doon.

"Kanina lang." Simpleng sagot ko sakanya bago sumalampak sa couch. Dumiretso naman sa kusina si Ferb para magluto dahil siya lang ang marunong magluto sa aming apat kahit papaano. "Bakit ba andito kayo?"

"Trip lang. Inom tayo." Phineas answered and wiggle his eyebrows na ikinairap ko.

"Ayaw ko. May meeting pa ako bukas sa university."

"Pero diba Saturday na bukas? 'Wag ka nang umattend." Angil ni Yuki pero inirapan ko lang siya at umunan sa lap niya.

"Wag ka bukas umattend sa practice niyo tapos hindi din ako aattend sa meeting." I smirk when I saw hesitation in her eyes tapos hinampas pa ako pagkatapos.

"Bawal akong mawala sa practice, bobo ka ba?!" Singhal nito pero ngumisi lang ako at kinindatan siya.

She's the captain kaya talagang bawal siyang mawala. While me, pagkatapos ko bukas pumunta sa meeting ay aasikasuhin ko pa ang magiging plano ng Arts club para sa foundation week.

Bali dalawa ang meeting ko bukas para sa foundation week. One is for our department to finalize the decision and for Arts club para sa pagtulong sa designing doon. Masipag kasi akong presidente kaya dapat na talaga akong icrushback ng crush kong taga-culinary building.

Kapag ako ginawa noong jowa, gagawan ko na agad siya ng design para sa future restaurant niya. Ganon ako kasarap jowain eh.

"Break na daw si Kaios at yung bago niya, Zj." Ferb stated ng makalapit siya sa amin dala ang mga pagkain. "Nasa university student page nga natin yung isang post noong babae na ginamit lang daw siya ni Kaios kasi hindi daw maka-move on sayo."

I shook my head disappointingly bago umupo at nakikain sakanila.

Two weeks palang kaming hiwalay tapos nakakatatlo na agad siyang palit ng girlfriend. Hindi yun marunong makuntento sa isa kasi hinayupak siya.

Octopus ata ang kumag na 'yon. Ang dami ba namang puso para sa iba't ibang babae.

"Balikan mo kaya siya, Zj." Nakangising lumingon ako kay Phineas na may mapaglarong ngiti sa mga labi habang nakataas ang kilay sa'kin.

"I won't come back to a cheater. Ayaw ko sa manloloko." Simpleng sagot ko bago tumayo at nagpaalam na maliligo na muna. Maging si Yuki ay naligo rin sa kabilang kwarto kaya halos magkasabay kaming bumalik sa living area. "Dito kayo tutulog?"

They nodded as they play the movie. It is an action movie kaya halos matulog na ako sa gitna nila because it is not my type of genre. I prefer horror and educational movies than the action one.

"Bahala na kayo dyan, tulog na 'ko." Paalam ko sakanila pagkatapos namin kumain ng dinner dahil natapos na ang unang movie na pinanood namin tapos nag-aaya ulit sila ng isa pa. "Yuki, sleep on my room later. Alright?"

She nodded before I turned my back and enter my room. Bahala na sila don basta ayusin nila ang magiging kalat nila. What I hate the most is my condo, being a messy one. Ayaw ko ng makalat na bahay pero tamad ako maglinis.

Calling Uncle Vowvow

Don't blame me on his contact name dahil ayan talaga tawag ko sakaniya mula bata ako dahil utal ako dati. Buti nga ngayon hindi ko na siya tinatawag pang ganan dahil anlakas makawalang galang although I am calling him sometimes on that name whenever I like to ruin his mood.

[Oh bakit?]

"My favorite Uncle!! I miss youuu!" Panglalambing ko dito bago umupo sa kama at binuksan ang laptop. *"Kumain kana, 'cle?"*

[Scratch your shits, Jei.] Mababa ang tonong saad nito na ikinatawa ko. Kaya favorite na Uncle ko 'to eh, he knows me too well. *[What do you want?]*

"I want the latest collection of play station, Uncle!"

[What?! Ang mahal no'n hoy! Sahod ko na ng tatlong buwan ang ibibili ko don.] Himutok niya na ikinatawa ko. Just like me, he is obsessed with online games and such.

"Please, Uncle?" I pleadingly asked kasabay ng pag-send ko sakaniya ng model na gusto ko. I know he is using his laptop dahil naririnig ko ang pagtitipa niya.

[Hey kiddo, this one is the most expensive model! Gusto mo bang mamulubi ako?!] Inis na pahayag niya that made me smirk even more.

Alam na alam niya ang mahal porket tambay din siya sa mga bagong nire-release na play stations and PSP.

"Uncle, buy me one. Pabirthday mo na sa'kin ganon."

[Kakatapos lang ng birthday mo a few months ago, Zajei Loure!] He stressingly exclaimed.

Ay oo nga pala, kakatapos lang ng birthday ko. Tangina anong ipangb-blackmail ko sakaniya ngayon para ibili niya ako?

"Edi advance birthday gift mo for me?"

[No. Abusado ka ha.]

"Advance Chinese New Year's gift? Valentine's? Holy week---"

[My ghad, Zj!] Putol niya sa'kin bago bumuntong hininga. Kahit naman lagi kong binubully si Uncle sa university ay close kami. 11 years lang kasi ang gap namin kaya close talaga kaming dalawa. *[I will buy you that model if...]*

"If?"

[If you will promise me that you would take care of Saviel hanggang nasa university ka.] Hindi ko man siya nakikita ay siguradong sigurado ako na nakangisi siya ngayon.

"Uncle naman. Ipapaalaga mo sa'kin yung taong 'di ko naman kilala? Baka mamaya bata pa 'yan!" Pagrereklamo ko but he just let out a frustrated sigh na ikinapagtaka ko.

[Idiot!!] Agad kong inilayo ang cellphone sa tenga ko ng sumigaw siya. *[Saviel is Architect Acozta! Are you fvcking out of your mind?!!]*

I pressed my lower lip together to stiffle my laughs dahil sa pagka-overacting niya. Grabe, malay ko bang iisa sila. Limot ko ng Saviel pala ang pangalan ni Ma'am eh kaya anong magagawa ko?

But Saviel is a good name, tho.

Sexy.

"Uncle, chillax. . . Mag-judge ka muna~" I chuckled even more when he starts exclaiming different profanities. *"Teka nga, bakit ba kailangan ko pang bantayan si Ma'am? Ang laki na no'n ah."*

[Because I said so, Zj. Saviel is Seth's friend kaya gawin mo nalang.]

"Who's Seth?" Minsan talaga ang hirap kausapin ni Uncle. Ang dami kasi niyang kilala na hindi ko naman kilala tapos ako ang sisisihin kapag hindi ako nakasagot sakaniya. Malay ko ba sa mga kaibigan niya, hindi ba?

[He is my schoolmate before and a good friend kaya ayusin mo ang pinapagawa ko kung gusto mo talaga ng play station.]

Then he ended the call without even letting me speak. Bastos ang baklang 'yon ah.

Pero pucha, paano ko aalagaan si Ma'am? I'm not good at taking care of someone kayo paano 'yon?

Ni hindi ko nga maalagaan ang sarili ko dahil natural na maganda naman na ako tapos s'ya kailangan ko pang mag-effort?

Ayoko ngang tumanggi.

Charot.

Ayoko talaga pero bahala na. Para sa play station ko naman yung gagawin kong pag-aalaga sakaniya.

Kung hindi lang ako grounded edi sana ako na ang bumili no'n kaysa humingi kay Uncle. Ang bobo kasi ng nagsumbong sa parents ko na niloko ako ni Kaios kaya ayun, grounded. Akala mo naman sila ang niloko kung makapag-react tapos sinermonan pa ako na bakit daw ako pumili ng ganong boyfriend--- ex boyfriend pala.

Pero shit kasi! How can they say that when they're the one who is a cheater? But nevertheless, I don't care.

Basta gusto ko ng play station ngayon. I'll get it by crook or by hook. . . Even if it means taking care of a cold architect who is my current professor.

Let the game begin.

Charr.

Squid game yarn?

"Zajei!!!"

Wala sa sariling napatigil ako sa pagkausap sa sarili nang marinig ko ang sigaw nina Yuki sa labas.

I ran out of my room to check up on them only to find out that they're playing a horror game.

Tangina. Bakit pangalan ko ang isinisigaw nila?

Nakasimangot na pumasok ulit ako sa loob ng aking kwarto pero agad akong napatingin sa university map na nadala ko pala pag-uwi.

I smile.

Architect Saviel Acozta, huh.

She really looks so beautiful with those seductive mature gorgeous face which I find so alluring to stare at.

Ang ganda n'ya.

Pero mas maganda ako sakan'ya.

Walang makakatalo papatayin ko si kupido.

Akmang hihiga na ako sa kama nang mapatalon ako bigla dahil sumigaw na naman iyong tatlo sa labas.

I sighed.

"Putangina n'yo tatahimik kayo o ihuhulog ko kayo isa isa sa impyerno?!!!" Mas malakas na sigaw ko pabalik matapos silang labasin at pagbabatuhin ng canned soda na wala ng laman.

Pero syempre hindi ko hinagisan 'yong pinsan ko. Ni hindi ko nga 'yan pinapadapuan sa lamok, eh.

I crossed my arms and glared at them. "Oh ano? Ngayon kayo sumigaw."

They shut their mouth.

I was about to leave them again when a pillow suddenly hit my head. Nang lingunin ko sila ay nakangisi na si Ferb at hawak ang isa pang throw pillow maging sina Phin at Yuki.

Malalim na huminga ako bago abutin sa may likod ko ang nakalock na drawer kung saan may granada.

I played with it as I heaved a smirk.

"Wanna play?"

"Tangina. Psycho talaga." Phineas give up bago bumalik sa pagkakaupo sa sahig kasama iyong iba.

Umiiling na iniwan ko na sila sa living room at pumasok sa kwarto ko. Basta ko na lamang inihagis sa trash can iyong granada na hindi naman totoo.

Replika lang 'yon.

I shake my head and lay down at my bed.

No one will win against me.

Chapter 3

Zajei's POV

"Meeting adjourned." I stated before fixing my things.

Kakatapos lang ng meeting ko with the officers of arts club to discuss what help we can provide for the foundation week. It turns out na kami nalang daw ang magde-design ng venue for the battle of the bands and university pagents kasama ang mga taga-engineering department.

"Zajei, uuwi kana?"

I looked up to see Jino in front of me with a smile on his lips. Umiling naman ako sakaniya bago magpaalam na aalis na.

Wala ako sa mood makipagharutan ngayon lalo na at pagod ako sa mga meetings. Nakakaubos ng brancells 'yun ah. Parang naubos din stock knowldege ko dahil sa mga batuhan ng ideas.

"Good afternoon, Ma'am." Bati ko kay Ma'am Acozta ng pagbuksan niya ako ng pinto. Dito kasi ako sa faculty room niya pumunta pagkagaling ko sa office ng arts club.

"What are ya doin' here?" Nakakunot ang noo'ng tanong nito but I just gave her a weak smirk dahil pagod na pagod talaga ako.

I am mentally feels like I'm drained.

"Ma'am, papasok. Promise po, tahimik lang ako."

"No." Matigas na wika nito. "Leave now Miss Montero. I have a lot of things to do."

I pouted before bidding my goodbye and started to walked away. Saan ako pupunta ngayon? Ayaw ko pa namang umuwi kahit na pagod ako dahil wala na naman akong kasama sa unit.

Nakakapagod din kaya minsan maging mag-isa. Ayaw ko namang tawagan sina Phineas dahil busy ang mga 'yon sa paggawa ng plates.

Nang makarating ako sa car parking ay agad akong pumasok sa kotse ko at pinasibad ito papunta sa bahay ng grandparents ko sa father side. Patay na kasi ang grandparents ko sa mother side kaya minsan ko nalang sila madalaw dahil masyadong malayo ang libingan nila.

"Miss Zj." Bati sa akin noong nagbukas ng gate na tinanguan ko lang.

"Jei, what are you doing here?" I was shocked for a seconds upon seeing my father in the couch with his new family. Ang saya nilang tingnan, sana all.

"Why? This is Lolo and Lola's house. *I am always welcome here.*"

"Zajei, apo." Malambing na tawag sa akin ni Lola kaya napatingin ako sakaniya na kalalabas lang ng kusina kasunod si Lolo. Agad ko silang nilapitan para yakapin at magamano. "Buti naman at naisipan mong bumisita."

"Of course, La." Nakangiting sagot ko sakaniya. "Si Uncle po nasaan?" Makaraa'y tanong ko dahil wala si Sir Vonny sa university. Sakaniya nga dapat ako pupunta pero sabi ng secretary niya ay hindi pa daw ito nakakabalik.

"Nasa Baguio. May conference daw kasing kailangan niyang puntahan, hija. Mamayang gabi ay uuwi na rin 'yon." Nakangiting sagot ni Lolo kaya ngumiti rin ako at hinalikan ang pisnge niya.

"Kailangan ko na po palang umalis. May kailangan pa po kasi akong gawin." Paalam ko matapos kong makipagkumustahan sakanilang dalawa. "I'll just visit you some other time po."

They smiled sadly at me before nodding. I know they didn't buy my alibi but they choose to understand me. Sadyang ayaw ko lang kasi talagang magstay dito dahil sa tanawing nahahagip ng mga mata ko.

"Zajei, can't you stay a little longer?" My father's *new* wife asked but I just shook my head and starts to walk away.

I can't stay to a place where I can see how happy my father is to his new family. It is suffocating me.

Dali dali akong lumabas nang bahay ng hindi lumilingon. Agad kong pinunasan ang luhang pumatak sa mata ko ng makapasok ako sa sasakyan at agad itong pinaandar para makaalis na ako.

Putangina. Ilang taon na simula ng iniwan nila ako ni Mommy pero masakit pa din pala.

I sigh deeply before shooking my head to erase the thoughts in my mind. I should stop thinking about the past dahil mas masasaktan lang ako.

I knocked thrice at her door before I heard her foot getting near. Nakasandal kasi ako sa gilid ng pintuan kaya rinig na rinig ko.

Pagkatapos kong makarating sa condo kanina ay naligo ako at nagpalit ng damit bago muling bumalik sa university. I prefer staying here for awhile than imprisoning myself in my unit.

"What now?" Seryosong tanong niya but I just gave her a cute smile before walking pass by her.

"Ma'am, kailangan niyo po ng tulong?" I asked when I realized that she is cleaning her office. Maayos naman na ang mga gamit pero medyo magulo pa tingnan dahil makalat ang paligid.

"No."

I turn my gaze at her before smirking and starts cleaning her office. Marunong naman ako maglinis ng lugar, sadyang mas malakas lang ang katamaran ko minsan.

"Architect, one plus one?" Tanong ko matapos kong umupo sa couch. Ilang oras din kaming naglinis ni Ma'am dahil hindi ako umalis ng office niya kahit na tinakot niya akong ibabagsak. Sus, hindi mangyayari yon dahil ako si Master Zj and failing is not my thing.

"Ewan."

"Ma'am, bakit hindi mo alam?"

"Dunno."

"Ayaw mo po ng Math?"

"Sort of." Seryoso niyang sagot habang nagtitipa sa cellphone niya. Nang matapos siyang mag-type ay binalingan niya ako ng tingin kaya nginitian ko siya.

"Ayaw ko din ng Math, Ma'am. Same vibes na po ba tayo?"

Sa hindi malamang dahilan ay tinaasan ako nito ng kilay bago pumikit at sumandal sa swivel chair niya.

Bakit ganon? Kahit pawisan siya, bakit kasing ganda ko pa rin si Ma'am? Same level kasi ang kagandahan namin pero mas angat lang ako ng 0.1 percent.

"Stop staring."

I startled when she opened her eyes and met mine. Nakangising sinalubong ko ang mga mata niya bago tumayo at umupo sa harap ng table niya. Nang makaupo ako ay humalumbaba ako saka siya nginitian ng matamis na parang ikinatigil niya pa ng bahagya.

"Ma'am siguro noong nagbigay ng kagandahan nasa taas ka." Saad ko na ikinataas ng kaliwang kilay niya. "Ikaw yung nags-share sa iba pero ako ang source of beauty mo kasi mas maganda ako."

I chuckled when she rolled her eyes and shook her head in disbelief. Nakangiting nakatingin lang naman ako sakaniya, examining her facial features dahil ang ganda talaga ng mukha niya.

Tama lang yung tangos ng ilong niya but it is pointed. She have a mole in the bridge of her nose and in the tip too. Mayroon din sa gilid ng labi niya tapos sa leeg niya pababa sa---- oops! Censored.

Naka simple v-neck shirt lang kasi si Ma'am tapos may jacket lang siya kaya medyo kita yung ano niya kapag yumuyuko siya.

Pucha, I sounds like a pervert lady. Sinasabi ko lang naman na medyo lumalabas pala yung cleveage niya kapag yumuyuko siya---- omayghaddd!

Agad akong nagtakip ng mga mata ng bigla siyang yumuko dahil nahulog ang lapis na hawak hawak niya kanina dahil nags-sketch siya.

"What are you doing, Miss Montero?" Seryosong tanong nito kaya unti unti kong tinanggal ang mga kamay ko sa pagkakatakip sa mata ko.

Maayos na ulit yung pagkakaupo niya pero hindi ako makatingin sa leeg niya pababa sa ano. Bakit ba kasi hindi ko agad napansin kahapon na *blessed* pala siya?

I unconsciously look at my chest and smile, basta mahal ako ni Lord. Tapos.

"Ma'am, sporty ka?" I asked instead at piniling paglaruan ang susi sa kamay ko huwag lang mapadako ang mga mata ko sa ano niya.

Tangina bakit ba ang affected ko masyado? May ganon din naman ako pero mas malaki lang ang sakanya.

"Not really."

"Turuan kita kung paano humawak ng pana, Ma'am." I paused and take a look of her na mataman lang na nakahalukipkip at inaantay akong magsalitang muli. "Una po, dapat ako ang nasa likod niyo."

"What's the connection?"

"I am the one who is supposed to be at your back to assure you that you won't get any harm." I smiled playfully lalo na nang makitang medyo tumaas ang kilay niya.

"Oh?"

"Kapag iba po ang nasa likod niyo baka po tsansingan lang kayo kaya dapat po ay ako lang."

She sighed and just massage her forehead na mahina kong ikinatawa. Nas-stress na ata siya sa'kin.

"Ma'am kain po tayo." Aya ko sakaniya dahil nagugutom na ako. Maga-alas cinco na pala tapos wala pa akong kinakain simula lunch.

"Next time."

"When is that next time of yours?"

"When you already have a sense to talk to." Ay grabe ang harsh mga mamsh! Parang sinasabi niyang wala akong kwentang kausap ah pero kung sabagay, aminado naman ako na minsan ay puro katangahan lang talaga ang lumalabas sa bibig ko and that makes me senseless sometimes.

"Ma'am, alam mo po ba ang six sense?" I asked that made her looked at me. Natigil siya sa pag-aayos ng sarili at kinuha na lamang ang panyo sa ibabaw ng lamesa.

"There's only five common sense that humans have, Miss Montero." Pagtatama nito at pinanusan ang pawis sa noo at leeg niya kaya wala sa sariling napalunok ako.

"Six po sa'kin Ma'am because I am not a human sometimes." Saad ko habang patuloy na pinagmamasdan ang pagpupunas niya ng pawis. "Tulad po ngayon, parang gusto ko nalang maging panyo."

"What are you talking about?"

Umiwas ako ng tingin sakaniya bago huminga ng malalim at ngisian siya.

Ang alam ko talaga ay gusyo kong maging arkitekto pero heto ako, pinapangarap maging panyo dahil parang ang bango ng pawis niya.

Punyeta naman oh.

Bakit pa ako nag-aaral kung gusto ko lang namang maging pamunas ng pawis n'ya? Dapat nag-apply nalang ako maging handkerchief n'ya.

Ang swerte n'ya naman if ever. Ako na 'to, oh. Walang nakakatanggi kay Zajei Montero.

"I have six sense, Ma'am. . . A sense to see, hear, smells, taste, feels and ako mismo." Proud na sagot ko at muling tumingin sakaniya na bakas ang pagkagulo sa mukha.

"What?"

"Anim po ang senses ko. Yung lima katulad ng sainyo pero yung isa ay ako mismo. I am the sense itself. *Common sense, Ma'am*. I have common sense." Sagot ko na ikinabuntong hininga niya kasabay ng pag-iling niya.

"You should've took psychology instead. You're good at persuading and deceiving minds."

"Really? Did I persuade you to eat with me?" Nakangising tanong ko pero seryoso lang ako nitong tiningnan.

"No. I'm not that easy to played." Then she starts sketching again.

Akala ata ni Ma'am ay pinaglalaruan ko siya. As if naman na gagawin ko yun sakaniya edi hindi ko nakuha ang play station ko---- pucha, dapat nga lang palang bantayan ko siya, hindi ang landiin siya. Pero hindi ko naman siya intentionally na hinaharot ah. I'm just being friendly.

Tama, friendly lang talaga ako. Tapos gusto ko lang siyang maka-close dahil mukhang malapit din siya kay Uncle Vonny.

"Ano pong favorite niyong pagkain?" Tanong ko makalipas ang ilang minutong katahimikan.

"Wala."

"Bakit wala? Andito naman ako para maging paborito niyo." Nakangising lumingon ako sakaniya na wala man lang reaksyon.

"You're not edible to eat." Ismid nito na ikinatawa ko ng mahina. She's good at amusing me, isn't she?

"Di mo sure, Ma'am." Kontra ko. "I am edible to eat, wanna try Architect?"

I can't help not to chuckled when she rolled her eyes and lower her head. She looks focus sa iginuguhit niya pero hindi nakalampas sa paningin ko ang pamumula ng magkabilang pisnge niya.

Hindi na siya nagsalita pa kaya pinanood ko nalang siya habang nags-sketch siya ng bahay. Actually, kanina pa siya umuulit kahit maganda na yung iba niyang nadrawing pero mukhang hindi siya nasasatisfied kaya talagang inuulit niya.

"Ma'am kanino po bang bahay 'yan?" I asked ng hindi ko na nakayanan pang hindi tanungin kung para kanino 'yon. Nac-curious kasi talaga ako.

"Client."

Oh, I see. Kahit pala professor na siya dito ay may client pa din siya.

I nodded before asking her to lend me some paper and pencil. Magd-drawing nalang din ako kaysa tumunganga dito.

Siguro sasabay nalang ako sakaniya palabas ng university. Comfortable kasi ako dito sa office niya eh kahit ang ikli niyang sumagot.

Dry replies because it's dry days.

Tagtuyot---charot.

I am busy sketching a house when I felt someone's staring at me kaya lumingon ako sakaniya. Her eyes is fixed on my sketch bago siya nag-angat ng tingin.

"Dream house?"

"No po." Sagot ko. Patuloy lang ako sa pagd-drawing habang dinadaldal siya. She's asking me what is my dream house and I don't know what to answer.

"Honestly speaking, I still don't have any plans for that thing, Ma'am." I answered with a sly grin on my lips.

I prefer staying in my unit hangga't hindi ko pa balak mag-settle down. Ayaw ko ng bahay na ako lang mag-isa ang titira. Siguro I would plan my dream house if I would fall for someone genuinely tapos isasama ko siya sa pagp-plano.

My dream house is a combination of mine and my future partner ideas. Gusto ko parehas kaming mag-iisip ng designs at kung paano ang structure.

"If you would have a house, what type of design would you like to choose?" Tanong nitong muli that made me think.

"Yung sarili ko nalang po siguro since maganda naman ako." Seryosong sagot ko pero walang emosyong tiningnan n'ya lang ako.

I chuckled.

Akala n'ya ata nagbibiro ako.

"I like modern design for my house and I want that one-fourth of it is made of glass." Hanggang dyan nalang talaga naiisip ko about the house thingy.

Biruin mo, wala pa nga akong gustong makasama sa bahay na pinag-uusapan naming dalawa pero halos pagplanuhan na namin dahil sa mga tanong niya.

"Ikaw Ma'am, ano pong gusto niyong bahay?"

"I want a modern house--"

"With me? Oh sure, Ma'am." Nakangiting putol ko sakaniya na ikinairap niya.

"You should leave now." Maya maya ay bulaslas niya na ikinatigil ko sa pagtitig sakaniya. "It's getting late.".

"Late na rin ba para maging tayo?"

"Leave." Madiing utos niya na ikinasimangot ko. Hindi man lang niya pinansin yung sinabi ko.

Sakit sa hart.

"Ma'am? Am I not enough?"

"Huh?"

"Then why?!" Pangagagaya ko sa sinabi ni Liza doon sa isang movie nila ni Enrique.

Seryoso lang namang nakatingin sa'kin si Ma'am at mukhang hindi na talaga siya nakikipagbiruan.

"Huhtdog." She said afterwards that made my jaw dropped.

Putangina. Nadali niya ata ako don.

"Leave now, Miss Montero."

"Penge muna noong hotdog mo, Ma'am." Nakangising asong tugon ko sakaniya pero hindi na niya ako pinansin pa. "Aalis na ako, Ma'am Acozta."

She nodded and continue sketching. Kung kanina ay gusto kong maging panyo, ngayon naman ay gusto ko nalang maging lapis.

"I did not know that being a pencil is such a dream." Bulaslas ko na ikinatigil niya sa pagd-drawing. She looked at me and her stares are already enough for me to continue. "Your fingers are holding it gently and you're biting the end of it suddenly."

Minsan kasi ay kinakagat niya yung dulo noong lapis pero mahina lang naman dahil hindi naman bumabakat yung mga ngipin niya dito.

Pero tarantado, parang ang manyak pakinggan noong sinabi ko. May ibang meaning eh or sa'kin lang?

Hindi ako green minded. Hindi rin ako dirty minded. Gusto ko lang talagang maging lapis ngayon.

Tama tama.

Gusto ko ring kagatin n'ya.

"Miss Montero, leave. me. alone. now." Madiing utos nito pero ngumiti lang ako at mas pinagmasdan siya.

"What is architects weakness, Ma'am?"

"Deadlines." Sagot nito bago ako tuluyang hindi pinansin.

I've been talking to her pero wala talaga akong natatamong sagot mula sakaniya. Tinitingnan niya lang ako tapos wala na ulit.

"Ma'am, kung si Barney ay dinosaur, bakit hindi tayo sabay mag-rawr?"

I saw her death glares that made me smirk and lean on her table even more. Hindi ko talaga alam kung bakit kinukulit ko si Ma'am kahit alam kong kanina niya pa ako pinapalayas.

Like I'm not the type who will pursue someone's attention when it is crystal clear na wala naman s'yang ganang kausapin ako.

"Ikaw, ako, tayo ay Pilipino pero bakit hindi ako crush nang crush ko?" Madamdaming saad ko na

ikinaismid niya.

"You're talking nonsense." She stated before standing up. She get her bag and starts to gather her things inside of it. "Let's go."

"I love you, you love me, come home with me and build a family--- aray Ma'am!" Daing ko nang apakan niya ang kawawang paa ko. Kumakanta lang naman ako kaya bakit nananakit siya?

"Stop being nosy." Suway niya but I just shrugged and open the door for her.

"Should I start being your baby?"

"Suggestion decline."

"Just be mine." Banat ko pero hindi niya ako pinansin. Diretso lang ang tingin niya sa harap habang nasa tabi niya ako.

Wala ng masyadong tao sa university dahil mags-seven pm na rin naman. Kaya ko nga hinintay si Ma'am dahil alam kong madilim na siya lalabas and it would be dangerous for her kahit na sabihing may guards na gumagala to check the university premises.

"Ma'am, kain tayo."

"I have to go now, Miss Montero." Saad niya bago huminto sa puting sasakyan na katapat ng sa akin.

"Next time nalang Ma'am?" Tanong ko before I lean at the driver's door of my car. Hesitation is visible on her eyes before I saw her sighing.

"I'll think about it."

"Huwag mo na isipin, Ma'am. Ako nalang isipin mo tapos isipin din kita para mag-isipan tayong dalawa."

She rolled her eyes before opening the backseat of her car at inilagay ang mga gamit niya.

"Good night, Ma'am."

She turned her gazes at me before nodding.

"Good night to you too, Miss Montero." She said and open the driver's door. "Drive safely."

I smiled and wave my hand at her hanggang sa tuluyang nawala sa paningin ko ang sasakyan niya.

"Yeah, drive safely to you too, Ma'am."

Marahang napahawak ako sa aking nanlalamig na mga kamay habang nakatingin sa papalayo n'yang sasakyan.

I chuckled mentally.

She should've let me drive her instead.

#tipidsagas

Chapter 4

Zajei's POV

"Zj, let's talk."

"Can you fvcking leave me alone?!" Singhal ko sa magaling kong ex na kanina pa sunod nang sunod sa akin.

Bad mood na nga ako kaninang umaga dahil biglang nagpa-surprise quiz yung professor namin sa minor subject ng lesson na hindi niya naman itinuro tapos paglabas ko pa sa room na 'yon ay etong si Kaios pa ang unang nakita ko.

Punyetang araw naman 'to eh.

"Hear me out first." Nagmamakaawang saad nito kaya tumango ako para matapos na.

"Five minutes." Palugit ko dahil may next class pa ako kay Ma'am Acozta.

Isa pa naman din yung mahilig sa surprise. Noong isang linggo nga ay nakailang surprise quiz sakaniya na halos ikadugo ng utak namin.

As in, pagkatapos ng lesson niya ay laging may quiz or bago siya magsimula ay magpapasagot muna siya kaya nagrereview ako sa subject niya.

Ayaw kong bumagsak 'no.

"I didn't meant to cheat on you. That whore you saw I am with just fvcking seduce me---" hindi ko na siya pinatapos pa sa pagsasalita ng bigyan ko siya ng isang sampal.

How dare him to label a woman like that? No woman should be address as a whore nor bad mouthed by an asshole like him. Wala silang karapatan.

"You just made me disappointed to you even more, Kaios."

I started to walked away at iniwan siyang mag-isa doon sa open hallway. On-going naman ang class kaya sigurado akong wala masyadong nakakita ng pagsampal ko sakaniya and if someone did, bahala sila.

I admit, sa lahat ng naging boyfriend ko ay si Kaios lang yung pinakamatagal kasi siya lang yung pinagkatiwalaan ko. All of my past relationship is just a game, a game for boredom. They courted me and if I want them, then be it. But Kaios came and he is my suitor who stayed with me for almost 3 years.

1st year college niya ako sinimulang ligawan tapos sinagot ko lang siya last year ata. Hindi ko talaga siya napapansin dati dahil masyado akong focus sa iba 'kong manliligaw not until he joined archery tapos doon ko na siya nakilala.

He is fun to be with pero talagang playboy siya. Pero noong naging kami naman ay ramdam ko yung sincerity niya sa'kin pero hindi talaga ako nafall. Paano ba naman kasi ako maf-fall kung nakikita ko siyang lumandi behind my back? He is just stupid not to notice it. Akala niya ay wala akong alam kaya

ipinagpatuloy niya and that made me feel sick.

Ayaw ko sa manloloko but I gave him a chance to make it up for our relationship. I confronted him na alam ko yung ginagawa niyang panloloko kaya itinigil niya. Alam kong itinigil niya dahil hindi ko na siya nakitang lumandi pa sa iba. His attention is on me hanggang sa inaya niya akong mags*x na tinanggihan ko. I don't do sex but he want us to do it kaya syempre ayaw ko. Tapos doon nagstart na parang nagbago siya. He started to get rough on his kisses and he is being too much kaya nakipagbreak ako pero hindi siya pumayag. Pero noong nahuli ko siya sa unit niya na may kas*x, doon na talaga ako nakipagbreak and never let him have any second chance.

Bobo niya eh. Porket ayaw kong makipags*x sakaniya sa iba niya hahanapin? Edi siya na ang alpha kid. Kaya ngayon, hanap siya ng babalikan na maibibigay and needs niya. Sana one year na kaming nagiging tanga kung hindi siya nakipags*x sa iba.

Akalain mo 'yon, tumagal ako ng halos one year sakaniya. Kaso hindi umabot eh kasi naghiwalay kami noong 11th monthsarry namin.

"Oh bakit bad mood?" Tanong ni Phineas ng makaupo ako sa gitna nila ni Ferb. "Hulaan ko, dahil sa magaling mong ex?"

"Of course. Masyado niyang ginugulo ang buhay ko, tangina." Himutok ko bago ipikit ang mga mata. "Why can't he understand that we are fvcking over at hindi na ako babalik sakaniya?! I don't love him for fvcking sake----shit ano ba?!"

Nang imulat ko ang mga mata ko ay agad akong napabalikwas ng upo dahil si Ma'am Acozta pala ang humampas sa desk ko.

Putangina. Kaya pala sinisiko ako ng dalawang katabi ko. Tanga mo naman selp.

"Cussing is not allowed in my class, Miss Montero." Seryosong saad nito na ikinaupo ko ng maayos. "Detention after class."

What te fvck?! May ipapangit pa ba ang araw na 'to? Tangina, ayaw kong madetention. That's so boring.

Lagi kaya akong laman ng detention office noong freshman pa ako kasama sina Phineas and Ferb dahil puro kami kagaguhan. Pero noong naging 3rd year kami ay tumigil na ako sa paggawa ng katarantaduhan pero ngayon?! Tangina nalang mukhang namiss ako ng detention office.

"Get one and pass."

Pucha, may quiz pa.

I sighed and looked at my professor in front na busy na sa laptop niya. Kung hindi ko lang talaga siya kalahing maganda ay baka sinipa ko na siya, charot! Mabait akong estudyante kaya hindi ko gagawin 'yon sa masungit na teacher ko.

"Zj, pagaya."

"Jei."

Walanghiyang kambal 'to nagiging bubuyog na naman. Mga hindi kasi nakapagreview ang dalawang

'yan dahil tinapos nila ang ibang plates kagabi. Inuuna kasi ang pambabae kaysa plates kaya nagc-cram sila.

Para makagaya sila ay nilakihan ko ang sulat ko saka humalumbaba habang nagsasagot. Hindi naman ganon kahirap ang test kung maga-advance reading ka kaya pachill chill pa ako not until Ma'am Acozta called me.

Miss agad ni Ma'am ang boses ko.

"Sit properly, Miss Montero."

Like what she have said, I sit properly bago siya tingnan at ngisian. Nakatingin lang naman siya sa'min nina Phineas kaya sinipa ko sila para tumigil muna sa panggagaya. Bulok kasi manggaya si Phineas kaya nahuhuli kami minsan pero si Ferb ay hindi. Magaling mangopya ang isang 'yon.

"Are you done?"

"Yes po. I'm done with him." Sagot ko kahit na walang connect sa tanong niya.

I heard my classmates giggles dahil alam nila kung paano ako guluhin ni Kaios. Nursing student 'yong abnong 'yon pero nakakaabot sa Architecture department para lang bwisitin ako.

"Give me your paper." She said instead kaya tumayo na ako at ibinigay ito sakanya.

Kumisap-kisap pa ako nang mapansin kong wala s'ya sa mood kaya imbis na maghasik ng kaharutan ko ay pinili ko na lamang tumahimik.

Mabait kasi ako. In born literal.

"Go to the detention room. Now."

I nodded and get my bag saka umalis ng room. One hour lang ang klase namin sakaniya ngayon tapos last class pa kaya wala akong takas sa detention.

Nang makarating ako ay agad akong kumuha ng upuan at sumubsob dito. Ang tahimik pa naman kay nagsuot ako ng airpods at nagpatugtog.

I was humming a song when I notice that someone is with me kaya nag-angat ako ng tingin. I saw a guy wearing an eyeglass. He have fair skin and a chinky eyes that made him look adorable. Ang ganda rin ng porma niya, alagang Uniqlo.

"Yes?" Tanong ko ng mapansing nakatitig lang siya sakin. Ngayon lang ba siya nakakita ng ganito kaganda?

"I-i uh sorry. I d-didn't know that y-you're here." Utal na sambit nito habang namumula that made me stiffle a smirk. "I'm W-wave."

I nodded and accept his hand na nakalahad sa harapan ko.

"I'm Zajei."

Mas lalong namula ang mukha nito na ikinatawa ko ng mahina bago muling sumandal sa upuan.

Napansin ko ang silver metal plate sa kaliwang dibdib niya na ikinataas ng sulok ng labi ko.

He is the president of the student council tapos nahihiya siya sa'kin.

"Come on, have a seat." Saad ko na ginawa niya naman. He get a chair and place it beside mine. "Bakit ka napadpad dito, SSC President?"

"I-i was just checking t-the Archi department." Nahihiyang pahayag niya na ikinangisi ko pa lalo.

Hiyang hiya ata siya sa'kin.

"Y-you? Why are you h-here?" Tanong niya ng hindi ako magsalita.

"Detention."

I am enjoying the song when the door suddenly open kaya napatingin ako doon. It is Ma'am Acozta na seryoso lang na nakatingin sa akin at sa katabi ko. Sa hindi malamang dahilan ay napakagat labi ko at napalunok dahil mukhang wala siya sa mood.

Ano kayang nangyari sa room? Bakit parang galit si Ma'am?

Ilang segundo lang siyang nagtagal sa may pinto ng walang pasabi na umalis ito at iniwan kami. Grabe, hindi man lang ako inalis dito.

Maya maya pa ay bumukas na naman ang pinto at iniluwa nito ang pambansang kambal ng buhay ko. They are holding a chips on their hands bago ako kawayan kaya tumayo ako.

"Jei, uwi kana raw sabi ni Ma'am Acozta."

Tila nagliwanag ang mga mata ko sa sinabi ni Ferb kaya agad kong kinuha ang bag ko at nagpaalam kay Wave. He just smile shyly at me bago ako tuluyang umalis sa detention room.

"Anong nangyari sa room pag-alis ko? Bakit mukhang wala sa mood si Ma'am?" Tanong ko habang nakikiagaw sa kinakain nila. 10 minutes palang matapos ang dismissal pero may hawak na agad silang pagkain.

"May sumugod na babae. Yung ex ni Jino, pre. Tapos hindi ata napansin na andon si Ma'am kasi tuloy tuloy siya tapos pinagmumura si Jino kaya nagalit si Ma'am." Phineas said and get his phone out at itinapat sa akin. "Panoodin mo."

I get his phone at ako na ang naghawak habang naglalakad kami papuntang parking lot. May video talaga sila simula noong sumisigaw yung babae tapos kitang-kita si Ma'am na seryoso lang sa unahan.

Pero pucha, ang hot niyang tingnan!

"Why did you film it?" Tanong ko at sumandal sa kotse ni Ferb.

Malayo kasi ang napag-parking'n ko ng kotse kaya mamaya na ako pupunta doon.

"Sabi ni Ferb ivideo ko raw para mapanood mo rin." Phineas answered kasabay ng pag-abot ko ng cellphone niya sakaniya. "Ganda ni Ma'am don no?"

I just shrugged and bid my goodbye bago pumunta sa kotse ko.

Ang ganda nga don ni Ma'am lalo na noong pinapagalitan niya yung ex ni Jino. Bakit kasi ang hilig namin sa mga ex na naghahabol?

Nang makapasok ako sa kotse ay pinainit ko muna ang makina nito bago ito pinaandar. Minsan talaga pinagsisisihan kong maaga ako kung tapusin ang mga plates at requirements ko dahil wala akong magawa at pinagkakaabalahan minsan. Pinakaayaw ko pa naman ng walang ginagawa kasi masyadong active ang utak ko para mag-overthink.

Dahil sa ayaw ko pang umuwi ay nagstroll muna ako around the city dahil hapon pa naman ang class ko bukas kaya pwedeng magpuyat. .

Habang nagr-roadtrip ako mag-isa ay may nakita akong isang park kaya tumigil muna ako to watch the sunset. Malapit kasi sa dagat yung location ng park kaya maganda manood don ng sunset and sunrise.

I sat on the bench and watch the scenery in front of me habang kumakain ng street foods na nabili ko kanina paglabas ko ng kotse.

"Hey." Bati ko sa isang bata na nasa kabilang bench lang habang umiiyak. I think she is around 4-5 years old. Tumayo ako at lumapit sakaniya na ikinalingon nito sa akin.

I gave her a sweet smile na minsan ko lang gamitin bago ako magtanong kung pwede ba akong maupo sa tabi niya.

"My Mommy said that I shouldn't let a stranger get close to me." Mahinang sagot nito sa tanong ko na mas lalo kong ikinangiti.

She's beautiful. Katulad ng mga mata niya ang mata ni Ma'am Acozta.

"I am Ate Zajei." Pagpapakilala ko bago lumuhod sa harapan niya. "How about you po?"

"I am Shanen po." She said cutely and smile a little.

She tap her side kaya umupo na ako at inabutan siya ng panyo.

"We're not strangers na and Ate Zajei is not a bad person." Saad ko bago ayusin ang buhok niya. "Can I know why are you crying, baby?"

"I am lost po. I escaped my father's girlfriend po." Malungkot na saad nito na ikinawala ng ngiti ko.

I remember when I got lost too when I was still a child. Nawala rin ako sa isang park noon dahil tinaguan ko sina Mommy and Daddy tapos iyak ako nang iyak ng hindi ko na sila makita pa. I was so scared that time na hanggang ngayon ay natatandaan ko pa din dahil 6 years old na ako no'n. Alalang alala nga ang parents ko no'n ng makita nila ako tapos umiyak pa si Mom.

I smile sadly.

I miss them. I miss the feeling of having a whole family.

"I can help you to find her, baby." Nakangiting alok ko sakaniya na ikinaliwanag ng mga mata niya.

"Thank you po but I don't want her to find me." Malungkot ang ngiting mababakas sa mga labi niya bago ako tingnan sa mga mata. "Tita Iris don't love me po. She just love my father, not me."

For unknown reason, I hug her and kiss the top of her head. I can see myself on her, I am like this when my parents left me.

I was 8 years old when they left me and got divorced. They said, they aren't meant to be but that was bullshit. How can say that when they got married and have a daughter? Their reason is just so lame that made me want to puke.

Para lang silang naglaro and when they finally found their playmate for the rest of their lives, they decided to take different paths and leave the fruit of their game. . . which is me.

"Paano ka niyan, Shanen? Saan kita dadalhin?"

"Can you take me with you, Ate? You won't hurt me naman po diba?" She cutely said that made me smile and pinch her cheeks.

"Of course but first, we should know the authority that you're with me in case that they would look for you."

"No po. Tita Iris won't find me but my Mommy and Daddy would." Saad nito habang umiiling iling pa. Nagulat pa ako ng bigla nitong hawakan ang magkabilang pisnge ko at ngumiti ng matamis. "Sama po ako sainyo, Ate Zajei."

I smiled but I am really having a second thoughs. Baka mamaya kasuhan ako ng kidnapping eh.

Naputol ang pag-iisip ko ng madama ng maayos ang mga palad niya sa pisnge ko. Baoit parang ang init niya?

I placed palm on her forehead and neck para icheck and temperature niya and I was right, may lagnat siya.

I sighed and carry her papunta sa kotse ko. Nilagyan ko siya ng seatbelt saka ako pumasok sa driver seat.

"Shanen, can I take you to the hospital first? You're having a fever, baby." Saad ko at inumpisahang magmaneho habang paglingon lingon sakaniya.

"Ayaw po, Ate. Hospitals smells bad." She said while pouting that made me smile. Parehas kami ng definition ng hospital.

I hate its smell either.

"Pwede sa condo muna kita?"

She nodded kaya no choice kung hindi dalhin ko siya sa unit ko. Ilang beses ko na ding itinanong sakaniya kung ano ang pangalan ng magulang niya but she's not answering me hanggang sa makatulog siya.

Ampucha. Naging insta Ate ata ako.

....

"Shan," katok ko sa cr ng kwarto ko.

"Yes po?"

"I'll put your clothes here, ha? I'll just prepare our dinner so you can drink your meds na."

"Opo, Ate. Thank you." She answered a bit lout since she's still in the bathroom.

Tumawag lang ako sa secretary ko na bumili ng mga pambatang damit sa mall dahil hindi ako kontento sa mga nabili ko doon sa malapit na clothing line. Baka kasi hindi s'ya comfortable eh kaya naghanap ako ng iba pang option.

I just ordered foods too because I don't really know how to cook. Baka parehas kaming humimlay sa gutom, my ghad.

Nang makalabas ito sa kwarto ay dumiretso nalang s'ya sa kusina dahil nakita ko na lang siya na naglalakad habang inaayos ko ang lamesa.

"Ate can I watch cartoons after dinner?" She asked after we prayed.

"Mm, what cartoons?"

"Nemo po."

Tumango lamang ako at pinunasan ang gilid ng labi n'ya. I also let her drink her meds para sa lagnat para hindi na lumala pa saka ko s'ya binuhat papuntang living area to watch the cartoon she wants.

I grinned while watching.

Bakit parang ako ang mas nag-eenjoy sa punyetang isda na 'to?

Naaalala ko kasi iyong nabasa ko before that Nemo is just Marlin's imagination to save him from grief. He was devastated from his wife and all his children's death kaya nabuo si Nemo sa isip n'ya.

Ayoko namang sabihin kay Shan kasi baka masira ang childhood n'ya.

Gusto ko ngang sabihin din sakan'ya na bulag si Dora kasi sabi n'ya ayon daw ang next naming panoorin pero nanahimik nalang ako kasi baka matakot pa s'ya.

Dati talaga inis na inis ako kay Dora kasi tangina tanong nang tanong. May kasama na nga s'yang unggoy tapos idinadamay pa ako sa pagsagot. Uto-uto pa naman ako noong bata kaya sagot din ako ng sagot.

"Shan, what would you answer if someone asked you where is Nemo?" Tanong ko sakan'ya habang pinapalitan iyong movie.

"He's in the sea po." Simpleng sagot nito na ikinangiti ko---"hinuhuli ng mangingisda."

Mas lalong lumawak ang aking ngiti at masayang nakipag-apir sakan'ya.

Anak ko ata 'to.

"What if someone ask you how to find Nemo?" I questioned again that made her smile.

"I'll give them the address where Marlin find Nemo po. They can find him on their own. Malaki na po sila. Hindi ko na problem 'yon." Matatas na sambit niya na ikinaawang ng mga labi ko.

I chuckled in disbelief.

Medyo ganito ako noong bata ako. Mas maganda nga lang ako pero halos parehas kami ng sagutan.

"Ate Zajei," she called that made my head tilt to her side.

"Yes baby?"

"Do you know the meaning of the word worcestershire? My classmate is asking me po kasi what's that and she said that if I don't know that then I'm probably dumb."

My eyebrows arch but a gorgeous grin suddenly appeared on my lips.

"Shan, listen," I put my hands on her shoulder and caress her hair. "Kapag sinabihan ka ulit ng gan'yan sabihin mo bibigyan mo nalang sila ng encyclopedia."

"Why po?"

"Ipahanap mo ang explanation kung bakit dapat may pakialam ka sakanila."

Chapter 5

Zajei's POV

"Shan, milk or chocolate?"

"Milk po." Nakangiting saad nito kaya ikinuha ko na siya ng gatas niya.

"Paano 'yon? I need to attend my class, baby. Sino ang makakasama mo dito?" Nag-aalalang tanong ko at umupo sa harap niya dahil may class ako ngayon.

Hindi ako pwedeng umabsent dahil graduating na ako at bawat isang araw sa college ay mahalaga. Minsan nga kapag umabsent ka ng isang araw ay parang nawala ka na ng ilang buwan dahil sobrang dami ng namiss na topic.

"I can take care of myself po, Ate Zj." Mahinhing sagot nito at kumain na.

Kasalukuyan kaming kumakain ng breakfast. Dito kasi siya natulog dahil ayaw niyang umuwi kaya malay ko ba kung saan ko siya ihahatid. Puyat nga rin ako kasi inalagaan ko siya kagabi kasi nga may lagnat siya. Dude, that was my first time on taking care of a sick child. Nakakastress pala 'yon lalo na kapag ayaw bumaba ng lagnat. Buti nga medyo bumaba na yung lagnat na ngayon, sinat nalang.

"You sure?" I asked na tinanguan niya lang. She drink the milk and smiled at me to assure me na ikinapanatag ng loob ko pero nag-aalala talaga ako sakaniya. "Fine. I'll give you a phone, do you know how to use it?"

May phone kasi ako na hindi ko na ginagamit kaya papahiram ko muna sakaniya.

"Opo."

I get my old phone out of the drawer and show it to her.

"May number na si Ate Zj dito. Just call me if you need Ate. Okay?" I said while smiling kaya tumango siya.

Sa buong buhay ko, ngayon lang ako nag-alaga ng bata. One year lang kasi ang gap namin ni Yuki kahit na parang baby ang turing ko don.

"Opo. Take care po." Malambing na saad niya na ikinangiti ko. Ang gaan talaga ng loob ko sakaniya kahit na isang araw ko palang siya nakikilala.

"Take care too, baby. Before the sun sets, Ate Zajei will be here already."

She nodded and kiss my cheeks bago siya bumalik sa room ko. Ayaw ko man siyang iwan ay hindi talaga pwede kaya nagsabi nalang ako sa head manager ng building na tingnan siya every hour to check if she is okay.

Lutang na lutang ako nang makarating ako sa university dahil yung utak ko nasa condo.

"Boom!"

"Gulat ako, grabe mamamatay na ata ako." Sarcastic na reaksyon ko ng bigla akong sinubukang gulatin ni Phineas at Ferb.

Ang bubulok naman nila.

"Bakit wala ka na naman sa mood?" Phineas asked that made me think for a second.

Hindi ko kasi sure kung dapat ko bang sabihin sakanila na may bata akong kasama sa unit. Pero best friends ko naman sila kaya bahala na.

"May anak na 'ko."

"Ha? Tanga ka? Paano ka magkakaanak eh takot na takot ka ngang magbuntis." Nakangising saad ni Ferb kasabay ng pag-akbay niya sa akin.

"Bakit ayaw niyong maniwala? Eto oh anak ko." Ipinakita ko sakanila ang picture ni Shanen na natutulog sa kama ko kaninang umaga tapos nakayakap sa'kin. "Ang cute 'no? Magaling ako gumawa ng bata eh."

"Putangina. Who's this, Jei?" Gulat na tanong nila na magkasabay pa kaya tumatawang tiningnan ko sila.

Their face are so epic.

"Anak ko nga."

"Anak ka ng teteng, Zajei Loure. Nangidnap ka ba ng bata?!!" Ferb hysterically asked kaya agad ko siyang binatukan.

Pinagtitinginan na kami sa kaingayan nilang dalawa.

"I'm not a kidnapper, idiots!" Singhal ko bago pumasok sa room. I told them not to tell others about Shanen na tinanguan naman nila.

Mapagkakatiwalaan naman ang dalawang ugok na 'yon kahit puro katarantaduhan ang alam.

"Good afternoon class." Bati ng bagong dating naming professor kaya nag-umpisa na naman ang kalbaryo ng buhay namin.

My ghad!

Nakakastress na talaga. Idagdag pa na dinendemonyo ako ng kambal na pupunta sila mamaya sa unit ko to meet Shanen. Alam naman nilang may sakit pa yung bata tapos gusto na agad bisitahin.

"Let's call it a day."

Agad kaming nagtayuang lahat para umalis na dahil tapos na ang misa--- charot! Para kasi kaming nagmimisa kanina dahil sobrang lambing ng boses ni Ma'am Interior Design. Alam mo yung tipong galit na siya pero ang lambing pa rin ng tono? Ganon na ganon.

"Zajeiiii!!!" Sigaw ng dalawa kaya agad ko silang hinampas.

"Bwisit! Just come over at 7 pm. Siguraduhin nyong may dala kayong pagkain at huwag isasama si Yuki. Understood?" Inis kong saad na ikinangiti nila ng malawak saka magkasabay na tumango.

Yuki shouldn't know that there is a kid in my unit dahil baka doon na 'yon tumira. She is so fond of kids kaya delikado si Shan sakaniya dahil hindi siya non tatantanan lalo na at ang cute niya.

Papunta na sana ako sa faculty ni Ma'am Acozta ng may makita akong bulto ng tao sa dulo ng hallway. Hindi ko na sana ito papansinin pa kaso narinig ko ang pamilyar na seryosong boses ni Ma'am.

"And you're just informing me *now* that our daughter is nowhere to be found?!" Mahina ngunit madiing bigkas ni Ma'am na ikinatigil ko sa paglalakad.

Our daughter? May anak kami?

Ay sila palang dalawa noong lalaki sa tapat niya--- puta, may anak na siya?! Don't tell me asawa niya ang lalaking nasa harap niya ha.

"I'm sorry, Sav. Hinanap naman namin siya pero hindi pa talaga namin makita." Malalim ang boses noong lalaki na hindi ko pa nakikita dahil nakatalikod sila ni Ma'am sa gawi ko. Pero sa kabila ng pagiging malalim ng boses niya ay andoon ang pangamba at pag-aalala.

"Damn it, Seth!" Nanggigigil na saad ni Ma'am na ikinaatras ko.

Puta. Ang hot niyang magmura.

"Where did she brought her before she gone?"

Hindi ko na narinig pa ang sinabi noong lalaki nang umalis na ako at naglakad papalayo. That's too private para makinig ako kaya mas mabuti ng umalis nalang.

Hindi naman ako chismosa, slight lang.

Bago ako pumasok sa next class ko ay tinawagan ko muna si Shanen para tanungin kung okay lang ba siya tapos sabi naman niya oo raw, nahinga pa--- char! Okay na raw siya at nakakain na kaya tutulog daw muna kaya hinayaan ko na. Dalawang class nalang naman at uuwi na ako kaya magkikita na ulit kaming dalawa.

Until now, I am still wondering kung sino ang batang 'yon tapos sino ang mga magulang niya. Halata namang anak mayaman si Shan base palang sa kutis at pananalita niya.

I sighed and enter my next class.

Bahala na si Batman.

"Ate Zj!!" Salubong sa akin ni Shan ng makapasok ako sa unit at naabutan siyang nanonood sa Netflix.

Inilagay ko kasi sa puro cartoons ang movies don dahil baka kung ano pa ang mapanood niya if ever.

"Hello baby." Nakangiting saad ko saka siya binuhat. "Naks, wala ka ng lagnat."

She smile cheekily and kiss my cheeks bago bumungisngis. 6 pm pa lang kaya maya maya pa ay dadating na ang mga ugok na manggugulo dito.

"Of course, Ate Zj. My Daddy is always saying po everytime na magkaka-fever ako na I should get over it immediately so I can play na po ulit with him and Mommy."

I nodded saka umupo sa couch habang buhat pa rin siya. Nagtataka talaga ako kung bakit may hawig siya kay Ma'am Acozta lalo na yung mga mata niya. She looks like her little version lalo na kung pagmamasdan ang mga mata nila.

"Baby, tell me about your Mommy and Daddy." Wika ko kasabay ng pag-aayos ko ng buhok niya. Yakap yakap naman niya ang Ice Bear na unan ko habang nakaupo siya sa aking kandungan.

"My Mommy is an architect po and my Daddy is a marine navy." She proudly said that made me gulped.

Putangina. Baka kasuhan ako ng mga magulang nito kapag nalaman na nasa akin siya. Mukhang respetado pa naman ang parents niya tapos yung tatay ay marine navy, gago, baka itapon ako no'n sa dagat.

"Ate, are you okay?"

I smiled nervously at her bago tumango. Kinakabahan talaga ako sa ginagawa ko.

"Shan mamaya may dadating dito na dalawang pangit. Is it fine with you?" Tanong ko sakaniya kaya tumango siya.

One thing I noticed about her is, she's letting someone to finish speaking first before she talk. In short, hindi siya sumasabat.

"What is their name po?"

"Phineas and Ferb." Sagot ko na ikinabungisngis niya. I smiled a little seeing her giggling like that.

"Like the cartoon po?" She curiously asked na tinanguan ko.

"Yup. They are Kuya Phineas and Kuya Ferb. Mamaya dadating sila to visit you."

"They know me?"

"Of course baby---" I was been cut when my doorbell rang kaya tumayo ako habang buhat pa rin siya at nagtungo sa pintuan.

"Hellooooo!!!" Sabay na bati ng kambal na ikinairap ko. Napakaiingay talaga ng dalawang 'to.

"I'm Kuya Phineas."

"I'm Kuya Ferb."

"And you are Phineas and Ferb!!" Shan said that made us chuckles.

"Correct. What's your name po?" Phineas asked ng makapasok sila at nailapag ang mga dalang pagkain.

For the first time, wala silang dalang kahit na anong alak. Kapag kasi pumupunta sila dito sa unit ko ay lagi silang may dalang alak, umiinom man kami o hindi.

"Shanen po."

"What a beautiful name you have, Shan." Nakangiting saad ni Ferb at nakipag-high five sa bata.

Mahilig talaga sa bata ang dalawang 'yan. Bukod sa *kids* na literal, mahilig talaga sila sa mga babaeng mas bata sakanila.

Mas bet mag-alaga ng baby girl.

"Kain muna tayo." Yaya ko sakanila dahil gutom na ako. Tumango naman sila kaya inihanda na nung kambal ang pagkain naming apat.

Ang weird nga dahil titig na titig sila sa bata habang kumakain kami. Ramdam kong naiilang na si Shan kanina kaya sinipa ko na yung dalawa sa ilalim ng lamesa dahil hindi makakain ng ayos ang bata sa mga ginagawa nila.

"Jei." Tawag sa akin ni Ferb matapos kong maligo. Nakapag-refreshen na si Shan kaya ngayon ay nanonood nalang siya ng Barney. Lumapit ako sa pwesto ng kambal na nasa mahabang couch at pinapanood lang si Shan na nasa single couch. "May napapansin ka ba sakanya?"

Ferb's statement made me confuse kaya tinitigan ko lang si Shan gaya ng ginagawa nila.

"Hindi naman siya mukhang maligno o chanak---- gago!" Mahinang pagmumura ko dahil bigla akong binatukan ni Phineas.

"Bobo hindi 'yon. . . What we meant to say is, parang may kamukha siya."

"She looks like Ma'am Acozta." I exclaimed na ikinatango nila pero agad ding napabalikwas ng upo at umawang ang mga bibig. "What's with the face?"

"Tangina. Tama tama. Si Ma'am Acozta ang kamukha niya." Bulong ni Phineas at lumuhod sa harap ni Shan.

Close na silang tatlo dahil hinarot nila nang hinarot ang bata.

"Baby, what's your name?" Ferb asked for the second time that made the kid frown.

"Shanen po, Kuya."

I chuckled when I saw that Ferb is getting frustrated dahil kinamot na niya ang kanang kilay niya.

"Baby, what he meant is your whole name. What is your complete name?" This time, I am the one who asked dahil mukhang hindi na makapagsalita pa ang dalawa naming kasama. They are just waiting for her to answer and when she finally did, halos ikalaglag ng panga naming tatlo.

"I am Shanen po. Shanen Sevrix Acozta."

....

"Any clarification? Question?" Huling tanong ni Ma'am Acozta na inilingan lang naming lahat.

Kakatapos lang niyang maglesson at pansin ko na medyo balisa siya pero hindi naman halata dahil ang galing niyang magcompose ng sarili. Mukhang ako nga lang ang nakapansin dahil ako lang ang nakatunganga sakaniya all throughout the class duration.

"Hoy!!"

Agad akong napakurap ng biglang may sumigaw. Punyeta, ang pangit talaga ng combination nang boses ng kambal na 'yon. Nakakarindi eh.

"What?" Iritang tanong ko sakanila na nakatayo lang sa harap ko. "Umalis na nga kayo! Nabubwisit ako sa pagmumukha niyo."

"Edi aalis na." Barumbadong saad ni Ferb na ikinairap ko. "Tell her immediately, Zj." Bulong nito bago nila ako iwan mag-isa.

Ako nalang ang andito sa room tapos si Ma'am na nasa unahan. Busy ito sa laptop niya tapos paminsan minsan na may tinatype sa phone.

Huminga muna ako ng malalim bago kumuha ng isang upuan at ilagay ito sa harap niya. Napukaw ang atensyon nito ng magsalita ako na labis na ikinakunot ng noo niya.

"Nasa akin po yung anak niyo, Ma'am."

"What?" She asked while frowning. Seryoso itong nakatingin sa'kin kaya napalunok ako at huminga ng malalim.

Baka ipakulong ako nito eh.

"Hindi ba po may anak kayo?" Tanong ko na ikinataas ng kilay niya pero tumango rin siya kalaunan. "Kasama ko po yung anak nating dalawa."

"Where is she?" Seryosong tanong nito.

I grinned. "Kiss muna---"

"Stop playing around, Miss Montero."

I pout my lips and play with my beautiful fingers. Lahat talaga ng tungkol sa'kin maganda lalo na sa ugali at mukha.

"I'm not playing around, Ma'am. . . Kasama ko po talaga si S-shan. She's staying with me simula pa po noong isang araw." I explained that made her frowned even more.

Mukhang ayaw niya pa atang maniwala kaya inilabas ko ang cellphone ko at ipinakita sakaniya ang picture naming dalawa ni Shan.

"Namimiss ka na nga raw po ng anak natin--- anak niyo po pala." I smirk when she rolled her eyes and start fixing her things.

"Take me where she is." She said with full of authority na mabilis kong tinanguan.

"I'll take you to heaven, then."

"Miss Montero bakit parang pinatay mo ang anak ko----"

"She's in my unit, Ma'am." Putol ko sakaniya dahil baka talakan niya lang ako because of what I am saying. Tingnan mo nga ngayon at pinagbibintangan na akong pinatay ang anak n'ya. "Ngayon na po ba?"

"Just give me the address. I'll go there after my class." Saad nito na tinanguan ko lang pero may naisip akong mas magandang idea.

Suggest ko nga sakaniya.

"Ma'am, I have a suggestion."

"What is it?" Seryosong tanong lang nito habang naglalakad kami palabas ng building. May 30 minutes break kasi bago muling magsimula ang klase. But I don't have any class now dahil last subject ko siya.

"I suggest that you should eat with me para gumanda ang buhay mo."

"You're not good for the life."

"But I am good for the heart."

I stopped walking and turn around para harapin siya. I gave her a wide smirk before winking. Buti nalang talaga nasa dulo ang room namin tapos wala masyadong tao dahil nakalabas na ang mga kablock ko.

"You're not a pineapple juice." Pambabara nito na ikinatawa ko ng mahina.

"But I can be your partner for good." I stick my tongue at my cheek and playfully stare at her.

Imbis na sumagot siya sa sinabi ko ay nilampasan lang ako nito at naglakad na nang tuluyan palabas ng building. Mabilis ko naman itong hinabol at sumabay sakaniya.

"So Ma'am, my suggestion is I would just fetch Shan tapos ako na po ang magdadala sakaniya dito---"

"No. I would be the one to fetch her." Istriktong putol nito kaya tumango nalang ako at ngumisi.

"Gusto mo lang po malaman kung saan ang condo ko eh." Nang-aasar na saad ko pero tinaasan lang ako nito ng kilay at umiling.

"Ma'am? Kamukha mo po si Shan. Ang cute niya tapos ang ganda pa. Tatlo na po pala tayong maganda sa mundo tapos noong isang araw ko lang nalaman." I said with a grin on my lips pero hindi siya umiimik sa tabi ko. "She had a good heart, Ma'am."

"Malamang."

"Malamang crush mo 'ko." Dagdag ko sa sinabi niya bago tumigil sa paglalakad.

Hindi na ako sasama sa faculty niya dahil walang kasama si Shanen sa condo. Baka mainip 'yon doon dahil parehas kaming nasa school ng Mommy niya.

I mentally shook my head. Kawawa naman yung anak ko.

Charot!

"Una na po ako Ma'am." Paalam ko sakaniya na tinanguan niya.

"Send me the address----"

"Una na po ako sa puso niyo."

I chuckled at my own cringey lines when she stare at me boringly bago ilahad ang kamay niya sa harap ko. Nagtataka ko naman itong tiningnan dahil hindi ko siya magets.

"Give me your phone."

"Hoholdapin mo po ako Ma'am?" Parang tangang tanong ko pero ibinigay ko rin naman ang cellphone ko na hinihingi niya.

"Ma'am, you don't have to holdap holdap me. Just *love me, love me, say that you love me~"* pagkanta ko sa dulo pero hindi ako nito pinapansin. Busy lang siya sa pagtipa sa cellphone ko hanggang sa makita kong umilaw ang phone ko.

Nang ibalik niya ang phone ko ay nakangising tiningnan ko ito kung ano ang ginawa niya. Mahina pa akong napatawa ng mapagtanto ang ginawa niyang kababalaghan.

"Ma'am ang galing mo pong kunin yung number ko. Yung iba pinaghihirapan makuha 'yon pero ikaw po hinoldap niyo lang ako ng ilang minuto, nasayo na agad---" napatigil ako sa pagsasalita ng lampasan ako nito at naglakad na papalayo.

I shook my head while smiling.

"Ma'am!" Sigaw ko na ikinalingon niya habang nakakunot ang noo.

I smiled at her bago itinaas ang kanang kamay ko.

"Dapat hindi nalang po kayo naging holdapper, you should be a snatcher instead." Nakangiting saad ko pero tinaasan lang ako nito ng kilay.

"Because you're too good at snatching my sanity away!"

"Go home now, Miss Montero." Malalim ang tonong sambit nito pero ngumisi lang ako at inilang hakbang ang distansya naming dalawa.

"I don't know where my home is. Kaya pwede bang sa bahay mo nalang?" Wika ko na ikinailing niya out of disbelief.

"Stop. Flirting. With. Me."

I flashed my killer smile at her as I fix some strand of her hair.

"Blame my mouth. . . It can't stop speaking nonstop when it comes to you." I mumbled as I looked directly on her eyes. "Blame the cupid instead. As he strike my mind that's now flashing your name all the time."

"Cupid is the one who strikes the hearts, not minds." She seriously said but I just smile and step back a little.

"Cupid strikes my mind, in deed." Wika ko bago kumaway sakaniya. "See yah later, Ma'am!"

She turned her back at me after she nodded. She started to walked away habang nakasunod naman ang tingin ko sakaniya at pinagmamasdan ang bawat hakbang niya palayo.

Cupid strikes my mind. . . Because in order to aims my heart, you should invade my mind first.

And I'm starting to get insane.

No one should break my walls around my heart. Masyadong matigas yung rib cage ko para mapasok niya basta basta pero putangina, ang gulo ko na.

Straight ako.

Dapat talaga straight ako.

Putangina mo kupido!

Chapter 6

Zajei's POV

"Baby mamaya dadating ang Mommy mo to fetch you." I said while we are watching We Bare Bears.

Kanina pa nga kami nakahilata dito sa sahig ng living area na nilagyan lang namin ng mga comforter. Simula ng dumating kasi ako galing sa university ay nag-aya siyang manood ng favorite cartoon ko kaya yung We Bare Bears ang niplay ko.

I love Ice Bear!

"Why po? Kilala niyo po Mommy ko?" Nagtatakang tanong nito na tinanguan ko.

Ang cute nga namin ngayon dahil parehas kamingnaka-pajama. Hers is Panpan while mine is Ice Bear. Buti nalang talaga malapit lang yung isang clothing line dito kaya nakabili agad ako ng mga damit niya nung dinala ko siya sa unit ko.

"She's my instructor, Shan."

"Why did you tell her po na I'm here?" Tanong niyang muli.

I must tell, she is the kid who's curious about everything. Itatanong niya talaga what's on her mind and if you wouldn't answer it, siya na mismo yung hahanap ng sagot. She is smart, just like her mother.

"Kasi po hinahanap kana ni Mommy mo." I said and smile at her. Kahit ilang araw ko palang siya nakakasama ay napalapit na talaga siya sa'kin. "You miss her, right?"

She nodded and hug me suddenly na bahagyang ikinagulat ko.

"I will miss you, Ate Zj."

I smiled and kissed her forehead before hugging her back. Kung hindi lang 'to hinahanap ng mga magulang niya ay aampunin ko nalang siya. Ang sarap niya maging anak, legit.

"I'll miss you too, Shan." I mumbled softly before feeling her warmth. "Wait. I think it's your Mom na."

She nodded before pulling out of our hug. Tumayo ako at pumunta sa main door but I checked the peep hole first para masigurado na si Ma'am talaga 'yon. Nang makita ko ang seryosong mukha niya ay agad kong binuksan ang pintuan at binigyan siya ng isang mapaglarong ngiti.

"Hello Mameee! Miss mo po agad ako?"

"Where is my daughter, Miss Montero?" She asked instead that made me chuckle.

Minsan talaga hindi niya pinapansin ang mga pasegway segway ko.

"Mommy!!" Shan squeals as I opened the door wider para makapasok si Ma'am Acozta.

Ngayon na nasa harapan ko lang sila ay mas napagmasdan ko sila ng maayos. They have the same color of the eyes and have the same lips. Hindi nga lang ganon kaputi si Shan katulad ng Mommy niya

because she have a fair complexion compare to her mother who have a white skin complexion. Nakuha rin ni Shan yung moles ni Ma'am sa tip ng nose at gilid ng lips pero mas madami lang talagang nunal si Ma'am sa mukha.

Ang cute nila maging mag-ina.

"Ate Zajei!"

"Ay anak kita!"

Agad akong napatakip sa bibig dahil sa mga salitang kumawala rito. Gago, baka kung ano ang isipin nila.

"Ate, aalis na daw po kami." Malungkot na sambit ni Shan at tuluyang nagpabuhat sa'kin.

She looked at me sadly before burrying her face on the crook of my neck.

Shan is really clingy, sana yung Nanay din niya ganito.

"Take care ha? Don't escape your companion anymore." Bilin ko at naramdaman ko ang pagtango nito sa leeg ko. "Don't miss Ate Zj too much, ako lang 'to."

I saw Ma'am Acozta rolled her eyes at me before looking at her daughter na ngayon ay mahinang tumatawa. Ginagawa talaga akong clown ni Shan eh, tumawa ba naman sa mga sinasabi ko.

"Don't miss me that much either, Ate. Shanen lang 'to." She said that made me giggle.

"Ghad! What have you done to my daughter, Miss Montero?" Nakakunot ang noo'ng tanong ni Ma'am na ikinangisi ko at ikinatawa naman ni Shan.

"Wala po Ma'am ah. Mas tinuruan ko lang siya ng GMRC."

"Really? What is GMRC, baby?"

"Good manners and right conduct." Sagot ko na ikinabungisngis ni Shan sa mga bisig ko. Seryoso lang naman akong tiningnan ni Ma'am Acozta na parang hindi siya nakikipagbiruan.

Hindi ba tinanong niya ako? Sumagot lang naman ako kaya bakit parang galit siya?

"Ate, Mommy was pertaining me. I am her baby, not you." Nakangiting saad ni Shan na ikinangisi ko.

Ah si Shan pala baby niya, akala ko ako na.

"Can I be your Mommy's baby too?" I playfully asked but Shan just giggle and looked at her mother.

"Shan, what's the GMRC that your Ate taught you?" Tanong ni Ma'am matapos akong samaan ng tingin kanina.

"Good manners and right conduct, Mommy." Sagot ni Shan habang may ngiti sa labi. "She also told me the other meaning of GMRC po."

"What is it?"

"Good Man don't Run."

"Where's the C?"

"In the alphabet po."

Putangina.

I was trying hard not to laughed when Ma'am Acozta send death glares on me.

Tama naman yung sagot ng anak niya ah. Kapag kulang ang meaning ng abbreviations, nasa alphabet lang 'yon. Tinuruan ko na nga ng technique yung anak niya tapos naiinis pa siya.

"We really need to talk, Miss Montero." Bulong ni Ma'am ng kunin niya mula sa akin si Shan kaya napakagat ako ng ibabang labi.

Ang lalim noong boses niya. Punyeta. I'm having goosebumps.

"Mommy, can Ate Zajei visit me?" Shan asked habang nasa elevator kami. Ihahatid ko kasi sila hanggang sa ground floor.

"She's busy."

"Ate?" The kid looked at me with her puppy eyes that made me look at her mother.

"I'm not busy, baby. I'm always free for you and for your Mom."

I saw that Ma'am Acozta looked at me in my peripheral vision na ikinaiwas ko ng tingin. Minsan talaga nakakailang tumingin si Ma'am kasi parang tagos hanggang buto at kaluluwa eh.

"Baby, say goodbye now to your Ate Zajei." Ma'am Acozta mumbled after we arrived in front of her car.

"Babye po Ate Zj. Thank you for taking care of me, I'll miss you po." Malambing na saad nito na ikinangiti ko.

She kissed both my cheeks and gave me a sweet smile that made my heart melt. I ruffle her hair and give her a smile.

"I'll miss you too. . . Take care po sainyo, Ma'am."

She nodded before entering her car. Nakatingin lang naman ako sa papalayong sasakyan niya hanggang sa mawala ito sa paningin ko.

I would probably miss Shanen.

...

"Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, ika'y tanga." Pagbibilang ko sa mga kaklase ko at huling itinuro si Jino na nasa dulo.

I am currently counting them para maigroup ko sila. Kailangan na naming tumulong sa pag-aayos ng gagawing booth ng mga Archi students. Vacant naman ng block namin kaya mas maganda ng gawin

yung dapat kaysa mag-cram.

"Pres, anong booth natin?"

"Horror daw ata at yung marriage booth." Sagot ko habang tinitingnan ang pangalan nila sa list.

Mags-start na ang construction ng mga booth from different departments because next week will be the start of foundation week. Excited na nga ako because foundation week is a week for haunting boys!

Halo halo ang students kaya sagana ang mga mata sa mga gwapo. Ang dami pa namang hot sa culinary at management department kaya doon ako tatambay sa booth nila kapag may oras ako.

"Jei, si Ma'am Acozta at Ma'am Lia raw ang tutulong sa Archi department for the construction of booths." Eira said out of nowhere habang hawak hawak ang clipboard niya.

Siya kasi talaga ang president ng buong Archi department kaya siya ang nagi-instruct sa lahat.

"They'll arrive any minute kaya start na ha. Kumpleto na rin yung mga materials, just call me if may kulang pa o may problema. May klase pa 'ko eh."

I nodded at her saka kinuha ang clipboard na hawak niya. Stress na stress ang taong 'to. Masyado kasing pinoproblema ang problema kaya problemado siya. Lah, pota, ang gulo.

"Zajei, anong booth ang unang gagawin?" Miss Lia asked ng makalapit sila ni Mrs. Acozta.

My eyes are automatically fixed on the woman with hazel brown eyes that is now seriously looking around to check the location perhaps.

Ngayon ko lang siya nakita ulit because we don't have any class on her subject for today. Pero tangina, she's oozing hot.

"Hoy Montero!"

"Ayputanginamo!" Mabilis na wika ko dahil may biglang humawak sa bewang ko.

Ang lakas pa naman ng kiliti ko don.

"Your words, Miss Montero." Pananaway ni Ma'am Acozta kaya agad akong humingi ng paumanhin bago balingan ang taong gumulat sa'kin.

"Putangina mo, Ferb. Pahamak kang hinayupak ka." Madiin kong bulong kay Ferb bago siya bigyan ng isang malupit lupit na hampas sa sikmura na ikinaigik niya.

"Yung horror booth daw po muna ang gawin natin Ma'am." Sagot ko sa tanong kanina ni Ma'am Lia at iniabot sakaniya ang clipboard.

Andoon kasi ang instructions ni Eira at yung plano naming lahat for our booth kaya sila nalang ang magbasa. Nag-iisip kaya ako ng magandang design for horror booth dahil feeling ko ay ang lame ng napagplanuhan namin.

Sabi naman nina Eira ay pwede kong dagdagan yung idea kaya gagawin ko nalang ngayon. Gusto ko kasi yung horror booth ang magiging sanhi ng pagkapuno ng clinic sa foundation week dahil hindi nila

kakayanin, charot!

Gusto ko thrilling and realistic yung booth, that's it.

"Zajei, kanina pa nakatingin sayo si Wave." Pukaw ni Phineas sa atensyon ko dahil kasalukuyang busy ako sa pag-inom ng tubig.

Kanina pa kaya kami nagdedesign at nagpipinta para sa location ng booth kaya pagod na ako kakatitig kay Ma'am Acozta--- charot ulit! Pero half true talaga yan dahil nasa tapat ko lang siya kanina habang nagp-paint ako.

Ang hot pa naman niya ngayon kasi hindi niya suot yung blazer niya. Mhen! Kitang kita yung curves niya kaya andaming nakatambay ngayon dito sa open field.

"Who's Wave?"

"Yung president ng SSC. Balita ko crush ka raw no'n." Singit ni Ferb sabay pasimpleng sumulyap sa bandang likuran ko kaya tiningnan ko rin.

Ah, Wave nga pala ang name nung SSC President na alagang Uniqlo dahil halatang ganon ang style niya. Ang gwapo nga non eh pero hindi ko masyadong bet because there is something on his aura that makes me wants to avoid him pero kung titingnan ay gwapo naman talaga siya.

Yung tipong boy next door ang datingan.

"Lapitan mo, Zj. Kapag 'yan naging jowa mo ay buhay na buhay ka. Culinary ang course nyan." Pangdedemonyo nung kambal sa tabi ko na ikinairap ko lang.

Alam kong culinary si Wave dahil na rin sa lanyard niya. Pero I admit, kung hindi ko siya nakita noon sa detention room ay hindi ko siya makikilala. Hindi ko talaga siya napapansin dito sa university or sa building nila kahit lagi akong dumadaan doon.

Yung una ko kasing ex is culinary student kaya madami akong kilala dati don noong kami pa. Nagbreak nga lang kami noon kasi nagsawa ako sa luto niya--char! We broke up because he is too paranoid and possessive na pinakaayaw ko sa lahat.

Alam naman niyang maglalaro lang kami tapos kung makaasta siya parang asawa na niya ako. Ayaw ba naman akong palapitin kina Phineas kasi raw aagawin nila ako.

Kaya tip number one, 'wag magseselos ng sobra kung ayaw mong bukas ay single kana.

"Hindi ko type mga par."

"Bakit? Mukhang bakla?" Mahinang tanong ni Ferb sabay hagalpak ng tawa na ikinangisi ko.

"Hindi naman. My interest isn't on him, just like that." Sagot ko bago tinapik ang balikat nila at lumapit kay Ma'am Acozta.

Break time kasi kaya nakakagala ako rito sa pwesto namin. Kanina ko pa kaya gustong lapitan si Ma'am Acozta para kamustahin yung anak namin, kidding!

"Hello Ma'am! Water or me?"

"Juice." Bored na sagot nito bago tingnan ang mga paintings na ginawa namin kanina.

Grabe talaga, bakit none of the above ang sagot niya? Bakit juice diba kung pwede namang ako nalang--- tama! May juice ako!

"I have juices. . . But I can't give it to you easily because I need to release it first---"

"Shut up, Miss Montero. Others might think different if they would hear you." Agad na saway nito na ikinangisi ko.

I sat beside her saka sumandal sa upuan. Pasipol sipol lang ako sa tabi niya habang nag-iisip ng susunod kong itatanong para may topic kami.

Kapag talaga siya ang kausap ko ay dapat lagi akong may baon na tanong dahil mahirap siyang kausapin. Ang ikli kasi sumagot tapos kapag nasagot na niya yung tanong ko, end of the conversation na. Minsan nga ay mas nage-enjoy pa akong kausapin si Siri kaysa sakaniya dahil si Siri mahaba sumagot, detailed kumbaga pero si Ma'am? Para akong nakikipag-pinoy henyo.

"Ma'am, do you know who is the boy who hacked NASA at the age of 11?" Tanong ko kalaunan na ikinalingon niya sa akin.

"Yes. He is Walter O'Brien."

"Ang galing mo po Ma'am! What do you want as a reward? Kiss?" I amazingly asked dahil manghang mangha ako.

There is only few who know Walter O'Brien and it is odd to talk one of them. Tapos itong si Ma'am ay parang kilalang kilala si Walter O'Brien dahil ang confident niyang sumagot sa tanong ko.

"I want you to shut your mouth." Supladang sagot nito na ikinatawa ko.

"Siya po yung may pang-apat na pinakamataas na IQ, right?" I asked instead because I wanna asked multiple questions to her than to shut my mouth.

Gusto ko siyang kausap.

"Yes. His IQ is higher than Albert Einstein."

"What's their IQ?"

"Einstein have 160 and O'Brien have 197." Sagot nito na ngayon ay seryoso nalang na nakasandal sa upuan niya.

Buti pa kapag ganito ang topic, medyo mahaba siya sumagot. Kailangan pala pang-seryoso yung topic na itatanong ko 'no para makausap ko siya ng matagal.

"He was been arrested by the FBI when we was 11 to get their blueprints on his bedroom wall, tama po ba?"

She nodded and looked at me seriously while furrowing her brows.

"Why did you asked anyway?" Tanong nito pero nagkibit balikat lang ako at nginitian siya.

"Do you believe that there is different universe or there is a universe inside our universe?" Muli kong tanong na ikinakurap niya. Ilang segundo akong naghintay na magsalita siya bago niya tuluyang ginawa.

"Multiverse?"

I nodded and pressed my hands together. Dati ko pa talaga gustong makipag-usap sa taong katulad niya na may alam sa ganito dahil simula ng mawala si Mommy sa buhay ko ay parang nawalan na rin ako ng kausap sa ganitong bagay.

What we have in common is we both like to talk about things that others don't like. Parehas kaming interesado sa mga bagay na mahirap iexplain like what I was saying earlier, the universe thingy. Dati nga nag-uusap din kami about aliens, Bermuda triangle, area 51, milky way, how deep oceans is and many more.

"Give me the universe you want me to talk about specifically." She simply asked while looking in front habang mataman ko naman siyang pinagmamasdan.

"Parallel. Parallel universe."

She nodded and pressed her lips together before biting her lower lip na ikinatulala ko.

My ghad!

"Parallel universe is a universe we can not find. But however, some people do believe in it. In that universe, there is different us but maybe, in different time." She mumbled. "Do you believe in it?"

Instead of answering, I smile at her before looking at the blue sky above.

"Can I know your opinion first? Do you believe in it?" Tanong ko ng hindi siya nililingon.

There is a long silence that surrounds us before I heard her sigh and starts speaking.

"Partly. My beliefs in it is not as strong like others."

"Bakit po?"

"Somehow, I believe in it because it have theoretical basis that we can read but sometimes, there's something on me that do not want to belive it. I just find it cliché sometimes." Mahabang pahayag niya na ikinangiti ko.

Ang ganda niya sumagot, pwede na siyang mag-I do sa harap ng altar kasama ako---- damn it! Mali 'yon! That can't be!

May pamilya na si Ma'am.

"How about you?" Tanong nito na bahagya ko pang ikinagulat.

Woah, nagtatanong na siya. She's improving!

"No. I don't believe in it." Matigas na sagot ko bago siya binalingan ng tingin.

"Why?"

"If there is a parallel universe, parang ang sama naman ata ng mundo." I said with a pale smile on my lips. "Imagine Ma'am, there is different us in different universe pero halos parehas lang din naman. Ano pa bang ipinagkaiba? Doon mas maganda ako tapos diba pinakamaganda lang?"

"Give me an honest answer. Speak your thoughts." She said seriously yet there is softness in her voice.

Sabagay, kahit naman laging seryoso ang boses ni Ma'am ay babaeng babae pa rin. Pero minsan talaga ay nakakatakot ang boses niya because of its authoritive tone.

"I don't want to think that there is a parallel universe wherein another me is living." Mahinang saad ko na ikinatawa ko ng pagak. "I don't wanna overthink on what is my status in there because I don't want to question my existence. . .Ayokong umasa na masaya ako sa ibang mundo. How cruel the world could be if I am not happy here but in another universe, another me is living her life to the way she deserve and not the way I used to live with it? I'm selfish you know." I mumbled under my breath na hindi ko na alam kung narinig niya pa ba dahil sa sobrang hina nito.

"Pain makes you stronger."

"Yet pain lives within myself." saad ko saka sinalubong ang mga mata niya.

After my parents left me, ngayon lang ulit ako nagverbalize ng mga nasa isip ko about my feelings. I never let anyone know nor hear my thoughts because I'm afraid that they would leave me too because I am being dramatic or such.

Although, wala naman akong pakialam kung iwan nila ako. As long as my friends, grandparents and Uncle Vonny will stay with me, then it is fine.

I am fine.

"Forgive. Forgive so you can let the pain away." Wika niya na ikinangiti ko lang.

I already forgive them even if they didn't ask any. Pinatawad ko na sila, matagal na.

But how funny, I forgave them yet I can't forgive myself. I always doubted and doubting myself because of what they have done.

"Paano po ma'am kapag natisod ako sa bato tapos nagkasugat ako? Should I forgive the stone even though it wouldn't ask for my forgiveness?" Walang kwentang tanong ko pero tumango lang siya.

Behind my nonsense question, there is a deep explanation.

"Yes. Because not everyone are brave enough to ask for forgiveness so you should be the one to do it instead. Forgive them so you can free yourself."

Ewan ko pero sa bawat salitang binibitawan niya ay natatamaan ako.

Okay lang matamaan sa mga sinasabi niya basta 'wag matatamaan ang puso ko sakaniya.

Mahirap gamutin ang puso ko, lods.

"Ma'am, hindi ba po kahit papaano ay naniniwala ka na may parallel universe because of some theory?" Tanong ko para madismiss ang topic namin. Tumango ito na ikinakunot ng noo ko. "Paano po kung walang theory 'yon? Hindi ka po maniniwala?"

"Sort of."

"Bakit po? Why do you need some scientific theory to believe in things like that?" I intriguingly asked.

"Everything needs an explanation and I need some basis to believe in things sometimes." Sagot nito at tumayo na dahil tapos na ang break time namin pero ako ay nanatiling nakaupo at pinagmamasdan siya.

"Paano po kapag walang explanation? Hindi ka maniniwala?" Parang tangang tanong ko na tinanguan niya lang.

So, in order for her to believe in you, dapat gumawa ka ng scientific research. Pucha, ang hirap naman palang mapapaniwala ni Ma'am. Daig niya pa ang may trust issues.

"Is there something you know that do not have any scientific explanation?" Tanong ko saka tumayo para magpantay kaming dalawa.

Magkasing-tangkad lang talaga kami ni Ma'am pero dahil naka-high heels siya, mas matangkad siya ngayon kaya nakatingala ako sakaniya.

"None."

I smiled sheepishly before giving her a playful look.

"I'll give you one." I said and wink at her pero kumunot lang ang noo niya habang nakatingin sa'kin.

"What are you talking about?"

"I'll give you something unexplainable. Yung wala kang mahahanap na any deep theory or evidences to prove it pero talagang nage-exist siya sa mundo."

"You can't look something like that." Kontra niya pero nginitian ko lang siya at tiningnan ng diretso sa mata.

"I would. I would give it to you once I figure it out and you won't do anything but to believe in it."

Chapter 7

Zajei's POV

Kasalukuyang naglalaro ako ng ML habang nakaupo sa ilalim ng puno dito sa quadrangle.

Masyado kasing mainit sa pinaggagawan ng booth kaya tumakas muna ako. Wala naman ng ginagawa pero bawal pa mag-uwian kasi hihintayin pa namin si Dean to check our booth. .

"Punyeta, puro pabuhat." Bulong ko habang gigil na naglalaro.

Ang bobo kasi ng mga kasapi ko. Sinabing back-up pero mga inuna pa ang farm. Yung isa nang-aagaw ng buff tapos yung isa inagaw yung role ko tapos hindi naman pala marunong.

Putraydamo.

"Tangina talaga ng gumagamit kay Claude."

"Sumugod tapos walang minions!"

"Putangina!"

Hindi ko alam kung nakailang mura na ako pero gigil na gigil na talaga ako sa mga kasapi ko. Ang sasarap ireport ng mga hinayupak. Season kaya tapos ang makakasapi pa ay puro bopols kung hindi ka ba naman mainis.

"Ay tarantado, savage!" Nakangising batid ko ng makasavage ako kaya wipe out ang kalaban.

Ang swerte talaga ng mga kasapi ko sakin. Ang ganda ko na nga tapos ang lakas ko pa.

Buti nalang nasa tagong parte ako ng quadrangle kaya hindi masyadong mapapansin. Para pa naman akong tanga kasi nagsasalita ako mag-isa tapos biglang ngingisi kaya ipinagpapasalamat ko talaga na walang nakakakita sa akin dahil nakakahiya. Baka sabihin nila may saltik ako.

Nang matapos ang laban ay agad kong pinatay ang data ko dahil sunod sunod ang notifications ko. Ayaw ko na ding maglaro dahil nakakabwisit lang.

Time check, 3:01 pm. 4 pa ang dismissal namin dahil quarter to 3 pa raw matatapos ang meeting ni Sir Vonny. Kung tutuusin ay pwede na akong tumakas para makaalis na ako rito pero bilang isang mabuting estudyante, hindi ko gagawin ang bagay na 'yon. Takot ko nalang na maglinis ng cafeteria as my consequence.

Prenteng nakasandal lang ako sa puno ng biglang mahagip ng mga mata ko si Ma'am Acozta na parang may kaaway sa phone. Halatang may kinakausap siya dahil nakatapat ang cellphone niya sa kaliwang tenga niya tapos sobrang dilim ng mukha niya.

Nakakatakot talaga ang babaeng 'yon kapag galit. Tho, nakakatakot talaga siya minsan kapag sobrang seryoso niya pero ghad, mas hot lang siya kapag seryoso yung ekspresyon na nasa mukha niya.

Pero syempre, mas hot pa rin ako.

Nang ibaba niya ang cellphone niya ay tumayo ako at tumakbo sa direksyon niya. Medyo malayo yung pagitan namin, siguro nasa 8 meters.

"Hello Ma'am!"

"Not now, Miss Montero." Seryosong paalala nito bago nagsimulang maglakad papalayo.

Nakasunod naman ako sakaniya pero malayo ang pagitan naming dalawa. Baka bigwasan ako no'n kapag mas kinulit ko siya eh.

"Can I go now? Shanen is in the hospital."

Napatigil ako sa paglalakad ng marinig ko ang sinabi niya kay Sir Vonny na andito na pala sa open field.

Pero teka, nasa hospital si Shan?!

"What? Why?" Nag-aalalang tanong ni Sir bago tuluyang hinarap si Ma'am na seryoso lang ang mukha. "But you're coding right? Do you want a ride?"

"No. No thanks, Sir. I can handle." Sagot ni Ma'am dahilan para tumingin sa gawi ko si Sir Vonny.

Napaiwas naman ako ng tingin at kunwaring tinitingnan ang mga kuko ko ng lumingon din sa gawi ko si Ma'am.

"Miss Montero, come closer."

Dahan dahan akong naglakad palapit sakanila and gave them a sheepish smile.

"Ihatid mo si Mrs. Acozta sa hospital." Utos ni Sir na ikinakunot ng noo ni Ma'am at agad na umalma pero tinaasan lang siya ng kilay ni Gervauh the Great. " I won't let you go in that hospital alone."

Sinamaan muna ng tingin ni Ma'am si Sir bago tumango at balingan ako. I just wiggle my eyebrows at her before getting my bag para makaalis na kami.

"Saan ka pupunta, Zj?" One of my blockmate asked but I just smirk and wink at her.

"Secret. . . Una na 'ko, babye!"

Rinig ko ang mga diskusyon nila bago ako lumapit kay Mrs. Acozta na hawak hawak na ang bag niya at kausap si Sir Vauh.

I decided to wait for her in the other side of the field para magkaroon sila ng privacy ni Sir sa pinag-uusapan nila. Hindi naman ako tsismosa pagdating sa buhay ng may buhay.

"Let's go."

I nodded and walk after her. Grabe talaga, kinikilabutan ako sa aura niya. Para kasing kahit anong oras ay may bibigawasan siya dahil sa mga tinging ipinupukol niya.

Tangina. Sinong nang-away dito?

I opened the passenger seat for her saka siya pumasok kaya agad akong umikot para makapasok sa

driver seat.

"W-what hospital po?" I was a bit nervous while asking a question that made me stutter a little. Kahit kasi ako ay kinakabahan sa ideyang nasa hospital si Shan.

"Z. Corten General Hospital." Seryosong anas nito na ikinapikit ko.

Damn it!

Sa dinami dami ng hospital dito, bakit doon pa? Andoon ang nanay ko, goodness! Malamang sa malamang ay makikita ko siya doon because she's the directress of that hospital and she is also a pediatric doctor.

Punyeta naman oh.

"You can go now." Saad nito ng itigil ko ang sasakyan sa parking lot ng hospital.

Ayaw ko mang pumasok sa loob ay may kung ano namang nagtutulak sa akin para samahan siya. I want to be with her and I also want to see Shanen.

Matagal tagal ko na ding hindi nakikita ang batang 'yon.

"Sasama po ako, Ma'am."

"Miss Montero---".

"Promise po behave ako!" Parang nanunumpang sambit ko dahil itinaas ko ang kanang kamay ko habang sinasabi iyon. Napailing lang naman siya at lumabas na ng sasakyan.

Tuloy tuloy lang kami ni Ma'am sa pagpasok sa hospital at pagpunta sa iba't ibang pasilyo hanggang sa tumigil kami sa isang private room sa 8th floor.

She knocked first before opening the door na ikinapikit ko dahil ang una kong nakita pagbukas nito ay ang nanay ko.

"Mommy!"

"Baby, don't speak too much." Saway noong lalaki sa tabi ni Shan na may hawak ng oxygen mask.

Sa tingin ko ay ito ang tatay ni Shan. They have the same nose at maging ang kutis nila ay iisa. Halata ding respetado ang lalaki dahil na rin siguro sa siya ay isang marine navy.

My ghad!

"Zj, what are you doing here?" Her soft voice lingers on my mind as the flashback of the past started to invade my system again.

I closed my eyes and sigh deeply before directly looking at her eyes.

"Visiting your patient, Doc." Sagot ko sa mababang tono bago umiwas ng tingin at sumandal na lamang sa pader, malapit sa cr.

"Ate Zj, you're here. I miss you po." Shan smilingly said after removing her oxygen mask that made me smile a little.

I walked towards her and kiss her forehead bago sabihing namiss ko rin siya. She giggle and hug me first before kissing my cheeks.

"I don't know that you are fond of children, Zajei." Mahinang saad ng nanay ko nang bumalik ako sa pagkakasandal sa pader at nanatiling pinagmamasdan si Shan at Mrs. Acozta.

"You don't know anything about me. So please, don't act like you care." Mahinang sagot ko sakaniya, sapat lang para kaming dalawa lamang ang makarinig.

"Zj, anak. . . Mommy is missing you." Malungkot na sambit nito and held my cheeks pero agad din akong umiwas at ngumisi.

"My mother is gone. Long long gone." Nanunuyang saad ko na ikinatubig ng mga mata niya kaya agad akong umiwas ng tingin.

Matagal ng wala ang nanay at tatay ko. Simula noong iniwan nila akong mag-isa sa bahay namin dati at sumama sa mga bago nilang pamilya, alam kong kahit kailan ay hindi na muling mabubuo ang kinagisnan kong pamilya.

I beg them to stay. I beg them to stay with me but what did they do? Pinili pa rin nilang iwan ako.

"Anak..."

My eyes are starting to get watery kaya agad akong tumalikod at nag-excuse sandali saka dali daling lumabas ng kwartong inuukupa namin kanina.

Nagtungo ako sa rooftop at doon sandaling nagpahangin because I felt like I was been suffocated. Prenteng nakatayo lang ako sa gitna ng sahig na kinatatayuan ko at nakatitig sa sarili kong repleksyon sa salamin na nakadikit sa pinto.

My tears aren't falling.

I am hurt yet not a single tear stream down on my face. I am just tired of crying because of my broken family. Ilang taon din kaya akong umiyak dahil sakanila and now, I won't shred any single tear for them.

Masaya na sila kaya siguro kailangan ko na ding maramdaman yung saya na matagal ng nawala.

Yung sayang sila lang yung nakapagbigay sa'kin noong buo pa kami.

Mahigit kalahating oras ang ginugol ko sa rooftop hanggang sa maisipan ko ng bumalik sa room ni Shan para makausap ko naman siya kahit sandali.

Papalabas na ako ng elevator ng mahagip ng mata ko sina Mrs, Acozta and her husband na mukhang nagtatalo sa dulo ng pasilyo.

Malapit lang naman ang kinatatayuan ko sakanila kaya rinig na rinig ko ang mga boses nila.

"I told you not to let that woman get a hold of our daughter!" Inis na bulyaw ni Ma'am sa kausap niya na mukhang frustrated din.

"It wasn't her fault if Shanen has been of attack of her asthma---"

I pressed my lips together out of shock because Ma'am Acozta slapped her husband, hard. It is really hard because I heard how it stings.

Damn.

Rule no. 1, huwag hahayaang sampalin ni Ma'am.

"It wasn't her fault? Are you kidding me, Seth? Your daughter almost died because of it and where do you want me to put the blame? In the air? Fvck you! Your girlfriend just put my daughter in death and your telling me not to blame her when it is clearly her fault. She is too reckless!"

I unconsciously bit my lower lip to stop myself from running where Mrs. Acozta is when I saw how her tears stream down.

"She's not my girlfriend, Saviel. She's just a friend." Mahinahong saad noong lalaki at hinigit papalapit sakaniya si Ma'am para ikulong sa mga bisig niya na ikinasikip ng dibdib ko.

Kasal sila.

Yeah, right. They are married so they have all the right to hug each other whenever they want.

"Leave. . . Leave us alone, Seth." Garalgal na wika ni Ma'am bago alisin ang kamay noong lalaki sa likod at pisnge niya. "I'll be the one to take care of her."

The man sighed before nodding and left Mrs. Acozta alone. Nagdadalawang isip pa ako kung lalapitan ko pa ba siya o hindi na lalo na noong umupo siya at nagtakip ng mga palad sa mukha.

I deeply breathe before walking towards her and sit beside her. Agad siyang nagpunas ng mga luha bago ako tingnan ng walang emosyon kaya napabuntong hininga ako.

Mas gugustuhin ko pang magsungit at lagi siyang seryoso kaysa sa ganitong hilam ang luha at namumugto ang mga mata.

I get my handkerchief in my bag at ipinatong sa magkasiklop niyang mga kamay bago siya ngitian.

"You can cry, Ma'am. I won't judge."

Instead of speaking, she just stare at me and I was like smiling stupidly at her to mask how much her current state affects me.

Ayaw ko ng ganito siya.

"Asan po si Shan, Ma'am?" Tanong ko habang nagpupunas siya ng luha gamit ang panyo ko.

Hindi ko pa talaga 'yon nagagamit simula kanina kaya malinis talaga 'yon.

"Room. Sleeping."

Nasa tapat nga lang pala namin ang room ni Shan kaya tumango ako sakaniya bago tumayo at tiningnan kung natutulog pa ba ang bata. Baka kasi magising siya tapos makita niyang wala siyang

kasama.

Nang makita kong mahimbing pa ang tulog niya ay bumalik ako sa tabi ni Mama at sumandal sa upuan.

I was so silent. Ayaw kong magsalita. Basta ayaw ko lang mag-talk.

"You can go now, Miss Montero." Saad nito makalipas ang ilang minuto na ikinalingon ko sakaniya.

Walang pasok bukas kaya pwede akong magstay dito kahit late na. Wala rin siyang kasama kaya ayaw kong umalis.

"Ma'am, kumain kana po?"

She looked up to see me before sighing and standing up. Diretsong naglakad siya papasok sa room ni Shan at iniwan akong mag-isa sa harap nito.

Napailing nalang ako at kinuha ang cellphone para mag-order ng pagkain saka nagpunta sa parking lot para kunin ang duffel bag ko.

Bago ako bumalik sa room ni Shan ay nagpalit muna ako ng damit ko sa kotse dahil tinted naman 'yon saka dinala pataas ang duffel bag ko para makakapagpalit ako anytime.

I'm a girl scout, people.

"Ate Zj!" Masayang mukha ni Shanen ang naabutan ko pagpasok ko sa room niya matapos kumatok.

"Hello baby. Gutom kana?" Malambing na tanong ko matapos halikan ang pisnge niya.

I'm not really fond of children but there's something on this kid that want me to have a bond with her. Ang gaan ng loob ko sakaniya.

"Yes po. I want pizza!"

"Shan, no. . . It wasn't healthy."

Napangiwi ako bigla sa sinabi ni Ma'am dahil may pizza akong inorder and any moment ay darating yun---- gotcha.

"Good evening, delivery for Mrs. Saviel Acozta." Bati noong delivery boy matapos ko siyang pagbuksan ng pintuan.

Mas lalo akong napangiwi ng kumunot ang noo ni Ma'am at lumapit sa kinaroroonan namin kaya napalayo ako at tumabi kay Shan na parang bata.

"I don't have any order, please, check it again." Mrs. Acozta says and frowned even more ng may ipinakita yung delivery boy na receipt dahilan para mapalingon si Ma'am sa direksyon ko at samaan ako ng tingin.

Amputa, bayad na kaya ang mga pagkaing yon!

"Si Ms. Montero po ang nagbayad and she also used her account to order via online." Page-explain noong delivery boy saka nginitian si Ma'am.

I saw that Mrs. Acozta instruct the boy to place the foods on top of the coffee table bago ito may pirmahan. She also close the door and turn her gazes on me.

"What was that for, Miss Montero?"

"That's for us? Gutom na po kami ni Shan, Ma'am." Hindi siguradong tanong ko habang nakangiti ng alanganin sakaniya.

I heard Shanen's giggle before looking at me and wink playfully na ikinangiti ko.

"Mommy, I'm hungry na po. Can we eat the foods?" The kid cutely said to her mother that made me bit my lower lip.

Puro kasi pizza, pasta, fries, chickens, milktea, frappe and salads ang inorder ko kaya napaka-unhealthy. Mukhang health conscious pa naman si Ma'am sa anak niya kaya kinakabahan ako.

"Yey! Chicken!" Masayang sambit ni Shan na ikinatingin ko rito. Tinulungan ko naman si Ma'am na iayos yung pagkain sa mga plates bago siya lumapit kay Shan para pakainin ito. Nasa may coffee table lang naman ako, kumakain ng tahimik habang pinagmamasdan silang dalawa.

"Mommy, why aren't you eating?"

"Baby's right, why aren't you eating Mommy----este Ma'am. Bakit hindi po kayo kumakain, Ma'am?" I unsurely said matapos uminom ng frappe.

I don't like milktea.

Pero exception do'n ang milktea dito sa university at iyong binibili ni Uncle. Ayon lang halos ang iniinom ko dahil wala lang. Kasing sarap ko kasi.

"Later." Maikling sagot nito na ikinaalma ng anak niya.

"Mommy, I don't want you to get sick. Eat na po ikaw, diba po Ate?" Baling ni Shan sakin na ikinatango ko lang dahil may laman ang bibig ko.

"Baby." Mrs. Acozta says that made me stiff. Parang nanigas yung katawan ko ng marinig ko yung malambing niyang boses kaya napatingin ako sakanila ni Shan na ngayon ay may hawak na pizza at isinusubo sa Mommy niya. "Mamaya na kakain si Mommy. You should eat first so you can take your meds."

Putangina. Putangina ulit. Putangina talaga.

She smile!

Although it wasn't a genuine smile because she just smile a little pero ngumiti pa rin sya! Parang naestatwa ako bigla sa pagkakasalampak ko sa sahig at napahinto rin ako sa pagkain dahil sa nasilayan ko.

Damn it!

Sabi na worth it ang hindi ko pag-uwi.

"Ate Zj? Why so stiff?"

Napabalikwas ako ng upo when I heard that Shan is calling me kaya namumulang tumingin ako sakanya at ngitian siya.

Napatagal yung pagtitig ko kay Ma'am, punyeta.

"Ate?"

"U-uh may iniisip lang ako." Nakangiting alanganing saad ko bago punasan ang gilid ng labi.

"Si Mommy po ba?" She innocently asked that made my eyes widen. "I saw you staring at her po kanina, Ate."

Mas lalong namula yung mukha ko ng balingan ako ng tingin ni Ma'am matapos niyang iligpit ang pinagkainan ni Shanen.

"H-hindi ah. May naisip lang ako bigla noong napatingin ako sa Mommy mo."

"Ano po yun?" Curious na tanong nito na ikinalunok ko.

It felt like I am in the hot seat!

Magsasalita na sana ako when Mrs. Acozta walked towards me at itinapon ang mga paper plates sa basurahan sa dulo ng couch. Nakasunod naman yung tingin ko sakaniya bago napagpasyahang sumagot kay Shan pero hindi natuloy dahil nagsalita si Ma'am.

"Take your meds na, baby." She said softly na ikinapikit ko.

Ayaw ko na.

Rule no. 2, 'wag titigan ng matagal si Ma'am kung ayaw mong maguluhan sayong nararamdaman.

Damn it!

Her smile was been imprinted in my freaking mind!

....

Kasalukuyang nakaupo ako sa sahig at naglalaro noong the baby in yellow kasi nac'cute'n ako sa doon sa baby.

Kamukha ng kambal ang puta.

"Pasok na kita sa oven, ha? Lulutuin kita para maging masarap ka naman." Pagkausap ko rito saka s'ya ipinasok sa oven.

I chuckled.

Parang tanga kasi iyak nang iyak.

I stroll around first before going back sa kung saan ko s'ya iniwan pero pagbukas ko ay saktong

paglagabog ng kung ano kaya wala sa sariling nabitawan ko ang aking cellphone.

"Punyeta!" Malakas na bigkas ko.

"Excuse me?" Mrs. Acozta asked that made my eyes widen.

I bit my lower lip.

"P-punyeta idol ko si Heneral Luna."

Tangina naman oh. Sa estado ni Ma'am ay pwede na s'yang pumalit kay General Antonio Luna pero hindi s'ya ang magmumura kasi ang ganda n'ya talaga. Bawat madadaanan nito ay siguradong mapapapunyeta nalang sa ganda n'ya.

"Ma'am?" I asked habang pinapanood s'ya na magsalin ng tubig sa isang baso.

Shan is already sleeping since it's nearly midnight.

"What?"

"Do you know the meaning of Artikulo Uno?"

"The literal meaning?" Paninigurado n'ya na ikinatango ko. "Not exactly."

I grinned.

It's my time to shine.

"Artikulo Uno: Ang hindi sumunod sa punong heneral ay tatanggalan ng ranggo at ipapapatay ng walang paglilitis sa hukumang militar." I stated saka sumaludo sakan'ya.

"Lower down your voice."

"Aye aye, General."

Walang emosyong tinitigan ako nito habang umiinom sa baso.

"Miss Montero," she shut her eyes firmly. "I don't really know what's the connection of that article one of yours to me."

It's my time to shine the second time around.

"Well Ma'am, alam mo po bang pwede ka ng maging heneral? Ang tapang tapang mo. Subukan mo kayang ipaglaban ako?" I wiggle my eyebrows on her but my eyes widened even more when she almost throw the empty glass on my side.

"Ay ma'am 'wag po 'yan. Masakit 'yan!" Pagpalag ko.

Holy Zajei Loure.

Ang ganda ko.

"Do you believe in afterlife?" Random na tanong n'ya na ikinatango ko.

"Oo naman po."

"Better because if you won't shut that noisy mouth of yours," she take three step forward and crossed her arms. "I'll definitely see you in what they called afterlife."

Instead of being threatened, I just shrugged my shoulders and smile widely.

"Well I do believe that there's no problem in that, Architect. At least you'll still see me after." Ngiti ko na ikinairap n'ya.

"And I," dagdag ko na ikinataas ng kan'yang kilay na tila hinihintay ang sunod kong sasabihin. "love you."

I chuckled and shook my head in amusement. "Charot." Pambabawi ko kasi baka sabihan n'ya akong maharot knowing na kasal na s'ya.

I've seen how her shoulders moves up and down in a heavy manner na ikinatutop ng aking bibig.

Eto na tatahimik na. Baka mamaya ako ang ma-confine dito kapag dinaldal ko pa s'ya.

"You know what," pagsasalita n'ya. "I do too." She then rolled her eyes.

"Po? Inaaya n'yo na ba 'kong magpakasal, Ma'am, kasi I do, Father----"

"Kidding." Bawi n'ya rin.

I pout my lips again.

Condolences to my gorgeous ethereal magnificent soul full of beauty.

May I rest in peace.

Chapter 8

Zajei's POV

"Ate Zajei, you know Doc. Zeah po?"

Napatigil ako sa pagrereview ng magsalita si Shan na nasa tabi ko lang. Ako kasi ang bantay niya dahil naliligo si Ma'am sa banyo.

"Why baby?"

"Kasi po kanina when she checked my vital signs, I saw her looking at you while you're sleeping in the couch. Siya rin po yung naglagay ng pillow for you." Sagot nito habang hawak ang baba niya at mariing nakatitig sa akin.

Ibinaba ko na muna ang reviewer na hawak ko bago tumabi ng upo sakaniya sa kama at sumandal sa may headboard.

"Si Doc. Zeah, she is my mother." Sagot ko na ikinatingin nito sa akin na parang gulat na gulat.

I chuckled at her reaction and pinch her cheeks. Ghad, ang dali talaga para sakaniya na patawanin ako.

She's just cute naturally.

"Kaya po pala sabi niya kanina she miss you so much po. Hindi niyo po ba nakakasama sina Doc kaya miss ka po niya?"

I sighed before brushing her hair using my fingers at isinandal siya sa akin. Hindi ko alam kung dapat ba niyang malaman ang tungkol sa pamilya ko o hindi na.

"Baby, I am living in my unit right? Hindi ko nakakasama lagi sina Doc." Mahinang sagot ko sakaniya.

Dito kasi ako natulog sa hospital kasama nila ni Ma'am. Bali sila ang nasa bed dahil ayaw paalisin ni Shan si Ma'am sa tabi niya tapos ako ay nasa couch.

"Sabi po ni Doctora sa'kin dati when we were having our check ups, she have three children po. Two princess and one prince. She also told me po that her first princess is not on her kingdom anymore because she decided to build her own. Kayo po ba 'yon?"

I slowly nodded at her statement, I can not find my tounge to speak. Hindi ko alam na ikinekwento niya pa rin ako sa mga pasyente niya gaya nang ginagawa niya dati.

But now, her story is about a princess who left her kingdom. It wasn't like before that it is about a princess who live happily in a kingdom with the king and queen.

That princess she was talking about is gone. It faded as they abandoned the castle and left the little princess alone with the servants and pure luxury.

I smiled sadly.

How I wish, I was enough to make them stay. Kung naging sapat lang sana ako sakanila, edi siguro buo

pa kami ngayon. Hindi sana sila naghanap ng iba.

"How was your kingdom po, Ate? Maganda po ba? Can I go where your kingdom is?" She excitedly asked habang hawak hawak ang magkabila kong kamay.

"My kingdom? It is dull and colorless, baby. It isn't beautiful either because I am the only one who's living in it right now." Sagot ko saka siya nginitian pero mas lumawak lang ang ngiti niya kasabay ng paghawak niya sa magkabilang pisnge ko.

"My Mommy is the best architect! She can make your kingdom the most beautiful and lively po, Ate." Proud na sambit nito na ikinangiti ko lang.

Jusko, kapag si Ma'am ang gumawa ng palasyo ko ay siguradong magugunaw ang mundo. Baka kasi mafall sa'kin si Ma'am habang ginagawa niya ang bahay ko tapos iwan niya asawa niya kasi mas worth it ako makasama kaya 'wag nalang.

I don't want to break a marriage.

Kapag kasi sinira mo ang isang kasal, para ka na ring nanira ng pamilya. Most importantly, para mo na ring pinatay yung anak nila. Children is the real victim of broken marriage and broken family. They are the one who suffered and still suffering from the pain.

So I promised to myself that I would never break a marriage just to make me happy. Ayaw kong maging kabet!

"Shanen."

Sabay kaming napalingon kay Ma'am ng magsalita ito at nakasandal lang sa may hamba nang pintuan ng cr. Basa pa ang buhok nito at may nakasabit pang tuwalya sa balikat niya.

"Mommy, Ate Zj needs you!" Saad ni Shan na ikinalaki ng mga mata ko.

Tangina.

"Why?" Seryosong tanong ni Ma'am at naglakad na palapit sa amin.

"She needs you to make her kingdom lively po kasi it is dull daw po."

I mentally face palmed habang pinagmamasdan silang dalawa dahil iba ang naiisip ko sa mga sinasabi ni Shanen.

"Where is your kingdom, Miss Montero? Can I see it?" Baling ni Ma'am sa akin na agad ikinapugto ng hininga ko.

Wala pa nga akong plano for my future kaya ano pa kaya sa kingdom na sinasabi nilang dalawa? Though, if we will speak to it literally, bahay ko ang tinutukoy nila.

Pero shit. I don't have any plan for my house not until I find my partner for the rest of my lives, as what I've said.

But one thing is for sure, no one should enter my kingdom, especially her.

....

"Zj."

"Kaios, please, not now." Mahinahong baling ko kay Kaios na bigla nalang sumulpot sa kung saan.

"You're pale. Are you okay?" Nag-aalalang tanong nito at tuluyang lumapit sakin at inilagay ang kanang palad sa noo ko.

One thing I like about him, he is so caring. Masyado siyang maalaga to the point na minsan ay mamimis-interpret mo na yung ugali nyang 'yon.

"Wala ka namang lagnat pero namumutla ka. Do you want me to bring you in the clinic?"

I shook my head before removing his palm on my forehead.

"No, thank you." Sagot ko saka tumingin sa paligid dahil pakiramdam ko ay may nagmamasid sa aming dalawa pero wala namang tao sa hallway.

Weird.

"Jei, I just want to say that I am so sorry." Saad nito makalipas ang ilang minuto naming paglalakad patungo sa training ground ng Archery. We have training today at siguradong mahabang araw 'to dahil puro pang-aasar na naman ang matatanggap ko sa mga teammates namin dahil magkasama kami ni Kaios.

Ayaw niya kasi akong lubayan!

"That's already in the past, Kaios. I won't say that I already forgive you totally but I'm going there." Kalmadong sagot ko at binalingan siya na may maliit na ngiti sa labi.

Kaios is a good catch kung hindi lang talaga siya marupok sa sex. He is the typical fvck boy you will ever encounter. Mula sa hitsura niya hanggang sa mga ginagawa niya, fvck boy na fvck boy.

"Kapag napatawad mo na 'ko, pwedeng ligawan ulit kita?" Umaasang tanong nito na nagbigay ngisi sa labi ko.

Coming back is not my thing.

"No. Alam mong hindi ako nakikipagbalikan." Sagot ko na ikinalaglag ng balikat niya.

Sa lahat ng naging ex ko, ni isa ay wala akong binalikan. Ayaw ko lang kasi talagang bumalik pa kapag umalis na ako dahil para saan pa? Alam naman naming dalawa na hindi ako seryoso.

"I didn't asked you to be my girlfriend again, I just asked your consent para ligawan ka ulit." Nakangiting sambit nito na ikinataas ng kilay ko kasabay ng paglawak ng pagkakakurba ng ngisi sa labi ko.

"Your efforts will just go to waste. Just save it for anybody else."

I saw how his expression changed pero agad din siyang tumango.

I shook my head and sigh bago siya unahan sa paglalakad.

There is something on him that change. Parang nag-iba yung aura at presence niya sa akin dahil sa mga tinging iginagawad niya.

Mukha rin siyang balisa.

Really, what's wrong with him?

"Bullseye." Bulong ko matapos makita ang resulta ng palaso na pinakawalan ko.

I smirk when I touch my target and looked at it intensely.

Not bad.

"Zajei, mah mhen!" Sigaw ng kung sino man kaya nag-angat ako ng tingin at sinalubong sina Ferb na nakapang-volleyball jersey.

Hindi man kapani-kapaniwala ngunit member sila ng men's volleyball team. Si Ferb ang captain at isa sa spiker samantalang libero naman si Phin. Hindi ko nga magets kung paano naging captain si Ferb gayong puro tawa lang ang ginagawa no'n sa game.

"Ginagawa niyo dito?" Tanong ko sakanila habang nagpupunas ng pawis.

Kung saan saan nalang napupunta ang dalawang 'to para lang mahanap ako. Ako kasi ang oxygen ng kambal na 'yon.

"Hinahanap ka kasi ipinapatawag ka sa Dean office. . . We also find you to asks why you're in the hospital with Mrs. Acozta last Friday afternoon hanggang Sabado ng umaga." Sagot ni Phineas na ikinatigil ko sa ginagawa.

Punyeta.

Sa hospital nga rin palang 'yon nagtatrabaho ang tatay nila kaya hindi imposible na hindi ako makita non. Tangina naman, nakahanap na naman ng bagong chismis ang kambal na 'to tungkol sa'kin.

"Hoy! Ano na? Sumagot ka Zajei." Nang-aasar na singhal ni Ferb na tinaasan ko lang ng gitnang daliri.

Kitang nag-iisip pa ako ng palusot.

"Nagpunta ako sa hospital kasi na hospital si Shan." Saad ko makalipas ang ilang segundo.

Mga hindi naman makapaniwala ang ekspresyon nila na ikinangisi ko. Para talagang mga tanga, magtatanong tanong tapos kapag sumagot ay hindi maniniwala.

"Talaga? Ayun lang? Hindi mo crush si Ma'am?"

"Crush ko si Ma'am?" I chuckled playfully and plastered a wide grin on my lips. "Ano siya gold?---"

"Who's gold, Miss Montero?"

Her oh-so-serious voice lingers on my system na ikinalaki ng mga mata ko dahil pag-ikot ko ay siya ang unang bumungad sa akin.

Tangina.

Bakit andito siya?

"Ah a-ano po... Si Phineas may ano, may g-gold." Utal na sagot ko bago umiwas ng tingin sakaniya.

Ang seryoso kasi niyang tumingin. Yung tipong ipinapahiwatig niya na seryoso siya sa'kin.

Charr!

"Hello Ma'am! Sinusundo niyo na po kami?" Malawak ang ngiting tanong ni Phineas na ikinairap ko.

Halatang bet niya si Ma'am sa way ng pagngiti niya. Basta talaga mestiza ay rumurupok ang lalaking 'yon.

"Partly. The Dean is looking for y'all."

Kumunot ang noo ko bago tumango at lumapit sa trainer namin para magpaalam na agad namang pumayag.

Nang makalapit akong muli kina Ma'am ay nakita kong andoon si Kaios at hawak hawak pa ang bow niya. Kausap niya si Phineas samantalang walang kibo naman si Ma'am at Ferb.

Close talaga si Phineas at Kaios dahil kay Phineas humingi ng tulong si Kai noong nililigawan niya palang ako. Wala kasi siyang aasahan kay Ferb dahil hindi marunong manligaw ang isang 'yon.

"Seriously Kai, he fvcked up. Bakit niya naman pinasok ng walang condom?" Tumatawang saad ni Phin na ikinalingon ko sakanila pagkatabi ko kay Ma'am na prenteng nanonood lang sa mga nagpa-practice.

"He says that he didn't meant to do that. He was so drunk and it happened that he ran out of condo---"

"Stop talking bullshits. We're in a public place." Suway ko bago kinuha ang gym bag at inaya na sina Ma'am na pumunta kay Sir Vonny.

Bakit ba yung ibang lalaki proud na proud kapag may naaano? Hindi naman nila ikinakagwapo 'yon dahil mas nagmumukha lang silang tarantado while talking that stuffs. Dude, didn't they know the word respect? They are disrespecting women just because they got what they want? Tangina nila.

"Hoy Jei, are you mad? Pinag-uusapan lang naman namin yung bagong release na series sa Netflix." Phineas explained nang makasunod sila sa amin ni Ma'am.

Nasa unahan ko si Ma'am habang nasa magkabilang tabi ko naman ang kambal.

"But it isn't necessary to talk that stuffs, Phin." Seryosong puna ko na ikinatango niya at humingi ng paumanhin.

Ito lang yung gusto ko sa kambal na 'to, if they know that they are wrong, they won't think twice not to apologize lalo na kapag ako ang nagsabi sakanila. They never argue with me kapag pinagsasabihan ko sila dahil alam nilang mabibigwasan ko sila kapag may hindi ako nagustuhan. We bond and tease each

others but we never tolerate each others bullshits.

"Come inside."

Ferb opened the door for us after we heard Sir Vonny's cue. Diretso lang naman kaming pumasok at bumati sakaniya na tinanguan niya lang dahil busy siya sa pagbabasa ng documents.

"Tomorrow will be the start of foundation week." Pag-uumpisa nito na ikinaangat ng tingin ko dahil busy ako sa pagtingin doon sa bagong painting na nakasabit sa wall niya.

It is abstract painting. I know that it is his piece because I saw his signature at the lower left corner.

I mentally smile.

Ang galing talaga gumawa ni Sir ng mga paintings or designs tapos tamang display lang sa kung saan niya magustuhan. He really have a gift in arts that still amaze me.

Ang creative kasi ng utak ni Uncle.

"Miss Montero?"

"Yes Sir?" Tanong ko ng tawagin niya ako bigla at ngayon ko lang napansin na nasa harapan ko na pala siya.

"Are you listening?" Mataray na tanong nito na ikinangisi ko.

"Uh, no?" I playfully said before wiggling my eyebrows dahil nakita ko ang pagdilim ng aura nito. "Iniisip ko po kasi yung bagong ipag-uutos niyo Sir kaya hindi po ako masyadong focus." Palusot ko na ikinairap niya lang.

Sus, hindi lang ako kayang tiisin nyan eh. He never got mad at me, not even once. Kahit lagi ko siyang inaasar at pinipikon ay hindi siya nagagalit, napipikon oo. Lab na lab ako no'n ni Sir. Mas mahal niya pa nga ako kaysa sa mga hot fafa niya.

Ang popogi kaya ng nagiging jowa ni Sir Vauh. 'Yon ngang isa crush ko kasi shett! Ang hot talaga tapos may anim na pandesal kasi nakita ko silang nagswimming dati ni Sir sa bahay tapos topless sila parehas.

Pota. Basta hot siya pero nagbreak na sila ni Sir kasi wala raw time. Madalas kasi silang ldr kasi model yung ex niya.

"So what I was saying is, I want you to go at Batanes after the foundation week. May makakasama kayong ibang architect and some engineers from the engineering department to observe what help we could provide at their plan to build a school for secondary level." Mahabang litanya nito na ikinakunot ng noo ko.

First time kayang mangyayari 'to. Hindi naman kasi sinasama ng university ang students kapag may ganito because the facilitators are the one who's doing it pero ngayon? Ackkk! I'm so excited.

"Sir, bakit po kami?" Phineas asked after Sir Vonny explainations kung ano raw ang gagawin namin doon.

"Kayong tatlo ang top choices ng admin dahil bukod sa lahat kayo Dean Lister, you three have the best group designs outcomes everytime we were having our group practical orgs."

Ah, ganon pala 'yon. Maganda pala yung mga naiisip naming ideas kapag pinagsama sama kaming tatlo, now I know.

Akala ko kasi dati ay babagsak kami sa isang major namin dahil nagkaroon kami ng groupings tapos kailangan naming maggawa ng three different designs of residential buildings. Tangina. Kabang kaba kaming tatlo non kasi wala kaming maisip kaya ang ginawa namin ay pinagsama sama namin yung ibang top class residential buildings tapos inisa isa namin yung pwede naming kuning design from that saka namin iniba yung original.

Kumuha lang kami ng idea ganon.

Pero tangina kasi first year college palang kami no'n tapos may paganon agad yung teacher namin. Sarap nong bigwasan eh lalo na noong binigyan kaming lahat ng dos sa card tapos wala naman siyang itinuturo.

Buti nalang umalis na 'yon.

"Are we clear?"

Napabalikwas ako sa pagkakaupo nang marinig ang boses ni Sir tapos dinismiss kaming tatlo at ipinaiwan lang si Ma'am.

Deym, wala ako masyadong nagets sa sinabi niya.

"About saan nga pala yung sinabi ni Sir?" Tanong ko sa kambal na mukhang lutang din dahil sa dami ng pinagsasabi kanina ni Sir.

"Punta raw tayong Batanes tapos 'wag na tayong bumalik."

"Punta ka raw Batanes tapos hanap ka nang makakausap."

Sabay kong binatukan ang dalawang ugok sa tabi ko na ikinadaing nila. Mga napakasarap talaga kausap ng dalawang 'to, parang nakikipagusap ka sa taong nabuhay lang para may pangit sa mundo.

"Tangina, ano nga?!"

They chuckled before sitting under the tree dahil napagpasyahan naming tatlo na huwag na munang umattend ng training. Maghapon na kaya kaming naglalaro and to think na Sunday ngayon.

Punyeta ayaw ko na maging athlete minsan.

"Punta nga raw tayong Batanes with other professors at kasama yung SSC officers. Hindi sinabi ni Sir kung sino pa ang ibang kasama pero nabanggit niya na may sasamang taga-nursing department para raw sa emergency." Matinong sagot ni Phineas na ikinaismid ko.

Sasagot din naman pala ng ayos, andami pang katarantaduhan.

"May pogi ba sa SSC officers?" Tanong ko nang sumagid sa isip ko na wala akong masyadong kilala sakanila. Tanging si Wave lang.

"Ilan lang ang lalaki don. Pero sabi ng iba ay si Wave raw ang pinakagwapo pero mas gwapo naman kami don." Mahanging sagot ni Ferb.

I pressed my lips together.

Ayaw ko nalang magtalk.

"Sabi naman namin sayo Zajei, si Wave nalang muna. Halata namang gusto ka noong tao."

I furrowed my brows upon hearing Phineas statements. Gusto ako ni Wave? Malamang, maganda ako.

Pero talagang may pumipigil sa'kin na magustuhan si Wave kasi nga parang may iba siyang aura. Yung tipong mukhang sobrang bait to the point na ayaw mong masaktan. Mukha siyang anghel pero medyo may lahing demonyo kasi nga makasalanan yung mukha niya.

Ang gwapo kaya.

"Oy si Ma'am."

Napatingin ako sa direksyon na itinuro ni Phin at nakita si Ma'am na naglalakad papasok sa building ng Architecture. Wala namang class don ngayon ah. Anong gagawin niya don?

"Hoy saan ka pupunta?" Takang tanong ni Ferb nang bigla akong tumayo at naglakad patungo sa library.

"Library."

They just nodded kaya tumakbo na ako paalis at ng makarating ako sa library ay pumihit ako pakanan dahil iikot ako papuntang Archi building pero sa likod ako dadaan.

Baka kasi kung sa main route ako dumaan kanina ay masabihan na naman ako ng kambal na crush ko si Ma'am. Ang issue pa naman ng dalwang 'yon eh hindi ko naman pinapakialaman mga lovelife nila.

"Hi Ma'am!"

Nakangiti kong bati sakaniya ng makita ko siyang papalabas sa storage room malapit sa students locker.

She just stared at me before turning her gazes back at the blueprints she is holding. Napakunot pa ang noo ko ng mapagtantong familiar ang blueprints na hawak hawak niya.

I walked towards her dahil nauuuna siya sa akin at pasimpleng sinilip yung tinitingnan niya. My eyes widen when I saw that it is my designs few months ago noong nagsisimula pa lamang ang first semester.

"Bakit mo po tiningnan 'yan Ma'am?" Tanong ko mula sa likod niya na bahagya niya pang ikinagulat. I chuckled and walk beside her saka kinuha ang ibang blueprints na hawak niya. Pansin ko rin na halos lahat ng ito ay sa'kin dahil alam ko ang mga gawa ko.

"Tingin niyo po Ma'am, bakit 1.4 lang yung grade ko diyan?" Tanong ko ulit dahil hindi siya nagsasalita.

"There's something lack on it."

"Ano po 'yon?" I curiously asked dahil kahit ako ay hindi ko alam kung bakit hindi 1 ang grade ko don samantalang laging Uno ang grade ko sa subject ko kung saan ko ipinasa 'yon.

It is a design of a two story house na sapat lang para sa apat na tao. Maayos naman yung gawa ko pero kahit si Sir Vauh ay sinabing may kulang daw doon katulad ng sinabi ni Ma'am.

"Lack of emotions." Seryosong sagot nito bago muling inirolyo ang hawak niya at saka pumasok sa classroom kung saan niya kami tinuturuan. "Always remember that when you are doing a design, most especially house designs, put what you wanted on it so it won't look dull."

She sat on the chair kaya kumuha ako ng isang upuan at inilagay ito sa harapan niya.

Naguguluhan talaga ako kung anong emotion ang kailangan kong ilagay. Inilagay ko naman lahat ng gusto ko doon ah. Lahat ng naisip ko about that house to be the most elegant one, I put it on it.

"What are you thinking while doing this?"

I sighed saka sumandal sa upuan.

"I want it to be the most elegant."

"That's awful." Puna niya bago ako tingnan ng seryoso. "Don't think about how you make your designs elegant. Think about how you should make it home-friendly and comfortable to the eyes of everyone."

Tumango tango ako habang nakikinig ng maayos sakaniya because she's clearly giving tips on how could I improve my skills on designing.

"You can make elegant buildings nor houses naturally but you can't make it comfy. . . The feeling of having a home should be one of your ideals on how to make your blueprints. You should make it more homey because that is what you need when you entered the field you choose." Mahabang litanya nito na ikinaiwas ko ng tingin.

I can make elegants blueprints. . . But I can't make it homey like it should be.

I lower my head and heave a deep sigh na mukhang napansin ni Ma'am dahil nag-angat siya ng tingin sa akin.

"What's wrong?"

"I don't know how to make it homey." I honestly said before averting my gazes away.

"Think that it is your home." She said softly but there's still the seriousness behind it.

I smiled.

"I don't know where my home is."

I looked at the papers and blueprints on the other side of the table before turning my gazes back on her.

I was taken aback when I saw that she is looking at me intently with her hazel brown eyes as if she is invading my soul.

Ilang segundo kaming nakatingin sa mga mata ng isa't isa bago ako mag-iwas at ibinaba ang tingin sa hawak niya.

"How can you say that you don't know where your home is?" She asked suddenly.

"I don't feel home." Mahinang sagot ko at hindi na inisip pa ang mangyayari kapag nalaman niya ang mga nasa isip ko.

She could let my thought out just by asking me. That's odd.

"Find your home then."

I give her a small smile. "I don't have any plan."

"Why?" She asked.

"I already have a condo----" I didn't continue my sentence anymore after seeing how she glared at me. I just lowly chuckled and shake my head. "What's the point of looking for a home if I can have you?"

"I'm not a house."

"And there's a huge difference between having a house and a home." I smiled. "There are times that you are living in a house but you doesn't feel home at all."

Tahimik na tinaasan n'ya lamang ako ng kilay at nanunusok na tumingin sa aking mga mata.

"Do you feel home?" Tanong ko.

"Right now?" I nodded as a response and let myself get drown on her magical pair of orbs. "I always see my home regardless of the distance, Miss Montero."

"Comfort home?"

She nodded. "More than a comfort zone."

"Sana all. Sa'kin kasi homesick lang. Pwede po bang makitira nalang sainyo?" I chuckled as I averted my gazes away from her.

It's been a long time. My grandparents from my father's side, my uncle, my friends and cousin is the only people that keeps on letting me feel that I somehow have a home. . .that somebody will be there to rescue me in times that I need them.

But honestly speaking, iba pa rin kasi kapag magulang mo ang nagpaparamdam sa'yo no'n. The bond between the parents and a child is unbreakable----it should grow and not to he forgotten.

"Make a family." Rinig kong bulong niya.

"I fear that it'll be a failed one."

Her tantalizing bright hazel brown eyes got stuck on mine as it glinted in unusual emotions.

"Just risk with someone who's ready to risk it all with you. . .just with you."

I smiled.

How can I risk when I know that I'm the girl who can easily like but never pursued?

Gusto lang nila 'ko pero wala ni isa sakanila ang kayang panindigan ako.

Proven and tested by my own parents.

I have a legit testament.

Chapter 9

Zajei's POV

"Wazzup mga tanga." Bati ko sa dalawang lalaki na mukhang pinagsakluban ng langit at lupa.

Parehas silang nakasalampak sa damuhan dito sa likod ng Fine Arts building habang mga nakabusangot. Paano ba naman kasi, hina-hunting sila ng mga nasa marriage booth dahil andaming gustong magpakasal sakanila, take note, gays are the ones who wants to marry them.

Sexuality isn't a big deal in our university. We all respect LGBTQ pero etong dalawa ay todo ang pagtakas dahil ayaw nilang pakasalan yung magkaibigang bakla na taga-educ.

"Tangna mo naman, Zj. Bakit ikaw hindi pwedeng pakasalan?" Himutok ni Ferb.

I playfully sat in front of them before flashing a grin that made them frustrated even more.

"I am one of the booth facilitator. I am busy, assholes. Therefore, no one can marry me. . . Even the SSC president." I said while smirking na lalo nilang ikinasimangot.

Tanga kasi sila. Sinabihan ko na silang dalawa na sa marriage booth magfacilitate pero mas pinili nila sa horror booth ng Archi kaya ayan, hindi nakaligtas. Madami kasing chic na pumapasok sa horror booth kaya andoon silang dalawa dahil inuna ang kalandian. Ako naman ay sa marriage booth kasi kapag isa ako sa facilitator don, hindi ako pwedeng pakasalan.

I'm wise.

Ako pa nga ang isa sa taga-hunting kaya busog na busog na yung mga mata ko sa mga pogi kong nakikita dahil every corner of the university ay may gwapo. Open ang university ngayon from everyone. Therefore, madaming outsiders ang kasama namin ngayon.

"Help us, Jei. . . Damn! The gays who wants to marry us is our fvcking exes best friend! Do you understand it?!" Frustrated na saad ni Phin na ikinatawa ko lang ng mahina.

"So if they are not your exes' best friend, papakasalan niyo?"

"Yeah. Para matapos na 'to. Tangina. Hindi na ako nakapag-enjoy sa kakatago tapos second day palang ng foundation week." Sagot ni Ferb sabay sabunot sa sarili niyang buhok.

"Pakasalan niyo na. Just for the sake of the game. Your exes won't bother though because they are the ones who listed your name kasama noong mga kaibigan nila." I stated na ikinasinghal nila parehas.

Yan, magdusa kayo sa paghihiganti ng mga ex niyo, mga gungong.

Yung ex kasi nilang dalawa ay mag best friend din kaya ayon, pinagtripan sila using their gay friends na may gusto sakanila.

"Sige na nga." Labas sa ilong na saad nilang dalawa kaya napasipol ako at wala pang ilang minuto ay nagsisulputan na sina Eira together with the other hunters.

Nakangiting pinalagyan ni Eira ng posas ang dalawa saka umapir sa akin. Nakangisi ko namang kinuha

ang cellphone ko saka sila kinuhanan ng video habang nakatingin sila sa akin with betrayals on their eyes.

"Bullshit! Sinabotahe mo kami, Montero?!" Hindi makapaniwalang sambit ni Phineas na agad kong ikinailing.

Makasabotahe 'to akala mo naman ipinapatay ko sila.

"Nah. I asked for your consent na pakasalan yung dalawa diba?" Maang na tugon ko bago siya kinindatan.

"But you frame us up!"

"Hoy tangina mo ah! If I frame you up edi sana noong nakita ko palang kayo pinahuli ko na kayo agad, mga bobo!" Singhal ko sakanilang dalawa na ikinatawa ng iba naming kasama.

"You did a great job." Bulong sa akin ni Eira.

I averted my gazes at her. Kasalukuyan siyang nakangiti bago umiling at isinukbit ang braso sakin.

"Wave wants you to marry him."

"I know." Plain na sagot ko.

Kanina ko pa kaya alam na gusto akong pakasalan ni Wave pero asa nalang siya. I don't care if he is the SSC president and many women are drooling after him, hindi ko siya type. Kahit na sabihing gwapo siya ay hindi ko pa rin siya papakasalan kahit na para lang 'to sa booth. Dzuh! My I do's are for my future partner only.

"Do you, Phineas Oqua, takes Richard Rodrigo as your husband?" Ika ng kunwaring pari.

"Uh, maybe?"

I chuckled when he answered and sends death glares on me dahil nasa gilid lang ako ng aisle at vinivideohan ang nangyayari.

"Yes or no?"

"No."

"I don't accept a no." Madiing saad ni Jino habang nakangisi dahil siya ang pari.

Para paraan din ang isang yon eh. Ayaw lang din niyang mapasali sa marriage booth kaya siya ang tumayong pari.

"Nagtanong ka pa." Supladong saad ni Phineas.

"Mag yes kana lang pwede?!"

"Yes, sasapakin kita mamaya Jino." Iritadong sambit ni Phin dahil inambahan na siya ng suntok ni Jino.

"Sasagot din naman pala ng maayos andami pang katangahan na alam." Ferb says out loud na tinaasan

lang ng kakambal niya ng gitnang daliri.

"Fvck you!"

"Fvck me later, honey." Malanding saad noong dapat papakasalan ni Phineas na ikinatawa ko ng malakas.

"Ayiee! Honeymoon na disss!" Sigaw ko.

"You'll regret doin' this, Zajei Loure!!!!"

....

Pasipol sipol akong nakaupo sa isang bench habang palinga linga sa paligid dahil syempre, dapat laging active ang mga mata ko.

I can't help not to smirk when I saw the twin walking towards me with a frustration in their eyes.

"Ya enjoy?" I said smirking.

"Oo, sobra." Ferb sarcastically answered na ikinatawa ko.

"Tangna mo kapag ikaw ikinasal sa putang marriage booth na yan, ipapatawag ko talaga ang Uncle mo para manood."

"Oh yeah?" Mapang-asar na sagot ko na ikinaismid nila.

That won't ever happen.

"Hello, Zajei."

"Hey." Bati ko pabalik kay Wave na bigla nalang sumulpot sa harap naming tatlo.

He greeted the twin either bago ako muling balingan. I confusely look at him dahil namumula ang magkabilang pisnge niya at nasa likod niya lang ang dalawa niyang kamay.

"What can I do for you?" Tanong ko.

"Be my girlfriend."

My left eyebrow raise out of a sudden upon hearing his statement.

Woah.

I'm amaze.

"That's smooth." Nakangising saad ni Phineas sa tabi ko saka kinuha ang iniaabot na bulaklak ni Wave dahil wala akong balak kunin yon.

"Speed naman, erp." It's Ferb who spoke this time.

"Uh, I mean, c-can you be my f-friend?" Kabadong usal nito na ikinangisi ko.

I don't like people who take their words back. Ayaw ko sa walang salita.

"Better luck next time, Wave." Kaios voice beamed across my back kaya napalingon ako dito. "You can't have her that easily."

I smirk and shook my head lightly.

"What are you doin' here?" Bulaslas ko nang makapunta sa harap ko si Kaios na may malawak sa ngiti. He stood beside Wave and handed me a blueberry milktea na agad kinuha ni Ferb at ininom.

PG talaga minsan ang lalaking yon. Akin yon pero sakanya na! Tangina.

"I'm here because I'll court you." My ex confidently said that made Ferb and Phineas stop from getting the milktea from each other.

"Gago! Legit?!"

"Oh, yes man! Sinunod ko yung advise mo." Nakangiting sagot nito kay Phineas saka sila nagfist bump.

I frowned.

"What advise?" Tanong ko kay Phin na ikinangisi nito.

"Wala. Sinabihan ko lang siya na 'wag ng tatanga tanga." Sagot nito.

"And you?" Baling ko kay Wave na mariin lang na pinagmamasdan kami.

"I'm here for you."

"And why is that?"

"Nothing." Mababa ang tono na sagot nito bago umiwas ng tingin.

I shook my head and mentally smirk.

Torpe pala ang president namin.

"I gotta go." Paalam ko sakanila saka tumayo at nagsimulang maglakad pero hindi pa ako tuluyang nakakalayo ng maramdaman kong may humawak sa kamay ko at biglang paglock ng kung ano.

Akmang itataas ko na ang kanang binti ko upang sipain ang kung sinong hinayupak when I smells my cousin's perfume as she held my leg and stop it from hitting someone.

"Not so fast, Jei." Nakangiting wika nito na ikinapagtaka ko.

When I look at my arm, it is already cuffed.

"Tangina." I mumbled before trying to unlock it pero ibang posas ang ginamit nila. Damn it! It is one of the hardest hand cuffs to unlock!

Nang balingan ko si Yuki ay nakangiti pa rin ito sabay taas ng kamay and guide me to walk. Madilim ang mukha na hinarap ko sina Eira na mga may kinakabahang ngiti sa labi.

"Who told you to do this to me?!" Madiing bulong ko kay Yuki na nasa tabi ko lang at ang iba ay nasa likuran.

"Oh, si Uncle Vonny."

"What the fvck?!"

"And also the twin. Pambawi man lang daw kaya sila ang kumausap kay Uncle na payagan kang ikasal sa iba." She said and shrugged her shoulder that made my knuckles form a fist.

"Phineas and Ferb!! You're going to pay for this!!!" Sigaw ko habang nakatingin sa kambal na nasa tabi ni Dean.

They smiled at me nervously and give me a peace sign na mad lalong ikinainis ko.

"Sino ba kasing papakasalan ko?!" Bulyaw ko sa mga nasa harap ko na hindi na mapakali.

Kanina pa ako dito sa harap ng aisle, mga 30 minutes na because my whoever partner is nowhere to be found!

Dang it.

"I thought she can't marry someone? Bakit andyan siya ngayon?" Rinig kong saad ni Kaios sa kambal dahil nasa may gilid ko lang sila habang finifilm ako.

I glared at them.

Mabaog sana kayo.

"The Dean let her to participate." Sagot ni Phineas na ikinairap ko.

I don't want to participate on this booth lalo na at hindi ko naman kilala ang papakasalan ko.

"D-do you have a ring, Zj?" Jino asked startingly kaya umiing ako kahit na mayroon.

Lahat kasi ng ikinakasal ay kailangang may singsing pero putangina bahala sila. I don't want to marry someone kaya hindi ko ilalabas ang singsing ko na nasa loob ng wallet.

"Here she is."

Wala sa sariling napairap ako nang marinig ko ang boses ni Sir Vonny mula sa likuran ko. Kanina pa nga siya wala dahil umalis siya ng makalapit ako sa aisle dahil siya raw mismo ang hahanap sa ikakasal sakin para pumayag. As if naman na hindi papayag ang taong yon eh ang ganda ganda ko na tapos hot din ako.

30 minutes na nga niya akong pinaghintay dito akala mo naman special siya. Pucha kapag hindi talaga yun pasok sa standards ko ay hahambalusin ko ng bakal sina Phineas at Ferb dahil sila ang pumili ng ipapasakal este ipapakasal sakin.

"Shit."

"Gago."

"Tangina ang swerte ni Zajei."

"Damn! Dapat ako nalang pala ang naglista sa pangalan niya."

Ilan lamang yan sa mga narinig ko habang hinihintay kong makalapit ang kanina pang hinihintay ng lahat dahil siya lang ang kaisa isang may lakas ng loob na paghintayin ako sa pekeng kasal namin.

Naguguluhan na ako kung bakit biglang dumami ang taong nakapaligid sa amin kaya lumingon ako sa likod dahil parang ang tagal makalapit noong partner ko.

My eyes widen upon seeing the person who's walking seriously on the aisle.

Tangina.

Hindi siya gwapo.

Wala siya sa standards ko.

Pero putangina.

Ang ganda!

She is wearing a white bodycon dress with a three inches stilettos while wearing the vail on top of her head.

Shit. She looks like an angel even though she is not smiling. Ang lakas ng aura niya that made me feel something in my stomach. I can't hear other people and damn! I can't even see them.

So cringe.

I am staring at her intimately as she step a little closer to me, just enough for me to reach her but I can't.

I can't move and look away.

She takes my sanity away because she's just so exquisite.

"Miss Montero."

"Ang ganda mo."

Agad akong napatakip sa bibig ko ng marealize ko ang mga salitang lumabas sa bibig ko dahil sa gulat sa biglaang pagbulong niya.

Shit! Hindi ko man lang namalayan na tinanggal na pala ang posas sa mga kamay ko.

Namumulang nagbaling ako ng tingin kay Ma'am when I saw her raising her left eyebrow on me.

"You find me beautiful, huh." She mumbled under her breath before shooking her head lightly.

Mas lalo akong namula kaya napaiwas ako ng tingin at umatras ng bahagya para bigyang daan siya na

makatabi sa akin.

"Let's start?"

Napakunot ang noo ko when I saw the headmaster of the university in front of us. He is smirking playfully habang nakatingin sa aming dalawa ni Ma'am.

"This is just a game for the foundation week. You are married, Architect Acozta and we don't intend to disrespect your marriage with your husband as we asks for your consent to marry this architecture student, Miss Montero, for game purpose only." Panimula ni headmaster that made me press my lips together.

Game.

Marrying me is a game now, ah.

It hurts mga mare.

"I completely understand, Sir." Sagot ni Ma'am.

Honestly, I don't get what is the headmaster's doing here pero nang lumingon ako sa parteng gilid ko ay nakita ko si Uncle Vonny na nakangisi habang katabi ang photographer na parang kinukuhanan kami ng video.

Tangina.

Eto talaga ang matatawag na sabotahe.

Minutes passed at talagang natutulala ako sa ganda ni Ma'am dahil magkaharap kami habang may sinasabi si headmaster na hindi ko na masyadong inintindi pa.

"May we hear your vow to Saviel, Zajei?"

I cleared my throat first before looking at my professor eyes directly. I don't know what vow should I say but when I found her eyes, I found the answers.

"I do not want to make any promises pero *promise* ko sayo, ikaw lang." I heard the crowds giggle kaya napangiti ako.

Damn. I'm nervous as fvck!

Nakita kong napailing si headmaster at inirapan naman ako ni Ma'am pero hindi nakaligtas sa paningin ko ang pagkagat niya sa ibabang labi niya to conceal her smiles.

"Sorry but I really don't know what to say." Nahihiyang saad ko bago hawakan ang mga kamay niya na ikinapitlag niya. "There's a lot of things that is running in my mind right now but one thing is for sure, I'm confused. . . All I know earlier when I came here at the university is I would enjoy the day being the facilitator of this booth without even marrying someone. But here I am, I'm in front of you saying my thoughts out loud."

I heaved a sigh before meeting her hazel brown eyes and smile genuinely.

"I don't make promises, really. Because there's a famous quote that everyone believes at, 'promises are meant to be broken', it is the quote, but for you, I'll make one and I asure you that it won't get broken, ever. . ." Tangina. Hindi ko na alam ang sinasabi ko but I let my heart decide what to say because my mind is really a mess. "I promise, that I will always include you at my prayer. I would always pray for you and will never get tired of doing it."

Praying is my favorite hobby. Kapag wala akong ginagawa and I am looking dumbfounded, trust me, I am talking with my God during that time. I love communicating with Him. He is my best best best of friend. He is the best.

And now, this woman is really invading my system and I want God to meet her. I want to pray for her and I want to tell Him how much she confuses me. I want to tell and ask Him how much she affects me.

"I won't promise you that I would love you because I don't feel that way, *yet*." Bulong ko sa huli kong sinabi pero mukhang narinig niya dahil tinaasan niya ako ng kilay habang magkasalubong ang mata naming dalawa. "But I promise you that I would always tell a story that is all about you to my favorite human diary."

My favorite human diary is God.

I smile and let her hand go to get my wallet saka kinuha ang singsing ko. It is my ring na binili ko when I turned 18 as my gift for myself kaya may pangalan ko ito sa loob.

Damn. I didn't expect that I would gave my professor such a ring with sentimental value at ngayon nga ay isinusuot ko na ito sakaniya.

Magkasize lang pala kami ng ring finger ni Ma'am. Sakto lang sakaniya yung singsing ko eh and it is fvcking perfect on her finger.

"That's all?" Tanong ni headmaster kaya nahihiyang tumango ako. "Wala ka pang masabi nang lagay na yan, Miss Montero." He teasingly asked na ikinangisi ko nalang kaysa irapan siya.

"Kulang nalang gumawa ng essay si Zajei kasi wala siyang masabi!" Malakas na bulaslas ni Ferb kaya binalingan ko siya at inirapan dahil nagtawanan ang mga nakarinig.

Bwisit siya!

"Quiet please. Wedding is a solemn ceremony, everyone." Saway ni headmaster na akala mo ay pari talaga kaya natahimik ang lahat. "Now, let's continue. Saviel, your vow please."

"I can only say one thing, I hope you are faithful enough to be my wife, Zajei." Seryosong saad nito na ikinakurap ko lalo na noong inalis niya ang kwintas niya at kinuha ang pendant na singsing saka isinuot sa akin.

Did I hear it right? She called me at my first name?! Tangina! My name hits different when it comes to her! Shit!!! Tapos binigyan niya pa ako ng singsing kahit hindi naman kailangan!

"I am faithful when I'm inlove, Avey." Mahinang bulong ko sakaniya, tama lang para kaming dalawa lang ang makarinig na ikinalingon nito sa akin.

"Avey? Saviel is my name." Iritado ngunit seryosong sambit nito na ikinangiti ko.

"I wanna call you Avey, Ma'am. I just get if from your name."

She rolled her eyes before turning her gazes at our headmaster na ipinagpatuloy na ang ceremony sa kabila ng pagkagulo niya sa amin ni Ma'am kung bakit kami nagbulungan kanina.

"And now, I pronounce you as a partner for this foundation week. You may now kiss each other."

Ilang beses akong napalunok nang mapatitig ako sa labi ni Ma'am kahit na rinig na rinig ko ang malalakas na hiyawan. Napangiwi ako ng maramdaman ko ang pagkurot niya sa kamay ko saka ako tinaasan ng kilay.

So anong meaning non?

"Kiss!!!" Pag-eengganyo ng mga nanonood na lalo kong ikinangiwi.

Damn.

Kahit naman ikinasal kami ngayon ay peke pa rin ito. May asawa pa rin siya at kasal siya. Ayaw kong maging kabet!

"What?" Confuse na tanong ko kay Ma'am ng irapan ako nito dahil hindi tumitigil yung mga tao sa kakacheer.

"Cheeks."

"Huh?"

"Just kiss me on my cheeks, Miss Montero." Seryosong sambit nito na ikinatango ko lang saka unti unting lumapit sakaniya.

Imbis na mga pisnge niya ang halikan ko, tumingkayad ako saka inabot ang noo niya at doon siya pinatakan ng magaang halik.

I respect her.

"Ayieeeeee!" Sigaw ng iba na ikinairap ko matapos dumistansya ng kaunti kay Ma'am.

Oh, damn it!

"Picture please." Biglang saad ni Uncle Vonny at pinagtabi kami ni Ma'am saka bumilang para kuhanan kami ng litrato.

Huminga ako ng malalim bago pumwesto pero bago iyon ay tumingin muna ako sa ring finger ko.

Tangina.

Kasal na 'ko!!!

Chapter 10

Zajei's POV

"Putangina ka. . . Isa ka pa." Pagalit na saad ko sa kambal saka sila parehas na binatukan at hinampas sa sikmura.

Mga traydor!

"Tangina naman Zajei! Mabigat 'yang kamay mo, alam mo ba yon?!" Singhal ni Phineas habang himas himas ang sikmura niya.

Imbis na sumagot ako ay binalingan ko naman si Yuki na nasa likod ni Sir Vonny at nagtatago. I glared at her saka siya mabilis na hinablot at pinitik ang ilong.

"Damn."

"Damn din kayo." Sambit ko saka sila inirapan. "You sabotage me! Pinagkaisahan niyo 'ko!" Madamdaming pahayag ko pero inismidan lang nila akong apat dahil nasa office na kami ngayon ni Sir Vauh.

"Parang hindi mo ginusto yung nangyari ah! Ang haba nga nung vows mo akala mo naman lab ni Ma'am." Pagpaparinig ni Ferb kaya sinipa ko ang binti niya at tiningnan ng masama si Phineas ng akmang tatawa ito.

Grabe ang inabot kong hiya dahil sa ginawa nila. Ang akala ko pa naman ay yung crush ko na taga culinary o yung poging librarian ang ipapakasal nila sa akin pero yung may asawa pala tapos instructor pa namin.

Kung hindi ba naman mga gungong ang mga 'to.

"At ikaw!" Turo ko kay Uncle na tinaasan lang ako nang kilay kaya tinaasan ko rin siya. "Ipinagpalit mo 'ko sa 200 pesos na bayad sa marriage booth para sa funds ng archi department!! Aym paking hurtttt!!"

"Excuse me. The twin paid 1000 pesos just to have my consent. Be practical, Zajei. Think wisely."

"So sinasabi mo na mas mahalaga ang 1000 kaysa sakin? Ibenta ko kaya yung collection mo na mga sapatos na binibigay mo sa mga fafa mo!" Himutok ko pero binato lang niya ako ng graphite pencil na hawak hawak niya kanina.

"Isusumbong kita kay Lolo at Lola! Hindi na kita bati from now on!" I said, acting like a brat and glared at the four of them. "Lahat kayo hindi ko na bati!"

Then I walked out from the office and decided to go at the library para tumambay muna.

Sisilay muna ako sa poging librarian dahil ang tagal ko nang hindi nakikita ang taong yon. For sure miss na ako ni Kuya.

Tahimik lang akong naglalakad kahit ramdam na ramdam ko yung tingin ng mga tao sakin. Gandang ganda na naman sakin ang mga yan kaya tingin nang tingin.

Kanina ko pa nararamdaman ang pag-vibrate ng phone ko but I just turn it off para isipin nila na galit talaga ako. Actually, nag-iinarte lang talaga ako para ibili ako agad ni Uncle ng play station na hinihingi ko. Ganon yun eh, kapag nagtatampo ako ay ibinibili ako ng kung ano ano para pang magbati kaming dalawa tapos kapag naman siya ang nag-iinarte ay tinatawagan ko yung mga alam kong crush niya para ichat siya.

"Hey, Zajei." Nakangiting bati ni Kuya Dale nang makalabas ako mula sa elevator. "Balita ko ikinasal ka raw."

"Oo nga Kuya pero ubos na ang shanghai." Pagpatol ko sa sinabi niya saka nag-fill up ng form para kunwari magtatagal ako dito kahit titingnan ko lang siya mula sa malayo.

Ganon talaga kapag nagkagusto ka sa isang school staff tapos hindi mo pwedeng landiin kasi maiissue ka sa university. Hanggang tingin ka lang from a distance tapos ang masakit pa, mas binibigyan pansin pa niya ang mga libro kaysa sa akin.

Charot!

Ang drama masyado.

Close lang talaga kami ni Kuya Dale kahit na crush ko siya tapos alam niya rin kasi sinabi ko. Tawa nga siya nang tawa kaya nakitawa rin ako habang nagcoconfess para same vibes.

"Alright. Literature section, cubicle 29 is vacant. You can go there and stare at me as long as you want, Zj." He mockingly said that makes me shook my head and grin.

I walk towards the cubicle but before it, I get some book first and place it infront of me para kunwari nagbabasa ako.

Parang tangang nakatulala lang ako sa desk at hindi ko rin magawang tingnan ang librarian kasi hindi maalis ang tingin ko sa singsing na nasa daliri ko.

It is a gold ring with white linings and there is something engraved on it. It is just a small lettering around the gold plate so you won't notice it immediately not unless you stare at it.

At sa tinagal tagal ng pagtitig ko dito ay nakukuha ko na yung nakaukit paikot sa singsing.

Saviel

Cursive yung pagkakaukit and it just made the ring more elegant. Mukha nga lang simple sa unang tingin maliban nalang sa gold ito pero kung titingnan ay mukha talagang mamahalin.

Tangina.

Hindi kaya bigay 'to ng asawa niya? Pero ang pangit naman tingnan kung bigay 'to ng asawa niya tapos ibinigay niya sa akin diba?

That's rude.

"Ay shit, Avey." Mahina ngunit exaggerated na sambit ko dahil pagka-angat ko nang tingin ay siya ang nakita ko na nakaupo na pala sa katapat kong upuan. "Kanina ka pa po diyan?"

She looked at her wrist watch before shrugging and rest her back at the chair.

"Almost 25 minutes."

I pressed my lips together nang mapadako ang tingin ko sa kaliwang kamay niya na dalawang singsing ang nakalagay.

The one looks like a wedding ring and the other one is the one I gave. Hindi naman hamak na mas maganda yung singsing ko kaysa doon sa isa.

Dzuh!

Sa akin galing yon kaya syempre maganda yon katulad ko.

"Why are you here?" Aniya na agad kong ikinapitlag dahil hindi ko namalayan na napatagal na pala ang pagtitig ko sa kamay niya.

"Tambay lang po. Ikaw?"

Instead of answering me, she just nonchalantly shrugged her shoulders and looked at the side window.

"Ma'am, asan po si Shan?" Tanong ko na nakakuha nang atensyon niya.

"In her father's house."

I frowned and pressed my lips together. I wanna ask why her daughter is only in her father's house and not on their house but I think it is way more too personal.

Bakit kasi na andoon si Shan? Hindi ba dapat andoon siya sa bahay naming tatlo nina Ma'am.

Charr.

"Ano name ng asawa mo, Ma'am?"

"Seth Ion Acozta." She casually said and take a glance of me.

I nodded slowly before placing my face in between my palms and smile cutely at her. "Your answer is wrong." Saad ko bago siya tiningnan ng diretso sa mata.

"Your answer should be---"

"My answer should be you because our *wedding* just happened an hour ago?" Seryosong tanong niya na mas lalong ikinalawak ng ngiti ko.

"Exactly. Kakatapos pa nga lang ng kasal natin tapos itinatanggi mo na agad ako. Medyo ouch!" Pag-iinarte ko ngunit inirapan niya lang ako at ibinalik ang tingin sa labas.

"Ma'am ano pong middle name niyo?"

"James."

"Eh ano pong surname niyo?"

Muli niyang ibinalik ang pansin sa akin bago sumandal ng maayos sa upuan at sinalubong ang mga mata ko na nakasunod lang sa bawat galaw niya.

"Don't ask the obvious." Seryosong saad niya bago tumingin sa gilid namin kaya napatingin din ako.

Kuya Dale is looking at us and when our eyes met, he wink at me saka mapaglarong tiningnan si Ma'am. Mukhang alam ata niya na si Ma'am ang ipinakasal sa akin.

"Ang pogi noong librarian 'no, Ma'am?" Nakangising tanong ko dahil hindi na siya nagsasalita at nagbabasa nalang ng kung anong libro na nakapatong lang kanina sa lamesa.

"Dunno." Malamig na wika nito.

"Ano po bang ideal person niyo?"

"Smart and hygienic." Sagot nito ng hindi nag-aangat ng tingin.

"Did you know that the book you are holding have millions of germs that can easily be transmitted? . . . Wait, I'll get you an alcohol *for you and for me and the entire human raise.*" Ngiting ngiti ako habang nagsasalita lalo na nang umarko ang kaliwang kilay niya.

'Tong babaeng 'to ang hot magtaas ng kilay. Parang model lang ng isang make up cosmetics.

"You're OA." Puna niya na ikinatawa ko lamang.

Sabi niya gusto niya ang smart and hygienic kaya ganon ang sinabi ko. Pasensya na, eto lang ako. Sana hindi nalang ako nabuhay sa mundo.

"Ma'am, I have a question." Pag-iiba ko sa usapan dahil hindi ko na alam kung paano sasagutin yung sinabi niya kanina.

Pero kaya kong sagutin kung tatanungin niya ako maging asawa niya for real.

Eheee!

Simple lang naman ang sagot ko kung tatanungin niya ako.

Syempre no ang sagot ko.

Hindi pwedeng tanungin niya ako ng ganoong bagay dahil kahit naman maganda at hot siya ay mas maganda pa rin ako. Plus, I'm straight and she have a family.

"Oh?"

"What do you do with the ice cream?" I asked while processing where our conversation will lead to kapag sumagot siya sa akin.

I saw that she's a lil bit confused at the first seconds but she manage to answer that made me conceal my smiles.

"Lick." She utter.

"You and?"

"Me."

"Up or?"

"Down."

"Can you put all your answer in one statement?" Pilit nagseseryosong tanong ko dahil gustong gusto ko nang tumawa.

She's been like she's just answering and cooperating so I can shut my mouth as soon as possible.

"*Lick me down*--- oh gosh!"

"Ay wild pero why not?" Pilyang batid ko saka siya kinindatan.

Namumula ang mukha niya habang nakaiwas ng tingin na lalo kong ikinangiti.

Lick me down daw mga mare.

"Ma'am---" hindi ko na natapos pa ang aking sasabihin ng walang sali-salitang umalis ito at iniwan akong nakangiti na parang tanga.

....

Nakangising lumabas ako ng sasakyan nang maiparada ko ito at nagtungo na sa open ground ng university dahil paniguradong madami dami na rin ang mga taong na andoon.

Ngayon kami aalis papuntang Batanes kasi tapos na ang foundation week, obviously. Medyo puyat pa nga ako dahil gabi na ako nakauwi kagabi kasi nagwalwal pa kami nina Phineas at Ferb.

"Here comes the late." Bungad ni Phineas na nginisian ko lang bago hinagis ang bag ko sakaniya. Agad naman niya itong sinalo at siya na ang nagbitbit.

"Where is Uncle Vonny?"

"Tanga hindi sasama ang Uncle mo kasi raw nagtatampo ka pa sakaniya." Saad nito saka ako inakbayan. "Akin nalang 'yang polo mo." Bulong niya na ikinataas ng kilay ko.

"Aba! Bili ka nang sayo." Supladang sagot ko. "Where's Ferb?"

"Kasama ng mga taga nursing dept. Andoon bago niyang nilalandi eh." He answered at iginiya na ako papasok sa van na sasakyan namin.

Ang alam ko ay nasa 20 lang kami lahat lahat kasi hindi nakasama yung iba. Sa SSC naman daw ay si Wave lang at ang vice-president nito ang kasama.

"Good morning Zajei." Nakangiting mukha ni Kaios ang nabungaran ko pagbukas ko ng van. "Dito ka sa tabi ko."

"Ayaw ko."

I choose to sit at the back samantalang nasa tabi ko naman si Phineas. Si Ferb ay nasa labas pa rin dahil nakikipaglandian pa.

"Good morning, Zajei." Bati ni Wave na tinanguan ko lang. "Have you eaten?"

"Yes. How 'bout you?" Simpleng tanong ko.

"I already did." Nahihiyang saad niya bago nagpaalam na aalis na muna dahil tinatawag siya sa kabilang van.

Dalawang van kasi ang gagamitin. Hindi ko nga lang alam kung saan uupo yung iba pero one thing is for sure, aalis si Phineas mamaya sa tabi ko dahil baka masapak ko siya kapag nakatulog siya sa balikat ko.

Nakakangalay kaya kapag may nakasandal sa balikat mo kaya asa sila na matulog sa tabi ko.

"Are you all settled?" Miss Lia asked na tinanguan namin kaya pumasok na siya at umupo sa passenger seat.

Akala ko ay aalis na kami pero biglang may nagbukas ng pintuan at pumasok yung asawa ko---este si Ma'am Acozta na naka fitted jeans at naka polo rin katulad ko.

Hindi ko na nga pala asawa si Ma'am kasi tapos na yung free trial. Tapos na ang foundation week eh kaya tapos na rin kami.

"Ma'am dito kana po."

My eyes widen when Phineas suddenly stood up and guided Mrs. Acozta to sit beside me saka siya umupo sa tabi ni Kaios at Ferb.

"Ehem. . . A-ano good morning po." Mahinang bati ko.

"Morning."

"Asan ang good?"

"Nasa dictionary." Pilosopong sagot niya na pasimple kong ikinaismid.

Attitude talaga minsan si Ma'am.

"Kuya pwedeng pa-open po ng stereo?" Makapal ang mukhang tanong ni Ferb kay Kuyang driver ng makalabas kami sa city.

Kanina pa nilang tatlo dinadaldal yung driver, akala mo mga close. Buti nalang ilan lang kaming andito tapos puro kaclose pa kaya hindi sila masyadong nakakahiya kasama.

"And I don't want to world to see me
'Cause I don't think that they'd understand
When everything's meant to be broken
I just want you to know who I am."

Iyan ang kantang umalingawngaw sa loob ng sasakyan na ikinatingin ko kay Ma'am. Hindi ko alam pero

kusa nalang akong napalingon sakaniya na ngayon ay nakapikit at nakasandal sa head rest ng upuan.

Bumaba ang tingin ko sa leeg niya and it is, *rawr*. Charot! Ang puti kasi ng leeg niya tapos may ilang nunal din.

Dumako ang tingin ko sa kwintas niya na ang pendant ay ang singsing na ibinigay ko. Hindi naman masakit na ginawa niyang pendant yon, at least mas malapit yung bigay ko sa heart niya kaysa sa wedding ring nila.

Think positive lang.

"Ma'am? Ginaya mo suot ko." Pansin ko sa damit namin na halos kakaunti ang pinagkaiba. "Gusto mo pala akong makacouple ah."

"Hangin." She mumbled and slowly open her eyes.

Namumungay pa ang mga mata niya kaya sa tingin ko ay talagang inaantok pa siya.

"What type of air ba, Ma'am?" I playfully asked but she just rolled her eyes and close it again.

"Air pollution."

Tangina.

Nakakasakit na talaga ng ego si Ma'am.

"Ikaw din pollution." Ismid ko sakaniya dahil hindi pwedeng siya lang ang attitude. "You polluted my heart."

"Corny."

"Pervy--- charot!" Bawi ko nang bigla siyang magmulat at tumingin sa akin ng seryoso.

"Ma'am----"

"I wanna sleep. Shut your mouth." Mahina ngunit paos na sambit niya kaya wala sa sariling napangiti ako at hinila siya papalapit sa akin.

I put my arm around her waist and let her lean on me na ikinapitlag niya.

"What are you doing?" Takang tanong niya at lalayo na sana ngunit mas hinigpitan ko lang ang pagkakahawak sa bewang niya.

"Sleep na Ma'am. Kaya hindi ka nalaki eh." I said mockingly that made her rolled her eyes.

"We have the same height."

"And I got your heart." Litanya ko pero mukhang walang kahit na anong epekto sakaniya dahil prenteng pumikit lang ito na ikinailing ko.

Humihina na ata ang flirting skills ko.

Just ease the atmosphere and to make her sleep immediately, I brush her hair using my fingers and hum the song that's currently playing on the stereo.

Buti nalang hindi kami masyadong napapansin ng mga nasa una dahil yung iba ay tulog na tapos ang iba ay mga naglalaro ng ML.

Minutes passed and I only heard her deep breathing that made me look at her.

She's now asleep in my arms.

"Hey. Wake up."

Naalimpungatan ako nang may maramdaman akong mumunting pagtapik sa pisnge ko kaya unti unti kong binuksan ang mga mata ko.

"Am I in heaven now?" Nakangiting tanong ko upon seeing her face in front of me.

"No. Hindi ka pwede don." Seryosong saad niya na ikinairap ko.

Parang sinasabi niyang hindi ako tanggap sa langit ah! Dalhin ko siya doon eh--- charr! Spg yon.

"Let's go outside." Yaya niya matapos kong icheck kung anong itsura ko pero as usual, ang ganda ko pa rin.

"Jei, ang ganda noong cashier." Nakangising saad ni Kaios nang makalapit kami sakanila ni Ma'am. They are now eating while teasing each other kaya napagpasyahan ko ng pumasok sa loob ng convinient store at bumili ng pagkain ko.

"Ma'am pwera po sa akin, anong gusto mong kainin?"

She didn't speak kaya nilingon ko siya at tinanong kung bakit hindi siya nagsasalita.

"I rather die in starvation than to eat you." Mariing bulong niya na ikinatawa ko.

Ang picky naman nito. Masarap naman ako.

"Sinabi mo yan ha. Kapag ikaw- hmmm!" Natigil ako sa pagsasalita nang bigla niyang pasakan ng tissue yung bibig ko.

Damn it.

Masarap pala ang tissue.

Magkasunod kaming nakapila ni Ma'am sa cashier dahil ayaw niya akong hayaan na bayaran yung pagkain niya. Minsan na nga lang ako manlibre tapos tinanggihan pa.

"Bagay po kayo."

"Huh?" Inosenteng tanong ko sa cashier na nasa harap ko.

"Bagay po kayo ni Ma'am." She then pointed Mrs. Acozta that is on my right side dahil tapos na siyang magbayad. "Ss po sainyo."

"Separate soon?" Nakangising tanong ko pero agad umiling yung babae at inayos ang binili ko.

"Stay strong po. Bagay na bagay po kasi kayo." Tila kinikilig na pahayag nito na ikinangiti ko. Binalingan ko si Ma'am na nakakunot ang noo at tinaasan ako ng kilay pero kinindatan ko lang siya.

"Thanks, pero tao kasi kami, Ate." Saad ko sa cashier pero ngumiti lang ito at iniabot ang binili ko.

"Kasal na po kayo?" Tanong nito kalaunan na ikinatigil ko sa pangungulit kay Ma'am dahil inaantay ko ang sukli ko.

"How can you say that?" Hindi man kapanipaniwala pero si Ma'am ang nagtanong niyan habang sinasamaan ako ng tingin.

"Ah kasi po parehas po kayong may wedding ring na suot?" Maang na tanong ni Ateng cashier na may pagkalahing Marites sa pagkachismosa.

Charot.

"Oh, oo nga naman baby." Malambing na pamghaharot ko kay Ma'am na lalong ikinataas ng kilay nito. "Ikaw talaga, ang cute cute ng asawa ko diba, Ate?" Nakangiting tanong ko sa cashier na agad tumango habang pisil pisil ko ang pisnge ni Ma'am.

Tinapik niya ang kamay kong nakahawak sa pisnge niya at ang sunod niyang ginawa ang talagang ikinagulat ko.

She went closer to me and held my hand as she look intently at my eyes with danger evident on it.

"Stop with your shits, *babe hm?*" Mahinhing saad nito na ikinapugto ng hininga ko.

Tangina.

Lumalandi rin pala si Ma'am.

"Ayieeeee!" Halos maihulog ko ang hawak hawak ko when the cashier suddenly squels that made me shook my head gently.

"Excuse us, Miss. We need to go." Paalam ni Ma'am saka ako hinawakan sa braso at hinila palayo.

Pero bago ang lahat, lumingon muna ako sa cashier at kumaway sakaniya.

"Bye Ate! Honeymoon lang kami!"

Nakangiting tumango ito at kumaway pabalik kaya nang tiningnan kong muli si Ma'am ay madilim ang mukha nito saka ako kinurot sa braso.

"Flirt."

Then she walked away, leaving me staring at her in awe.

Damn.

Ang sadista naman ata ng *asawa* ko.

Chapter 11

Zajei's POV

"Lah ang ganda."

"I know right." Nakangising saad ko kay Ferb na ikinaismid nito.

Sadya namang maganda ako ah. That thing is undeniable so why they can't accept it?

"Yung view kasi ang maganda!" Aniya.

"Oh, ako rin kaya!!"

"Ulol!!"

"Tangina mo!"

"Bobo!"

"Taranta--- oh my airplane!" Naputol ang dapat sasabihin ko nang biglang lumingon sa direksyon namin si Ma'am Acozta na kakababa lang sa van dahil kakarating lang namin sa Batanes.

"Oppps! Under." Malokong bulong ni Ferb bago ako iwan at pumunta kina Phineas na kumukuha ng litrato.

Tangina. Sinong under?!

Clearly, it wasn't me because I prefer staying at the top.

#staydominant

"Hello po!"

I smiled a little and kneeled down para makapantay ko ang mga batang bigla nalang pumunta sa harap ko.

"Hi ladies." Mababa ang tonong saad ko saka sila nginitian.

"Ang ganda niyo po." Papuri nila na mas lalo kong ikinangiti. Sabi na nga ba, children don't lie.

They're sooooo honest.

"Really maganda si Ate?"

They nod their head and smile cheekily. Mukhang ka-age lang sila ng anak ko este anak ni Ma'am. Oo nga, I think they have the same age as Shan.

"Opo. Katulad po ng color ng eyes niyo yung eyes ng aso nang kapitbahay namin." Masayang wika noong batang lalaki na ikinalaglag ng panga ko.

Tangina.

My eyes and their neighbor's dog are just the same?! Putangina lang ha.

"What the he-- hdjfjhshssdf!!!" Hindi maintindihang hayag ko nang biglang may tumampal sa bibig ko.

Damn it.

"Stop cussing. They're just a kid." Suway ni Ma'am na nakalapit na pala sa kinaroroonan ko kaya lumabi ako at tumayo na. I crossed my arms and watched her talk to the kids in front of her saka umalis yung mga bata.

"Why would you cuss at them?" Seryosong tanong niya that made me pout even more.

"Eh kasi naman Ma'am, sabi po nila yung kulay ng mata ko katulad ng sa aso ng kapitbahay nila. That's insane!" Himutok ko saka nagpapadyak.

All my life ngayon lang ako nasabihan ng ganoong bagay. My eyes is my asset! Deep blue green ang kulay ng mga mata ko tapos icocompare lang nila sa aso!

"But that's not enough reason para murahin mo sila." Kalmadong sambit niya but she looks amuse. "Cussing isn't good all the time."

I sighed and tilted my head to the side to avoid her gazes. Pinapagalitan niya lang ako eh! Ako na nga yung inaway ng mga bata tapos ako pa ang mali.

"Shan told me about you and she didn't say any single bad thing about her Ate. . . She said you never shout nor cuss on her." She said on her monotone that made my eyes sparks.

"Talaga po Ma'am?"

She nod her head and crossed her arms on her chest kaya lalong na-emphasis yung ehem niya. Agad akong napaiwas ng tingin at ibinaling nalang ang atensyon sa mga taong dumadaan.

Ang init bigla.

"Ma'am, bakit Sevrix second name ni Shan?" I asked all of a sudden just to divert my attention to something else.

Tukso talaga ang hinaharap ni Ma'am. Nakaka-insecure minsan kapag napapatingin ako sa ano niya kasi diba, babae rin naman ako pero hindi talaga ganoon kabless mga mare.

"Because of my name."

"May plano ka pa magkaanak Ma'am?" Pansin ko sakaniya saka inayang umupo sa isang bench sa tapat ng malawak na site.

"Maybe? I don't know yet." She answered unsure.

"Ma'am, kung magkakaanak ka pa po, will you choose me as one of your child godmother?" Nakangiting tanong ko saka sumandal sa upuan at maiging tinitigan siya.

"No." Mabilis na sagot niya na mas matigas pa sa bakal.

"Whyyyy?"

"Give me one reason why would I choose you." Seryosong baling niya na ikinaayos ko nang upo.

Think, Zajei.

Dapat maganda ang sagot ko para piliin niya ako. Dzuh! Ako na nga ang magiging ninang ng anak niya tapos ayaw pa niya.

"When you choose me, papagawan ko ng bahay yung mga anak mo Ma'am." I think hard and held my chin. "Papagawan ko sila ng statue at saka bibigyan ko sila ng mga magaganda at poging mapapang-asawa."

"That's absurd, Miss Montero." Tila disappointed na aniya. I flashed a sly grin and tap my fingers on my side.

"Kung ayaw mo talagang kunin akong ninang, Ma'am, ako nalang kunin mong asawa."

"What?" She asked in disbelief that made my chuckled.

"Ako nalang asawahin mo, easy." I playfully said before winking at her.

She looked at me in awe before shooking her head and heaved a deep sigh.

"You're unbelievable."

"Phin, papic." Tawag ko kay Phineas pagkalapit ko sakanila nina Kaios at Ferb na nagkakagulo malapit sa bangin.

May cliff kasi rito sa mags-sunset na kaya magandang magpapicture. Pang-instagram lang mga mare.

"Doon ka sa may dulo Jei tapos talon ka."

"Haha, funny." Sarkastikong saad ko kay Phineas saka nagpose. Ang tagal ko na kayang hindi nakakapag-upload ng picture ko kasi hindi naman ako laging naggagala.

"Nice shot. Pwede nang ibenta sa deepweb." Ferb says as he take the DLSR away from his twin. "Galing mo naman kumuha ng picture, tol."

I walked towards them and looked at my pics at isa lang ang masasabi ko, I'm so inlove with myself. Mas nakadagdag lang sa ganda ko yung magandang kuha ni Phin pero yung appeal ko talaga ang nagdala.

"Ganda babe. Pero mas maganda kung babalik ka sakin." Kaios said out of nowhere na ikinairap ko. "What do you think?"

"Asa ka sa pagong."

Dapat pala talaga hindi sasama si Kaios sa trip na 'to kaso ipinagpilitan niya sa nursing admin na sasama siya kaya hindi napigilan. Kahit naman pakboy ang lalaking yon ay magaling naman yon sa first aid when emergency occurs.

"Bakit pagong ka ba?" Nakangiting tanong ni Kai saka ako inakbayan.

"Tanga ka." Supladang sagot ko sakaniya. Kung tutuusin ay maayos naman manligaw si Kaios dahil pinapatunayan niyang nagbago na siya pero ayaw ko na talaga.

Once is enough, two is too much sometimes and in our case, mas gugustuhin ko nalang maging mag-kaibigan kaming dalawa.

"Picture'n ko kayong mag-ex."

Halos sabay kaming napalingon ni Kaios sa direksyon ng kambal kasabay ng pagtunog ng camera na hawak ni Ferb. They do fist bumps before showing us our picture together.

"Hoy kakain na!" Sigaw ng kung sino kaya sabay sabay kaming napalingon only to see Miss Lia with Mrs. Acozta almost 20 meters away from us. "Let's go, kiddos."

Naglakad kami papalapit sakanila pero hindi ko mapigilang hindi mapalingon sa paligid nang maramdaman kong muli na may nagmamasid sa amin.

That's creepy.

"May hinahanap ka ba, Jei?" Tanong ni Kaios habang nakaakbay pa rin sa akin dahil ayaw niyang tanggalin ito. "You've been looking everywhere."

"May napapansin ka ba? Parang may nakatingin sa atin." Mukha mang paranoid pero alam kong may nagmamasid talaga sa amin from afar and I couldn't be wrong on that one. I've been training different martial arts and how to use gun together with the sports Archery kaya masyadong alerto ang sistema ko sa ganitong bagay. Bata pa lamang ako ay nagsanay na ako to protect myself from the unpredictable danger that may come. And now, clearly, there is one.

"Huh? Wala naman ah." Kalmadong sambit ni Kai matapos niyang lumingon sa paligid pero pansin ko ang pagkabalisa niya. "Gutom lang yan."

I just nodded at ipinagsawalang bahala na lamang ang nararamdaman saka naunang maglakad sakanila para mahabol ko sina Mrs. Acozta.

"Hello Ma'am! Ano pong ulam?" Bati ko sa dalawang propesora na nasa unahan namin kaya napalingon sila sa akin.

"Seafoods daw, Zj." Simpleng sagot ni Miss Lia nang hindi sumagot si Ma'am Acozta. "Wala naman kayong allergy doon ano?"

We all shook our head before we stop over at one of the large establishment in here. Mukha siyang school gym sa totoo lang pero abondoned.

"Good evening po." Bati namin sa lahat at tila nagtubig ang bagang ko nang makita ang mga pagkaing nakahanda.

Mukhang mukbang ang gagawin naman ah.

"Magandang gabi rin. Sige na at kumain na kayo para makapagpahinga na dahil maaga pa tayo bukas."

Magkakatabing umupo kami sa tapat ng mahabang lamesa dahil boodle fight ata ang trip nila kahit gabi na.

"What's this?" Nagtatakang tanong ni Yuki sa harapan ko nang lagyan ko ng suso ang tapat niya.

"Hindi mo alam yan?" Phineas nonsense question again na ikinairap namin pareho ni Yuki. "Suso yan."

"*Suso?*" Napasapo ako sa aking noo ng mali ang pagkakabigkas nito ng suso. It is fvcking slow kaya nagsihagalpakan ng tawa ang mga taong nakapalibot sa amin. "What's wrong?"

"Suso! Bilisan mo ang pagpronounce dahil maiiba ang meaning kapag mabagal." Page-explain ko sakaniya kaya mabilis na namula ang mukha niya at nahihiyang nagbaba ng tingin.

"Sir, ano pong gagawin bukas?" Magalang na tanong ni Ferb sa head namin habang kumakain. Tahimik lang naman ako sa tabi ni Ma'am habang pasimpleng pinapanood kung paano siya magbukas ng crab.

"Planning tayo bukas to settled everything first."

Tumango tango kaming lahat at hindi ko na napigilan ang pagtawa ng mahina dahilan para mapalingon sa akin si Ma'am.

"What's funny?" Seryosong tanong niya.

"You." Her forehead make a frown and look at me confusely. "I mean, you need a hand? I can open it for you."

"No need." She hissed ng mapagtanto na ang pinagtatwanan ko ay kung paano siya magbukas ng kinakain niya. Masyado kasing maliit ang kamay eh kaya siguro nahihirapan tapos ang hinhin pa gumalaw.

Amuse na nakatingin lang ako sakaniya dahil confident ako na walang makakapansin sa akin dahil na rin busy ang lahat sa pagkain.

"Staring is rude." Iritadong sambit ni Ma'am saka muling bumaling sa akin at sinamaan ako ng tingin. "Stop it, Miss Montero."

I shrugged my shoulder and started to eat again pero this time, kinuha ko ang binubuksan niyang seafood at ako na ang nagbukas para sakaniya. Sa gitna namin ko ito inilagay para hindi mapansin ng iba if ever na mapatingin sila sa amin.

"Just eat, Ma'am." Pansin ko sakaniya ng mahagip ng mga mata ko na nakatingin lang siya sa pagkain niya.

I smiled sheepishly nang kinain din niya ang binuksan ko kaya halos sabay kaming natapos. Hati kami sa ulam eh pero pasimple lang kami dahil alam niyo na, baka maissue pa.

"Saan po pwede maligo?" Tanong ko kay Miss Lia ng makita ko ito sa tapat ng kwartong tutulagan ko. Si Yuki ang kasama ko sa kwarto na ngayon ay tulog na pagkapalit ng damit.

"Just walk straight then turn left. May poso doon kaya kailangan mo pang mag-igib." She kindly answered kaya ngumiti at nagpasalamat ako sakaniya bago sinundan ang direksyon na sinabi niya.

I was humming a song while opening my flashlight dahil madilim na at layo layo ang ilaw. Wala naman kasi kami sa city dahil mukhang pabukid na ang lokasyon namin ngayon. Ilan lamang ang may maayos na bahay sa mga naninirahan at karamihan ay gawa na sa kahoy.

"Oh fvck." I mumbled under my breath when I saw Mrs. Acozta, drying her wet shoulder length hair using a towel. She's now wearing a silky pajama at talagang nanunuyo ang lalamunan ko dahil sa nasisilayan. Even though she's been wearing a night wear, kitang kita pa rin ang hugis ng katawan niya.

Damn it.

"Miss Montero?" Napaigtad ako nang bigla siyang magsalita. Agad din akong napaiwas ng tingin at huminga ng malalim bago siya ngitian ng alanganin. "Will you take a bath?"

I nodded and place my necessity in the other side saka isinampay ang towel sa isang rack.

"Opo, Ma'am. Ang init eh." She just nodded before walking a little away at akala ko ay aalis na siya pero hindi pala. She just stood meters away from me saka sumandal sa pader at nag-umpisang magphone. "Ma'am?" Pagtawag ko sakaniya na ikinaangat ng tingin niya.

"What?"

"Hindi pa po kayo matutulog?"

"Just take a bath first. It is dangerous if I would leave you alone in here." Mababa ang tonong sagot niya saka tumalikod at nagphone maybe just to give me my privacy.

I can't stop myself from smiling like an idiot and there's something warm on my chest that is odd to happen.

Shit! Concerned na ba siya nito?

Nag-umpisa na akong maligo matapos kong mag-igib ng tubig at ng makalabas ako ay andoon pa rin si Ma'am sa pwesto niya kanina pero hindi na siya nagp-phone. She's just resting her back while crossing her arms.

"Yieee! You wait for me." I stupidly said that made her rolled her eyes. Ang dilim dilim na kaya binuksan ko ang flashlight ng phone ko at saka siya nginitian. "Concerned kana sakin Ma'am?"

"As one of my student, yes."

Aray!

Pang-student lang yung concern niya sakin hindi ba pwedeng pang-asawa na? Charot!

"Grabe naman Ma'am." I pursed my lips and look around dahil ang ganda nang paligid lalo na at bilog ang buwan. "Inaantok kana po?"

"Not really." She answered and take a glance of me saka muling ibinalik ang tingin sa harap. "You?"

"Hindi pa nga rin po eh. . . Sama ka po sakin Ma'am." Tila nagliwanag ang mga mata ko nang makaisip ako ng ideya dahil parehas pa naman kaming hindi inaantok.

"Where to?"

"Heaven----charr lang Ma'am Avey!" Tumatawang bawi ko dahil bigla nalang niyang inapakan ang paa ko. "Sa may cliff po Ma'am pero hindi doon sa kanina."

May isa pa kasing cliff na mas mataas kaysa sa pinuntahan namin kanina at tingin ko ay mas maganda doon dahil mas kitang kita ang paligid dahil nga mataas.

"Okay."

I fist bump to the air at dali daling pumasok sa kwarto namin ni Yuki at ipinatong nalang sa isang banda ang mga gamit ko at agad lumabas para kaunin si Ma'am sa room nila ni Miss Lia. Yung tinutuluyan kasi namin ay parang cottage lang dahil nga kakaunti lang naman kami.

"Tara na po?" She nodded as we start walking peacefully under the starry night sky. "Moon or sun?"

"Sky."

Wala sa sariling napalingon ako sakaniya saka hinawakan ang kamay niya at iginiya sa paglalakad dahil medyo mabato ang daan.

"Why sky?" Tanong ko habang dinadama ang kamay niya sa akin. Pinipilit niyang bawiin ang kamay niya pero mas hinigpitan ko lang ang pagkakahawak.

"You can find the sun and moon at the sky so choose it either." Maikli ngunit reasonable na sagot niya sa akin. Napatango ako at nagpatuloy sa paglalakad habang patuloy na hawak ang kamay niya.

The ambience of the place is giving calm on me lalo na at ramdam ko ang kamay ni Ma'am sa akin. It is just so peaceful and calming.

"Ma'am bakit ka nag-architect?" I asked just to hear her voice again because the absence of it for a short span of time is lingering on my system.

"Passion." Grabe, ang ikli sumagot. "You? Why architecture?"

"Kasi po archi professor ka." Nakangising saad ko at mas hinigit siya papalapit sa akin dahil masukal ang daan.

Silence envelope us again dahil mukhang nabwisit siya sa isinagot ko. Ang bilis pa naman nitong magshift ng mood.

"My mother is a doctor and my father is a business man." Panimula ko bago tumikhim at tumigil sa tabi ng punong mahogany, I think, nang makarating kami sa taas ng bangin. "As you can see, being an architect is way too out of my parents career but I chose it because I have no choice."

I heaved a sigh and stare at God's perfect midnight creation in front of us. I smile bitterly before shooking my head to erase my thoughts somehow.

"Being an architect isn't your dream?" I nodded at her question like it wasn't a big deal but hell, I'm still affected as fvck.

"My dream is to be a lawyer, a criminal lawyer. I always dream to have the 'attorney' on my name but my

parents stop me. . . They're afraid that I would also be like my mother parents that's been killed because of their chosen profession."

I close my eyes. Almost six years ago, my grandparents died because of assassination. Sabihin nalang natin na ipunapatay sila nang nakalaban nila because they didn't grant the suspect's wish. My grandmother is a lawyer and my grandfather is a prosecutor in New York. I was on my senior high school that time in America, sila pa ang kasama ko sa bahay namin doon dahil lumaki naman akong ang kasama ay ang mga Lolo at Lola ko. Noong high school ay sa Pilipinas pa ako with Uncle Vonny tapos shs ay sa ibang bansa na pero umuwi rin ako para dito na magcollege pagkamatay nila.

That's when it starts my parents hindering me from what I'm gonna take. HUMMS ang strand ko noong shs pero nag-architecture ako as my college course na dapat ay pre-law. That's absurd. Bwisit na bwisit ako sa mundo noon dahil pakiramdam ko ay wala akong kakampi. They are all blocking my way at kahit na gustong gusto kong ipursue yung pangarap ko ay syempre mas pinili ko ang pamilya ko.

"Are you enjoying being an archi student?" Mahinang sambit ni Ma'am na ikinatigil ko sa pag-iisip ng kung ano ano.

"Opo. I love being an archi student day by day." Sa ilang taon ko ba namang architecture student ay syempre mamahalin ko talaga 'to. Ito kasing course na 'to ang second choice ko if ever na hindi nga ako makakapag-pre-law which eventually happen. "Ikaw Ma'am? Are you enjoying my company?"

"Lah." Tanging wika niya na ikinangiti ko lang. I shook my head and smile amusingly habang nakatitig sakaniya dahil tumatama ang liwanag ng buwan sa mukha niya.

"Lab." Malambing na pahayag ko na ikinalingon niya at sinalubong ang mga mata ko.

"What?"

"Lababo." I laughed hard when she rolled her eyes after she send death glares at me. "Uyyy umasa siya!!"

"Why would I be? That's so common for people to say." Malamig na sambit niya kaya mas lalo akong napangiti na parang tanga.

"Weh? Common yun?"

"Yeah."

"How can you say so?" Nanghahamong tanong ko pero tinaasan niya lang ako ng kilay at seryosong tiningnan ako.

"You can get that line in the internet." She plainly said and shrugged her shoulder.

"Do you love literature?" Tanong ko makalipas ang ilang minuto dahil nag-iisip ako kung paano siya papabilibin sa kalandian ko.

"Sort of."

"What is the poetic way of ssying I love you?"

"Oh c'mon, don't use that on me." Malditang saad niya na ikinangiti ko pa lalo. "Just ask me to say it

directly. Ang dami mong pasakalye."

I let out an amuse chuckles and place my face in front of her na bahagya niyang ikinaigtad.

"So how can you say it? Hm?" Agad kong pinagsisihan ang tanong ko dahil nagtunog maharot ito at seductive pero mukhang wala namang epekto sakaniya dahil inirapan niya lang ako.

"The what? I love you--" Before sge finish her statement, I cut her off.

"I love you, too, Avey."

Chapter 12

Zajei's POV

"I love you, too, Avey."

Tila may dumaang anghel sa pagitan naming dalawa matapos kong makapagsalita. Tanging seryosong tingin lamang ang ibinigay niya sa akin kaya napaiwas ako ng tingin at tumikhim.

Rinig na rinig sa paligid ang kuliglig na lalong nagpabigat ng nararamdaman ko dahil pakshit! Bakit ba ang landi ng punyetang bibig ko sakaniya para sabihin yung tatlong salita na yun na kahit kailan ay hindi ko sinabi sa mga naging ex boyfriends ko.

Tangina mo talaga satanas.

"Let's go." Seryosong himig niya at naramdaman kong tumayo siya mula sa pagkakaupo sa tabi ko. Napatingin ako sa pigura niya na nakatalikod sa akin habang nakatitig sa maliwanag na buwan.

"Sa langit Ma'am?" I nonchalantly asked that made her look at me through her shoulder.

"I mean ano kung gusto niyo pong pumuntang langit kasama ako?" I bit my lower lip ng mapagtanto na parang mas nakakahiya ang pangalawa kong sinabi. "Ay mali, gusto niyo pong marating yung langit gamit ako----- *dang*!" Mahinang pagmumura ko dahil parang habang tumatagal ay mas lalong nagiging kahiya-hiya ang lumalabas sa bibig ko.

I mentally face palmed while avoiding her gazes because I can literally feel it piercing on my figure. I busy myself from looking around until I saw a glimpse of light at our side pero agad ding nawala kaya hindi ko na inisip pa. Baka alitaptap lang naman yun.

"Such a flirt." Bulong niya pero klaro ang pagkakarinig ko rito na mahina ko lamang na ikinatawa.

Maharot naman talaga ako pero ang pinagkaiba, mas malala ang kalandian ko sakaniya. Ito na ata ang epekto ng ilang buwang walang kalandian mula nang maghiwalay kami ni Kaios.

"Pero seriously Ma'am, saan tayo pupunta? Hell or heaven?" I playfully asked to mask my embarrassment due to what I've done awhile ago.

"Galaxy."

"Dalhin kita doon Ma'am. Gusto mong makakita ng star?" Nakangising saad ko saka tumayo at pumunta sa harapan niya.

"You? You want to see a star?" Mapaghamong batid niya kaya agad akong napatango. "Come closer." She whispered, just enough for me to hear. I did what she have said until I feel her skin on mine. Ang akala ko ay kung ano ang gagawin niya pero nang malapit nang magdikit ang mukha naming dalawa ay gumilid siya kaya dumiretso ang mukha ko sa puno na nasa likuran niya kanina.

Tangina.

"How many star did you see?" She asked in monotone habang nakapikit ako at hinihilot ang sentido ko na nauntog sa punong kahoy.

Damn it. Literal atang stars ang nakita ko sa ginawa niya. Umikot ang paningin ko, letse.

"Just one." Kalmadong sambit ko nang makarecover sa pagkakauntog at hinarap siya. She's just crossing her arms above her chest at tila bored na bored na nakatingin sa akin. "I just saw the Polaris."

Umarko ang kaliwang kilay niya na ikinangisi ko saka muling lumapit sakaniya at itinapat ang mukha ko sakaniya.

"How does the Polaris looks like?"

"It looks like Saviel James-Acozta. It shines the brightest in the constellation Ursa Minor itself." I played it cool pero sa loob ko ay gustong gusto ko ng sumigaw dahil sa ginawa ni Ma'am kanina but there's something that's stopping me.

I heard her hissed before averting her gazes after she gave me the eyeroll of the century. "How awful. It just shine the brightest in the constellation of Ursa Minor."

Minsan talaga hindi ko na alam paano gagamitan ng logic na banat si Ma'am kasi lagi siyang may pambara. Alam mo yun, ang hirap kaya magbasa ng theory sa Google para mag-come up sa mga ibabanat ko tapos babarahin niya lang. Porket matalino siya eh!

"It shines the brightest everytime it shown up in the night sky, Ma'am." Usal ko saka ngumiti at tumingin sakaniya na nakatingin sa kalangitan. "You want the sky, then let me be the northern sky you wanted and I will move the entire me around you, the *Polaris*."

Marahil bunga ng sinabi ko, nakuha ko ang atensyon niya kasabay ng paglingon niya at pagsasalubong ng mata naming dalawa. It seems magical and endearing. This is the first time I've felt this, the warmth of the cold breeze surrounding me with a person I barely knew.

"You search it on Google?" Halos malaglag ang panga ko dahil sa tanong niya matapos naming magtitigan sa loob ng ilang minuto.

"Hindi po ah! Inisip ko yun, Ma'am. It cames from the heart and the dogs bark bark."

"So? Asan connection?" Pambabara niyang muli kaya hindi ko napigilang hawakan ang magkabila niyang pisnge at icompress ito causing for me to giggle at the sight of her pero siya ay mukhang hindi natuwa dahil tinampal niya palayo ang kamay ko.

"Walang connection yun Ma'am pero pwede nating lagyan." Malanding saad ko saka siya mabilis na kinindatan pero as usual, inirapan niya lamang ako.

"Miss Montero, how can you connect the heart and dogs bark?" Tila hindi makapaniwalang sambit nito na ikinaisip ko rin.

Paano nga ba?

"Everything on this world is connected. From the deepest ocean to the biggest survival of everyone. As what they always says, we can't live in this world without our needs. Tulad lang din po ng sa mga hayop and machineries. Lahat tayo konektado dahil nasa iisang mundo lang naman tayo. Kahit hindi natin lahat kilala ang isa't isa, we still have our unexplainable connection towards everything we see. Gets mo Ma'am?" She nod her head lightly while intently staring at me. "Kung gets mo na, alam mo na ring may connect yung sinabi ko kanina diba kahit mukhang wala? . . . Kaya naman, kung yung puso at aso

ngang natahol may connection, tayo pa kayang dalawa ang mawalan?"

Mula sa pagiging seryoso, naging mataray ang tinging ipinukol niya sa akin kasabay ng pag-alingawngaw ng tawa ko sa paligid.

"We have connection, Miss Montero." Mahinang pahayag niya na ikinalaki ng mga mata ko. Huwag niyang sabihin na crush na niya ako kaya may connection na kami---- "We have a student-professor connection, right?"

Laglag ang balikat ko siyang iniwasan ng tingin dahil ang pangit ng sagot niya. Hindi ba niya alam yung ibang connection bukod sa pagiging teacher-student relationship namin?!

"Oo naman, Ma'am." I plastered a sly grin and chose not to argue dahil may pumipigil sa akin.

Nakalimutan kong may asawa nga pala siya.

"Let's g--" hindi ko na pinatapos pa ang sasabihin niya ng hilahin ko siya papalapit sa akin at tinakpan ang bibig niya. "What are you doin'?" Takang tanong niya.

"Shh." I hush on her ear and simply look around dahil may iba kaming kasama. I know there is someone who's with us, kanina pa.

Kung titingnan ay mukha akong naka-backhug sakaniya habang nakapatong ang mga kamay niya sa braso kong nakapalibot sa bewang niya pero hindi, I am just holding her waist as I feel the surrounding getting heavier.

I close my eyes kasabay ng pagpihit ko sakaniya para humarap sa akin na lubos na ikinabigla ng katawan niya dahil sa naging reaksyon nito pero hindi siya gumawa ng kahit na anong ingay. I place her in between my arms at isinandal siya sa puno kasabay ng paghawak ko sa bewang ko at pagbunot ng isang maliit na kutsilyo na lagi kong dala tuwing umaalis ako.

It is just a small swiss knife pero matalas ito at talagang babaon kapag ibinato.

"M-miss Montero." Seryoso ngunit kabadong usal ni Ma'am kaya mas inilapit ko ang katawan ko sakaniya at magmumukha na kaming naghahalikan kung titingnan sa ibang anggulo. Kasabay ng paghawak ko sa puno na nasa likuran niya upang kumuha ng suporta ay ang paghagis ko sa kutsilyo sa isang direksyon kung saan ko nakita ang ilaw kanina na inakala kong alitaptap lamang. I heard a not so loud scream coming from that direction kaya siguradong natamaan ito. Akmang lalapitan ko ito nang maramdaman kong may humawak sa braso ko kaya nabaling ang atensyon ko sa babaeng kasama ko na may pangamba sa mga mata.

"W-who's that?"

"Aswang." Buhat sa aking sinabi ay nakatanggap ako ng isang hampas mula sakaniya na ikinatawa ko lamang. I held her hand when I felt that she's shaking and gently massage it. "Calm down. Walang mananakit sayo."

She looked at my eyes as I gave her an assuring smile. Hindi ko na rin nagawang puntahan ang direksyon nang hinagisan ko ng patalim dahil mas kailangan ako ni Ma'am.

"Are you fine now?" I asked sweetly at unti unti itong tumango that made me smile a little. Ang cute palang matakot nito. "Syempre okay kana, kasama mo 'ko."

I laughed genuinely when she hit my shoulder and pulled her hand out mula sa pagkakahawak ko.

"Shut up!" Inis na sambit niya kaya mas lalo akong natawa. "Let's go now."

I nodded habang pinupunasan ang luhang tumulo sa kanang mata ko. Hindi ko alam kung bakit tawang tawa ako pero ngayon ko lang kasi nakitang ganon si Ma'am kaya syempre, overwhelming and ang cute niyang matakot.

"Miss Montero!!" Iritadong tawag niya sa akin at nang nilingon ko siya ay nakalakad na siya palayo sa akin kaya umiiling na tumakbo ako patungo sa direksyon niya.

"Don't be scared, Ma'am. Hindi ko hahayaang may mangyaring masama sa *asawa* ko." Maharot na pahayag ko pero diretso lang ang tingin niya sa dinadaanan naming dalawa.

"Edi wow."

...

"Tangina, tumahimik kayo!" Sigaw ko nang marinig ko ang boses ng kambal at ni Yuki sa loob ng kwarto. "Damn it! Phineas, Ferb and Yuki!! Shut the fvcking up!!"

"Gumising kana kasi mahal na prinsesa dahil kailangan na nating umalis at pumunta sa pagtatayuan ng building para makapamasyal tayo agad." Ferb explains like he is talking to a two year-old child.

Pupungas-pungas na bumangon ako at tiningnan sila na nakaupo sa lapag habang naglalaro ng cards. Basa pa ang buhok ni Yuki kaya sigurado akong kakatapos lang din nitong maligo.

"Anong oras na?"

"5:30 am." Prenteng sagot ng pinsan ko na ikinakunot ng noo ko.

"Tangina! You woke me up at this time?! Ang aga pa!" Himutok ko pero inirapan lang ako ni Yuki at inismidan ng dalawang ugok.

"Pinapagising na kasi ng head architect lahat para raw makapag-umpisa as soon as possible." Focus lang silang naglalarong tatlo habang sinasagot ang mga katanungan ko.

"Ano ba 'yang nilalaro niyo?" Tanong ko dahil natapos na akong maghanda ng sarili at lahat ay naglalaro pa rin sila at puro tawa nang tawa.

"Monkey monkey'han." Kumunot ang noo ko sa sinagot ni Yuki habang itinatago nito ang cards niya kay Ferb na bumubunot ngayon.

"Monkey monkey'han? What's that?"

"Ungoy-ungguyan. Sosyal lang talaga 'yang pinsan mo kaya ginawang conyo." Ismid ni Ferb saka nagtatalon sa tuwa habang patuloy inaasar si Yuki at Phineas na siya ang nanalo.

Mga isip bata talaga.

"Tara na." Yaya ko matapos nilang ligpitin ang kalat kanina habang nagpapatuyo ako ng buhok. "Nagugutom na ako."

"Breakfast daw muna tayo sa kinainan natin kagabi. Kanina pa andoon sina Miss Lia, tayo nalang ata ang wala sa archi student." Tila proud na proud na wika ni Phin dahil may info siya ngayong araw na ikinairap ko.

"Tayo lang namang tatlo ang archi student na kasama dito, tanga ka." Maldita kong bara sakaniya. Si Yuki kasi ay sa Engineering Department yan pero sa amin sumama para maging roomate ko.

"Magandang umaga po." Magalang na bati namin sa mga tao na kumakain ng umagahan na malugod din kaming binati pabalik.

"Where's Kaios?" Takang tanong ni Phineas sa mga taga-nursing dept na kasama namin dahil hindi pa namin nakikita si Kai dito. Nagtataka na nga ako kung bakit wala siya sa room kanina noong ginising ako ng kambal.

"Ah pre nasa may ilog yun. Nagpapahangin lang kasi hindi yun nakatulog kagabi." Sagot ng isa sa kaibigan ni Kai na si Landon. He is Kaios best friend kaya kilala ko siya.

"His insomnia has been attacking him again?" I asked concernly dahil may insomnia si Kaios kaya hirap na hirap yung matulog. Simula nang maging kami ng lalaking yun ay naging madalas ang pagpupuyat ko dahil sinasamahan ko siya kapag hindi siya makatulog. We were playing online games back then when his insomnia is kicking in.

"Oo, Zj."

I nodded and get my food first saka humanap ng bakanteng table habang hinihintay matapos ang kambal na kumuha ng pagkain nila. Si Yuki kasi ay pumunta na muna sa mga kaibigan niya kaya kaming tatlo nalang uli ang magkakasama.

"Hey."

"Ay tanginamo." Mahinang saad ko ng biglang may humawak sa wrist ko na nagpapitlag sa akin.

"Chill Zajei, it's me." Nakangiting mukha ni Wave ang bumungad sa akin paglingon ko sa likuran. "You look bothered." Pansin niya na ikinibit balikat ko lamang.

"C'mon, join us in our table." Tumango ako at sumama sakaniya matapos senyasan ang kambal na sumunod na lamang dahil inaya rin sila ni Wave. "Tell me your problem, I'll listen."

"Wala 'to. Nag-aalala lang ako kay Kaios." Plain na sambit ko at inilapag ang tray na may lamang pagkain. "Oh bakit?" Tanong ko ng mapansing napatigil siya at mariin lamang akong tinitigan with an undefined emotion in his eyes pero agad ding naglaho nang ngumiti siya at umupo sa tabi ko.

"You're still concerned with your ex, I see." He said smiling pero pansin ko na may laman ang ngiti niya. May ipinapahiwatig ito. "Uh, Zajei meet Ice, a friend of mine."

I smiled a little to a guy with dark brown eyes at medyo messy ang buhok. Infairness, ang gwapo mga bes pero hindi ko maintindihan kung bakit walang epekto sa akin when he is exactly my type.

"Hi. Please to meet you." Monotone na saad ni Ice kaya tumango lang ako at ngumiti ng bahagya. "You're really beautiful as what others says. Kaya pala ang daming nababaliw sayo kasama na si Kaios at Wave."

"Ice." Nagbabantang tugon ni Wave na may madilim na ekspresyon sa mukha. Tila kinilabutan ako sa nakita at mabilis na iniiwas ang tingin ng lumingon ito sa akin. "I'm sorry about that, Zajei. He is really a weirdo sometimes."

I nod and started to eat my breakfast ng dumating ang kambal at nakipagkwentuhan sa mga kasama namin. Hindi ko maitatanggi na masarap kausap at kasama si Wave at Ice because they won't let you feel uncomfortable.

"Jei."

"Kai, where have you been?" Agad na tanong ko kay Kaios ng bigla itong sumulpot sa tabi ko at hinawakan ang kamay kong dapat ay hahawakan ni Wave.

"Sa may ilog lang." Sagot nito at nginitian ako ng matamis. "Ang unti naman ng kinakain mo."

I rolled my eyes when he noticed my meal again. Lagi nalang niyang pinapansin ang kinakain ko, kaysa ang unti at hina ko raw kumain kaya hindi ako tumataba eh in born sexy naman talaga ako.

"Ayaw ko na, Kaios. Don't you dare get me another plate." Tutol ko sakaniya ng akmang kukunin na nito ang plato ko dahil tapos naman na akong kumain. "Kumain kana?" I asked instead para madivert ang atensyon niya sa iba at hindi na ako pilitin pang kumain.

"Pafall ka." Pang-aasar nito na inirapan ko lang. "Oo kumain na 'ko kanina bago nagpunta sa ilog."

I just shrugged my shoulder and get my plate on top of the table pero napatigil ako ng mapansin na mahigpit ang pagkakahawak ni Kaios sa kutsilyo na gamit ko kanina habang nakakuyom ang kamay nito. Nang makita nito na nakatingin ako sa kamay niya ay agad niyang binitawan ang kutsilyo at ngumiti na parang walang nangyari.

"Ako na magdadala nyan, Zajei." Alok ni Wave dahil tapos na rin siyang kumain at ibabalik na namin ang pinggan. Tumango na lamang ako sa alok niya dahil tinatamad akong tumayo.

"Saan ka pupunta, lods?" Pansin ni Ferb kay Kaios ng umalis ito sa tabi ko at lumakad kasunod ni Wave. Nagtataka ko silang tiningnan pero ngumiti lang ito gaya ng ngiti na lagi niyang ipinapakita kapag kasama ako.

"Kukuha ng pagkain. Nagugutom ulit ako." We just nod at him kaya umalis na ito at naglakad patungo sa lagayan ng breakfast.

"Ice, may hawig kayo ni Kaios." Napatigil ako sa paggagala ng mata para mahanap si Ma'am Acozta nang marinig ang sinabi ni Phineas. "Parehas kayo nang kulay ng mga mata."

He is right. Parehas dark brown yung mata nilang dalawa tapos parehas ng shape. Mas attractive lang yung mata ni Kaios dahil parang ang pungay nito pero yung kay Ice ay nakaka-intimidate.

"He is my cousin. Second cousin." Pag-amin nito habang nilalantakan ang ice cream.

I frowned. Matagal din naging kami ni Kaios kaya bakit hindi ko man lang siya nakikita sa family gatherings nila gayong isinasama ako ni Kai sa ganoong event?

"I haven't met you when we were still together." I voice it out and look at him confusely.

"We are not in good terms."

We just nodded and didn't ask any further questions dahil masyado nang pribado para pag-usapan pa. Hindi naman ako chismosa para makialam sa buhay nila kaya bahala na sila.

"Excuse me." I said and stood up ng magtama ang mata namin ni Ma'am bago ito lumabas sa lugar. Nagmamadali ko itong sinundan habang nakapamulsa at nang makita ko ito ay nasa may dulo na ito ng pasilyo papunta sa site na mamaya pa sana namin pupuntahan pero mukhang gusto na niyang mauna. "Hey Ma'am. How's your sleep?"

"Good."

"Have you ever had a dream that include me?" Tanong ko habang nakangiti ng mapaglaro. "Huwag ka nang mahiya, Ma'am. I don't judge."

She rolled her eyes and stop walking saka tinignan ang malawak na lupain sa harap namin.

"Miss Montero, why are you doing this?" Gulong tumingin ako sakaniya na hindi ako binabalingan ng tingin kahit na tinanong niya ako.

"Doing what?"

"Flirting with me." She said in monotone, still not able to look at me.

"Oh." Tanging katagang lumabas sa bibig ko dahil hindi ko alam kung ano ba ang dapat sabihin. I cleared my throat thinking that it would remove the lump inside it.

"Don't you ever fall." Muli siyang nagsalita kaya napatigil ako sa pagtikhim. "Don't eat your own meds at the end."

I chukled and gently touch the bridge of my nose.

"Ma'am, *I don't fall*. I just want to be with you pero *straight* po ako." Nakangiting saad ko habang pinagmamasdan ang side profile niya.

If ever I'm not a straight as a ruler, siguro nahumaling na ako sa ganda niya. Ang perfect kasi tingnan ng physical features niya tapos idagdag pa na ang lakas ng appeal at hot siya.

"Stand with it until the end. Ayaw ko ng issue."

"Bigyan nalang kita ng tissue." I playfully utter and wiggle my eyebrows at her but she just seriously look at me and shook her head. "Pero seriously Ma'am, I haven't fall yet. Kaya sure po akong hindi ako mahuhulog sa panghaharot ko." I proudly says and pressed my hands together.

"You won't notice that you're already falling at first not until the person you fall at, leave nor has been gone." She said kasabay ng pagtama ng sikat ng araw sa balat niya kaya lalong na-emphasis ang kaputian niya.

"If I would fall for someone, I'll make sure that I wouldn't lose that person." I mumbled and blink several times before I bit my lower lip and flash a sweet smile. "Kaya kung mahuhulog po ako sayo, make sure that you would file an annulment para tayo until the end."

She shook her head in disbelief but later on, for the first time, I saw how the side of her lips rose up.

And there, I find myself smiling genuinely upon seeing the lady with a small smile on her lips.

Chapter 13

Zajei's POV

"Hello pips." Nakangiting bati ko sa tatlong ugok na nasa ilalim ng puno dahil kakatapos lang naming mag-meeting kasama ang iba para sa gagawing pagtulong sa pagbuo ng school.

"Tuwang tuwa ka ah." Puna ni Phin na mas lalong ikinalapad ng ngiti sa labi ko. Hanggang ngayon kasi ay hindi pa rin nabubura sa isipan ko ang imahe ni Ma'am na nakangiti.

It seems like it will be imprinted in my mind for the rest of my life. She just smile at me like she was so amuse and ackkk ang ganda niya lalo. Mas dumagdag pa sa kagandahan niya na maganda ako na katabi niya kaya parang nag-glow yung place kung saan siya ngumiti kasi ngumiti rin ang dyosang si Zajei Loure.

"Tangna mo Zajei bakit ganyan ka ngumiti?" Naguguluhang tanong ni Ferb pero nginisian ko lang siya bago tumabi ng upo kay Kaios dahil ayun na lamang ang vacant space. "In love ka ba?"

"Hindi." Agad na tanggi ko dahil parang tanga ang lumalabas sa bibig niya. "Ikuha niyo akong tubig at pagkain mga alipin." Pautos kong sambit sa kambal para tumigil sila sa kakaasar sakin. Gusto ko ding makausap si Kaios dahil naguguluhan ako sa ikinikilos niya.

Tumatawa naman siya pero may iba sa mga ngiti niya. He seems like he is battling with himself.

"Sinong alipin ha?!" Inis na tanong ni Ferb pero tinaasan ko lang siya ng gitnang daliri saka sila pinalayas.

"I know that looks, Jei." Umiiling ngunit nakangiting saad ni Kai ng umalis na ang kambal at binalingan ko siya. "What do you want to talk about, Zj?"

Okay, he really knows me.

"What's bothering you?"

"Ikaw. Hindi mo pa ako pinapayagang manligaw eh." He answered trying to be serious as hell but I just rolled my eyes and didn't buy his alibi.

"Seriously Kaios, what's wrong? You seems off simula pa kanina." Pansin ko dahil mukhang lutang na lutang siya and he's been extra quiet and not on his usual self.

Nang hindi siya sumagot at umiwas ng tingin sa akin ay lalo akong naguluhan sa inaasta niya. He will never be a good liar, masyado siyang transparent.

"Zajei, hindi ba talaga pwede?" Hope is evident on his eyes when I held his cheeks to make him look at me. "Just give me one last chance and I won't do the same mistake again. I will never broke your trust again."

He hold my hands at his cheeks and gently massage it na ikinalambot ng ekspresyon ko. Kaios is a good friend of mine, really. Isa siya sa taong pinagkakatiwalaan ko maliban sa kambal at kay Yuki because I have trust issues since eternity.

That's why earning my trust is a hard thing to do because once you earned it, you shouldn't broke it.

"Sorry." Mahinang sambit ko bago ibaba ang mga kamay at ipinatong sa balikat niya. "Ayaw ko na, Kai."

He nod his head and smile sadly before getting my hands on his shoulders and kiss my knuckles.

"If ever you change your mind, just let me know, Zj. Marupok ako pagdating sayo kaya lagi kang may babalikan." He said that made me scrunched my nose.

"Parang tanga Kaios ha." I smile playfully and hit his upper arm na natatakpan ng sweater niya. Kumunot ang noo ko nang napangiwi siya kaya inulit ko ang paghampas at doon siya napasigaw.

"KAIOS, HUBAD." I utter bossier than ever. "HUBAD, KAIOS GALLAGHER!!" Singhal ko kaya wala siyang nagawa kundi hubarin ang suot niyang sweater mula pa kanina.

Nang matanggal niya ang pinapatanggal ko ay tanging sando na lamang ang natira kaya kitang kita ang biceps niya. I frowned when I saw a bandage on his upper left arm. Halatang fresh pa ang sugat kaya nakakunot ang noo'ng sinuri ko ito at hinawakan ng may pag-iingat.

"Who made this?" Tanong ko matapos tanggalin ang bandage na nagtatakip sa sugat niya. It is just a small yet deep cut na alam kong masakit pa rin dahil napapangiwi siya tuwing pinapasadahan ko ito ng daliri ko. "Kaios."

"Wala. Nasagi lang ako doon sa may blade." Aniya na mataman lamang na nakatingin sa kawalan. "Jei, wag mo nang titigan baka mafall yan sayo."

"Tarantado." Usal ko saka ipinasuot muli sakaniya ang hawak niyang damit. "Where were you last night?" Tanong ko matapos niyang ayusin ang sarili.

Bagamat may hinala na ako, I don't want to believe it dahil kaibigan ko si Kaios. I know he wouldn't do anything to scare the hell out of me.

"Hulaan mo---ito na sasagot na." Maskuladong sinuklay niya ang kan'yang buhok gamit ang mga daliri. "Nasa room lang ako. Naglalaro ng ml."

"Then why do you have that cut?" I intriguingly mumbled and heaved a sigh. He averted his gazes on the other side that made my brows furrowed. "Do not try my patience, Kaios. . . I know that someone is keep on following me since the day that we broke up and I hope. . . It wasn't you." Mahina ngunit nagbabantang saad ko saka siya binigyan ng isang ngiti nang makitang nakatitig siya sa akin.

Somehow, my thoughts are saying that Kaios is a good guy. Siya pa rin ang lalaking maaasahan ko sa lahat ng oras maliban sa kambal.

If there's anyone I can call anytime of the day, it will be him. I remember calling him around 2 am before when we're still together dahil nagugutom ako. Hindi naman sa inaartehan ko s'ya pero sa aming dalawa ay s'ya talaga ang marunong magluto ng kaunti dahil wala namang aasahan sa'kin pagdating sa gano'n.

Ayoko magluto. Okay na ako sa tagakain na role.

Ang weird pa naman minsan ng cravings ko lalo na kapag madaling araw. As in ayaw ko ng fastfood. Mas gusto ko 'yong niluluto talaga kaya nga pinagawa ko s'ya ng leche flan na walang itlog.

Ayon lasang tinangina.

My thoughts has been interrupted when he cleared his throat.

"Do you have a hunch that it was me?" Tanong nito kaya walang pagdadalawang isip na tumango ako. He smiled and tap my head before leaning closer to me and put his arm around my shoulder. "Kung ako nga iyon, magagalit ka ba?"

"I don't know but if it is really you then tell me as soon as possible why you're following me. Why you're keeping an eye and creeping me out." I chuckled playfully and take a glance of him na mataman lamang na nakatingin sa akin habang may kung anong sinasabi ang mga mata niya.

"I love you, Zajei. . . I love you so much." Bulong niya na ikinatigil ko sa pagsandal sakaniya. Naguguluhang nilingon ko siya dahil napakarandom na naman niya. "If ever that it is really me who's you are talking about, forgive me."

"Why? Ikaw ba yun?" Nanghahamong tanong ko pero umiling lamang siya at nginitian ako.

"I will never *break your trust again.*" May kampanteng ngiti sa mga labi niya that made me let out a small smile before nodding my head.

Yes, he cheated. Pero kahit na ganoon ay alam kong may dahilan siya. Alam kong hindi lamang tawag ng laman ang nag-udyok sakaniya para lokohin ako. Because Kaios is a guy that could be a fvcker but also the guy who could be loyal and faithful to the one he truely loves.

But he still cheated. There's no enough reason for it to become valid.

Cheating is cheating. You can't change my mind.

I smiled as I look at Kaios that is now leaning his back on the tree dahil nakaupo na lamang ako ng maayos at pinagmamasdan siya.

"Eto na ang pagkain mo mahal na prinsesa!" Sarkastikong saad ni Phineas ng makalapit sila sa akin dala ang mga pagkain.

"Salamat mga alipin." Nakangising saad ko bago abutin ang mga dala nila.

Nag-uumpisa nang tumulo ang aking mga pawis kaya nilingon ko na sila agad lahat.

"Ang init---"

"Ito na, papaypayan na." Masama ang tinging naglabas ng pamaypay si Ferb saka itinapat sa akin.

"Good." I grinned.

The twin snort while Kaios just shake his head at nakisalo sa pagkain ko.

"Hindi ko alam kung bakit ang daming naghahabol sa'yo. Oo maganda ka---"

"Syempre. Tsaka hindi ako maganda lang." I chewed my food and let out a proud smile. "Ako ang pinakamaganda."

Halos sabay sabay silang napaismid sa sinabi ko pero sa huli naman ay nagtawanan din.

Kaios chuckled. "That's one of her asset. Her confidence can actually caught everyone's attention and that made herself stand out among the huge crowd." He complimented kaya mayabang na nagfliphair ako.

I know right.

Aanhin mo naman kasi ang ganda mo kung hindi ka proud d'yan. We're all beautiful kahit mukhang tuko ang iba d'yan.

They said that beauty is in the eye of the beholder kaya sige papayag na akong maganda tayong lahat pero ako pa rin ang pinaka.

Ako ang nagwawasiwas ng kagandahan kasi ako naman talaga ang source no'n.

"Aray ko putangina." Malutong na pagmumura ko matapos matamaan ng dupil dupil na dyaryo na gamit ni Ferb pampaypay sa akin.

Ang tanga ba naman ng gagong 'to. Naghaharutan sila nina Phin tapos ako na nanahimik sa gilid at kumakain ay nahagip ng panghahampas n'ya.

I hold my forehead na tinamaan noong dyaryo bago sila samaan ng tingin. Mabilis na niligpit ko muna ang pinagkainan ko bago uminom ng tubig.

I stood up and simply get a swiss knife at my combat boots. Nakangising tiningnan ko silang tatlo bago nag-umpisang naging mapaglaro ang ngiti ko.

"Gago ka Montero----psycho putangina, help!!!!" Malakas na sigaw ni Phineas habang kumakaripas ng takbo kasunod iyong dalawang damuho.

I chuckled and didn't waste my time chasing after them. Pagpapawisan lang ako sa takbuhan na 'yan tapos hindi ko rin naman sila mapapatay.

I sighed and put the knife back to where it should be kaya bahagyang yumuko ako pero hindi ko inaasahan na paglingon ko sa gilid ay naroroon siya katabi si Miss Lia.

They're talking about something but her eyes were fixed on me.

I smiled.

And as usual, she fell---charot. Tinalikuran nga ako, eh.

I waited for her to look back when she started walking away, hoping that she would give a single glance because if so, I won't think twice to chase after her.

Ano naman kung pagpapawisan ako? Hindi naman 'yon makakabawas sa pagiging maganda ko, eh.

Amknzj.

Amknzj for ang mahiwagang kagandahan ni Zajei Loure.

Periodt.

....

"Miss Montero, kindly bring these files to the head officer." Utos ng isang head na kasama namin kaya agad ko nalang kinuha ang iniaabot niya at nagtungo sa head officer namin ngayon na kausap ang ibang architects para sa design ng gagawing school.

"The construction will start on Sunday morning and we'll leave on Sunday afternoon because the students should attend their classes at Monday." Rinig kong sambit ng isa sa engineering professor na katabi ni Mrs. Acozta na hindi ko alam kung nakikinig ba dahil mukhang bored na bored lamang ito. "Miss Montero?"

Napakurap ako ng ilang beses nang marinig ko na tinawag ako. I smiled a little to the people in front of me before handing them the files I've been holding. Sinabi ko na rin kung sino ang nagpapabigay para hindi na sila magtanong pa.

"Okay, you can now go wherever you wanted everyone." Anunsyo ng head officer kaya nagsitalunan ang ibang prof at ang ilang students na malapit lamang sa pwesto nila marahil ay dala nang tuwa.

"Hoy Montero tara sa beach! Ipaparada ko pa ang abs ko." Mahanging saad ni Ferb na bigla na lamang sumulpot sa harapan ko na may malawak na ngiti sa labi. "Kailangan kong makahanap ng bagong kalandian."

I just looked at them plainly dahil nagpapayabangan sila nina Phineas at Kaios kung sino ang may pinakamagandang katawan.

"Umalis nga kayo sa harap ko!"

"Nasa gilid mo na kami, tanga." Phineas mockingly said but I just rolled my eyes and start walking away pero napatigil din ng hinarangan ni Miss Lia ang dadaanan ko katabi si Ma'am Acozta.

"Saan punta niyo mga bata?" She asked smiling, showing her white set of teeth.

"Sa beach po magandang matanda." Malokong sagot ni Ferb na ikinangisi ko dahil kahit kailan talaga ay napakagago niya. "Kidding." Bawi niya ng samaan siya ng tingin ni Miss Lia kaya napailing na lamang ako at binalingan ang babaeng tahimik lamang at lampasan ang tingin sa akin.

"Sama kayo sa amin sa beach mga Ma'am." Aya ni Kaios kaya agad pumayag si Miss Lia at hindi na inantay pa ang sagot ng katabi niya dahil hinila na niya ito ng magsimula kaming maglakad.

"Miss Lia, may boyfriend ka po?" Tanong ni Ferb habang naglalakad kami at katabi niya si Miss Lia.

Kanina ko pa napapansin ang mahaharot na tingin ng gagong yon sa PE teacher namin. Halatang may pagnanasa ang gago, charot! Crush talaga ni Ferb si Ma'am mula pa noong third year kami dahil matagal na naming PE teacher yun.

"Wala pa."

"Ay walang nagkamali." Pang-aasar ko saka pasimpleng sumabay sa paglalakad nila at tumabi kay Ma'am Acozta. "Reto kita Ma'am?"

Miss Lia shook her head while smiling but later on, pumayag din siya na ireto ko.

"Anong type mo, Miss?" Nakangising tanong ko at pasimpleng nilingon si Ferb na parang tangang nakatitig lang sa babaeng nasa tabi niya.

Wala na. Tinamaan na naman sa sexy ang tarantado. Ang ganda kasi ng suot ni Ma'am. Nakafitted close neck shirt sya tapos denim short lang kaya kitang kita ang maputing balat niya.

"Matangkad, athletic, moreno, ma-appeal tapos medyo gago pero kayang sumabay sa trip."

"May kilala akong ganyan Ma'am pero gago talaga siya." My smirk got wider when my eyes met Ferb's. "Si Ferb, Ma'am. Single po 'yan tapos athletic din. Hindi nga lang gwapo pero pwede nang pag-tyagaan."

"Hoy grabe sa hindi gwapo ha!" Angil ng huli kaya natatawang umiwas ako ng tingin lalo na nang tumawa rin si Phineas at Kaios na nasa likod namin. "Shut up Phin! Baka nakakalimutan mong magkamukha tayo!"

"Hey Ma'am." Bulong ko sa katabi ko na kanina pa walang imik. She's just walking silently the whole time and her silence is quite bothering me.

She look at me for a seconds before returning her gazes in front of us.

"Mags-swimming kayo?" Tanong ni Kaios na agad kong inilingan dahil ang init masyado at wala rin ako sa mood magswimming ngayon.

"Ikaw Sav?" Baling ni Miss Lia sa katabi ko na prenteng nakaupo at nakasandal sa upuan ng cottage.

Mukhang planado talaga 'to ng kambal dahil may reservation na agad sila pagdating namin dito. Palibhasa obsess ang dalawang yun sa dagat.

"Pass."

Nagsitanguan ang mga kasama namin at nagpaalam na namaglalangoy daw muna sila. Sinabi rin nila na bibili muna sila ng swimwear sa isang malapit na store kaya baka raw baka matagalan sila.

"Ma'am?" Pukaw ko sa atensyon ng kasama ko na kanina pa tahimik at mukhang wala talaga siya sa mood. "Ma'am, bakit ang tahimik mo? Iniisip mo na bang sambahin ang kagandahan ko?"

Walang emosyong nilingon n'ya ako.

"I've got nothing to say." She boredly said and looked at me with her hazel brown eyes that is piercing on mine.

"Mayroon po. Kwentuhan niyo ako para may masabi kayo." I said cutely but she just rolled her eyes and shook her head. "Sige na po Ma'am!!"

She heaved a sigh as I sat right in front of her and wiggle my eyebrows as I smile genuinely, urging her to speak and tell a story.

"What story do you want to hear?" My smile widen upon hearing her question. Sus, hindi naman pala ako matitiis ni Ma'am.

"I want to hear a story of us." Maharot kong saad pero umirap lang siya at pinagkrus ang mga braso sa dibdib kaya napaiwas na naman ako ng tingin.

"Once upon a time, we met each other. The end."

I almost roll my eyes after hearing what she have said. Gago masyadong creative utak ni Ma'am para magsabi ng ganoon. Parang walang kabuhay buhay ang story naming dalawa ah.

Mas colorful pa ang imagination n'ya sa black and white at sa mga fairytale lovestory. Parang s'ya pa nga ang gumawa ng story ni Cinderella na nakatulog kasi isinumpa ng nanay ni Snow White tapos nagising kasi hinalikan ni Beast.

Tama ako hindi ba? Syempre tama ako.

"Ma'am bakit ganyan? Ang ikli naman." Himutok ko pero umirap lang siya at seryoso akong tinitigan. Akala n'ya siguro ay wala na akong iba pang sasabihin pero tila lumiwanag ang buong mukha ko ng may ideyang pumasok sa aking isipan.

My brain's sexiness when it comes to this is activating.

"Okay lang kahit maikli at least ako ang once upon a time at the end mo." I grinned.

She snort and rolled her eyes. "Just the end and not the happy ending." Pambabara n'ya.

Tumango-tango ako.

May point s'ya.

"At least ako pa rin ang end."

Pero mas may point ako.

"Tragic ending." She rebutted.

"Hindi naman po lahat ng tragic ending masakit, ah." Depensa ko dahil mas lumamang ang point n'ya do'n. "Parang ako. Mukha akong tragedy sa buhay pero sobrang ganda ko po 'di ba?"

I playfully wiggle my eyebrows on her but she just shrugged. "What are you then? Living a tragic magical disaster?"

I chuckled after noticing that she's being sarcastic pero wala namang kasinungalingan ang mga sinabi. Totoo naman kasi 'yon in the first place.

Magical disaster talaga ako. Niriritwalan ko nga s'ya with my magic sarap---my eyes widen.

Amazing.

"Ma'am," I called but she just arch her brow. "Payag na akong maging sad ending mo." I grinned and leaned closer kaya napaatras s'ya kaya lumayo ulit ako.

Baka matakot at takbuhan ako, eh.

"I can be your tragic ending but you should be my joyous climax." I smiled and pierce my eyes on hers. "In that way, even if I know that I will lose in our story, I will be able to enjoy the most exciting moment with you. . .so yeah? Okay lang magkaroon ng tragic ending kasama ka basta ang mahalaga nakasama kita."

Malalim na huminga s'ya at napamasahe na lamang sa noo.

I giggled.

Stress yarn?

"We don't even have a story---"

"Mayroon po. May story tayo kasi nagkakilala tayong dalawa. Either if it will be for the better or not, we still have. You become part of my life for you came into it and so I am to you. That explains that we have our own story. . .regardless of it being just the side or just a part."

"Such a great talker." Irap n'ya sa akin na mahina kong ikinatawa.

"So g na po ba Ma'am? May naisip kana bang story nating dalawa---"

"Don't ask for a story that doesn't even had a prologue." She utter and her looks are really piercing on my soul because she is directly looking at my eyes, slowly making me insane.

"But. . . Not all story should have a prologue." I pouted and massage my knuckles a little bit because I'm getting affected by her stares. "Sometimes, the best stories to tell are the one who's unexpected."

"But that story have a prologue. That's why it is beautiful to tell because it started quite unexpectedly. . ."

"Bakit Ma'am? Yung atin ba walang prologue? Chapter one ba agad?" I playfully asked to mask my affection on her hazel brown pair of orbs. Tangina, nakakahypnotize palang tumitig sa mata ng isang tao.

"Why are you asking for a prologue when we don't even have a story?" Pambabara niya sa akin kaya wala sa sariling napairap ako dahilan para samaan niya ako ng tingin.

Tingnan mo 'to. Kakasabi ko lang kanina na may story kami tapos ngayon ay wala na naman para sakan'ya.

Ang lakas pa ng loob na irap-irapan ako. Kulang nalang sampalin n'ya ako na may sama s'ya ng loob sa mundo para tumahimik ako at iwanan s'ya mag-isa.

While I'm busy staring at her, she adamantly shake her head as if telling me to stop what's running in my head.

Ang taray naman. Hindi naman siya ganito kanina pero ngayon ang seryoso niya masyado tapos nagtataray pa akala mo naman hindi mas maganda sakaniya ang tinatarayan.

The audacity!

Charot lang.

"I'm asking for a prologue because I want to have a story with you." Rebut ko sakaniya dahil hindi ako papayag na matalo lang basta sa isang argument. "So kindly give me a start for our story to make. . . Ay 'wag na po pala kasi nagsimula na ang story nating dalawa." Her left eyebrow raise as she encouraging me to speak in her own action.

"Since when our *story* has been started?" Nanghahamong tanong niya pero ngumiti lamang ako at ipinatong ang mga kamay sa hita at ngumiti ng inosente sakaniya.

"Since the day you walked into our room and asked me to stand up just to introduce myself. . . That's when our story started." I smiled mischievously and met her eyes na halos hindi ko na mabasa dahil sa dami ng emosyon na nakakubli rito. "The day our eyes met, the time froze and the planet stop orbiting. . . Electricity run down on my spine as your voice lingers on my mind. Your lips formed a thin line and that's when I lost my trance. . . That would probably be our prologue, Ma'am." Nakamgiting saad ko saka inabot ang kamay niya at hinawakan iyon.

Hindi naman ako ganito sa ibang professor ko dahil madalas ay ginagago ko sila pero iba kay Ma'am. . . She seems different at talagang hindi ko magawang gaguhin siya at pagtripan because she's too fragile and vulnerable in my eyes just to be played.

"Maybe, the rumors are right." She mumbled under her breath but I clearly heard it. "You are such a sweet talker. . . But still not enough to make me believe in your words."

Laglag ang balikat na ngumuso ako at tiningnan siya ng kakaiba dahil bakit walang epekto sakaniya ang kaharutan ko? Siya lang kaya ang taong hinarot ko ng may sense kasi karamihan sa iba ay walang kwenta.

"Ma'am naman parang ano 'to. Gumagawa tayo ng story diba? Bakit napunta sa pagiging sweet talker ko ang topic?" I asked nonchalantly which made her roll her eyes.

"Huwag ka nang gumawa ng story dahil wala namang papatunguhan iyan." Saway niya pero agad akong umalma at nakipagtalo ng slight.

I'mma prove my point that having a story with her is much more worth it than a diamond.

"Writing a story is like writing a history and a memory." I stated that stop her from glaring at me. Kanina pa kami nagtatalo dahil ayaw kong tumigil sa pagkausap sakaniya. "So if I decided to write a story for us, then be it. It just mean that I want a memory with you."

I smiled at her pero biglang sumeryoso ang tingin nito at umiling ng bahagya. Napabuntong hininga pa siya bago muling salubungin ang mga mata ko kasabay ng pagbigkas niya ng mga katagang hindi ko inaasahan.

"I will never want to be a memory. . . If I would write a story, I'll make sure that I would only have one leading person as my partner. . . I don't want to have someone as my prologue but will never be my epilogue." She utter.

"So you're clearly saying that you don't want a story with me because you already have your one and only leading person and that is your husband, right?" I asked and averted my gazes dahil nakukuha ko na ang kanina niya pa pinupunto.

May asawa na siya kaya bawal na.

I heard her deep sigh before standing and walked pass by me pero muli siyang lumingon bago siya tuluyang makalabas sa cottage na aming inuukupa.

"Miss Montero, making a story is much more difficult than you think. . . And if you're thinking that I already found my person, think again."

After she leave a statement that made me confuse, she left and keep me hanging while thinking the meaning behind her words.

Tangina.

Nagayuma na ata ako ni Ma'am dahil hindi na naman siya mawala sa isip ko. She's invading my mind again at alam kong hindi na ito normal, deym!

She's just making me want to know more about her. She's making me curious as hell to her life and that's bad because being curious kills a cat. . . And sometimes, curiosity break a heart.

And am I ready for that?

Mas gaganda ako kapag nasaktan sa love na 'yan. Walang hustisya 'yon kasi hindi ako pumapangit ng slight.

I sighed.

Mas gusto ko nalang maging single habang buhay kaysa gustuhin na makasama ang isang babae na may pamilya na.

Wanting her to be with me all throughout the chapter 1 article 13 of the Civil Code of the Philippines is a mistake.

Mistakenly pleasing like a temptation.

Chapter 14

Zajei's POV

Tahimik akong nakaupo sa may dalampasigan habang binabato sa dagat ang batong nahahawakan ko. Nakauwi na kami sa tinutuluyan namin dito sa Batanes pero umalis muna ako saglit sa room namin ni Yuki para magpahangin saglit.

Ang plano ko talaga ay dapat maglalakad lakad lamang ako pero I found an ocean na mukhang hindi masyadong napapansin ng mga tao dahil kailangan mo pang maglakad ng malayo para mahanap ito. Kung alam ko lang na mayroong ganito dito edi sana dito nalang kami nagswimming kanina kaysa doon sa isang beach na pinuntahan namin.

"Dinner is ready."

"I'm not yet hungry, Ma'am." Mahinang sambit ko nang maramdaman kong may bulto ng tao na tumayo sa likurang bahagi ko. "Bakit po kayo andito?"

"Finding you." She said in her monotone and sat beside me after I gesture her to.

"Maka-finding you po kayo parang Finding Nemo lang ah." I utter and give her a sly smirk.

Honestly, I want to be alone. Kaya nga ako umalis panandalian sa tinutuluyan namin para makapag-isip ako ng maayos tapos heto siya at nasa tabi ko, sinasabing hinahanap niya ako.

When I'm frustrated, extremely mad nor overthinking, I used to isolate myself. I don't want anybody with me because I felt like I'm being suffocated and much worst, I'm scared that the somebody who's with me got hurt because of the bad feelings I've been carrying.

And clearly now, I'm overthinking and my anxiety is kicking in.

"Ma'am, how deep are the ocean?" Basag ko sa katahimikan na namamagitan sa aming dalawa.

"I don't know, no one knows." She answered as I saw her pick the stone on her side and threw it on the sea afterwards.

"How deep is your love?" Nabigla man sa tanong na sinambit niya ay nagawa kong tumikhim at ngumiti ng bahagya.

That's the last thing I thought she would asked.

"Too deep that I felt scared if I ever feel it." Malumanay na sagot ko saka siya tiningnan at nahuling nakatingin na pala siya sa akin.

"Are you afraid to fall in love?"

I shook my head and smile at her while checking how good her physical features are.

"I am not afraid to fall in love, I am scared to the consequences of love." I huskily mumbled as I saw how her iris expanded and I felt that mine also did. "Love is the only thing that won't hurt us, but rejection, assumption, heartbreaks, and many more does. . . And how funny, it is all the consequences when you

fall inlove, right?" I lean my hands on the sand and threw it at my side, still not able to break our eye contact.

"It is." Maikling sagot niya saka tumikhim at huminga ng malalim. "But, you will always find the good effects of love when you are truly and genuinely feel it. Behind those heartbreaks, you'll still able to love that someone even though you're suffering to the intense pain it causes."

I smile, a small yet genuine smile before my eyes landed on her reddish perfect cupid bow lips.

"I don't want to be stupid. . . in love." Wika ko saka siya muling tingnan sa mga mata dahil naaakit ako sa nunal niya sa gilid ng labi sa hindi ko alam na dahilan. That's the first time I felt arouse and take note, I felt it on a woman and that woman have a husband and a daughter.

Ghad!

"Be ready, then." She then said after our long eye contact and I was the one who diverted my gazes on the other side.

I really feel intimidated when it comes to her. Masyadong malakas ang epekto ng presensya niya sa akin lalong lalo na yung mga mata niya.

"Tara na, Miss Montero." Aya niya makalaon ang mahigit dalawampung minuto naming pagkakaupo sa gilid ng dalampasigan na tanging katahimikan lamang ang namamayani. "Dumidilim na---"

Hindi ko na hinayaang makatapos sa pagsasalita si Ma'am nang imimwestra ko na tumigil siya sa pagsasalita na agad naman niyang ginawa. I slowly stand up and gesture her to stay seated if possible saka ako lumingon sa puro punong bahagi na dinaanan ko kanina para makapunta dito.

"What's wrong?" Mahinang tanong ni Ma'am kaya napalingon ako sakaniya na nakatayo na ngayon sa tabi ko.

"Someone's with us." Sagot ko saka siya hinawakan sa kamay kasabay ng paglakad ko nang marahan papunta sa direksyon na may kumakaluskos. I can't be wrong, may tao kaming kasama and I know that it isn't just a single person, masyado silang marami.

"One." Pagbibilang ko ng malapit na kami sa kakahuyan. "Two." This time, I heard little murmurs kaya walang pagdadalawang isip na kinuha ko ang patalim na nakakabit sa bewang ko at tinanggal ang leather case nito. "Three." I place Mrs. Acozta at my back as I felt that she hold my hand tighter. I gave her a reassuring smile at nakita ko namang tumango ito bago ako umikot at pinihit ang bewang niya para mapaharap siya sa akin kasabay ng pagtutok ko ng kutsilyo sa taong nasa likod ng malaking puno.

"Ay wow." Tila hindi makapaniwalang sambit ni Ferb at Phineas ng makita nila kami at mga nanlalaki pa ang mga mata nila habang nakaturo sa amin. "H-hey Zajei put that k-knife down." Kinakabahang usal nilang dalawa pero nagtiim bagang lamang ako at panandaliang binitawan ang bewang ni Ma'am saka lumapit sa dalawang ugok at hinawakan ang mga kwelyo nila.

"What. The. Hell. Are. You. Doing. Here?!!" Madiing singhal ko dahil sila lang naman pala ang kasama namin mula pa kanina na hindi nagpapakita at nakatago lamang dito sa likod ng puno.

"H-hinahanap na kasi kayo nina Miss L-lia kaya sinundan namin k-kayo." Uutal utal na paliwanag ni Ferb kaya binitawan ko sila at muling itinago ang patalim na hawak ko. "Why are you holding that swiss knife of yours again?"

"I thought there are *people* who keep on watching us. Wala naman kayong ibang kasama hindi ba?" I emphasis the word people kaya agad silang umiling dalawa. I just shrugged my shoulders off and turn my gazes at the gorgeous woman next to me saka muling hinawakan ang kamay niya nang mapansin kong nakatingin lamang siya sa isang direksyon at tila wala sa sarili. "Ma'am."

"W-what?" I frowned when I felt her being anxious at napaigtad pa siya sa hawak ko. I just hold her hand and smile at her.

"Are you okay?" I asked concernly and she nodded before looking pass by me at sigurado akong yung kambal ang tiningnan niya.

The stern look in her face remains hanggang sa makabalik kami at matapos kumain. She was so silent the whole time pati na rin ang kambal sa hindi ko malamang dahilan. Okay lang naman kung si Ma'am lang ang tahimik dahil talaga namang tahimik siya pero ang kambal? That's odd.

"Zajeiiiii, let's sleep." My cousin put her hands on my body ng akmang tatayo ako para kumuha ng tubig dahil bigla akong nauhaw. Tutulog na dapat talaga kami dahil parehas na kaming lowbat kakanood ng series sa Netflix kaso bigla akong nakaramdam ng uhaw.

"Just a minute, Yuki. Kukuha muna akong tubig." I remove her hands at my waist because she's pinning me down at our bed and mind you, ang bigat niya. Siya lang talaga ang nakakagawa sakin niyan dahil siya lang ang may lakas ng loob. "Promise, babalik agad ako."

At last, she remove her hands on me kaya agad akong lumabas ng kwarto namin at nagtungo sa pwedeng kuhanan ng tubig dahil medyo malayo pa iyon. I was just peacefully walking while minding my surroundings hanggang sa mapadaan ako sa madilim na parte ng tinutuluyan namin at nasa dulo ito pero kita ang anino ng mga tao dahil sa ilaw na tumatama sa gilid nito.

I frowned.

There are five shadows in there at hindi ko na sana papansinin because it's not my thing to meddle with other businesses pero nakarinig ako na may kumalampag kasabay ng mga papalayong yabag. Tuluyan ko na sanang lilisanin ang lugar ng bigla ko namang marinig ang pamilyar na tinig at sigurado akong boses iyon ni Ma'am Acozta.

I walked slowly, careful for them not to hear my footsteps dahil gusto kong malaman kung sino ang kausap ni Ma'am ngayong dis oras ng gabi.

"That's all?" Her monotone lingers on my system as I stood behind the walls. Gustong gusto ko nang sumilip pero may kung ano sa akin na pumipigil.

"Yes." I heard another voice and it is the familiar manly tone I always hear but this time, it is full of seriousness and there's no hint of playfulness.

"That's all what we could do for now to execute h---"

"Phineas and Ferb." I mumbled and show myself saka sumandal sa may poste ng ilaw. I can't see their faces well enough pero sigurado akong nagulat sila.

"Z-zajei." Utal na bigkas ni Phineas that made me let out a playful smirk. "What are you doin' here?"

"Wala. Napadaan lang." Bored na sagot ko at tuluyang lumapit sakanila. "Where is the other one you've

been with before I came?" Kalmadong saad ko saka sila tiningnan isa isa.

Phineas, Ferb, Miss Lia and Mrs. Acozta.

Really, what's going on?

I saw how their eyes widen pero agad din silang umiling pwera na lamang kay Mrs. Acozta na hindi maialis ang tingin sa mga mata ko. There's something on her that strikes different now.

"Apat lang naman kaming andito, palima ka. Dapat nga kanina ka pa andito para mapag-usapan ang gagawin ng mga Archi pero walang sumasagot kanina noong pinuntahan namin kayo ni Ferb sa room niyo ni Yuki kaya akala namin ay tulog na kayo." Mahabang paliwanag ni Phineas kaya napatango na lamang ako.

Naka-earphones kami kanina ni Yuki kaya malamang na hindi namin sila maririnig.

"The *meeting* is already done. You can now rest." Sambit ni Ma'am kaya nagsitanguan ang kambal at si Miss Lia at isa isa nang nagpaalam. They also tapped my shoulder when they walked pass by me at sabay sabay na nagtungo pabalik sa tinutuluyan namin. "Why aren't you sleeping yet?"

"I was supposed to but I felt thirsty."

"Let's go." She held my arm and started walking kaya nagpadala na lamang ako habang nakakunot ang noo.

"Wait lang po. Saan po tayo pupunta?" Tanong ko dahil naglalakad lang kami at tahimik lang din siya habang hawak hawak ang braso ko.

"You said that you're thirsty so we will get your water." Kalmadong saad niya at mabilis akong sinulyapan bago muling ibinalik ang tingin sa dinadaanan namin.

"Kaya ko naman na po." I said and touch her hand at my arm saka ito ibinaba sa kamay ko at pinagsiklop. A feeling run down at my spine, a comforting feeling na hindi ko na lamang pinansin pa. "Pero kung ikaw naman ang kasama ko, syurr, why not?" Maharot na bigkas ko saka bahagyang tumawa dahil naramdaman ko ang paghigpit ng hawak niya sa kamay ko.

Nang makarating kami sa kukuhanan ng mineral water ay agad akong kumuha ng tatlo, tig-isa kami tapos isa kay Yuki. Agad naman niyang kinuha ito at nagpasalamat. Kumuha na rin ako ng iba't ibang drinks bago kami naglakad muli pero sa ibang direksyon kami dumaan dahil mukhang ayaw niya pang bumalik sa aming tinutuluyan.

"Ma'am, nakakamiss." I utter out of the blue.

"Which?"

"Nakakamiss lumandi." I chuckled playfully after it and take a look of her bago tumigil sa paglalakad at piniling umupo sa isang bench na nasa open field.

"Then go and flirt around." Mataray na batid niya na ikinailing ko lamang habang nakangiti na parang tanga. Kung hindi ko sana siya nakilala ay nakailang jowa na ulit ako matapos ang sa amin ni Kaios. But she walked into my life and my curiosity to know her takes over kaya nawalan ako ng time para lumandi sa iba.

I opened one of the can beer that I've got in the vending machine at inalok siya pero tumanggi lamang ito at piniling uminom ng tubig. Tuloy tuloy lang ako sa pag-inom hanggang sa maubos ko ang tatlong can beer at dalawang bote ng magkaibang alak. Ramdam kong medyo may tama na ako dahil hindi naman ganoon kalakas ang alcohol tolerance ko at hindi rin ako sanay na uminom ng pukinginang red horse. Ang lakas pala sumipa ng kabayong alak na 'yon.

"Ma'am alam mo," I paused a little and looked at my professor beside me that is serene the whole time with me. "Kung wala kang asawa siguro ay susugal ako sayo. . . Alam mo po 'yon? There's something on you, I felt like I am an electron and you are the proton. . . We have an undeniable connection that I reallyyyy wish we haven't." Hindi ko na alam ang pinagsasasabi ko pero batid kong maalala ko ito bukas at malamang sa malamang ay pagsisisihan ko.

One thing that alcohol change me is, I'm becoming a wild talker when I am drunk. I am losing my control at my mouth and I've been losing my grip kaya madalas ay napapaaway talaga ako sa bar kapag may lumalandi sa akin tapos hindi ko type. Masyadong prangka ang aking bibig at yeah, I'm too honest when I'm drunk.

"What do you mean?" She asked and I felt her hand travels on my waist dahil halos mabuwal ako sa kinauupuan ko nang subukan kong hawakan ang pisnge niya.

Tanginang red horse 'yon. I would never dare to drink that liquor again.

"If you don't have a husband and a daughter, handa akong maging bisexual, Ma'am, but you have a family eh. You're the third person who made me feel the warmth I've been looking for almost half of my life." I said wasted at ang hindi ko pa inaasahan na gagawin ko ay ang paglapit sakaniya at itapat ang mukha ko sakaniya na mukhang ikinabigla rin niya.

"Pero Ma'am, straight ako so wala talaga tayong chance kaya po kung may hidden desire na kayo sa akin, tigil niyo na po because I am straight as a ruler." Pilyang sabi ko saka ngumiti ng matamis at isinabit ang mga kamay ko sa leeg niya. "But if you can bend me, try it then. I love the thrill and for now, I want you to be the thrill--"

"You want to love me?" Putol niya kaya mas lalong lumawak ang ngiti ko at ang sunod kong ginawa ang talagang ikinagulat ko pati na rin siya. Alam kong hindi magiging malinaw ang alaala ko bukas pero bahala na dahil hindi ko talaga kayang pigilan ang bibig at katawan ko.

I sat on her lap and startled her. I massage her nape as I put my face closer to hers.

"I told you, Ma'am, if I would love you, you should file an annulment at your husband kasi po ayaw kong maging kabet. . . Masyado akong maganda para maging kabet, Ma'ammm!" Tila isang batang lumambitin ako sakaniya, reason for her to hold my waist tighter para hindi ako mahulog sa sahig.

Hindi ko na talaga alam. Kahit lasing ako ay diretso ako magsalita at hindi katulad ng iba na halos hindi na maintindihan. Minsan nabubulol ako pero bihira lamang iyon mangyari.

"You said earlier that you miss flirting, right?" She asked out of the sudden kaya binuksan ko ang mga mata ko dahil napapikit ako kanina because of her sweet scent.

I nod my head. "I miss it but I don't want to do it either."

"Why?"

"Mawawalan ako ng time sayo, Ma'am. Maharot ako kaya hindi malabong mapunta doon lahat ng oras ko. . . And I don't want that to happen." Sagot ko saka nagsumiksik sakaniya at inilagay ang mukha ko sa leeg niya, sniffing her.

"You don't have to give me your time, Miss Montero." She said and pulling my face out of her neck but I just shook my head and hold her tighter. "Let go."

"No." Matigas na saad ko saka mahinang tumawa dahil naririnig ko na sa boses niya ang pagka-irita.

"Miss Montero."

"Hm?" Malambing na saad ko saka ngumiti ng matamis at pinatakan ng maliit na halik ang leeg niya.

"I said let go!" Inis na utos niya kaya humiwalay ako ng kaunti at muling sinalubong ang nagbabagang tingin niya. "You stubborn." She hissed before gesturing me to sat beside her at umalis na sa kandungan niya pero as usual, hindi ako sumunod.

"Mas bagay ang apelyido ko sayo, Maam. Imagine, *Saviel James-Montero* rather than Acozta. . . Be a little more sophisticated, Ma'am. Mas maganda ang surname ko sa asawa mo tapos mas maganda ako sakaniya."

"Stop it, Miss Montero. You're clearly saying that you want me to have your surname." Malditang saad niya causing for me to giggle.

"Exactly." I exclaimed and place my pointing finger at her cheeks run down to her jawline. "But it can't be."

I rolled my eyes and pouted afterwards. Tangina, minsan talaga kaya hindi ako umiinom ay dahil talaga sa paiba iba ang mood ko kapag lasing.

"Bakit kasi may asawa ka tapos hindi ako 'yon?!" Singhal ko saka lumabi at tila nagtatampong tumingin sakaniya.

Tumatama ang liwanag na dala ng bwan sa aming dalawa kaya kitang kita ko ang pagkagat niya sa ibabang labi, trying to suppress her smiles in front of me.

"You're straight right?" Nakataas ang kaliwang kilay na tanong niya habang may mapaglarong ngisi sa labi kaya tumango ako at umiwas ng tingin. "You're straight. Therefore, stop giving me signs that you like me."

I adore you.

"Wow, Ma'am, baka ako pa ang crush mo kasi you know, I'm one of a hell gorgeous." Mahanging batid ko upang pagtakpan ang pamumula ng mukha ko kahit na alam kong hindi niya mapapansin. "I like your daughter, Ma'am, so I wouldn't asked you to be mine."

"As if I would let you call me, yours."

"Awts gege." Wika ko nang muli na namang niya akong barahin. Hindi ko na talaga alam ang sasabihin ko dahil lagi siyang may sagot. "Kapag talaga ikaw nagkagusto sakin Ma'am, edi wow nalang." I said and held her cheeks bago pagdikitin ang ilong namin pero umatras siya kaya muli itong nagkalayo.

"Feeling Ma'am ha, hindi naman kita ikikiss." Nakangising binalingan ko siya na may seryosong mukha na naman. "But if you would initiate, arat na."

"Umalis kana dyan, Miss Montero. We need to go back." Pigil niya nang lalapit na sana ulit ako sakaniya.

"Call me Zajei first."

"No."

"Please?"

"Stand up now." Parang nauubos na ang pasensya niya kaya tumawa ako ng mahina at inalis ang pagkakapulupot ng mga braso ko sa leeg niya pero nanatili akong nakaupo sakaniyang kandungan. "Miss Montero."

"Miss Montero." I grinned after repeating her statements. "You looks like my Miss Saviel who will become a Montero because of me."

"You're just drunk." Hinga n'ya ng malalim pero mapupungay ang mga mata na tinitigan ko lang s'ya.

I love the thought of the impossibility of the two of us. Just us, being us, never got the chance to be together because she's married to another creature out there na pangit naman.

Pangit. Pangit. Pangit mong hinayupak ka kung sino mang asawa n'ya.

Pero ako maganda kasi magiging asawa palang naman n'ya ako.

I giggle like a kid.

"Alam mo po, Ma'am," I bite my lower lip and wet it afterwards. "Ang ganda ganda mo lalo na kung dadalhin mo ang pangalan ko---"

"You're so heavy. Get out of my lap." Putol n'ya ulit sa akin kaya lasing na tumango-tango ako.

"Okay, okay, Mrs. Saviel Montero--"

"What?!" Bigla akong napaaray ng bigla akong naitulak ni Ma'am paalis sa kandungan niya ng biglang may sumigaw. "Oh my gosh, Zj!" I sighed heavily and close my eyes.

Fvck! My back hurts!

"Are you okay? Hey! Wake up there, you idiot!---"

"Shut the fvck up, Yuki!" Singhal ko dahil biglang kumirot ang ulo at likod ko.

"Can you stand up?" Her always serious voice turns in a soft one dahil soft spoken naman talaga siya pero madalas seryoso at maldita lang.

"I think no, *baby*." Maharot kong wika saka ngumiti ng pilya at binuksan ang mga mata. "C'mon, carry me."

"Ang landi mo talaga, Zajei Loure." I heard my cousin's teasingly state. "Tumayo kana dyan, hambalusin pa kita eh."

Sapo sapo ko ang ulo ko nang makaupo ako mula sa pagkakahiga sa madamong sahig. Tila umikot ang paningin ko nang buksan ko ang mga mata ko at ang unang nakita ay ang maamong mukha ni Mrs. Montero--- este Acozta pala.

I smiled playfully at her saka inabot ang kamay niya at lumambitin dito. I felt that she's removing the hell out of me at her body pero mas nagpabigat lamang ako hanggang sa may naramdaman akong bumuhat sa akin.

"You're really a messy drinker, Zajei." I know that deep manly voice. "Pati si Mrs. Acozta ay hinaharot mo na."

"So what?" Maldita kong bara saka ngumiti ng nakakaloko at binuksan ang mga mata. "Where is she by the way?"

"At my right side." Nahihilo man, nakuha ko pa ding tumingin sa kanang bahagi ng taong buhat buhat ako at natagpuan ko ang babaeng ginugulo ang utak ko.

"Why does she have to be that gorgeous?" Wala sa sariling tanong ko at tiningala si Kaios na nakangiti lamang ng malumanay.

"Now, you're seeing her as a gorgeous woman knowing that you don't love to give compliments at other people." Nakangiting batid niya kaya napangiti ako.

"She's different, Kai." I closed my eyes again dahil nahihilo na talaga ako at feeling ko, ano mang oras ay magpapass out na ako. "She hits different."

"Do you like her?"

"Hindi." I chuckled and point my head while my eyes are still firmly close.

Hindi ko na itatanggi.

Chapter 15

Zajei's POV

"Ah fvck! My head hurts." Daing ko habang hawak hawak ang ulo at sinasabunutan ito para lamang maibsan kahit kaunti ang pagkirot nito.

Tangina. Ang agang hangover naman nito.

Hindi na talaga ako mag-iinom.

"Yan, mag-inom ka pang hinayupak ka. . . Iinom inom hindi naman pala kaya." Sermon ni Yuki pagkapasok niya sa kwarto namin na may dala dalang isang tray na sa tingin ko ay naglalaman ng pagkain at tubig. "Kumain ka muna saka ka mag-preapre. Aalis na tayo in an hour kaya get your ass up."

Inilapag niya ang dala dala sa harapan ko saka nagpamewang at tiningnan ako ng maigi. Kunot noo ko naman siyang binalingan ng tingin saka kumain matapos uminom ng tubig.

"What?"

"Do you remember what you did last night?" She asked with a plain grin on her lips. I frowned and raise my left eyebrow before clearing my throat.

"I am drank as hell last night? Is that what you meant?" I cluelessly asked that made her growl and let out an amuse laugh that made me confuse as fvck.

Kapag talaga may hangover ako ay hindi ko agad naaalala ang ginawa ko noong lasing ako. Para talaga akong nakadrugs kapag lasing eh kaya dapat lagi akong may kasama mag-inom o sa bahay lang ako iinom para safe.

"Ano bang ginawa ko? Punyeta!" Inis ma bulyaw ko kay Yuki nang tumawa lang ito ng tumawa at may pahampas hampas pa sa kama. Parang tanga lang.

"Anong ginawa mo? Well. . . Pumunta ka lang naman sa head officer natin then you asked him bakit siya kalbo. Tapos tinawagan mo si Uncle Vonny para sabihing nakabuntis siya ng madre. Eto pa, wala ka talagang ginawang *katangahan* kasi umupo ka lang naman sa lap ni Mrs. Acozta and asked her to *make love* to you----"

"Tangina!!! I know that I'm drunk last night but I know that I wouldn't do such that things, Yuki!" Putol na singhal ko kay Yuki na may mapaglarong ngisi lamang na nakapinta sa labi habang nakatingin sa akin na mukhang amuse na amuse.

"You wouldn't do *such that things*? Really Zajei Loure? Parang mas malala pa ang ginawa mo noon sa bar nina Ferb. Hindi ba't nakipagmake out ka sa isang foreigner na hot tapos pagkatapos ng halikan niyo sinabihan mo siyang hindi masarap humalik? You also do a lap dance for someone tapos sinabihan mong ang pangit niya? Hindi lang yun, tumawag ka rin ng ambulance when we were in Los Angeles and asked them to go where we were because you need to go to the hospital dahil doon nagtatrabaho ang crush mo na hot bachelor doctor, right?" I mentally face palmed habang isinasawalat ni Yuki ang mga katangahang ginawa ko noon kapag nalalasing ako.

Tangina. I know I'm a bad drinker pero beyond all my drunk bullshits, parang yung sinasabi niyang

ginawa ko kagabi ang hindi ko kaya. Really? I asked Ma'am Acozta to make love to me eh hindi ba't may asawa yon na kamukha ni Mojojojo?

"Oh ano? Ngayon mo sabihing hindi mo kayang gawin yung mga ginawa mo kagabi." My cousin amusingly says before tapping my shoulder and leave me all alone.

Mabilis ang naging pagkain ko at pag-inom ng gamot pero sobrang tagal ko sa paliligo dahil pilit kong inaalala ang ginawa ko kagabi. Alam kong maaalala ko yun in no time dahil hindi naman lumilipas ang isang araw na hindi ko naalala ang mga ginagawa ko kapag nalalasing ako.

I sighed before opening the door and look around to check if she is around amd glady, she isn't. Nahihiya akong humarap kay Ma'am hangga't hindi ko pa naaalala ang mga ginawa ko kasi baka mamaya ay hindi naman pala totoo ang sinabi ni Yuki at pinaprank lang naman pala ako, hindi ba?

Nang masiguro kong wala si Ma'am sa paligid ay diretso akong naglakad palabas ng silid saka nagpalinga linga para in case na makita ko siya ay makakatakbo agad ako palayo. Kung titingnan siguro ako ng iba ay magmumukha akong wanted sa paningin nila dahil naka-cap lang naman ako tapos naka-face mask pa. Ganon ako sobrang nahihiyang magpakita kay Ma'am. Wala naman akong pake sa head officer namin dahil kalbo naman talaga siya.

"Isa, dalawa, takbo tangina!" Bulong ko saka kumaripas ng takbo nang makita ko si Mrs. Acozta na nakatingin sa direksyon ko habang nakakunot ang noo.

Hinihingal na tumigil ako sa isang likod ng puno sa may parking space nang makalayo na ako kahit papaano sa tinataguan ko. Habol hiningang napaupo ako at napasandal sa likod nito habang hawak hawak ang dibdib. Pawisan na rin ako dahil medyo malayo rin ang tinakbo ko, huwag lamang mapansin ni Mrs. Acozta.

"Here." I looked up when suddenly, someone hand me a handkerchief. He is smiling and urging me to take his handkerchief pero nang makita niya na may pag-aalangan sa mukha ko ay lumuhod na siya sa harap ko at siya na mismo ang nagpunas ng pawis ko. "Hindi ko pa nagagamit 'to, don't worry." He said and flashed a killer smile that the girls would probably fall at dahil mameee, ang gwapo pala talaga nito.

"Thank you." I said shyly before getting the handkerchief on his hand at ako na ang nagpunas ng pawis ko. Ramdam ko pa ang panandaliang pamumula niya bago ngumiti at pinagmasdan na lamang ako.

Hindi naman ako masyadong naiilang dahil nasanay na ako sa mga tinging ipinupukol niya dahil ganon ako tingnan ng ibang tao. Ganon talaga mga mare kapag maganda.

"Wag mo 'kong tingnan nang ganyan, baka isipin ko na mahal mo na 'ko." Nakangising batid ko saka siya kinindatan pero ngumiti lamang ito at hindi na umimik pa.

"Hey, Zajei, bakit pawis na pawis ka?" Bigla na lamang sumulpot si Kaios sa gilid ko kaya halos mapalundag ako sa aking kinauupuan. "Sorry." Hinging patawad niya bago ngumiti at tiningnan ang lalaking nasa harapan ko. "Andyan ka pala, pre."

Wave just nodded before standing up and offer his hand to help me to stand up either na tinanggap ko naman kaysa mapahiya pa yung tao.

"Aalis na ba?" Putol ko sa titigan nilang dalawa dahil mukhang nag-aaway na sila kahit hindi sila nagsasalita base na lamang sa klase ng titig na ipinupukol nila. Nabaling naman ang atensyon nila sa akin saka nagsitanguan.

"Yes. In thirty minutes, aalis na tayo." Wave answered and I just gave him a nod before looking at Kaios and give him a warning look dahil mukhang napipikon siya kay Wave kahit walang ginagawa yung tao sakaniya.

"Wave, the vehicles are all ready."

"Okay. Just informed the others that we will leave this place in thirty minutes." Maotoridad na sambit ni Wave kay Ice na tinanguan naman ng huli. Bagay talaga sa kanilang dalawa yung position nila because they are perfectly fit on it. Ang ganda rin ng teamwork nila to lead the people they surrounds with.

Hindi ko alam pero parang ang bigat ng atmosphere ngayon sa aming tatlo. Hindi naman nagsasalita at nagpapansinan yung dalawa pero mukhang ano mang oras at magkakagulo. It seems liket that because they both have the unusual aura right now.

"Why so silent, guys?" Basag ko sa katahimikan saka sila tinaasan ng kilay pero umiling lamang sila at ngumiti. Parang mga tanga lang.

"Zajei Loureeee!"

May biglang sumigaw sa hindi kalayuan ng pangalan ko kaya napalingon ako roon at nakita ang kambal na tumatakbo papalapit sa kung nasaan ako. Kung makairit ang dalawang yon akala mo ilang taon kaming hindi nagkita ah.

"Balita namin lasing ka raw kagabi?" Nakangising tanong ni Phineas that made me rolled my eyes and punched his arm a little hard. "C'mon, ano na namang katangahan ang ginawa mo?"

I let out a stress smirk before shooking my head. Syempre hindi muna ako magkekwento sakanila hangga't hindi sure ang mga alaala ko. Baka mapahiya ako kapag naalala ko na yung ginawa ko, knowing them mas aasarin lang nila ako.

Nang balingan ko nang tingin si Phineas ay nakangising aso na ito habang nakasukbit ang bag ko sa kabilang balikat niya. He raised it ngumiti ng nakakaloko na ikinairap ko lamang.

"Yuki asked me to carry your bag dahil magkasama naman daw tayo sa van." I nodded before walking where the van is pero agad ding napatigil ng makita ko si Ma'am na nakasandal doon habang kausap si Miss Lia. I gulped when our eyes met for a few seconds but I immediately pulled my grip and look away.

I felt like I'm sweating.

"Zj, pasok na."

I nod my head and opened the van's door dahil pinapapasok na ako ni Miss Lia. Nadaanan ko pa si Ma'am at hindi ko maiwasang mapapikit ng maamoy ko yung pabango niya na ang lakas ng epekto sakin. It is just so fvcking good.

Muli kong napili na umupo sa likod at nagsuot ng earphones saka muling dumukmo. Masakit pa rin talaga ang ulo ko kahit na nakainom na rin ako ng gamot. Tuluyan na sana akong lalamunin ng antok when I felt that someone sat beside me and I felt that I stiffened at the sudden contact of our skin. Hindi ko na kailangan pang lumingon para malaman kung sino ang tumabi sa akin dahil presensya palang niya, kilala ko na.

"How's your head?"

I gulped multiple times before looking up and smile shyly at her. Seryoso lamang siya na nakatingin sa akin habang nakahalukipkip.

"Ah okay naman po. Ulo pa r-rin." Kabadong usal ko saka sinalubong ang mga mata niya and that's when everything starts flashing back. Simula noong sinabi kong nakakamiss lumandi hanggang sa naramdaman kong binuhat ako ni Kaios.

Tangina naman. I can clearly remember what I've done at wala man lang doon ang tumugma sa sinabi ni Yuki. That girl! Hahambalusin ko talaga yon kapag nakita ko ulit.

I sighed deeply dahil tila natutop ako sa kinauupuan ko. Hiyang hiya ako sa ginawa ko kagabi, damn it. Parang sa lahat ng ginawa ko ay ayun na ang pinakanakakahiya kasi I just asked her to carry my surname. Tapos sinabi ko ding handa akong maging bisexual kung wala siyang asawa. Deputa naman.

Hindi na talaga ako mag-iinom!!

"M-maam ano, s-sorry po sa ginawa ko kagabi." Nakaiwas tinging saad ko dahil hindi ko talaga kayang salubungin sa ngayon ang mga titig niya. "Ano, sisihin niyo na lang po yung red horse, huwag ako." I said and bit my lower lip before gazing her.

I smile cutely at her and my eyes twinkles when I saw how she gulped. Tila nahipnotismo ako sa paggalaw ng lalamunan niya kaya muli na naman akong napaiwas ng tingin at nanghihinang sumandal sa may bintana.

Hoosshh!

I close my eyes pero agad din akong nagmulat dahil imahe ni Ma'am ang nakikita ko at mind you, hindi na talaga ako natutuwa. Bwisit naman! Gusto kong matulog pero hindi ko magawa kasi twing pipikit ako ay mukha niya ang nakikita ko.

But suddenly, I felt a warm and soft hand holding my right cheek. Nagbaling ako sakaniya nang tingin and look at her confusely but she just rolled her eyes and put my head on her left shoulder.

"Ma'am---"

"Go on. I don't mind." She said on her usual soft spoken voice. Sa hindi malamang dahilan ay kusang kumurba ng isang ngiti ang mga labi ko habang nakahilig ako sa balikat niya. "Stop smiling, Miss Montero. . . And stop sniffing me." I immediately pressed my lips together dahil pansin pala niya ang ginawa ko. Tsaka ano raw?! Inaamoy ko raw siya? Well, totoo naman.

Mga mare ang bango talaga ni Ma'am. Naiisip ko na ngang humingi ng pabango sakaniya kapag nagkalakas ako ng loob kasi I'm getting addicted on her scent. It is sweet yet there's seductiveness on it. Hindi ko alam kung sa akin lang pero iba talaga yung dating ng perfume niya because I felt something on my system that's going wrong everytime I smells it.

"Ma'am?" Pansin ko sakaniya.

"Hm?"

Tila nanigas ako sa kinauupuann ko when I heard that *hm* of hers. Shit!! Bakit ang ano--- bakit ang sarap sa tenga?

"Can you repeat it?"

"What?" Confusion is visible on her voice kaya agad akong napatampal sa noo ko dahil sa aking kagandahan--- charot! Katangahan talaga yon. Sino ba namang gago ang magpapaulit ng *hm na yon?* Syempre ako.

"Naulan." I mumbled under my breathe and look up to met her hazel brown eyes. "Are you cold?"

"No."

"Are you hot?" My question caught her off guard pero agad din siyang nakabawi at tinaasan ako ng kilay. "Well, you are definitely hot. *Sizzling hot.*" My intention is to compliment her pero hindi ko alam kung tunog pagcocompliment ba 'yon o nagtunog panglalandi na. Even my smile turn into flirty rather than the playful one which I intended to give.

"Sizzling hot, really?" She asked with her eyebrow arching.

"Mukha ka kasing sisig." Agad akong napadaing when I felt that her nails dug into my skin. Mukhang hindi niya nagustuhan ang sinabi ko pero imbis na magsabing nasasaktan, I prefer to chuckle and hold her hand.

I place her hand around my shoulder and intertwined it with mine. Malakas ang loob ko na walang makakakita sa amin dahil nga nasa likod kaming dalawa at mukhang tulog ang mga kasama namin.

"Let's sleep, Ma'am." I huskily mumbled before closing my eyes as I felt the warmth of her body pressed into mine. "Let's sleep before I call you Mrs. Montero once again."

....

"Una na kami." Paalam ng kambal kaya tumango ako sakanila at namataan ko na lang ang papalayong sasakyan nila.

"Sabay kana sakin, Zj?"

"May sasakyan ako, Kai." I indirectly decline and give him a sincere smile na ibinalik naman niya at umalis na rin. Alam kong pagod na kaming lahat sa byahe dahil ang tagal talaga noon tapos ang lakas pa ng ulan. Buti nga hindi kami nastranded dahil sabi kanina ay may bagyo na raw.

Prenteng naglalakad ako patungo sa kotse ko habang nakasukbit ang bag sa kaliwang balikat. I was about to open my car when I noticed that there is something wrong in the tire----damn it! Bakit flat yung gulong?!

Frustrated na napahilamos ako sa aking mukha dahil wala akong dalang spare tire. Iba kasi yung kotseng ginamit ko ngayon, not my usual car. I was about to call someone para sunduin ako when I saw Mrs. Acozta walking towards my direction. Seryoso lamang ito at tila walang pakialam sa paligid niya.

Nang malapit na siya at ilang dipa na lamang ang layo naming dalawa ay narinig ko ang pag-alarm ng isang sasakyan, signalling that it is already unlocked. Wala sa sariling napabuntong hininga ako nang makitang may hawak hawak na car key si Ma'am.

Akala ko pa naman ako ang pupuntahan niya, yung sasakyan niya pala.

"Why aren't you leaving yet?" She asked when she saw me looking at her.

Awkward na umiling lang ako sakaniya dahil hanggang ngayon ay hindi sumasagot ang taong tinatawagan ko para sunduin ako. Tangina naman, Uncle Vonny.

Si Uncle lang talaga ang maaasahan ko sa ganitong bagay dahil nasanay akong siya ang sumusundo sa akin whenever I'm going anywhere.

"Flat."

"Ay grabe, Ma'am, ha. Porque blessed ka sasabihan mo na akong flat? That's insane---"

"Your tire are. What are you talking about?" Kunot noo'ng tanong nito na ikinatutop ng bibig ko. Dang! Akala ko yung *hinaharap* ko ang flat kaya todo pagrarant ako.

"Uh ano--- I w-was talking about something." I let out an awkward chuckle before I look up at the sky. "Ma'am baka umulan na po ulit. Won't you go home yet?" Tumila kasi ang ulan ngayon dito pero mukhang ano mang oras ay bubuhos na muli ito dahil sa dilim ng kalangitan.

"I would." Ah okay. Gusto ko sanang makisabay sakaniya pero nahihiya ako kasi baka sabihin niyang feeling close ako. Pero mare, gusto ko talagang sumaba---- "Who'll fetch you?"

"You---- I mean, none?" Hindi ko napigilang hawakan ang bridge ng ilong ko habang pinagmamasdan niya ako ng mataman. Hindi ko na alam ang pinagsasasabi ko dahil tanging ang kagustuhan ko lang makahiga sa bed ang gusto ko ngayon. Antok na antok na ako kahit na halos buong byahe kaming tulog ni Ma'am.

"Okay."

Laglag ang balikat na sinundan ko ng tingin si Ma'am ng umalis na ito at nilampasan ako. She enter her car with all her glory saka binuhay ang makina nito. I turned my back at her saka tiningnan ang putanginang kotse ko na hindi ko alam kung bakit flat ang gulong ngayon. Kung hindi ba naman talaga ako ginagago ng tadhana. Kung kailan may bagyo saka naflat yung gulong ng kotse ko.

Halos itapon ko yung cellphone ko nang bigla itong magshut down. Tangina, paano ako nito? Hindi ko man lang napansin na lowbat na pala ang tarantadong cellphone na yon. Once again, napahilamos na naman ako sa mukha ko saka napiling buksan ang driver seat at kinuha ang mga gamit ko.

No choice. I have to commute. Maglalakad pa lamang sana ako palabas ng parking lot when I heard a car horn. Inis na bumaling ako rito when it stop beside me gayong nasa side walk naman ako.

"Hop in." Plantyadong batid niya kaya napakurap ako. "It will rain in any minute, Miss Montero."

Without any second thoughts, I opened the passenger seat of her car at agad kong nasamyo ang nakakaadik niyang pabango. Hindi kasi talaga ganoon katamis ang amoy niya, tama lang para amuyin ko--- charot! Mas mabango ako kay Ma'am.

"Ma'am taga-saan ka po?" I asked nang hindi ko nakayanan ang katahimikan sa loob ng sasakyan. Seryoso lang kasi siyang nagmamaneho at hindi ako tinitingnan man lang, gusto ko na tuloy maging kalsada para sakin naman ang atensyon niya.

Amputa ang cringe non.

"Zioure Village." Sagot niya na bahagyang ikinakunot ng noo ko.

"Ma'am, that's way too out of my condo. Mapapalayo ka po niyan." Mahinahong sambit ko dahil magkaiba ang route namin at kung ihahatid niya pa ako, baka abutin siya ng baha pauwi.

"Who told you that I would drop you off at your condo building?"

I frowned and looked at her with my eyebrows furrowed. Ganoon pa rin naman ang pustura niya, nakaupo ng maayos habang abala sa pagmamaneho.

"Eh saan niyo po ako dadalhin?" Tanong ko at ngayon ko lang din napansin na hindi nga ito ang daan papunta sa condo ko. Damn it! Dapat talaga hindi ko nalang siya pinagmamasdan dahil nagiging clueless ako sa paligid.

"Heaven."

My eyes widen and I unconciously bit my lower lip when an image of the two of us startle my mind. Oh my fvcking goodness! Bakit iniisip ko yung nasa bed kami and doing something *sensual*? Damn it!! Tangina talaga, Zajei Loure!

Kung gusto niya lang naman pala akong dalhin sa heaven eh bakit hindi nalang namin gawin dito sa loob ng sasakyan niya? Mas masaya siguro yon kasi nasa gitna kami ng traffic and it would be exciting----- "Why are you smirking?" I heard her soft yet cold voice that made me blink. Mas lalong lumawak ang ngisi ko nang bumaba ang tingin ko sa leeg ni Ma'am papunta sa ano niya and then, shit! Hindi na lugi kapag dinala ako ni Ma'am sa heaven--- teka nga! Putangina straight ako!

"Stop staring, Miss Montero." Suway niya pero umiling lamang ako at ngumiti ng matamis kahit na hindi niya ako nakikita ng maayos. "Baha na sa kalsada papunta sa condo mo. I don't want to get stranded."

"Ang hot mo pala mag-drive, Ma'am. . . Ikaw nalang kunin kong driver then I'll be your rider." Saad ko at hindi na pinansin ang huling sinabi niya. I wink at her when she take a glance of me pero agad ding ibinalik ang tingin sa daan.

"Shut your nosy mouth." Monotone na saad niya na ikinangiti ko pa lalo. As day passes, nagagandahan na talaga ako ng sobra kay Ma'am. Alam mo yon, literal na maganda naman kasi talaga siya pero hindi nakakasawa. Hindi siya katulad ng iba na kapag tinitigan mo ng ilang oras, magsasawa kana sa mukha nila. Dahil yung sakaniya, kahit ata titigan ko siya as long as she want me to, hindi ako magsasawa.

Her eyes are not chinky but it is captivating. Maganda yung shape ng mata ni Ma'am, it always seems piercing in your soul. Tapos yung ilong niya pointed and her perfect cupid bow lips na natural na mapula kahit na wala siyang suot na lipstick ngayon. Damn! Idagdag mo pa yung mga nunal niya sa gilid ng labi, sa bridge and tip ng ilong at maging sa may jawline ay mayroon siya. Pansin ko rin na halos gatuldok lang ang mga nunal niya kaya hindi mapapansin agad pero shettt! Ang ganda kasi talaga tingnan.

"Ma'am, can you stop the car for a while?" Pansin ko sakaniya saka itinuro ang isang gilid.

"Why?" She asked but I just gave her a smile na ikinairap niya. "Are you hungry?"

I shook my head and remove my seatbelt. "Nope. Kung gutom po ako edi sana kanina ko pa kayo kinain."

Halos sumubsob ako sa dash board ng bigla niyang apakan ang break at dahil nga wala na akong

seatbelt, halos tumilapon ako sa harapan. Tangina. Ano na namang problema nitong si Ma'am?!

"Are you even thinking before you speak?" Kalmado ngunit malamig na bigkas niya na ikinalunok ko. Tila inis na inis siya sa akin nang balingan niya ako ng tingin matapos niyang itabi ang sasakyan niya.

"I-i am?"

"Really, huh." Sarkastikong saad niya that made me scratched my eyebrow. "Have some filter, Miss Montero."

"Sige po. Mamaya kukuha ako sa Instagram." Wala sa sariling ani ko dahil na didistract ako sa paggalaw ng labi niya. Parang ang soft ng lips niya to the point that I want to. . . *I want to touch and feel it.*

"Tsk." She hissed before trying to change her gear again na agad kong napigilan. I flinched at our sudden contact pero nakabawi ako agad at tinanggal ang seatbelt niya.

"I'll drive po." Ani ko. "Alam ko naman po kung saan ang bahay natin kaya just trust me, baby Avey." Maharot na bigkas ko pero umirap lamang siya at tinanggal ang pagkakahawak ko sa kamay niya.

Kung hindi lang talaga maganda yung mata niya edi sana matagal ko na 'yang tinanggal.

"Nasa bahay ba ang anak natin?" Nakangising tanong ko nang sumandal pa siya sa upuan bago humalukipkip. Mukhang ayaw niyang makipagpalit ng upuan pero wala na siyang magagawa kapag ginusto ko. Pansin ko kasing medyo mapungay ang mga mata niya kaya sa tingin ko ay inaantok na naman siya. "C'mon Sav, where's our daughter? I miss her so much." I said and smile amusingly at her before inyertwining our hands. "I miss our daughter, but I think, . . . I miss you more, Mommy."

"Oh shut up, Miss Montero." She hissed and pull her hand back once again.

"Ma'am, masarap ba maging hotdog?"

"What is that again?" Bored ngunit iritadong sambit niya that made me bit my lower lip. Kung hindi lang siguro naulan ay baka kanina niya pa ako nasipa palabas ng sasakyan.

"Ma'am, I am just wondering, masarap ba maging hotdog? Kasi parang gusto ko nalang maging hotdog eh." Ulit ko sa tanong ko kanina na ikinabuntong hininga niya.

"I don't know. I am not a hotdog, Miss Montero."

"Pero parang freezer ka sa lamig mo, Ma'am. Kumbaga, I'll be the hotdog and you'll be the freezer." Patol ko saka ngumiti ng nakakaloko. She just arc her perfect eyebrow that made her look sexier as ever.

"Why?"

"Kasi gusto kong laging nasa loob mo." Nanlaki ang mga mata ko nang marealize ang mga salitang binitawan ko kaya agad akong napakagat sa ibabang labi ko. "I mean, ano, diba po yung hotdog laging nasa freezer? Kaya ayun, I want to be one so I would have the chance to feel the feeling of being inside you."

Napatampal ako sa noo ko nang lalong sumeryoso ang tingin ni Ma'am sa akin. Bakit ba? Masama na ba maging hotdog ngayon?

"Move away." She commanded which I immediately oblige.

"Saan ka pupunta?" Takang tanong ko nang akmang bubuksan na niya ang pintuan sa side niya. She looked at me from her shoulder and I saw how her lips formed a smirk that made me gulped.

"You said that you want to drive, right?" I nodded.

"Oo nga pero ako na ang lalabas. Baka mabasa ka pa nang ulan." Sagot ko saka tuluyang lumayo sakaniya habang hindi nilulubayan ng tingin ang mukha niya.

Nang bubuksan ko na sana ang pintuan ay bigla akong nanigas sa kinauupuan ko habang magkasalubong ang tingin naming dalawa. She just said the sentence I didn't expect she would.

"Okay. You'll drive, and I'll ride."

Chapter 16

Zajei's POV

Kroo kroo~

Tila may dumadaang anghel sa loob ng sasakyan dahil sa sobrang tahimik dito. Parang tangang nagmamaneho lang naman kasi ako at hindi mapigilang sulyapan ang babaeng tulog sa passenger seat matapos namin magpalit ng pwesto.

I am not yet recovered due to what she have said. It literally caught me off guard. Dumb shit!

"You'll drive, and I'll ride."

Sandaling napapikit ako at napakagat ng ibabang labi dahil hindi ko nagugustuhan ang mga imaheng lumabas sa aking isipan. Iba ang dulot na kahulugan sa akin ng sinabi niya kanina kaya hindi ko mapigilang sulyapan siya na mahimbing ang tulog. She looks so peaceful with that angelic face when she's sleeping pero kapag gising siya ay daig pa ang lalamon ng tao sa sobrang seryoso.

Pero akalain mo 'yon, alam pala ni Ma'am yung mga pa-drive drive and ride na 'yon to think na mukha siyang inosenteng tigre---- pero sabagay, nabuo nga nila nang asawa niya si Shan hindi ba?

Mas lalong dumiin ang pagkakakagat ko sa ibabang labi ko when my eyes landed on her luscious lips. It looks like. . . it's seducing me. Her lips are so kissable kaya siguro ang swerte ng asawa niya dahil ano mang oras ay pupwede niyang halikan si Ma'am.

Sanaol may asawang mukhang unggoy tapos marine navy na nagngangalang Seth Ion Acozta. Sanaol pero not sanaol.

Hindi ko kailanman hihilingin na magkaroon ng asawang tulad niya dahil bukod sa hindi ko siya type, mukha rin siyang aswang na hinog.

I startled for a bit nang biglang may malakas na bumusina kaya napatingin muli ako sa harapan only to see na hindi na pala naka-red ang stoplight. I started to drive again and in one swift move, I maneuver the car to the Zioure Village. Napahinga pa ako ng malalim habang papalit sa main gate dahil ngayon na lang ulit ako pupunta dito.

I take a glance of the tiger beside me na himbing na himbing sa tulog kaya mas lalo akong napabuntong hininga. Nakalimutan ko kasing sabihin sakaniya na yung village lang nila ang alam ko pero hindi ang exact location ng bahay niya. Ghad, nakakakonsenya pa naman kung gigisingin ko ang magandang katulad ko.

At last, I've decided to drive near the main gate and roll the window down saka ngumiti ng alanganin.

"Good afternoon Miss?. . . Are you one of the residence of this village?" Magalang na tanong ng isang guard kaya hindi ko alam kung anong isasagot ko.

As what I've said, matagal na akong hindi pumupunta rito kaya hindi ko alam kung taga-rito pa ba ako o hindi na. Alam ko pa namang bihira sila nagpapapasok kapag hindi taga-rito dahil sa higpit ng security nila. Bago ka makapasok ay ang dami pang tanong na ibabato sayo. Magfifill up ka pa ng form tapos kailangan mo pang magpapicture. Kulang na nga lang magdala ka ng placard para magmukha kang

preso.

"Uh Miss? Can I know your name? Bawal kasing pumasok ngayon ang hindi taga-rito because the co-owner lock it down." Muling tanong ni Manong guard kaya nabaling ulit yung atensyon ko sakaniya. Kumunot pa ang noo ko sa sinabi niyang nilock down daw 'to? Bakit may paganon?

They're now deciding without my consent, huh. The last time I checked is I still do accept their emails regarding their plans ahead of time because my signature should be included but now? I didn't receive any kind of MEMO.

Ayokong makialam pero hindi naman tama na hindi ako updated.

I sighed.

"Zajei. Zajei Montero po."

"Teka lang po ha---" hindi na natapos pa ang dapat sasabihin niya ng biglang may sumilip sa bintana na tila hindi makapaniwala base sa ekspresyon niya sa mukha.

"Miss Loure?" Amuse na tanong nito kaya napatango ako at napatingin sa katabi ko ng bigla itong gumalaw. "Kayo nga po! Pwede na po kayong pumasok--wait lang po pala. I'll just inform your mother that you're here--"

"No, Evans. Don't let her know that I'm here. I didn't went here for her." I cut him off and gave him a stern look kaya agad itong tumango at pinabuksan ang gate. Akmang magd-drive na muli ako nang maalala kong hindi ko nga pala alam ang bahay ni Ma'am. "Excuse me." I said and roll my window down again at hindi naman ako nabigong kunin ang atensyon niya dahil agad itong napunta sakin. Hindi rin kasi siya umalis sa tabi ng kotse kaya agad niya akong narinig. "Do you mind if I ask for Mrs. Saviel Acozta's house? . . . She's with me by the way."

Sandaling pinasilip ko si Evans sa loob ng kotse kahit na ayaw niya pero wala rin siyang nagawa ng samaan ko siya ng tingin.

"Wait a minute, Miss. Titingnan ko lang po." I nod and give him the permission to leave bago ako sumandal sa upuan ko at tiningnan si Ma'am na medyo nakayuko na. Aayusin ko na sana ang pwesto niya nang bigla namang dumating si Evans. "West part, street XV, block 04. That's her house location, Miss Loure."

I smile a little before saying my gratitude at him saka ko pinasibad paalis ang sasakyan. Medyo malayo pa ang bahay ni Ma'am dahil nasa may west pa pala yon. Akala ko naman makakarating kami agad agad.

"Why did he give you my address?" I almost jump on my seat when I heard her husky yet soft voice. Sleepiness is still visible on it kaya napalingon ako sakaniya na nakakunot na ang noo. Medyo magulo ang buhok niyang naka-low ponytail pero all in all, . . . *She still looks hot.*

Ganyan din naman ako kapag bagong gising so patas lang kami. Ganan naman talaga kapag maganda, you should be pretty inside and out. Tingnan niyo ako, maganda na nga akong literal, ang bait ko pa tapos napaka-humble.

Kalma, ako lang 'to mga mare.

"Baka crush niya po ako Ma'am kaya ibinigay niya." I said and a sly smirk escape my lips and that made me bit my lower lip because I saw how her forehead creases.

"Answer me honestly, Miss Montero. Are you living here?" She seriously asked pero hindi ko talaga mapigilang hindi maakit sa boses niya kasi medyo paos---teka nga! Bakit ako naaakit?

"Yes. Taga-rito po kayo eh--"

"Oh c'mon," Mataray na niyang batid kaya napatikhim ako at itinabi ang sasakyan ng makarating kami sa tapat ng bahay niya. "Why did he calls you at your second name?"

"Why? Gusto mo rin po ba akong tawaging Loure? If you want, then no. I would rather let you call me baby, hon, love, abunjing abujing--- aww! That hurts." I pouted but later on, I just found myself smiling for no reason habang tinititigan siya.

Ewan ko na ba sa sarili ko. Nahampas na ako't lahat pero nakangiti pa rin. Kung ibang tao lang siguro 'tong si Ma'am baka sinipa ko na 'to pero hindi naman pwede yon dahil baka ako ang ibalibag niya when I try to do it.

"Answer. Me. Properly."

"Okay. I'll answer you properly but first, be my property." Maharot na bigkas ko saka naglipbite pero seryoso lang niya akong tiningnan. "Ayaw mo? Okay lang naman. Hindi naman masakit. Medyo ouch lang na may kasamang pighati, pain, siphayo---charot!" Bawi ko nang samaan niya ako ng tingin.

I was about to ask her to open the gate or if I can just be the one to do it since she looks so sleepy but her phone suddenly rang. Tinatamad pa n'ya itong kinuha sa bag pero halos magdikit ang mga kilay n'ya habang nakikinig sa kausap.

"Take her home as soon as possible. I'll be the one to fix this mess." Seryosong batid n'ya na ikinakunot ng aking noo.

She deeply sighed. *"I don't care if it's raining. It's not far from where I am now. I'll go there."*

Nang ibaba niya ang tawag ay tamad na lumingon ito sa aking direksyon.

"You can go inside the house. I'll just run some errands---"

"I'll run it with you." I wiggle my eyebrows to her and change my gears. Aalma pa sana ito ng mabilis na pinasibad ko ulit paalis ang sasakyan. "Saan po ba tayo?"

Nakairap na humalukipkip ito. "Nearest police station at the north."

"Ha? Sinong nakulong---" nagbabantang nilingon n'ya ako ng sulyapan ko siya habang nagmamaneho sa lakas ng buhos ng ulan. Ako na mismo ang tumahimik at nagmaneho nalang dahil baka ako ang ilagay n'ya sa loob ng selda.

Zajei bait. Zajei hindi bigay sakit.

Mabilis na tinakbo n'ya iyong presinto pagkahinto ko ng sasakyan. Hindi na s'ya nag-abalang magpayong kaya ako nalang ang gumamit at magandang sumunod sakan'ya.

I am walking like the main character inside the station hanggang sa mamilog ang aking mga mata dahil bumungad agad sa akin ang isang babae na sinisigawan si Ma'am.

"Look what your daughter did to mine!" Malakas na sigaw noong babae. "Napakairesponsable mo namang magulang!"

Hala gago hindi ko nga 'yon pinagtataasan ng boses tapos ipapahiya n'ya lang sa maraming tao?

Ulol.

"Hoy ano 'yan ha? Anong iresponsable ang pinagsasasabi mo? Ikaw ang mukhang kinulang sa aruga dito." Pakikisali ko sa mataray na boses saka hinila papunta sa gilid ko si Ma'am na tahimik lang.

Actually hindi lang s'ya basta tahimik. Mukha na s'yang mang-aagaw ng baril dito o kaya ay mananapak nalang bigla dahil namumula na ang mukha n'ya at bahagyang nakakuyom ang kamao.

Hottie mommy.

"At sino ka naman?!"

I smirk gorgeously as I eyed her from head to toe. Ang dungis ng babaeng 'to.

Mukha s'yang bumangong literal sa hukay dahil puro putik ang damit n'ya.

"Ay hindi mo 'ko kilala?" I asked acting like I'm somewhat offended but a lopsided smile curve into my lips. Nang-aasar na tiningnan ko s'ya at mas lalong nginitian. "By the way same. Try mo nga magpakilala at ipapapalibing na kita."

"Miss Montero." Nagbabantang bulong ng kasama ko pero hindi ko na s'ya pinansin at tinatapatan lang ang titig nitong babae habang mataray na nakacross arm.

Kung hinayaan s'ya ni Ma'am na sigaw-sigawan s'ya pwes ako ay hindi.

Mas mataas pa sa Mount Everest ang respeto ko sakan'ya kahit na sobrang bastos at harot ng bibig ko 'no.

I don't know what's happening at ganito ang reaction nitong babaeng 'to nang dumating kami dahil mukhang inapi ang anak n'ya at sa tingin ko ay may kinalaman dito si Shanen.

If ever na may kinalaman nga dito si Shan at s'ya ang mali edi okay. Wala pa rin s'yang kasalanan kasi anak ko s'ya at ni Ma'am.

'Yong Mommy Sav n'ya nga ay wala akong makitang mali kaya what more kung sakan'ya? Syempre wala din.

Sila ang palaging tama sa maganda kong mata.

"Mga ma'am kumalma po muna tayo---"

The policeman heaved a deep sigh when this muddy lady cut him off. "Paano ako kakalma? Tingnan mo nga ang ayos ng anak ko. Halos maligo 'to sa baha dahil sa kagagawan ng anak n'ya---"

Edi pinutol ko rin s'ya pambawi. Kung mataray s'ya ay mas mataray ako.

"Naligo na nga 'yang anak mo sa putikan tapos may gana ka pang magreklamo dito kaysa liguan 'yan. Kadiri ka, Miss. Kapag nagkasakit 'yang anak mo sa kakakuda mo d'yan maninisi ka pa ba ng iba kahit kasalanan mo naman na?" I smirked.

"Of course!" Palag n'ya pa. "Wala namang kasalanan dito ang anak ko kaya kapag nagkasakit 'to ay kayo ang magbabayad."

"Kapal ng mukha." I murmured that earn a pinch from the woman at my side.

Ma'am Acozta cleared her throat. "I fully understand that my daughter has committed a mistake but you can't blame her for that. Your daughter started it."

"Itinulak ng anak mo ang anak ko sa putikan. Alam mo ba kung magkano ang damit na suot ng batang 'to. This is Hermes---"

"Magkano ba 'yan? Hindi mo ba afford labhan 'yan? Ako na ang magbabayad ng pampalaundry basta isasama ka sa lalabhan. Ang dumi ng bunganga mo, lintek."

I heard some people stifling their laughs dahil sa naging reaksyon nitong babae. Akala mo talaga inapi, eh.

"How dare you! Kakasuhan kita!"

"Ikaw ang mas magmumukhang preso kapag nakulong ako, tanga!" Pakikipagbardagulan ko pa sakan'ya.

"My husband is a lawyer---"

"Nyenye pakialam ko kung lawyer ang asawa mo." Irap ko bago napaigtad dahil bigla na naman akong kinurot ni Ma'am.

She even whispered that I should stop kaya tumahimik na talaga ako. Nakakapagod din kausap ang babaeng 'to na parang wala namang pakialam sa anak n'ya kahit paiyak na.

"Look Mrs," Mrs. Acozta started. "My daughter's at fault, I know that. But the fact that your daughter started it by pulling her hair the moment she step out of the car, isn't it enough to prove that your daughter is the one who started it? Shan just protected herself because yours was about to push her off of the side road." Kalmadong dagdag n'ya pero halatado ang sobrang pagpipigil ng inis sa boses.

I eyed the kid intently. Hinihintay ko kasing lumingon pabalik sa'kin saka ko sasapakin.

Kidding.

Hindi naman kasi ito makatingin ng diretso sa akin kaya sinamaan ko pa lalo ng tingin hanggang sa mahinang hinampas ako ni Ma'am sa likod.

I chuckled.

Hindi ba tama ako? Sabi sainyo walang kasalanan ang anak ko dito. Ang bait kaya no'n dahil sa'kin s'ya nagmana.

"But she still pushed my daughter---oh, nevermind. My husband's here." Mayabang na ngumisi iyong babae na ikinangiwi kong literal dahil ang pangit n'ya.

Yuck.

"What's happening here? Bakit ang dumi ng anak ko?" Propesyonal na tanong nang bagong dating at mabilis na sinuri iyong bata.

Hindi naman 'to mukhang abogado, eh.

Bored na nakikinig lang ako sa explanation nitong babaeng putik sa asawa n'ya na tumatango-tango lang.

I don't get it. Bakit nasa police station kami ngayon eh away bata 'to? Sabihin na natin na medyo delikado nga ang nagawang pagtulak ni Shan sa anak nila dahil sa gilid 'yon ng kalsada sa may park pero it's clear na hindi naman 'yon sinasadya noong bata.

Mga bobo.

"I would like to file a case." Matigas na saad noong lalaki na ikinailing lang no'ng pulis sa main desk.

Kanina ko pa nga kausap ang pulis na 'to kasi dinadaldal n'ya ako na wala naman daw kasalanan si Shan dahil kita namang nasaktan din iyong anak ko noong dinala dito sa presinto.

Mga gagong 'to bakit nila dinala sa presinto 'yong bata? Kids shouldn't be here in the first place dahil lang sa away na hindi naman sinasadya.

"Ang ganda ko 'no, Kuya?" Daldal ko pa dito sa pulis na kausap ko na mabilis tumango.

"Oo naman po, Ma'am. Mukha po kayong poreyner. Sobrang ganda n'yo po." Papuri n'ya na ikinapalakpak ko.

"I know right."

"I said now. I want to file a case now. Hindi pwedeng hindi managot ang magulang ng walang hiyang bata na nang-agrabyado sa anak ko!"

Unti-unting nawala ang ngiti ko matapos marinig iyong sinabi noong lalaki. My brows met as I clenched my jaw.

Bumwelo ka lang, Zj. Hindi ka kakalma. Bubwelo lang.

Malalim akong huminga.

"Hoy punyeta ka, ah! Anong walang hiyang bata? Lumapit ka dito at ako ang mang-wawalang hiya sa'yo!" Automatikong tumaas ang boses ko matapos ibuka ang bibig at nagsimulang pagmumurahin sila.

Pakialam ko kung pati ako ay madadamay if ever. No one can call a child in that term. Ito ang mga matatanda na hindi dapat iginagalang, eh.

"Sir mawalang galang na po pero andoon po ako sa park kanina. Ako rin po ang sumama sa mag-ina

n'yo dito sa presinto kahit hindi naman po pwede. Mapapatunayan ko rin naman po na hindi rin nagustuhan noong isang bata ang nangyari dahil maituturing pong self-defense ang ginawa n'ya. Halos masagasaan na nga po ng sasakyan iyong bata dahil sa anak n'yo."

My eyes went back to the police I was talking with earlier. Seryoso itong nakikipag-usap doon sa abogado pero mukhang sarado ang isip ng mga taong 'yon dahil nagmatigas pa.

"Wait, my daughter has been almost got into a car accident?" Mrs. Acozta asked in a stern voice na ikinatango noong pulis.

Her face darken.

"Mommy, ako po ang may kasalanan. 'Wag mo na pong ipakulong ang mommy ni Shan." Dinig kong bulong noong bata pero mahigpit na hinawakan lang s'ya noong nanay n'ya sa braso at patuloy na pinipilit ang asawa n'ya na magsampa ng kaso dahil deserve daw ni Ma'am makulong.

Kapag hindi tumigil ang mga asungot na 'to ay magiging taga-bungkal nalang ako ng lupa tapos sila ang ibabaon ko para naman tumubo ang utak nila.

"Fine. File a case. I'm calling my lawyer." Pikong saad ni Ma'am at akmang may tatawagan na ng mabilis na umiling ako at hinawakan ang kan'yang kamay.

Mag-aaksaya lang s'ya ng oras sa mga 'to, eh.

"No." I said seriously. "Let's fix this once and for all."

"Bakit wala ka bang pambayad ng abogado?" Mayabang na tanong noong babae na ikinangisi ko.

I take a step forward and eyed them both from head to toe. Pilit na hinihila alo ni Ma'am pabalik sa tabi n'ya pero nagsawalang-kibo lamang ako.

"Wala, eh." I said like it was nothing.

"Kaya naman pala---"

"Sa'kin kasi nagtatrabaho ang mga abogado. Hindi ko sila binabayaran, pinapasweldo lang." I innocently flash a smile until it become a deadly one. "Why don't you ask your husband which firm is he working for?"

"JURECIN." She proudly say that made my brow arch.

Walang bobong abogado na irasyonal mag-isip sa firm ko.

"Find another firm. . .and oh, you're fired." Mataray na batid ko na ikinalaglag ng panga nila.

"You don't have the right to fire me---"

I grinned mischievously. "I do." Matamang binawi ko ang aking kamay kay Ma'am at inilapag ang isa sa exclusive business card ko sa harap nila.

"If you don't recognize me yet then I'm *Zajei Loure Corten-Montero.* That's my card. Show that to one of our partner banks and you'll automatically had the right amount of money in cheque that you have to pay

for a whole laundry shop and a new Hermes clothes." I rolled my eyes.

"Miss Z-zajei." Utal na bigkas noong lalaki sa pangalan ko pero hindi ko na ito pinansin at hinawakan ulit ang kamay ni Ma'am.

"File a case if you want to. I'll see y'all in court kung may tatanggap sainyo."

Mabilis na naglapag lang ulit ako ng business card doon sa pulis na kausap ko kanina saka siya kinindatan. I also walked away kasama si Ma'am na tahimik lang.

I opened the umbrella and since it's not that big ay inakbayan ko na s'ya hanggang sa tapat ng sasakyan. I gently open the car door for her before I went to the driver side.

She's quiet.

"What happened? How's Shan?" I asked to break the overwhelming silence inside this car.

She sighed. "After you act earlier that you exactly know everything you'll throw me that question now?"

I giggled.

"Syempre po."

Matamang umiling ito.

"She's already in her father's house, resting. She went to the park earlier with her Tita 'cause they're about to buy a ramen. Minsan lang n'ya gustuhing lumabas kaya kahit umuulan ay hinayaan s'ya ng Lolo at Lola n'ya but this happen. Pagkababa nga raw ng sasakyan ay nakita na agad noong bata kanina kaya nilapitan at hinila ang buhok."

My brows furrowed saka mahinang napapalatak. "May sira ba ang batang 'yon? Ang lakas ng tama n'ya."

"I think she's Shan's classmate. She told me before that girl has been teasing her and she felt like she doesn't really like her. They're rival in school I guess." Dagdag pa n'ya na ikinatango ko.

So ayon pala 'yong batang ikinukwento ni Shan sa akin noong nasa condo ko pa s'ya. May bata nga raw na laging nang-aasar sakan'ya tuwing nasa school s'ya pero hindi naman daw n'ya pinapansin. Sabi ko nga kakausapin ko pero ayaw n'ya. S'ya na raw ang bahala.

I thought it's bullying noon pero sabi ni Shan ay hindi naman daw. Mukha lang daw kulang sa pansin 'yong bata.

Judgmental din ang anak ko na 'yon.

"That firm. . . it's yours? The name sounds different." She asked out of a sudden na ikinatango ko.

Nasa village na ulit kami at papunta sa bahay n'ya. Inaantok na nga rin ako eh.

"JURECIN means justice, rectitude, and integrity. My grandparents are the founder of that firm." Ngiti ko pero tumango lamang s'ya.

When we arrived at her house, she get something on her bag and I saw how the gate opens. Muli kong pinaandar ang sasakyan at ipinark ito sa loob. Agad na lumabas si Ma'am ng sasakyan kaya syempre lumabas din ako. Sumunod ako sakaniya papasok ng bahay at hindi nakaiwas sa paningin ko ang maaliwalas na front yard niya. Her house looks great. It is a two-storey modern complementary style house. Bachelorette na bachelorette house ang datingan kahit simple lang. It is homey yet it is one of a hell elegant.

"Anything you want?" I heard her asked.

"Bebe time."

Agad akong napahawak sa ilong ko ng biglang tumigil sa paglalakad si Ma'am kaya nabunggo ako sa likod niya. Tangina, ang tigas naman ng likod ng ulo niya. Ramdam na ramdam ko yung impact, mas matindi pa sa spark ang dating, naknampucha.

I heard her sigh before started to walk again kaya sumunod nalang ako kahit hindi ko alam kung saan siya pupunta. Habang naglalakad kami ay pagala-gala ang mga mata ko sa loob ng bahay niya and I can only say one thing, ang sarap tumira dito. The furniture is in right places and it even emphasize the wall color. Wala, ang ganda lang talaga ng bahay niya.

"Ma'am?" Tawag ko sakaniya ng makapasok kami sa loob ng kusina niya. She gesture me to sit kaya syempre ginawa ko habang pasimpleng pinagmamasdan siya. "Bakit parang wala tayong ibang kasama?" I asked dahil mukha naman talagang wala. I mean, hindi ba't kasal siya kaya dapat andito ang asawa niya at ang anak nila pwera nalang kung may trabaho yung husband niya.

"Tumakbo kana kapag may nakita kang iba nating kasama." I frowned upon hearing her answer kasabay ng paglapag niya ng juice sa harapan ko.

"Huh? Bakit po ako tatakbo?"

"Because we're the only people who's in here." Plantyadong saad niya saka umupo sa harapan ko bitbit ang isang basong tubig niya. Napatigil naman ako sa pag-inom dahil tila kinilabutan ako sa narinig ko sakaniya.

Putangina.

Napatingin ako sa may glass wall at nakitang umuulan na naman ng napakalakas kaya halos nanginginig na napatingin ako kay Ma'am na prenteng nakaupo lang at umiinom.

"M-maam? S-sure ka wala tayong ibang kasama?" I saw how her forehead creases pero agad ding bumalik ang seryosong ekspresyon niya.

"What do you mean, Miss Montero? Are you seeing something or someone that I don't?" Seryosong tanong niya kaya napalunok ako saka umiling.

Mas lalong nanuot ang tingin niya sa akin ng inisang lagukan ko ang juice na iniinom ko kanina. Namamawis ang mga kamay ko habang sunod sunod na napapalunok dahil sa kabang nadarama ko.

Pucha naman talaga.

"Do you wanna sleep?" She asked when I suddenly yawned. I eagerly shook my head pero tinaasan niya lang ako ng kilay at tumayo na. Sumunod naman agad ako sakaniya na parang tuta hanggang sa

nagtungo kami pataas ng hagdanan. "You can sleep in here. . . As you can see, the rain keep on pouring that's why you should stay here for the rest of the night. You can use the garments and everything you want inside. If there's still any that you want or bothers you, my room is just in front of yours." Tumango ako sakaniya ng buksan niya ang pinto nang sinasabi niyang tutulugan ko. She even pointed her room saka muling ibinalik ang paningin sa akin.

"Thank you, Ma'am." She just nodded and walked towards her room. Nag-aalangan pa ako kung papasok na ba ako sa room na sinasabi niya o dito nalang ako sa labas.

"Just knock on my door if you need anything." I smile and nodded even though I am nervous as heck. At last, she nod her head and went inside of her room. Laglag ang balikat na pumasok din ako sa kwarto at nabungaran ang isang queen size bed at color blue and brown theme. Maaliwalas naman tingnan yung kwarto pero hindi pa rin mawala wala sa dibdib ko yung kaba.

Tangina naman. Ngayon na lang ulit ako tutulog sa ibang bahay ng walang katabi. Ang tanda tanda ko na pero natatakot talaga akong matulog sa ibang bahay tapos walang katabi. Noong sa Batanes naman kasi ay nasa tabi ko lang si Yuki at kasa-kasama ko pero ngayon? Good motherfvcking luck, self.

Nang maalala kong nabasa nga pala ako kanina ng ulan ay mabagal na naglakad ako patungong comfort room at saka isa isang hinubad ang mga saplot ko. I walked into the tub afterwards and decided to sleep for awhile habang nagbababad doon. Gusto ko nga sanang magpatugtog habang nakababad ako pero naalala kong lowbat na nga pala ako kaya tamang pikit nalang, kunwari hindi ko naiisip na may nakatingin saking multo.

I stayed for the tub with warm water and liquid lavender scrub soap scent for almost half an hour. Nakaidlip naman ako kahit papaano kaya nang magising ako ay nagtungo na agad ako sa shower cubicle para magbanlaw. Patapos na sana ako at nagpupunas na ng towel sa katawan ng biglang namatay ang ilaw kaya agad na napatili ako at itinapis ang tuwalya sa katawan saka tumakbo papalabas. Halos magkandadulas-dulas ako at mauntog dahil sa pagmamadali hanggang sa nahanap ko ang pinto at diretsong lumabas kahit sobrang dilim na. I whin in shock when I suddenly fell on the floor at putangina! May nakadagan sakin!!!

Putangina!!! Bakit may multong nasa ibabaw ko tapos nakabanggaan ko?! Tangina!! Magbabago na ako! Hindi na ako maghahanap ng gwapo sa bawat sulok ng mundo!! Just don't fvcking let me see a fvcking ghost!!!

"Are you okay?"

"Omayghaddddddd, Uncle Vonnyyy!!" Hysterical na sigaw ko at ang pangalan ni Uncle Vonny ang una kong binanggit gaya ng nakasanayan. Tangina, bakit ang sexy ng boses noong multo?

"Miss Montero?"

"Shit! Shit! Shit! Bakit kaboses mo si Ma'am? Dang it! Get off me you fvcking ghost!"

"What the?! What are you saying? I am-- deym!" Hindi ko napigilang mapahawak sa likod kong nasaktan matapos kong itulak paalis sa ibabaw ko yung multong manyak dahil ramdam ko pa kanina na nakahawak siya sa bewang ko. "What the hell is your problem?!" Malamig ngunit maawtoridad na tanong noong multo-- tangina boses yun ni Ma'am.

"Ma'am!! I love you, sagad! Wala na yung multo?" Parang bata na tanong ko habang kinakapa siya sa dilim pero mukhang wrong move dahil naramdaman ko ang pagdausdos ng kamay ko pababa sa leeg

niya going down to her ano. Basta yung ano niya kaya agad akong napalayo ngunit mas wrong move yon dahil nauntog ako sa pader.

"Deym. There's no ghost in here." Iritadong sambit ni Ma'am saka ako napapikit dahil bigla niyang binuksan ang flashlight ng cellphone niya. "Miss Montero, get up." I slowly stand up and held the hem of the towel na tanging nagtatakip sa kahubadan ko. Agad akong lumingkis sa braso ni Ma'am nang makatayo ako at nakita siyang nakatalikod lang sa gawi ko.

"W-why didn't you use the bath robe?" I frown. Did I just hear her stutter or am I only hallucinating things?

"Ah, nagpupunas po kasi ako noong nawalan ng ilaw kaya a-ano, nakalimutan ko." I felt my face heated when I our eyes met. Medyo nagrereflect ang ilaw na galing sa flashlight niya sa amin dahil glass ang wall niya na malapit sa balcony.

"Come inside. Magpalit ka muna."

Tahimik kaming naglalakad habang parang kuala naman akong nakapulupot sakaniya. Kanina niya pa ako sinasaway na tanggalin yung mga braso ko sa kaliwang braso niya pero hindi ako nakinig at nagpatuloy lamang sa pagkakayapos sakaniya--- I mean sa braso niya lang.

"Wait----"

"I'm gonna get your clothes, Miss Montero. Mamaya kana ulit lumingkis." Matamang saad niya matapos putulin ang pagrereklamo ko sana ng tanggalin niya ang pagkakahawak ko sa braso niya. Ramdam kong uminit ang mukha ko dahil sa sinabi niya pero wala na akong magagawa pa, I really have a phobia.

Though, it is not a phobia of the dark or nyctophobia.

"Here. You can change now in the bathroom." Napapitlag ako sa boses niya ng bigla nalang siyang lumitaw sa harapan ko na may dalang mga damit.

"Bathroom? Samahan mo ako Ma'am." I said while pouting kahit hindi niya nakikita. Hindi ko kayang magpalit ngayon sa bathroom niya lalo na at nag-iisa ako.

"What? You can change on your own, Miss Montero." Saad niya at umupo sa tabi ko kaya nalanghap ko yung natural vanilla scent niya dahil mukhang bagong ligo lang din siya. "Go now."

"But---, I c-can't." I lower my head and pressed my hands together when I felt that it is starting to shake. I close my eyes firmly when flashbacks from the past started to come up.

"Fine. I'll come with you, but, tell me why did the head security let you know my exact address." Agad akong tumango at pumayag sa kondisyon niya kaya mabilis din kaming nakarating sa comfort room.

Tanda n'ya pa pala ang ginawa kanina noong head security.

I glance at her. Nakatalikod siya habang nagbibihis ako pero nakatapat sa akin yung flashlight niya. She just gave me a pair of pajama and undies na mayroon pang price tag pero yung pang-baba lamang ang isinuot ko.

"Ma'am, okay na po." Sumandal ako sa may sink matapos kong makapaghilamos muli at ng lumingon sa

akin si Ma'am ay agad kong napansin na dumako ang tingin niya sa bra na hawak hawak ko.

"You're not gonna wear it?"

"Hindi po ako nagb-bra sa gabi." Simpleng sagot ko saka lumapit sakaniya. I immediately put my arms around hers at iginiya na siya papuntang bed. Nang makahiga na siya ay napako ako sa aking kinatatayuan dahil ngayon ko lamang napansin ang suot niya.

Damn it. Naka-nighties lamang siya.

I gulped multiple times before avoiding her body and lay beside her. Hindi naman niya ako sinaway dahil hindi niya ako mapapaalis dito kahit anong mangyari.

"Start." I cleared my throat after she commanded me to start. May kondisyon pa nga pala siya na kailangan kong gawin, akala ko naman nalimutan na niya.

"My grandparents are the owner of this place that's why Evans, the head security, let me in?" Hindi siguradong sambit ko at agad napangiwi ng humarap siya sa akin kaya ang nangyari, magkaharap na kami habang nakatagilid ng higa.

"Anak ka ni Mrs. Ramirez?" Hindi makapaniwalang tanong niya pero hindi halata dahil mukha lang siyang nagtatanong ng simple question. Nakikita ko siya ng ayos dahil na rin sa flashlight niya na nasa side table. "Doctora Zeah Ramirez are the co-owner of this village, right?"

"Opo." Simpleng sagot ko. Si Doc. Zeah rin ang doctor ng anak niya kaya siguro kilalang kilala niya si Mommy. "Close po ba kayo?"

"A li'l bit." Kita sa mga mata niya na may gusto siyang itanong ngunit kita rin ang pag-aalangan rito. Siguro ay yung common question na lagi kong natatanggap ang nasa isipan niya tuwing may nakakakilala sa magulang ko.

"My parents got divorced kaya po Ramirez na si Mommy and not Montero." I said and smile a little when her hazel brown eyes met my deep blue green eyes. "Si T-tito Andrew yung new husband niya that's why she became a Ramirez also." I explained and explore her soulful orbs. Bumaba ang tingin ko sa ilong niya pababa sa labi.

"Technically, you're one of the owner of this village." She stated pero ngumiti lamang ako.

This village is mine. Sa grandparents ko ito and it is name after me. Sa ngayon ay yung secretary ko ang naghahandle nito dahil nag-aaral pa ako at ayaw ko pa talagang makialam sa negosyong iniwan nina Lolo at Lola. As you can see, ako talaga yung paborito nila kahit may iba silang apo kay Mommy. Ako yung una, e, kaya siguro ganon. Hindi lang naman kasi sila abogado at prosecutor, they are also businessman. Ang dami tuloy nilang business na iniwan na ngayon ay pinapamahalaan noong asawa ni Mommy. But I would take over it on time because I have all the rights on it pero hindi ko pa sure kung gusto ko ba talagang ihandle yon.

"Ma'am? Hindi ka po takot sa dilim?" I asked and place my hand below my cheek. "Ako kasi hindi."

"Oh really? Hindi ka takot?" Mapaghamong tanong niya habang mataray na naka-arko ang kilay. "You just bumped into me because you ran after the light comes out?"

I pressed my lips together before biting it. Hindi man halata pero talagang inaasar ako nitong si Ma'am.

"I'm not afraid of the dark--"

"Because you're afraid to the ghosts." She then let out a small playful smirk dahilan para mas lalong dumiin ang pagkakakagat ko sa ibabang labi ko.

"I am. I have phasmaphobia." Matapang na saad ko saka ngumiti ng maliit. "I am so afraid to the ghost so don't be a ghoster, Ma'am. Panagutan mo ako." I chuckled when I saw how she rolled her eyes at akmang tatalikod na sa akin ng inilapit ko ang sarili sakaniya at ipinatong ang braso sa maliit na bewang niya. "Have you ever try modelling?"

"In high school days." She answered in her usual voice. "You?"

"Hindi pa pero kung magmomodel ako, gusto ko yung daring ang theme, Ma'am." My eyes sparks after I saw how her eyebrow arc in awe. "Alam mo 'yon, Ma'am? Pwede naman siguro ako doon ano? Sexy naman po ako--"

"Are you literally saying that you want to do it like the theme for men magazine?" Kunot noo'ng tanong niya kaya napangiti ako at amuse na tumingin sakaniya.

"Nope. I just wanna try it tapos sayo ko lang ipapakita at ibibigay." Mas lalong lumawak ang ngiti ko nang mas lalong kumunot ang noo niya hanggang sa hinawakan niya ang kamay kong nasa bewang niya. I suddenly frozed at the moment when her hand started to massage mine habang hindi niya pinuputol ang titigan naming dalawa. "M-ma'aam."

"Your hands are shaking." She said plainly and get my hand up saka niya ito ikinulong sa dalawang palad niya. "There's no ghost in here, I swear." I caught her teasing smile before it got lost kaya wala sa sariling napangiti ako ng totoo.

"Ma'am? How many ex do you have?"

"None." She utter and take a glance at me before placing my hand in between her hands and take it in front of us. Bale nasa gitna namin ito ngayon. I smiled to the feeling it brought and after few seconds, I just found myself intertwining our hands.

For some reason, nagpapasalamat ako na naflat'n ako nang gulong ng kotse because I've got to know where her house is. I never imagine that I would spend the night with one of my professor but really, everything that I never imagine I would probably do are happening since I met her. The feelings, the vibes, and of course, the experience and memory.

"Bakit wala? Si hubby mo lang po ang naging jowa mo?" I curiously asked.

"Hubby? Do you mean, Seth?" I nod my head at nginitian siya ng makitang nakatitig lamang siya sa akin. "I prefer not to answer your question."

Hindi ko mapigilang sumimangot sa naging sagot niya saka siya muling tiningnan sa mga mata. Twing tumitingin talaga ako sa mata niya ay hindi ko mapigilang hindi titigan ang labi niya. It seems like it is always attracting me.

"C'mon, get some sleep."

"Are you sleepy again?" Puna ko dahil parang lagi siyang inaantok. Mukhang sleepy person siya which is very me sometimes. Minsan kasi ay halos buong araw ako matulog lalo na kapag malungkot o may

iniisip ako.

I saw that she nod her head slowly and after it, she close her eyes.

I smile at the sight of her saka dumukwang at pinatakan siya ng isang magaang halik sa noo. She opened her eyes once again but I just smile at her kahit maging ako ay naguguluhan sa aking ginawa.

It's really odd.

"Sleep now, Miss Montero." Utos niya bago muling pumikit. She's using her bedroom voice now kaya parang mas lalong naging kaakit akit ito sa pandinig ko.

"Good night, Ma'am Sav." I said and held her hair using my free hand. She just nod as a respone hanggang sa mapapikit ako at napangiti dahil ng makakatulog na sana ako ay saka ko narinig ang malambot na tinig niya.

"Good night, Zajei."

Sabi na nga ba, worth it maflat'n ng gulong.

Chapter 17

Zajei's POV

Bahagyang napamulat ako ng mata nang maramdaman ko ang init na tumatama sa mukha ko. I slowly open my eyes and let it adjust first before my vision got clear enough.

I look around and notice that the room wasn't familiar with me. It is painted with pastel color. Everything is a combination of blush and gray. It is well organized also, all of the things are in right places.

I frowned. My room was painted with gray and furnitures are either black or brown so kailan pa nagkaroon ng kulay pink sa kwarto ko?

I stood up and walked towards the door where I think the bathroom are located at tama nga, ito nga ang banyo. While I'm preparing myself, I am slowly recalling what happened last night kaya naalala ko na andito nga pala ako sa kwarto ni Ma'am pero parang ang aga naman ata niyang magising?

7 am palang pero wala na agad siya sa tabi ko. Pero okay lang yan, baka nag-luluto lang ng breakfast ang misis ko.

Kidding.

Nang matapos ako sa paghihilamos at pagt-toothbrush ay lumabas na ako at agad nanlaki ang mata ko when I saw a women standing in front of me, facing where the bed is. Nakapamewang ito at tinatap ang kanang paa sa sahig, causing a little sound.

"Come on, think where did she pl---"

"Oh my fvcking goodness!!!!!" Irit ko when she face me. "Damn! You fvcking ghost! What are ya doin' here?!" Halos himatayin ako sa kinatatayuan ko nang lumakad ito papalapit sa akin habang nakatingin ng deretso sa mga mata ko.

Damn it!

"D-don't get closer! I'm w-warning you." Nanginginig na sambit ko bago ipinosisyon ang sarili in a fighting stance para in case na lumapit siya ay masisipa ko na agad siya--- teka nga! Hindi ba hindi ko naman mahahawakan ang multo? Damn, ang bobo mo Zajei!

"What's happening here?" Agad akong napatakbo sa direksyon kung nasaan ang nakabukas na pintuan at nagtago sa likod ni Ma'am. I immediately see her unsteady breathing, she looks like she have been in a rush. "Why did you scream?" Baling niya sa akin at hinawakan ang braso ko saka itinabi sakaniya pero bumalik lang ulit ako sa likod niya.

"May m-multo, Ma'am." I said in a hush while burying my face in her back, trying not to look where the ghost is.

"Ghost?" I nod at her back at alam kong naramdaman niya ito. "I can't see any ghost, Miss Montero." Seryosong saad niya kaya napaangat ako ng tingin pero agad din akong napatalon sa gulat ng makita ang babaeng maitim ang mukha tapos sobrang puti na nakawhite dress sa harap namin.

"Ma'am bulag ka ba? Ayan ah, nasa harapan po natin 'yang multo--"

"Hoy impakta ka! Anong multo ha?" That soothing voice lingers on me kahit na mukhang iritado ito dahil dinuro duro niya pa ako. "Sa ganda kong 'to tatawagin mo lang akong multo? Are you blind?! You dumb bitch!"

"Hoy putangina ka! Don't you ever say that you're beautiful! Ako lang ang maganda rito kaya shut your freakin' mouth, slapsoil!!" Pakikipagbardagulan ko rito saka siya inismidan.

"What's slapsoil? Is that hampas lupa?" Takang tanong niya.

"Oo. Mukhang hinampas ka sa lupa. Napakapangit mo! Ang pangit pangit mo!" I bitchly says and rolled my eyes on her.

"Hoy tangina mo ah! Makapagsabi kang pangit ako, akala mo naman napakaganda mo. Hoy mareng mukhang naligo ng kojic at gluta, mukha kang espasol na amerikana--"

"Stop it." Her serious voice cut that ghost off. Sinamaan ko ng tingin ang babaeng masama rin ang tinging ipinupukol sa akin saka ako mataray na inirapan. Akmang tataasan ko siya ng gitnang daliri nang balingan ako ni Ma'am ng tingin kaya agad kong ibinaba ang kamay ko. "Sven, bumaba kana. Shan is waiting for you downstairs."

Agad tumalima ang babaeng multo pero bago siya tuluyang umalis, inirapan niya muna ako but I just smile playfully at her. Mukhang pikon ang isang 'yon ah.

"And you," the gorgeous like me caught my attention after she spoke. "Go down and call your Uncle. He's been looking for you." And she start walking away kaya sumunod na ako sakaniya pababa.

Nang makapunta kami sa kitchen ay nakita ko agad ang babaeng multo na nakaupo sa isa sa upuan at hindi lang 'yon, katabi niya si Shan na agad napunta ang atensyon sa amin ng Mommy niya.

"Ate Zj!!!" She squels and run towards my direction kaya agad akong napangiti at binuhat siya. "I missed you, Ate."

"And I missed my baby too." I smiled and kiss her cheeks that made her giggle. Ghad, ang cute talaga ng anak ni Ma'am, buti hindi nagmana sa ama niya.

Nakangiting pinagmasdan ko pa si Shan hanggang sa maalala ko ang nangyari kahapon. I softly called her name as she flash a bright heartwarming smile.

"Yes po?"

"What happened yesterday? Are you okay?" I asked that made her nod pero mabilis na tumaas ang kilay ko matapos makita ang galos sakan'yang siko.

"I didn't intend to push her po because I am not up for that but she insult my Mommy. She told me that my Mom doesn't love me that's why she's always busy but I know that is not true. Wala naman po akong plan na patulan s'ya kaya sabi ko nalang bibigyan ko s'ya ng money tapos bumili s'yang utak kasi parang sira na 'yong sakan'ya."

My eyes widen kasabay ng paglagabog ng kung ano kaya napalingon ako sa babaeng multo na muntik nang madapa habang naglalagay ng pagkain sa lamesa matapos marinig ang sinabi ni Shan.

I stiffle my laughs. "Then what did she do, baby?"

Shan grimace. "Sabi n'ya po may pera sila kaya hindi n'ya kailangan ang inoofer ko kaya sabi ko po hanap nalang s'ya ng kausap n'ya."

I can't help but let out a proud chuckles while listening to her dahil mukhang nag-iimprove na s'ya.

Nakukuha na n'ya ata ang mga words ko.

"Baby that's bad." Mrs. Acozta stated in monotone na ikinatigil ko sa pagtawa dahil ang sama ng tingin n'ya sa akin.

I cleared my throat at pilit na tumango.

"Oo nga naman. Bad 'yon 'di ba po Mommy Sav---aray." Igtad ko ng kurutin ako ni Ma'am.

Grabe 'yarn.

"I'm not talking to you." Madiing bigkas n'ya na ikinatawa ng malakas noong isang babae d'yan na mukha namang tanga.

Imbis na makipagtalo pa ay tumahimik na lamang ako at nakinig sa usapan noong mag-ina. Sinasabihan lang ni Ma'am 'yong anak namin na mali ang ginawa n'ya pero dapat daw mag-ingat na next time.

May mali rin naman si Shan pero mas mali 'yong isang bata. Kung pwede lang mangbigwas ng bata ay gagawin ko na dahil ako ang nanggigigil.

Noong bata ako ay walang nakapang-away sa akin kahit isa kasi lalapit palang sila ay may ten bodyguards na agad na susulpot bigla.

"Kawawa ka naman hindi ka baby ni Ate Sav." Pabulong-bulong na ani nitong babaeng multo.

I rolled my eyes.

"Kawawa ka naman mukhang pinagtripan ka lang ni Lord." Balik ko.

Mataray na hinampas n'ya ako pero inambahan ko lang s'ya ng suntok kahit na buhat buhat ko si Shan.

"Isa kang malaking sagabal sa buhay!" Pasigaw na bulong n'ya na ikinangisi ko.

Pikon.

"Isa kang malaking bwa."

Her face contorted.

"Bwa?"

"Bwakananginamo." Malutong na bigkas ko.

I loudly let out a laugh kasabay ng pagw'walkout n'ya. I just continue to laugh hanggang sa mapatingin sa akin sina Ma'am at Shan.

Sa tingin ko ay nagpunta s'yang kitchen para kunin ang iba pang dish.

"Why?" Clueless na tanong ko dahil halos iisa ang ekspresyon nilang dalawa.

"You had a fight with my Tita po?" Tanong nitong bata na ikinailing ko.

Nagbabantang pinadalhan ako ng tingin ni Ma'am kaya napaayos ako ng tayo at ngumiti ng alanganin.

Napakastrict ng asawa ko. Sainyo na nga lang.

Charr.

Hindi nga 'yan sa'kin, eh. Malay ko ba kung kanino 'yan. Napulot ko lang 'yan sa may kanto tapos naawa ako kaya kinupkop ko na.

Just kidding.

Minsan gusto kong tanungin si Ma'am kung single ba s'ya at kung papayag s'yang ireto ang sarili n'ya sa akin. Ang pangit namang tingnan kung ako lang ang gagalaw 'di ba? Mag-ambag naman s'ya.

"Sit down. We'll eat."

Imbis na tumalima ay niyakap ko lang si Shan habang pasimpleng nililingon si Ma'am na nagtitimpla ng gatas ata. Hindi rin naman nagtagal ay bumalik na s'ya pero kasama na iyong babaeng pangit.

She glared at me as if telling me to sit down pero hinaharot harot pa ako ng anak n'ya kaya hindi ko magawa.

After palang namin magharutan ni Shan ng ilan pang minuto ay saka palang ako umupo kasama siya dahil tapos naman nang ihanda ang pagkain sa lamesa. Pansin ko palang maging si Shan ay nakaputing bestida kagaya roon sa multo na tahimik lang sa tabi ni Ma'am.

I wonder what's their connection? Hindi naman sila magkamukha pero medyo may hawig yung babae kay Shan na ngayon ay nakaupo sa lap ko habang kumakain kami. Hindi ko naman siya sinusubuan dahil kaya naman daw niya.

"What?" Taas kilay na tanong ko kay multo nang makitang nakatingin ito sa akin matapos kong uminom ng tubig.

"Ang pangit mo." She said and shrugged her shoulders off.

"Mas pangit ka, 'wag kang papatalo--"

"Stop arguing in front of the foods." Saway ni Ma'am then she glared at us kaya napatahimik kami. "Miss Montero, she's Sven Acozta. Sven, she's Zajei."

"Hello, reindeer." Nakangising bati ko at kitang kita ko ang pag-irap nito bago inumin ang apple cider na nasa harap niya.

"Ate Zj, hindi po ba parang siya si Sven in frozen?" Tila nagliliwanag ang mga mata ni Shan while asking me that. I chuckle and smirk wider na lalong ikinasama ng tingin ni Sven the reindeer.

"Yes, baby. Isn't she look like him either? Kapangalan na nga niya, kamukha pa niya." Nang-aasar na tumawa ako pero agad ding napatigil when she threw the fork in my direction.

"If I would be Sven, then you'll be Olaf dahil sa puti mo." Irap nito pero mas tumawa lang ako at lalong lumakas ang loob kong asarin siya ng maging si Shan ay tumawa rin.

"Wala namang nagtanong." I playfully utter and wink at her pero inambahan niya lang ako ng suntok.

Ngayong wala na siyang suot na mask, kitang kita ko na ang mukha niya. Ewan ko ba sa babaeng 'to, umaga naglalagay ng peel off mask sa mukha. Kulay black pa kaya sinong hindi magugulat kanina? Nakaputing dress ba naman siya tapos white heels and mind you, ang ganda ng pagkakaayos ng buhok niya into messy bun pero may suot suot na mask? Mukha siyang multong naliligaw.

"Damn--"

"Sven." Nagbabantang puna ni Ma'am kaya napaayos ng upo ang isa. "Your calligraphy pen is in the drawer in living room. Not on my room." Sambit ni Ma'am kaya mahinang napatango ang huli.

Sa buong duration ng pagkain namin ay hindi maiwasan ang bangayan sa pagitan namin ni Sven. Parang tanga ba naman, sabi nang sabi na bakit daw parang hindi ako ang ikinekwento ni Shan. Sa kwento raw noong bata ay sobrang ganda ko tapos sa personal naman daw ay napakapangit. Kung hindi ka ba naman mainsulto.

"So you can play Archery?" Tanong ni Sven ng makapunta kami sa living room. Pati si Ma'am ay na andito dahil ayaw siyang paalisin ni Shan sa tabi niya. They are just cuddling in the long couch habang nasa single couch kami ni Sven, mind you, magkalayo ang upuan namin.

"Yeah. Gusto mo ibullseye ko 'yang mata mo para makita mo kung gaano ako kaganda?" Ngising saad ko saka ngumising aso.

She just cringing wannabee look at me kaya mas lalo akong natuwa sa reaksyon niya. Kung titingnan mo talaga siya ay mukhang inosente pero daig pa ang machine gun sa talas ng bibig niya. Imagine, yung boses niya parang naghehele tapos mumurahin ka nang napakalutong? Ang sarap tuloy niyang asarin kasi nakakatuwa ang accent niya kapag nagmumura.

Mas malambot ang boses niya kay Ma'am dahil yung kaniya parang bata talaga pero yung kay Ma'am ay ang seryoso kahit na soft-spoken siya.

"Feeling kupido." Bulong bulong niya pero rinig na rinig naman naming lahat.

"Feeling maganda." Pasaring ko rin saka ngumisi. "Don't look at me like that, you might fall."

"You wish. Wala akong mapapala kung ikaw lang din naman ang magugustuhan ko." She hissed and cross her arm above her chest that made me chuckle mentally.

Kapag si Ma'am nag-cross arm, nakakainsecure pero kapag itong reindeer na 'to, feeling blessed ako. Halos same size lang ata kami, e.

"I don't fall so you better hold on to your words."

"Mommy, are they fighting?" Napatingin ako kay Shan ng bigla itong magsalita. She's curiously looking her mother that is shooking her head after glaring at me and Sven. "Then, why do Tita Sven looks irritated?" Muling tanong nito na ikinangiti ko ng palihim.

So the reindeer is already piss.

"They are just. . . teasing each other." Kumpyansang saad ni Ma'am saka muling niyakap ang anak dahil nakahiga naman sila sa couch.

"Baby, sabi mo sakin maganda yung Ate Zj mo, e, bakit mukhang foreigner na ipis 'to sa personal?" Kumunot ang noo ko habang pinapakinggan ang tanong ni Sven.

Sa lahat talaga, siya lang ang tumawag sa akin na ipis. Tangina ang ganda ganda ko tapos foreigner na ipis lang?! Sarap namann nitong ipakuha kay Satanas.

"Tita, Ate Zajei is beautiful. Gorgeous pa nga po siya sabi niya."

"Ang galing mo naman magdala ng bangko, Saje." Sven playfully said and wiggle her eyebrows but I just glared at her, deadly.

"It's Zajei, not Saje!" Inis na pagtatama ko sa maling pronunciation niya ng pangalan ko. Ginawang tagalog na tagalog ng abno, eh ang ganda ganda ng pangalan ko like me. "Ayos ayusin mo nga ang dila mo, Seven--"

"It is Sven!" This time, siya naman ang halos patayin ako sa tingin niya. "Gosh, ang pangit mong kabonding."

"At sinong may sabing kabonding kita?" Taas kilay na tanong ko saka umismid.

Ang sarap maging bitch dito sa babaeng 'to. Wala na akong pakialam kung kapatid pa siya ng asawa ni Ma'am dahil kung yung kapatid niya nga binabash ko, siya pa kaya.

"Pito. Pito. Pito. Pitumpu't pitong Sven Acozta na hinayupak ang isa." I said, chanting.

"Your words, Ms. Montero." Saway ni Mommy--- este ni Ma'am. Nakalimutan kong andito nga pala siya dahil ang tahimik niya lang.

"Yan, ang pangit kasi ng lumalabas sa bibig mo."

"At least hindi pangit ang bibig ko." Rebut ko pero umirap lamang si Sven. "Ang hilig mong umirap, hindi mo naman ikinaganda."

"Ang ingay mo, dati ka bang reporter?" She asked, brows furrowed.

"Hindi. Dati akong dyosa." Nakangising saad ko saka siya kinindatan. Nakita ko ang pamumula ng pisnge niya kaya lalong lumakas ang loob ko.

"Oh really? Pwede ba kitang gawing dyosa ko?" She asked, challengingly.

"Bakit? You need my beauty?"

"No. I need you." Tila hindi gumana ang mga turnilyo ko sa utak after she finish her statement but later on, I find myself laughing out loud habang hinahampas ang arm rest ng couch.

"Last mo na 'yon ha. Ang pangit mong bumanat, mare." I said whule wiping the tears on my right cheek. "Gusto mo ba ng flirting tutorials? Iseseminar kita." Hindi ko mapigilang ngumisi at tumingin ng mapaglaro sakaniya pero nakasandal lamang siya sa upuan at bahagyang namumula.

"Tita Sven, you like Ate Zajei?" Magiliw na tanong ng bata kaya muling nabalik ang atensyon ko sakanila ng nanay niya na nakapikit lamang at parang walang pakialam sa paligid maliban sa anak niya.

"Yeah. I like---"

"Ms. Montero, you should go home now." Putol ni Ma'am saka idinilat ang mga mata at pinukulan ako ng malalamig na tingin. "He's been looking for you, kanina pa."

I slowly nod and immediately get what she's trying to imply. She slowly get up and place her daughter on top of the couch.

"Follow me upstairs." Then she start walking after excusing herself and kissing her daughter's forehead.

Tatayo na sana ako at susunod sakaniya nang marinig ko ang tanong ni Shanen kay Sven, ang pambansang usa.

Papalitan na n'ya si Rudolph sa future. Naiimagine ko na 'yan.

"You like her nga, Ate?" Tanong nito.

Nakatayo lamang ako at inaantay ang sagot ni Sven na ngayon ay katabi na ang pamangkin niya. She looked at me first before looking through me, tagos na tagos ang tingin niya.

"Yeah. Of course, gusto ko siya. . . *I really like to punch her hard."* She just whispered her last words pero rinig ko naman dahil halos nasa tapat lang nila ako.

I bend down a little and smirk playfully at Sven and says, "I really like---"

"Miss Montero." I literally frozed on my position when her cold serious voice lingers on me. "I said follow me, ain't I?"

Napatayo ako ng tuwid bago irapan si Sven. Gusto ko lang din naman sabihin na gusto ko rin siyang suntukin pero bakit kailangan akong putulin ni Ma'am?

Nakasimangot na humarap ako kay Ma'am na nasa pangatlong baitang na nang hagdan. She's crossing her arms and syempre, may nae-emphasize na naman dahil naka fitted shirt jersey shirt siya.

I cleared my throat before walking after her na mukhang pabalik na sa kwarto niya. Tahimik lang ako dahil pinag-iisipan ko pa kung paano mabubwisit si Sven mamaya.

"Is that all?" Tanong ni Ma'am ng makalabas ako ng banyo niya. Pinagpalit niya kasi ako ng damit at pinakuha na niya kanina ang gamit ko sa kabilang kwarto dahil nga raw kailangan ko nang umuwi. Nasa condo ko na raw kasi si Uncle, hinihintay ako.

"Opo."

"Let's go." She stood up and start walking again kaya sumunod ulit ako. Para tuloy akong nagiging aso na nakasunod kay Ma'am sa kung saan man siya pupunta.

"You'll leave na po, Ate?" Malungkot na tanong ni Shan when we reach the living room and saw them playing with each other.

"Unfortunately, yes." Sagot ko saka lumapit sakaniya at hinalikan ang ulo niya. "I'll miss you." I said and ruffle her hair na ikinatawa lang nito.

"I'll miss you, too. . ." She paused and held her chin after she hug me. She look at her mother at my side, eyes sparkling. "Mommy! I want Ate Zj to be there in my birthday party, can she?"

"Baby, next month pa ang birthday mo." Mrs. Acozta said in her usual voice, the soft spoken one.

"But I want to invite her now po."

I looked at my professor beside me and smile at her then kneeled in front of Shan para magpantay kaming dalawa. I fix some strand of her hair and gently pinch her cheeks.

"When is your birthday, kiddo?" I asked.

"Exactly one month from this day po." Magalang na sagot niya kaya agad akong napaisip kung may gagawin ba ako next month and thankfully, I have not. . . yet.

"Okay. Ate will be there, copy that?" Nakangiting saad ko na ikinaliwanag ng mukha niya. She happily nod and salute afterwards.

"Copy, commander." Then she salute and giggle. I can't help not to smile genuinely due to her cuteness. "I'll expect you to be there, Ate."

"I will."

"Ate Sav, 'yan nalang kunin mong clown sa birthday ni Shan." Singit ni Sven kaya napatayo ako ng maayos saka siya nginisian.

"Nah. No thanks." Tanggi ni Ma'am kaya madamdaming tumingin ako sakaniya at lumabi.

"Ouch, pighati." Then the devil laugh out loud. "Rejection to be the clown 101." Dugsong ni Sven kaya napairap na lamang ako.

Ang lakas mang-asar ng babaeng 'yon, pikon naman.

"Tara na." I nod at Ma'am before saying goodbye to Shan. Nag-irapan lang naman kami ni Sven saka ako sumunod palabas kay Ma'am.

Ayon naman sakaniya ay doon muna sina Shan sa bahay niya hanggang mamaya. Suspended din ang pasok ngayon pero hindi na umuulan, prankster ang bagyo.

"Seatbelt." She reminded when she started the engine of her car. Agad ko namang isinuot ang seatbelt saka siya binalingan ng tingin. "What?" She asked on monotone after she recognized that I'm staring at her the whole time.

"Bakit ang ganda natin ngayon?"

I've got no response from her. Instead, she just silently drove hanggang makalabas kami ng village. Tahimik lang siya, as usual. Pero ako? Naiintimidate ako ngayon sa katahimikan niya because I felt that there is something off from her. Mukhang bad mood na naman siya.

"Ma'am? Hahatid mo talaga ako?" I stupidly asked the obvious causing for her to send death glares at me dahil naka-red naman. "Hatid nalang ulit kita pabalik Ma'am para quits tayo."

"Shut up, Miss Montero."

"May jowa po ba si Sven, Ma'am?" I curiously asked. Wala kasi akong maisip na topic kaya si Sven the reindeer nalang.

"Why don't you ask her?" She said seriously at pinaandar na muli ang sasakyan kaya hindi na niya ulit ako natitingnan pa.

"Anla, mumurahin lang po ako no'n."

"Isn't she likes you?" Tanong niya na walang mababakas na kahit ano sa boses dahil plantyadong plantyado ang tono niya.

"Huh? Ako? Crush non? Kadiri, Ma'am." I cringe at that thought. Hindi naman pangit si Sven pero dzuh! I'm straight.

"She said it earlier, didn't she?"

Tangina, akala ko talaga iiwan ako no'n.

Nang makalabas siya ng sasakyan ay ngumiti ako sakaniya pero inirapan niya lang ako. Tahimik lang

kaming naglakad papasok ng restaurant na para palang mini-bar dahil may mga band pa na nagpeperform. Ngayon lang talaga ako nakapunta rito dahil minsan lang naman ako kumain sa labas, madalas kasi ay sa lamesa talaga ako kumakain.

"Good evening, Ma'am." Bati noong waiter na tinanguan lang namin ni Ma'am dahil mukhang parehas kaming may iniisip.

"That's all?" Tanong ni Kuyang waiter kaya tumango ako. Prenteng nakaupo lang naman si Ma'am dahil bahala na raw ako kung anong oorderin.

Buti nalang wala siya sa menu kaya hindi siya kasama sa orders ko.

"The vocalist keeps on staring at you." Biglang sabi ni Ma'am kaya napalingon ako sa nagpeperform mula sa pagkakatitig sakaniya.

The vocalist immediately smiled at me kaya ngumiti rin ako pero agad napawi noong may narinig ko ang medyo may kalakasang pagbagsak ng baso sa marble table.

Inosenteng napatingin ako kay Ma'am pero inirapan niya lang ako at nag-cross arms. She raise her left eyebrow na ikinataas ng gilid ng labi ko.

I wink at her pero mas lalo lamang umarko ang kilay niya kaya hindi ko na napigilang kagatin ang ibabang labi ko to suppress my laughs.

I really look so fascinated by her.

Patuloy lang kaming nakatitig sa isa't isa hanggang sa may kumalabit sa akin kaya naputol ang titigan namin pero bago 'yon, I saw how she rolled her eyes.

"Excuse me po, Miss. . . I just want to invite you for a quick jamming? One song will do." The boy asks which is the vocalist earlier kaya tumingin muna ako sa kasama ko na parang bored na bored na nakatingin lamang sa kuko niya.

I nod my head at agad naman siyang napa-fist bump sa ere kaya napangiti ako.

Nag-excuse muna ako kay Ma'am pero tiningnan niya lamang ako saka tumango.

"What song?" He asked after he get an acoustic guitar.

One of my hobby is singing but I don't play any instruments. Pakanta kanta lang ako pero hindi ko talaga sure kung maganda ba talaga ang boses ko.

Sinabi ko muna ang song na gusto ko at agad naman silang sumang-ayon.

When they start playing the instrumental part, agad nang napako ang tingin ko sa babaeng nasa dulo. She's sitting and looking directly at me kaya ngumiti ako sakaniya.

Hiding from the rain and snow
Trying to forget but I won't let go
Looking at a crowded street
Listening to my own heart beat

So many people all around the world
Tell me where do I find someone like you girl

I sang while looking at her. I saw how her eyebrow raise kaya napangiti ako lalo na noong humalukipkip siya at nakatingin lamang sa akin na tila walang pakialam sa paligid.

Take me to your heart, take me to your soul
Give me your hand before I'm old
Show me what love is, haven't got a clue
Show me that wonders can be true

They say nothing lasts forever
We're only here today
Love is now or never
Bring me far away

I never imagined that I would ever be attracted with the same gender as mine. Ang alam ko talaga straight ako because I used to flirt and likes men but I don't fall in love with them. I haven't feel something with them. Trip trip ko lang sila pero wala akong sineryoso.

And now that she came, parang nagulo lahat. Wala naman siyang ginagawa sa akin pero ang lakas ng tama ko sakaniya. She's the first woman I ever flirt with. Mula noong nakilala ko siya when she walked straight on our room until now.

Take me to your heart, take me to your soul
Give me your hand and hold me
Show me what love is, be my guiding star
It's easy, take me to your heart

Until I finished singing the song, hindi naalis ang tingin ko sakaniya. I smiled when I sang the last line saka nagpaalam sa mga kasama ko kanina na bababa na. They just nodded and smiles at me saka nagpasalamat.

"Tingin ka nang tingin sakin, Ma'am. Crush mo na 'ko nyan?" Asar ko sakaniya when we start eating. Palingon lingon kasi siya sa akin and trust me, it is sending electricity on my spine.

"Assuming." She utter that made me chuckle.

I take a sip from my beverage before wiggling my eyebrows at her. I also smiled sweetly pero mataman lamang siyang nakatingin sa akin matapos tumigil sa pagkain.

"What kind of spell did you use on me? Why I'm so fond of you?" I asked unconciously saka ipinatong ang kaliwang kamay sa kamay niyang nasa ibabaw ng lamesa.

"What do you think of me? A sorcerer that use some spells?" Mataray na saad niya kaya napangiti ako at napakagat sa ibabang labi.

Gods. Bakit ba ganito siya? This isn't my first time encountering someone with this attitude pero iba talaga kapag siya na ang nagtataray and in fact, I like it more when she's being grumpy than serious or cold.

She seems unreachable everytime she's being like that. Parang ang hirap niyang abutin kapag sobrang

ilag na siya sa mga tao because it's adding more aura on her intimidating facade.

"I'm confused." I mumbled under my breath while staring at her. Patapos naman na kaming kumaing dalawa pero hindi ko talaga mapigilang hindi tumingin sakaniya.

"Saan?"

"Sa lahat." Sagot ko at pinagsiklop ang magkabilang kamay.

"Then figure it out." Paga-advise niya pero umiling lamang ako at ngumisi.

How can I fvcking figure it out? Eh mukhang tinamaan ako ng putanginang palaso ni kupido?

Pero hindi ba, hindi ba naman counted kapag crush mo lang naman 'no? Tama crush ko lang naman siya, hindi ko siya mahal at hindi ko dapat siya mahalin.

It's wrong in the eyes of law and of course, mali rin 'yon sa mata nang Diyos. Ang sabi ko dati ay isasama ko lamang siya sa mga prayers ko, hindi siya ang magiging laman ng prayer ko.

Pero may pinagkaiba ba? Parang wala din naman aside from the fact na takot talaga ako sa beliefs ko. I'm getting against it pero wala akong maramdamang mali. I'm a religious person but I don't have a narrow mind. . .pero ngayon, shit, alam kong mali pero hindi ko mapigilan.

Ayokong gawin pero ipinagpapatuloy ko pa rin.

This is against my principles but here I am, adoring her more than what I should because of the growing attraction I had for her. Baka nga hindi nalang attraction dahil sa sobrang daming distraction ang ginagawa ko ay hindi ko na magawang idistinguish kung gusto ko pa nga lang ba s'ya o kung ano.

I sighed.

"Have you remember the day that I said that if I would fall for you, you should file an annulment to your husband?" Tanong ko while having a sly smirk in my lips.

"Of course, I do."

"Will you please say it again?" I said and bit my lower lip. Parang ang ganda kasi nang dating noong sinabi niya sa akin.

"Ayoko." She then said and sip at her watermelon shake.

"Damot. Uulitin lang, eh." Nakalabi kong saad pero seryoso lang niya akong binalingan ng tingin at umiling.

"Kapag ba Ma'am ikaw hinarot ko, mahuhulog ka ba?" I asked after few seconds. Parang hindi kasi ako makakatulog kung hindi ko iyan maitayanong sakaniya.

She frowned and her brows furrowed before wiping the side of her lips.

"No? Why?" Naguguluhang sagot niya na ikinabuntong hininga ko.

"Namimiss ko nang humarot." O said problematically kahit hindi naman iyon ang totoong dahilan.

Though, partly pala ay iyong ang dahilan. Ang tagal ko na kasing hindi nakikipaglandian sa iba. Nagsimula lang naman iyon ng dumating si Ma'am at kahit gusto ko nang humarot ulit ay hindi ko magawa dahil lagi ko siyang naaalala. Mas naging worse pa nga 'yon noong ikinasal kami last foundation week kasi parang naging commited ako sakaniya kahit hindi naman totoo 'yon. Araw araw ko pa namang suot ang singsing niya kaya nakakakonsenya talaga na humarot sa iba.

Punyeta.

"Then flirt--"

"I don't want to flirt around anymore, Ma'am." Putol ko sakaniya saka nag-pout dahil lagi nalang niyang sinasabi na lumandi ako kapag namimiss kong gawin ito.

"Tch. I was about to say that you should *flirt with me*, instead."

"Ha?" My eyes widen upon hearing her statements. Muntik ko pang maibuga sakaniya 'yong iniinom ko pero buti nalang ay hindi ko nagawa dahil ang dugyot ko kung nagkataon.

"Are you really deaf? You're always asking me to repeat what I am saying." Seryosong batid niya saka umarko ang kaliwang kilay.

Pero shett! Hindi ako makamove on sa sinabi niya. Siya nalang daw landiin ko mga mare edi naging kabit ako no'n?

"Ma'am naman, ayaw kong maging kabit mo kapag nilandi kita." Problemadong pahayag ko saka ipinatong ang baba sa isa kong kamay. "Tsaka straight ako, Ma'am."

"When it's come to me, you're straight. But when it is come to Sven, you are not?" Her eyes seems like sending daggers on me kaya nanlaki ang mga mata ko at agad umiling with matching pakumpas kumpas pa nang daliri.

"Ma'am, no way. Kung si Sven lang din naman ang magpapabend sa'kin, I would rather be a nun." Sagot ko sakaniya pero wala akong natamong salita. She's just staring blankly at me kaya napalunok ako ng wala sa oras.

"Ma'am, nakakailang po." I shyly said and pressed my lips together dahil talagang naiintimidate ako sa tingin na ipinupukol niya.

"You would never be a mistress because we won't have any commitment." Wow naman, ang layo nang sinabi niya sa sinabi ko kanina.

Kagaling!

"So, no strings attached po tayo?"

She nod her head and call a waiter for our bills. Agad kong inilapag ang credit card ko nang akmang magbabayad siya kaya ang sama ng tingin niya sa akin. She then handed me a cash pero hindi ko ito tinanggap at tumayo na dahil ibinalik na sa akin ang card ko.

"No string attached lang tayo, Ma'am? That's the only rule?" Tanong ko habang naglalakad kami papunta sa sasakyan niya.

She stop walking and stare at me. Nakayuko siya ng bahagya at nakatingala naman ako. Bukas talaga ay magsusuot na ako ng high heels! Nagmumukha akong pandak sa set up namin, tangina.

"Don't fall in love." She said in her usual serious voice na ikinapikit ko. "Just don't fall in love with me." She whispered like a hush pero narinig ko ito dahil nasa harap ko lang naman siya.

"What if I do?"

"I'm married." Tanging sagot niya pero sapat na para maintindihan ko ang pinupunto niya.

"What if *you* do?" Nakangising tanong ko sakaniya pero I was taken aback when the side of her lips rose up while staring back at me.

"I'm ready for an annulment if I ever, Miss Montero."

I'm not contented.

"It's still cheating, Avey." Malamlam na asik ko na ikinataas ng kilay n'ya. "You're still married."

"And then?" Nanunubok na tanong n'ya.

"It's still considered as cheating. You still have his surname and shared a commitment. What made you think that I'll settle for that?"

Her left eyebrow arch even more but the side of her lips jerk up as well. Her eyes glinted in amusement as it moves gracefully.

"No cheating will occur," she said with finality. "because I'll file an annulment tomorrow."

"That early?" Tanong ko na ikinangisi lang n'ya.

"I've never been late."

I smile. Napailing na lamang ako at sinundan siya pero agad ring napatigil ng bigla siyang humarap kaya halos matumba kami parehas kung hindi ko nahawakan ang bewang niya.

"Gotcha." I said and smirk at her. "I got your back, babe." Maharot na saad ko pero ngumisi lamang siya at tumungo kaya halos magtama ang ilong naming dalawa.

"But you haven't got my heart." Pambabara niya na ikinatawa ko nang mahina.

"Should I have it? Ibibigay mo ba?" Nanghahamong tanong ko pero umarko lamang ang kilay niya kasabay ng pagtama ng streetlights sa madilim na pwesto naming dalawa dahil nga nasa may parking lot kami.

"One thing, Miss Montero," she paused and put her hand at my left shoulder that made me stiffen because of the sudden electricity. "I'm also straight like you."

My smirk turned into a seductive smile before tiptoeing that made our nose touches with one another. I felt her grip at my shoulder na mas lalong ikinalawak ng ngiti ko.

"Then let's bend each other, *Ma'am*."

Chapter 20

Zajei's POV

"Hey no running!" Sigaw ko nang may biglang pumasok na humahangos. Nakabantay kasi ako sa may main door ng building namin dahil bored na bored ako sa room.

Masyado kasing maaga yung dating ko kaya heto, wala pa akong kasama sa room namin sa first subject. 9:00 am pa ang start ng class ko pero alas-otso palang ay pumasok na ako.

Tangina naman kasi, wala akong tulog mula pa kagabi. Pagkahatid kasi sa akin ni Ma'am ay hindi na napawi ang ngiti sa labi ko hanggang makahiga ako sa bed. Pangiti-ngiti lang ako kagabi habang iniistalk siya hanggang sa hindi ko namalayan na umaga na pala.

Punyeta. Dati ay napupuyat ako dahil sa panonood at paglalaro ng mga online games pero ngayon ay dahil na sakanya. Nakakabobo pa kasi hindi siya mawala sa isip ko kagabi, sana ay nakatulog 'yong si Ma'am.

"Hoy, Sven!" Tawag ko kay reindeer na hinihingal sa tapat ko. "Pengeng wanhandred para hindi kita bigyan ng guidance slip."

I mentally smirk when she look up, brows furrowed, while I was just standing in front of her at nakalahad ang kanang kamay.

"Why? Ang aga mo namang mamburaot."

"Because you just disobeyed one of the university rule." I said with authority, well, I'm just trying to be serious para naman kunwari ay ginagampanan ko talaga ang responsibility ko as one of the Architecture executive officer. "So, if you don't want to have a not so good background in the guidance office, give me what I want." I cross my arms and wait for her to speak dahil nakatanga lang siya sa harapan ko habang hawak ang panyo niya.

"Walanghiya. Officer ka?!" Hindi makapaniwalang tanong niya na ikinataas ng kaliwang kilay ko.

"Malamang."

"Ang kurakot mo naman." She murmured that made me frown. Aktong magsasalita ako ng takpan niya ang bibig ko. "Shhh! Don't speak. . . I can't give you a *wanhandredddd* but I can give you something."

"Ano?" I asked ng matanggal ko ang kamay niya sa bibig ko. "Tarantado ka ang dugyot mo. Baka kung saan mo inihawak 'yang kamay mo ha." Maarteng pahayag ko pero halos sabay lang kaming umirap sa isa't isa bago niya ako hinila papalabas ng building.

"Ang arte mo. Sa tae ko lang naman inihawak 'yong kamay ko---"

"Oh, yung sarili mo ba ang hinawakan mo? Mukha kang tae, gurl." Nakangising putol ko sakaniya pero hinampas niya lang ako at hinila papuntang cafeteria.

Makahila naman ang babaeng 'to akala mo naman mawawala ako, eh.

"Libre mo 'ko." I demand.

"Kapal naman ng mukha mo, Saje."

"I know right, Shet." I wiggle my eyebrows pero agad akong napatigil ng samaan niya ako ng tingin.

"Shet?"

"Shete. My own restatement from the Spanish word, *siete,* which means seven. Ang witty ko, 'di ba?"

"Deputang utak at bibig 'yan. Yung totoo? Hilig mo bang gawan lahat ng taong nakikilala mo nang mga nicknames?" She irritatingly says that made me smirk. She glared at me pero mas ngumisi lamang ako at humalumbaba sa harap niya. "From Sven to Reindeer then to Pito and now, Shet? Ano ba talaga, Saje?"

I let out a small chuckles ng tila stress na stress siyang napahilamos ng mukha niya.

Ano bang masama sa mga itinatawag ko sakaniya?

"Why? Do you have problem with that?"

"Oo!"

"Mamroblema ka lang. Keri mo 'yan." Mas lalo akong humalakhak ng habulin ako ng kamay niya para hampasin pero agad akong umiwas at lumipat ng mas malayong upuan sakaniya. "Dami mong say. Ano bang gusto mong itawag ko sayo? Ali? Mosh? Loml? Moo? Or. . ." Pambibitin ko saka ngumiti ng nakakaakit.

"Or ano?" Iritado ngunit namumulang tanong niya na mas lalong ikinalawak ng ngiti na nakaguhit sa labi ko.

"Mootanginamo?"

"Ngongo ang abno." Saad niya pero nakita ko ang pasimpleng pagkagat niya sa ibabang labi para pigilan ang pagtawa.

"Gutom na ako, reindeer." I said nonchalantly saka ngumuso pero tinaasan lamang niya ako ng kilay saka ngumiti ng nakakaasar.

"Pake ko kung nagugutom ka." I automatically rolled my eyes upon hearing her response. "Bumili kang pagkain mo. Hindi naman 'yon ang lalapit sayo para makain mo lang."

"Weh? Eh bakit ka lumalapit sa'kin? Gusto mong magpakain?" I teased dahilan para mamula ang mukha niya na ikinahagalpak ko sa tawa.

"You should've seen your face!"

Ilang minuto pa akong tawa nang tawa hanggang sa tumigil ako dahil nagmumukha na akong tanga. Si Sven naman ay pairap irap lang hanggang sa tumayo siya at nagpunta sa counter para umorder ng pagkain.

Habang wala pa siya ay tiningnan ko muna ang phone ko at nag-instagram. I check the messages first before checking the notifications and I smiled like an illuminati when I saw her name on it.

Sav Acozta followed you back.

Agad kong tiningnan kung online ba siya but sadly, she wasn't. Kanina lang din pala niya ako ifinollow pero ako kagabi ko ginawa habang iniistalk ko siya. Good thing, hindi naka-private ang account niya kaya ang ganda sa mata magscroll sa profile niya.

Knowing that she's not even online, I still chat her para naman may mabasa siyang maganda galing sa magandang tulad ko.

@zj_loure
Good morning, Ma'am.
Miss na kita.
Pero alam kong mas miss mo 'ko.

Napakagat ako sa aking ibabang labi ng bigla siyang nag-online and later on, I saw that she already seen my messages.

@Saviel
Too early for your assumptions, Miss Montero.

Napahalakhak ako nang makita ang reply niya, not minding my surroundings kung may nakakakita ba sa akin o wala. Ano bang pakialam ko sakanila, gusto kong tumawa eh.

@zj_loure
Grabe, wala man lang bang 'good morning baby ko! I miss you so much!"?
Ang sakit mo naman po sa fingers, Ma'am.

Agad akong napangiti ng magreply agad siya. Naks! Sabi na priority ako ni Ma'am kapag ganitong oras. Hindi ako pang-gabi, pang-umaga ako mga mare.

@Saviel
Morning.

Ang bilis niya ngang mag-reply, iisang word naman and take note! May tuldok pa. Tengene nemen si Ma'am paano kami maghaharutan nito kung ganito siya magchat?

@zj_loure
Asan ang 'baby' and 'I miss you'?

@Saviel
Dunno.

@zj_loure
Hanapin ko ba?

@Saviel
Go on.

Hindi ko alam pero sa nabasa ko ay ibang bagay ang pumasok sa isipan ko.

I bit my lower lip and type what I'm gonna say.

@zj_loure
Is it tight inside? Should I still go on or not?

Dahil sa aking reply ay ang tagal niyang nakaseen lang. Hindi ko alam kung dahil ba ito sa sinabi ko o may ginagawa lang siyang iba.

@zj_loure
Ano na Ma'am? Go on pa rin ba?

@Saviel
Ewan.

@zj_loure
Don't worry, Ma'am.
I'll be gentle naman.

@Saviel
Gods. You're crazy.

@zj_loure
So crazy for you, baby.

Ilang minuto pa ang nakakaraan ay hindi na siya muli pang nagreply. She just seen my last message.

Tch.

Naubusan ba siya ng load or internet? Ako na nga ang bahala sa topic naming dalawa dahil mukhang walang aasahan sakaniya pagdating doon pero siya pa talaga ang may ganang iseen ako.

The audacity!

Charot lang.

"Damn." I cursed while gripping at my phone habang nakanguso dahil hindi niya talaga ako nirereply'n!

Papatayin ko na sana ang data ko nang bigla namang tumunog ang phone ko.

@Saviel
Stop pouting.
Look at your left.

Buhat sakaniyang sinabi, mabilis akong napalingon sa kaliwang side ko at agad sumilay ang ngiti sa labi ko when our eyes suddenly met. She's looking at me habang nakaupo ng maayos sa upuan niya kasama si Miss Lia at iba pang Archi at Engr. professor.

@zj_loure
Red is your color, huh.

That's what I said when our eye contact ended. Nakared dress kasi siya ngayon at nakapatong lang sa mga balikat niya ang black blazer niya.

She looks hot in red.

@Saviel
Remove your eyeglasses.

Kumunot ang aking noo ng mabasa ang reply niya. Ang layo talaga niya minsan magrespond sa mga sinasabi ko. She's just so random kaya nakakalito minsan na kausapin siya.

@zj_loure
Why? I look hot with this, Ma'am. 'Wag mo na pong ipatanggal.

Hindi na ulit siya nagreply pagkatapos noon kaya napatingin ako sa pwesto nila. Nakikipag-usap na siya ngayon sa ibang prof kaya hindi ko na muna siya ginulo pa. Kasabay ng pagtatago ko ng phone sa bag ko ay ang paglalapag ng tray sa harapan ko.

I looked up and saw the reindeer irritated face.

"Naiinis kana naman? Lagi ka nalang galit ah." Puna ko pero umupo lamang siya sa harap ko at kinuha ang natitirang pagkain na nasa tray. "Araw araw ka bang nireregla o sadyang gusto mo lang magalit? Which of the two? Mukha kasing kaya ka pumangit ay dahil lagi kang galit."

Kinuha ko na kasi ang iba para naman makatulong ako sakaniya. Ang rude ko naman kung hindi ko siya tutulungan ubusin ang pagkain niya, hindi ba?

I'm just being kind and generous.

"Yung kambal kasi na kaibigan mo, ang haharot. Kanina pa nila ako hinaharot sa counter without knowing that I like peanut rather than eggplant." Halos mabulunan ako sa sinabi niya kaya agad niya akong inabutan ng tubig.

Tangina. Malala rin pala ang bibig nito. Ang hinhin ng boses pero may lahing demonyo rin ang dila.

"Baka kasi type ka, mare." I says at wala sa sariling napangisi ng biglang dumating si Phineas at Ferb. Umupo si Ferb sa tabi ni Sven samantalang sa tabi ko naman umupo si Phin.

"Bakit mo naman kami iniwan doon, sweetheart?"

"Iwwww! Kadiri ka, Phineas."

I am laughing hard while watching them mocking and bashing each other. Tumatawa lang din naman si Ferb lalo na nang sikuhin siya ni Sven dahil inakbayan niya ito.

I know this twin, hindi naman talaga nila gusto si Sven, trip lang. Ganyan din sila sa akin, eh. Kung harutin ako parang mga walang jowa minsan pero kung laitin ako parang ako rin ang pinakapangit na tao sa mundo minsan. Well, fair lang kami dahil nilalait ko rin sila.

"Anong oras na?" Biglang tanong ni Sven kaya halos sabay sabay kaming napatinging apat sa mga orasan at phone namin.

"9:35 na." Simpleng sagot ko pero agad din akong napatayo at napabalikwas ng marealize ko kung anong oras na.

"Tangina niyo, late na tayo!"

....

"Bwisit ka kasi Phineas. Kung hindi niyo sana ako hinaharot ni Ferb edi sana hindi tayo mal-late." Inis na saad ni Sven habang pinaghahampas yung kambal. Tatawa tawa lang naman ang dalawa

"Bakit ba kami lang ang sinisisi mo? Si Zj dapat ah kasi siya ang walang ginagawa kanina--"

"Hoy mema ka. Nakikipagmeeting ako kanina sa mga pagkain kaya hindi ko namalayan yung oras." Ismid ko sakanila saka patuloy na pinaikot ang phone ko sa aking kamay.

Nagsisisihan lang silang tatlo dahil nga nalate kami kanina sa morning class namin tapos para kaming ginisa noong prof namin. Tangina ba naman, kami ang pinagsagot ng lahat ng tanong niya tapos may special project pa kaming apat.

Walang hiya parang siya lang ang subject teacher namin eh ngayon lang naman kami nalate sa klase niya.

"Anong project ang gagawin natin?" Napa-angat ako nang tingin ng marinig ang itinatanong ni Phin.

"Yung sa renovation nalang kaya ng Archi convention room? Sa university namang pera ang gagamitin natin, so tipid na agad tayo do'n. Second, hindi magiging hassle satin yung set up because I'm sure that they will lend us some help." I suggested. Kami kasi ang magde-decide ng project namin na makakatulong sa university para daw hindi kami ibagsak ni Ma'am.

Punyawa wala lang siyang jowa.

"Ang talino mo sa part na 'yan, Zj."

I just smirk playfully at them bago tiningnan ang phone ko dahil nagvibrate ito.

I mentally smiled when I saw her name at my notification bar.

@Saviel
Where are you?

Bago ako magreply sakaniya ay tumayo na ako mula sa pagkakaupo sa field at nagpaalam sa tatlong kumag na nagpipikunan na naman.

Nang makalayo-layo na ako ay saka ko nireply'n si Ma'am.

@zj_loure
Nasa puso mo.

@Saviel
Cringe.
Best mo na 'yan?

Kusang umangat ang gilid ng labi ko nang mabasa ang reply niya. So, she's challenging me?

Mabilis ang mga hakbang ko para agad makapunta sa lugar na tanging laman ng isip ko ngayon. Nang makapasok ako sa faculty building ay inilabas ko ang ilang hawak kong blueprint para kunwari ay magpapasa ako at hindi mag-isip ng iba ang makakakita sa akin na papasok sa office niya.

Ang talino ko.

I knocked and for the third time, saka lamang bumukas ang pinto at iniluwa nito ang babaeng seryoso na naman. I smiled at her saka itinaas ang hawak hawak kong blueprint na ikinaarko ng kilay niya.

"Papasok po ako." Hinging permiso ko kaya niluwagan niya ang pagkakabukas ng pinto. Mas lumawak ang ngiti ko nang makitang hindi naka-on ang laptop niya, meaning, hindi siya busy ngayon.

"Ano na namang ginagawa mo rito, Miss Montero?"

"Binibisita ang mapapang-asawa ko." I giggle at my own statement saka umupo sa couch niya. Sa single couch naman siya umupo kaya halos magkatapat lang din kaming dalawa. "Have you eaten?"

"Hindi pa lunch time." She says after checking her wrist watch.

"Lunch out po tayo?"

"No."

"Let's eat outside?"

She rolled her eyes before giving me a bored look. She shook her head and lean it on her hand afterwards.

"Let me eat with you nalang pero silent yung with." Napakagat labi ako ng titigan niya ako ng mataman saka pumikit at huminga ng malalim.

"If you just came here to say that lame sentences of yours, just leave." She utter and look seriously at my eyes.

"Kakadating ko palang po tapos pinapaalis mo na agad ako." I pouted at tila nagtatampong tumingin sakaniya. "Aalis nalang ako." Tumayo ako at aktong lalampasan na siya ng hindi man lang ito gumalaw sa kinauupuan. Bumalik ako sa harap niya at hinawakan ang magkabilang pisnge niya. "Hindi mo man lang po ako susuyuin? Ayaw mo na sa'kin, Ma'am? May iba na ba? Sawa kana? Hindi na ba ako masarap-dfghjhshdh!"

I can't even form a sentence when she suddenly place her index finger at my lips. She's now standing in front of me at nabitawan ko rin ang pagkakahawak sa mga pisnge niya.

"You're so loud." She commented

Tinanggal niya ang daliri niya sa tapat ng bibig ko kaya agad akong tumikhim at umiwas ng tingin sakaniya ng panandalian dahil nakita ko ang pagsilay ng ngisi sa mga labi niya.

"I'm loud. Wanna prove it on your bed?"

Ang akala ko ay mabubura ko ang ngisi sa mga labi niya pero mali pala. Nanatili itong nakangisi ngunit pati ang kilay lang nito ay umangat at umarko habang nakatingin sa akin.

I slowly walked towards her dahil ngayon ay nasa tapat na siya ng inuupuan ko kanina. When I finally face her, agad tumama ang ilong namin sa isa't isa dahil syempre, nag-heels na rin ako ngayon para magka-height pa rin kami.

"What?" She asked when I got lost in her eyes for a second.

Mas maganda pala ang mata niya sa malapitan. From a far, it really looks like hazel brown pero may shade ng gray yung mata niya and I don't know how does it happen.

It's so fascinating to look at.

"What have you done to me?" I unconciously asked while looking at her face, I am checking every inch of it with my very own precious eyes.

"I am not doing anything. . . *yet*. Don't tell me you're already falling?" Her smirk turns wider when my eyes landed on her luscious lips.

Naka-lipstick siya ngayon kaya hindi ko makita ang natural color ng lips niya which is reddish pink.

"Straight pa ako, Ma'am." I chuckle and smile devilishly before putting my index finger in between our lips saka mas lumapit sakaniya. Mas lalong nagdikit ang ilong naming dalawa hanggang sa naramdaman kong lumapat ang labi ko sa daliri kong tanging humaharang para hindi magdikit ang labi naming dalawa.

I felt that she stiffened that made me smile not until I felt her hand travel at my back, holding me there.

"Your lips may look hot," I paused and had a step back dahil hindi ko pala kaya yung feeling. Parang sasabog yung puso ko kanina sa lakas ng heartbeat ko, putangina. I heaved a breathe before meeting her eyes that is now piercing into mine. "But, you're not a gold para matikman ang masarap na labi ko."

I giggle when she rolled her eyes at saka umupo sa couch na nasa likod niya lang.

Patawa-tawa lang ako pero feeling ko talaga pulang pula na ang mukha at tenga ko. Siya naman ay hindi ko makita ng maayos dahil hindi ako makatingin ng diretso sakaniya.

"I see, you can't play a game until the end." She mumbled na ikinataas ng kilay ko.

What did she mean?

"Ma'am." Tawag ko na ikinalingon niya sa akin. My lips automatically flashed a sweet smile when our eyes met. "You wouldn't like me to play a game until the end."

"And why was that?"

"Because if I would play with you seriously," I paused and lick my lower lip without breaking our eye contact. "I'll make sure that you would love me for the eternity."

Kapag ako nahulog sayo, kailangan kang pakawalan ng asawa mo.

I thought and smile widely na ikinataas niya ng kilay at ikinakunot ng noo.

"As if. You are known as a player. You don't even fall, *right?"* Seryosong saad niya pero humalukipkip lamang ako at itinaas ang baba niya gamit ang dalawang daliri ko.

"I don't fall." I said saka pinagpantay ang mukha namin at hinaplos ang nunal niya sa gilid ng labi. "But I can make someone fall for me."

Tangina. Wala pang isang araw ang kasunduan namin pero nagkakaganito na agad kami. Paano na kaya sa mga susunod pa? Baka mawala na ang pagkabirhen ko.

Charot.

Sa mapapang-asawa ko lang ibibigay ang virginity ko 'no. Or kung wala naman akong magiging asawa, sa mamahalin ko nalang. Ang pangit naman kasi kung ang harot harot ko tapos mamamatay akong virgin.

23 naman na ako kaya siguro kapag nagmahal ako, pwede na akong maano basta hindi mabubuntis.

"You're really a player." She mumbled and hold my hand saka ibinaba pero nang akmang aalisin na niya ang kamay ko sakaniya, hindi ko ito pinakawalan.

"Let's have another rule, Ma'am."

Her brows furrowed and looked at me confusely na ikinangiti ko kahit wala namang nakakatawa.

Wala, bet ko lang talaga ngumiti kasi baka makuha ko siya sa maganda kong ngiti at mata.

"What rule?"

I heaved a sigh before interlocking our hands and take a look of it kaya napatingin din siya rito.

"Let's stop this when one of us fall." Mahinang saad ko na ikinatingin niya sa akin. Ramdam ko ang maiinit niyang tingin pero hindi ko ito sinalubong dahil nasa mga kamay naming magkasiklop ang atensyon ko.

"Okay." Pagpayag niya.

Tch. Hindi man lang talaga umalma. Ang dali talaga niya kausap kahit minsan ay ang gulo.

"But what if we both fall?" Agad akong napalingon sakaniya at nakitang nakatitig nga siya sa akin. "Or rather, what if none of us fall?" She added as seconds passes na ikinatawa ko nang mahina.

Sus. May padagdag pa siya eh baka nga nahuhulog na siya sa akin.

"Still, I'm still holding on that I don't want to be a mistress. *Ayaw ko."* Madiing sagot ko saka unti unting binitawan ang kamay niya.

I still have a class kaya kahit ayaw kong bitawan ang kamay ng asawa ko ay hindi pwede kasi kailangan ko mag-aral para sa future naming dalawa at ng anak naming si Shan.

Just kidding.

"Okay. Let's end this."

"Huwattt?!" I asked, over reacting. Napapitlag pa siya sa bigla kong pagsigaw pero agad rin akong sinamaan ng tingin ng makarecover siya. "As in ngayon na Ma'am? Nafall kana ba? Ang bilis mo namang mahulog sa'kin--"

"Goodness! You're so annoying!" She irritatingly says saka tumayo at nagtungo sa swivel chair niya kaya

sumunod ako.

"Ma'am hindi pa ako ready pakawalan ka. Masyadong masakit--"

"Just leave now."

"Ayaw ko."

"You still have a class to attend, Miss Montero." Kunot noo'ng wika niya pero ng icheck ko naman ang oras ay may 10 minutes pa ako para harutin siya.

"Landi first, Ma'am." Napailing na lamang siya saka kinuha ang laptop at binuksan ito habang nasa tabihan niya lang ako.

"Go now, Zajei." Her soft-spoken voice lingers on me na halos mabali ang leeg ko sa paglingon sakaniya. "Mind your study first."

"Tapos mamaya ikaw na iisipin ko?" Nakangising tanong ko.

She looked at me boredly before rotating her swivel chair and face me. This time ay siya na ang nakatingala dahil nga nakaupo siya at nakatayo naman ako.

"I don't want your mind. . . I want your heart." She plainly utter but it sends shivers on me.

I cleared my throat and bend a little para maglapit ang mukha naming dalawa.

"Is that your wish?"

"No. Kahit naman hindi ko hilingin, ibibigay mo." Wow, ang confident naman niya. Akala mo naman mahuhulog talaga ako sakaniya, eh.

"Don't be too confident, Ma'am. Baka po mamaya ikaw ang mahulog diyan." I smirk when she push me away through my shoulders saka ibinalik ang atensyon sa laptop.

Nang mapagmamasdan ko siya ng matagal tagal ay napagpasyahan ko nang umalis kaya muli akong lumapit sakaniya at ipinatong ang baba sa balikat niya. I felt that I startled her for a second pero agad rin naman siyang nakarecover at tumingin sa akin. Muntik pa maglapat ang labi naming dalawa kung hindi lang kami sabay lumayo.

"Aalis na po ako, Ma'am." Paalam ko sakaniya nang tuluyan na niya akong tiningnan.

She nod her head at akmang babalik na sa pinagkakaabalahan niya ng pigilan ko siya.

I bend over and put my hands at the side of her swivel chair.

"What?" She asked and held my cheeks para ilayo sakaniya ng kaunti.

"Pakiss muna ako." I pouted in front of her pero inirapan niya lamang ako at tinitigan sa mata.

"Close your eyes." She demanded na agad ko namang sinunod.

"Ma'am nakapikit na po ako, pakiss na." Mas lalo akong ngumuso hanggang sa naramdaman ko ang labi

niya.

I felt like I frozed in my position.

I didn't really expect that she would fvcking kiss me pero ginawa niya pa rin. But it's not what you think it is. Sa forehead niya ako hinalikan at hindi sa lips.

Dzuh! Baka nakahandusay na ako ngayon sa sahig kung sa labi niya ako hinalikan.

"Ma'am--"

Before I even finish, she cut me off at itinulak na palayo sakaniya.

Akmang lalabas na ako dahil hindi na talaga ako makapagsalita sa sinabi niya nang magsalita na naman siya.

"Stop using po and opo. Your mouth doesn't have any filter so kindly disregard it. It sounds odd."

"Anong klaseng sound po ba?"

"Tunog tanga."

My lips parted but immediately draw an amused smile.

Should I start calling her wifey now? Huwag na raw ako mag-po sakaniya, eh.

Hindi ko na papansinin yung huling sinabi n'ya kasi medyo totoo naman pero tangina po, opo, medyo po, hindi po, ang ganda ko po....

That's a progress, people!

Chapter 21

Zajei's POV

"Meeting at 12 pm. Make sure that you'll be there." Paalala ni Eira na tinanguan ko lamang.

Kakatapos lang ng morning classes ko at akala ko makakapag-lunch na agad ako pero hindi pa pala. Eira just show herself in front of our room para sabihing may meeting na naman kami.

Hayst. Kapagod naman maging maganda.

"So, you'll not come with us?" Tanong ni Sven habang naglalakad kami papalabas ng building. Pupunta muna kaming library to borrow some books para makapag-advance review for the upcoming finals. Ilang bwan na lamang ay ga-graduate na kami kaya hassle na talaga.

"Hindi pa ako umaalis tapos miss mo na agad ako." Nakangising batid ko saka siya inakbayan. Todo asar naman yung dalawang ugok sa gilid namin na lalong ikinalawak ng ngisi ko.

"Ulol ka."

I chuckled and squeeze her shoulder habang naglalakad kami. Hindi ko talaga alam kung bakit bigla nalang namin 'tong naging kasama for the past few days. Basta nakikita nalang namin na sama sama kaming kumakain at tumatambay.

"Hoy Zajei sa third floor lang tayo. Bakit sa fifth ang pinindot mo?" Gulong tanong ni Phin pero napakunot noo lamang ako.

"Sa third ba? Bakit hindi sa fifth?" I asked confusely dahil gusto ko talaga ay sa fifth floor kami pumunta.

Ang tagal ko na kayang hindi nakikita si Kuya Dale. Miss na siguro ako no'n.

"Tanga. Anong gagawin natin sa fifth? Ethics books ang hahanapin natin today, not about literature and history." I scrunched my left brow before pressing the third floor button.

Ang papanget nilang kabonding.

"Mauna na kayo. Ako na mags-sign up ng forms para makasama ako sainyo sa cafeteria." I says and shoo them away.

We still have 30 minutes to spent and I want to eat with them. But aside from that reasons, ayaw ko lang talagang umikot dito sa third floor to find all the books we need dahil mas nakakapagod iyon kaysa magsulat ng magsulat. Saulo ko naman ang mga libro na kukuhanin nila and it was just 4 books.

"Good morning, Miss. How can I help you?" Nakangiting tanong ng babaeng nasa may tabi lamang ng librarian na busy'ng busy.

"Good morning. I just want to fill up some forms for borrowing some books."

Napansin kong napatulala ang babaeng nasa harap ko kaya iwinawagayway ko ang aking kamay na ikinakurap niya. Nang matauhan siguro siya ay dali dali itong tumango at kumuha ng mga papel.

May mga assistant talaga rito sa library lalo na kapag maraming kailangang gawin ang librarian just like today. Less hassle rin 'to minsan dahil hindi sila kasing strict ng mga librarian.

"Uh, n-nasaan ang mga books?" She asked politely which made me stiffle my smirks.

"My friends are still finding it but we are in a hurry so I need to fill the form immediately." I let out a playful smirk when I recognized that she's been staring at my lips.

Tila nahihipnotismong tumango ito at iniabot ang mga papel kaya kinuha ko na ang ballpen ko at sinimulang magsulat ng kung ano ano. I know that she's been staring at me for the whole time kaya mabilis ko siyang sinulyapan bago ngumiti ng pilya na ikinapula ng mukha nito.

Napailing ako nang iniiwas nito ang tingin niya sa akin at bahagyang ipiniling ang ulo sa kabilang side.

That girl is cute. Hindi siya matangkad siguro nasa 5 feet flat lang ang height niya. She also have a straight black shoulder length hair and a good body posture. Mukhang pure Filipino naman siya unlike Mrs. Acozta na ngayon ay nasa tabi ko--- hala putangina.

"M-ma'aam." I smiled nervously bago inayos ang kaninang ginagawa ko. Ibinalik ko ito sa cute na girl to finalize it bago balingan si Ma'am na nakacross arms sa tabi ko.

"Done?"

I nodded bago kagatin ang ibabang labi at umiwas ng tingin. Pakshet, naiilang ako sa tingin niya sa akin.

"Ate--- I mean, Architect Acozta." I heard Sven's voice bago ko sila napansin na nasa likod ko na pala. Hawak hawak ng kambal ang mga libro habang wala namang dala ang multong palipat lipat ang tingin ngayon sa amin ni Ma'am.

"Hello po, Ma'am."

Mrs. Acozta just nodded bago ako lampasan at naglakad papalayo pero bago iyon, I saw how she look at the girl in front of me bago pasimpleng umirap at naglakad palayo.

"Anyari do'n?" Takang tanong ni Sven but I just shrugged at nagpasalamat sa library assistant dahil iniabot na nito ang papel na kailangan namin to have the books. "Tara na. Gutom na ako."

Nauna nang maglakad si Sven kaya sumunod kami pero hindi ko napigilang lumingon sa direksyon kung saan nagtungo si Ma'am and I saw that she's now holding a book and gently holding it. Nang mapansin siguro niyang may nakatingin sakaniya ay nag-angat ito ng tingin at agad na nagtama ang aming mga mata.

I smile and wave my hand at her but she just stare at me blankly bago ako talikuran at nagtungo sa isang bakanteng lamesa.

"Hoy Saje!"

"Quiet." Saway ng librarian kay Sven ng bigla itong sumigaw at tinawag ako.

I smirk mischievously before looking at the reindeer na ngayon ay namumula na at humihingi ng pasensya sa librarian.

'Yan, tatanga tanga kasi.

Tumatawang naglakad kami papuntang cafeteria habang inaasar si Sven. Akalain mong ngayon lang siya napagalitan ng librarian dahil good girl daw siya dati sa former school niya.

"Really? Ang boring naman ng buhay mo dati." Ferb teased habang pinapakinggan namin ang kwento ni Shete the universal reindeer.

Sabi kasi ni Sven ay masyadong strict ang guidelines ng school niya dati and she was afraid to disobeyed a single rule dahil ayaw daw niyang masira yung reputation niya. Kahit naman kasi walang filter ang bunganga ni Sven ay mahahalata mong kilos Maria Clara talaga siya. Napaghahalataan ko kasing sa akin at sa kambal lang siya barumbado pero sa iba ay parang hindi siya makabasag-pinggan.

What a scam.

"Legit. All the people in there are so perfectionist. Akala mo naman sila ang superior, eh, mga mukha naman silang garapata." She mumbled before pulling the chair saka umupo.

I shokt my head out of disbelief saka umupo sa harapan niya. Tumatawang umalis naman ang kambal para umorder ng lunch naming apat.

"College life is fun." I utter but she just rolled her eyes.

"Ang dami daming deadlines and projects tapos fun? Clown ka ba?"

"Everything we do is fun. It's just a matter of perspective. Yung iba nga kahit tumatae sila, masaya pa rin." Nakangising wika ko bago humalumbaba sa lamesa.

"Gaga paano naging masaya tumae? Ano yun habang inilalabas ang sama ng loob mo nakangiti ka?" She asked on disbelief before tapping my cheeks which made me chuckle.

"Ayun yung mga taong may happy love life, reindeer. Sila yung kahit tumatae na, hawak hawak pa rin ang cellphone because of bebe time."

"Tanginang bebe time 'yan abot hanggang sa banyo." She bit her lower lip bago dilaan ito. She even closed her eyes for a seconds bago muli itong binuksan and when she did, dumako ang tingin niya sa may entrance ng cafeteria bago ngumisi.

"You look like a fvckingina. Stop smirking like an idiot." I mockingly says bago kuhanin ang cellphone dahil maglalaro ako ng COD kahit sandali lang.

"Gago ang ganda kasi noong pumasok. Parang nakita ko na ang aking iirugin." Sa hindi malamang dahilan ay kusa akong humalakhak at hindi ko na rin naituloy ang pagkuha ng phone dahil sa sinabi niya. "What the hell is your problem, bitch?!" She asked, frowning.

"Iirugin? Tangina mo parang aanuhin mo lang ah."

"Fvck you! Ang green minded mo!" She defended bago ako binato ng tissue na nasa ibabaw ng table. "Kung ano ano ang iniisip mo. Ano bang laman ng utak mo, ha? Kabastusan?"

"5% academics stuff, 20% kaharutan, 60% pagkain at syempre, 15% bebe time. Ayan lang ang laman ng utak ko. Mala-statistics 'no?" Saad ko bago itupi ang tissue'ng ibinato niya at ipinunas sa table. "Nga

pala, may ex kana ba na babae?"

"Oo."

"Ilan?"

"Dalawang boy tapos isang girl." She answered before wiggling her eyebrows. "Lahat ng ex ko masarap."

"Tangina mo, sana all." I laughed before returning my stoic face. "Bastos kang hinayupak ka."

"Idiot! Masarap kausap kasi 'yon. Virgin pa kaya ako." Then she hug herself like a hopeless gal.

Mukhang pulubi.

"Weh? Virgin ka talaga?"

"Oo!"

"Talaga baaaa?"

"Oo nga, tangang 'to."

"Mamatay ka man?"

"Mauna kana, ulol!" She then roll her eyes bago ako batukan na ikinadaing ko.

Adamant! Ulol talaga ang babaeng 'to.

"So hindi kana nga virgin?" Nag-uusisa kong tanong bago mas inilapit ang mukha sakaniya. Namumulang umiling naman ito bago kagatin ang ibabang labi.

"H-hindi na."

"Ay nadiligan nasdgfhjdhs!!"

"Gago yung bibig mo naman. Animal ka talagang hayop ka!" She cut me off after she covered my mouth using her palm.

"Animal na nga tapos hayop pa? Tangina mo, reptile na half mammal!" I exclaimed matapos makarecover dahil hinangal ako sa pag-aalis ng kamay niya sa bibig ko.

"Hinaan mo naman kasi 'yang boses mo, Saje. Nasa public place kaya tayo." She reminded kaya tumango ako at umayos ng upo.

"So, anong mas masarap? Sa babae o sa lalaki?" I asked curiously dahilan para mas lalo siyang mamula pero sumagot din naman.

"I-i don't know? Sa one and only ex girlfriend ko lang naman naexperience 'yon." She whispered before smiling, a small smile.

"Sinong top?"

"Tanginang tanong naman 'yan, Montero." She hissed but I just chuckles and smile playfully at her.

"Sino nga? Mukha namang top ka pero siguro naging bottom ka rin naman once and for all?" Hindi ko alam but I am really curious as fvck sa mga girl to girl relationship sa ngayon.

I respect LGBT' but this is the first time I asked someone about this stuff. Siguro dahil ngayon lang din naman ako nagkaroon ng kaibigang babae na bisexual.

"Syempre ako yung top but I've became the bottom the last time we made love." She utter before a bitter smile form on her lips.

Mukhang affected pa siya.

Hindi na sana ako magtatanong pa to drop the topic pero halos himatayin ako sa goosebumps ng magsalita na naman siya at nginisian ako.

"Hindi mo ba itatanong kung nasaan na siya?" She asked.

"Huh? Nasaan ba?" Tanong ko dahil parang gusto niyang itanong ko kung nasaan ang ex niya.

"Nasa libingan. . . Nagpahinga na."

"Baka naman pinagod mo ng husto noong nagsex kayo----" I cut myself off before a realization hit me. "Putangina mo, patay na siya?!" I hysterically asked which made her let out a sad smile.

"Oo kaya umayos ka diyan kung ayaw mong mapaaga ang pag-meet and greet mo kay San Pedro kung tatanggapin ka sa langit."

"Kapal ng mukha mo. Syempre tatanggapin ako roon." I snorted, trying to hide how I shivered.

"With that mouth of yours? I doubt. Baka nga pati sa impyerno ay hindi ka tanggapin dahil mas malala pa 'yang bunganga mo kay Satanas." She says before smirking na ikinataas ng kilay ko.

"Haha, funny."

"Panget mo tumawa. Mga dalawa."

"Pangit mo, sagad punyeta." Wika ko na ikinairap niya.

Titingin pa sana ako sa paligid when I notice that someone is staring at me ng may bigla namang humawak sa magkabilang pisnge ko at iniharap sakaniya.

"Isa pang sabihin mo na pangit ako, hahalikan kita." Sven uttered playfully before she let her nose touches mine. "Wanna taste my lips, Zajei Loure?"

I can't help not to smirk when I felt that she stiffened ng hawakan ko ang kamay niyang nasa mukha ko at bahagyang pinisil ito.

"Wanna taste my precious punch, Samara Venus?" I asked saka bahagyang inilapit ang mukha ko sakaniya kaya mas lalong nagdikit ang aming ilong. "Don't try me. Masasapak kita kapag hinalikan mo ako."

Then I pull away and I saw how her face got crimson red. I smirk and wink at her but she just look at me seriously.

"Ano na? Hindi kana nakapagsalita." Ani ko bago ngumiti ng nakakaakit pero lumapit lang ulit ito at hinawakan ang baba ko.

"You're a fvcking piece of shit, Saje." She mumbled like a hush which made me smile seductively even more.

"Just tell me that you want me in your bed, Sven." I countered before looking right into her eyes.

"Why? Papayag ka?"

I smiled and hold her hand at my chin before putting it down.

"Lah, asa ka."

....

"You. Are. Late." Bungad ko sa taong nagbukas ng pinto nang hindi ito tinitingnan. Busy kasi ako sa pagtingin ng mga files na nasa ibabaw ng table ko dito sa office naming mga officer ng Archi department.

"The meeting has been cancelled. Why would I become late?" Tila nanigas ako sa kinatatayuan ko ng marinig ko ang boses niya.

I was the only person in this room earlier kasi I went here 5 minutes before the meeting pero halos 20 minutes na akong naghihintay ay wala pa ring dumadating not until she came over.

"C-cancelled po?" Kunot ang noo na tanong ko kasabay ng pagharap ko sakaniya na ngayon ay nakasandal sa may pader katabi ng pintuan habang nakatitig sa akin.

"Yes."

"Bakit hindi ko po alam?"

"Maybe because you were too *busy* flirting around." My jaw almost drppped upon hearing her statement. Kitang kita ko pa kung paano halos magdilim ang mukha niya bago umupo sa isang swivel chair.

"Me? Flirting around?" Hindi makapaniwalang sambit ko bago umupo sa harapan niya. "Ikaw ba yung nilalandi ko para sabihin mong humaharot ako sa paligid?" I looked at her that's now boredly flipping the pages of this building Architectural designs.

"Ma'am." I poked her cheeks pero tinapik lamang niya ang aking kamay. "Kumain kana?"

Imbis na sumagot siya ay tiningnan niya lang ako ng mataman at tinaasan ng kilay.

Ano na namang problema nito?

"W-what?" Alanganing tanong ko bago umupo ng maayos dahil naiilang ako sa way ng pagtingin niya. Tahimik lang siya at isinara ang kaninang tinitingnan niya bago tumikhim at irapan ako.

"Why are you still here? You should go now. The classes will be starting any minute."

"Ayaw ko pa po. PE naman po ang next class namin so okay lang po malate." I said and get the book of designs on her hand at ako na ang nagtago nito sa isang drawer. "Kayo po? Vacant niyo?"

I saw how she sighed and simply rolled her eyes on me bago ako seryosong tiningnan na ikinalunok ko. "I said stop using that po and opo, right?"

Buhat sakaniyang sinabi, I unconciously bit my lower lip at amuse na tumingin sakaniya. I even sat beside her bago ipinatong ang kanang siko ko sa lamesa at saka ipinatong ang ulo ko rito para mas mapagmasdan ko siya.

"I'm respectful. Hindi ba dapat naman talagang may po and opo when I'm talking to you?" I let out a playful smile while looking at her gorgeous eyes na wala na namang kabuhay buhay.

"You're flirting with me then you want to use that respectful words on me." She hissed with her monotone na mas lalong ikinalawak ng ngiti sa labi ko.

"I respect ft. flirting with you. I'm a multitasker, you know." I giggle and wink at her pero mas lalo lang atang sumama ang timple niya dahil inirapan niya ako ng pagkatalim-talim.

"Yeah, multitasker." She sarcastically mumbled.

"Uh-huh."

"That's why you're flirting with Sven while you're flirting with me."

"Uh-huh--- wait, what?!" Gulat na tanong ko at agad napaayos ng upo dahil sa sinabi niya.

What the hell?

Sinasabi niya bang two timer ako?!

Ang kaunti naman kapag dalawa. Hindi ba dapat dalawang daan agad? Ang ganda ko ay hindi lang pang-dalawahan. Pangbuong sambayanan 'to.

"Tch."

"Ma'am naman!! Hindi ako two timer." Himutok ko na ikinaarko lamang ng perfectly shaped eyebrow niya.

"Did I say that you are one?" She asked.

Oo nga naman. Wala nga naman siyang sinabing two timer ako.

"Pero ayun yung pinopoint out mo." Kunot noo'ng saad ko bago humalumbaba sa mesa.

"Whatever."

"Edi wow."

Silence envelope the two of us. Mukhang wala na naman siyang balak magsalita kaya hindi na rin muna

ako umimik. I am just busy scrolling down on my phone dahil nagc-check ako ng stocks ko when suddenly, a chat popped up.

Samara Venus sent you a message.

Hindi ko alam kung ioopen ko ba o hindi dahil ramdam ko ang tingin ni Ma'am sakin pero sa huli, I decided na buksan nalang dahil baka importante.

@itzsamara
Where r u?

Halatang tamad na tamad na naman magtype ang babaeng 'to. Siguro ay inutusan lang 'to o napilitan para ichat ako dahil hindi naman talaga kami nag-uusap lagi through online.

@zj_loure
Secret.

@itzsamara
Damn u! Someone's looking for you in the gym. Kamukha mo.

Agad kumunot ang noo dahil sa nabasa. Kamukha ko?

@zj_loure
Why are you using your phone? Wala ba si Miss Lia? And what's the name daw? Gwapo ba?

"Why are you still here?" Napamulat ako nang wala sa oras ng marinig ko ang malamig na boses niya. I slowly look at her and saw that she's crossing her arms habang hawak ang isang envelope.

"I, uhm, nagpapahinga lang po." I said, stuttering.

Medyo matagal ko na rin siyang nakilala pero hindi pa rin nagbabago yung epekto ng presensya niya sa akin. She's still intimidating.

"Kayo po?" Tanong ko nang hindi siya umimik. Madilim na kaya baka nag-overtime siya or may night class? Pero imposible naman iyon dahil walang night class ang Architecture.

"Meeting."

"You haven't eaten yet?" I asked again saka tumayo at hinarap siya. She shook her head before looking at her wristwatch. "Uuwi na po ba kayo after this?"

She nod before turning her back kaya sumunod ako hanggang sa makalabas kami ng library. Nang madaanan namin ang training facility ng Archery ay pinahinto ko muna siya at dali daling kinuha ang duffel bag ko. Wala na rin yung mga ugok kanina kaya wari ko ay mga nagsiuwian na sila.

But who knows?

"Let's go." Ako na mismo ang humila sa kamay niya at nagtungo sa faculty building. I also opened the door for her ng marating namin ang office niya.

She's silent.

I know that she's really silent most of the time pero iba ngayon. She looks extremely pissed.

"Tara na po?" She nodded kaya nagsimula na naman kaming maglakad patungong carpark.

"Have you eaten?" She suddenly asked habang naglalakad kami. Nakangiting tumingin ako sakaniya pero diretso lamang ang tingin niya sa dinadaanan.

"Nope po." Sagot ko habang nakangiti na parang tanga until an idea popped up. "Let's eat po? Your treat, Ma'am!" I exclaimed na ikinaarko nang medyo makapal niyang kilay.

"My treat?"

"Sure, Ma'am. Hindi ako tumatanggi sa libre." I giggle which made her shook her head. Hanggang sa makarating kami sa tapat ng sasakyan niya ay tahimik lang siya. Medyo malayo pa ang kotse ko pero kaya ko naman iyong takbuhin if ever.

I cleared my throat causing for her to take a glance at me.

"Saan niyo po gustong kumain?"

"Kahit saan." Halos mapairap ako sa naging sagot niya dahil bakit ba ang hilig sumagot ng iba nang ganoon? Tinatanong ng maayos tapos ang isasagot ay 'kahit saan'.

"Sa malapit na European restaurant po kaya?" I suggested dahil wala akong planong magrice this night.

She just nod her head and told me to send her the address dahil mauuna na raw siya.

I smile triumphantly while driving dahil sa wakas, kakain na ulit kami ng magkasama. Siguro sa susunod ay siya na yung kakainin ko.

Charot!

I bit my lower lip ng puro katangahan na naman ang pumapasok sa isip ko. Ang bastos ko na ata masyado.

Nang makarating ako sa restaurant na sinasabi ko ay nasa tapat na nang sasakyan niya si Ma'am. She's busy with her phone at nakita kong saka niya lamang ako napansin ng magpark ako sa tabi niya.

Nakangiting lumabas ako pero seryoso lamang siya at nauna nang maglakad papasok.

Lah s'ya? Gutom na ba masyado 'yon?

Si Ma'am na ang umorder this time dahil napansin niya atang pagod na ako. Nakasandal na kasi ako sa upuan ko habang papikit pikit dahil nga inaantok na ako sa naging training.

Grabe, ngayon nalang ulit ako napagod ng ganito.

"Why do you look so off?" I can't help not to ask her dahil pansin ko talaga ang pagkainis niya base pa lamang sa paghawak niya ng utensils.

"Don't talk to me." Tila isang yelong batid niya habang kumakain. Pasimpleng lumilingon lang naman ako and I notice that she's so good to watch while eating.

I chuckle at my mind while watching her dahil baka maibato niya sa akin ang tinidor kapag tumawa ako bigla rito.

Well men, ang lakas kasi niyang kumain.

Ngayon ko lang 'to napansin dahil hindi ko naman siya usually tinititigan kapag kumakain kami dahil pasulyap sulyap lang ako, but now? I can watch her all day.

"What?" She asked nang mapansin ata niyang nakatitig na ako kaya umiwas ako at umiling, still trying to suppress my smiles.

"You look gorgeous today." Papuri ko. Well she's gorgeous everyday and everytime pero iba ngayon. Mukhang pinaghandaan, eh.

Nakabraid yung buhok niya na parang nagsilbing headband and it emphasize her wavy her more. Light brown din ang color ng buhok niya and I think, it is natural.

Hindi siya umimik sa sinabi ko pero umirap siya. She continue eating at nakakatatlong slice na siya ng pizza with one large burger.

I didn't expect that she's a heavy eater dahil ang ganda nang hubog ng katawan niya.

"How's the meeting?" Pang-uusisa ko na ikinalingon niya dahil kasalukuyang nagpupunas siya ng gilid ng labi matapos uminom.

"Good. . . You? How's the training?" I don't know if I heard it right but I heard a hint of sarcasm when she asked her question.

"Huh? Okay naman po. Medyo stress lang."

She shrugged her shoulders bago itinaas ng bahagya ang kamay at tinawag ang waiter for the bill. Medyo kumunot pa ang noo ko dahil parang nagmamadali na siya ngayon.

Gosh, may mood swings ba siya?

Kanina ay mukhang inis na inis and then now, mukhang nagmamadali.

After niyang makabayad ay inaya niya na rin akong umalis kaya nagpatianod na lamang ako hanggang sa makarating kami sa harap ng kotse naming dalawa. She was about to enter her car when I held her arm and gently pin her on it.

I leveled my face on her saka siya tinitigan sa mata.

"May problema ba, Ma'am?"

"None." Monotone na sagot niya bago sinubukang itulak ako palayo pero mas idiniin ko lang ang sarili ko

sakaniya. "Get off me. I need to go home."

I shook my head bago ko naramdaman ang unti unting pagpungay ng mga mata ko dahil nararamdaman ko na talaga ang matinding pagod.

"What's the problem?"

"Wala nga."

"Hm? Really?" I asked, challenging her. Nakikita ko kasi ang isinisigaw ng mga mata niya and it is clearly like her answer.

Tila nagtitimping pumikit siya bago huminga ng malalim.

"Get off me, Miss Montero." She demanded but I just shook my head again and smirk playfully. "Don't let me do what I want you to do."

I shivers at her voice pero kailangan kong tapatin yung kilabot ko para mas makausap ko pa siya. It makes me feel trouble at the thought of she's having a grudge on me or may pinagdadaanan siya.

"Avey--"

"Did he kiss you?" She cuts me off na ikinasalubong ng dalawang kilay ko.

"What? Who?" Naguguluhang tanong ko sakaniya dahil wala naman ako natatandaang may humalik sa akin.

My last kiss was Kaios. After our break up ay wala na akong hinalikan pang iba.

"That SSC president." Labas sa ilong na batid niya na ikinatanga ko but later on, I found myself laughing.

"What the? Don't laugh at me." Seryosong utos niya kaya umayos ako ng tayo habang pinipigilan ang pagtawa dahil baka mas lalo siyang mainis.

"Si Wave po? Eh hindi naman niya ako hinalikan ni minsan, Ma'am." I explained pero walang ano mang nagbago sa ekspresyon niya.

"I saw you."

"Huh?"

"I saw you. He was pinning you at the Business building. *He was kissing you.*" Mahinang ibinulong lang niya ang huling sinabi pero dahil nga gahibla na lamang ang layo nang mukha naming dalawa ay rinig na rinig ko ito.

My lips parted pero agad akong napabuntong hininga ng marealized ang sinabi niya. So, she saw us, obviously.

"He didn't kissed me. We didn't kissed, okay? The last person I kissed was Kaios and that was three months ago-- what the fv-dge?" Ieexplain ko sana sakaniya ang side ko pero agaran na niya akong itinulak papalayo at sinamaan ng tingin. She even gave me an eye roll bago pindutin ang alarm ng sasakyan niya.

Fvck sana ang sasabihin ko pero dahil nga ang sama ng tingin niya, hindi natuloy.

Ang hirap pala kapag kasama mo yung professor mo tapos gustong gusto mo magmura eh ako pa naman yung tao na hindi makukumpleto ang araw ng walang masasabing mura, english man o tagalog.

"I swear, Ma'am. I haven't kiss someone kung ayan po ang ikinagagalit niyo---"

"Don't you remember a single thing last night? Putol na naman niya kaya napailing na lamang ako.

Wala naman talaga akong matandaan.

"You sure?" I nodded bago napaisip dahil hanggang ngayon ay wala pa rin akong natatandaan. "Are you kidding me?" She unbelievably asked kaya inosenteng napailing lang ako.

Ano bang nangyari kagabi? Why does it seems to be a big deal for her?

"I wasn't, Ma'am. Hindi ko po natatandaan kahit isa. And I think, medyo matatagalan pa bago ko maalala kasi po lasing na lasing ako kagabi--"

"You kissed me."

Huh?!

"What?" Hindi makapaniwalang tanong ko dahil parang nayanig yung mundo ko sa sinabi niya. Pinagmasdan ko pa siya ng ilang minuto dahil baka may idudugtong siyang 'kidding', 'joke' or 'charot' pero shit! Wala, eh.

Hindi nga pala mahilig magjoke si Ma'am kaya hindi imposible na totoo yung sinasabi niya.

Pero putangina naman. Hinalikan ko siya?

"That. . . That w-was--" hindi ako makabuo ng isang pangungusap dahil sa mga nalaman ko.

Dammit!

"Legit? I kissed you?" Muling tanong ko pero umirap lang siya at tumalikod. Akmang sasakay na siya sa sasakyan niya ng muli ko siyang isinandal sa pinto ng kotse at tinitigan ng mataman.

"What is it this time?" Iritado ngunit seryosong tanong niya. "If you're not believing me, then it's fine. Just let me go home."

"Ma'am. . ." I whispered like a hush in front of her lips dahil nga magkatapat lang ang labi naming dalawa. Bumaba ang tingin ko sa mga labi niya mula sa mga mata niya. "Can I kiss you?"

"You're joking--"

Before she even finish her statement, I cut her off by giving her a smack on her lips that made her shut up.

"You know what a joke is?" I asked after a few seconds. Ramdam ko ang pabilis na pabilis na pagtibok ng puso ko bago ko muling patakan ng magaang halik ang malambot niya labi.

"I don't like you."

Chapter 24

Zajei's POV

"I don't like you."

"What?" Nakataas ang kilay na tanong niya that made me pursed my lip. "You don't like me?"

"I do. I really do." I mumbled before opening the driver seat for her. "Drive safe. . . And thanks for the dinner."

She just nod her head and went to her car. Bumusina pa siya bago tuluyang pinaandar ito papalayo. I sighed and smile like an idiot for an unknown reason.

Tangina, nadali ata ako nang ganda ni Ma'am. Hindi naman kasi ako ignorante para hindi malaman na nagugustuhan ko na siya. I liked men before but now? Hindi ko na alam.

I'm confused about everything. That's what I only knew for now.

Habang pauwi ay hindi mapawi ang ngiti sa labi ko dahil naalala ko talaga ang paghalik ko kay Ma'am. . . and her expression, it is so fvcking priceless.

Nang makarating ako sa condo ay andoon pa rin ang magandang ngiti ko na kasing ganda ko. Wala atang makakapawi sa ngiti ko but I am definitely wrong because I just saw my unit's door, unlocked.

Nakakunot ang noo na pumasok ako sa unit ko at hindi pa ako totally na nakakapasok ay rinig na rinig ko na ang ingay nila.

Damn, what the hell are they doing here?

"Oh, dumating kana."

"Tanga nasa EDSA palang ako." Sarcastic na sagot ko kay Phineas.

They are all in my living room, kinakain ang bagong biling pagkain ko.

"Where have you been?" Yuki asked after I sat down beside her. Nakatapos na akong maligo at lahat pero patuloy pa rin silang kumakain habang nagpapatugog.

Sumandal ako sa couch after getting my favorite soda and cookies dahil hindi naman pwedeng itong mga panggulo lang sa buhay ko ang uubos ng mga stocks ko.

"Dinner."

"With who?" I stop drinking at binalingan si Yuki na ngayon ay nakataas ang kilay sa akin habang inaantay ang magiging sagot ko.

"With. . . someone." Sagot ko tsaka isinapak sa bibig ko ang cookie.

"Someone who?"

Someone special.

Instead of answering, I just shrugged at saka siya sinubuan para matigil sa pagtatanong.

I want to figure everything out first bago ko sabihin sa iba and besides, ayaw kong magkaissue though they are all trustworthy.

"Reindeer." Tawag ko kay Sven nang mapansin na tulala siya. Kung hindi pa siguro siya siniko ni Ferb ay hindi pa siya mapapatingin sa akin. "What are you thinking? May isip ka ba?"

"Tangina mo naman. Kung wala kang matinong sasabihin, just shut the fvck up." Nakairap na batid nito but I just shrugged.

Mukhang ang lalim kasi ng iniisip niya dahil ang tahimik niya masyado. Kanina ko pa siya napapansin simula noong dumating ako dahil puro inom lamang ng kape ang ginagawa niya.

"Hoy Jei, papunta na raw si Kaios." Phineas exclaimed na tinanguan ko lamang.

"Who's Kaios?"

"Zajei's ex." Si Yuki ang sumagot sa tanong ni Sven but the side of my lips rose up when I saw how Sven looked at my cousin.

Mukhang naghugis puso ang mata nang gaga.

Hindi ko na lamang nuli pinansin si Sven at pinalitan ang playlist na kasalukuyang tumutugtog. Pinalitan ko ito ng favorite playlist ko which I knew is paborito rin ng kambal.

Habang nagkekwentuhan kami nang kung ano ano ay tumunog ang doorbell.

"Open the door." I demanded pero mukhang mga wala silang balak tumayo dahil ang sarap ng pagkakasalampak nila sa carpeted na sahig.

"Hoy Savana buksan mo yung pinto. Ikaw lang walang ginagawa." Yuki says out of nowhere dahil naglalaro kaming apat ng codm. Halos lahat kaming nasa living room ay napatingin sakaniya na seryoso lamang sa pagpindot sa cellphone na hawak hawak.

"Who's Savana?" I asked, brows furrowed.

Itinigil ko muna ang paglalaro at mataman siyang tiningnan. She gave as a duh look before rolling her eyes na parang sobrang tanga namin for not knowing what she meant.

"Dzuh! Edi 'yang babaeng tikling!"

"Hey! Excuse me?!" Agad na angal ni Sven na kanina lamang ay tulala at tila wala sa sarili na kumakain habang nakatingin sa amin.

"You're excuse." Amazona'ng saad ng pinsan ko bago bumalik sa paglalaro.

I heard how Sven hissed saka inutusan si Ferb na buksan ang pintuan. Napailing na lamang ako sa mga kagaguhan nila lalo na ni Yuki.

That girl is really a bitch sometimes. Para ngang nasa dugo na namin dahil aminado naman akong medyo bitch din ako minsan. Take note, medyo lang.

"Ano ba naman 'yang pinsan mo, Saje. Manang mana ang bibig sayo." Palatak ni Sven sa tabi ko dahil ngayon ay magkatabi kaming nakasalampak sa long couch. "Ang ganda ganda tapos yung bibig parang walang sinasanto. Tangina, ganyan ba talaga kayo?"

"Hoy gago ka, ah!" Balik na palatak ko bago siya binigyan ng isang mabilisang irap dahil nga naglalaro pa ako. "Mabait 'yan si Yuki. Mas mabait pa saken 'yan." I defended dahil totoo naman. Kung ikukumpara talaga ay mas may filter pa ang bibig noon kaysa sa akin ayon sa mga nakakasalamuha naming dalawa which is mostly yung kambal.

"Good evening!" Masayang boses ni Kaios ang aking narinig ng marinig ko ang mga yabag nila.

Tinanguan lang namin siya dahil nga busy kami pero ipinakilala naman namin siya kay Sven.

Nang maramdaman kong tumabi siya sa akin ay medyo nawala ang focus ko sa paglalaro dahil bumabalik sa alaala ko ang mga pinagsasabi ni Wave.

I trust Kaios. I really do. Nasira man dati yung tiwala ko sakaniya pero hindi naman nagbago yung turing ko sakaniya bilang kaibigan ko. He cheated, yes, but it didn't change the fact that he's still the man I once been with. Siya pa rin 'yon. Sana, sana siya pa rin 'yon.

"*I would never break your trust again*." Upon remembering that line of him, I almost lost on my trance.

Minsan niya nang sinabing hindi na niya ulit ako bibiguin pa and I am holding on to his words.

He is a man with one word. Kung anong sinabi niya, gagawin talaga niya.

Pero nag-cheat si tanga.

Ang gulo pero ayaw ko talagang maniwala. I trust my instincts but there's something on me na parang nagsasabi na may mangyayaring hindi maganda. I always feel it everytime something fall into pieces.

Katulad nalang noong namatay ang grandparents ko.

I sigh before putting my phone down dahil tapos naman na ang game.

"Pizza?" Tanong ng lalaking katabi ko but I just shook my head and drink a little to my soda.

"Uhm, I'm sorry."

Napalingon ako sakaniya at agad akong sinalubong ng mapungay na mga mata niya. "For what?" I asked and raised a brow to masked the bad feeling I'm having.

"For earlier. Hindi ko lang talaga napigilan yung sarili ko." He said under his breath at agad kong napansin ang pagbigat ng hininga niya.

"Can you. . ." I pursed my lips together before locking our eyes. "Can you please tell me what the fvck is going on?"

Imbis na sumagot ay tumingin siya sa paligid namin. Everyone is having fun. Nagtatawanan sila habang

may mga papel na nagkalat sa sahig.

I guess gagawa sila ng mga plates. Natapos ko naman na ang sa akin kaya medyo maluwag na talaga ang schedule ko.

"I badly want to do it, Jei. . . I really want to tell you what is going on but you know that I can't." Bahagya akong napaigtad ng muling magsalita si Kaios at sinagot ang tanong ko.

I know what he mean. Hindi siya yung tipong nagsasabi ng mga bagay na bumabagabag sakaniya lalo na kung mas makakasama ito sa iba.

He love it that way.

"Let's go outside?" He says suddenly kaya tumango ako at saka kami nagtungo sa balcony.

Cold air enter my system ng mabuksan niya ang glass door. Parehas kaming may hawak na drinks sa aming kamay saka kami sumandal sa may railings, we are facing the city.

"You know, I know that everyone know me as a playboy, a fvckboy rather." He chuckled before shooking his head because of the thing that he just said randomly.

Maging ako ay napangisi dahil oo nga naman, tama siya. Halos lahat ng nakakakilala sakaniya ay ayun ang tingin at laging first impression sakaniya.

"Alam mo ba kung saan kita unang nakita, Zajei?" His voice turns into a playful one na ikinataas ng kaliwang kilay ko.

"Sa university."

"Nope. You're wrong." He cross his arms and lean on the railings even more.

"What do you mean?" Nakakunot ang noo na tanong ko dahil ang buong akala ko talaga ay sa university niya ako unang nakita.

"I first saw you on New York. Senior high school days." He smiled softly, a smile that is too genuine na minsan lamang niya ipakita sa iba.

"How?"

"At your grandparents funerals." He mumbled that made me feel the longing again.

Ang tagal na noon pero masakit pa rin.

"You've been there?" I asked the obvious na tinanguan lamang niya. "I didn't notice you."

"How come you'll notice me? Parang whole duration lang naman ng burial nila ay tulala ka habang nakatingin sa walang buhay nilang katawan. I'm just . . . I'm just staring at you from a far that time." He explained.

Lumingon ako sakaniya and I found out na nakatingin na pala siya sa akin with a sly smile painted on his lips.

"But you don't like me at that time, right?"

He nodded bago ako lapitan at akbayan. Nakasandal pa rin ako sa railings habang nakaakbay siya sa akin.

"I still don't. But the moment I saw you in the university, aiming for the bullseye. . . Cliche might it sounds pero that's the moment I finally say that I want to know you more." He grinned saka ko naramdaman ang pagpatak niya ng magaang halik sa ulo ko. "I just want to know you but I still don't like you. Ang plano ko lang talaga ay kaibiganin ka pero wala eh, nahulog ako."

I chuckled as well before leaning on his chest. This is like our routine before kapag hindi siya makatulog tuwing inaatake siya ng insomnia at anxiety. Nag-iinuman kami, naglalaro ng online games or tumatambay lang and talked about random stuffs habang magkalapit ang katawan naming dalawa.

"So gusto mo na talaga ako noong nanligaw ka?" Pagtatanong kong muli na sinagot lamang niya ng simpleng humming.

"I always want the best for you, Zajei." He whispered like a hush na tinanguan ko lamang. "Kaya ako talaga ang para sayo."

"Tangina mo."

He laughed before pulling away at ininom ang natitirang soda na hawak niya.

Basta talaga kalandian ay active na active siya.

"Kung wala na talaga o kung may nagugustuhan ka na ulit na iba," he smiled at me, "just go for it, Jei. I want you to be happy. I want you to have the things you deserve. . .and to that someone of yours, kahit hindi mo sabihin, alam kong may iba na talaga." He chuckled and ruffles my hair. "Pero sana gawin n'ya yung mga bagay na hindi ko nagawa noong tayo pa."

"Hindi ko naman hahanapin sa iba ang hindi nagawa ng mga ex ko." I rolled my eyes. "I'm not expecting in return if I like someone, you know that."

"Pero---"

"May pagkukulang ka and that is fine. Tapos naman na tayo. Let's be friend. Let's stay this way." I sighed and tilted my head to the side to face the other perspective.

"Okay, fine." Pagsuko niya. "I hope he treats you better."

I smile as I shake my head.

It's a she.

Definitely a she.

The one and only.

And treats me better? Oh, man. She gives me the best but sorry to break it, I think she have plan to make me her mistress.

Okay na talaga si Avey pero may asawa kasi talaga. Ayoko maging kabit, tangina. Ang harot harot ko pero pinagsisisihan ko talaga 'yan minsan kasi bigla kong naaalala na may pamilya s'ya.

Gusto ko s'yang layuan but it seems like we have an invisible thread that keep me tugged on her. I can't walk away because in just a single touch from her will make me come back and break every wall I've made.

"But Kai," I called him after awhile then sigh. Ilang buwan na kaming hiwalay pero wala pa talaga kaming matinong closure. "Why did you cheat on me?" Mahinang tanong ko at hindi ko na nga alam kung narinig niya pa ba dahil hindi ko alam kung dapat ko pa bang itanong iyon.

There's something on me kasi na hindi naniniwalang niloko niya ako. I know that he changed because he want it pero nakita ko kasi sa sarili kong mga mata na may kasex siyang iba kaya, . . . Kaya ang hirap.

"I didn't mean to cheat on you. Of all people I ever met and flirt with, believe me or not, ikaw lang ang minahal ko." I know that, of course.

Ramdam ko naman talaga na mahal niya ako, na minahal niya ako. He never failed not to make me feel that way.

Sa hindi malamang dahilan ay niyakap ko siya at isinubsob ang mukha sa balikat niya.

I don't want to listen to everyone na nagsasabing layuan ko siya. Kaios is like my shoulder, my man. He is the best buddy I ever got na sinamahan ako sa lahat lahat ng katarantaduhan ko.

Siya yung taong inintindi ako noong mga araw na lumalayo ako sa lahat, kahit na sa kambal.

He never leave me. He always look after me.

"What did Wave said?" He asked habang magkayakap kaming dalawa. Bahagya pa akong nagulat sa tanong niya dahil pansin ko ang kumpyansa niya na talagang may sinabi sa akin si Wave.

"What?"

"Si Wave. . . Anong sinabi niya sayo?" He repeated but I just let out a sigh and shook my head.

I won't listen to them.

I trust this man.

And when I say I trust him, andoon ang tiwala kong hindi niya ako sasaktan pa ulit.

"Did he ever told you to stay away from me?" Nag-angat ako nang tingin dahil sa tanong niya and I saw how his eyes turned emotionless.

"Let's not talk about it, Kai." I says, trying to dismiss the topic. Lumayo ako sakaniya at saka naglakad papasok sa loob but before that, I look over my shoulder and gave him a smirk. "Let's go inside?"

He nod his head but before I even take a one step forward, he said something that made my system trembled.

"Don't trust anyone. You cannot trust anyone."

I smiled bitterly.

Stabbing me at the back is their choice and also my mistake.

I've been mistaken for trusting them if ever they betrayed me.

....

"Jei, approved na yung request natin for our special project." Bangag na sambit ni Ferb habang may dalang mga papeles.

Kasalukuyan kaming papunta sa last class namin ngayong umaga at kakagaling lamang niya sa office para sa sagot nila.

Yung special project na sinasabi niya ay yung pagrerenovate ng isang room dito sa Archi building na kailangan naming gawin for our special project sa isang subject namin dahil nga nalate kami.

Gagawin namin 'yon mamaya dahil halfday lang kami ngayong araw.

"Ang sakit ng ulo ko." Nakahawak sa ulo na saad ni Sven.

Natatawang umiling naman ako bago tingnan ang ilang designs na ginawa namin.

Tatanga tanga kasi 'yang mga 'yan. Mga nag-inom kagabi eh may pasok kami ngayon kaya ayan, mga bangag.

Pagkapasok ba naman namin ni Kaios sa living room ay andami nang nakakalat na beer tapos lasing na sila habang naglalaro ng ibang cards.

Ang alam ko talaga ay gagawa sila ng school requirements pero mga nagwalwal ang mga gago.

Si Yuki lang ang sinwerte dahil wala siyang pasok ngayon kaya andoon pa siya sa condo ko.

Hanggang sa matapos ang last class namin ay tila naaaliw lang akong pinapanood ang tatlo dahil parang pinagsakluban sila ng langit at lupa sa hilatya ng mga mukha nila.

Gisahin ba naman ng professor namin sa buong duration ng class.

Mukha raw kasing inaantok iyong tatlo without knowing na may mga hangover 'yon.

"Hoy tanga, doon yan!" Sven shouted habang nag-aayos kami ng iilang gamit. Andito na kami sa magiging convention room ng department namin.

Actually, mapapadali ang trabaho namin dahil maglilinis lang kami for two hours tapos darating na iyong ibang Archi officer at professors para tumulong sa pag-aayos kaya wala masyadong hassle.

"Hoy marunong ba kayong mag-vacuum? Tangina hindi naman naaalis yung mga dumi!" Reklamo ko sa kambal dahil sila ang gumagawa noon habang nagpupunas kami ng gamit ni Sven.

"Marunong kami! Ipasok pa kita rito, eh." Pawisang saad ni Phineas dahil wala namang aircon dito kasi

nga inaayos pa.

Nang matapos kami sa paglilinis with matching bangayan ay halos sambahin namin ang sahig sa sobrang pagod.

Tangina, ang laki kaya ng lugar na 'to. Akala ko talaga one-fourth lang ng buong building floor kaso kalahati pala kaya napakalawak.

Bullshit.

Sa sobrang pawis ko ay hinubad ko muna ang loose shirt ko, leaving me with a racer black top and my sport bra. Buti na lamang ay nakapagpalit ako kanina bago pumunta rito dahil ang init ng suot ko noong pumasok ako sa university and if ever na ayun ang suot ko ngayon ay baka hinimatay na ako sa sobrang init.

Elsa, yakapin mo ako.

Parang mas maganda yung 'Saviel, painitin mo ako.'

Oo nga 'no?

Ambastos nga lang pakinggan, kingina.

Nang mapatingin ako sa mga kasama ko ay mga nakasalampak pa rin sila sa sahig pero si Ferb ay topless na. Buti pa yung dalawa nakadryfit na shirt kaya medyo ayos pa habang mga nakadapa sa sahig.

"Hoy Sven umayos ka nga!" Puna ni Phineas kay Sven dahil balak sanang hubadin noong isa ang shirt niya.

"Baka may pumasok na iba at mabastos ka pa." Ferb added na sinang-ayunan ko.

Halos sampung minuto na kaming nagkahilata ng biglang may nagbukas noong pintuan kaya sabay sabay kaming napatingin doon.

"We brought snacks. Kumain na muna kayo." Eira says pero tumanggi ako dahil hindi pa ako nagugutom ng alukin nila ako.

"Miss Montero, tawag ka sa music room." One of my professor said na tinanguan ko lamang saka pumunta sa music room na sinasabi niya.

Jusko, ang layo noon.

Hindi ko na muling isinuot pa ang shirt ko dahil papawisan lang lalo ako kaya nakasando lamang akong pumunta roon. Okay lang naman 'to dahil wala nang mga students na nagkalat, puro faculty members or students officer na lamang.

"Uhm, good afternoon po." Bati ko nang makapasok ako sa music room.

Tangina, ang daming gwapong prof.

Halos lahat ng dean from different department ay naandito kasama ang iilang professors na ngayon ay

nakaupo lamang at nakatingin din sa akin.

I never felt ashamed towards my body dahil proud ako sa katawang mayroon ako not until I felt her penetrating stares.

Nagtama ang mata naming dalawa and I never expect that she would be here.

Halos lahat ng professor na andito ay marurunong kumanta dahil minsan na silang nagparticipate sa ilang singing events ng school. Does it mean marunong din siya?

I startled when one of the Dean called me saka ako pinapunta sa may center ng music room which is sa may mga instruments na nakaayos.

Mukhang kakatapos lamang gamitin ang lahat ng mga instrumentong nakikita ko kaya wala sa sariling napalunok ako.

"Good afternoon, Miss Montero." Bati ni headmaster which made me greet him back with a small smile on my face.

Masyado pang maraming pasakalye ang sinabi nila but at the end, they just asked me to sing a song.

"What song?" Tanong ni Uncle habang nakatayo sa may gilid.

Sandaling nag-isip muna ako bago ngumiti ng simple.

"Can't help falling in love po."

I saw how my Uncle's side of the lips rose up bago ako tingnan ng may pang-aasar. Kahit gusto ko na siyang taasan ng kilay ay hindi ko magawa dahil nasa university kami.

"Who knows how to play that song?" Tanong ni headmaster bago balingan ng tingin ang mga professor.

"I do."

Oh, shit.

"Go on, Architect." Nakangiting saad nila matapos tumayo ni Ma'am at lumapit sa kinaroroonan ko.

"What accompaniment do you want?" She asked.

"Uh piano?" I said, unsure. She just nod her head before seating infront of the piano and start to press some key before signing me to start whenever I'm ready.

Hindi ko maialis ang mga mata ko sakaniya dahil nasa may unahan ko sa gilid ang piano kung nasaan siya.

She's just wearing a sleeveless silk blouse as her top habang seryosong nakatingin sa akin. Hinihintay ata niya na sumenyas ako na hindi ko magawa gawa dahil hanggang ngayon ay nakatitig lamang ako sakaniya.

I didn't know that someone would look gorgeous and hot at the same time just by seating in front of a piano.

Pesteng yawa!

Ang gandang babae naman no'n.

"Uhm, start na po?" I asked out of a sudden ng mapansin kong nakatitig na sa akin lahat ng tao rito.

"Yeah." Someone answered na hindi ko na makumpirma kung sino dahil masyadong preoccupied ang isip ko.

I signal her to start which she obliged dahil agad siyang nagtipa.

While she's busy playing the instrumental part, hindi ko na magawa pang maialis ang tingin sakaniya.

She seems so free when she's doing that.

Never in my mind I ever thought that she knows how to play any instrument or she's into music.

Ang alam ko kasi ay she's into me.

Charot.

Nang mag-uumpisa na akong kumanta ay tumingin siya sa akin bago ako tanguan which made my heartbeat crazier.

Damn it.

[Kindly play the multimedia above<3]

Wise men say
Only fools rush in
But I can't help falling in love with you
Shall I stay?
Would it be a sin
If I can't help falling in love with you?

Kung kanina ay sa mga keys lamang siya nakatingin, this time, our eyes sync in one.

Tila nag-uusap kaming dalawa gamit ang mga mata namin dahil hindi mabaling sa ibang bagay ang aming mga tingin.

Like a river flows
Surely to the sea
Darling, so it goes
Some things are meant to be
Take my hand,
Take my whole life, too
For I can't help falling in love with you

She look so calm.

Mukhang saulado niya ang kanta dahil hindi na siya nag-abalang tumingin sa kanyang tinitipa. She's just staring straight at my eyes like she's not bothered to the people that's now watching us.

Though, I don't even care to them.

I felt like I've been drown to our own music, to our own rhythm rather.

Because she's my own melody.

Like a river flows
Surely to the sea
Darling, so it goes
Some things are meant to be

I can't help not to smile habang patuloy sa pagkanta. Hanggang ngayon ay nakatingin kami sa mata ng isa't isa, totally lost in our own worlds.

Never have I ever feel this way towards someone. Never have I ever feel the butterfly in my stomach which I always thought was cliche and a damn shit.

Not until she let me feel it.

Take my hand,
Take my whole life, too
For I can't help falling in love with you
For I can't help falling in love with you

Hanggang sa huling kataga ng kanta ay nanatili ang ngiti sa mga labi ko. My heart is beating too loud and so fast. It is so fvcking wild inside my chest na mukhang anytime ay lalabas ito.

And it even got wilder when she smiled a little, emphasizing the dimple at the corner of her lips.

Oh, shit.

I think I'm inlove!

Kailangan ko na atang mangumpisal sa Maykapal.

Goodbye Earth.

I'm going now to her world.

Papanindigan ko na yung asawa ko.

Hihiii!!!!

....

"Ma'am?" Tawag ko sakan'ya habang nakaupo ako sa carpeted floor ng kan'yang opisina at kumakain.

Ibinili akong Mcdo ni Ma'am kasi mukha raw akong sundae ng Jollibee at chicken ng Bonchon. Mukha rin daw akong sahog sa chaofan pero hindi n'ya alam na mukhang tanga ang kan'yang husband.

Pero totoo. Ibinili n'ya talaga ako ng McDo kasi hiniram ko yung phone n'ya at nag-order tapos noong idinating na ay s'ya ang hinanap at pinagbayad. Ako lang ang umorder pero s'ya pa rin ang bumili.

"What?"

Matamang isinawsaw ko sa McFlurry with Oreos kasi ubos na ang sundae ko. Masarap isawsaw ang fries sa ganito pero mas masarap ako.

"Sasamahan mo pa rin ba ako kapag naging lapis mo nalang ako?" I throw my head to her side and patiently wait for her answer.

"Of course." She arch her brow. "Tapos tatasahan din kita."

"You want it sharp?!!" I loudly asked reason for her to throw me a set of rulers na mabilis kong iniwasan.

"Shut up and eat."

"Ubos na, eh."

"Order ka ulit." Utos n'ya saka iniurong ang kan'yang cellphone sa dulo ng table n'ya at muling bumalik sa laptop.

Naggagawa ata s'ya ng PowerPoints para sa mga handle n'yang nasa lower year palang. Buti nalang nasa upper year ako.

I'm top after all kaya deserve ko 'to.

Deserve kong ubusin ang cash ni Ma'am.

"What the fvck did you order?!" Galit na usal nito matapos icheck ang mga inorder ko sa cellphone n'ya.

"Condom."

"Goodness, Zajei Loure. Anong gagawin mo sa sanitary napkin? Ipapalaman mo ba?!" Malakas na reklamo n'ya at kulang nalang ay magwala s'ya while scrolling to her phone.

I chuckled. "Ang balahura, Ma'am, ah." I shake my head and folded my arms to stare at her comfortingly. "I checked your comfort room. Wala ka masyadong toiletries and wala ka na ring stock for personal necessity as a lady kaya nag-order na ako."

"Utang na loob ko pa 'to sa'yo?"

"Of course."

She snort. "Puro na nga lang sama ng loob ang ibinibigay mo."

"Weh?" I mocked that made her glare at me. "Hindi mo nga ako matiis---"

"Anong kakainin mo ngayon? Wet wipes?" She cut me off and sternly asked.

"I want a sweet rice cake, with a gooey jelly like mochi texture topped with a lot of grated coconut or it can be dulce de leche."

Her brows furrowed, looking really confused to the food I mentioned.

"What's that?"

"Yung ano po Ma'am, inilalako 'yon, eh. Square s'ya. Nakakain nga po ako dati color black naman." Maging ang mga kilay ko ay nagsalubong dahil nalimutan ko iyong term sa tagalog.

Ano nga ulit tawag do'n? Mukhang kwekwek ang normal color n'ya, eh.

"A rice cake?" She asked again.

"Yes po."

"Puto?" Hula n'ya na ikinailing ko.

"Hindi, Ma'am. Parang ano 'to. Kasama lang 'yang ibinebenta pero hindi 'yan!" My tone raised that made her brows met even more.

"Are you mad?"

"Hindi kaya manghula kana ulit."

She rolled her eyes and keep her silence for awhile saka ito tumango-tango.

"Biko?"

"No?" Patanong na sagot ko rin na tuluyan niyang ikinatigil sa PowerPoint na pinagkakaabalahan kanina.

Seryosong sinuri n'ya ako. "Square, right? What the heck is that? Bibingka?"

My eyes sparkles at ngumiti ng malawak pero nang magtagpo ang mga mata namin ay sumimangot din agad ako.

"Hindi po."

"Eh ano 'yon---"

Tuluyang lumiwanag ang mga mata ko nang maaalala ko na ang aking sinasabi.

"It's kuntina!"

Her face contorted at naguguluhang tinitigan ako hanggang sa napasapo siya sa kan'yang noo at tumungo.

"Ang tanga mo." Rinig kong bulong n'ya.

"Bakit ako? Ako na nga ang nakaisip, eh---"

"It's kutsinta!" She glared at me and lightly slam her handa against the desk. "Where the hell did you see a black one?"

"Yung order po ni Uncle last birthday ni Yuki. Black 'yon, Ma'am. Ang sarap nga po, eh, tapos may color violet pa."

Sumingkit ang kan'yang mga mata. "That color violet, what do you think is that flavor?"

Sandaling napaisip ako dahil tinatanya ko kung tama ba ang aking isasagot. Ayokong magkamali dahil mukhang hinuhusgahan n'ya agad ako.

"That's ube." Sagot ko na may isang ngiti sa labi.

"Are you sure?"

Sandaling nagloading ang utak ko dahil baka may iba pang flavor na color violet. Pero ube 'yon diba? Pinanganak lang akong maganda at hindi ang sumuri sa bawat flavor ng pagkain dahil tanga ako doon.

Basta mukhang masarap at mabango edi go lang.

"Uhm, grapes?" Subok ko na matalim niyang ikinairap.

"The ube is already correct. Why did you change it?" Masungit na tanong n'ya pero sumimangot lamang ako at pinaikot ang lapis sa aking daliri.

"Kasi po nagtanong ulit kayo. Kasalanan n'yo 'yon, eh. Wala pa naman akong sariling desisyon kung hindi ang ibahay ka kaya pwede ba Ma'am? Samahan mo na 'kong maglipat ng gamit, oh. Mag-aaral akong maglaba pero sasabog yung washing machine bago matuyo 'yong mga damit natin." I cutely giggle when she act like I'm not existing anymore pero nang may mapagtanto ata s'ya ay napatingin itong muli sa akin.

"Is there a square shape kutsinta?" Inosente ngunit naguguluhang tanong n'ya.

"Opo---"

"There's none---"

"Meron po. Nakakain na nga ako no'n, Avey. May proof ako tapos ikaw wala pa." I grinned when she pursed her lips together and just snort.

"Ma'am," tawag ko ulit.

"Ano na naman?" Iritadong nilingon n'ya ako pero maingat na ibinaba ko lamang iyong lapis sa table.

"Is there a black bibingka?"

Her lips parted after hearing my question.

Ngayon lang pumasok sa isip ko na sinabi n'ya nga pala kanina ang bibingka knowing na sabi kong color black at square shaped.

"There is." She looked away.

"I wanna have some---"

"Miss Montero!" Namumulang bigkas niya na ikinapagsalubong ng aking mga kilay.

"Sabi n'yo mayroon? Magpapa-order ako." I looked for my phone but I can't figure out where it is kaya

mariing tinitigan ko na lamang si Ma'am na kinakagat ang pang-ibabang labi niya.

Isiningkit ko ang aking mga mata.

"Mayroon ba talaga?"

"Y-yeah," she nodded. "When it's burnt then it's close to be a black one."

"Ha?" Mas lalong nag-lag ang utak ko sa sinabi n'ya pero tuluyang hindi na n'ya ako pinansin at tumayo na lamang.

Kapag daw nasunog----ay tangina.

"Ma'am," I laughed loudly when I realized what she said. "Saan ka nakakita ng bibingka na sunog? Pati iyong pagkain ay dinamay mo na sa sama ng loob mo. Sunog yarn?"

Malalakas na halakhak ko ang tanging maririnig sa loob ng opisina n'ya hanggang sa naramdaman ko ang kan'yang paglapit at walang pasabing sinapakan ng papel ang bunganga ko.

Ampota.

"Stop laughing." Nakasimangot na aniya. "Stand up. We're gonna get those."

"Ang alin?" I asked because she's almost dragging me out of her office.

"Your kutsinta."

I immediately stand up at sumunod na sakan'ya papalabas ng office. May kung ano pa s'yang ginagawa sa phone ay nang sumilip ako ay nakita kong nagbibilin nalang s'ya sa rider ng pinamili ko na iwan nalang sa main gate ng university ang order ko thru online tutal ay bayad naman na.

"Where can we find those?" She asked while looking at me through her shoulder.

"Yung bibingka na black muna ang hanapin natin, Ma'am---"

"How about ikaw ang ipasok ko sa oven?" Pikong aniya.

"What if ikaw ang pumasok sa'kin---charot." Mabilis na bawi ko saka pasimpleng humawak sa braso n'ya nang makaliko kami patungong parking lot.

"Mayroon sa kabilang street, Ma'am. Doon ako kumakain dati."

"Who?"

"Kaios."

"Who cares?"

"Ang taray taray hindi naman alam ang color ng bibingka---"

"Montero!" Malakas na bigkas niya pero nag-umpisa na akong magtatakbo habang matamis na nakangiti.

Goodness.

"I'll give you a black eye, come back here!!!"

Chapter 25

Zajei's POV

Tahimik at payapa akong nakaluhod habang magkasiklop ang mga kamay. I am praying peacefully in the corner of the church.

Gulong gulo na ako.

Wait. Let me rephrase it. Alam ko na yung nararamdaman ko pero parang ayaw kong tanggapin.

Ayaw ko pala talaga.

Kasi naman, may asawa na yung taong nagugustuhan ko. Ang malala pa, may anak sila.

They have a family to cherish for at ayaw ko namang sirain 'yon. Napagdaanan ko na yung mawalan ng magulang at masira yung pamilya at hindi ko naman hahayaang mangyari 'yon sa iba dahil sa akin.

I can't afford to do it.

I sighed heavily before opening my eyes and look at the altar.

Lord, send me a sign. Kapag lumiwanag na po iyong kalangitan pag labas ko ng simbahan, I would avoid her pero kapag hindi po, I'll stay with her and I won't stop my feelings anymore.

Mahal ko na ata s'ya--- mahal ko na po pala siya. Sorryyy! Hindi ko naman po sinadyang mahulog. Tanga lang po talaga yung puso ko kasi titibok na lang ay doon pa sa pamilyadong tao na.

I know, I know that it is childish na humingi ng sign para sa iba pero what can I do? I want to know His side kahit papaano.

Nang tumingin ako sa may labas ng simbahan ay tumila na ang ulan. Kanina kasi ay talagang masama ang panahon pero nagtungo pa rin ako rito.

"Ay shit!" Halos mapalundag ako sa kinauupuan ko nang paglingon ko ay may katabi na akong pari. Nakangiti ito at may hawak hawak na rosary na palagi niyang dala tuwing nakikita ko siya.

"Ang lalim ata nang iniisip mo ngayon, hija." Puna niya saka ako nginitian kaya kahit nagugulantang pa ang sistema ko ay nagawa ko pa ring ngumiti.

He is Father Francis. Siya yung pari na lagi kong kakwentuhan kapag pumupunta ako sa simabahang ito.

"Medyo po, Father." I answered honestly before a small smile painted on my lips. "May nararamdaman po kasi akong sobrang mali pero parang tama." I says before turning my gazes at the altar.

"Are you in love?"

"Opo." Mabilis na sagot ko na tila walang pag-aalinlangan pero agad ring nanlaki ang aking mga mata ng marealize ito.

Shit!

Alam kong maling magmura lalo na at nasa loob ako ng simbahan pero kasi naman! Aish! Ang gulo talaga, gorgeous Zajei!

"Alam mo hija, ganyan naman talaga sa pag-ibig. Sa una talaga makikita mong mali dahil may mga bagay na nagsasabi nito sa iyo o pumipigil but that's one of the special thing in the name of love." He smile genuinely before he look at the rosary he's holding. "Beyond the struggles and obstacles we see in lines, we can't still help not to fall or love that person. Sa kabila ng mga bagay na dapat ay hindi natin gawin, nagagawa pa rin natin dahil nga ito ang gusto ng ating mga puso. . . Mali man sa paningin ng iba, alam mo naman kung saan ka sasaya."

I remain quiet. Hindi ko maibuka ang aking bibig dahil pinaprocess ko pa ang sinabi niya.

Love?

I know that love is such a powerful feeling but I didn't know that it is much more than it could be.

"Ano bang pumipigil sa iyo?" He asked that made me look at him. He had this heart warming smile na palagi niyang suot sa tuwing nagmimisa o kinakausap niya ako.

"Babae po s'ya, Father." Tanging sagot ko pero tama na para maintindihan niya.

Katahimikan ang namayani sa pagitan naming dalawa pero maya maya pa ay narinig ko na ang pagtawa niya.

"Babae? Kasarian ang pumipigil sayo para sabihin na mahal mo siya?" Tanong niyang muli na tinanguan ko na lamang dahil parang hindi big deal sakaniya ang sinabi ko knowing that he is serving his life in the church. "Kung ganiyan ang pananaw mo, maling mali ka Zajei, hija."

I frowned and looked at him with a clueless expression in my face pero mas ngumiti lamang siya at hinarap ang altar.

"Wala sa kasarian ang pagmamahal. Wala kang mali kung sa kaparehas na kasarian mo ikaw mahuhulog dahil wala naman ni isa sa atin ang may alam kung kanino at kung sino ang ating mamahalin."

"Pero di'ba po ano, it is forbidden to the eye of our God?" Nakatungong tanong ko.

"At the eye of the people who have narrow mind, it is. But in our God? Hija, nakalimutan mo na ba na isinakripisyo Niya ang kaniyang sarili para sa atin? Ganoon Niya tayo kamahal at ang pinagdadaanan mo ngayon ay alam kong Kaniyang maiintindihan dahil anak ka Niya. . . Our God is not just a God. He is forgiving and lovable to the point that He still love us after all the mistakes we've done." Makahulugang bigkas niya bago iangat ang aking baba upang magtama ang aming mga mata saka niya ito muling binitawan.

"Bata ka pa lamang ay lagi ka nang nagsisilbi sa simbahan. Isa ang pamilya niyo sa laging matatagpuan dito lalo na noong buhay pa ang lolo at lola mo. At that time, alam ko na lalaki kang isang mabuting bata. You have fair judgements to everyone kahit na madalas kang mapaaway dati dahil sa pagsasabi mo ng totoo. Naging matapat ka sa mga nakakasalamuha mo at ayun ang hinahangaan naming lahat dito. . ." He paused and smile, a genuine smile. "Para ka na naming anak kung iturin, Zajei. Nakita namin ang paglaki mo dahil noong hindi ka pa umaalis papuntang ibang bansa ay halos araw arawin mo ang

pagdalaw dito. Noong naghiwalay ang mga magulang mo, Diyos ang naging takbuhan mo. Nakita ko ang pag-iyak mo habang nagdadasal sa isang sulok at pagkatapos ay saka mo pupunasan ang luha mo at pilit na ngingiti." Nahimigan ko ang pagbaba ng tono niya at ang lungkot sa boses niya sa bandang dulo ng kanyang mga salita.

"Zajei, hindi kamalian ang magmahal ng kapwa babae. Nagmamahal ka lang naman. Ang importante lamang ay magmahal ka ng totoo at busilak. Hindi ka masama hija. Ang taong humuhusga ng walang alam sa totoong istorya, sila ang dapat mong hindi bigyang pansin. Wala naman silang ambag sa buhay mo kaya huwag kang makikinig sakanila." Bahagya niyang itinapat ang kanyang kamay sa aking dibdib saka mapang-unawang ngumiti. "Just choose to love. Follow your heart but also," he pointed my head and tap it a little. "Don't forget to use your mind also. Hindi lahat ng sinasabi ng puso mo ay tama kaya gagamitin mo rin ang isip mo. Balance it and you'll find your way to love that someone of yours."

"Father. . ."

"Shhh." He wave his fingers back and fourth, dismissing me. "Alam kong naguguluhan ka kaya huwag ka nang magsalita pa. You need time to think of what the best for you. Alam kong kaya mo iyan hindi dahil sa matalino ka kung hindi dahil may tiwala ka sa Diyos." He just tapped my head and put the rosary in my hand saka niya ito bahagyang isinara. "Just pray, hija."

"Just pray and you'll find the answer." I mumbled under my breath na kaniyang ikinangiti.

"He will hear your prayers."

Matapos ang aming pag-uusap ay nagpaalam na rin siya dahil may misa pa raw siya after some minutes kaya nagpaalam na rin ako matapos kong magdonate.

Dahil sa naging pag-uusap namin ay naliwanagan ako kahit papaano. Admist the chaos in my mind, there's still a hope in my heart.

Pagkalabas ko ng simbahan ay biglang bumuhos ang malakas na ulan.

Imbis na sumilong ay tila nanigas ako sa aking kinatatayuan dahil yung sign ko.

Shit!

Hindi ko magawang pumasok sa kotse kong nasa harapan ko na dahil hindi ko magawang igalaw ang kahit na anong parte ng katawan ko.

I can't move!

"Is this the sign I am asking?" Bulong ko sa hangin pero tila narinig ako dahil mas lalong lumakas ang buhos ng ulan.

"Are you out of your mind?!" Singhal ng kung sino at napansin ko na lamang ang telang nakapatong sa balikat ko kasabay ng pagtigil ng pagpatak ng ulan sa aking kinatatayuan.

"The rain is keep on pouring hard but you're just standing there like you're in a damn photoshoo---"

"Ma'am..." I can't help not to call her when I saw her at my side, brows furrowed with irritated yet concern reaction on her beautiful face.

"Let's get inside your car." Aya niya bago hablutin ang susi na nasa aking kamay.

She held my arm and open the passenger seat for me dahil parang nawawala ako sa aking sarili.

I can't process this.

Ang hiniling ko lang ay sign pero bakit pati siya ay nasama? Bakit andito rin siya?

"Do you have towels?" She asked matapos niyang makapasok sa sasakyan. I just nod at her saka huminga ng malalim dahil nilalamig na ako. "Where? I'll get it."

Nang lalabas na sana siya ay mabilis kong nahawakan ang kaniyang palapulsuhan saka umiling.

"It is in the compartment. Mababasa ka pa." Matagal niya akong tiningnan, checking my current state kaya ngumiti ako at umiling sakaniya. Hindi naman siya basa dahil ang ayos pa ng damit na kaniyang suot.

"I don't need towels. Your hugs will do." Saad ko makalipas ang ilang segundo na ikinalingon niyang muli sa akin.

She stared at me for awhile before nodding her head na ikinaawang ng labi ko.

Hindi ko siya gets.

"Come closer."

"Ha?"

"I'll hug you."

"Ha?" Come on Zajei, anong ha? Hakdog ba?

"Tch." She hissed before getting the jacket na nakapatong sa balikat ko bago ito kinuha saka ako hinila papalapit sakaniya.

Agad niyang hinubad ang jacket na suot ko saka ko nakita ang panyong kinuha niya sa kaniyang bulsa. She gently wipe the excess water on my arms saka bahagyang pinunasan maging ang leeg ko. Yung jacket na hinubad ko ay inilagay niya sa backseat and I saw that she get one of my warmer in there.

May reserve warmer ako doon dahil dumaan ako kanina sa university to get my athlete uniform at kasama na roon ang warmer ko.

"Remove your shirt."

"Ma'am, sure ka? Dito talaga natin gagawin sa car?" I asked unconciously saka tumingin sa labas kahit na tinted ang kotse ko.

"What do you mean?" She asked confusely pero ilang segundo pa ang nakalipas ay nakita ko ang mataray na pag-irap niya. "You need to change. Here." Inabot niya ang warmer ko bago tumalikod. "Do it now."

Agad kong sinunod yung sinabi niya saka ko siya muling pinaharap. Basang basa ang buhok ko pero

hindi ko na ininda pa ito dahil nilalamig talaga ako.

Napansin niya ata ang panginginig ng aking katawan kaya pinatay na niya ang aircon bago ipasuot sa akin ang jacket niya. I know that it's hers because of the scent.

"M-ma'am." Bahagyang nabigla ang katawan ko ng walang ano ano ay hinila niya ako papalapit at ikinulong sa mga braso niya.

Kahit na may suot akong jacket ay ramdam ko pa rin ang init ng katawan niya dahil nakatapat ang mukha ko sakaniyang leeg.

"Just rest. Hindi pa tayo makakaalis, it's still raining." She said like a hush before she started combing my hair by her fingers.

"Why are you here?" I asked, voice shaking.

"I was supposed to buy some stocks but I saw you."

Katabi nga lang pala ng simbahan ang grocery store na malapit sa Zioure kaya hindi na nakakapagtaka.

Sa simbahan talagang iyon ako sumisimba dahil ayun na ang nakagawian ko mula bata pa. Sa Zioure din naman kami nakatira dati, sa bahay ng Lolo at Lola ko pero dati lang 'yon.

"Sorry."

"For?"

"I interrupted your--"

"You didn't. Now rest." She cut me off before I felt a soft thing at my forehead.

She just kiss me at my forehead!

"Ma'am---"

"Miss Montero." Nagbabantang batid niya na ikinatawa ko.

Hindi na ako muling nagsalita pa. I just put my arms around her waist to hug her back bago mas nagsumiksik sa leeg niya.

She smell so fvcking good.

"I won't stop it anymore." Paos na wika ko.

"Stop what?"

Imbis na sumagot ay tumingala lamang ako at nginitian siya. She's arching her eyebrow which made me smile more because she look hot as always kahit na ang lamig lamig ng panahon.

"I already have my answer." I utter instead of answering her.

She threw me a confuse look. Halatang maguguluhan na siya sa mga pinagsasasabi ko pero hindi siya

nagsasalita.

"Remember when I told you that I would present something you need to believe without any scientific theory?" I asked na agad niyang tinanguan habang magkayakap pa rin kami.

Ghad, she's so huggable. She's so soft.

"Love." I said using my soft voice. "Love is the thing you need to believe without having any theory regarding to it because you," I place my index finger at her right cheek and gently press it into it. "You could feel it but you can't explain it neither."

"Love, huh?"

"Yes, my love." I giggle when she rolled her eyes.

"Are you planning to argue with me about it or not?" Tanong ko dahil hindi na siya muling nagsalita pa.

Habang tahimik kaming dalawa ay hindi ko na napigilang pagmasdan pa ang features niya. That perfect thick eyebrows that's well shaped. That pointed nose with moles at the bridge and at the tip. And of course, that eyes, that hazel brown eyes but have the shade of gray.

It is perfect.

Ang dami rin talaga niyang nunal sa mukha. Sa ilong, sa may jawline and sa may gilid ng labi where her dimple is. Maliit lang din ang dimple niya sa gilid ng labi niya na hindi masyadong pansin dahil minsan lang naman siya ngumiti.

"I don't want to argue anymore." She said after awhile kaya naputol ang pagtitig ko at pagtrace sa mga moles niya.

"Oh, are you in love?" Wala sa sariling tanong ko dahil nalulunod na naman ako sa ganda niya.

Ang alam ko talaga ay mas maganda ako kay Ma'am pero bakit ngayon ay mas maganda na ata siya? Glow up lang?

"Me? In love?" She unbelievably asked and hold my hand ng akmang hahawakan ko ang pisnge niya. She hold it and gently pressed it with her bago ibaba at itinapat sa bewang niya saka sinalubong ang mga mata ko.

"Are you?"

She look at me. Biglang pumungay ang kaniyang mga mata bago bahagyang kinagat ang pang ibabang labi na ikinahigit ko ng hininga.

"I think,"

"You think?"

"I think I am."

"You're not sure?" Gulong tanong ko pero huminga lamang siya ng malalim at muling iginiya ang ulo ko sa kaniyang leeg.

I can feel her heartbeat getting fast, the same as mine na ikinangiti ko.

It looks like our heartbeats are in sync.

"I didn't knew that you know how to play instruments." I stated habang nakasubsob sa leeg niya.

Saka ko na lang ulit siya titingnan. Nag-eenjoy na akong pakinggan ang tibok ng puso niya at amuyin yung natural scent niya.

Alam kong wala siyang perfume ngayon pero mas nakaka-adik ang amoy niya. I can stay with this position forever.

"And so?"

"Can you teach me?" Nagbabakasakaling tanong ko dahil kahit naman hindi ko maintindihan kung paano tumugtog ay gagawin ko para makasama siya.

Puta, nagiging corny na ako.

It is making me cringe.

"You need to focus on your acads." She indirectly rejected me but I know her point. Graduating student ako kaya kailangan talaga ay focus sa academic.

"But I can focus on you either."

"You flirt."

I chuckled and hug her tighter. "What? I'm just saying the truth."

"Whatever."

"You'll teach me?" Muli kong tanong dahil hindi ko talaga siya titigilan hangga't hindi siya pumapayag.

I'll use my charms if necessary.

"Di'ba kailangan kong magperform sa graduation ball kaya I want to learn how to play some instrument so, please, teach me!!!" I said using my cute pleading voice na walang sino man ang makakatanggi.

Sa ganda ko ba namang 'to.

Kaya pala ako pinagperform yesterday ay dahil sa graduation ball. Isa raw ako sa kakanta kaya raw maghanda ako ng isang piece for that night.

"What instrument do you want?" She asked after a sudden na ikinangiti ko sa leeg niya.

"Piano and guitar."

Gusto ko rin sana ang drum kaso baka kulangin na kami sa oras. Hindi rin ako mahilig sa drum dahil baka yung mga epal ang mahampas ko ng drumsticks kapag nagkataon.

"Just go at my house."

"Reallyyyy?" Masayang tanong ko saka nag-angat ng tingin. I felt like I am screaming in joy dahil sa laki ng ngiting nakaguhit sa labi ko.

She nod her head bago bumaling sa bintana. "Umupo ka na ng maayos. I'll take you home."

"Pero paano ka? My condo is way too far from your village." Nangangambang saad ko dahil mapapalayo pa siya if ever. Hindi ko naman masabing siya nalang ang ihahatid ko dahil hindi ko kayang magdrive because my body is shaking due to coldness.

"I can take care of myself."

"But--"

"No buts. Just rest." Hindi na ako naka-angal pa sa utos ni general Saviel kaya sumaludo na lamang ako bago umayos ng upo.

"I want to hug you." I literally voice my thoughts out na hindi ko pinagsisisihan dahil nakita ko ang epekto nito sakaniya. She just stop starting the car engine and look at me in awe.

"Payakap pa." I demanded at walang pasintabing niyakap siya. I stay there for I don't know how long dahil tuluyan na akong nilamon ng antok.

This is what I called safe haven.

"Hmmm." I hummed before opening my eyes. Sobrang bigat ng talukap ng mga mata ko. Para din akong binagsakan ng daan daang bakal sa sakit ng aking katawan.

Bullshits.

"How are you feeling?" The door opened and her voice beams.

Dahan dahan akong napatingin sakaniya na may dalang tray ng pagkain na inilapag niya sa harapan ko. After that, she sat beside me and check my temperature using her hands.

"You're still hot."

"In born." Paos na wika ko na wala halong pagdadalawang isip dahil nakatanga lang ako sa wall ng bedroom n'ya.

Hinatid pala talaga niya ako and why on Earth I'm here in her house?

I frowned and look at her na nahuli kong nakakunot ang noo. "Why am I here?"

"You're alone and you're sick."

"So?"

Imbis na sumagot ay tinaasan lang niya ako ng kilay na lalo kong ikinagulo.

"Ma'am."

"Just eat." Utos niya bago kunin ang phone niyang tumutunog na. She excuse herself kaya tumango

lamang ako at nagsimula nang kumain.

In fairness, ang sarap talagang magluto ni Ma'am. Daig pa ang ibang culinary students sa mga luto niya.

I am enjoying my food when she get inside. Hindi naman siya mukhang bad mood pero seryoso pa rin as usual.

I cleared my throat after drinking the medicine na kasama sa tray. She take a glance at me before arching her brow.

May sakit na nga ako tapos ang taray pa rin niya. Dapat mabait siya ngayon, may sakit ba naman yung maganda niyang asawa.

"W-who called?" I asked and my eyes literally widen dahil hindi naman dapat iyon ang sasabihin ko. I was supposed to ask her kung kumain na siya peto traydor talaga ang bibig ko.

She frowned before placing her phone at the side table. She sat in front of me saka ako tiningnan ng mataman.

"Your Uncle." She then said before shrugging. "I just told him that you're sick but unfortunately, he can't come over because he is not here in Manila with your grandparents." She informed na ikinatango ko na lamang.

She started checking my food kung ubos na ba at nang matapos siya ay kinuha na niya ito at lumabas ng kwarto.

Right after she closed the door, dahan dahang tumayo ako at nagtungo sa banyo to take a quick bath kahit na sobrang nilalamig ako. Kailangan kong maligo kasi ayun yung nakasanayan ko kapag nagkakasakit ako dahil nababasa ng ulan.

Kakalabas ko lang ng banyo, fully dress, nang makita ko si Ma'am na nakacross arms na nakaupo sa gilid ng kama.

When she look up, I saw fury in her gorgeous eyes. "Why did you took a bath?" Seryosong tanong niya saka tumayo at nilapitan ako.

Automatic na napaatras ako because, ghad, she really looks mad.

"You have a high fever yet you're too stubborn!" Napapikit ako sa biglang pagtaas ng boses niya. Minsan ko lang marinig yung boses niyang ganoon kaya hindi ako sanay.

"Do you really want to kill yourself--"

I cut her off by grabbing her waist and gently place my hands on it. Kahit nanglalambot ang katawan ko ay nagawa kong tawidin ang distansya naming dalawa at saka ko siya niyakap.

"Sorry. Sorry na Ma'am." I said softly while burying my face on the crook of her neck. "I got used to it." I started to massage her waist because I can literally feel her body trembling in frustration because of me.

Hindi ko talaga alam kung matatawa ako sakaniya o hindi dahil kitang kita ang concern niya kahit na pilit niya itong ikinukubli sa pagtataray niya.

But, I am amuse. Really.

"But it isn't good." Her usual monotone voice return kasabay ng pagkalma ng boses niya.

Now, I can say that she's back at her usual self dahil ganoon na ulit ang boses niya. I smile at her neck while my hands are still on her perfect waist.

"Sorry."

"Tch. Just rest at your bed." She pulled me away from her kahit na hindi naman niya ako niyakap pabalik. She pointed the bed at tinaasan ako ng kilay, demanding to obey her words.

Nakangiting sumunod ako at sumampa sa kama bago yumakap sa isang unan.

"Ma'am, gabi na." I stated when I saw that it is already 8 o'clock in the evening.

Hindi ko alam na ang tagal ng tulog ko kanina. Heck, I don't even know how did I end up here without waking up.

"I know."

"Paano ako uuwi niyan?"

"Who says that you would?" Seryosong tanong niya habang nakaupo sa dulo ng kama.

"What do you mean?"

"You'll stay here. Your Uncle asked me to." She shrugged before closing her eyes for awhile and when she opened it once again, it got a brighter shade.

"Uhm, humiram nga po pala ako ng clothes n'yo." She nodded. "Thank you."

Sa sobrang bigat ng talukap ng mga mata ko ay pumikit na lamang ako. I am not sleepy pero gustong gusto kong matulog. This is not what I like when I am having a fever. Hirap na hirap akong matulog.

Napatingin ako sa direksyon ng closet n'ya when I heard it open and close. I almost part my lips when I saw her in a simple clothes. Fvck! She's slaying it.

She's wearing an oversized shirt na isa sa paborito kong isuot kapag nasa lamang ako condo dahil may ganoorin din akong damit. Hindi kasi ako mahilig sa mga silk pajamas kaya puro shirts ang pangtulog ko or I may say, wala akong suot minsan kapag natutulog dahil mag-isa lang naman ako.

"Why aren't you sleeping yet?" Nakakunot ang noo'ng tanong niya nang makalapit siya. I just smile at her before tapping the other side of the bed, urging her to lay down beside me.

"I can't." I answered before I face her dahil umupo siya sa tabi ko at sumandal sa headboard. "Sleep beside me, Ma'am." I said cutely bago ngumiti ng mas malawak sakaniya.

She rolled her eyes before nodding. "Mainit ka pa rin?"

I just shrugged dahil hindi ko naman alam pero ramdam ko ang init na nanggagaling sa mga mata ko. I can't even stand to open my eyes a little longer kaya papikit pikit ako.

Napapitlag ako nang muli niyang idinampi ang kanyang kamay sa leeg ko saka napapalatak.

"Mas tumaas iyong lagnat mo." She commented before standing up kaya agad kong hinawakan ang kamay niya to stop her from leaving me.

"Where are you going?"

I may sounds clingy pero ayaw kong umalis siya sa tabi ko. I want her at my side all the time. I want her.

"I'll be coming back after few seconds. I'll just get something." Bahagya niyang kinagat ang ibabang labi niya to suppress her smiles na ikinalabi ko.

"Five minutes lang ha." Parang batang saad ko na tinanguan lang niya bago tanggalin ang kamay ko sakaniya.

"Clingy." She mumbled bago tuluyang lumabas ng kwarto pero bago iyon, nakita ko ang pagsilay ng ngiti sa mga labi niya.

....

Napamulat ako ng mga mata nang maramdaman ko ang paglapat ng basang tela sa noo ko.

"Ma'am."

"Shh, just sleep." She whispered before tapping my back kaya wala sa sariling niyakap ko siya.

"What time is it?" I know that my voice is so husky at parang nawawalan na nga ako ng boses dahil sa sakit ng lalamunan ko.

"12:47 am."

"Sabi mo five minutes lang. Bakit madaling araw kana bumalik?" I said while pouting at dahil nga magkatapat ang mukha naming dalawa ay kitang kita ko ang pagbaba ng tingin niya sa labi ko.

"Idiot. You were asleep when I came back." Nakairap na sagot niya bago tanggalin ang ilang strand ng buhok kong nakaharang sa mga mata ko. "Do you have a headache?"

"Slight. Heartache Ma'am mayroon." I giggle when she shook her head and sigh heavily.

Nas-stress na naman ata siya sa akin.

"Ma'am alam mo ba?"

"Hindi."

"Haha funny." Sarkastikong wika ko bago siya ismidan pero agad rin akong napaaray ng pitikin niya ang tenga ko.

"What is it?"

"We fit together like puzzle pieces." Nakangiting batid ko na parang tanga dahil parang kanina lang ay iniismidan ko siya pero ngayon ay tila nagcoconfess ako.

Bipolar shits.

"Oh? Are you saying now that you love me?" Nang-aasar na tanong niya which made me blush. Buti na lang at patay ang ilaw kaya hindi halata. Tanging lamp lang ang bukas na nagbibigay liwanag sa kwarto ko.

"Weh? Hindi mo sure." Namumulang tanggi ko sa sinabi niya pero tinaasan niya lamang ako ng kilay. Parang siguradong sigurado siya na sinabi kong mahal ko na siya.

"I am sure. That's one way of saying '*I love you'* but in different term." Banat niya na ikinatigil ko sa pag-iisip.

Hindi talaga ako mananalo kay Ma'am sa ganito. Parang lahat ng language na sinasabi ko ay alam niya ang hidden meanings.

"Saan mo nalaman 'yan, Saviel?" Barumbadong tanong ko pero agad akong napaigik ng kurutin niya ang kamay kong nakapatong sa bewang niya.

"Your words."

"Sorry mahal."

"Miss Montero!" I laughed when she called my surname with a lot of frustration in it.

Tawa lang ako nang tawa habang nakatingin sakaniya dahil kitang kita ang inis sakaniyang mga mata. Baka nga bigwasan nalang ako nito bigla sa kaharutan ko.

"You're such a flirt even if you're sick." She commented na ikinangiti ko na lamang.

"I'm such a flirt for you." I utter while wiggling my eyebrows. "Sayo lang naman ako ganito."

"But you're not mine."

"Who says?" Nanghahamong tanong ko pero tinaasan niya lang ako ng kilay at parang hindi siya magpapatalo sa argument namin if ever

"Oh come on, you don't want anyone to own you."

"Oh come on," panggagaya ko sa tono ng boses niya that made her glare at me na sinuklian ko lang nang mapaglarong ngiti. "You're not belong to that *'anyone'* so you can own me."

"Don't fool me."

"I don't and I won't. How can I fool my sugar boo, milky way, sweetie pie crust?---- ouch!" Daing ko habang tumatawa dahil bigla nalang niya akong pinitik sa tenga after calling her to that endearments na hindi ko alam kung saan nanggaling.

"Stop fooling around." Ismid niya bago tanggalin ang braso ko sa bewang niya. Akmang tatalikuran niya ako when I place my legs and arms around her saka nagpabigat para hindi siya makagalaw. "God! Get off me. You're too heavy!"

"Wala pa ako totally sa top mo nabibigatan kana agad."

"Pervert!"

"Oyyy! Iba iniisip niyaaa!" I teased while smiling mischievously saka ko iginalaw ang kamay ko sa bewang niya. "You want to do what you are thinking right now? That would be fun!!!"

Imbis na sumagot pa siya ay umirap nalang siya at muling humarap sa akin. She look intently at my eyes before placing her left hand at my nape and gently massage it na ikinapugto ng hininga ko.

"What now?" Nakangising tanong niya habang nakataas ang isang kilay. "Breathe. Uso huminga."

Nang itinigil niya ang pagmamassage sa nape ko ay saka lamang ako nakahinga ng maluwag dahil iba yung sensation na dating sa akin ng haplos niya.

Dammit.

"Ang duga Ma'am ha. Minamanyak mo na naman ako." Nakangising saad ko to hide my embarrassment sa epekto ng mga simpleng haplos niya.

"Kapal ng mukha mo." Matigas na saad niya na ikinatawa ko ng malakas. I am just laughing my ass out when suddenly, she held my cheeks.

"You smile often now."

"Ha? Lagi naman talaga akong nakangiti." Gulong saad ko dahil ayun pa talaga ang napansin niya.

"But that smile of yours aren't genuine. More on a playful one." She fight back before tracing my cheeks down to my jawline.

I smile even more upon hearing her statements. I didn't notice that she knew my smiles. Hindi naman talaga ako mahilig ngumiti ng totoo dahil hindi naman ako palaging masaya.

"You're smiling again. Are you nuts?" Mapaglarong tanong niya pero mas ngumiti ako kaya halos mawala na ang mga mata ko.

"Nope, I'm yours."

"Oh?" Walang pakialam na batid niya na ikinailing ko na lamang.

Parang wala talagang epekto ang mga sinasabi ko sakaniya.

"Since you've been around I smile a lot more than I used to." I said out of a sudden na ikinatingin niya sa mga mata ko.

Her lips parted pero agad niya rin itong isinara at umiling.

"You're saying I love you again."

"Ma'am naman! Lahat nalang nang sinasabi ko I love you ang ibig sabihin?" Himutok ko na ikinakagat niya sa pang-ibabang labi.

Damn!

"Just make sure that you don't love me so you won't get affected by that words."

I hissed before I shut my eyes firmly dahil sa frustration ko. Hindi ko na talaga alam kung paano ko sasabihing mahal ko siya dahil alam niya lahat!

"The moon is beautiful, isn't it?" Seryosong tanong ko na ikinakunot ng noo niya.

"But there's no moon tonight."

"Exactly!" I exclaimed with matching pakumpas pa ng kamay.

"So you don't love me, huh?"

"You really want to hear my answer?" I asked with the same intensity. Tumango siya bago ko ikinulong sa dalawang kamay ko ang mukha niya.

"Well," I bit my lips seductively before smiling lovingly. "I invoke my rights against self incrimination, professor."

"Unfair." Irap n'ya na ikinatawa ko.

"I'm just using my rights to protect my dignity----"

"Is confessing make you a less of your own?"

I cleared my throat and snuggle close to her more. "Definitely not." I honestly answered as I start tracing her face. "But do you know that love moves in secrecy sometimes? There's always love in every second of silence, Ma'am."

"Mm," she hummed.

"How do you see yourself in the mirror?" Tanong ko na pumukaw sa kan'yang atensyon.

"Why?"

"Your answer, please."

She rolled her eyes before piercing it deeply against mine. "A lady. An architect. A mother---*your professor*."

I smiled.

"Being a wife isn't included?" Nanunubok na tanong ko pero nagkibit-balikat lamang siya.

"I wanna proceed to the next question." She utter, clearly pulling her cards right.

"How do you see yourself and me?" Diretsong tanong ko na ikinakisap-kisap ng kan'yang mga mata.

A sly yet small smile gently curve into her lips as she shut her eyes firmly to stop me from reading it.

"I don't see myself and you in different ways---I see myself with you. Just with you."

Nang akala ko'y tapos na sya, unti-unting bumukas ang kan'yang mga mata kasabay ng malambot na pagguhit ng isang ngiti sa labi niya.

"Savi," she smile and whisper, "I can see the different glow and vibe of mine I never thought I had if I didn't notice how it showed up whenever I'm you."

"Are you confessing?"

She let out a sexy chuckled.

"You seems like you're questioning me how worthy you are."

"Yes or no lang, Ma'am. Pilit ko pero maingat na pinasadahan n'ya lamang ng kan'yang malambot na daliri ang mga pisnge ko ng minsang hawakan n'ya ito.

"Ask yourself if you're beautiful."

"I'm always beautiful." Humble na saad ko.

She grinned.

"Always will be."

My lips almost bleed sa diin ng pagkakakagat ko rito nang sambitin niya ang mga salitang iyon.

"Mukha ka talagang nagc'confess." Pag-iwas ko habang dinaramdam ang pagdaloy ng kakaibang init sa aking mukha pababa sa aking leeg at tainga.

"Zajei," she started, "the answer is right in front of you."

"Ikaw ang nasa harap ko, Avey."

"Is my presence isn't enough to realize things?" Masungit na tanong n'ya pero ngumiti lamang ako.

I can somehow gets what she wants me to comprehend but I don't like to assume. I don't like to expect because I don't know if there's really a chance to do so.

"In a world with endless chaos, I can be your source of arrows." She move her head close to mine and kiss my forehead. "I'll never let you fight alone."

"Some battles aren't meant to share." I stated but she just remained on her spot, lips still in contact with my forehead.

"But a life can be share with."

"Have a life with me then." Mahinang saad ko.

"That's not a question." She counterattacked.

"Because I'm not asking, Avey. It's an order."

"A queen is higher than the archer. You can't simply command her." Pambabara na naman n'ya na

ikinahigpit lamang ng aking yakap sa kan'yang katawan.

"But the archer can be the queen's." I mumbled in between my lips.

"Queen's archer, you mean?" Tanong n'ya na ikinatango ko lamang.

I felt how she wrap her arms around my back and gently hold me there until she had decided to caress it.

"My archer sounds better."

"Your archer?" Paninigurado ko.

"Hmm." I looked up to her and noticed how that her eyes are firmly shut but a genuine smile is plaster on her luscious lips.

"You're my archer."

Chapter 26

Zajei's POV

My head is still hurting. Ramdam ko pa rin ang sakit ng katawan ko lalong lalo na sa lalamunan.

Damn.

Pipikit pikit akong umupo sa kama at sumandal sa may headboard dahil talagang nahihilo ako. Idagdag pa ang bukas na mga blinds kaya lalong ang sakit sa mata dahil tamang tama sa mukha ko yung sikat ng araw.

"Where are you. . ." Mahinang saad ko habang iginagala ang paningin sa loob ng kwarto.

This is the second time I slept here pero the amazement is still on me. Ang ganda talaga ng kwarto niya.

Gusto ko mang makita ang taong hinahanap ko ay hindi ko magawa dahil para akong nalumpo sa sobrang sakit ng katawan ko. I tried to move my legs and thankfully, I did. Dahan dahan akong bumaba sa kama and the first thing that caught my attention is the tray full of food near the closed balcony door kung saan mayroong mini sofa set.

I walked towards it and a smile automatically formed on my lips.

"I need to go to school. Just eat and rest. Take your meds also and kindly send me a message after you eat."

Parang tangang nakatayo ako habang hawak ang note na iniwan niya. Maaraw na ang panahon kaya walang suspension na naganap. Siguro umulan lang kahapon gawa noong sign na hiningi ko.

Lakas ko naman kay Lord.

Wala man akong ganang kumain ay nagawa ko pa ring ubusin yung hinanda niya saka ininom ang gamot na kasama. After that, I took a picture of it saka isinend sakanya through Instagram dahil hanggang ngayon ay wala kaming number ng isa't isa.

@zajei_loure
**Send a picture*
Good morning, Ma'am! Thanks for the breakfast!

It's just around 10 in the morning and I know that she's in the middle of her class. Probably our class dahil may class sana ako ngayon sakaniya kaso absent ako.

Ngayon lang naman ako umabsent for this sem kaya sana walang toyoin na professor at pagawan pa ako ng sandamakmal na reports.

@Saviel
Did you take your meds?

My eyes widen in shock ng makita kong may reply siya matapos kong magtoothbrush using her spare one in the bathroom.

Shocks! Hindi naman gumagamit ng cellphone si Ma'am sa klase niya kaya nakakapagtakang nagreply siya sa akin ngayon.

@zajei_loure
Yup!
Btw, why are you using your phone? Vacant mo, Ma'am?

I lay in the bed again matapos kong makapagwash-up at mahugasan yung pinagkainan ko.

Nakakahiya naman kay Ma'am kung itatambak ko nalang 'yon basta sa kusina niya. Luckily, hindi na masyadong kumikirot yung ulo ko kaya wala namang nabasag na pinggan, muntik lang.

Matagal bago siya nakapag-reply kaya nagcheck muna ako ng group chat namin nina Yuki at ng kambal. Nakita ko pa ang latest bangayan nila habang hinahanap nila ako kanina dahil bakit daw absent ako which is really rare to happen.

Ang dami na nga ring flood messages ni Yuki at Kaios na hindi ko na muna binuksan pa dahil busy ako sa pagbabackread.

@Ferbienot
Nabuhay ka kapitang Zajei!

Buhat sa kaniyang chat ay nagsunod sunod na ang chats nila kaya nagtaka na ako dahil nga may class sila ngayon kay Ma'am Acozta.

@Phinphin
Anyare sayo, Jei? Humihinga ka pa ba?

@itzsamara
Oy Saje, saang impyerno ka nagsuot?

Kasali na pala sa group chat namin si Sven, ngayon ko lang napansin. Hindi naman kasi ako usually nakikisali sa gc namin dahil masyado akong tamad magtype dahil nga mas nakatuon ang oras ko minsan sa mga online games.

@zajei_loure
May class ba?

@Phinphin
Tangina hindi man lang pinansin ang mga sinabi namin.

@itzsamara
Kaya nga! Tatanga tanga talaga minsan. Akala mo naman important.

@zajei_loure
@Ferbienot!! May class ba kayo ngayon?! Sumagot ka nang maayos!

Ginagalit ako ng mga ugok na 'yon. Buti na lamang at hindi online si Yuki kaya bawas stress dahil mas annoying 'yon. Brat masyado kung titingnan.

@Ferbienot
Yes kapitan! Kakatapos lang mag-lecture ni baby ko Saviel Acozta. Pinagsasagot niya lang kami ngayon

ng isang activity.

Kumunot ang noo ko sa naging sagot niya. Baby ko Saviel Acozta? Really?

Pinag-iinit lalo ng ugok na 'yon ang ulo ko! How dare him to call her like that? Hindi ba kay Miss Lia siya may gusto? Bakit baby ang tawag niya kay Ma'am?!

Naputol ang pag-iisip ko ng magsunod sunod ang chats nila na ikinapukaw ng aking atensyon.

@itzsamara
Nakakapagtaka nga kasi busy masyado si Ma'am sa phone niya.

@Phinphin
Yeah right. It's odd to see her like that. Parang ngayon lang siya nagphone during class simula noong nagturo siya sa class natin.

@Ferbienot
Baka may important agenda si Ma'am. Gusto niyang kachat yung student niya ganon.

Tuluyang nakuha ng topic nila ang atensyon ko kaya hindi ko napigilang sumabat sa usapan nila.

@zajei_loure
Who's student?

@Ferbienot
Syempre ako!

Aawayin ko pa sana si Ferb at makikipagtalo pero hindi natuloy ng bigla na lamang may tumawag na unknown number pero agad ring namatay kaya mas lalong kumunot ang noo ko.

Hindi ko na sana papansinin pa pero nagmessage ito kaya wala sa loob na binuksan ko ang mensaheng ipinadala ng kung sino.

From Unknown: Wth are you doing? Why aren't you replying?

Woah, hindi raw ako nagrereply? Kakatext niya palang sakin tapos gusto agad ng reply. Ano siya gold?

From Unknown: My goodness, Miss Montero! Don't you have any plans to answer my texts?!

Napabalikwas ako ng higa nang mabasa kong muli ang text niya. By that typings and the way the sender address me, mukhang kilala ko na kung sino itong Unknown na 'to.

There is only one person who used to call me in that name.

From Unknown: I swear Zajei, if you still don't reply, papalayasin talaga kita sa bahay ko.

Agad akong nagtipa upang makapagreply within a minute dahil hindi pa ako ready'ng umalis sa pamamahay naming mag-asawa. Hindi pa ako ready hiwalayan siya----charr!

To Unknown: Hello Ma'am! You miss me?

I save her contact from Unknown to Avey para hindi magtaka ang kung sino if ever na may mag-oopen

ng phone ko. Wala naman masyadong may alam na Avey ang tawag ko sakaniya kaya this is the safest thing to do.

From Avey: Goodness! Stop with that thoughts of yours. Did you take your meds?

To Avey: Yes po, opo. Ikaw? Why are you using your phone? You have a class right?

Masyado talagang nat-trigger yung curiosity ko kung bakit niya ginagamit ang cellphone niya ngayon.

I mean, of course she have the right to check her phone once in her class pero hindi naman niya ugali iyon. She's too professional dahil kapag oras na ng trabaho, trabaho lang talaga.

Kaya kapag naging kami ni Ma'am dapat parehas kaming professional. Kapag bebetime, bebetime lang talaga. Ang eepal, itutumba.

From Avey: Just checking on you.

Shocks!

I pressed my lips together habang paulit-ulit na binabasa ang text niya. Hindi ako kinikilig! Promise, hindi ako kinikilig!!!!!!

Pereng tenge nemen si Me'em!!!

From Avey: Take a rest. Don't use your phone.

To Avey: Yes Misis ko. Masusunod po!

Pinatay ko na ang phone ko and set is aside bago muling humiga sa kama. Gumaan na ang pakiramdam ko pero hindi pa rin maayos. Sobrang sakit pa rin ng aking lalamunan at wala pa rin ako masyadong lakas.

I didn't notice that I fall asleep not until I wake up with a headache again. May nakalagay ng bimpo sa noo ko at maayos ang pagkakalagay ng comforter sa katawan ko. Ramdam ko ring naiba ang temperature ng room kaysa kanina bago ako matulog dahil hindi na ganoon kalamig.

Shit! May multo ba?!

Natigilan ako sa aking naisip at agad na binalot ang katawan ko ng comforter bago paika-ikang lumabas ng kwarto ni Ma'am.

Tangina naman. Multo talaga ang magpapabangon sa akin kahit nasa gitna ako ng pagdedeliryo.

De puta.

Para akong walking racoon dahil nakabalot yung kumot sa akin. Nakapajama rin ako at sweater pero ang lamig lamig pa rin.

"Why did you go down?"

"Ma'am?" Gulat na sambit ko dahil on-going ang class ngayong hapon kaya hindi ko akalain na uuwi pa siya.

She stop doing the food at the table dahil lumapit siya sa akin at hinawakan ang noo at leeg ko.

"Hindi pa rin bumababa ang lagnat mo." She stated bago ako alalayan paupo. Nararamdaman ko na ang pagkabalisa niya kaya automatikong hinawakan ko ang kanyang kamay and pull her beside me.

"Calm down. I'll be fine." I plastered a soft smile that made her look at my lips. Ibinalik niya rin sa mga mata ko ang tingin niya bago bumuntong hininga.

"Can you eat? Kaya mo bang lumunok?" She asked habang nilalagyan niya ng pagkain ang pinggan na nasa harapan ko.

Pafall si Ma'am!!

Napangiwi ako but I nod as an answer dahil kakayanin ko naman siguro. I don't want to eat, really. But knowing that she come over just to check on me, it's more than enough para kumain ako.

Nanginginig ang kanang kamay ko nang abutin ko ang kutsara and try to taste the soup. Hindi ko kasi kaya kung kanin dahil nga may tonsillitis ako.

Hindi na talaga ako magpapaulan!

"Let me do it."

Kinuha niya sa kamay ko ang kutsara and she starts feeding me. Naiilang pa ako dahil nakatitig talaga siya sa akin which makes me feel so anxious dahil nga baka mukhang haggard ako.

"Come on, ang unti pa nang nakakain mo." Pagpupumilit niya pero umiling lamang ako at mariing isinara ang bibig.

Jusko! Busog na busog na ako.

"Miss Montero." Banta niya at itinapat sa bibig ko ang kutsara na may laman. Nahihiwagaang tiningnan ko lamang ito at nagmamakaawang umiling.

Hindi talaga ako kumakain kapag may sakit ako. Puro inom lang ako ng tubig at tulog pero ngayon ay parang bumalik ako sa pagkabata dahil parang katulad siya ni Mommy na pinipilit akong kumain.

But somehow, I find her sweet.

"M-ma'am..." I looked at her eyes and softly shook my head bago tumakbo sa sink at nagsuka.

Ghad!

I was choking the fvck out when I felt someone's hand at my back. Hinahagod nito ang likod ko but I didn't bother to look back dahil suka ako nang suka.

Ang dugyot, tangina.

"Drink this." She handed me a medicine and a water afterwards kaya ininom ko ito at sumandal sa may sink.

Parang madedehydrate ako, letse. Mas masakit pa 'to sa hangover, I swear.

"Sorry."

Umiling lamang ako at nanghihinang ngumiti sakaniya. Hindi na ako makapagsalita pa dahil mas lalong tumindi ang sakit ng lalamunan ko.

Tangina, parang na-drain ang kagandahan ko mga mare.

"Do you want to go to the hospital?" Lumapit siya sa akin at hinagod ang likod ko. Concerned is visible on her gorgeous eyes which is unusual to see.

Umiling lamang ako sakaniya dahil hindi ko na magawa pang makapag-salita. Parang anytime ay magpapass-out na ako.

Umayos ako ng tayo at sinubukang maglakad pero halos matumba ako ng biglang umikot ang paningin ko but a pair of arms prevent me from falling. Namumungay ang mga matang tiningnan ko siya before my eyes landed on her lips.

I raise my right hand and gently touch the side of her lips. Ghad, it is inviting me to kiss them. Pinadausdos ko pababa ang kamay ko sa jawline niya down to her neck. I unconciously bit my lip while tracing her little moles not until she held my chin up. Agad akong sinalubong ng magaganda niyang mata before a shiver run down on my spine and the next thing I knew, my lips touches hers.

Her lips are really soft and. . . addicting.

Magkalapat lamang ang labi naming dalawa before darkness welcomed my whole system.

...

"Hmm." I slowly open my eyes ngunit agad rin akong napapikit ng maliwanag na ilaw ang sumalubong sa akin.

Jusko, wala pa naman ako sa langit di'ba?

"Thank God, you're awake." I immediately knew who's the owner of that voice before I even saw her.

I cleared my throat before looking around. Nakaupo sa long couch ang grandparents ko katabi si Daddy and Yuki na ngayon ay nakatingin na sa amin. Nasa tabi ko naman si Mommy at hawak hawak ang kamay ko na hindi ko mabawi-bawi because I somehow missed her warmth.

"Here, drink this." She handed me a glass of water after I sat and made myself comfortable.

Hindi na gaanong masakit ang ulo ko. Hindi na rin masakit ang katawan ko pero andoon pa rin ang sakit ng aking lalamunan. Tangina, my precious voice like me is so raspy.

"Where's Uncle?" I asked, looking directly at my grandparents.

"He's outide with--- oh, here he is." Sagot ni Lolo kasabay nang pagpasok ni Uncle sa kwarto. Pero hindi siya nag-iisa, kasunod niyang pumasok ang babaeng hinahanap ko.

Her eyes laid on mine before she slowly nodded. I gave her a smile pero mataman lamang siyang tumingin sa akin saka umupo sa may single couch.

"How are you feeling, Jei?"

"I'm fine, 'cle." Simpleng sagot ko kay Uncle Vauh habang hinahaplos niya ang buhok ko.

"Nabasa ka ba ng ulan?"

I bit my lower lip before avoiding their gazes. I slowly nod and flashed a cute smile at my grandparents dahil nakataas na ang kilay ni Lola.

"My goodness, Zajei Loure!" Frustrated na hasik ni Uncle at matalim na umirap. "Alam mong bawal kang mabasa ng ulan dahil hindi 'yon kaya ng katawan mo!"

"Chill, Uncle Vowvow, buhay pa naman ako---"

"But you were like a rotten corpse while arriving here in the hospital. Ang taas taas ng lagnat mo and you didn't even bother to call your mother kahit na andoon kana sa village niyo---" Before my father finished his sentences, I cut him off.

"As what I've said, I'm still alive. Still gorgeously breathing with a beautiful and stable heartbeat." Walang ganang saad ko dahil kakagising ko palang ay sermon na agad ang inabot ko.

Hindi ko rin naman ginustong mabasa ng ulan dahil bigla nalang 'yong bumuhos. Malay ko bang masyadong mabilis ang signal sa langit kaya dininig agad yung prayers ko.

Tch.

"Zajei Loure--"

"Stop it, Louie." Lolo cut his son off bago ako bigyan ng isang malumanay na ngiti. "Anything you want to eat, hija?"

"I want bunch of fries and ice cream, Lo. . . . Naks, I love you so much." Masayang ani ko matapos makitang kinuha na nito ang cellphone niya at inutusan si Yuki na umorder.

"Dad, you're spoiling her too much." Kontra ni Daddy na inismidan lamang ng kaniyang ama. Halos matawa pa ako nang makitang halos irapan ito ni Lolo.

"I don't see anything wrong on what I did, Louie. You know that I love spoiling Zj so let me do what I want." Mariing saad ni Lolo na ikinailing nalamang ni Lola.

"Just let your father." Segunda ni Lola kaya halos mapunit ang labi ko sa pagkakagat dito. Kapag talaga kasama ko ang grandparents ko ay parang napakadami kong kakampi.

Ever since, lahat ng grandparents ko ay spoiled ako. Spoiled rin naman ako sa parents ko pero noon lang 'yon. Mas grabe lang talaga magtreat ang mga Lolo at Lola ko.

Sila nga ang bumili ng unang kotse ko as a present for my 18th birthday.

Sandaling natahimik ang silid na aming inuukupa hanggang sa may kumatok. I stared at the door hanggang sa buksan ito ni Dad dahil siya ang pinakamalapit doon.

A nurse came inside with a shy smile on her lips. "Uh, Doc. Zeah nasa office niyo po si Sir Azreel."

My mother looked at me pero hindi ko magawang masuklian ang tingin niya until I heard her sighs and goodbyes.

Azreel is my half brother. Anak siya ni Mommy kay Tito Andrew, her oldest aside from me. Bali dalawa ang kapatid ko kay Mommy and isa lang naman kay Dad that I haven't got along.

Medyo mas kaclose ko pa ang mga kapatid ko kay Mommy kaysa sa anak ni Dad dahil saksakan ng yabang ang lalaking 'yon. Kulang nalang magsapakan kami minsan kapag magkasama dahil napakahambog niya.

"Zj, I have to go. Azreel doesn't know that you are here." Paalam ni Mom na simpleng tinanguan ko lang. Her son probably needs her dahil hindi naman pupunta si Azreel dito kung hindi.

Maya maya pa ay umalis na rin si Daddy dahil tumawag na ang asawa nito. Isinabay na rin niya si Yuki dahil may family dinner daw ang babaeng 'yon tonight.

Maganang kumakain lamang ako habang pinapakinggan ang usapan nina Uncle at Ma'am. Kanina pa kasi ipinahatid sina Lolo dahil hindi sila pwedeng magpuyat kaya kahit ayaw nila ay wala silang nagawa.

"Really? That's odd that you don't know what is the perfect design for her." Kalmadong saad ni Uncle.

Actually, kanina ko pa sila pinapakinggan pero hindi ko makuha ang topic nila. Maybe because it is connected to their works and clients. Mukha kasing may hawak na project si Ma'am and Uncle is giving some advice.

"Well," Mrs. Acozta lick her bottom lips and cross her arms. "I want her house to be perfect."

"There's nothing in this world that is perfect, Ma'am." Sabat ko dahil nabobored na ako sa pinag-uusapan nila. They seems so professional eh nasa hospital kami.

Ayaw ko pa namang nakikitang seryoso si Uncle kasi nababaguhan ako. Mas sanay akong makitang nagtataray siya at nagf-feeling maganda kahit gwapo siya.

"Zajei, we're talking seriously here." Saway ni Uncle but I just shrugged and gave him a playful smirk.

"Don't be too serious. Nasa hospital tayo, hindi sa office mo."

"Don't talk to much, kiddo. Baka mabinat ka." Minsan talaga naiisip ko ng si Uncle talaga ang magulang ko slash taga-saway. Parang although out ng buong buhay ko ay siya ang nakasama ko.

I cleared my throat once again dahil okay na ako, yung lalamunan ko nalang ang hindi. Kapag kasi nababasa ako sa ulan ay hindi talaga kinakaya ng katawan ko. Laging nauuwi sa malalang lagnat at tonsillitis witch matching body pain pa kaya pinakainiiwasan ko talaga ay ang maulanan.

"Won't you sleep yet?" Nakakunot ang noo na tanong ni Uncle pero umiling lamang ako at inayos ang pinagkainan ko.

"Nope. I feel like I've been sleeping the whole day." I answered honestly dahil hindi pa ako inaantok.

He just nod his head and clean my leftovers. Inayos niya rin ang unan ko kahit hindi na kailangan dahil okay naman na ako at nanonood na lamang ng Netflix.

"Wait. I'll just answer this one." Paalam ni Uncle na ikinatingin ko sakanila ni Ma'am na andoon pa rin sa may couch. Sabay kaming tumango ng asawa ko bago siya umalis.

"Psst!!" Tawag ko kay Ma'am pero tinaasan niya lamang ako ng kilay. "Hoyy! My wifey-baby-bal!!" Pagtawag kong muli sakaniya while tapping the chair beside my bed.

She slowly walked towards me habang nakakunot ang mga noo. I smiled sheepishly at her habang inaalala ang nangyari kanina bago ako nawalan ng malay. Gosh! I tasted her lips again.

"What?"

"Thank you." I sincerely mumbled right after she gets closer. "Thank you for everything, Ma'am." I looked for her hand and gently squeezed it.

She's just intently staring at me habang nakangiti ako. My eyes sparkles when she massage my hand before letting it go.

"No worries. Magpagaling ka nalang muna." I nod and put her knuckles in front of my lips and gently plant a kiss on it while looking at her eyes. She flinched at the sudden contact but she just rolled her eyes and take her hand back after few seconds.

"Gabi na Ma'am."

"I know."

"Tch. Sungit." Bulong ko bago patayin ang pinapanood ko dahil mas gusto ko na lamang siyang pagmasdan.

"You're saying something?" Mataray na tanong niya pero agad akong umiling at ngumiti ng pilya.

"Nothing. I was just supposed to say that you look stunning." My smiles turn into a mischievous one ng bumaba ang tingin ko sa labi niya. "And you're lips are seducing me again."

"Stop it, Miss Montero." Plantyadong batid niya na ikinalabi ko.

"Why? Am I not a good kisser?" Madamdaming tanong ko habang nakahawak sa kaliwang dibdib at umaktong nasasaktan.

She gave me an eye roll before crossing her arms on her chest at walang pakundangang sumagot.

"Yeah."

"Ay grabe siya." I leam closer to her and move to the edge para mas lumapit ang mukha ko sakaniya na siyang kaniyang ikinaatras. "Really? Hindi talaga, Ma'am?"

She nod with braveness. Isang mapaglarong ngisi ang gumuhit sa mga labi ko nang makita ang paggalaw ng lalamunan niya habang nakatingin sa mga mata ko pababa sa labi ko.

I am a good kisser. I know that.

Nang wala na siyang maatrasan dahil tuluyan na siyang nakasandal sa kaniyang kinauupuan ay tumayo na ako at saka umupo sa kandungan niya.

Pinadausdos ko ang pointing finger ko sa braso niya habang mapungay ang mga matang nakatingin sakaniya. I slowly lean to kiss her ng bigla niya akong itinulak causing for me to fell in the bed.

She then suddenly put her hands above my head while holding both of my hands. The side of her lips rose up before she leaned closer and place her lips at my ear.

Napasinghap ako ng sandaling lumapat ang labi niya sa aking tenga na nagdala ng kakaibang pakiramdam sa aking kaibituran. Napakuyom ako ng kamao at napapikit when I felt her warm breathe at my ear.

"M-ma'am. ." Nanghihinang tawag ko at tinangkang tanggalin ang pagkakahawak niya sa akin but she just pinned me down even more. Mas lalo akong nanghina ng mas nagdikit ang katawan naming dalawa.

Slowly and painfully, she held my right cheek using one of her hand na kanina lamang ay nakahawak sa mga kamay ko. She then caressed my cheeks and trace my lips.

Hindi mawala-wala ang nakaukit na ngisi sa labi niya habang pabalik-balik ang tingin niya sa mata at labi ko.

"Just kiss me, Avey."

Tumaas ang kilay niya at sopistikadang pinasadahan ng tingin ang kabuuan ng mukha ko.

"Don't be too demanding, *Zajei*." Bulong niya na lalong ikinainit ng katawan ko sa hindi ko malamang dahilan. I felt my body heated even more when she says my name.

"Damn. Just kiss m---" I stop talking when she place her index finger at my lips. Matamang tiningnan ko siya and I know, lust is visible on my eyes until an idea popped up on my head.

I slowly licked her finger that is place on my lips na kaniyang ikinagulat dahil sa naging reaksyon ng katawan niya. She was stunned. Ramdam ko ito hanggang sa unti unti kong tinanggal ang isang kamay niya sa mga kamay ko. Agad kong hinila ang batok niya but she was fast enough to push me back at the bed through my shoulders.

"Stay there." Utos niya but I can't resist the fact that I want her. Now.

"But---"

Bigla niyang inilapit ang mukha niya pero agad ding lumayo ng kaunti.

"Nakakarami kana."

I chuckled and put my arms around her nape bago ito ibinaba sa likod niya at marahang hinaplos ito. I smile seductively at her bago iniangat ang ulo ko at hinalikan ang leeg niya.

I really love her scent.

"Z-zajei."

"Hmm?" Malambing na tugon ko habang patuloy ang paghalik sa leeg niya. She's pushing me through my shoulders pero hindi ko magawang lumayo dahil tila na-magnet ang labi ko sa balat niya.

I was about to kiss her jawline ng bigla na lamang niya akong itinulak ng malakas kasabay nang pagbukas ng pintuan. Buti na lamang ay nakalayo siya at humihingal na nakaupo sa upuang katabi ng kama ko. While me, I stay laying on the bed na parang nakahandusay na nga dahil parang nanlambot ako bigla.

"What happened sa inyong dalawa?" Nagtatakang tanong ni Uncle habang sinusuri kami kaya agad akong umayos ng higa at umiling. "Oh, aalis kana Sav?"

Napatingin ako kay Ma'am na ngayon ay inaayos na ang gamit niya. She nod her head and looked at my Uncle.

"Yeah. I need to fetch Shan."

"Ganoon ba? Mag-iingat ka ha?" Aalis na sana si Ma'am ng bigla na naman itong tinawag ni Uncle at pinalapit. "Anong pinag-uusapan niyo ni Zj before I came in?"

I saw how Mrs. Acozta's eyes widen. Maging ako ay ganoon ang naging reaksyon at buti na lamang ay nakatalikod sa akin si Uncle kaya hindi niya napansin.

"Wala n-naman." Sagot ni Ma'am pero mukhang hindi kumbinsido si Uncle dahil tiningnan pa ako nito na tinaasan ko lamang ng kilay to hide my emotions.

"Eh bakit mukhang ang daming pinagdaanan nitong si Zajei kanina?"

"Ibinalibag ako ni Ma'am, Uncle." Singit ko sa usapan nila na ikinasama ng tingin ni Ma'am sa akin. I winked at her pero inirapan niya lamang ako at pinagkrus ang mga kamay sa dibdib.

"Ang honest mo rin talaga, pamangkin." Sarcastic na bara ni Uncle na tinawanan ko na lamang at hindi na nakisali pa sa usapan nila.

"She's just asking me to teach her to play some instruments." Sagot ni Ma'am makaraan kaya napatingin ako muli sakaniya. Lumingon sila sa akin ni Uncle at yung tingin ni Ma'am ay parang nanunusok and secretly telling me na makisabay na lamang.

"Yeah, playing instruments." Nakangiting asong sagot ko dahil ibang senaryo ang pumapasok sa utak ko.

Ibang playing ang naiisip kong gagawin namin.

"Tuturuan mo ba?"

Ma'am nodded na mukhang pinaniwalaan na ni Uncle dahil tumango tango ito at saka nagpamulsa.

"Yeah." Simpleng sagot ni Ma'am bago ako tingnan ng matalim pero hindi mahahalata agad dahil parang seryosong tingin lang ang ibinibigay niya sa akin. "She'll come over at my house to start our session."

"I love the idea of session." Mahinang naisawika ko na mas ikinatalim ng tingin ni Ma'am at si Uncle naman ay mukhang walang pakialam na dahil sanay naman siyang kung ano ano lamang ang sinasabi ko.

"I need to go." I bid our goodbye to her dahil hindi ako makakasama sa paghatid sakaniya kaya si Uncle nalang ang gagawa noon.

Napangiti ako ng tuluyang sumarado ang pintuan ng kwartong inuukupa ko.

Mukhang gusto ko nang mag-umpisa ang session naming dalawa, as soon as possible. I'll got the bullseye.

Bullseye with the fvcking home run.

....

Inaantok na nakaharap ako sa aking laptop at hinihintay ang reply n'ya kahit na mag-aala una na nang madaling araw.

Nagpadischarge na rin ako kasi gusto ko lang. I don't like to stay in the hospital for a long time dahil maraming multo do'n at dahil na rin sa naaalala ko si Mommy.

Noong bata ako, noong hindi pa sila naghihiwalay, halos sa hospital nalang ako tumira. Ihahatid namin ni Daddy si Mommy sa umaga at susunduin naman after ng shift niya at trabaho ni Dad.

Madalang mag-overtime noon si Mommy kahit na sobrang higpit ng schedule n'ya dahil alam n'yang naghihintay ako sa office or sa lobby. As you can see, I don't really hate hospital, it just somewhat reminding me of my mother.

And that hospital kung saan nila ako dinala kanina ay ang hospital namin---ah, sa'kin? Sa'kin ba 'yon? Parang akin nga ata.

Z. Corten stands for my mother's name which is Zeah Corten before she married my Dad pero sa'kin naman ipinamana nina Lolo Saijen. Kung tutuusin ay kakaunti talaga ang napuntang properties kay Mommy at sa mga kapatid ko sa sides n'ya dahil halos lahat ng nasa last will ay tungkol sa akin.

I suddenly remembered what my Lola Hilda told me before they were been gone.

'*You're not a maybe, Zajei. You're a hundred more yes. You'll never be the second choice nor even an option and if you'll ever feel that way, think of us because you'll always be our first priority. Live the life you want when you grow up. When we're already gone, use everything we'll provide that's exclusively for you. We've reached this far, we won't let you suffer in the future if things will get out of hand in terms of your relationship with your parents.'*

I heaved a smile and lower my head to suppress my tears.

Kung andito lang sila ay siguradong wala ako rito. I might be in New York or in some parts of United Kingdom, pursuing a course related to law or I might be already in the law school.

But yeah, I think things are meant to happen this way because I still believe that every thing, even the lightest one, happens for a reason. Either it will bring joy or will make me grow out of pain and unusual things.

I sighed.

Tamad na napatitig ako sa screen ng laptop ko at bahagyang ipinaling ang aking ulo, malalim na nag-iisip kung Fortnite ba ang lalaruin ko Genshin Impact.

I massage my knuckles.

I need to divert my attention kung ayaw kong mag-overthink buong gabi at walang tigil na mag-iisip tungkol sa lahat.

I grinned and stretch my arms nang makitang naka-display na sa screen ang lalaruin ko. I even tilt my head and push it a little to put pressure pero agad din akong umayos ng upo at nagstart sa paglalaro.

Ang galing ko talaga.

My eyes widen when the devil monkey showed up after a while. I turned left and before I could even jump, mabilis na napatingin ako sa notification na biglang dumating.

@Saviel
Why are you still awake?

I instantly pause the game and type a short reply for her. Kanina ko pa kaya hinihintay ang reply n'ya pero imbis na tumahimik noong unang oras ay pinasabog ko nalang ang inbox n'ya.

Zajei is hella brainy.

@zj_loure
I'm playing.

Akala ko ay magtatagal pa ng kahit na dalawa o tatlong minuto bago s'ya makapag-seen pero pagkareply ko palang ay typing na agad s'ya.

Himala at nagrereply s'ya kahit madaling araw na. Dati kasi ay sa umaga lang talaga, yung tipong mataas ang sikat ng araw.

@Saviel
Playing what?

@zj_loure
With girls.

I grinned widely and planned to play again nang aksidenteng napindot ko ang video call kaya mabilis na napaayos ako ng upo at pilit na pinipigilan ang tawag pero nasagot na agad n'ya.

Tangina.

[Playing with girls, huh.] Bungad n'ya habang may kung anong ginagawa sa iPad. I think she's designing something dahil hawak n'ya ang isang apple pencil.

She's using her laptop to this video call but she didn't even mind to give me a single glance.

[Where?]

"Po?" Bangag na tugon ko dahil bigla siyang tumigil sa pagd'drawing.

[Your girls. Where are they?]

I chuckled and shook my head. Nakangiting humalumbaba ako sa table na aking kaharap at mahinang iginagalaw ang gaming chair ko. I even fixed my headphones nang hindi tinatanggal sakan'ya ang aking

mga mata hanggang sa tinitigan n'ya na ako pabalik.

"Pinauwi ko na po, Ma'am. Gabi na masyado. Baka mahamugan sa kagandahan ko." Mayabang na untag ko na ikinairap n'ya. *"Bakit hindi pa po kayo natutulog---"*

[I was sleeping when you were busy bombing my inbox! Goodness, Miss Montero. How can I sleep?!] Inis na asik n'ya na mahina ko lang na ikinatawa dahil medyo gulo-gulo pa nga ang buhok n'ya at mukhang kakagising lang.

"I'm sorry," I mumbled but I didn't suppress my smiles. *"I just want to ask something from you."*

She throw her head towards me and arch her perfect eyebrows. *[What is it?]*

"What's your dream date?" Diretsong tanong ko.

Actually wala naman talaga ako dapat itatanong. Gusto ko lang talaga s'yang makausap ngayon pero hindi naman sa vc! Tangina kasi ng kamay ko masyadong malikot. Hindi ko na tuloy naituloy ang nilalaro ko kanina.

My forehead creases when a sly smirk gently showed up to her face.

[Being with someone I love under the rain. Just playing, lying, or even dancing while enjoying it.]

Awtomatikong napasimangot ako at itinupi ang mga braso. Tamad na humilig ako sa aking gaming chair at seryosong tinapunan siya ng tingin.

"Ma'am naman, eh! Alam n'yo naman po na bawal akong maulanan." Pagrereklamo ko sakan'ya.

Hindi kaya ng katawan ko 'yon. Medyo mahina talaga ang immune system ko lalo na sa punyetang ulan na 'yan. I love it but I hate the fact that I can't stay under it.

Talagang nanginginig ako at minsan ay nagpapassout kapag nauulanan. Swerte pa nga kung ganoon lang dahil noong bata ako, I experienced convulsion.

Wala akong kasama noon sa bahay kung hindi ang mga maids. Hiwalay na rin noon sina Mommy at Daddy kaya sa grandparents ko na ako nakatira and their maid having any chance of thoughts that I can't take a bath in the rain, they let me sit under it.

I was staying in the outside swimming poolside during that time while raining hard. Nakatulala lang ako buong oras kahit na nangangatal na ako at nang sandaling tumigil ang ulan, that's when I lost consciousness.

[I said being with someone I love. Do I love you enough to be with---]

"So you don't?" Agad na putol ko sakan'ya pero tinaasan n'ya lamang ako ng kilay at muling bumalik sa ginagawa n'ya kanina.

Anong oras na pero nagtatrabaho pa rin siya.

"Pero bukod po do'n, Ma'am, ano pa pong dream date mo?"

She sighed and tilt her head as she put all of her hair in a loose bun but left some to make a bit messy.

[I don't have any.] She shrugged. *[But watching the sky will do.]*

"You can watch me na. I'm your northern sky, remember?" Umiiling na umiwas siya ng tingin ngunit hindi nakalampas sa aking mga mata ang dimple sa gilid ng labi n'ya na pilit lumalabas.

She's tryna suppress her smiles.

[Mukha kang bulalakaw.] Pangd'dogshow pa n'ya na mas lalo kong ikinasimangot.

So ano 'to? Nagising s'ya para asarin ako?

"Weh? Ikaw nga mukhang a---"

[What?] Nagbabantang pinutol n'ya ang dapat sasabihin ko at malamig na tinitigan ako.

Tingnan mo 'to, oh. Noong s'ya ang nang-aasar ay okay lang tapos ngayong babawi ako ay mukhang hahambalusin ako ng sama ng loob.

Instead of saying that she looks like an asteroid, I just pursed my lips.

Gusto ko lang namang sabihin na she can be the asteroid so if I'll be the meteor, I am still a piece of her even if it's just a little.

Napaka kasi. Namumutol nalang bigla eh dapat ipapakita ko sakan'ya ang galing ko sa Science.

Isa ang science sa favorite subject ko kaya nga pinapalitan ko na ang lecturer ko dati noong highschool tapos ako ang nag-eexplain sakanila kung anong lesson.

Sa isang period ay nadiscuss ko na ang brief explanation ng buong lesson namin for the whole quarter. Matalino kasi ako. Balak ko na ngang maging scientist kaso 'wag nalang. Bakit ko papatunayan ang mga theories ko kung pwede ko namang pasabugin ang mundo.

[You? What's your dream date?] I heard her asked that made me stop from thinking.

I cleared my throat.

Hindi rin naman nakatiis si Ma'am na hindi ako kausapin, oh.

"Any type of date with you will do but if you're willing to say I do, I'll take you to church anytime you want."

She snort, *[same sex marriage isn't allowed here.]*

"Absolutely. But who told you that we will get married?" Mapaglarong ngumiti ako sakan'ya at kinagat ang aking pang-ibabang labi. *"We're just going to spend time telling how much we enjoyed our date with Him, Avey."*

I can see how her breath hitch bago nito ipatong ang iPad n'ya sa gilid at prenteng pinagkrus nalang ang mga braso sa dibdib.

[You know what? That sounds great. Let's do that.]

My lips jerks up. *"Sure. When will you be able---"*

[Let's do that when you already give me the list of name of the girls you're playing with earlier before calling me.] Laglag ang panga na tining ko s'ya at hindi makapaniwalang itinuro ang laptop ko.

Seryoso ba s'ya?

"I was just kidding earlier." I chuckled nervously. *"I'm not playing with anyone."*

[Really?] Hindi kumbinsidong asik n'ya na mabilis kong tinanguan. *[What are you playing then?]*

I bite my lower lip and heaved a small smile.

"Temple run."

Chapter 27

Zajei Loure Montero above.
Ctto.

Zajei's POV

"Pakshit talaga." I mumbled habang tinatahak ang daan papuntang kitchen ng unit ko.

Bwisit talaga ang mga kumag. Agang aga andito na agad sa condo. Ang sarap sarap ng tulog ko kanina tapos bigla na lamang dumagan sakin si Sven at sinabing magprepare na ako for school.

Mga panira ang mga gago.

"Grabe namang pagkakabusangot 'yan, Zajei. Parang ayaw mong andito kami, ah."

"Talagang ayaw." Madiin at mabilis na sagot ko matapos umupo sa isang bar stool. "At saka kung pwede ba, magdoorbell nalang kayo kung pupunta kayo rito. Huwag ninyong sirain ang doorknob ko." Himutok ko pa dahil nakakailang pagawa na ako ng doorknob this month dahil sinisira nila kapag hindi agad ako nakakapunta sa pintuan para pagbuksan sila.

Hindi naman sa maluwag ang security dito sa condo building, talagang mga may sira lang sa utak ang mga kaibigan ko. Actually, mahirap makapasok dito sa vicinity pero kilala na kasi ang kambal dito dahil nasa visitors list ko sila.

Naiisip ko na ngang ipa-ban sila oras na manira na naman sila ng doorknob.

"Why didn't you tell us that you were sick? Saan ka nabasa ng ulan?" Tanong ni Phineas makalipas ang ilang minuto.

"Trip ko lang and besides, who told you?" I have this idea that Yuki is the one who told them but I want to make it sure.

"Si Yuki. She chatted me last night na nasa hospital ka nga raw. We were about to visit you pero nadischarge ka rin naman daw agad kagabi." It's still Phineas who answered but what gets my attention is Sven that's now glaring at her food habang mahigpit ang pagkakahawak sa kutsara.

"Sven?" Tawag ko pero hindi ito kumibo. Nagtatakang tiningnan namin ito ng kambal dahil parang wala itong naririnig.

Ferb tapped her shoulder saka sinigawan sa tenga. "Ay shit Yuki!"

"Wait, what did you say?" Nakakunot ang noo na tanong ko dahil pangalan ni Yuki ang isinigaw niya eh wala naman dito ang pinsan ko.

Maging ang kambal ay natigilan lalo na si Phineas na kanina lamang ay maganang kumakain.

"Wala."

"You said Yuki's name right?" Seryosong tanong ni Phin ngunit naging mailap lamang ang mata ni Sven. "Do you like her, Sven?"

Hindi sumagot ang huli bagkus ay uminom lamang ito ng kape. She remains silent such as the three of us not until Ferb cleared his throat and opened a new topic.

Nagtataka talaga ako sa ikinikilos ni Sven. Hanggang sa makarating kasi kami sa university ay lutang na lutang siya. I want to confront her pero hindi ko naman magawa because she might need space.

I don't want to invade someone's space excluding my asawa. Syempre maharot ako kay Ma'am kaya walang space space na magaganap.

"Good morning." Here she is.

A smile automatically formed in my lips the moment she entered our room. Seryoso na naman siya at walang mababakas na kung anong emosyon sa mga mata maliban sa pagiging professional.

With that sleek high ponytail of hers, she looks really expensive that you would feel scared to lay even a single finger.

Etong si Ma'am masyadong nagpaganda. Ako lang naman ang rason kung bakit siya nagpapaganda kaya well appreciated ang paghahanda niya.

Masyadong maganda ang asawa ko. Deserve niya ang limang dosenang anak.

Charot.

"Get one and pass." Nagsimula na siyang ipamigay ang mga papel habang iginagala ang paningin sa kabuuan ng room. Nang dumako ang kaniyang mga mata sa akin ay agad ko siya kinindatan saka ngumiti. She just rolled her eyes at me and turn her back.

When everybody got the paper, she started walking around the room. Tanging tunog ng aircon at ang takong niya ang maririnig sa bawat sulok ng silid. No one dares to make a sound dahil aminin man namin o hindi, we are all intimidated by her presence. Sapat na yung dating niya para hindi kami gumawa ng kagaguhan dahil kung ibang professor siya ay siguradong kanina pa may nangtitrip.

Pero as if naman hahayaan ko silang pagtripan ang asawa ko. Baka mahambalos ko sila kapag sinubukan nilang gawin 'yon.

I'm a fvcking territorial possesive bitch.

Pero syempre, hindi akin yung pinagdadamot ko. May iba ng nagmamay-ari do'n pero alam ko namang may 1% chance ako kay Ma'am.

Ang liit ng chance ko pero ika nga, the biggest outcome came from the littles chances.

I smirk mentally.

Hindi ko alam kung saan nanggaling ang sinabi ko. Epekto na ata 'to ng sobrang pangs-stalk kay Ma'am.

"We will start reviewing for the upcoming finals so that we'll make sure that every one of you will pass." Nakuha niyang muli ang atensyon ko when she walked passed by me.

My eyes are following her everywhere she goes. She's explaining everything we are supposed to do pero eto ako, manghang-mangha sa bawat kilos niya.

Sino ba naman ang hindi matutulala sa kagandahang taglay ng Misis ko? Collarbone palang niya, masarap na.

I silently cursed myself dahil kung ano ano na ang pumapasok sa isipan ko. Nagiging manyak na ata ako pagdating kay Ma'am eh dati naman halos walang kagaguhang pumapasok sa isip ko kasi kulang nalang ay maging santo ako.

Ang bait bait ko kaya.

Nagulantang ang buong sistema ko ng biglang tumunog ang bell, signalling that it is already lunch time. Sabay sabay kasi ang lunch ng Archi students pero hindi ang break time.

Nanlalaki ang mga matang tiningnan ko ang aking wristwatch dahil wala man lang akong kamalay-malay na tapos na agad ang klase namin sakaniya. Tangina 2 hours class yon!

Dalawang oras siyang nagtuturo sa unahan tapos pinagpapantasyahan ko lang siya? Aba! Tama 'yon.

Choss.

"Miss Montero."

"Yes *Misis---, Mrs. Acozta?"* Napamura na naman ako sa isipan ko ng muntik ko na siyang matawag na 'Misis ko'. Buti na lamang ay hindi masyadong napansin ng iba kong kaklase dahil busy sila sa pag-aayos ng mga gamit nila.

I caught my gorgeous professor rolled her eyes before gesturing me to come closer.

Omayghaddd! Eto na ba 'yon? Sasabihin na niya sa buong class namin na ako talaga ang mahal niya?

"Help me with my things."

Whuttdaa?

Tila tinilador ang puso ko sa aking narinig because I'm fvcking disappointed! Akala ko naman kasi ay ipapangalandakan na niya na ako ang mahal niya tapos biglang ganon! Where's the justice?! Akala ko ba mahal niya ako? Akala ko ba ako lang? Akala ko ba si Zajei lang ang abunjing niya?!!

I deserve an explanation! I deserve to be treated like a woman because I, I am not just a person. I am a woman who is a part of Power Rangers!

Ako talaga si Pink na power ranger. Isa ako sa tagapag-ligtas ng mundo.

"Why are you making face?" Seryosong tanong niya nang makalapit ako. I just pouted more before carrying some of her things.

Nang makalabas lahat ng kaklase namin ay saka lang kami lumabas na dalawa. We are heading to her

office at naninibago ako dahil hindi ako makapagsalita.

Ang ganda kasi ng tanawin mga mare. She's walking in front of me habang nakasunod lamang ako sakaniya.

Ghad! That perfect butt!

I was enjoying the breathtaking view when suddenly, I felt a great impact on my head followed by a striking pain in my forehead.

Shet!

Ganito ba kagalit sakin si Satanas? Ineenjoy ko lang naman ang view tapos mauuntog ako bigla sa letseng glass panel.

"Aren't you looking at your surroundings?" She asked frowning. Umiling lamang ako at kinagat ang pang-ibabang labi dahil ang sakit ng noo ko.

Feeling ko namumula na talaga ang forehead ko dahil ang lakas nang pagkaka-untog ko sa walang hiyang salamin na 'yon. Naalog ata ang utak ko. Nalaman ko kasi na ako talaga ang para sakaniya.

Charr charr.

Siya na ang nagbukas ng pintuan ng office niya. Nakasunod pa rin ako saka inilagay ang mga gamit niya sa ibabaw ng table.

"Aray naman, Ma'am." Daing ko when she suddenly touch my forehead.

"Where were you looking at? Ang laki laki ng salamin hindi mo nakita."

I pressed my lips together dahil hindi ko alam ang isasagot sakaniya. Alangan namang sabihin ko na I was busy staring at her butt kaya hindi ko napansin ang walang modong salamin.

"Shet." I utter when I suddenly felt something on my forehead. She's now putting some ointment habang marahang idinadampi ang daliri sa noo ko.

She's so gentle. I wonder, is she still gentle on bed?

I bit my lip together para hindi kumawala ang isang ngiti sa labi ko dahil nababaliw na talaga ako. Kung ano ano nalang ang naiisip ako pagdating sakaniya and heck, it wasn't good.

Hindi naman ako ganito dati. I never imagine myself having sex with someone because what I want is make love. I don't have any sexual fantasy either kaya wala ako masyadong idea sa mga nangyayari ngayon.

Ang daya naman kasi. Bakit mai-in love nalang ako at lahat sa may asawa pa? I don't mind falling in love at a woman now dahil naliwanagan na ako. Okay na ako kahit babae siya, yung asawa nalang niya at si Shan ang inaalala ko.

Ayaw ko talagang makasira ng pamilya pero ang rupok ko naman sakaniya. Gusto ko man siyang iwasan ay hindi ko magawa dahil tuwing makikita ko siya ay kulang nalang tumakbo ako papalapit sakaniya.

"You're not listening on my class earlier." She mumbled after she done putting the ointment. Iginiya niya ako paupo sa upuan katapat ng table niya then she sat in front of me.

Her professor aura is now screaming. Parang pagagalitan niya ako ano mang oras dahil alam niyang hindi ako nakikinig kanina but the strange feeling is, I wasn't scared at all. Because I feel seduced at her presence.

"Sorry." Hinging paumanhin ko bago ngumiti ng matamis sakaniya. She just looked at me seriously before standing up at lumipat sa swivel chair niya.

"Focus on my class, Miss Montero. I don't entertain that kind of attitude."

"Sure, Ma'am. I'll focus on you next time." Malawak ang ngiting sagot ko na mas lalong ikinaseryoso niya. Bakit parang hindi niya nagustuhan ang sinabi ko?

Instead of talking, she just get her pencil and a piece of paper. Nagsimula na naman siyang mag-sketch habang nakapahalumbaba ako at nakatitig sakaniya.

Some strands of her hair is falling. Humaharang ito sa mga mata niya pero parang wala siyang pakialam dahil hindi man lang niya ito inaalis.

"Stop staring at me." Madiing bigkas niya makalipas ang ilang minuto. Itinigil niya ang kaniyang ginagawa at tiningnan ako kaya muling nanumbalik ang ngiti sa labi ko.

Ewan ko ba, parang necessary na kapag nasa paligid si Ma'am ay dapat nakangiti ako.

"Staring at you is like a volcanic eruption." I mumbled saka inayos ang pagkakahalumbaba ko sa lamesa niya. Her eyebrow arch, urging me to continue what I was saying earlier. "It is chaos yet it created a beautiful scenery."

"Here we go again. . . You're saying nonsensical statements." Pambabara niya saka ako inirapan. Natatawang pinagmasdan ko naman siya at kinindatan.

Totoo pala na kapag na-inlove ka, pati yung walang kamalay-malay na bagay madadamay sa kalandian mo. Tingnan mo pati yung pagsabog ng bulkan nadadamay sa kaharutang taglay ko.

"It's not a nonsense statement, Ma'am. I think about it 'no." Bulaslas ko.

Marahang nakatingin lamang kami sa isa't isa hanggang sa bumaba ang tingin ko sa ginagawa niya kanina. I frowned when I saw that it is a house again. Parang laging bahay ang iginuguhit niya tuwing magkasama kaming dalawa.

"Ma'am, bakit bahay na naman ang ginagawa mo? Nagp-plano kana bang ibahay ako?"

"Ang kapal naman ng mukha mo." Seryosong pambabara niya na ikinatawa ko nang mahina.

Sus si Ma'am nahiya pa.

"It's already lunch time. Hindi ka pa ba kakain, Ma'am? Lunch out tayo, Avey." Aya ko pagkatapos tingnan ang oras sa suot na relo. Nagugutom na kasi talaga ako pero ayaw ko namang kumain mag-isa dahil paniguradong kumain na yung mga ugok kong kaibigan dahil ang tagal ko na ring andito sa office ng misis ko.

"I'm not hungry."

"Masama ang magpalipas ng gutom. ." I paused and bit my lower lip. Mataray na tinaasan lamang niya ako ng kilay kasabay nang pagguhit ng isang malanding ngiti sa labi ko. "So I suggest that you should eat me instead."

"Curse you to death, Miss Montero." Namumulang sambit niya saka tumayo at naglakad sa may pintuan. Nagtatakang tiningnan ko naman siya pero tila bored lang siyang nakasandal sa may pinto.

"What are you waiting for?" Nakakunot ang noo na tanong niya na mas lalo kong ikinapagtaka.

"Yung I do mo ang iniintay ko, Ma'am. I do with matching kiss the bride."

"You're a hopeless case." She said full of boredom.

Natatawang tumayo ako at lumapit sakaniya. Ako na rin ang nagbukas ng pintuan at saka siya tiningnan. "After you, Ma'am."

When she started walking, tahimik na nakasunod lamang ako sakaniya at bahagyang tiningnan ang cellphone. I saw several notifications and messages from our group chat kaya tiningnan ko ito with a grin in my face.

Kampon ni Gorgeous Zajei

Natatawang pinindot ko ang gc namin na ako ang nagpangalan. Buti naman at hindi nila pinalitan dahil mahahambalos ko sila.

12:27

Ferb jutay
I'm starving.
Hala gago bakit ganito ang nickname ko?!
Tangina mo, Montero!

Dugyot na walang jowa
Ang ganda ko mga tarantado para gutumin niyo. Tangina mo Zj pumunta ka ng cafeteria!!

Phineas baog
Jeii! N4$@n k@n4?!! Gu2m na aq!!

12:49

Gorgeous hot angelic Zj
Kumain na kayo?
Hindi ako makakasama sainyo. May lunch date ako.
Hihi!!!

Phineas baog
Tapos na kaming kumain.
Damn you, Zj! Bakit ganito ang nn namin?!

Phineas Oqua set his nickname to Gwapong Phineas

Ferb jutay
Paano magpalit ng nn?

Samara Acozta set her nickname to eat all you can basta ikaw si Yuki

Yukimakikrukru
Letseng nn 'to, Zj.
Ang bastos mo Samara! Gusto mo lang tikman kita.

Gorgeous hot angelic Zj
What's the meaning of that Yuki?!

Yukiara Montero set her nickname to Ang ganda ko

Ang gagago talaga nila. Masyadong hambog ang mga nickname ayaw gagaya sakin na simple lang tapos napaka-true to life pa.

"You should have not asked me to have a lunch with you if you'll just busy yourself on that phone of yours." Halos maitapon ko ang cellphone na hawak hawak ko ng bigla kong marinig ang malamig na boses niya.

I smiled awkwardly at her bago itagong muli ang phone ko. I bit the inside of my chheks and realize na nasa parking lot na pala kami. Hindi kami pwedeng kumain sa cafe na kaming dalawa lang dahil baka bukas ay may issue ng kumalat.

"Sorry Ma'am." I opened the car door for her nang marinig ko ang alarm ng sasakyan niya saka ako umikot papuntang passenger seat. Siya kasi ang magd-drive kaya behave muna ako rito sa gilid.

"Saan tayo magkakainan--- este kakain?" Natatawang sambit ko nang balingan niya ako ng nagbabantang tingin.

"I dunno. You choose."

"Okay." Tumango-tango ako at isinuot ang seatbelt. "Tara sa SOGO-----oh fvck." Nagugulantang na wika ko ng bigla siyang prumeno.

Tangina naman. Tatalsik ang kaluluwa ko rito kay Ma'am.

"You better shut up now." She threw me a death glares kaya nakangiting nag-zip ako ng bibig saka nakuntentong pagmasdan siya.

Kung ganito ba naman ang driver ko edi sana hindi ako nabobored sa byahe. Hanggang sa makarating kami sa kakainan naming dalawa ay hindi talaga ako nagsalita. Baka kasi pababain niya nalang ako bigla tapos iwanan. Ang hirap pa namang basahin ni Ma'am kaya better to shut up na nga lang.

My mouth form an 'o' when I realized where were we. Ito yung restaurant kung saan kami unang kumain sa labas. I didn't expect na dito niya ako dadalhin.

"What do you want?" I asked while scanning the menu.

"You."

Parang tangang lumingon ako sakaniya na busy lang din sa pagtingin sa menu. Abot tenga ang ngiti ko hanggang sa tiningnan niya ako at taasan ng kilay.

Pereng tenge si Ma'am. Tinatanong ko nang maayos kung anong gusto tapos sasabihin ako.

Gusto niya atang dito kami sa resto-bar maglandian. Upon thinking that thought, naalala kong dito nga pala niya sinabi na kami na lang dalawa ang maglandian.

Oh, so that explains why this place seems extravagant.

Dahil sa simpleng kaharutan ni Ma'am ay hindi ko na nagawang maka-order pa. Siya na ang nagdecide nang kakainin namin dahil hindi ko na nabigyang pansin ang menu.

"Kailan mags-start ang *session* natin, Ma'am?" I asked, emphasizing the word session.

Excited na talaga akong matutong mag-play ng instrument. Kasi may napanood ako the other day, yung nagpaturo sila sa crush nila tumugtog ng gitara tapos ang ending, their crush hug them at the back dahil ipinupwesto yung daliri nila to have the right chord.

I mentally grin dahil pumapasok na sa utak ko ang ganoong scenario namin ni Ma'am. Mas maganda kung nakayakap siya sakin sa likod tapos nakasandal ako sakaniya tapos ano--tapos mamaya na ako magd-daydream kasi ang sama na ng tingin niya sa akin.

"Are you listening?" Matamang tanong niya na malagkit ko lang na nginitian.

"To my Avey? Of course I am."

"What did I say then?"

"You say that you love me and you want to own me for the rest of your life. You want to have me for this night 'til the sun show up in the sky." Napakagat ako ng ibabang labi habang nagsasalita. I also lick the tip of my chopsticks while staring at her.

"You're really unbelievable." She muttered then rolled her eyes.

I let out a small chuckles saka isinubo ang isang meat. Maganang kumakain lang naman ako ng may naisip na naman ang aking pretty mind.

"Kailan nga pala ang honeymoon session----acksfdhdhs!!" Hindi ko na natapos ang dapat itatanong ko sakaniya ng subuan niya ako bigla ng gulay. Halos masuka pa ako dahil hindi ako kumakain ng lettuce.

Letseng yawa. Ang ganda kong kambing.

I swallowed the veggie first kahit labag sa loob ko. Halos maubos ko rin ang juice na nasa baso dahil hindi ko talaga bet yung lasa pero yung nagsubo sakin non, syempre bet ko.

"Ma'am naman. Hindi ako kumakain ng lettuce."

"Don't care." Seryosong pambabalewala niya saka muling kumain.

Pansin ko talaga na malakas siyang kumain. Ilang beses ko na rin naman siyang nakasabay kaya nahahalata ko na ang kilos niya but there are times na parang wala siyang gana dahil parang

dadalawang kutsara lang ang pagkain niya.

"Yawang fvckingina." I mumbled under my breath ng mapatingin ako sa may entrance.

Her husband just came in with. . . with someone? Halos nakayakap na ang babaeng kasama nito sa braso niya at simpleng nakangiti lang naman ang aswang na sea creature ni Ma'am.

"Where are you staring at?" Akmang lilingon si Ma'am sa direksyon ng asawa niya ng mabilis kong hinawakan ang magkabilang pisnge niya.

"W-wala. Ano napatingin lang a-ako. Oo, napatingin lang." Pangungumbinsi ko sakaniya. Kahit naman kasi mahal ko ang Misis ko ay ayaw kong masaktan siya kapag nakita niya na may kasamang iba ang asawa niya.

"Okay---"

"Saviel?" I cursed under my breath ng may epal na tumawag kay Ma'am. Ang lalim talaga ng boses niya, tama lang para maging marine navy siya at makiisa sa mga ka-uri niyang taga-dagat.

Matamang ibinaba ni Ma'am ang mga kamay ko at matamang binalingan ang asawa niya. Halos mapapikit pa ako dahil baka magkagulo sila dahil nakita ni Ma'am na may kasamang iba ang asawa niya. Syempre hindi ko naman hahayaang ma-agrabyado si Ma'am kaya tutulungan ko siyang sapakin ang asawa niya.

Pero teka, bakit ia-approach ng asawa niya si Ma'am eh may kasama na nga siyang ibang babae? Ano yun, harap harapan lang ang pangangabet?

"Oh?" Matamang tanong ni Ma'am saka simpleng pinasadahan ng tingin ang kasama ni Kuya Seth.

Kuya Seth daw ang itawag ko sakaniya eh. Tanda ko pa 'yon. Tutal nahahabaan ako sa 'aswang na sea creature ni Ma'am' na nickname ko salaniya, Kuya Seth nalang muna ang itatawag ko sakaniya.

"Good to see you here."

"Yeah." Halos matawa ako sa bored na sagot ni Ma'am. Parang wala siyang interes na makipag-usap sa asawa niya. Therefore I conclude na ako talaga ang mas magaling makipag-usap kaysa sakaniya.

"Oh, is she your new apple of the eye, Sav?" Singit noong babae na kinulang sa tela ang suot. Parang linta siya kung makalingkis sa braso ng asawa ni Ma'am.

Bihira lang talaga ako manlait ng babae pero iba ang feeling ko rito sa kasama ng asawa ni Ma'am.

"It's none of your business, Iris." Nahihimigan ko ang inis sa boses ni Ma'am pero mas lamang ang kalamigan dito.

That Iris' name rings a bell. Parang ayan ang sinabi sa akin ni Shan na pangalan ng babaeng may gusto sa Daddy niya.

Well, gaya nga ng sinabi ni Ma'am. It's none of my business as well.

"Feisty."

"B*tch." My eyes widen when Ma'am Saviel suddenly mumbled that one. Mukhang narinig noong dalawa dahil pati ang asawa niya ay nanlalaki ang mga matang nilingon kaming dalawa.

"Sav." Her husband in a warning tone said pero malamig na tiningnan lamang siya ni Ma'am at inirapan. Kita ko rin ang paghawak ng asawa ni Ma'am sa kasama nito para hindi makapag-wala.

"Haven't I told you that don't you ever let me see that woman? . . . I still remember what she did to my daughter." Madilim ang aura ni Ma'am at mahigpit ang pagkakahawak sa chopsticks na sa tingin ko ay mababali na ano mang oras.

"Come on Saviel, move on. It was an accident. I didn't mean to trigger Shanen's asthma."

"I am not talking to you." I stiffle my smirks sa pagtataray ni Ma'am. She quickly take a glance of me pero kinindatan ko lamang siya, lowkey showing her my full support as her supportive baby.

Ang hot niya.

"Let's go, Iris." Hihilahin na sana ni Kuya Seth ang kamay noong kasama niya ng nagpabigat naman ito at nagpumilit na makipag-tinginan kay Ma'am.

Base on that kind of manners, halatang mayaman at may attitude ang Iris na tinatawag nila.

"No, Seth---"

"Don't underestimate Saviel when it comes to our daughter. Baka mamaya nakahandusay kana dyan." Seryosong putol ni Kuya Seth. He glance at us at sa babaeng prenteng umiinom na lamang ng juice na tila walang pakialam sa paligid. "Excuse us. Sorry for the trouble."

I just nod at him. Nang makalayo sila ay saka ako bumaling kay Ma'am na may amuse na ngiti sa labi. "You look hotter when you're being feisty."

"Just finish eating." She said, dismissing the topic.

Nakibit balikat lamang ako at nagpatuloy sa pagkain pero talagang binabagabag ako ng nangyari kanina.

Bakit parang okay lang sakaniya na may ibang kasama ang asawa niya?

"Uh, Ma'am?" I know that it is awkward to ask and it is out of the line pero my curious side is kicking in.

Tinaasan niya ako ng kilay at inantay ang susunod kong sasabihin kaya huminga muna ako ng malalim bago ibaba ang hawak hawak kong chopsticks. "Bakit ano, bakit parang okay lang na may kasamang iba yung a-asawa mo?"

She doesn't look bother at my question at all. Prenteng sumimsim lamang siya ng juice at binalingan ako ng seryosong tingin.

"I already used to it." Mas lalo akong naguluhan sa isinagot niya.

"What do you mean you already used to it?" Tuluyan akong na-intriga sa aming pinag-uusapan kaya mabilis kong pinunasan ang gilid ng labi ko at pinagkrus ang mga braso.

"It's not that big deal. In fact, seeing him with a woman isn't an issue." Balewalang sagot niya. "We don't love each other in the first place."

Halos mamilog ang mga mata ko sa huling sinabi niya. Hindi niya mahal ang asawa niya? Pero may anak sila?

Don't tell me parehas sila ng rason ng parents ko kaya sila nagpakasal.

My eyes filled with sadness at the thoughts of it. I just feel uninterested at our topic dahil hindi ko na nagugustuhan ang takbo nito.

Parang bumabalik ang lahat ng pinagdaanan ko which made me close my eyes.

"P-paano nabuo si S-shan?"

Nakita ko ang pag-irap niya at bahagyang pinaglaruan ang baso sa kamay.

"Sex." Tangina, ang straight to the point talaga ng taong 'to. Ako talaga ang tumitiklop sa amin kapag ganito na.

"So you just got married because of it?" It took a lot of courage para lamang maitanong ko ito sakaniya.

But she looked at me plainly before shrugging and leaning on her chair. She raised her two fingers and asked for our bill. Agad akong naglabas ng pera nang dumating iyong waiter.

Jusko, nakakahiya naman kung si Ma'am ang magbabayad. Saka ko na siya pagbabayarin dahil ako naman ang nag-aya ngayon.

"Miss Montero--"

"Shhh. It's on me." Putol ko saka tumayo at inilahad ang kamay sa harapan niya. Sandaling tiningnan niya muna ito bago kuhanin at tumayo.

We walked out of the place at nagtungo sa sasakyan niya. Tahimik na naman siya, normal na 'yon.

Habang nasa byahe kaming dalawa ay napansin ko ang isang kotse na nakasunod sa amin. I can see it through rearview mirror kaya agad akong napakunot noo.

"What's bothering you?"

"Someone's following us." I mumbled under my breath and looked at the plate number of that car.

Mas lalo akong naguluhan ng makita ko ito ng maayos. It's familiar. Parang nakita ko na ang plate number at ang sasakyan na iyon.

"Iliko mo." I demanded ng may makita akong isang way na may route din papuntang school na hindi masyadong nagagamit. "Iliko mo, Ma'am." Pag-uulit ko dahil ramdam ko na nagtataka siya. She obliged what I said habang hindi ko inaalis ang tingin ko sa rearview mirror.

The car are still on our back. Mukhang wala itong pakialam kahit mahalata ang pagsunod nito.

"Ang taray ng stalker natin, naka-Audi." I said, trying to divert her attention dahil napapansin ko na ang

bahagyang paghigpit ng hawak niya sa manobela.

Malayo pa kami sa university. 15 minutes pa bago kami makarating at mukhang walang balak huminto sa pagsunod sa amin ang putanginang naka-Audi na 'yon.

"Stop the car." Muling saad ko na ikinalingon niya. She raised a brow pero ngumiti lamang ako at itinaas baba ang kilay ko sakaniya. "Makikipaglaro tayo ng car racing, Ma'am."

She shook her head and rolled her eyes at me.

Ayaw niya? Masarap kayang makipagracing sa highway lalo na kapag traffic, para kang nakikipag-racing kay Satanas.

"Ma'am---"

"You want a car race?"

I nod my head and flashed a playful smile. Sandaling bumagal ang pagpapatakbo niya sa sasakyan kaya ang akala ko ay ihihinto niya pero halos tumilapon naman ang kaluluwa ko ng bigla itong bumilis.

Tangina!

"Hoy Ma'am!!! Oh my shett!" I hold the grip at my side dahil para kaming hinahabol ng kamatayan sa bilis ng pagpapatakbo niya.

Letse.

Hindi ko naman alam na may lahing car racer ang babaeng 'to. Parang wala siyang pakialam kung lalampas sa speed limit ang ginagawa niya dahil habang tumatagal ay pabilis siya nang pabilis.

Oh ghad!

Ang hirap naman hamunin nito. Tinototoo niya.

I sighed sharply and take a look of her only to see that she's looking at the rearview mirror. May ngising nakaguhit sa labi niya and when I look where she's looking at, napansin kong wala na ang Audi na nakasunod sa amin.

"Oh? Are you still alive?" Nakangising tanong niya habang papasok kami sa vicinity ng university.

Malalim ang paghinga ko pero nagawa kong tumango at simangutan siya.

"Still alive, Ma'am. May nakikita lang akong mga stars ang angels." Sarcastic na bulaslas ko.

Pwede ko na pala isali si Ma'am sa mga car racing. Mukhang marunong naman siya edi pagkakitaan nalang namin.

"Are you okay?" Tanong niya when she fully parked the car. Tumango lang naman ako at sumandal sa upuan dahil parang nawalan ako ng lakas.

Nabigla yung katawan ko sa mga pinaggagagawa niya.

"Nahihilo ako, Ma'am. Nabuntis mo ata ako." Agad akong napadaing when she harshly threw something on my direction. Nang tingnan ko ito ay isa itong panyo na ngayon ay nasa kandungan ko na lamang.

"Get out, now." Seryosong utos niya na tinanguan ko lang. Lalabas na sana ako ng sasakyan niya ng may naalala ako.

Muli kong isinara ang pintuan at pabirong pinaningkitan siya ng mata. "You didn't answer me when I asked you when will our session start."

She rolled her eyes and fixed her blazer dahil bumaba ito sa balikat niya. Hindi naman kasi fitted ang blazer niya, more on loose.

"May gagawin ka ba mamaya?" She then asked. I just shook my head and wait for her next response. "Come over at my house after your class."

"Okay." I said, trying to conceal my smiles. Nakatingin lang siya sa akin at tumango kaya binuksan ko ang pintuan ng passenger seat. I was about to go out ng mabilis akong lumingon sakaniya at dinampian ng magaang halik ang labi niya.

"Take care, Architect."

Mabilis akong lumabas ng sasakyan niya at nagtatakbo dahil late na ako for my first and last afternoon class.

Hayst.

Nakaka-inspired mahalin si Ma'am.

...

"Ma'am? Ma'am? Ma'am?!!!" Pagkalampag ko sa gate niya dahil andito na ako ngayon sa labas ng bahay niya.

Kakauwi ko lang galing condo dahil nagpalit muna ako ng damit at naligo bago pumunta rito. Dapat looking fresh ako kapag nakita ako ni Ma'am.

Nakailang doorbell at hampas pa ako sa gate niya pero wala talaga. Naisipan kong baka may class pa siya kaya bilang matalinong ako, umakyat na lang ako sa may puno saka tumalon papunta sa may backyard niya.

Maayos naman ang pagkakalanding ko because I was trained for this. Naiisip ko nga minsan na pwede akong pumasa para maging isang mamamasok bahay pero baka si Uncle ang pumatay sa akin kapag nagkataon.

Pinagpag ko ang damit ko dahil baka may dumi saka ako pumasok sa loob ng bahay ni Ma'am. I check the door at nakitang lahat ay nakalock.

C'mon Zajei, think.

Nang wala talaga akong maisip ay napili ko nalang sirain iyong lock ng doorknob niya using some hair pin na nasa bag na dala dala ko. Lagi talaga akong may dalang ganito dahil sinisira ko ang lock ng classroom namin because sometimes, it is automatically locking itself.

When I finally enter her house, naupo ako sa may long couch ng living area at isinubsob dito ang mukha. Inaantok pa ako kaya tutulog nalang muna ako. Baka naman mamaya pa uuwi si Ma'am so I still have time to sleep.

"Miss Montero."

Nararamdaman ko ang mahihinang pagtapik ng kung sino sa mga pisnge ko but I choose to buried my face on the soft pillow even more.

"Zajei, wake up." I can't help not to smile while I'm still half asleep.

"Even in my dreams, I am hearing her voice." I said huskily saka nagsumiksik sa gilid.

"Goodness. I said wake up, stubborn." Napabalikwas ako ng bangon when someone hit my arm lightly. Nagising ata lahat ng senses ko dahilan para mahulog ako sa sahig.

Putangina.

Ang sakit ng balakang ko.

"Ma'am!!!" Reklamo ko habang himas-himas ang nasaktang balakang. Para akong hinampas, letse.

I pouted before opening my eyes and saw her eyeing me. She's standing in front of me habang naka-krus ang mga braso sa dibdib. Inayos ko muna ang mga nakaharang na buhok sa mukha ko and put it in a messy bun bago tumayo at yumakap sakaniya. O felt that she stiffened dahil bahagyang nanigas ang kaniyang katawan.

"It's already dark outside. Ngayon kalang umuwi?" I asked softly at marahang hinaplos ang likod niya. She's just wearing a loose shirt and a simple short kaya ang simple niya lamang tingnan pero ang ganda pa rin.

"Yeah." She pulled away and sat on the couch. Nakatayo lang naman ako sa harap niya and eyed her from head to toe.

Mukhang kakaligo lamang niya.

"Why did you break the main door's lock?" Magkasalubong ang kilay na tanong niya na ikinalunok ko.

"Eh, Ma'am ano. Walang sumasagot kanina rito kaya pumasok nalang ako." I laughed awkwardly then sat beside her.

"Didn't you think that maybe, there's a ghost in here?" Sandaling napaisip ako sa tanong niya pero isang tipid na pag-iling lamang ang isinagot ko.

Nakakapagtaka nga na hindi ko naisip 'yon. Dahil na rin siguro sa pagod ko kanina dahil kakagaling ko lang sa sakit kaya wala muna akong pakialam sa mga multo na 'yan and besides, ang aga pa kanina noong pumunta ako rito.

Nang mapatingin ako sa isang digital clock niya ay nanlaki ang mga mata ko. It's already 7 pm. Ang haba na nang tulog ko dahil pumunta ako rito ay 4 pm.

"Let's eat para makapag-start na tayo."

Gaya nang sinabi niya, pagkatapos namin kumain ay dumiretso na agad kami sa isang room. I think this is her music room. It surrounded by led lights at saka nakadisplay ang iba't ibang klase ng gitara. There's ukulele and also a piano. Nang tumingin ako sa kabilang dako ng silid ay nakita ko ang parang mini bar and a sofa set.

Woah.

It is so amazing.

"Zajei, come here." She said after awhile kaya lumapit ako sakaniya na nakaupo sa may sofa, facing the village night lights dahil glass wall ang katapat ng sofa set niya.

"This is the G chord." She started showing me the main chords first at mariing nakikinig naman ako.

She's playing an acoustic guitar kaya parang lumalabas iyong baddass side niya. Usually kasi ay mukhang feminine talaga siya pero ngayon, ang lakas lalong maka-attract.

"This is. . . the E minor."

"A major. . . and A minor." Nalulula ako sa mga sinasabi niya kasabay ng paggalaw ng mga daliri niya sa gitara.

Ang dami namang chords.

Chapter 28

Saviel at the media.
Ctto.

Zajei's POV

"What's new?" I asked in my monotone while playing the dart in front of me.

Inilapag nito ang isang envelope at sinenyasan akong buksan ito. My eyebrow arch upon seeing the pictures inside of it including some documents.

"As you can see, they are being careful. Hindi man lang sila nag-iiwan ng mga ebidensya na pwede nilang ikapahamak." Patuloy kong tinitingnan isa isa ang mga litrato pero napatigil ako sa isang litrato na naglalaman ng isang sasakyan.

A silver BMW i8 na napakapamilyar sa akin caught my attention. I even double checked it bago muling ibaling ang tingin sa lalaking kasama ko.

"Where did you find this car?"

He placed another document on top of the bar stool kung saan ako nakasandal bago pinagkrus ang mga braso. "I found it following you while you were heading to Zioure. You were with your professor that time and it was a bit weird when they waited, like they literally waited until you leave the vicinity." Bahagyang kumunot ang noo nito at tila nag-iisip ng ilagay niya ang isang kamay sa baba.

"What do you mean?"

"It's storming when you came at ZV and you didn't even went at the house of your mother but you stayed the night at your professor's pad. . ." Tila nang-aasar na turan nito pero inirapan ko lamang siya. "As what I've said, hinintay ka noong naka-BMW. Hindi man lang umalis iyon sa pwesto niya noong pumasok kayo sa ZV pero noong hinatid ka ata ng kasama mo ay sinundan niya kayo."

Maging ako ay napaisip sa sinabi niya. Natatandaan ko na may sumusunod nga sa amin ni Ma'am noong inihatid niya ako sa unit ko pero hindi BMW ang sasakyan na iyon. "Are you sure about this? I clearly remember what happened that day at black Ford SUV ang sumusunod sa amin. Not BMW i8."

Umiling-iling siya at determinadong tumingin sa akin. "Zajei. . . I'm sure about all of this. Actually, when you asked for my help about this, I pulled all the strings I could para makahanap ng evidence and you know what I mean about my evidences."

Tumango ako at pinagpatuloy ang pagtingin sa mga litrato ng iba't ibang sasakyan pero hindi talaga mawaglit sa isip ko ang BMW i8 na nakita ko kanina.

Rage is good at this. He's good at hacking and spying kaya kapag may kailangan ako na about sa ganito ay siya talaga ang tinatawagan ko and he never failed me about his forte.

"I want the background check of the BMW i8 car. Kung sino ang bumili at kanino nakapangalan ang sasakyan na 'yon, I want it as soon as possible." Matamang ininom ko ang vodka na nasa tabi ko at

mariing ipinikit ang aking mga mata.

That car is really bothering me.

"No need, Zajei. Lahat ng sasakyan na ipinakita ko sayo ay hindi na mahanap pa. Hindi ko alam kung sinira na ba nila or what because it is untraceable. Wala rin akong mahanap na documents about it." Tumango-tango ako sakaniya bago muling nilaro ang dart dahil nararamdaman ko ang pagtaas ng tension na nabubuo sa katawan ko.

"I have a hunch that you know your stalkers."

"Stalkers?" I let out a humorless chuckle before shooking my head. "Ang dami naman niyan."

"They are." Seryosong sagot niya. He then opened the envelope he placed at the bar stool earlier and show me some pictures na ikinahigit ko ng hininga. He slowly pin them at the dartboard saka ako muling binalingan ng tingin. "They are my suspects as of now."

Isa isa kong pinagmasdan ang mga litratong idinikit niya. Muling lumapit sa akin ang kaibigan ko at kinuha ang isa pang folder at saka ulit bumalik sa pwesto niya kanina.

He first pointed the first picture near him. "First, Ferb and Phineas. Your best friends." I nod at him para magpatuloy siya. "I've been observing them and I can see that they are hiding something from you. . . I don't know yet what it is pero masyadong nakakapag-duda ang kinikilos nila."

Hindi na ako nakapagsalita pa. Matamang pinapakinggan ko lamang siya at tumatango-tango, signalling him to continue.

"Second, your ex, Kaios Gallagher. . . He's been following you around since he started courting you. It got even worse when the two of you broke up. Kahit saan ka ata pumunta ay andoon siya." Ngumiwi ito sa huli niyang sinabi at umiling-iling. "He's weird."

Napaisip ako sa sinabi niya. So tama ang hinala ko na may sumusunod nga sakin? This past few weeks are creeping me out lalo na kapag mag-isa ako dahil pakiramdan ko ay may kasama talaga ako. It's not that I'm paranoid pero my senses are really active when it comes to this matter.

And if I'm not mistaken, I asked Kaios about this. Tinanong ko siya kung sinusundan niya ba ako pero hindi naman niya ako diretsong sinagot.

"Do you still want me to continue?" Napukaw ni Rage ang atensyon ko ng tinapik niya ang dartboard.

Simpleng tango lamang ang naisagot ko sakaniya bago huminga ng malalim. This is much more stressful than what I thought.

"Third, someone who's always wearing a hoodie." Kumunot ang noo ko lalo na nang may idikit na naman siyang litrato. I don't know if it is a man or not dahil masyado itong balot na balot. May mask din itong suot kaya hindi ko masyadong maaninag ang mukha nito. "If your ex is weird, well Zj, mas weird ang isang 'to and probably the last one is the weirdest."

Gulong gulo na ang utak ko sa mga sinasabi niya. My ghad! Nas-stress ang kagandahan ko.

"Ano namang ginagawa niyang naka-hoodie?" Walang ganang tanong ko pero yung utak ko kung saan saan na naman napupunta. It keeps on overthinking again.

"Hindi ko alam kung babae ba 'yan o lalaki pero sunod 'yan nang sunod sayo kapag nasa labas ka ng university. Most especially, kapag gabi kana umuuwi Zajei. Lagi 'yang nakasunod sayo." His eyes widen at tila may naisip siyang kakaiba dahil napahampas pa ito sa ere. "Hindi kaya may gusto ang mga 'yan sayo? I mean, bakit ba sila sunod nang sunod? Mukha namang hindi pera ang habol nila because based on the car they were using, it is limited and luxurious one."

I agree.

Kung kagandahan ko lang ang habol nila ay baka niligawan or nagparamdam na sila by giving signs pero hindi naman. Tanging si Kaios lamang ang nanliligaw sa akin at ang kambal ay patuloy sa pagsira ng araw ko dahil sa mga mukha nila.

And if money, mayaman sina Kai at ang kambal. Hindi nila kailangan ng pera ko. Yes, I may be richer than the twins pero hindi naman gahaman sa pera ang mga iyon. Mas masaya pa nga ata ang buhay nila kapag wala silang pera dahil nakakapagpalibre sila sa amin ni Yuki.

"Lastly Zajei, this is person who is the weirdest among all of them." Naningkit ang mga mata ni Rage habang tinitingnan ang folder na hawak hawak niya. "He or she is wearing all black and a cap or helmet. Hindi ko kasi alam kung babae rin ba siya o lalaki dahil sa totoo lang, mas magaling magtago ang isang 'to. This is the last one I got habang hinahanap yung mga pwedeng sumunod sayo at ito yung pinakamailap. Ang hirap din niyang ilocate dahil pinasundan ko na siya kahapon pero natakasan niya ang mga tauhan na inutusan ko. . . All of them are too difficult to handle. Masyado silang aware sa paligid nila kaya hindi ko masyadong mapasundan dahil nakakatakas lang din naman sila." Problemadong lumapit ito sa akin kaya halos matawa ako. Minsan ko lamang siya makitang problemado dahil madalas ay kalmado at childish siya. But now? Mukhang sineseryoso na niya ang favor na hinihingi ko.

"You should take care of yourself, Zajei." Nangangambang paalala nito matapos mag-salin ng alak sa baso niya. He is taller than me kaya nakatingala ako. "You should have asked for my help the moment you notice that someone is keep on following you. Alam mo naman na hindi kita matitiis."

Napangiti ako sakaniyang sinabi. Rage is one of my deceased grandparents scholar back then. Halos sina Lolo na ang nagpalaki sakaniya simula ng makalabas siya sa rehabilitation center. He's been a victim of child abuse kaya tinulungan siya nina Lolo na ipa-therapy and also helped him to move on. Sina Lolo rin ang nagpa-aral sakaniya sa New York kaya kasama ko siya noong nag-high school ako but he is already college student that time.

Also, isa na rin siya sa mga magagaling na lawyer sa US ngayon. Ayon sakaniya, my grandparents are his inspiration kaya nga hindi pa rin natatapos ang kaso nina Lolo ay dahil sakaniya. He keeps on working in it dahil ayaw talaga niya bitiwan same goes for me. Ngayon lamang siya umuwi sa Pilipinas because I asked him the favor which is to help me find out who the hell is that fvcking stalker of mine. Pero hindi ko naman inaasahan na uuwi talaga siya ng Pilipinas dahil ang sinabi ko lang naman ay i-locate niya kung sino ang mga stalker ko.

I don't know but I have this hunch na hindi lamang simpleng stalking 'to. This is much more complicated and dangerous.

"Parang tanga 'to. As if naman mapapahamak ako. Sa ganda kong 'to?" I reluctantly said pero inismidan niya lang ako at umiling iling.

"Zajei, I can say that they are not doing this just because they wanted to. I know that they have a purpose why they are doing this." Kusang kumurba sa isang ngiti ang labi ko.

I know. I know they have reasons.

Ilang araw na akong nakakaramdam ng kakaiba. Napapansin ko kasing laging may nakasunod sa akin but the thing is, iba iba ang mga sasakyan na gamit. Litong lito na ako kaya I asked for Rage' help and he gladly accepted it.

I know na hindi lang iisa ang nakasunod sa akin, I can feel it.

Muling kumunot ang noo ko and my eyes squinted upon remembering one thing. "Rage, can you find the Audi that keep on following me last Thursday afternoon?" He nod his head and start working on his laptop.

Ayun yung time na kasama ko si Ma'am after namin kumain sa labas. I can clearly remember it dahil halos humiwalay ang kaluluwa ko noon sa katawan ko dahil sa pagiging racer ni Ma'am.

"Zj? Is this the car you used?" Pukaw nito sa atensyon ko. Iniharap niya ang laptop sa akin, showing Mrs. Acozta's car. Tumango ako sakaniya then he start doing something.

"Is your professor a car racer? Ang bilis niyang magpatakbo ng sasakyan." He commented with a playful smile on his lips. Kahit ako ay napangiti nang maalala si Ma'am.

Ilang araw ko ng hindi nakikita ang misis ko kasi masyado na akong busy sa training ko. Malapit na kasi ang laban ko sa Archery kaya puspusan ang training.

Siguro miss na miss na ako ni Ma'am. Well, hindi ko siya masisisi kasi ka-miss-miss naman talaga ako. For sure, hinahanap-hanap na no'n ang kagandahang taglay ko.

"Zj, ngumingiti kana mag-isa." Rage teasingly says pero umiling lamang ako at hindi itinago ang ngiting nakasukbit sa labi ko. "Are you in love now?"

"Where the heck did you come up with that thought?" I asked habang nakangisi.

There's no way I would admit it admist the chaos. Ang gulo gulo na nga tapos sasabihin ko pang in love ako? That would just add fuel to the fire.

"Nah. Just wondering because you are not a fan of being in love and I'm just guessing that maybe, you're fan of it now." He shrugged and continue typing on his laptop. Minutes after, may tumawag sakaniya and asked him to open the file he sent.

"It's my investigator." He informed na tinanguan ko lang. He then frowned his forehead. "The white Audi A4 that you're pertaining to is owned by Kaios Gallagher. . . Woah, at last may iniwan siyang bakas." Nakangising demonyong saad niya saka ako binalingan ng tingin.

I knew it.

That's why that car seems so familiar ay dahil kay Kaios iyon. Nagamit na niya iyon ng minsang nag-roadtrip kaming dalawa.

Damn, how dumb are you Zajei?

I bit my lower lip at nakapikit ang mga matang ininom ang alak na nasa tabi ko. Hindi pa totally nags-sink in sa akin lahat pero yung mga hints and hunches are not simple to tolerate.

"I'll gather all the information I would got. I'll continue the investigation also about your case para matapos as soon as possible." Tumango ako sakaniya habang isa isa na niyang idinidikit lahat ng ibedensya na nakuha niya sa isang pader.

Muling kumunot ang aking mga noo nang mapansin ko ang isang Kawasaki Ninja H2R na nakasunod sa aking sasakyang laging ginagamit for this whole month.

"Kawasaki Ninja H2R? Really?" Nakangising tanong ko na nakakuha ng atensyon ni Rage. He flashed a devilish smile bago pasadahan ng tingin ang sinasabi kong litrato.

"Cool, right? Motor bike talaga ang gamit para lang sundan ka." He let out a small chuckle and closed his laptop. Nakakrus ang brasong humarap ito sa akin at umiling-iling. "That's your weirdest stalker I was saying. Hindi mo ma-distinguish if that was a man or a woman, right? That's how good that person is in hiding."

Napakagat labi ako. Hindi ko kilala ang taong iyon. Naka-helmet ito at naka-all black. Tama nga si Rage, ang hirap malaman kung sino 'to.

"Actually, siya lang ang hindi nagpapalit ng sasakyan. Iyong iba kong pinaghihinalaan ay papalit-palit ng sasakyan pero ito, hindi. Tanging ayan lang ang ginagamit niya." His eyebrows met at saka nagpamulsa. "Right after you leave this vicinity, I'll start activating your tracker. Suot mo ba?"

Tumango ako sakaniya at saka hinawi ang buhok ko, letting him see the metal earing I am wearing. It is my tracker kaya hindi ko ito tinatanggal. Hindi naman pati ito mahahalata na isang tracker dahil mukhang stainless small earing lang ito.

"I will also asked someone to personally go with you to keep you safe and sound. Iyong butler ko ang mismong susunod sayo para makampante ako na mapoprotektahan ka." Mariing saad nito pero umiling-iling lamang ako at nginisian siya.

"I can take care of myself, Rage." Simpleng wika ko pero mataman lang siyang tumitig sa akin. "Just send your butler as my grandparents security. They need it more lalong lalo na kay Yuki at kay Uncle." I suggested dahil kung totoo ngang may laging nakasunod sa akin, baka may iba silang binabalak.

Ang nakakapagtaka lang talaga, bakit sobrang dami nila?

I know that we don't still know yet who is the other pero alam ko na hindi lang ang mga taong ipinakita sa akin ni Rage ang nagmamanman. They are just wise enough to hide themselves.

"Are you sure?" Naniniguradong tanong niya kaya kumpyansang tumango ako.

"Yeah. I can protect myself."

"Do you still know how to use a gun?" Tanong nito ulit kaya tumango ako. I still practice using a gun dahil hindi ko naman masasabi kung kailan ko kakailanganin ang kaalaman na 'yon. Mas mabuti nang may alam ako just in case something worse happens.

"How's their case?" This time, I was the one who asked, pertaining to my grandparents unsolved mysteries.

Kaya gusto ko rin talagang mag-abogado dati ay para makatulong ako sa kaso nila. May hinuha kasi ako na hindi lang basta assassination ang nangyari sakanila. There is something more to reveal.

"It's still on-going. But, we have a lead now. You're right on what you've said years ago na hindi lang 'yon simpleng assassination dahil sa may naipakulong sila na maimpluwensyang tao." He drank another whiskey habang nagkekwento about sa kaso ng grandparents ko.

So I was right all along, hindi sila ipinapatay dahil lang sa mga trabaho nila.

I felt my eyes darkened kaya agad akong pumikit at pinakalma ang sarili. I should control myself, I should be more careful now.

"Don't worry Zajei, on going pa rin naman ang kaso nila kahit na andito ako. Soon, we will have the justice we are aiming for." I agree on his statements bago napailing tumayo at magpaalam sakaniya.

"Take care." Paalala niya which made me smile a little.

At least, alam kong hindi pa rin nagbabago ang abogadong mukhang papatay sa loob ng korte pero napaka-soft hearted outside the vicinity.

I am driving silently while heading to the grocery store dahil wala na akong stock. Inuubos kasi ng barkada ang mga pagkain ko sa condo kaya halos weekly na ako mag-grocery.

While heading to the grocery store, I am feeling my surroundings. Wala pa naman akong nararamdamang nakasunod sa akin dahil kanina pagpunta ko sa hotel na tinutuluyan ni Rage ay ibang sasakyan ang ginamit ko. It is the car I'm not using more often dahil masyado kong mahal ang kotse kong 'to para lang dumaan sa baha.

Nang makarating ako sa pinakamalapit sa grocery store which turns out na malapit lang sa Zioure village, I accidentally saw my hot baby Architect Saviel. Tanging maong short lamang ang suot nito with Givenchy hoodie as her top.

Hot.

Kitang kita ang mahahaba nitong legs which made me gulped. Isa talagang malaking pagsubok ang tiisin na hindi itali sa kama si Ma'am dahil ang hot niya talaga.

Kumuha na ako ng cart and started walking towards her na mukhang ikinapitlag pa niya. I giggled at her response bago sumabay sakaniya.

I was about to go at the food area pero andito ako ngayon sa bilihan ng sabon kasama siya. Hindi ko nga alam kung anong trip niya dahil hindi naman siya kumukuha, tinitingnan lang niya. Tho, may laman na ang cart niya.

"Ma'am."

"Hm?"

Napangiti ako sa naging response niya bago tapikin ang cart ko at parang naka-drugs na tumingin sakaniya with a wide wide smile on my face.

"Kapag tayo Ma'am nagkatuluyan tapos nagkaanak tayo, may ikekwento na agad ako sakanila." Seryosong tumingin ito sa akin bago umarko ang magandang kilay niya.

"Like?"

"Uyyy! Gusto niyang magkatuluyan kami." I laughed pero deep inside ay kinikilig na talaga ako. "Don't worry, Ma'am, hindi ka lugi sa akin mabait naman ako, maganda, matalino, mabango, tapos humble tapos--"

"Tapos hambog at napakayabang." Putol niya na bahagya kong ikinatawa.

"Oh sige, isama na natin 'yan kahit hindi naman totoo." I grinned but it turns out a genuine smile when I glanced at her and caught her staring at me.

"Mabait, mabango, matalino, hambog, humble, mayabang, maganda, gorgeous, mukhang dyosa, tapos higit sa lahat, mahal ka." I mumbled under my breath na mukhang narinig niya dahil tumigil ito sa paglalakad.

"What?"

Imbis na sumagot ay inilihis ko ang topic namin kasabay ng pagguhit ng isang magandang ngiti sa labi ko.

"Kapag tayo nagkatuluyan, ikekwento ko sa magiging anak nating dalawa na minsan na tayong nag-grocery. Tayo ay magkasamang naglakad sa pasilyo ng Ariel, Breeze, Surf, at Tide. . . hanggang sa nauwi tayong dalawa sa '*you may kiss the bride.*'" I let my tongue out to suppress my smiles pero halos mamilog ang mga mata ko when I saw her biting her lower lip but ended up showing her smiles.

Geez!

Pati iyong maliit na dimple niya sa gilid ng labi ay lumabas dahil sa pagkakangiti niya. She even shook her head and unbelievably looked at me.

"You're crazy." She utter back pero ngumiti lamang ako at mahinang binunggo ang balikat niya.

"Aminin mo, gusto mong ikwento yun sa anak natin 'no? Ayieeeee! Mahal mo na ba ako, Ma'am? Tara na pakasal na tayo tapos diretso gawa ng baby---aray naman!" Reklamo ko when she hit my arm nang akmang ipupulupot ko ito sa bewang niya.

"Ma'am, kapag ako pinakasalan mo ano,"

"Ano?"

"Handa akong maglaba, maghugas ng pinggan, maligo, maghubad sa'yong harap---charot." I giggle and looked around to find something na pwedeng mabili.

"You're insane."

"Insanely wanting to be a toothpaste so I can have the chance to probe your mouth the way your toothbrush do."

"Stop it, Miss Montero." Irap n'ya pero mahinang humagikhik lamang ako at inilagay sa cart ko ang isang pack ng sanitary napkin kasi ang cute ng packaging.

"Ma'am, gusto ko nalang maging napkin." I blurted out of nowhere na ikinataas ng kilay n'ya.

Kanina pa kami dito sa section na ito at hindi pa rin kami nakakaalis dalawa. Malay ko ba kung anong

kukuhanin n'ya rito.

"Nireregla ka pala?"

My eyes widen upon hearing her question at wala sa sariling tiningnan ang pang-ibaba ko dahil mukha bang may saging ako?!

Sa ganda kong 'to?

I looked at her a bit offended and scoff, "Regular po ang period ko 'no kaya pwede mo nang kuhanin ang egg cells ko para dalhin ang anak nating dalawa."

"Oh, you can impregnate me?" Hamon n'ya na maliit kong ikinangisi.

"Yeah, wanna start trying it? It might be a long process, Avey." Ngiti ko pero umirap lamang siya at lumayo ng kaunti sa akin.

"Why are you here, tho?" Tanong niya matapos ko siyang asarin. She's not complaining though, puro irap nga lang ang natanggap ko.

"Hinahanap yung asawa ko dahil hinahanap na siya ng anak naming dalawa." Simpleng sagot ko and gently shrugged my shoulder matapos kumuha ng sabon na hindi ko alam kung ano.

Ang ganda kasi noong packaging may design na unicorn. Tingin ko ay para sa baby ito pero baby naman ako ni Ma'am kaya okay lang.

"When can I talk to you properly?" She hopelessly asked which made me chuckle.

"Kapag ikaw na ang mundo ko tapos ako na ang mundo mo."

"Oh ghad, Miss Montero." Hasik niya bago umuna sa paglalakad. This time, we are heading to the food section.

Kung anong kinukuha niya ay ayun din ang kinukuha ko plus my other necessity. Ang hindi ko lamang kinuha ay ang mga gulay na kinukuha niya dahil hindi naman ako maalam magluto noon.

"Ma'am, namiss mo ba ako? Ilang araw din tayong hindi nagkita." Anang ko because she's just silent while we are walking towards the candy area dahil hinila ko siya papunta roon.

"No. Besides, that was my most peaceful life since you start bragging on my life." Imbis na ma-offend sa sinabi niya ay natawa pa ako dahil ang seryoso niya habang sinasabi niya.

May ubo na ata talaga utak ko.

Tapos siya lang laman ng puso ko.

Charot! Hiyang hiya naman ang mga internal organ ko sa kaharutang taglay ko.

"Kapag nawala ako, mamimiss mo ba ako?" I asked instead habang kumukuha ng candies.

I felt her stares at my back at tama nga ako, nang lumingon ako sakaniya ay nakakunot ang noo nito at salubong ang mga kilay.

"Why are you saying that?"

"Wala lang. Trip ko lang. Alam mo namang ako *ay miss you*." Humahagikhik akong napalabi dahil nakita ko ang pagpula ng pisnge niya pero agad ding umiwas ng tingin at nauna nang maglakad. "Hoy! Ma'am!"

"Lower down your voice." Sita niya pero lumabi lang ako at isa isang chineck ang mga nasa cart ko.

"Ma'am wala naman tayo sa library. And also, saka na ako tatahimik kapag may reward na akong hot kiss from you."

"Hot kiss?"

"Yeah, like this." Agad akong dumukwang palapit sakaniya matapos tumingin sa paligid pero wala namang tao dahil nasa dulo kami. I immediately kiss her lips pero agad niya akong itinulak which made me smile.

"You dumbass! Others might see us." Nangangambang paalala niya kaya napawi ang ngiti ko.

She started walking away kaya sumunod na rin ako with silence surrounding me.

Hanggang sa matapos kami sa pagbabayad ay tahimik lang ako. Pansin kong napapalingon siya sa gawi ko habang naglalakad kami papuntang parking lot.

"Wala kang dalang sasakyan, Ma'am?" I asked when I noticed that she's booking for a grab. She nod her head as a response to my question kaya agad kong ibinaba ang phone niya. "Sabay nalang kayo sakin, Ma'am. I have my car with me."

Noong una ay may pagdadalawang isip pa siya dahil sa hesitation na mababakas sa kaniya mukha pero wala naman na siyang nagawa pa when I dragged her inside the parking lot.

Inilagay ko muna sa compartment ang mga pinamili ko at sa backseat naman ang sakaniya. Baka kasi maghalo ang mga pinamili namin if ever. Okay lang naman sana kung sa iisang bahay na kami kaso hindi pa kaya soon nalang namin ipagtatabi ang aming grocery.

"Sa bahay ba natin, Ma'am?" She frowned upon hearing my question pero malanding ngumiti lamang ako sakaniya bago paandarin ang sasakyan. "Sa bahay mo sa Zioure?"

She simply nod her head.

Malapit lang 'yon dito kaya hindi rin naman magtatagal ang byahe naming dalawa.

"Ma'am, manonood ka ba sa laban ko next week?" I asked habang hinihintay mag-green ang traffic lights.

"Finals n'yo na ba?"

"Yah kaya kailangan kita."

"Enough of your flirty statements, Miss Montero--"

"Zajei, Ma'am. Zajei." Putol ko at bahagyang pinadausdos ang kamay ko sa kamay niya, intertwining it. "Miss Montero is too formal but Mrs. Saviel Montero is perfect. Don't you think?"

I pressed my lips together when she didn't speak because she just rolled her eyes at me.

"Punta ka sa laban ko, Ma'am. I need you there." Pilit kong pinapaseryoso ang boses ko dahil baka hindi siya maniwala kung pangiti-ngiti pa ako.

Ewan ko ba, ang daming hindi naniniwala sa akin kapag tumatawa ako kahit sinasabi ko yung totoo. Hindi naman ako mukhang clown dahil napakaganda ko pero ginagawa nila akong happy pill.

"Don't fool me. You can nail Archery without me." Sagot niya pero pinisil ko lang ang kamay niya at bahagyang hinalikan ang likod nito. I felt that she flinched pero hindi naman niya binawi ang kaniyang kamay.

"But I need you to be there so I can have my inspiration para sure win." I winked at her pero tinaasan niya lamang ako ng kilay at umiling.

"I'm busy."

"Kahit mabilis kalang do'n Ma'am. Just go there." Pagpupumilit ko na ikinabuntong hininga niya.

"Zajei--"

"Please?" I noticed that she was taken aback but she's too good at composing herself dahil agad rin niyang itinago na nagulat siya sa sinabi ko.

I'm not using the word please everyday in my life. Heck, I don't even plea sometimes.

"Anong araw ba ang laban mo?" Seryosong tanong niya na ikinangiti ko. I parked my car in front of her house properly bago siya balingan ng tingin matapos alisin ang seatbelt ko.

"Sa Saturday pa Ma'am. Walang class no'n kaya alam kong makakapunta ka." I smile triumphantly when she nod at tila walang kawalang niyakap ko siya.

"Oh, shit." She utter, eyes widen when I straddle her. I sat at her lap and gently put my hands around her nape.

"Now, wala nang makakakita. My car is tinted so. . . can we continue what we were supposed to do earlier?" I seductively smile at her while playing with her hair.

I was pertaining to the kiss earlier.

"No."

"Come on. I'll just show you how good kisser I am." I wiggle my eyebrows and tilted my head at the other side. Marahang pinasadahan ko ng tingin ang mga mata niya pababa sa kaniyang labi while slowly leaning forward.

I closed my eyes the moment our nose touches and the next thing I knew, magkalapat na ang labi naming dalawa.

Ilang segundong magkalapat ang labi namin hanggang sa unti unti akong gumalaw. I made sure that she can't resist my kisses kaya habang hinahalikan ko siya ay pinadausdos ko ang mga kamay ko sa likod niya, gently carresing it. I heard her soft moans but she's still not kissing me back that's why I

decided to bit her lower lip.

Her lips parted and my tongue made its way inside her mouth, tasting it. I am nibbling her lower lip while touching and gently squeezing the side of her waist.

Geez, I love her curves.

Patuloy lang ako sa paghalik sakaniya, waiting for her to kiss me back pero nalaman kong hindi pa pala ako ready for that when my heart pounded hard nang ipalibot niya ang kaniyang kamay sa mga batok ko pababa sa aking likod.

Our tongues touches and a shiver run down from my foot to head. Kusang kumakalat ang kakaibang init sa katawan ko and I even felt the car starting to heat up. Parang lumiit ang espasyo sa loob ng sasakyan ko when I decided to put my hands inside her hoodie. I started having contact at her bare soft skin.

"Uhm-" she softly moan when I deepens the kiss. Marahang hinaplos niya ang likod ko which made me smile in between our kisses. Pilit ko mang itanggi ay nagugustuhan ko ang pinagsasaluhan naming dalawa, lalo na ang pagtugon ng katawan niya.

We are running out of breath when we both pulled out of our steamy moment. Hinihingal na nakasubsob ako sa balikat niya, my hands are still inside of her hoodie still not able to stop caressing her sides.

"Zajei." Mahinang banggit niya sa pangalan ko kaya nakangiting nag-angat ako ng tingin. Sinalubong ako ng mga naguguluhan niyang mga mata pero pansin ko ang pamumungay nito.

I smile like a lunatic while tracing her little moles. Nakatingin lang naman siya sa akin habang patuloy ako sa pagmamasid sa mukha niya.

"I like you." I mumbled under my breath.

She looked at me, brows furrowed. Naka-awang ang labi niya na ikinalunok ko because I want to claim her lips again with that sight of her.

"What?" Hindi makapaniwalang tanong niya pero pinatakan ko lang ng magaang halik ang mga labi niya nang pulit-ulit hanggang sa nakuntento akong pagdikitin na lamang ang mga noo namin.

Her hand are still on my back that is now making its way to my shoulder kaya wala sa sariling napangiti na naman ako.

"I like you, Ma'am. . . . Gusto kita."

Chapter 29

Zajei's POV

"I like you, Ma'am. . . Gusto kita."

She stared at me for a minute or two which made me gulped and laugh awkwardly.

"I mean, gusto kitang mas makasama. You know, I'm enjoying your company kasi minsan lang ako maka-encounter ng kasing ganda ko." Her eyes fixed on mine kaya sunod sunod na paglunok ang ginawa ko bago dahan dahang inilayo ang mukha sakaniya. "Gusto kita, gustong gusto kita makasama."

Hanggang maganda ako, gusto kong makasama siya kasi pang-habang-buhay ang gandang tinataglay ko.

"Are you drunk?" Taliwas sa inaasahan kong tanong nito. Sandali pa akong napamaang pero umiling din ako makalipas ang ilang segundo. "You taste like vodka that's why I thought that you're drunk."

"And so? What if I'm drunk?"

Mataman ako nitong pinagmamasdan bago bumaba ang mga mata nito sa labi ko. I lick my lower lip before a seductive grin formed on my lips.

"You're getting out of your mind when you are drunk. Baka mamaya ay hindi mo na naman maalala ang mga sinasabi at ginagawa mo. I'm just making sure, Zajei." She shrugged and remove my hands at her waist kaya ipinatong ko nalang ito sa may sinasandalan niya, slightly cornering her.

"I'm not drunk. I'm hundred percent sure that I won't. . . I won't forget this moment." Bulong ko sa tenga niya before I gently sniff her feminine scent. "Believe me when I say I like you--I mean I like to be with you because I meant it." Puno ng sinseridad na batid ko pero naramdaman ko na lamang ang mabibigat niyang paghinga.

"Okay." Malamig na saad niya bago ako itulak sa balikat. Umalis ako sa pagkakaupo sa kandungan niya bago pasimpleng bumuntong hininga.

Akala ko kaya ko nang magconfess, prank lang pala.

Geez, kinakabahan kaya ako. Paano kung masira ko yung pamilya nila dahil lang sa nalaman niya na mahal ko siya di'ba? Paano na si Shan? Paano yung bata?

I've been there wherein I felt like I can't even trust my whole family dahil sa ginawang pang-iiwan ng magulang ko sa akin at ayaw ko namang maranasan iyon ni Shanen. That kid is too precious for me.

Mabibigat ang bawat hiningang ginawa ko nang makalabas siya ng sasakyan matapos niyang kuhanin yung grocery niya. Ilang sandali pa akong nakatulala sa nakasaradong gate niya bago napagpasyahang umalis.

I was about to leave the village by going to the exit gates pero agad akong hinarang ng isang guards. Kunot noo akong nagbaba ng bintana pero agad itong nawala nang makita ko ang pangamba sa mukha noong guard.

"Good afternoon, Miss Loure. Pinapasabi lang po ni Ma'am Zeah na pumunta raw po kayo sa bahay nila bago kayo umalis." Halos mautal-utal na bigkas ni Kuyang Guard.

"Why?"

"Hindi ko po alam. Napag-utusan lang po ako." Tumango na lamang ako sa sinagot niya at agad pinasibad ang kotse ko sa bahay nina Mommy.

Iba na ang bahay nila. Hindi sila doon tumira sa bahay namin dati dahil nagpagawa sila ng bago. Yung bahay naming tinirahan dati ay pina-demolish na because that lot is own by my grandparents and supposed to be mine. Doon ako magpapatayo ng bahay if ever.

Medyo malayo ang bahay nina Mommy dahil nasa may dulo iyon. Ilang street din ang layo noon sa bahay ni Ma'am.

Hindi ko na inayos ang pagkakaparada ng sasakyan ko sa tapat ng bahay nila matapos akong papasukin ng guard. Well, aalis din naman agad ako rito.

"Ateee!" My eyes suddenly sparkles when I heard that cute girly voice.

I thought she's in US?

"Azlen." Nakangiting bati ko sa pinakabata kong kapatid at agad siyang sinalubong ng yakap. She kissed my cheeks before giggling and hug me tighter.

She's clingy as ever.

"Ate Zj." Another voice called me and there, I saw Azreel at the entrance of the dining area. Agad itong nakiyakap sa amin ni Azlen kaya hindi ko napigilan ang isang malambot na ngiti na makawala sa labi ko.

"I thought you're in US, Azlen?" Tanong ko sa batang babae na nakaupo sa left side ko.

We are currently playing sa game room nila rito. Wala eh, hinamon nila ako kaya ayan hindi pa sila nananalo kahit isang round.

Bilib na talaga ako sa sarili ko. Ang galing ko na ngang maglaro tapos napakaganda ko pang player. Hindi ko na talaga masisisi si Ma'am kung maaadik siya sa akin. Hindi naman siya lugi dahil mabilis naman ang mga daliri ko if ever.

"I was, Ate. I just came home last night because of Daddy's birthday next week." Seryosong sagot nito dahil tutok na tutok siya sa nilalaro.

"Azlen, retreat!" Angil ni Azreel kaya natatawang binalingan ko siya. Inis na pinipindot nito ang controller na hawak hawak niya. "Ate, you are tricking us!"

"I'm not, kiddo. Bulok lang talaga kayo." Nang-aasar na batid ko at nag-stretching pa kaya lalo silang nainis.

Eager na kasi silang manalo kasi last game na namin 'to. May training pa ako mamaya kaya kailangan ko na rin kasing umalis.

"Oh my gosh, Ate! Don't kill me!!" Asik ng bunso namin kaya tatawa-tawang pinatay ko siya saka ako humilata sa mga bean bags na nasa sahig lang.

"Weak niyo pala." I teasingly says pero agad akong napabalikwas ng higa when I felt that someone hover on top of me. "Oh damn--- ghshdgdhdh!! Get off me!" Tumatawang inaalis ko ang mga kamay nila sa akin dahil hindi nila tinitigilan ang pagkiliti sa bewang ko.

Damn these brats.

"Stop it, kids. Hindi na makahinga ang ate niyo." Her soft voice lingers on the room kaya napatigil sa pagkiliti sa akin ang kambal. Inayos ko muna ang nagulo kong buhok bago ako umayos ng upo at tiningnan sila ng asawa niya sa may hamba ng pintuan. "Good to see you here, Zajei."

"Yeah." Walang ganang tumayo ako at inayos ang nagusot kong damit bago harapin ng maayos sina Mommy.

"Let's talk in the office, hija." Tumango ako kay Mommy saka nagpaalam sa mga kapatid ko.

Magkasunod kaming naglalakad papunta sa hindi ko alam. Office lang naman ang sinabi niya eh hindi pa naman ako nakakapunta roon. Also, katabi niya ngayon si Tito Andrew, her husband.

"Come in." Nakangiting paanyaya ni Tito kaya tumango lamang ako at pumasok na.

"I'm sorry about the last time." Sincerity is visible on my mother's voice nang makasettle down kaming lahat. They are in front of me habang nakaupo lang ako at naka-cross arms.

"Nah, that's nothing." I said, acting like it didn't affected me.

"How's your day?"

"Good." Simpleng sagot ko ulit.

Parang isang tanong, isang sagot ang nangyayari sa amin. Wala naman akong planong magtanong dahil bukod sa wala akong gana, gusto ko na agad makaalis dito dahil mal-late na ako sa training ko.

"You were monitor here in the village. Kapag pumunta ka rito, dapat lang na dumaan ka sa bahay. Pumupunta ka kay Architect Acozta pero hindi ka man lang dumadaan dito." Mahinang bigkas ni Mommy and I felt my heart breaks a little when I heard a hint of sadness and pain on her voice. Tila nagtatampong yumuko ito at pailing-iling naman ang asawa niya.

Geez, ano bang nangyayari? Why does it seems that it is my fault now?

"Your siblings miss you, Zajei." This time, it is Tito Andrew who spoke. Nalipat ang tingin ko sakaniya na kasalukuyang katabi ni Mommy. "Lalo na si Azlen."

You may be wondering why I am close to my siblings kay Mommy pero hindi sakanila ng asawa niya. Well, labas naman sila sa gulo namin ng parents ko. At saka ayaw nina Lolo na idamay ko ang mga kapatid ko sa nararamdaman ko. I admit, ang sakit noong una ko silang makita with my Mom dahil ang saya saya nila. Everytime I am seeing them, inggit at selos yung nararamdaman ko *noon* dahil nasa kanila na ang atensyon ni Mom.

My mother is the first woman I love and my father is my first man. And then in a snapped of a finger,

naglaho nalang lahat. Nagising nalang ako na sira na lahat lahat. Kasal na si Daddy kay Tita Zeah and si Mommy naman ay kinakasama na si Tito Andrew.

My grandparents are the one who took care of me pati na rin si Uncle Vonny. Pabalik balik ako noon sa grandparents ko sa side ni Daddy at sa side ni Mommy dahil nag-iisa nalang naman ako sa bahay namin noon kaya nga umuwi ang mga magulang ni Mom para samahan ako sa bahay. But that time, I was wise enough not to asked for more sa mga magulang ko. After I begged them to stay, hindi ko na sila ginulo pa dahil mukhang masaya naman na sila. I let them do whatever they want basta 'wag lang nila akong lalapitan noon. I'm so aloof at my parents to the point that I used to hide at the back of my bedroom's door para lamang hindi ko sila makita. Kulang nalang kasi ay humandusay ako sa iyak kapag nakakasama ko sila noon.

How funny, pinakilala pa sakin noon ni Dad ang anak niya. Ayoko na nga silang makita tapos mas dadagdagan pa nila yung tampo ko. I am healing that time from my anxiety tapos sasabayan pa ng hambog na anak ni Daddy na pinulbos ko dati.

Si Tyrant talaga ang unang naging punching bag ko. Siya ang unang taong binugbog ko ng sobra dahil sa kayabangang taglay niya.

"Jei?"

"Yes?" I flinched a bit but I manage to hold a grip at my self. "What are you saying again?"

"I'll just invite you next week for my birthday, hija. It'll be held at Saturday evening." Nakangiting paanyaya ni Tito na ikinaisip ko sandali.

I have a game on that day. For sure pagod na ako when the night comes lalo na at hindi imposible na magkaroon ng after party. Plano ko pa naman sanang ayain si Ma'am na mag-unwind pagkatapos ng game tutal pupunta naman siya.

I shrugged before heaving a deep sigh.

"I'm not sure, Tito. I have a game on that day." Kalmadong saad ko.

"Architect Saviel Acozta will be coming too."

Tila nagliwanag ang mukha ko sa sinabi ni Mommy pero pinilit ko itong ikinubli sa seryosong ekspresyon na nakapinta sa mukha ko.

I don't want them to know that I have a thing on my professor. Baka mapahamak si Ma'am.

"I really don't know, Mom. I'm not sure." Mababa ang tonong bulaslas ko na tinanguan nalang nila. They gave me a smile before I went out of the office at nagpaalam sa mga kapatid ko.

Ghad.

May practice pa ang magandang si ako.

...

"Do your routine first." Paalala ni Coach ng matapos niyang mag-announce about sa upcoming finals. Kakasabi niya lang sa mga makakalaban namin from different schools.

That would be a hard one lalo na at may gwapo roon. May crush talaga ako dating Archery player na engineering student. Nakakalaban ko na iyon simula first year college ako kaya may *past* kaming dalawa. Fling lang naman, siguro about one or two weeks din kaming nagharutan pero natigil din kasi bakla pala ang malandot.

Ang gwapo pa naman noon.

Tangina ang nangyari ay si Ferb ang naging crush niya pero hindi naman siya pinatulan noong isa.

"Jei, lemme help you." Napatigil ako sa paglalagay ng gear ko when I heard Kaios' voice. Nakangiting nakatayo ito sa aking likod kaya hindi ko maiwasang maalala ang sinabi sa akin ni Rage kanina.

Kaios is following me around.

"Zajei?"

"Uh, yeah, sure." Pagpayag ko bago ituro sakaniya ang kailangan ko pang isuot para makapag-umpisa na ako.

He's been helping me carefully, gentleness is on him habang hinahawakan niya ako. Bawat pagdampi ng daliri niya sa aking balat ay tila puno ng pag-iingat kaya hindi ko mapigilang makagat ang pang-ibabang labi.

Paano kung totoo ngang may ibang motibo si Kaios kaya siya sumusunod sa akin?

"Partner tayo?"

"Nah. I want to train alone." Tanggi ko saka kinuha ang bow and arrow na lagi kong ginagamit.

Deretsong nagpunta ako sa pwesto ko na may mabibigat na hininga. I'm distracted. Ang daming tanong na tumatakbo sa isip ko pero natatakot akong magtanong kay Kaios.

Kilala ko kasi siya. . . Sana kilala ko talaga s'ya.

"Montero!"

Wala sa sariling napamali ang hawak ko sa arrow na kukunin ko sana. I looked down and I saw blood dripping on my palms.

Muli akong nag-angat ng tingin at agad akong sinalubong ng mga nag-aalalang tingin nina Yuki. The twins are also here na hindi ko na ipinagtaka pa dahil athlete silang tatlo.

"You're bleeding." Nanlalaki ang mga matang pahayag ni Yuki pero itinaas ko lang ang kamay ko at nakitang hindi naman ganoon kalalim ang sugat. Malawak lamang ang cut pero hindi ito malalim kaya hindi fatal.

"I'm fine." Umatras ako ng bahagya nang akmang lalapitan ako ng kambal. Ako na mismo ang nagtungo sa med team na nasa kabilang dulo ng training ground saka humingi ng first aid kit.

"You seems bothered."

"Oh fvck." Iritadong lumingon ako sa taong bigla na lamang nagsalita sa tabi ko.

Balak ata akong patayin ng mga nakapaligid sakin sa gulat. Yawa, kanina pa ako nabibigla sa mga pinag-gagagawa nila.

"Sorry." Nakangiting paumanhin ni Wave kasabay ng pagkuha niya ng first aid sa kamay ko. "Ako na ang gagamot nito. Just relax a bit." He said softly while massaging my hand.

Nakatitig lang naman ako sakaniya, examining his features. Sa mga nagdaang araw ay wala akong naging balita sakaniya kasi nagkaroon ng immersion ang mga culinary students. It's fine though dahil medyo natahimik ang buhay ko. Isa rin kasi si Wave sa mga nagbibigay sakin ng red flags na pilit kong hindi pinapansin dahil ayaw kong makipaglaro ngayon.

Loyal na ako kay Ma'am.

"Baka matunaw ako."

"Hindi ka ice cream." Pambabara ko bago iniiwas ang tingin. Hindi ko kasi napansin na napatagal na ang pagtitig ko sakaniya.

I heard his manly chuckles before he put my hand at my lap. Tumayo rin siya pagkatapos nito at nakita kong ibinalik na niya ang first aid.

"Thanks." I gave him a small smile na sinuklian niya naman kasabay ng paggulo niya sa buhok ko. "Wave!" Nakasimangot na reklamo ko dahil nagulo lang naman ang aking precious hair.

"You look cute." He complimented na mas lalong ikinabusangot ng mukha ko.

"I'm gorgeous. Not just cute." Pagtatama ko na muli na naman niyang ikinatawa.

Yung totoo, mukha ba akong clown?

"You seems preoccupied. Are you okay?" Napataas ang tingin ko para pagmasdan siya. His eyes is full of different emotion that I can't defined but I can see the concerning look in it. "Pagod ka ba? Do you want me to take you home?"

"No, thanks. Kailangan ko kasing mag-training for the upcoming competition." Taimtim na sagot ko saka ininom ang tubig na iniabot niya sa akin.

"You sure?"

"Yep." I flash a reassuring smile that makes him satisfied dahil tumango-tango ito. Ilang sandali pa kaming nagkatitigan bago ito tumayo dahil may tumatawag sakaniya.

"Jei, okay kana?" Yuki came to the picture pero hindi na niya ang kambal, si Sven na ang kaniyang kasama. Napansin ata nila na may hinahanap ako kaya agad tumikhim si Yuki. "Nauna nang umalis ang kambal. May training pa kasi sila."

I nod my head as a response before my eyes landed on Sven's hand at my cousin's arm. Kusang umarko ang kaliwang kilay ko pero hindi ako nagsalita. I want them to tell it to me all by themselves kaya ayaw kong magtanong sa ngayon.

"Si Kaios, asaan?"

"Nag-start ng mag-practice sa ground kasi napagalitan siya ng coach n'yo. Nagpupumilit kasi ang loko na pumunta rito." Sven answered with a sly grin on her lips. "Haba naman ng hair mo, mareng Zajei."

Instead of arguing to her like what I always do, napili ko na lamang siyang irapan.

I started walking away pero hindi pa ako gaanong nakakalayo ng biglang may humawak sa braso ko, stopping me from walking. Nang nilingon ko ito ay nakita ko ang maamo ngunit nakakalokong ngiti ni Wave. "Can I asked you to have a date with me?" Deretsahang tanong nito na ikinasipol ni Sven sa may likod niya. I glare at the reindeer before maintaining my stoic face.

"Busy ako, Wave."

"Kahit saglit lang." His eyes became soft and fragile kaya napailing na lamang ako sa kawalan.

Wala kasi ako sa mood makipag-date dahil sa dami ng nangyayari sa buhay ko. Gusto ko lamang mag-beauty rest kahit na sobrang ganda ko na para kahit papaano ay makapagpahinga ang kaakit-akit kong alindog.

"A coffee date?" This time, Wave is smiling at me habang hawak niya ang kamay kong walang bandage. Taimtim lang naman akong nakatingin sakaniya hanggang sa unti unti akong tumango.

Ilang beses na rin naman niya akong inaya at ilang beses ko na rin siyang tinanggihan kaya okay lang naman siguro kung papayag ako ngayon.

"Thank you!" Sa sobrang saya ata nito ay wala sa sarili niya akong niyakap kaya napahawak ako sa may bewang nito. "You didn't know how much this means to me, Zajei."

Tanging isang simpleng ngiti lamang ang iginawad ko sakaniya saka itinulak ng bahagya ang katawan niya palayo sa akin.

Kung dati natutuwa ako kapag may gwapo akong kayakap, ngayon ay hindi na. Mas pipiliin ko nalang hagkan si Ma'am all the time kaysa maghanap ng gwapo na hindi ko naman seseryosohin. Ewan ko ba, iba talaga ang tama ko kay Ma'am.

"Let's just see each other at the coffee shop nearby. I have 1 hour break at 2 pm kaya available ako at that time." I said which made his eyes glow in happiness.

"I'll fetch you here. Sabay na tayong pumunta roon." Tumango na lamang ako sa suggestion niya dahil tibatamad din naman akong mag-drive.

"Taray, sana all may ka-coffee date." Pasaring ni Yuki nang makaalis si Wave dahil sinundo na ito ng isang SSC officer dahil ito nalang daw ang kulang sa meeting.

Maybe I need an hour to chill. Pakiramdam ko kasi ay sasabog ang utak ko sa mga nalalaman ko. Hindi ko alam kung sino ang pagkakatiwalaan ko sa paligid dahil yung kambal at si Kaios ay may inililihim sa akin.

Heck, baka mamaya nga ay matumba nalang ako rito dahil sa sobrang gulo na ng utak ko.

"May alam akong namatay dyan sa may kanto, Yuki. Ang alam ko sa Wednesday pa ang libing kaya pwede pa tayong mag-coffee date doon." Nakangising saad ni Sven kasabay ng pagpulupot ng braso niya sa mga balikat ng pinsan ko.

Kanina ko pa talaga napapansin ang mga pasimpleng panghaharot nitong si Sven kay Yukiara.

"Ulol ka! Id-date mo nalang ako at lahat ay sa lamay pa. Really? Ikaw kaya ang ibaon ko sa lupa para ikaw ang paglamayan d'yan." Mataray na asik ng pinsan ko bago tanggalin ang mga braso ni Sven sakaniya.

She walked towards me and hug me at my waist. Kulang nalang ay magpabuhat siya sa akin sa lagay ng pagyakap niya sa'kin ngayon.

"Sven. . ." Pagtawag ko kay reindeer na ngayon ay may isang namamanghang ngisi sa labi habang nakatitig kay Yuki.

"Yes, habagat?" She asked in her usual cheerful soft spoken voice na ikinairap ko na lamang.

"Maselan si Yuki sa mga drinks. Make sure that she won't get any harm kung may ipapainom ka sakaniya, understood?" Ma-autoridad na tanong ko na ikinataas ng tingin ni Yuki mula sa pagkakasubsob niya sa leeg ko kanina.

"Zajei." My cousin said in a warning tone but I just arch my eyebrow at her, making her shut up.

"May allergies ba siya?" Tumango ako at saka inisa-isa ang mga allergies ni Yuki.

Ayaw ko lang manganib ang buhay ng pinsan ko. Last time na nagka-allergy siya dahil sa sobrang gusto niyang uminom ng matcha latte ay halos mamatay siya. Ayaw ko lang maulit 'yon kaya mas okay nang paalalahanan si Sven dahil mukhang may balak siyang idate ang pinsan ko.

"Noted, kapitang habagat. I'll make sure that she'll be safe sa lamay na pupuntahan namin." Sven teasingly says na ikinangisi ko na lang din.

Mukhang malakas ang tama nito sa pinsan ko.

"One more thing, reindeer." I made my voice more serious this time kaya talagang nakuha ko ang atensyon nila. "You know what I did to Phineas noong nalaman kong gusto niyang ligawan si Yuki. . ." I saw how she gulped bago unti unting tumango. "Oras na malaman kong you're trying to hit on my cousin, dadaan ka muna sakin." Nagbabanta kong saad bago tumalikod at kumaway sakanila.

Geez, parang ang seryoso ko ata ngayon. Mas nakakadagdag tuloy iyon sa hotness ko.

"Okay kana?" Nag-aalalang tanong ni Kaios kaya tumango na lamang ako at lumapit sa coach namin na humihingi ng paumanhin sa akin dahil siya lang naman ang talapindas na sumigaw sa apelyido ko kanina kaya nahiwa ako sa arrow ko.

"Kaya mo ba talaga?" Nag-aalalang tanong ni Coach kaya tumango na lamang ako at nagsimula na mag-training.

When I was young, mas malala pa rito ang inaabot ko tuwing may training. Halos bugbog pa nga ang katawan ko dati dahil kakatapos ko lang lagi mag-trained noon ng martial arts saka ako maglalaro ng archery. Puro pasa ang katawan ko at halos mabalian ako ng buto. Nanginginig ang mga kamay pati na rin ang mga kalamnan ko dati tuwing nagbibitaw ako ng palaso dahil tanging ayun lamang ang ginawa ko buong childhood life ko. I spent whole of it in learning self-defense lalo na ang paghawak ng baril kaya aminado ako na kaya ko makipagsabayan sa mga lalake.

Bawat pagrelease ko sa mga arrow ngayong araw ay daang daang frustration ang nawawala sa akin. I am so frustrated to the point that I want to escape. But how funny, imahe ni Ma'am ang naiisip ko sa kaisipang gusto kong tumakas ngayon at magtago.

I want her hugs.

I want to cuddle her.

I miss her.

Sunod sunod na tunog ng pito ang narinig ko, that's our cue na simula na ang breaktime namin dahil ayun ang sign ni Coach everytime we are having our trainings.

Agad akong nagtungo sa bathroom ng training ground at mabilis naligo. Tinanggal ko rin muna ang bandage na nasa kamay ko at nakita ko ang tuloy tuloy na pag-agos ng dugo mula rito. Hindi ko napansin kanina na nagdudugo na pala ang kamay ko dahil masyado akong abala. Matapos kong maligo ay ako na mismo ang naglagay ng panibagong bandage sa kamay ko saka lumabas ng bathroom na looking fresh and gorgeous.

"Zajei, you can go home."

Huh?

Isang oras lang ang break namin ngayon tapos babalik din kami agad dito pero bakit ako pinapauwi nitong si Coach?

"You're doing good. Puro bullseye ang mga tira mo kanina but you're not on the mood to play kaya magpahinga ka nalang muna. Magaling ka sa archery pero hindi pwede 'yang ganyang mood mo sa finals. It may affects your performance during the game." I nod my head at sinang-ayunan na lamang siya.

Niligpit ko ang aking mga gamit at handa na sanang umalis ng biglang may humarang sa dadaanan ko.

"Aalis kana?" Kaios asked na tinanguan ko lamang. He is still sweaty pero ang bango niya pa rin as usual.

"Are you ignoring me, Jei?" He asked suspiciously kaya agad akong umiling at itinanggi ang sinabi niya.

I am not ignoring him nor someone. Gusto ko lang talagang maliwanagan sa mga nangyayari.

"No, Kai. Medyo inaantok lang ako."

"Hatid na kita?---"

"No. Ako ang maghahatid sakaniya and besides, we have other plans." Putol ng isang boses kasabay ng pagpulupot ng isang braso sa bewang ko. I looked up and I saw him smirking at Kaios. He then looked at me saka ngumiti ng matamis. "Right, Zj?"

Unti unti akong tumango pero napatigil din ng makita ko ang lungkot at sakit sa mga mata ni Kaios. He smiled sadly at me before looking at the man hovering over me.

"Huwag ka masyadong mag-saya, baka mamaya nakahandusay kana sa kalsada." Pagbabanta ni Kai

sa isang seryosong tono na ikinawala ng ngiti ni Wave.

He seems offended pero umiling-iling lamang ito at tila pinapakalma ang sarili.

"Just shut up, bro."

"Bro mo mukha mo, Wave Oliver." Matigas na saad ni Kaios bago ako lapitan at tapikin ang balikat ko as he gently kiss my forehead. "Take care, Jei. Just beep me if something happen at kapag pinagsamantalahan ka ng punyetang presidente na 'yan."

"What the heck is your problem on me?!" Pikong tanong noong isa pero maangas na humalukipkip lamang si Kaios.

"Kapag nalaman kong may ginawa kang kakaiba, isusunod kita sa mga namatay na presidente. Kilala mo ba si Heneral Luna?" Kaios asked and because of what he said, bigla kong naalala si Ma'am.

Isa pa ring heneral 'yon, eh.

"Of course I know him---"

"Edi alam mo yung punyeta?" Kai cut Wave off na ikinatango lang noong isa. "Mabuti naman kasi punyeta kang literal. Punyeterang tangina."

"Kaios." Saway ko pero hindi naman ito nagpatalo dahil hindi ako pinansin.

"SSC president ka lang." He muttered. "Try to hurt her and I'll show you how the first president of the Philippines died."

"Oh, you'll kill me?" Wave snickered.

"Oo naman pero papatulian muna kita. Mukhang supot ka pa, eh."

I smiled a little dahil grabe ang mga labels na ibinibigay niya kay Wave at itong isa naman ay parang magpupuyos na sa galit dahil sa inis na nararamdaman. Agad ko nang hinila paalis si Wave ng akmang magsusuntukan na silang dalawa.

My ghad.

"Can we change our plans?" Rinig kong tanong ng aking kasama sa nahihiyang tono. Nang lumingon ako sakaniya ay namumula ang kaniyang tenga which made me let out a playful smile because he looks adorable.

"What would be the changes if ever?" Tanong ko saka pumasok sa sasakyan niya nang pagbuksan niya ako ng pinto.

He just answered me when he went inside the car. He gave me a smile before pointing the back seat kaya napatingin din ako doon. "I cooked foods kasi alam kong pagod ka and probably, you're hungry dahil sa training mo. Kaya naman 'wag nalang sana tayo sa coffee shop, kung pwede sana doon nalang tayo sa may park malapit sa seashore."

Kusa akong napangiti sa aking narinig. I just nodded at him kaya pinaandar na niya ang sasakyan habang ako ay pinagmamasdan lamang ang dinadaanan naming dalawa until I felt his hand on mine.

Halos mapahigpit pa ang pagkakahawak ko sa kamay niya ng biglang pumasok sa isip ko ang nakataas ang kilay na imahe ni Ma'am.

Geez, pati ba naman isip ko napaka-faithful sakaniya? Grabe ng kabaliwan 'tong nangyayari sa akin. Parang ako ata ang naaadik kay Ma'am imbis na siya ang maadik sa akin.

"You're stiff." He chuckled a bit na simpleng nginisian ko na lamang dahil ayaw ko namang maisip niya na napipilitan lang akong samahan siya.

"Graduating kana diba?" I asked habang nakaupo kami sa likod ng sasakyan niya, kumakain at nakaharap sa maaliwalas na karagatan. Matagal-tagal pa bago ang sunset kaya masyado pang mainit.

"Oo. I am going to take some specialization after graduation bago sana magtrabaho para deretso na." He answered saka uminom ng ginawa niyang watermelon shake.

Ang sarap niyang magluto. As in. Pagkarating pa lang namin dito ay agad na niya akong inayang kumain and then he told me about some techniques para matuto akong magluto kahit basic lang nang malaman niya na hindi ako marunong.

Kaya nga dati gusto ko ng kalandian na culinary student para lagi akong busog. Pero ngayon, gusto ko nalang ng professor na architect dahil masarap din namang magluto si Ma'am. Idagdag pa na masarap din siya lalo na ang mga labi niya.

Charot.

Wala na ako masyadong interest sa mga fling fling na 'yan. Ang gusto ko ngayon ay maka-graduate ng maayos at makapag-confess kay Ma'am. Tangina, natotorpe kasi ako. Hindi naman ako ganito because I'm used to say everything I want to say dahil napaka-straight forward ko pero pagdating kay Ma'am ay tumitiklop ako.

I'm shy.

Bagay ba sakin maging mahiyain? Tipong ngingiti ako ng maliit tapos tutungo at mamumula?

Parang ang cringe naman no'n. Everyone used to see me as a wild one. Napakabastos ng bunganga ko lalo na kapag tinotoyo na ako.

Hayst. Hirap naman maging dyosa ng kagandahan. Ang daming problemang dinadala kaya nga pagod na pagod ako.

"Ikaw? What's your plan after graduation?" Napabalik ako sa reyalidad ng marinig kong muli ang boses ni Wave. I smile playfully at him first bago ko lunukin ang kinakain ko.

"Papasok sa review center and then if ever na makapasa, edi magtatrabaho na." I answered like it is just a simple matter.

"I'm sure makakapasa ka. You're one of the most intelligent student in the university. Kaya nga siguro ang daming nagkakagusto sayo dahil ideal girlfriend ka talaga." He said, complimenting me. Masyado akong binobola ng lalaking 'to. Buti nalang alam ko na ang mga sinasabi niya. Ako pa ba? Napaka-humble ko kaya. Tipong napaka-down to earth ko at pipiliin ko nalang magpakumbaba kaysa makipagtalo.

That's me.

Ako sana 'yon kung tama lang pagkaka-ire sakin ng nanay ko. Kaso sumablay ata kaya masyadong lumakas ang power ko which is controlling the wind.

Just kidding.

Tangina, ang sabog ko naman. Hindi ko na alam pinagsasasabi ko sa chapter na 'to.

"Bakit parang ang init ng dugo mo kay Kaios?" I asked matapos ang ilang minuto naming pagdadaldalan.

Ngayon ko lang talaga napansin na ang daldal niya. Hindi kasi halata dahil napakaseryoso niya madalas sa university.

He chuckled at me before shooking his head. "Mainit naman talaga ang dugo ko roon and also, bakit ako lang ang napansin mo? Mainit din ang dugo sa akin noong ex mo."

"And why is that?" I asked again dahil hindi ako titigil hangga't hindi ko nalalaman ang sagot.

Paano ba naman, parang magkakagiyera lagi sila kapag nagkikita-kita. Buti na lamang ay wala si Ice dahil baka magkaroon na ng WW3.

"He is your ex, Zajei. Malamang ayaw ko sakaniya and same goes for him dahil alam niyang may--- na m-may gusto ako s-sayo." Mahinang bigkas niya na ikinamaang ko.

What the hell?

That's not what I am expecting from him.

"Pardon?" Hindi makapaniwalang sambit ko dahil baka namali lang ako ng dinig. May idea naman kasi akong may gusto siya sa akin pero I still don't wanna assume things.

"I like you. Matagal na kaso hindi mo ako napapansin."

Ay bongga! Parang ako pa ang may kasalanan na hindi ko siya napapansin, ah.

"Since when?" Nakatingin sa kawalang tanong ko kahit na ramdam ko ang mga titig niya.

"Two years ago." Mahinang sagot nito na ikinakunot ng noo ko.

Tangina, ang tagal na rin tapos ngayon lang siya umamin? Pero sabagay, karamihan naman kasi sa mga naging flings ko ay taga-ibang schools. Iilan lang ang ka-schoolmate ko.

"Oh, thank you." Tumatango-tangong wika ko saka inayos ang pinagkainan namin. Nakakahiya naman kung iaasa ko lahat sakaniya kahit masakit ang kamay ko.

"Thank you lang talaga?" Natatawang tanong niya na ikinatigil ko sa ginagawa.

Bahagyang nilingon ko siya through my shoulders before a playful smile show on my lips. "You're welcome."

Buhat sa aking sinabi ay narinig ko ang mga tawa niya na ikinailing ko na lamang. Hinayaan ko siyang tumawa nang tumawa hanggang sa magmukha siyang baliw dahil inayos ko ang mga ginamit namin at itinapon ang mga basura.

"Thanks for today." Nakangiting saad ko habang naglalakad kami sa gilid ng dalampasigan.

"Thank you rin kasi pumayag ka. You just made my day, Zj." He said with a genuine smile on his lips.

Kung ibang babae siguro 'yon ay kinilig na dahil ang gwapo niya tapos ideal man talaga. Kaso ako 'to eh, yung maganda at almost perfect gal na napaka-faithful sa misis kong si Avey.

"May fireworks show mamaya." He informed na ikinalingon ko sakaniya dahil nasa dagat ang mga mata ko kanina.

"You want to watch it?"

"With you?" Balik na tanong nito na ikinairap ko. Gusto ko na kasing umuwi para magpahinga pero ayaw ko namang iwanan si Wave dahil ang sarap niya ring kasama.

"Ate Zajeiii!!" Mabilis akong napalingon sa direksyon nang tumawag sa pangalan ko at agad kong naramdaman ang isang pares ng kamay na nakayakap sa mga hita ko.

When I looked down, I saw Shan's looking at me with a wide smile on her face.

"Babyy!" Nakangiting tawag ko saka siya binuhat. I carried her at agad pinupog ng halik na ikinahagikhik niya. "Why are you here? Who's with you?" Sunod sunod na tanong ko sakaniya.

"I'm with my Mommy po kasi po we are unwinding."

Tila biglang lumiwanag ang sistema ko upon hearing that Mrs. Acozta is also here kaya luminga-linga ako sa paligid pero hindi ko siya makita.

Napatigil ako sa paglingon sa iba't ibang parte ng park when someone cleared his throat.

Oh, damn. Nakalimutan kong andito nga pala si Wave.

"Sorry." Nakangiwing paumanhin ko dahil hindi ko man lang napansin na kanina pa niya ako tinatawag.

"It's fine. Ang cute niyo ngang dalawa." He said and tried reaching for Shan pero umiwas lang ang bata at mas nagsumiksik sa akin.

Naalala kong hindi nga rin pala madalas sociable ang batang 'to lalo na kapag hindi niya kilala ang tao.

"You like kids?" Wave asked at nakuntento nalang na tingnan kaming dalawa ni Shan habang nakapamulsa.

"Not really. But I like this cute little girl." I said while smiling widely habang hinahaplos ang buhok ni Shan.

"Jei." Another manly voice spoke kaya nadivert ang atensyon namin ni Wave dito. Nagkekwentuhan kasi kaming dalawa habang nagtatawanan.

"Kai? Why are you here?" Nagtatakang tanong ko dahil nakakapagtaka naman talaga na andito rin siya sa lugar kung nasaan kami.

"I've been looking for you. Baka kasi kung ano na ang ginawa niyang si Wave." He said and kissed my forehead. "Hindi ka rin sumasagot sa mga tawag ko kaya nag-alala ako."

Mas lalong tumindi yung pagtataka ko dahil paano niya nalaman na andito kami? So, it is true na sinusundan niya nga ako sa kung saan saan.

I shook my head and drop the topic in my mind. It's not the right time to think about that dahil may iba kaming kasama.

"Date namin 'tong dalawa tapos susulpot ka bigla. Yung totoo, stalker ka ba ni Zajei?" Wave asked while frowning.

Napansin ko ang biglang pag-ilap ng mata ni Kaios kaya isang maliit na ngiti ang iginawad ko sakaniya. Base sa naging reaksyon niya ay alam ko na ang sagot.

"Ate Zj, there will be a fireworks show later. Can we watch it together?" Nabaling ang atensyon ko kay Shan ng magsalita ito habang nakayakap sa akin.

"Of course, baby. But first, we have to look for your Mom muna---"

"Why?" Muntik pa akong mapatalon sa gulat ng biglang sumulpot sa harapan ko si Ma'am, holding a corndog na iniabot niya kay Shan.

"Eh M-ma'am, sabi po ni Shan gusto niyang manood tayo ng fireworks show mamaya. Pwede po?" Nauutal na tanong ko dahil nakaka-intimidate na naman siya. She's so poker face habang pinapasadahan ako ng tingin at lalo pa itong lumamig ng nakita niya ang mga kasama ko na nasa likod.

"You have your own companions, Miss Montero. *It'll be rude if you'll leave them.*" I hissed secretly upon hearing that *'Miss Montero'* of her. Sinabi na kasing Zajei nalang, eh. Pero aside from that, hindi nakalampas sa pandinig ko ang sarkastikong tono nito ng sabihin niya ang mga huling kataga.

Lumingon ako sa dalawang ugok na ngayon ay halos magpatayan na sa mga tinginan nila. Kung nakakamamatay lang ang tingin, baka pinatay na nila ang isa't isa.

"Hoy." Tawag ko sakanila na agad nilang ikinalingon. "Buhay pa ba kayong dalawa?"

"Of course, Zajei. Magiging asawa pa kita. Kaso may epal dito." Malandi ngunit mariing saad ni Kaios na ikinairap ko.

"Drop it, Gallagher. Ikaw 'tong bigla na lamang sumulpot dito." Matigas na saad ni Wave bago ako lapitan. He held my arm gently matapos batiin si Ma'am na tinanguan lang sila.

"She'll come with me." He said full of authority na ikinailing ko.

Imbis na sumagot ay hinila ko nalang ang batok n'ya at agad s'yang hinalikan. I gave her a passionate kiss na hindi naman nagtagal ay tinugunan n'ya pero agad n'ya ring pinutol.

"Leave."

I smiled bitterly before I nod my head. Humakbang ako paatras habang hindi inaalis ang tingin sakan'ya.

Nang malayo na ang distansya naming dalawa ay isang ngiti ang ibinigay ko sakan'ya bago tumalikod at tinahak ang gate.

I don't know why people I love the most kept on shutting their world on me. Ano bang mali sa'kin?

Bakit parang kailangan kong lumayo sa lahat para maging maayos sila?

Why do I have to feel intolerable pains which always shutters me into broken pieces?

Ang hirap buoin ng sarili ko but at the end of the day, makikita ko nalang ulit na wasak dahil sa isang tao.

Am I not that worth it for their love, acceptance and attention?

Kasi sa bawat yugto ng buhay ko, I always see myself as a dull one. I can't see the happiness on me not until she came.

She changed me.

But at the end, she also asked me to leave, and it sucks because every time I tried letting her go because of the fact that she already had a family, the feeling and realization of how inlove I am to her always reminds me that I will never be ready to let go of that feeling.

I am not expecting anything from her---I just want to love her, but little by little, I'm slowly seeing myself getting hurt just to make all of them realize my worth.

And if hurting me is the only way to let them see it, I'll gladly suffer from the pain than to kick them out of my life.

I was contented of what I have but isn't it selfish if I wish to have her for the rest of my life?

Kahit dito lang. . .kahit sakan'ya lang.

Because goodness, I would rather feel all of the pain and consequences for having such a feelings for her than tryna finding her to anybody else.

I'm not the old Zajei who will just play around and flirt to whoever I want because now, I only want her.

Kahit na masaktan pa 'ko, maubos, o pumalya, s'ya pa rin ang pipiliin ko.

Yet, she have a family.

And I just wished to be her other half to be with through everything but I think that will stay in my imagination alone.

[Content truncated due to length]

Chapter 33

Zajei's POV

"You can let it out. I don't mind." His voice return to the cold one habang nasa loob kami ng sasakyan n'ya.

I just shook my head bago bumuntong hininga at sumandal sa bintana.

"Why did you agree on that bullshit plan?"

"I don't have a choice." Aniya.

"You have a fvcking choice, Ice. Kung sana sinabi mo sa'kin edi sana hindi nangyari 'yon." I gave him a cold stare which reflects his emotions.

Nang makalabas kasi ako sa bahay ni Ma'am ay bigla nalang s'yang sumulpot sa kung saan. He offered me a ride at naisip ko na wala akong dalang sasakyan kaya sumabay nalang ako.

Gusto ko na rin kasing umalis sa lugar na 'yon.

"Call off the engagement. I will help you to get out with this mess." Mariing saad ko habang diretsong nakatingin sa unahan.

"I can't. My family owe your family a lot. We can't disappoint them." He said in monotone.

"Owe? Financially or not?"

"Financially--"

"Ako ang magbabayad sakanila. Just fvcking tell them that you don't want that engagement to happen." I cut him off bago ko makita na nasa parking lot na kami condo ko gaya ng sinabi ko kanina sakan'ya kung saan n'ya ako ihahatid.

"I can't be the one to do that, Zajei. You don't know my family."

Isang bored na tingin ang ibinigay ko sakan'ya bago alisin ang seatbelt ko. "You don't know me either." Litanya ko sa mababang tono pero hindi man lang s'ya nasindak dahil nanatili ang malamig na ekspresyon sa mukha n'ya. "Saan kayo may utang specifically?"

"Sa grandparents mo." He sighed before reclining his seat.

"How much?"

"A lot." Buhat sa sinabi n'ya ay kusang umikot ang mga mata ko.

"Bobo." I utter that made him glared at me.

"I'm not dumb."

"Share mo sa mga taong nagkasundo sa ating dalawa. . . Tangina naiimagine mo ba, Ice? We can't get

into a marriage if we don't love each other." Inis na bulaslas ko na nakatiim bagang. "Dalawang buwan nalang, graduation na. How can we fvcking do that?"

"As what I've said earlier, just go with the flow." Kalmadong saad nito na ikinairap ko. "Siguradong bukas, kalat na sa buong university ang tungkol sa atin."

Damn it.

Isa pa 'yon sa iniisip ko. I don't fvcking want an issue dahil nagugulo ang buhay ko. Bwisit na bwisit na ako sa mga nangyayari tapos dadagdag pa ang mga taong walang ambag sa buhay ko.

"Alam ba ni Kaios ang tungkol dito?" I asked out of a sudden because I know that he will be affected a lot.

"No. We chose not to tell him dahil siguradong hindi s'ya papayag."

Ghad, ano na bang nangyayari?

"I should ready my face to the punches that is waiting for me tomorrow." He said like he was talking to himself.

He's weird.

"What are you talking about?" Nakakunot ang noo na tanong ko dahil parang may sarili s'yang mundo.

Tangna, mababaliw ako kung ito ang mapapang-asawa ako.

"Wave and Kaios. That two is a damn idiots. Baka imbis na sila ang magpatayan, ako ang patayin nila." He shrugged before looking at me. "Why aren't you leaving yet? Umalis kana."

"Makapag-paalis ka akala mo naman gwapo. Mukha lang tuko, hoy." Malditang tugon ko bago bumaba ng sasakyan at diretsong naglakad papunta sa elevator.

The elevator is showing my reflection. Kitang kita ko ang namumugto kong mga mata. Namumula ang magkabilang pisnge at ang ilong ko na halatang kakagaling lang sa pag-iyak. My hand is wounded too dahil sa tumamang basag na piece ng vase na ihinagis ko.

"We are back to square one again, Zj." Pagkausap ko sa sarili ko bago lumabas ng elevator at tinahak ang unit ko.

I startled for a bit when I noticed that there is a silhouette near the emergency exit. Hindi ko na sana papansinin 'yon kaso may kung anong nagtutulak sa akin na pumunta.

Malalalim ang hiningang nagtungo ako rito at binuksan dahan dahan ang pinto but the moment I check who's inside, wala na akong makita kahit isang anino.

What was that?

Baka mamaya isa na naman 'yon sa mga putanginang stalker ko. Kapag talaga sila may ginawang kakaiba, susunugin ko sila ng buhay.

Nang makapasok ako sa unit ko ay agad kong kinuha ang laptop at yung isang phone ko for my work

purposes.

Ngayon tayo maglaro ng patalinuhan mga hangal.

[Yes, Zajei?]

"Give me all my assets. Every little thing that I owned even the ZV." Malamig na saad ko matapos sagutin ni Rage ang tawag ko.

This is my first time owning Zioure Village dahil hindi naman ako nakikialam doon. Nai-involve lang ako roon kapag kailangan ng desisyon ko or kapag may problema na.

[Copy that. I'll send it after 30 minutes.] S'ya na ang pumatay ng tawag kaya mabilis na naglinis muna ako ng katawan at ginawa ang night routine ko.

Nang tingnan ko ang sarili ko sa salamin ay hindi ko mapigilang mapangiti ng mapait.

I look wasted.

"You can do this, Zj. Nagawa mo na 'to dati." I motivated while I'm talking to myself. This is a one way to feel at ease. Kahit hindi ka makipag-usap sa iba, yung sarili mo nalang muna.

"You'll start from the bottom. You need to be strong." I tried to flashed a smile pero bigo ako dahil tumulo ang luha ko.

Fvckingina.

Muling tumunog ang cellphone ko kaya agad ko itong sinagot.

[Nasa email mo na. . . Just tell me what else I can do.] Bungad ni Rage.

"Any updates from my so-called stalkers?"

[May isang dumagdag. . . As what I've said to you, papabantayan kita and base from our own analysis, there is someone who's keeping an eye to you pero kahapon ko lang nalaman. . . He's a boy.]

Huminga ako ng malalim bago masahiin ang sentido ko. Nas-stress ako sa mga stalkers na 'yan. Wala ba silang magawa sa buhay nila kaya ako ang sinusundan?

"Do you know who is he?" Plantyadong tanong ko while I'm checking my email na isinend niya sa akin.

[No clue. But, I have something to tell you. A bad news.]

"Go on."

[Your life is in danger. The last one na sinabi kong sumusunod sayo, he is fully armed. My butler got to shot him at his shoulder pero napuruhan n'ya yung butler ko.] I can heard the concerned tone on his voice. Tila nangangamba talaga s'ya sa mangyayari while me, I'm just staring at the nothingness.

Tho, hindi ko maiwasang maawa sa butler n'ya. Nasa emergency room pa rin daw kasi hanggang ngayon.

I cleared my throat before answering. *"May pamilya ba ang butler mo?"* I asked na sinagot naman n'ya ng oo. *"Give his family a secured life. Pay the bills and get all the money at my account. Also, send my regards to your butler's family. Make sure that he will live and after that, your job with me is done. You can go back to New York."* Pinal na bigkas ko na ikinatahimik ng kabilang linya.

I do to want anyone to risked their life for me anymore. Hindi naman nila problema 'to, problema 'to ng walang hiyang nagtatangka sa buhay ko.

[Zajei, I won't leave admist this mess.]

"I order you to."

[No, Jei. Hindi pwede 'yang iniuutos mo. Baka multuhin ako ng grandparents mo kapag may nangyaring masama sayo.] He complained pero bumuntong hininga lamang ako.

"Fine. Let's meet tomorrow evening. Same place." Saka ko pinatay ang tawag.

Rage is hell of a stubborn lawyer.

"Oh, billionaire na pala ako." I utter in disbelief habang tinitingnan ang kabuuan ng bank account ko. The value of my assets is not yet included but my money is already high.

Ngayon nalang kasi ako nag-check ng bank account kasi yung perang ginagamit ko lang ay yung kinikita ko sa stocks. Di bale na, I'll donate half of this money to the church and foundations.

Aanhin ko naman kasi ang perang 'to eh hindi naman 'to madadala sa pagkamatay ko. Dzuh! Kagandahan ko lang ang matitira sa akin habang buhay dahil iilan nalang naman ang taong makakasaka ko starting tomorrow.

Anong akala ni Ma'am? Hahabulin ko s'ya?

Huh, soon.

...

Boredom can be seen in my face while walking in the hallway. I can feel everyone's stares but I don't fvcking give a care dahil wala ako sa mood.

"Zajei, wazzup!" Malalamig ang mga matang binalingan ko ang kambal ng bigla nalang silang sumulpot sa tabi ko. "We heard about the engagement."

"Malamang may tenga kayo at maraming chismosa sa paligid." Seryosong bigkas ko bago sila unahan sa paglalakad because they seemed shocked at my actions.

I don't want myself to get attached. Ayaw ko muna. Hangga't hindi ko nakikilala yung taong gustong magtangka sa buhay ko, wala akong pwedeng pagkatiwalaan dahil baka mamaya, mamatay nalang bigla ako.

The last thing I want is a traitor.

Lalo na kung kaibigan ko ang tatraydor sa akin.

"Kapitang habagat!"

"Don't start." Paalala ko kay Sven ng bumungad ito sa akin pagpasok ko ng room.

"Owwwwkay?" Naguguluhang tanong nito bago ibinaba ang kamay sa desk ko. "Here." She placed a card in front of me na ikinakunot ng noo ko dahil naka-envelope pa ito.

"What's this---oh." Simpleng wika ko ng makita ang laman.

It's an invitation card.

"My niece is expecting you to be there. Hindi pwedeng mawala ang clown."

"Fvck you!"

"Nah. Magagalit si Ate Sav. Pakiss nalang ako." I was stunned at her statements and the next thing I knew, nahalikan na n'ya ang pisnge ko kasabay ng malakas na pagsarado ng pintuan.

"Go back to your seat, Miss Acozta." Malamig at seryosong boses ang pumukaw sa atensyon ng lahat. When I looked up, she's already making her way to her designated table but her eyes are on me.

It is raging on fire.

"Miss Montero, sit at the corner side of the last row. Miss Acozta, sit here in front." She demanded.

Bahagya pa akong napabuntong hininga bago ako tumayo at umupo sa dulo.

Tch. Sinong kakausapin ko rito? Hangin? Eh wala naman nakaupo rito sa last row at wala man lang itinabi sa akin si Ma'am kahit isa. Lahat ng kaklase ko pinalipat n'ya ng upuan pero lahat sila sa may una, ako lang talaga ang nasa likod.

"We will take some recaps first before we proceed." Walang emosyong naglalakad ito while holding her students list.

Diretso ang tingin ko sa unahan while she's asking her students. Nakikinig naman ako sa mga pinag-uusapan nila pero mas focus ako sa pagtitig sa board na parang hindi nalinis kanina ng naunang gumamit ng room na 'to dahil ang dami pang mark ng white board marker.

"That's it. Now, find someone who can be your partner for your research." Ibinaba niya ang hawak n'yang papel sa table bago s'ya biglang sumulpot sa unahan kung saan ako nakatingin.

Walang hiya, ang sexy n'ya ata?

Ano ba Zj? Sinaktan ka n'yan you should resist her!

Tuya ng isang bahagi ng isip ko na bahagya kong ikina-ayos ng upo. I placed my pen in between my fingers bago ako muling tumingin sa unahan pero nagulat ako ng deretsong nakatingin sa mata ko si Ma'am.

'*Ang ganda n'ya talaga---ay mali! Ano ba self, 'wag ka naman masyadong marupok. Pinaalis ka n'yan kagabi kaya dapat umakto kang hindi ka naapektuhan sa mga fierce na mata n'ya!!'* Pagkausap ko sa sarili ko dahil nalulunod ako sa mata namin ni Ma'am.

Pero shit naman eh. Ang ganda n'ya talaga. She looks more gorgeous on my eyes now lalo na at parang wala s'yang balak umiwas ng tingin.

Ang laki talagang paasa ng taong 'to.

Ang sarap n'yang parusahan sa desk, leche.

"Hey, Jei."

"Jino? Oh?" Seryosong tanong ko while glancing at him.

"Tayo nalang ang partner, pwede? Tayo nalang ang walang partner sa buong block." He asked and explain politely.

Akmang tatango ako when I suddenly shivered upon noticing her intimidating presence.

"You can join the Oqua twins, Mister. Miss Montero will be doing her task alone because I'll lend her some special project." Nakakunot ang noo at magkasalubong ang kilay na nilingon ko s'ya na nasa aking likod pero malamig lang n'ya akong tiningnan at pinapunta si Jino sa kambal para ayun ang maging kagrupo n'ya. She then glance at me one more time before leaning on the wall behind my chair. "I don't like him surrounding you."

"Oh?" Walang ganang tanong ko.

"Stay after class. We have to talk."

"I don't need to stay when you already pushed me away." Walang buhay ang mga matang sinalubong ko ang mga mata n'ya. Our eyes are battling in coldness before I turn around and fix my posture. "Stop acting like you're jealous. You're giving me false hope." I straightforwardly utter bago ako magsimulang magsulat ng activity na ibinigay n'ya kanina kahit wala akong idea sa gagawin ko.

"Zaje--"

"You have a husband." Pagpapaalala ko bago tumawa ng mahina. "May I remind you Architect, I don't want to be an official mistress."

Pumikit ako when I smell her sweet scent. Ang daldal ko pero yung mga sinasabi ko taliwas sa isinisigaw ng utak ko.

I just want to defend myself.

Ayaw ko ring mapahamak s'ya sa pwedeng gawin ng magulang ko kaya hangga't kaya kong tiisin *muna* s'ya, gagawin ko. Saka nalang ulit ako babalik sakan'ya kapag okay na ang lahat.

Kapag sigurado akong safe na s'ya.

Natapos ang class namin na punong puno yung dalawang page ng papel ko. Yung isa puro doodle tapos yung isa naman ideas about sa research na gagawin ko mag-isa kuno.

Ang dami dami ko na ngang ginagawa tapos idinagdag pa ni Ma'am yung research ko na ang layo ng topic sa mga kablock ko. Hindi naman halatang may galit s'ya.

"Let's go?" Aya ng kambal when we were about to go out of the room.

"She will come with me." That cold voice is no other than Ice'. Nang lingunin ko ito ay halos mapangiwi ako nang makita ang may pasa nitong mukha.

May bandage sa bridge ng ilong n'ya. Mayroon din s'yang pasa sa ilalim ng mata at ang isa ay sa panga.

Mukhang napuruhan ang taong 'to.

"No. She'll come with us. Hindi pwedeng sayo lang 'yan sasama." Pagtatama ni Kaios na nasa likod bago samaan ng tingin ang pinsan n'ya.

Hindi na ako magtataka kung malalaman kong si Wave at Kaios ang may kasalanan kung bakit may pasa si Ice. Knowing the both of them, parehas may sapak sa ulo.

Ang ipinagtatataka ko lang ay kung bakit sila magkakasamang tatlo. Alam ko namang mainit ang dugo ni Wave at Ice kay Kaios tapos makikita ko nalang sila ngayon sa harapan ko na parang isang team like wonder pets.

"Your bruise is bleeding." Puna ko nang mapansin na may dugo ang sugat ni Ice sa may ilong.

Tch.

Halatang fresh na fresh pa ang mga pasa n'ya sa mukha.

"It's fine. Now let's go. Gutom na ako." Ice held my arm at akmang mag-uumpisa ng maglakad when I suddenly felt another hand at my right arm.

I thought at first that it is Wave or Kaios pero hindi. It is no other than Architect Acozta.

She's holding my arm with all her glory while she look so pissed right now.

"Gandang pelikula nito. Hoy mga itlog kumuha kayong popcorn, mag-aagawan na sila." Rinig kong utos ni Sven sa kambal pero wala man lang gumalaw sa mga ito.

"Excuse us, Architect. We have to eat now." Malamig na tinig ni Ice na bahagya kong nakurot sa braso.

Ghad! Huwag na sanang umangal pa si Ice. For sure ako ang mananagot nito kay Ma'am.

"Didn't I told you to stay after class?" Baling sa akin ni Ma'am na tila walang pakialam sa sinabi ni Ice.

"But I need to go. I'm hungry." Pagpapalusot ko dahil gustuhin man s'yang makasama ng marupok side ko ay hindi pwede.

Baka maitali ko s'ya sa desk n'ya if ever man.

"Miss Montero." Banta nito in her cold voice. She's emotionless again kaya bumuntong hininga nalang ako at kinuha ang kamay ko kay Ice.

"Seriously Zajei? You'll leave us for her?" Hindi makapaniwalang tanong ni Ice pero inirapan ko lang s'ya at kinuha ang bag ko. "I'm your fiancè---"

"Set up lang naman kayo." *-Kaios Gallagher 2021*

"He doesn't love you, dude." -Wave Oliver *2021*

Sa sobrang laughtrip ni Sven, Phin at Ferb ay hindi na sila nakapagsalita pa. Paano hindi sila hahagalpak sa tawa when they are filming us.

Mga bobo talaga.

"Bitter assholes. Porket hindi kayo ang fiancè ni Zajei nagkakaganyan na kayo. Sorry morons, I wi--" nawala ang mapaglarong ngisi sa labi ni Ice when someone cut him off.

Isang malakas na paghila ang ginawa ni Ma'am sa akin kaya halos magtama ang katawan naming dalawa bago n'ya ako ipwesto sa likod n'ya. She faced Ice with a cold look before saying, "Back off."

"Whieee!"

Lecheng Sven talaga. Parang wala s'yang pakialam kung magsabong ang mga 'to dahil nagagawa n'ya pang tumawa habang pumapalakpak.

Sea lion ang abno.

"Let's go." Ako na mismo ang humila kay Ma'am dahil parang wala s'yang balak magpatalo kina Ice ng tingin. Idagdag pa na parang gustong dumagdag sa problema ni Kai at Wave.

Jusko, kung hindi ba naman mastress ang kagandahang tinataglay ko sa mga nakapaligid sa'kin.

"Wait up---oh my goodness!" Palatak ko ng mabilis n'ya akong hinila palabas ng room after gathering her things. Mabibilis at mabibigat ang bawat hakbang n'ya hanggang sa makarating kami sakaniyang faculty room. "What's your problem with me?" Seryosong tanong ko dahil parang ano mang oras ay sasabog s'ya sa galit dahil sa'kin.

Ang higpit kaya ng pagkakahawak n'ya sa braso ko kanina. Akala mo naman mawawala ako eh kahit ano namang gawin ng iba, sakan'ya pa rin ako babalik.

Ewan ko ba. Sa dinami-daming nagpaparamdam sa'kin na gusto nila ako, si Ma'am pa rin ang pinipili ko.

Just like what happened earlier. Pwede naman akong sumama sa mga ugok kong kaibigan kasama iyong tatlo na may sapak sa ulo pero sakan'ya pa rin ako sumama.

Nakakapagod talaga minsan maging over bless sa karupukan. Konting hila n'ya lang napapasunod agad ako.

De puta.

"Sit."

"K." Malamig na pinasadahan n'ya ako ng tingin pero tinapatan ko lang ang mga mata n'ya.

"Remove your eyeglasses." She demanded pero umiling lamang ako. Akmang lalapit s'ya sa akin at hahawakan ang mga salamin ko ng ako na mismo ang natanggal.

Jusko Saviel naman, maawa ka naman sa katawang lupa ko. Sa tanawing nakikita ko sa harapan ko ay baka may magawa akong magdadala sakan'ya sa langit kapag hindi s'ya umayos.

Ang hot n'ya kasi sa suot n'ya. Idagdag pa na tinanggal n'ya ang blazer n'ya kanina kaya kita ang waist n'ya because her red dress have a cut on it as a design.

Sarap itapon sa kama.

"Stop eye-raping me." Kusang bumalik ang tingin ko sa mukha n'ya galing sa katawan n'ya. She's now looking at me with playfulness on her eyes kahit pa pilit n'yang itago 'yon.

"Ano ba kasing kailangan mo?"

"Ikaw."

"H-ha?" I startled a bit when she sat next to me before leaning her head at my shoulder. "Hoy Ma'am hakdog ka. Matapos mo kong paalisin kagabi sasabihin mong kailangan mo ko? Syempre kailangan din kita." Pabirong saad ko bago s'ya lingunin pero nakapikit lang ang mga mata n'ya at parang malalim ang iniisip.

"Sorry for what I've done last night. I-i was shocked." Simpleng tango lang ang iginawad ko sakan'ya bago halikan ang buhok n'ya.

'I don't love you.'

I suddenly remember what she had said last night. I shut my eyes firmly before heaving a deep breath.

It still pains me.

"Are you thinking about what happened?"

"It doesn't matter." Nakaiwas ang tinging sagot ko dahil inalis n'ya ang pagkakapatong ng ulo n'ya sa balikat ko at tumingin sa akin.

"I didn't meant what I said." She suddenly blurted out na ikinapitlag ko

Did I just heard it right?

"What do you mean?" I asked confusely but my heart is beating rapidly. I felt like my chest's gonna explode.

"About what I've said last---" she got interrupted when someone knocked at the door.

Akmang tatayo na ako para buksan iyon dahil mukhang walang balak tumayo si Ma'am ng bigla naman n'ya akong itulak paupo at s'ya na ang nagbukas ng pinto.

My mouth went agape when I saw her husband behind that door. He is holding a paper bag at his hand while smiling widely. Mukhang pati si Ma'am ay nagulat na andito yung aswang n'yang asawa dahil hindi man lang ito nakapag-react.

"What are you doing here?" Malamig na tanong ni Ma'am habang nakakunot ang noo.

Kitang kita ko sila ngayon dito sa kinauupuan ko. Mukhang hindi masaya si Ma'am na andito yung asawa n'ya dahil grabe yung pagsasalubong ng kaniyang kilay.

"I brought you lunch." Itinaas nito ang hawak hawak na paper bag na ikinairap ko.

I brought you lunch nyenyenyenye. Kaya ko rin namang dalhan ng lunch si Ma'am. Pwede ko rin s'yang gawing lunch if ever.

"Okay, thanks. Umalis kana." Simpleng sagot ng huli matapos buksan ng malawak ang pinto. Her husband came in at hindi pinansin ang huling sinabi ni Ma'am. Parang nagulat pa ito nang makita ako na nakaupo sa may couch.

"Oh, pamangkin ni Vauh andito ka pala." He smiled and went near me.

"Don't you dare seat beside her, Seth." Tila isang kulog na dumagungdong ang boses n'ya around her office dahil sa lamig nito.

"Ang selosa naman, Sav. Tatabihan lang tapos ipagbabawal mo pa?" Nakangising tanong ni Kuya Seth na sikreto kong ikinairap.

Kung maglalandian lang sila dito sa harap ko, edi wow. Sila na ang mag-asawa! Sila na ang kasal! Sana mabuhay pa sila ng matagal.

"Una na po ako." I excuses and bow a little as a respect pero hindi pa ako nakakalabas ng pinto when her husband suddenly grab my arm.

"Why? Bakit aalis kana agad? Ako ang bahala rito kay Saviel. Mukha lang 'yang dragon pero hindi naman 'yan bumubuga ng apoy." Mapaglarong ngumiti ito kay Ma'am na nakahalukipkip sa may gilid namin. "Pero pwede 'yang mangain ng tao."

"Damn you, Seth!"

Malakas na tumawa ang asawa n'ya habang si Ma'am ay nagpupuyos sa galit. She then grabbed her husband hand away from me habang namumula ang mukha nito.

She seems embarrassed.

"Aalis na po ako." Paalam ko ulit at wala ng nagawa pa ang dalawa nang ipakita ko ang text ni Uncle na pumunta raw ako sa music room.

Saviour ko talaga si Uncle.

Jusko, naiinis na naman ako kay Ma'am. Sa'kin pa ata s'ya nagseselos dahil sa pinaggagawa ng asawa n'ya. Malay ko ba namang malakas ang toyo ng sea creature na 'yon at ako ata ang trip.

Kaso si Ma'am ang trip ko.

"Zajei, maupo ka muna hija." The headmaster ordered na sinunod ko naman.

I sat beside one of the music professor na pogi. Ngumiti ito sa akin kaya ngumiti rin ako while I'm looking around the room. When my eyes landed on the acoustic guitar, naalala ko yung scene namin ni Ma'am noong tinuruan n'ya ako.

Now, nag-aaral pa rin akong mag-gitara pero hindi ako pumupunta sa bahay n'ya. Hindi ko alam kung makakapunta pa ba ako sa bahay n'ya because I don't think I'll have the courage to step my foot in it.

Saka na ako babalik do'n kapag si Ma'am na ang mag-iinsist. Syempre pakipot muna ako sa ngayon.

"Jei, did you already eat?" Uncle Vauh suddenly went near me at hinaplos ang buhok ko.

I just shook my head at him bago ko inilipat ang aking tingin sa mga bagong dating.

My ghad! Bakit andito rin sila?

"Good afternoon." Ma'am Sav stated in a cold voice the moment she entered the music room. Kasunod nito ang asawa n'ya na kumindat pa sa may direksyon ko.

Yucks.

"I'll just borrow some minutes to y'all." Tumango kami sa sinabi ni headmaster. He looks at me before looking at Ma'am Sav na nasa may likod ko lang dahil doon sila umupo kanina while my Uncle is seating beside me.

"Miss Montero, how's your preparation for your intermission number this month?"

"This month? I thought next month pa po?" Naguguluhang tanong ko because he is pertaining to my intermission number sa graduation ball namin. Hindi lang naman kasi ako ang magpeperform, marami kami. Pero isa ako sa kakanta na ako lang with the school band.

"Oh dear, the event has been adjusted. Masyadong magiging hussle sa mga students if next month pa. Magkakaroon nalang ng vacation next month ang bawat graduating students as a reward for your achievements. That'll happen after the result of your finals." Mahabang litanya noong isang admin professor na hindi ko kilala.

Tumango-tango ako sa mga sinabi nila. I don't even know why I'm here. Gutom na ako tapos pinapunta pa ako rito.

"Zajei, do you want to play an instrument or you want to sing an acapella?" Nakangiting tanong sa akin nitong katabi kong gwapo.

Bakit ngayon ko lang 'to napansin? Kung kilala ko lang 'to baka isa 'to sa naging crush ko dati. Parang mas bata s'ya kay Ma'am kahit hindi ko alam kung ilang taon na ba si Ma'am.

"I want to try to play some instrument po." Magalang na saad ko saka s'ya nginitian. I heard some murmuring at my back kaya lumingon ako only to see Ma'am Saviel glaring at me. May kung anong ibinubulong sakan'ya yung asawa n'ya pero yung mga mata n'ya nasa akin.

I gulped when her jaw clenched.

Ano na naman bang ginawa ko?

"What instrument?" Muling napunta ang atensyon ng tanungin ako ulit ni Prof pogi.

"An acoustic guitar will do." I politely said with a smile on my lips.

Bahagya akong napaigik sa kinatatayuan ko when someone kick my chair. Nang lingunin ko ulit si Ma'am ay sobrang dilim na nang ekspresyon n'ya pero ngumisi lang ako at mas nilawakan ang ngiti kay Prof pogi.

I stood up and help the handsome professor in getting the guitar saka ako nagtry na mag-strum. Bahagya pa akong nakikipagtawanan sakan'ya habang itinotono namin yung gitara hanggang sa mapadako ang tingin ko kina Ma'am.

I grin at her which made her look pissed even more.

"Of course, I'm free later---"

"She's not free." Putol ng kung sino sa sasabihin ko. She actually get our attention kaya sabay kaming napatingin sakan'ya ni Prof pogi.

Mukhang mananapak si Ma'am sa ayos n'ya ngayon. Ano bang problema n'ya? Inaaya lang naman ako maglaro ng COD nitong si Prof tas bigla nalang s'yang susulpot.

"Let me do that." Inagaw nito sa akin ang hawak kong gitara kaya hindi na ako nakapalag dahil baka ihampas n'ya sakin 'yon. "I can assist her, Sir Brent." Baling nito kay Prof pogi bago ako nito hinila paupo sa isang stool while she's tuning the guitar.

"Ako na." Akmang aagawin ko sakan'ya yung gitara nang tingnan ako nito ng masama bago umupo sa tabi ko. "Ma'am balik kana do'n. Baka kung anong isipin ng asawa mo."

"Wala akong pakialam. Tumahimik ka d'yan." Mariing bigkas nito bago ibigay sa akin ang gitara. She then gets another one saka muling umupo sa harapan ko.

"Kumalma ka nga. Baka mamaya maihampas mo sa'kin 'yang gitara." Puna ko sakan'ya dahil natatakot ako sa pagkakahawak n'ya don sa guitar. My ghad! Baka toyoin 'to bigla.

Ay tinotoyo na pala s'ya.

"Ihahampas ko talaga 'to sayo kapag hindi mo tinigilan 'yang pagngiti mo sa pangit na 'yon. Damn you for making me feel this way." Nangigigil na bulong n'ya while we are waiting for the headmaster's command dahil nag-uusap pa sila ng ibang deans.

"I'm not doing anything to you." Patay malisyang saad ko and glance at her na hinigpitan ang pagkakahawak sa kawawang gitara.

She let out a frustrated groan. "I hate you!" She gritted her teeth bago ako irapan na palihim kong ikinangisi.

Just hate me more, Mommy.

"Okay, so tutal kayo namang dalawa ang magpeperform sa ball, can you give us a duet?" Nakangiting tanong ni headmaster na ikinalaglag ng panga ko.

"Kami po? Bakit kami? I m-mean, walang kami at walang magiging kami. Teka nga, pinagtitripan n'yo po ba--"

"Shut up, Montero. Nabubwisit na ako sayo." Inis na bulong ni Ma'am bago ako palihim na siniko.

Ano na naman ba?!!

"Just a single song, Sir?" Seryosong tanong ni Ma'am pero makikita mo talaga sa mukha n'ya na may gusto na s'yang bigwasan.

Hindi ko sinabing ako 'yon pero parang ganon na nga kasi halos mag-apoy ang mga tingin n'ya.

"Yes, Mrs. Acozta."

"Sanaol misis ng marine navy." Pagpaparinig ko kay Ma'am.

I don't know but I want to piss her more. Nakikita ko kasi yung epekto ng pang-iinis ko sakan'ya kaya tuwang tuwa ako.

"Sanaol kasal."

"Sanaol dala ang apelyido ng asawa."

"Sanao--"

"Kapag hindi ka tumigil d'yan, apelyido mo ang dadalhin ko." I automatically shut my mouth before moving a little away from her para magtapat kami.

I saw how a sly grin formed on her lips ng makita n'ya ang namumula kong mukha.

Bwisit! Talo na naman ako.

"What song?" She asked plainly habang magkatapat kami.

"If you're not the one." I saw that she was taken aback at my statements before nodding slowly.

She motioned me to start the song kaya tumango ako bago huminga ng malalim.

"If you're not the one then why does my soul feel glad today?
If you're not the one then why does my hand fit yours this way?
If you are not mine then why does your heart return my call?
If you are not mine would I have the strength to stand at all?" Pag-uumpisa ko habang nakatungo at mariing nakatingin sa pagtipa ko sa gitara.

I'm scared to look at her because I can feel her eyes on me. Natatakot akong baka mawala ako sa focus kapag sinalubong ko yung mga mata n'ya. S'ya naman kasi ay confident lang sa pagplay ng gitara kasi saulo na n'ya lahat 'yon.

"*I never know what the future brings*
But I know you're here with me now
We'll make it through
And I hope you are the one I share my life with" Her voice soothes on my system as I look at the crowd that is silently watching.

"I don't want to run away but I can't take it, I don't understand
If I'm not made for you then why does my heart tell me that I am?
Is there any way that I could stay in your arms?" This time, ako ang kumanta ng chorus habang

nakatingin sa kawalan.

Gustuhin ko man kasing tumingin sakan'ya ay hindi ko magawa dahil baka maihampas ko ang gitara sa kilig because I can feel sincerity on her voice.

"If I don't need you then why am I crying on my bed?
If I don't need you then why does your name resound in my head?"

While she's singing that lines, bigla kong naalala ang mga susunod na liriko kaya kusang napunta ang mga mata ko sakan'ya. She nod at me na parang sinasabi na sabayan ko s'ya sa next line.

I slowly nod my head which made her lips rose up.

"If you're not for me then why does this distance maim my life?
If you're not for me then why do I dream of you as my wife?" Magkasabay na kanta namin while we are staring at each others eyes.

I know that she somehow feel something towards me. Her eyes tells me everything. Her actions spice it up even more kaya kahit na sinabi na n'ya kagabi na hindi n'ya ako mahal, there's still a part of me that's hoping that she loves me.

"I don't know why you're so far away
But I know that this much is true
We'll make it through
And I hope you are the one I share my life with
And I wish that you could be the one I die with
And I'm praying you're the one I build my home with
I hope I love you all my life" Kusang namuo ang luha sa mga mata ko pero hindi ko napigilan ang pag-alpas ng isang ngiti sa aking labi.

Her lines are sweet.

Punyeta kinikilig ako!!

Tanginang karupukan 'to, sobra sobra na. Hindi na ako natutuwa.

"I don't want to run away but I can't take it, I don't understand
If I'm not made for you then why does my heart tell me that I am?
Is there any way that I could stay in your arms?" We duet this lines while we are lost in our own world.

"'Cause I miss you, body and soul so strong that it takes my breath away
And I breathe you into my heart and pray for the strength to stand today"

Napakagat ako sa ibabang labi ko para hindi makawala ang isang malawak na ngiti sa labi ko dahil sa pagngiti n'ya habang kumakanta ako.

Tangina ang landi namin.

"'Cause I love you, whether it's wrong or right
And though I can't be with you tonight
You know my heart is by your side" Mas lumawak ang ngiti n'ya when my cheeks turned into crimson red.

Feeling ko kasi sinabihan n'ya ako ng I love you. Iisa kasi yung sinasabi ng mga mata n'ya at ng bibig n'ya ngayon.

Desire, loneliness, and love can be seen on her orbs.

"I don't want to run away but I can't take it, I don't understand
If I'm not made for you then why does my heart tell me that I am?
Is there any way that I could stay in your arms?"

Right after we finished the song, isang malakas na palakpakan ang narinig naming dalawa. Bahagya pa akong napapitlag bago ako tumingin sa harapan ko.

Shit! May nanonood nga pala samin.

Tuwang tuwa sina headmaster sa performance namin Ma'am habang tumatango lang naman kaming dalawa.

Bigla kong nakalimutan yung gutom ko dahil sa nangyari, punyemas.

"Whooh! You're both perfect for this." Masayang saad nila bago nila kami hayaang kumain.

Sabay sabay kaming lumabas sa music room ni Ma'am kasama si Uncle at yung asawa n'ya.

"Si Sav---hfjsjsjdhsjsjsj!!" Hindi ko na narinig pa ang sinasabi noong asawa ni Ma'am dahil nagpahuli ako ng lakad sakanila habang naghaharutan sila sa harap ko.

Para silang mga bata nila Uncle.

"Anong meron?" I asked to myself when I saw students gathering at the center of the field.

Nang makalapit kami sakanila ay agad akong napaatras ng iniabot ng isang lalaki na sa tingin ko ay delivery boy ang isang bouquet ng flowers kay sea creature.

He then smile at the boy and turn to her wife that's now frowning.

Kusang tumulo ang mga luha ko when he offered it to Ma'am Saviel at may ibinulong pa ito rito. Then of course, tinanggap naman ni Ma'am yung bulaklak.

I chuckled humourlessly.

"Her false hope will definitely kill me." I mumbled under my breath and looked at the figures in front of me.

After all I have, I never been the happiest. I am happy, yes. But it didn't change the fact that I never felt the unexplainable happiness not until I brag myself into her life and play the hell out of it.

I should have known better.

I shouldn't let my heart decide for my own because it only led me to a painful serendipity.

I smiled bitterly before wiping the tears that is stupidly falling on my eyes. I lower my head and make sure that there is no any trace of tears left on my precious face.

Mabagal na naglakad ako at nilampasan ang mga taong nagkakagulo sa open field ng university. They are cheering for the two and I don't fvcking give a single care.

Punyetang buhay 'yan. Noong ako ang lumandi dito sa university premisses grabe ang panunuway niya tapos ngayong siya ang nilalandi ay andami pang sumuporta.

Mga bias ang puta.

Tuloy tuloy lang ako sa paglalakad hanggang sa malampasan ko sila. Ramdam ko ang tingin ng mga tao sa akin pero hindi ko na sila binigyan ng kahit na anong tingin pa.

Pakialam ko sakanila.

Tahimik akong naglalakad at tila walang pakialam sa paligid hanggang marating ko ang parking lot kung saan nakaparada ang kotse ko. Papasok na sana ako ng may humila sa braso ko at pinilit humarap sakaniya.

"Po?"

She rolled her eyes and looked around and when she saw that no one is on the same place as ours, she sigh and face me with her fierce attitude.

"You should come back where you are supposed to be, Ma'am." Saad ko at nginitian siya. "Don't worry, I won't mess around anymore."

Her face soften but she didn't speak. She's just staring at me with her precious eyes and here I am, avoiding to look back on it.

[Content truncated due to length]

Chapter 34

Zajei's POV

"That car," Rage pointed one car at our back na kanina pa namin napapansin na sumusunod. "Sa ex mo 'yon."

Kami lang dalawa ang magkasama habang iniikot ang city para mapansin namin kung sino ang susunod sa amin and yeah, he's right. Tatlo ang nakasunod sa amin ngayon.

"The one who's riding a motorbike, ayun ang sinasabi mong unidentified?" Paninigurado ko na tinanguan n'ya lang.

"The last one is the latest. S'ya yung dumagdag."

I smirked devilishly bago ko iliko ang sasakyan sa isang bakanteng lote. This is way too far from the city kaya sigurado akong pwede kaming magpatayan dito if they insisted.

"Wag kang bababa. I can handle this." Bilin ko kay Rage habang kinukuha sa isang secret compartment ang isang baseball bat at isang pistol.

"Wag mong papatayin, Zj." He warned but I just arched my eyebrow.

"Why not?"

"Makukulong ka. Just torture the hell out of 'em pero 'wag kang papatay." I chuckled before getting out of my car.

I made sure na naka-lock 'yon para hindi s'ya makalabas basta basta. I don't want him to get involved with this shit dahil masyadong mataas ang pangalang iniingatan n'ya lalo na sa US.

Prenteng naglakad ako while putting my black mask on. Inilabas ko rin ang isang maliit na swiss knife ko at pinaglaruan sa aking kamay. I smirk when I saw one of the car na sinasabi ni Rage na gamit noong halos pumatay sa butler n'ya.

Ang tapang naman.

Hindi man lang nagtago, eh. Yung dalawa namang nakasunod sa amin kanina ay hindi ko na makita pa.

Mabilis kong itinarak sa gulong ng kotse ang isang kutsilyo bago ko hinampas ng baseball bat ang bintana ng backseat.

"Oh, shit."

"Baba." I commanded to the two person inside the car. At first, they hesitated pero nang ikasa ko ang baril na dala ko ay agaran silang bumaba sa kotse.

Matamang nakasandal lang ako sa kotseng basag basag ang bintana habang iwinawasiwas ko sa ere ang hawak na baseball bat. "Gusto n'yong maglaro?" Tila inosenteng tanong ko na ikinalunok nila.

I slowly walked towards them habang sila naman ay parang natuod na sa kinatatayuan dahil hindi sila

makagalaw.

Ang lalaki ng katawan nila. Halatang mga alaga sa gym dahil sa mga braso nila pero ang papanget naman. Kung ito lang naman ang mga stalker ko, jusko, para akong makikipaglaban sa mga higanteng ipis.

"Wag kang lalapit." Banta noong nakasando na black while getting his gun. Isang nakakalokong ngisi ang pinakawalan ko kahit hindi naman nila nakikita ang aking labi. Tanging mata ko lang ang nakikita nila.

"You want to play baril barilan?" I asked playfully habang iwinawagayway sa isa kong kamay ang pistol na hawak ko.

Isang putok ko lang dito paniguradong hospital ang bagsak ng mga punyetang ipis na 'to.

"Pre, pagsawaan muna natin. Ang ganda oh. Katawan palang, masarap na." Bulong noong naka-leather jacket na ikinaismid ko.

Feeling gwapo eh mas maganda pa daliri ko sa paa kesa sa kaniya na mukhang pinaglihi sa bulldog.

"Pare baka patayin tayo--"

"Talagang papatayin ko kayo." Naningkit ang mga mata ko nang humugot ang boy number 1, yung nakasando, ng kutsilyo.

"Babae kalang." They mocked but I just shrugged and point my gun with silencer sa binti niya. Agad kong kinalabit ang gatilyo kasabay ng pagbagsak nito sa sahig.

"Tangina mo wala akong natamaang ugat na papatay sayo kaya 'wag mo muna akong sambahin." I mimicked saka itinapat ang baril sa boy number 2 na tila nawiwindang.

I gave him a wink bago ko ibaba ang baril ko at hinataw ng malakas ang mga hita n'ya using the baseball bat I am holding.

"Tayo!" I groaned but they are just lying in the ground. "Kapag hindi kayo tumayo at tumakbo, hahambalusin ko 'yang mukha n'yo." Pagbabanta ko na agad nilang ikinasinghap.

Paika-ika silang lumakad habang nakasunod ako sakanila. I chuckled under my breath at pinadaplis ang bala sa balikat ng hinataw ko kanina ng baseball bat. Agad itong napasigaw bago ako murahin pero tumawa lang ako.

"Kapag kayo hindi tumakbo at natamaan kayo ng baril ko, walang sisihan ha." Nang-aasar na ani ko while I'm walking with full of elegance.

Habang sinusundan ko sila ng tingin ay hindi ko maiwasang matawa sa katangahan nila. Imbis na tumakbo sila paalis sa lugar na 'to ay doon pa sila pumunta sa may kotse ko.

Kapag hindi ba naman sila pinanganak para maging target ko.

I hastily remove my eyeglasses saka ito itinapon kung saan bago ko itago ang aking baril sa likod ko at saka bumunot ng kutsilyo. I threw it at the boy number 2 na ikinatigil nito sa pagtakbo.

I hissed while shooking my head.

I bent over in front of them bago ko muling hinampas ng baseball bat ang isa sakanila.

"Hindi pa ako pagod. Takbo pa kayo." I teased and let out a devilish laughed. "Ako naman ang hahabol sainyo ngayon para makabawi ako sa pagsunod n'yo sa'kin."

"Ano bang problema mo samin?!" Galit na tanong ni boy number 2 habang hawak ang balikat n'ya na tinamaan ko kanina.

"Sunod kayo ng sunod sa'kin! Yung totoo, reporter ba kayo? Daig n'yo pa ang mga paparazzi."

"Hindi kami laging nakasunod sayo, tangina. Inutusan lang kaming sundan ka kapag busy si Boss!" I frowned at the sudden answer of the boy number 1.

Boss?

"Sinong Boss?" I asked coldy pero tumahimik lang sila. "I asked you. Sumagot kayo, putangina." Mariing sambit ko pero tumungo lang sila at ngumisi.

Akala ata ng mga gagong 'to maaawa ako sakanila.

"Wala kang makukuha samin kahit patayin mo kami."

"Oh edi papatayin ko kayo." I utter in neutrality bago ko itutok sa isa sakanila ang baril na hinugot ko sa aking likod.

Wala naman talaga akong balak patayin sila. Tinatakot ko lang ang mga tarantadong 'to para makuha ko ang gusto ko pero talagang ginagalit nila ako dahil nakuha pa akong sipain ng boy number 2 dahilan para tumilapon ang baril ko kung saan.

They stood up at akmang kukuhanin ang hawak kong bat pero mabilis na inihampas ko lang ito sa sikmura niya.

I stood up while gritting my teeth in anger.

Tumama kaya yung labi ko sa isang bato kaya nagkasugat ng maliit.

Tanginang mga 'to. Si Ma'am lang ang pwedeng maglagay ng sugat sa labi ko using her teeth. Paano kapag nakita n'yang may sugat ako? Baka isipin non nakipaghalikan ako sa iba edi war na naman kami.

Pero teka nga---bakit ko ba iniisip 'yon eh nagtatampo nga pala ako? Sabi ko pa naman kanina, *I won't mess around*. Tapos ngayon eto na naman, lab ko na naman s'ya.

Putangina mo Satanas! Isinusumpa ko ang karupukang tinataglay ko.

"T-teka lang," the other boy raise his hand in defeat bago ito maluha-luhang lumuhod. "Hindi namin kilala yung Boss namin."

"What do you mean?"

"Hey!" Masama ang tinging ipinukol ko sa lalaki na tinututukan ko pa rin ng baril.

"What?!"

"Bakit ba english ka nang english?! Wala ka sa Snowland, tanga!"

"Anong Snowland?" Nagtatakang tanong ko.

"Hindi ba ikaw si Snow white? Ang puti mo kaya." Sa sobrang inis ko sa tanginang lalaki 'to ay hindi ko na napigilang suntukin ang mukha nito.

Napahiga ito sa pagkabagsak niya pero bago pa man ito makatayo ay binigyan ko pa s'ya ng isang suntok sa ilong.

"I'm not fvcking kidding here. Walang connect ang mga pinagsasasabi mo." Inis na bigkas ko bago lumapit sa sasakyan at buksan ang compartment.

I get one of the chain saka padlock bago ako muling lumapit sakanila. Tinalian ko sila ng magkatalikod bago ko sila itulak papalapit sa isang malaking puno.

Nakakaawa naman kung ibibilad ko sila sa initan kahit kanina ay sobrang lakas ng ulan.

Ang bait ko talagang maganda.

"Bakit mo ba kami itinali?! Ang daming langgam dito." Reklamo ng isa sa kanila pero inismidan ko lang ito sa umupo sa harapan nila habang hinahaplos ang samurai na kakakuha ko lang kanina kapalit ng baseball bat.

"Hindi kayo yummy kaya hindi kayo kakagatin na'n, don't worry." Walang pakialam na saad ko bago itutok sakanila ang mahabang samurai ko which is my favorite dahil parang bakal lang ito at first pero kapag tinanggal ang metal na nakakabit ay matalim na espada ang bubungad sayo.

"Hoy sabing w-wag mo kaming papatayin."

I chuckled bago ko idiniin sa leeg nila ang patalim.

"Tell me what you know about that boss of yours." Malamig na batid ko pero huminga lang sila ng malalim.

Base on their reactions, halatang natatakot sila. Who wouldn't be? May hawak akong baril sa kanang kamay ko habang samurai naman sa kaliwa. Isang maling sagot lang nila ay puputulan ko talaga ang mga 'to para hindi na sila makapagkalat ng lahi.

"Hindi namin s'ya madalas nakakausap. T-tinatawagan n'ya lang kami kapag kailangan kana naming sundan pero hindi pa namin nakikita ang m-mukha n'ya." Nanginginig na sambit noong binaril ko kanina sa binti habang pasimple naman s'yang sinisiko ng kasama.

"Tangina mo bakit ka nagsasalita? Gusto mo bang patayin tayo ni Boss?!" Galit na asik ng huli.

I smirked humorlessly.

"Tell me what you know and I'll give what you want." Matamang ani ko na ikinapukaw ng atensyon nila.

"Bigyan mo kami ng sampung milyon."

"Okay." I shrugged and nodded.

Umawang ang mga labi nila at parang hindi makapaniwalang tiningnan ako. I just winked at them bago ko muling idiin ang samurai sa leeg ng isa.

"Tell me what I want to hear."

"Ibigay mo muna ang pera namin." Inis na ibinaba ko ang patalim na hawak ko bago tumayo at sinipa si boy number 2.

He growled loudly at akmang sisipain rin ako ng mabilis kong itinutok ang baril ko sa gitna ng noo n'ya.

"Don't make me piss, morons." Malamig na wika ko pero talagang ginagalit ako ng mga 'to dahil ngumisi lang sila.

Sa sobrang inis ko ay hindi ko napigilang ihampas sa mukha nila ang baril na hawak ko dahilan upang magdugo ang sintido nila.

Imbis na masindak sila ay parang mas lalo silang natuwa dahil tumawa pa ang mga tanga. They laughed in a mischievous way before checking me out.

"Alam mo bang ang ganda noong lagi mong kasamang babae? Iyong tinatawag mo na Ma'am. Sa tuwing sinusundan ka kasi namin ay lagi mo s'yang kasama. Sa tingin ko nga ay gusto ko na s'ya dahil ang ganda. Parang ang sarap sa kama---arghh putangina!!" Nandidilim ang paninging ipinutok ko ang baril sa hita n'ya malapit sa pinaka-sensetibong parte ng katawan n'ya.

His eyes squinted in pain and anger pero parang nawalan ako sa katinuan dahil sa pambabatos n'ya kay Ma'am.

Akmang ipuputok ko ulit ang baril ko ng may biglang umagaw nito sa akin kasabay ng malakas na pagsigaw.

"Fvck, Zajei! I told you not to kill!"

"They are still alive, Rage. Don't over react." I coldly mutter bago agawin ang baril pero inilayo n'ya lang ito kaya iyong samurai ang kinuha ko mula sa damuhan.

"Ano bang kailangan n'yo samin?!" Nahihintakutang tanong ni boy number 1. Buti pa ang isang 'to, marunong magsalita kaya hindi masyadong malala ang lagay n'ya.

"Give us what we want. Sabihin n'yo kung saan namin matatagpuan ang boss n'yo." Rage said while holding the gun.

"Hindi nga namin s'ya kilala!" Frustrated na batid n'ya habang ang kaniyang kasama ay nakatungo lang at sapo sapo ang mga tama ng baril. "Ang alam lang namin ay gusto ka n'yang patayin."

Kumunot ang noo ko.

I knew it. My guess are right.

"Why?"

"Wala s'yang sinabi. Ang inuutos n'ya lang lagi ay sundan ka at 'wag magpapahalata pero nahalata kami noong isang lalaki na sumusunod din sayo. Nang nalaman 'yon ni Boss, s'ya na ang gumawa ng paraan at s'ya rin yung bumaril doon sa lalake. Hindi kami." Paglilinaw nito at sa tingin ko ay iyong butler ni Rage ang tinutukoy niya.

"Nakita n'yo na ba ang katawan ng boss n'yo?" Tanong ko habang ina-analyze ang mga sinabi niya.

I should think better.

"Oo. May tattoo s'ya sa likod. Sa tingin ko XIV iyon na napapalibutan ng tinik." This time, iyong binaril ko sa hita ang sumagot.

Tiningnan ko ng mataman si Rage na malalim ang iniisip bago tapikin ang balikat n'ya. Umikot ako at pinagmamasdan ang paligid dahil may nakatingin sa aming iba.

"Noong isang linggo, may kasama s'yang babae." Nakuha muli nila ang atensyon ko nang magsalita ang isa sakanila. We waited for him to continue pero napansin ko ang bahagyang pag-tense up ng katawan n'ya.

Agad kong inagaw ang baril kay Rage bago ako muling tumingin sa paligid.

"Nakilala n'yo kung sinong babae?" They shook their head sa tanong ni Rage. "Pero namukhaan n'yo?" Muli silang umiling na ikinabuntong hininga ko.

"Anong meron doon sa babae? Kasabwat ba s'ya ng boss n'yo?" Pagtatanong ko habang nilalagyan ng bala ang baril.

"Hindi namin alam. Pinalabas n'ya kami noong dumating ang babae pero. . .p-pero noong bumalik kami sa loob pagkatapos naming bumili ng pagkain, nakita namin na tinututukan nila ang isa't isa ng baril."

I gulped.

Who the hell is that girl?

"Ano pa?" Nakatiim ang bagang na tanong ko.

"Tapos---tapos may dumating na isa pang lalaki. Sa tingin ko ay kasabwat 'yon ni Boss dahil hindi man lang s'ya nakialam at kumain lang sa gilid." Dagdag nito habang humihinga ng malalim. "Hindi agad nila kami napansin noon dahil nasa may madilim na parte kami pero natatandaan ko yung sinabi noong babae." He added more na tinanguan namin ni Rage, asking him to continue what we was about to say.

"Sabi noong babae, *'don't you dare to hurt her or else, I'll make sure that you will suffer to death.'*." He said like he was really amaze. Tumingin ito sa likod at bahagyang pinagmasdan ang kasama.

"Tol, pwede na akong mamatay. Nakapag-english na ako." Namamanghang ngisi nito.

I also smirked before shooking my head.

"Bakit hindi n'yo nakilala ang babae?" Anang ni Rage.

"Naka-sumbrero s'ya tapos may suot na salamin at mask. Naka-jacket din tapos pants kaya hindi namin s'ya nakilala."

"Saan ang hideout n'yo?" I eagerly asked.

"Sa----" hindi pa n'ya natutuloy ang sasabihin ng biglang may bumaril dito. Maging ako ay naalarma dahil ang bilis ng pagkakabaril niya kaya hindi ko naiwasan ang isang bala na tumama sa balikat ko. Agad akong lumingon sa direksyon na pinaggalingan ng bumaril hanggang sa itinutok ko rito ang hawak ko at sunod sunod na pinaputok ito habang tumatakbo.

I ran after the car until it got lost in my sight. I know that I damaged that car or rather the driver kaya agad akong bumalik sa pwesto namin kanina at nakitang wala ng buhay ang dalawa.

Rage checked their pulse before shooking his head. Bumuntong hininga ito bago kuhanin ang cellphone at may tinawagan.

"May pamilya ba ang dalawang 'yan?" I asked while unloading my gun.

"None."

I nod my head while clenching my jaw. I'm sure na iyong boss na tinutukoy nila ang bumaril sa amin.

"Ako na ang bahala rito. I'll make sure that bastard will pay for this." Madiing saad ng kasama ko bago kuhanin sa akin ang baril at s'ya na ang nagtago.

Tumango-tango lang ako sakaniya bago pumunta sa aking kotse. Agad nagsalubong ang kilay ko nang makitang sira ang locked ng passenger seat kung saan nakaupo kanina si Rage.

"Putangina mo, Rage!" I irritatingly pressed my lips together bago ko malakas na isinarado ang pinto ng sasakyan.

"Shut up, Zajei. Just fvcking go to my house and I'll follow pagkatapos kong linisin 'to." He fired back bago ako itaboy palayo.

Nakabusangot na pinaandar ko ang aking kotse matapos kong linisin ang sugat ko sa balikat.

I whines in pain. Buti na lang at daplis lang ang tumamang bala kaya hindi ko na kailangang pumunta sa hospital. I hissed after I clean my wound saka ko pinasibad paalis ang sasakyan.

Mabilis ang pagpapatakbo ko ng sasakyan habang iniisip ang isiniwalat kanina noong mga lalaki.

XIV ang tattoo with fvcking thorns surrounding it. Tapos may babae at isa pang lalaki na kasabwat.

Who the hell are they?

Sa sobrang frustration ko ay hinampas ko ang manobela at dumukmo rito pagkarating ko sa bahay ni Rage.

Damn it.

I will fvcking make that bastard will pay for stressing my beauty.

....

I unload my gun hastily before I remove my gear at pabalang na umupo.

"Here." Alok ni Rage ng isang bote ng alak na kinuha ko naman.

"Ayaw kong madamay sina Lolo." I said while lowering my head.

After what happened yesterday, I know that my life is in threat kasama ng mga nakapaligid sa'kin. Ayaw ko namang madamay ang pamilya o ang mga kaibigan ko because they are the only people I have.

I don't know if I can take it if one of 'em will suffer because of me.

"May bantay bawat isa sakanila, Zj. May butler din naman ang grandparents mo kaya hindi sila mapapahamak." Pag-aalo ng kasama ko while I am just busy drinking.

"Can you tighten the security in ZV? Pakidagdagan din ng body guards ang mga kapatid ko at sina Mommy." Mahinang untag ko dahil kahit naman nagtatampo ako sakanila sa ginawa nila sa akin noong party ay hindi ko pa rin kakayanin kung mawawala sila.

"Copy that."

"Also, ask someone to guard my professor pati ang pamilya n'ya. Lalong lalo na si Shan." Dagdag ko pa.

"Name?"

"Mrs. Saviel Acozta."

"Familiar." Tumatango-tangong batid nito habang umiinom sa tabi ko. "I think I already heard her name somewhere else. . . . Can I see her photo?"

Matamang nilingon ko s'ya na tila malalim ang iniisip.

"No."

He chuckled while shooking his head in disbelief. "Ang possessive mo ha. Hindi ko naman aagawin sayo."

"She's not mine, idiot." Nakaismid na sagot ko saka kumunot ang noo.

"Make her yours."

"May asawa." Nakangiting sarkastikong wika ko.

"Ako na ang bahala sa divorce paper nila." He teased na ikinangiti ko.

"Zajei, I know you're in love. Just push it a little more." He added pero umiling lang ako at inubos ang alak na nasa kamay ko.

"I don't wanna anymore. I tried though but it still end up here, ako yung talo."

He hissed before ruffling my hair. "I really thought you're straight."

"Akala ko rin." Mataray na asik ko bago tumayo. "Let's go to the nearest bar."

"Walwal?" I smirked at what he had said bago tuluyang lumabas sa firing range.

I let Rage drive and decide kung saan n'ya gusto mag-bar. Wala naman akong pakialam sa place whether it is the wild one or not. Basta iinom ako ngayon.

Hindi muna ako papasok bukas dahil isa lang naman ang subject ko for tomorrow at kay Ma'am Sav lang 'yon. Also, I don't want to show up at the school dahil sa sugat ko sa balikat.

Dalawang araw na akong absent.

Pagkarating namin sa bar, which I don't know what type is, agad na kaming lumabas at pumasok sa loob.

My mouth form a lopsided smirk when I saw how wild people is. Tama lang ang place para makapag-walwal kami ni Rage hangga't gusto namin.

"Bar counter tayo." Aya ko kay Rage dahil mas kita roon ang mga nagkakagulong tao. "Jack Daniels." Ani ko sa bartender na agad naman nitong ibinigay.

"Jei, your best friends are here." Bulong ng kasama ko sa aking tenga na ikinatigil ko sa pag-inom. I glance at the direction na itinuro n'ya and I saw my squad in there, enjoying the night.

Kung sino ang kasama ko noong nag-Samgyup kami, sila ang magkakasama ngayon kaso lang, wala si Kaios at kasama naman nila si Wave at Ice.

I frowned.

What are they doing here? May pasok bukas di'ba?

"Lipat tayo?"

I shook my head and had another shot. "Don't mind them."

Ilang minuto pa ang nakakalipas ay ilang lalake at babae na ang nag-aaya sa amin ni Rage sumayaw sa dance floor but we declined. Magpapakalasing muna ako bago ako sumayaw doon para wild.

"Yung ex mo, hindi ka ba nagtataka kung bakit wala s'ya?" Nakatiim ang bagang na tanong ni Rage habang sumisipsip sa tequila.

"I did. He's always present at this type of party but he's not here. That's weird." Untag ko before I shrugged my shoulders off.

Ilang minuto kaming nagkatinginan ni Rage bago ito may itinext sa phone n'ya. "Let's ask someone kung nasaan s'ya." I nod at his suggestion.

Nakakapagtaka lang talaga na wala rito si Kaios pero nagawa n'yang sundan kami kahapon noong balak namin silang icorner once and for all pero yung dalawang higanteng ipis lang ang kumagat sa patibong namin. It wasn't easy to trapped them all. Parang alam nila kung kailan sila kikilos at kailan hindi dahil hindi sila nagsasabay-sabay ng pagsunod sa akin tho kahapon noong hindi ako pumasok, alam kong nakasunod sa akin 'yong naka-motor, si Kaios at iyong isa na boss pumatay sa tauhan nya.

Gulong gulo na ako sa dami nila. Dumb shit. Ayaw nalang nilang lalabas lahat.

"Tipsy?" Natatawang tanong ni Rage pero inirapan ko lang s'ya at nagtungo sa dance floor.

It's time to heathen up the floor, babe.

"Hey. What are you doing here?" A cold voice echoed in my mind the moment I reached the dance floor. He grabbed my arm which caught my attention.

Nang lumingon ako rito ay kusa akong napangiti. I turned around and face him with a wide grin on my lips before I started swaying my hips while I'm maintaining my eye contact with the guy.

I know him.

"Zajei."

"You're my so-called-fiancé." Nakangising sambit ko habang sumasayaw sa saliw ng musika.

Ice.

"Goodness, you're drunk." Stress na bulong nito at akmang hihilahin ako paalis ng dance floor ng tumalikod ako sakan'ya and dance flirtatiously. Naramdaman ko ang bahagyang pagkislot niya na mas lalong ikinalawak ng ngisi ko. I can feel everyone's stares but I don't care. What I want right now is to enjoy the night and do my plan.

Unfortunately, kay Ice ko sisimulan.

I know that there is something he knows that I don't. May itinatago sila sa akin tulad nalang ng pagpapalayo n'ya sa akin kina Kaios. That's why I'll try to see his back kung may tattoo ba s'ya.

I need to fvcking find someone who have that tattoo before it's too late.

"Fvck, stop it." Pigil n'ya ng akmang hahalikan ko s'ya but no. I won't kiss someone anymore if it's not Ma'am Sav. I'm not the old Zajei they used to know na hahalik nalang kung kani-kanino. I'm just teasing Ice so I can rip his shirt the moment I got close to him.

"Zaj--"

"Shit." Mahinang pagmumura ko when someone aggressively grabbed my arm at walang pakundangang hinila ako paalis ng dance floor.

Later on, I just found myself in the smoking room with someone beside me. Malakas na isinarado n'ya ang pinto saka ito nilock. Her eyes are burning in fire.

Matalim na tiningnan ako nito before she run her fingers through her hair at mahinang napasabunot dito. I can hear her frustration in saying different profanities under her breath.

Akmang lalapitan ko s'ya when she turned her back at walang pasabing dumukmo sa isang upuan.

"M-ma'am. . ."

"Don't you fvcking do that again, Zajei." Banta nito na parang ikinalambot ng mga tuhod ko. "I fvcking hate you!"

My heart beats louder when I take a quick step forward to see her face pero agad itong nakaiwas at isang malakas na pagkalabog ang nangyari. She just slammed her hands at the table before she face me unwillingly.

"Why are you doing this to me?" She asked like a hush na ikinaiwas ko ng tingin.

She seems vulnerable.

"What do you mean? Ice is my fiancè. I can do that everytime I w-want." Nakaiwas ang tinging sagot ko bago lumunok ng sunod sunod.

Kailangan kong panindigan yung sinabi ko sakan'ya na hindi ko sila guguluhin. I should stay away from her for the meantime because I don't want her family at risk. I know for sure na kilala s'ya noong nagtatangka sa buhay ko dahil lagi ko s'yang kasama.

"Fiancè." She laughed sarcastically before lowering her head. "Tinanggap mo na pala." I can hear the disappointment on her voice na mas lalo kong ikinakaba.

I can feel a huge lump on my throat na kahit anong paglunok ang gawin ko ay hindi matanggal-tanggal.

"S-sav--"

"You didn't show up for two days and then now, I'll saw you with that moron. . . Y-you're giving him a dance he doesn't deserve. I was supposed to be on that spot, Zj. Not him or not anyone else." Her possesive tone got back and the next thing I know, I am now pinned on the wall while our lips are interlock.

She bit my lower lip hard dahilan upang mapangiwi ako dahil nalasahan ko ang dugo doon. Hindi pa nga gumagaling ang sugat ko sa gilid ng labi ko, mayroon na namang bago.

"I hate you. I hate you for making me feel this way. I hate you for avoiding me. . . I fvcking hate you for doing all of these. I hate you for making me feel the sincerity on missing you by my side all the time." Unti unting umawang ang labi ko nang makita ko ang pagpatak ng luha sa mga mata n'ya.

She lowered her head and place it on top of my shoulder.

I can smell her intoxicating scent with a hint of alcohol kaya alam kong lasing s'ya. Namumula rin ang mukha n'ya kanina pero alam kong kahit nakainom s'ya, she's still good to go.

"You shouldn't have approach me in the first place if you'll just leave me behind." Bulong nito na ikinapikit ko.

Ramdam ko ang paninikip ng dibdib ko sa bawat salitang binibitawan n'ya. Clearly, I am hurting because I know that I hurt her.

I am hurting her.

"What do you want me to do?" I asked while holding her waist to support her dahil parang ano mang oras ay pwede s'yang matumba.

"Don't flirt. You told me before that you're only flirty when it comes to me then why on earth I'll saw you flirting with him? The audacity, Montero!" Instead of the fear I should felt because of her voice, hindi ko

napigilan ang isang ngiti na kumawala sa labi ko.

"Are you jealous?"

"Of course, I am. I have the rights to be jealous because you fvcking told me that you love me. You make me feel so special and then now, *you're making me feel like I was nothing to you."*

I never thought that she's this talkative when she's drunk. Ngayon ko lang kasi s'ya nakasama ng lasing dahil ako lagi ang inaalagaan n'ya kapag nalalasing ako.

Para ngang nawala ang pagka-tipsy ko dahil sakan'ya.

"Why aren't you talking? Are you thinking of that idiot guy?" She's frowning while tapping my cheeks.

I furrowed my brows. "Who's idiot guy?"

"That Hilton! Argh!" She rolled her eyes na mas lalo kong ikinangiti.

Jusko, sabi na marupok ako.

Parang noong isang araw lang sinabi kong lalayo na ako tapos ngayon kulang nalang halikan ko s'ya.

I miss her.

"Then now you're smiling like an idiot. I'm the one who's with you, so fvcking think of me rather than anyone else, Zj!" Palatak nito na tuluyan kong ikinatawa.

Dahan dahan ko s'yang ikinulong sa mga bisig ko bago halikan ang sintido n'ya.

"Don't react that way, Ma'am. I might think that you're in love with me." Suot ko ang isang maliit na ngiti habang sinasabi 'yan na ikinatigil n'ya.

Her features became serious before she held my cheeks using the warmth of her hands.

"What if I am?"

I chuckled and run my fingers on my hair. I fix some strand of it and gently place it behind my ear.

"You must be kidding me, Avey. You have a family. You love your daughter." Bulong ko sakan'ya habang hawak ko hawak ko s'ya.

"But I don't love my husband."

I smiled bitterly.

"My Mom and Dad marry each other because of me even if they do not love each other romantically. You don't know how much it hurts for a young child to be left behind because her parents separated. I was just eight years old that time, Avey. Come to think of it, Shanen is much more younger than me. She's just turning five this week at isipin mo nalang kung ano ang mararamdaman n'ya kung maghihiwalay kayo ni Kuya Seth." I kissed the bridge of her nose after I wipe her tears away. "As much as I love you, Sav, hindi ko kayang manira ng pamilya. I love your daughter. Hindi ko kaya na magalit sa'kin si Shan just beacuse I insisted my feelings for you. I love you but I also love my principles."

My tears fall while we are staring at each other eyes. I gave her a smile bago ko mas higpitan ang pagkakayakap sakan'ya.

"But I-i love you, Zj."

Tila tumigil yung mundo ko when she said those words. That fvcking words that I never imagined she would say ever.

Isa isang pumatak ang luha sa mga mata ko. I'm happy but at the same time. . . I felt so defeated.

I can't risked her.

Mawawala lahat ng pinaghirapan n'ya kapag ipinaglaban ko s'ya ngayon. Yung mga magulang ko, yung mga stalkers at yung pangalan n'ya. There's a lot of obstacle we should face that may conquer the rest.

I can't let her suffer.

"Sav naman." I chuckled awkwardly before I move away. "Don't say that. Lasing ka, eh."

Pilit kong iniiwas ang tingin ko sakan'ya at akmang aalis na ako when she get my arm at malakas akong hinila papunta sakan'ya causing for me to bumped into her body.

I was stunned.

"I may be drunk but I am not like you who have an amnesia the other day." Seryosong saad nito before she cupped my face and crashed my lips into her. "Believe me when I say I love you, dumbass."

"Ma'am parang ano." I laughed and shook my head in disbelief. "Tara na, iuuwi na kita."

"Stupid! That's not what I want to hear!" Inis na batid ni bago ako hampasin sa balikat na ikinasigaw ko.

Damn, yung tama ko ng baril sa balikat ang nahampas n'ya.

"What happened? Oh my God! You're bleeding!" Her eyes widen when she saw my white croptop have a stained of blood at the shoulder blade. "W-where did you get that?" Naguguluhang tanong nito.

I just shook my head at kinuha ang kamay n'yang akmang hahawakan ang sugat ko.

"Don't."

"Tch." She hissed before getting my hand and pulled me out of the parking lot.

Hindi pa man kami nakakapasok ng tuluyan sa carpark ay may humila na agad sa kamay ko at humarang sa daanan namin.

"Dammit, get out of our way." Inis na bigkas ni Ma'am habang hinahanap sa bag n'ya ang susi ata ng sasakyan because I can see her car few meters away.

"Rage." Nambabantang sambit ko sa pangalan ni Rage ng tila napako ang mga mata n'ya kay Ma'am.

Unti unting lumingon ito sa akin with a wide grin on his face saka ulit tiningnan si Ma'am na parang binuhusan ng malamig na tubig. Rage' reaction reflect hers the moment their eyes met.

"She's your professor, Zajei?" Hindi makapaniwalang tanong ni Rage na mas lalong ikinagulo ko.

I slowly nod my head while frowning my brows.

"Sakan'ya ka in love ngayon--"

"Shut the fvck up!" I irritably cut him off and send him death glares but he just lick his lower lip and cross his arms while looking directly at Ma'am Saviel.

"Looks like the divorce will be process as soon as possible." Nakangising batid ni Rage before tilting his head to the side. "Right, *Savi?*"

"Shut up, Reagan."

-----//-----
A:N: I really have second thoughts on publishing this chapter kasi parang masyado pang maaga but yeah, here it is.

Hope you like it!

Chapter 35

Zajei's POV

"Why the hell did you know each other?!" Sigaw ko while I'm on the road with Rage dahil hindi ko na nagawa pang sumama kay Ma'am.

She just literally grabbed Rage' arm at dinala ito sa kung saan tapos hindi na siya bumalik pa.

Si Rage nalang ang nagsabi sa'kin na sinundo na raw ito ng asawa n'ya which is partly true somehow dahil nakita ko nga ang aswang na sea creature na bitbit si Sven palabas ng bar.

Damn it.

Nakakainis kaya! Ang lakas manghila ni Ma'am kanina tapos iiwan din pala ako sa ere pagkatapos nilang mag-usap ni Rage.

"Reagan!"

"Easy, Zajei Loure." Natatawang bigkas nito habang abala sa pagd-drive. "Kaya pala familiar si crush mo, s'ya pala si Savi."

Inis na napahilamos ako sa aking mukha bago s'ya tingnan ng masama. "Can you just fvcking tell me why do you know her?"

"She's a good friend."

"Ayan lang?" Naninigurado kong tanong dahil bitin ako sa sagot n'ya. "Where did you met her?"

"California. . . Baka nakakalimutan mo kung ano ang apelyidong hawak n'ya bago s'ya nagpakasal sa asawa n'ya." He shrugged his shoulder and playfully looked at me. "Too bad, hindi mo s'ya nakilala noong nasa US ka pa edi sana wala s'yang asawa ngayon tapos *baka* ikaw pa ang girlfriend n'ya." He chuckled loudly reason for me to frustratedly slammed the dashboard.

"You moron! Hindi ka nakakatulong!"

"Hey ako nagbibigay ng info sa'yo!" Bwelta nito pero inirapan ko lang s'ya while trying to compose myself.

"*James.*" I mumbled under my breath at inalala kung ano ang koneksyon ng pamilya n'ya sa pamilya ko. Agad akong napasinghap nang maalala ko ang isang bagay. "Damn it!"

"Ano? You remember it now?"

Hindi ako nagsalita bagkus ay napasabunot lang ako sa sarili kong buhok.

Tangina, how can I ever forget that surname? Ayun ang katulong sa kaso na hinawakan ng grandparents ko before they died!

"Rape, frustrated murder and child abuse, plus smuggling. Atty. Hilda Corten handled one of the top mystery case in New York City together with Atty. Aviela James. Even the Great Prosecutor Saijen

Corten helped solving the mystery. To sum it up, as expected, they won. They leave a legacy but ended up lying in a coffin. . . Months after they won the case, their lifeless body found in their own office. Murderers left no trace behind---"

"Enough!" I screamed while holding both of my ear.

Slowly, my tears falls endlessly. My eyesight became blurry habang nakatingin ako sa kawalan.

That experience left a big scar on my mind. It left me a traumatic experience because I was the one who first saw their lifeless bodies. All of 'em. My grandparents are pinned of the wall, their hands are tied up and it looks like they made fun of 'em.

The autopsy showed na mula sa malayo sila binaril pero it also resulted that they tortured them first. Ang daming sugat sa katawan nila. Their bloods are scattered all over the room.

They assassinate them but they traumatized them first.

I saw in my own eyes how Atty. Aviela James hang on the wall with multiple gun shot. I clearly saw the exact place kung saan sila natagpuan na walang buhay.

I tried to forget that moment.

But I definitely can't.

I had several nightmares because of that kaya matapos ng burial ng grandparents ko ay agad akong iniuwi ng magulang ko sa Pilipinas. They didn't let me stay at our house in New York dahil paulit-ulit ko lang naaalala ang lahat.

I also remember seeing a psychologist to seek for help which results good things but it didn't help me overcome it all.

What I need that time is my parents but nah, ano pa nga bang aasahan ko sakanila? I always saw myself ended up with my grandparents at my father side kasama ni Uncle Vonny.

"Zajei, hey." Rage held my back which made me blink multiple times. "I-i'm sorry."

"It's fine. I'm good." Saad ko saka ako lumabas ng sasakyan dahil andito na pala kami sa lugar kung saan ko dinala si Ma'am noon.

"Ma'am Saviel is Atty. Aviela's daughter?" Nakakunot ang noo na tanong ko when he parked the car well. He nod his head while massaging his fist.

"She is."

"James family always visited us in NYC, bakit hindi ko man lang s'ya nakilala?" Naguguluhang tanong ko dahil malapit naman ang pamilya namin sa isa't isa.

I'm just wondering.

"Savi spend her college life in Europe, France to be specific." He looked at me before a teasing smile came up on his lips. "Kung sumama ka lang noon sa'kin sa France to visit her, edi sana kayo siguro ang kasal ngayon---"

"Stop it, Reagan!" I cut him off bago ako maglakad papunta sa race track.

Naalala ko dati, he asked me to come with him papunta sa France to visit her friend but I declined dahil mas gusto kong tumambay sa law firm. Then now, malalaman ko na si Ma'am pala ang friend n'ya na 'yon? Damn it.

Kung alam ko lang, edi sana noon palang pinakasalan ko na s'ya tutal legal sa France ang same sex marriage.

But, I'm still underage that time. Siguro papakasalan ko s'ya pero ipapasa ko yung mga papeles kapag nag-eighteen na ako para legal.

Pero teka nga, bakit ko ba iniisip 'yon eh kahit ano namang gawin ko hindi ko na mababago na kasal s'ya ngayon doon sa sea creature na aswang?

"Pero alam mo, nagtatampo ako kay Savi. I am her best friend! Bakit hindi man lang n'ya ako inimbita sa kasal n'ya? Heck! I don't even know na ikinasal pala s'ya kaya hindi ko alam na she's an Acozta now." I glared at him while clenching my jaw. "Pero pwede pa naman ulit s'yang magpakasal."

"Kapag hindi ka tumigil d'yan, sasagasaan kita." Pagbabanta ko while starting one of my motorbike's engine.

"Sayo naman s'ya magpapakasal, bunso." He teased pero inirapan ko lang s'ya at mabilis na pinasibad ang motor ko.

I really hate him!

Pinapaasa ako ng hayuff.

Asang asa na nga ako kay Ma'am kasi nag-I love you s'ya sa akin kanina tapos dadagdagan pa n'ya. Punyeta, minsan hindi rin nakakatuwa na sobrang supportive ng mga nakapaligid sa'yo kasi madedemonyo talaga yung utak mo.

"Zajei si Savi!!"

"Pakyu, Rage!" Sigaw ko while removing my helmet.

Nakailang ikot na ako at lahat pero hindi pa rin naaalis ang frustration sa sistema ko. Pakiramdam ko nga ay mas tumaas lang ang tensyon.

"I know what your family did to you." He says while offering me a bottled water na agad ko namang kinuha.

Bahagya akong napamaang sa sinabi n'ya but I just ended up shrugging my shoulders.

"Jei, bakit ka pumayag?" He asked like he was so disappointed. "Sav told me that you were engaged with that---uh, what's his name again? Ash Hikoz? Ile His--"

"Ice Hilton."

"Yeah, right. That Hilton guy." Sarkastikong umupo ito sa tabi ko habang hinihilot ang sintido n'ya. "Mahal ka naman pala ni Savi, pakasalan mo na. Ako na ang bahala sa divorce nila ni Seth basta ibahay

mo na agad iyong kaibigan ko. Hindi kana lugi do'n. Maganda, sexy, magaling magluto, matalino. Hindi nga lang s'ya mabait ng sobra pero maalaga naman 'yon tapos palaging mabango. Ang swerte nga ng mapapang-asawa ni Savi--"

"Can you stop calling her Savi? Naiirita ako." Putol ko sakan'ya bago s'ya irapan ng matalim.

"Why man ganon kumare?" Parang isang baklang tanong nito na muntik ko nang ikatawa.

Ghad! He really knows how to calm me down. Ibang iba s'ya kapag wala s'ya sa loob ng korte.

"It sounds like. . . *baby*." I whispered the last word before avoiding his gaze but later on, his loud laughter echoed.

"Damn it, Zajei! Sa'kin ka pa talaga magseselos?" Natatawang litanya nito na ikinasimangot ko. "Savi talaga ang tawag namin kay Saviel simula pa noon rather than Sav. Like you, she doesn't like that pet name pero wala rin naman s'yang nagawa."

"Namin? May iba pa kayong kaibigan?" Nagtatakang tanong ko na bahagya nitong ikinatigil.

He paused a bit before nodding his head.

"Yup. Si Yalei."

"Who's that?" He shrugged his shoulder bago ituon ang mga kamay sakan'yang likod for support.

"Liallé Aragon, Sav's best friend." Nanunuksong tiningnan ako nito bago tapikin ang aking kamay. "Gusto mo puntahan natin si Sav sa bahay nila? Itakas natin sa asawa n'ya."

"Dimwit." I rolled my eyes on him bago tumayo. "Make sure na hindi magagalaw ng magulang ko si Ma'am. I don't want her name to be involved with this mess."

He hissed before shooking his head. Itinaas n'ya rin ang index finger n'ya bago ngumiti ng nakakaloko. "Whether you like it or not, kasali na sa gulong 'to ang babaeng 'yon. Sav won't let you dive in this mess alone knowing that she loves you."

Agad akong pinamulahan ng mukha when he says that Ma'am loves me. Fvck shit naman kinikilig ako.

"But you know what? You can easily control everything in your own hands. Mas mayaman ka sa magulang mo, Zajei. Na sa'yo lahat ng assets ng grandparents mo idagdag pa ang pera mo sa stocks. . .You can even protect Saviel on your own. Huwag mong isipin ang gagawin ng magulang mo sakan'ya, mas makapangyarihan ka sakanila." He smiled devilishly before winking at me.

"They are still my parents, Rage." I said out of nowhere.

"But are they being one to you? They are manipulating your life. They always bring mess and chaos, Zj. . .So for once, choose your happiness over them. Stop obeying their bullshits." He pressed his lips together before sticking his tongue out. "In short, call off the engagement and make Saviel yours."

I chuckled at her remarks bago umiling-iling. "Too supportive, Rage. May I tell you, may asawa 'yon."

"You really care for her husband that much?"

"Not really because I know that Ma'am doesn't love him but. . . I care for her daughter." I lowered my head at pagak na ngumiti. "I've been on that situation kaya bakit ko ipaparanas 'yon kay Shanen?"

"Edi kunin mo 'yong loob noong bata. Sa isang araw na ang birthday n'ya hindi ba?" I nod my head as a response. "Sav invited me earlier kaya 'wag ka nang pumasok bukas sa university, hanap nalang tayo ng ireregalo sa anak n'ya."

"Tangina mo masisira ang future ko sayo." Himutok ko dahil s'ya pa ang nag-uudyok sa'kin na huwag pumasok.

"Zajei, inaayos ko nga ang future mo para kasama mo do'n yung mag-ina. Kahit naman hindi ka pumasok bukas okay lang kasi kahit hindi ka maka-graduate ay may company ka naman. Hayaan mo na muna 'yon. Isipin mo nalang ngayon kung paano mo makukuha si Sav."

"Teka nga!" I whined while frowning. "Bakit mo ba ako ipinagtutulakan kay Ma'am? Akala mo ba madali ang pinapagawa mo?"

"Oo. You made her fall in love with you might as well, make her yours, too." He let out a victorious smile na tila nanalo s'ya sa lotto. "If you just know Saviel, baka hindi mo na 'yon pakawalan."

"Diploma is what I need right now."

"Weh? You don't need Savi?"

"Sige, sama na rin natin s'ya."

"Marupok ang hinayupak." He mockingly says before getting his phone from his pocket. "Anong pangalan ng anak n'ya?"

"Shanen Sevrix." I shrugged and looked up to the sky.

Tuwing tumitingin ako sa night sky, si Ma'am ang pumapasok sa isip ko. I remember that she doesn't want the moon neither the sun, what she want is the sky.

Tuwing gabi rin kami madalas magharutan noon ni Ma'am. That always happen noong hindi pa kami masyadong close, yung time na sobrang cold n'ya pa, noong time na hindi pa s'ya ang gusto ko.

Hindi pa s'ya yung mahal ko.

Pero bobo pumana si Kupido. Kung hindi lang talaga ako mahal ni Ma'am, ako na ang papalit kay Cupid. Pwet n'ya ang papanain ko, putangina n'ya.

"Babae pala anak n'ya."

"Stupid." Mahinang komento ko.

As time goes by, napapansin ko na parang nakukuha ko na yung ibang expression ni Ma'am. Idiot, moron, stupid, name it. Parang lagi ko na rin yung nasasabi bukod sa pagbibigay puri sa kagandahan ko.

"Na-meet mo na ba 'to?" He asked out of a sudden at nang tingnan ko ang tinitingnan n'ya, I saw Shan's picture on his phone's screen.

"Where did you get that?" Naguguluhang tanong ko pero ipinakita n'ya lang ang convo nila ng investigator n'ya. "Lahat ba talaga ng gusto mong malaman nalalaman mo?" I curiously asked dahil parang kapag may ginusto s'ya, malalaman n'ya talaga.

He smiled mischievously before looking upwards na tila nag-iisip. "Maybe not all. Kasi kung nalalaman ko lahat ng gusto ko, why didn't I know that she likes me before it's too late?"

"What do you mean?"

"Dati kasi noong nasa law school pa ako, may naging crush ako. 2 years ko s'yang naging crush tapos as time goes by, it's fading because she have a boyfriend. Tapos noong totally na wala na, saka s'ya nakipag-break sa boyfriend n'ya and confessed that she likes me. . . Eh ayaw ko na no'n sakan'ya kasi firstly, wala ng thrill. Second, wala ng feelings. Ang tagal tagal n'ya eh kaya nagsawa ako." Isang malutong na tawa ang pinakawalan ko habang umiiling.

Tatanga-tanga talaga ang lalaking 'to.

He loves the thrill that much, eh.

"Bobo ka, Rage." I commented pero ngumisi lang ito at hindi na ako pinansin. He just keep on scrolling on his phone's screen.

"Ano ba ang gusto nitong anak ni Sav? Sabihin n'ya lang at ibibigay mo naman."

"Kapatid." Simpleng sagot ko na ikinatigil nito. He looks at me habang nakaawang ang mga labi na ikinangsi ko. "She want a little brother or li'l sister. . . . So, tell me, how can I give her that?" I arch my brow at him which made him gulped.

Kahit naman kasi ako ay hindi makapaniwala noong sinabi 'yan ni Shan. If it is material she was asking for, ibibigay ko talaga pero kapatid? Really? Saan ako kukuha ng sperm na ipuputok sa Mommy n'ya?

"Hoy Reagan magsalita ka d'yan. Ano? Na-stroke lang ang peg, Attorney?"

He glared at me for a second before turning his phone off. "Matalino ka di'ba?" Mas lalong tumaas ang kilay ko sa sinabi n'ya pero nanatiling seryoso ang ekspresyon nito. "Gamitin mo ang utak mo, buntisin mo ang Mommy n'ya."

"Tangina mo, nag-iisip ka ba?" Singhal ko na bahagya n'yang ikinapitlag.

"Oo, malamang! Ikaw na nga ang binibigyan ng tips."

"Yung mga tips mo hindi pang-abogado. Makakasuhan ako sa mga ibinibigay mong payo, tangina ka." Tumataas ang boses na sumbat ko pero inirapan lang ko ng lalaki.

"Eh kasi naman Zajei, I just want you to be happy."

"Breaking someone's family will never make me happy, Reagan." Mariing saad ko bago tumayo.

Akmang maglalakad na ako paalis nang naramdaman kong sumunod ito sa akin. Marahang inakbayan ako nito bago ihilig ang ulo n'ya sa'kin.

"Is that what you're afraid of?" I nod my head. Ayaw ko naman talagang makasira ng pamilya, ever.

"Maghihiwalay din ang dalawang 'yon, trust me."

"Wala akong pakialam. Ayaw kong masaktan si Shan."

"Hindi ko pa nam-meet ang anak ni Savi but I can say na matalino 'yon just like her mother." He stated which I definitely agreed. "Matalino si Shanen kaya maiintindihan n'ya kung ipaglalaban mo ang Mommy n'ya. . . Because Zj, even since Atty. Aviela's death occurred, Saviel's attitude got worst. She became aloof and snob. Although ganoon naman talaga s'ya but it just became worst. Hindi rin s'ya palangiti but trust me, madali lang s'yang pasayahin. A simple things or greet can make her happy even if she's not that showy. . . and I can also tell that she loves you. Tipsy man s'ya kanina pero alam kong alam n'ya ang sinasabi n'ya. Hindi 'yon katulad mo na mabilis malasing. She also have one word. Kapag may sinabi s'ya, gagawin n'ya. Kapag sinabi n'yang mahal ka n'ya, ihanda mo ang sarili mong matali sa kama--"

"Rage!" Namumulang putol ko bago umiwas ng tingin.

Images of I and Ma'am Saviel on the bed with intimate contact makes my body react on different sensation. It brings unknown feelings that is unfamiliar to me but one thing I am sure of is, I am feeling the need of wanting her.

"Kung hindi mo kayang ibigay ang hinihingi ni Shanen na kapatid," he paused before he looks at me na parang dapat alam ko na ang ibig n'yang sabihin.

I gulped.

If I can't give her a sibling, bibigyan ko s'ya ng kalaro.

Something she won't forget.

Saka ko na s'ya bibigyan ng kapatid sa'kin, ibibigay ko muna sakan'ya ang bagay na sure akong ikakagalit ni Ma'am.

....

"Ang ganda."

"I know." I flipped my hair before winking at Rage.

Isang nandidiring tingin ang iginawad n'ya sa akin saka nagpatuloy sa pagtingin ng mga pets.

"Jei, look," he pointed something on my right kaya wala sa sariling napatingin ako rito. "Ang ganda di'ba? Baka pwedeng ayon nalang ang iuwi natin." He smiled cutely at me pero inirapan ko lang s'ya at nilampasan.

"Kung gusto mong buhayin tayong dalawa ng kaibigan mo, 'wag mo 'kong idamay sa kalandian mo." Paano ba naman, gusto n'yang iuwi namin ang sales clerk.

Jusko, kung alam lang n'ya kung gaano kaselosa ang kaibigan n'ya, ewan ko nalang. Baka si Ma'am ang magbaon sa amin sa hukay kapag nalaman no'n na may iniuwi akong babae.

"Pero really, ang ganda n'ya. Tapos 'yong katabi n'ya ang gwapo, ha."

"I don't care." Mariing saad ko bago lumapit sa isang babae which I think is the owner of this pet shop.

Gaya kasi nang sinabi ni Rage kagabi, hindi ako pumasok sa university. Tangina tatlong araw na akong absent pero babawi nalang ako next time. For sure nagr-review nalang sila for finals at projects making.

"Yes? What can I do for you?"

"Do---"

"May ahas ba kayong tinda, Ate?" Singit ni Rage na bigla nalang sumulpot sa tabi ko.

I glared at him but he just playfully wink at me.

"Ahas po? Anong type po ba ang gusto n'yo?" Inosenteng tanong ni Ate na para bang namamangha pa sa mukha ni Rage.

Natutulala ba naman.

"Yung marunong po sana mang-ahas ng may asawa. Kailangan lang po talaga namin 'yon para sa ikauusad ng love life ng kaibigan ko."

"Damn it. Shut up!" Singhal ko sa deputang abogadong 'to bago s'ya padalhan ng mga nagbabantang tingin. I turned my gazes at the woman which is suppressing her smiles. I cleared my throat to have her attention na malugod naman n'yang ibinigay.

"Can I see the dogs?" Seryosong tanong ko na tinanguan naman n'ya. Matamang nakasunod lang kami sakan'ya ni Rage habang gumagala ang tingin ko sa loob ng pet shop.

Pang-ilan na 'to sa napuntahan namin dahil walang pumapasa sa standards ko. Actually, I don't have any standards, wala lang talaga akong nagugustuhan.

"This is our dog corner. . ." Marami pa itong sinabi pero hindi ko na napakinggan pa when my eyes got fix on the two white puppy that are peacefully sleeping.

Naaliw na lumakad ako papalapit dito at may pag-iingat na hinaplos ang kanilang ulo. I smiled when the puppies open their eyes and rubbed their cute head at my palms.

Agad akong napahagikhik when the cute little one lick my hands saka ito tumahol.

I turned my attention at Rage na ngayon ay nakatayo sa likuran ko katabi noong babae na owner.

"Looks like you already choose that cuties?" Nakangiting tanong ni Rage na agad kong tinanguan.

"That is one month-old Samoyed puppies, Ma'am."

"What's the gender?"

"Girl po ang nasa kanan n'yo tapos boy po kaliwa. They are twins po." My eyes twinkles when I heard her answer. I also asked her to bring the puppies outside their cage at nang makaalpas ang mga aso, agad itong tumakbo papunta sa akin.

"Hello there, babies." I said in my small voice while petting them. Inamoy amoy ko ito and luckily, they

smells good. They're also soft and huggable.

I wanna take them home.

"I'll take them." Nakangiting pahayag ko habang nakatuon ang atensyon sa aso na nasa kanlungan ko. "Can I take them with me today?"

"Opo, Ma'am. Aayusin ko lang po ang papers." Agad na nagpaalam ang babae leaving me and Rage alone together with this little whitey.

"What will be their name, Zj?" Tanong ni Rage habang hinahaplos nito ang mga aso na nakapikit sa lap ko.

"I don't know. I'll let Shan to give their names dahil magiging sakan'ya naman 'to." I shrugged my shoulders at muling hinalikan ang aso.

Nalaman ko naman kasi na kakatapos palang paliguan ang mga aso na 'to at ako pa lang ang unang customer na lumapit sakanila kaya okay lang. Hindi rin naman ako maarte pagdating sa mga hayop dahil maraming nakapaligid sa akin na ganon.

Nangunguna na ang mga kaibigan ko at si Rage.

Charot.

"You'll buy that two?"

Bahagya akong napatingin sa kandungan ko kung saan nakaunan ang mga aso saka ako ngumiti. "Yeah."

"Ang mahal n'yan. Alam mo namang it is rare to find identical twin puppy--"

"It's not a problem. I'll take them both." Nakakunot ang noo na binalingan ko s'ya bago buhatin ang dalawang aso.

Nakangising umiling si Rage at para bang wala na s'yang magagawa sa tinging ipunupukol n'ya.

"Balak mong ibigay parehas 'yan kay Shan?" Makaraa'y tanong n'ya na agad kong tinanguan. "Are you serious?! Goodness Zajei, malalagot tayong dalawa kay Saviel knowing that, that puppies are the most expensive one."

"Oh?" Bored na tinaasan ko s'ya ng kilay bago sumandal sa upuan at nakipaglaro sa mga aso. "Kay Shan ko naman 'to ibibigay hindi kay Ma'am."

"Ewan ko sa'yo!"

"Bye." Nakangising nakasunod ang tingin ko rito when he left me behind at nagtungo sa kung saan.

It's not a problem tho dahil babalik din naman s'ya.

Malayang nakikipaglaro lang ako sa mga aso habang iniintay yung owner na hindi rin naman nagtagal ay bumalik na. Even Rage came back pero may hawak na itong hamster.

"You'll buy that?" Curious na tanong ko habang tinitingnan ang mga papeles.

"Oo? Cute naman 'tong parrot ko." He smiled at the animal na ikinasalubong ng mga kilay ko.

"Parrot? Hamster 'yan, Rage. Bobo ka ba?" Nakairap na batid ko na parang pinaparating sakan'ya na ang bobo n'ya.

"Parrot pangalan n'ya. Ikaw ang bobo."

"Putangina mo." Bored na balik ko bago pumirma. I turned my gazes at the woman at my sides saka nito iniabot ang last paper kung saan nakalagay ang presyo.

"254,300 pesos?!!" Nagugulantang na bulaslas ni Rage na nakahakot sa ilang atensyon ng mga nakapaligid sa amin dahil may dalawang staffs na inaayos yung dalawang puppy. "Anong klaseng aso 'yan? Gold?"

"Shut it, Rage."

Supladong umalis ito at pumunta sa pinuntahan n'ya kanina habang inilalabas ko naman ang cheque book ko dahil kulang ang cash na dala ko ngayon. Ayaw ko namang ipacredit dahil masyadong malaki ang amount.

"Here." Simpleng nginitian ko ang nakangiting babae sa tabi ko bago iabot ang cheque. Nakangiting tinanggap n'ya ito bago ibinigay sa'kin ang isang note para sa mga kailangan ng puppies at yung sa vet para sa check ups nila.

Hindi na ako nagtagal pa sa loob dahil agad rin akong lumabas after doing what should I do. Katulong ko rin sa pagdadala ng mga puppy si Rage na hindi na binili pa ang hamster na hawak n'ya kanina.

"Why didn't you buy the hamster?" I asked right after we left the place.

"Baka katayin ako ni Savi kapag nakita n'ya akong may hamster."

"Why?"

"She hates it." Mahinang tumawa ito saka ako mabilis na nilingon. "Takot 'yon sa hamster kahit na napakasuplada ng babaeng 'yon."

Isang mapaglarong ngisi ang kumurba sa labi ko habang nakadungaw sa bintana. I didn't know that she's afraid to that cuties. I mean, okay lang naman na takot s'ya kasi kahit ako naman may kinatatakutan pero I didn't expect na sa hamster talaga.

I chuckled mentally.

"Rage, turn over. Let's go sa mall." I smirk in mischievous way nang nagtatakang sinunod nito ang sinabi ko.

Pagkarating namin ay hindi ko na s'ya pinababa pa dahil walang kasama ang mga babies ko sa kotse kaya doon nalang s'ya.

Agad akong nagtungo sa pwedeng bilhan ng mga stuff toys at agad akong napangiti when I saw the one I was looking for.

Si Shan ang may birthday bukas pero pati sa Mommy n'ya may regalo ako.

Napakabait ko talaga.

"Love, I want that!" Rinig kong saad noong isang babae in a bossy way. Mukhang mag-jowa sila noong boy na kasama n'ya dahil bukod sa sobra ang pagkakadikit ng mga katawan nila, yung endearment din na ginamit noong girl.

Nang marealize ko na nag-iisa nalang iyong hamster na fluffy ay agad ko itong kinuha at nagtungo sa counter.

I smirk.

Rinig na rinig ko kasi ang bangayan noong mag-jowa. Taena noong babae parang mamamatay kung hindi makukuha ang stuff toy na 'to. Ang dami dami pang iba roon na medyo naiba lang ang design pero ito talaga ang pinuntirya.

Sorry nalang sila, kay Mommy Sav 'to.

Ngiting wagas akong naglakad pabalik sa parking lot habang hawak ang paper bag na naglalaman ng hamster na pwedeng yakapin sa gabi.

It is not actually just a simple fluffy stuff toy dahil pwede s'yang gawing pillow. Ang cute nga eh pero feeling ko talaga ay magagalit sa'kin si Ma'am dahil dito.

Paano ba naman, kahit cute iyong stuff toy ay parang nang-aasar ang mukha.

I chuckled under my breath.

I miss her already.

Kung pwede ko nga lang ibulsa si Ma'am ay ginawa ko na kaso may kung anong pumipigil sa akin. Ayaw ko pa. Hindi talaga ako ready maging kabet knowing that our feelings our. . .*mutual.*

Tuwing iniisip ko talaga iyong confession n'ya ay parang tumatalon-talon yung maharot kong puso. Tila may nagrarambulan din sa sistema ko because her confession was so impromptu. Para ngang laging wala sa timing kung umamin kami sa isa't isa.

"Sa wakas nakabalik ka rin. Akala ko hindi kana babalik." OA na hatid ni Rage the moment I open the passenger seat.

"Wala pa akong thirty minutes nawawala miss mo agad ako." I mocked but he just rolled his eyes at pinasibad na paalis sa mall vicinity ang sasakyan.

"Saan kita ihahatid mahal na prinsesa?" Mababakas ang sarkasmo sa boses n'ya na palihim kong ikinatawa.

"Sa misis ko."

"Anaconda."

"Ganda kong ahas."

"Bulok ka naman mang-gapang."

"Gapangin ko bukas si Ma'am."

"Scam." Minsan talaga nakakapagod makipag-usap kay Rage dahil lagi kaming may sagot sa isa't isa.

Wala eh, pride ang usapan kapag nagtatalo kaming dalawa kahit maliit na bagay pa 'yan.

"Kung gusto mong gapangin si Sav. ." Sa ngiti na nasa labi ni Rage ay alam ko nang kagaguhan ang susunod n'yang sasabihin. "May posas ako. Papahiram ko sayo."

"Iposas ko s'ya sa kama?" Sabay ko sa trip nito na ikinahalakhak n'ya.

"Baka ikaw ang iposas no'n. Mukha pa namang wild si Saviel."

I glared at him because I felt like I should. Ayaw ko sa tono n'ya. Feeling ko may sasabihin na naman s'yang hindi ko magugustuhan.

"S'ya may anak na. Ikaw wala pa. Anong binatbat mo ngayon eh virgin ka?" Halos bumuga ako ng apoy sa sinabi ni Rage na sinundan pa ng parang demonyo na tawa n'ya.

Tama naman s'ya. Virgin pa rin ako kahit minsan ay parang hindi. Mukha lang talaga akong manyak pero virgin pa ang katawan ko pero yung utak ko hindi na.

Dzuh! May kaibigan akong mga lalaki. I like bar hopping. I once like making out with strangers dati but I never did taking myself at the bed with someone else.

But I watch some x-rated films because of my friends. May time pa nga na sabay sabay kaming nanood no'n kasama ang mga kafling nila kaya ang ending, umalis ako because I felt uncomfortable.

Hindi man kapani-paniwala pero conservative ako. I want my first love to be my first or rather, I want my partner for life to be my first.

"Ano na? Kailangan mo na ba ng mga tips about different positions? I can recommend you some books or you can watch naman---"

"Shut up." Namumulang putol ko sakan'ya saka ako dali daling bumaba ng kotse at kinuha ang mga puppies. Natatawang sumunod naman si Rage saka kami pumasok sa building ng condo ko dahil dito ko napiling mag-stay for today. Masyado ko nang nagugulo ang buhay ni Rage, kailangan n'ya ring mag-enjoy kahit na nabubwisit ako.

"Iiwan na kita rito? Sure ka?" Naniniguradong tanong nito habang sinisingkitan ako ng mga mata.

"Oo ngaaa!"

"Baka mamaya manood ka ng porn d'yan ha!"

"Reagan, isa kang malaking PUTANGINA!!" Inis na inihagis ko sa direksyon n'ya ang throw pillow habang pinagmamasdan kong matulog ang mga aso. "Lumayas ka na nga! Punyeta ka!"

"Okay, okay, chill." Tumatawang itinaas nito ang dalawang kamay bago kunin ang cellphone na tumunog.

His lips formed a teasing smile ng muli s'yang nagbaling ng tingin sa akin. Seryosong tinaasan ko lang s'ya ng kilay dahil hinihintay ko ang sasabihin n'ya.

"I'm going now. I'll see my hot gorgeous girl friends na ang isa ay pinagnanasahan mo." I already get what he meant kaya isang matalim na irap ang iginawad ko sakan'ya.

"Umalis kana."

"Okay. Just beep mo okay? One call away lang ako pero si Savi one kulbit away lang 'yon at magkakaanak na kayo--"

"Fvck you, Reagan!!!!" Bulyaw ko at bago ko pa maihagis ang hawak kong hydro flask sakan'ya ay mabilis na nitong nilisan ang condo ko.

Tangina, self kalma. Yung ganda ko masyadong nas-stress.

I went to the kitchen to drink a glass of water to calm myself down hanggang sa napasapo ako sa aking noo.

May asthma nga pala si Shan tapos aso ang ibibigay ko?

Ang tanga.

Nanglalambot na tinawagan ko ang tatay ng kambal na doctor din at itinanong ang record ni Shan sa hospital namin. He's working there so I know that he can look for what I am asking. Kung tutuusin ay pwede ko namang kay Mommy itanong pero ayoko nga.

Kung sila ay nagpapatawad pwes ako rin pero saka nalang.

Nang malaman ko ang record ni Shan ay napanatag na ang loob ko dahil hindi naman na raw masyadong malala basta hindi mae-expose palagi sa mga aso. Wala rin naman daw allergy sa hayop iyong bata kaya naiisip ko na baka immune na s'ya kasi hayop na nga si Sven tapos lamang-dagat pa ang tatay n'ya.

I sighed and turn around to see the dogs. Mataman pa akong napangiti nang makitang natutulog na sila kaya dumiretso na lamang ako sa kwarto ko at naligo matapos lakasan ang aircon kung nasaan iyong mga aso.

Kumurap-kurap ako.

Miss na ata ako ng mag-ina ko.

...

"Ate Zajeii!!!" Isang malakas at tila excited na sigaw ang bumungad sa akin pagkapasok ko sa gate ni Ma'am.

Mula sa kinatatayuan ko ay kitang kita ko na ang pool n'ya sa may gilid papunta sa backyard. I think, doon inayos ang party ni Shan na ngayon ay tumatakbo papalapit sa akin.

Agad ko itong binuhat the moment she came in front of me saka ito pinupog ng halik. Ngiting ngiti s'ya at mahinang tumatawa kaya hindi ko mapigilan ang malawak na ngiti sa labi ko.

"Happy birthday to my babyyy!" I greeted happily while she's carresing my cheeks.

Tila nakita kong ngumiti si Ma'am sa way ng pagkakangiti ni Shan because they really have the same eyes na nakuha ni Shan kapag tumatawa ang Mommy n'ya.

"Thank you, Ate." She smiled and then she kissed all over my face before she pulled out at nag-pout. Nakangiting tinaasan ko s'ya ng kilay pero mas lalo lang itong ngumuso at nagsumiksik sa akin. "I thought you wouldn't come po and you forgot my birthday." Malungkot na aniya which made me chuckled.

"How can I forget my baby's birthday, hm?" Malambing na bulong ko habang maingay na hinahaplos ang likod n'ya.

Nang tumingin ako sa paligid ay nakita kong nasa amin ang atensyon. I smiled at my friends when I saw them at one of the table na ngayon ay parang tangang kumakaway. I playfully winked at them bago ko tingnan ang babaeng papalapit sa amin ni Shan kasunod ang asawa n'ya.

I hissed in silent.

Ang ganda n'ya kasi.

"We're glad you came, Zajei. Kanina ka pa hinihintay ng prinsesa." Kuya Seth utter na nginitian ko lang.

Hindi ko muna s'ya lalaitin ngayon kasi birthday ng anak n'ya. Respeto na rin sa mga pagkaing nakahanda na sila ang nagbayad.

"Happy birthday to you! Happy birthday to you! Happy birthday, happy birthday! Walang jowa si Zajei!!"

Agad kaming napapitlag when someone shouted. Maging si Shan na nakayakap lang sa akin ay halos mapalundag sa lakas ng boses ni Rage.

"What a good entrance, Rage." Sarkastikong wika ni Ma'am bago lapitan ang bagong dating.

I frowned when I saw them murmuring some things kaya nagtataka ko silang pinasadahan ng tingin.

Bakit ako noong dumating hindi s'ya bumulong at tumabi sa'kin? Tapos ngayong dumating si Rage ganyan ang gagawin n'ya?

Tanginang pagmamahal naman 'yan Saviel, nakakamatay sa sakit.

De joke lang. Ni-try ko lang magdrama.

"If looks can kill, baka kanina pa pinaglalamayan 'yong dalawa." Ny attention diverted to the man who spoke na ngayon ay naka-cross arms kaya halatang halata ang mga biceps nito. Nasa tabi naman n'ya ngayon si Uncle Vonny na nakangisi lang at tahimik na kumakain ng shanghai.

"Reagan." Tawag ko sa atensyon ni Rage dahil hindi pa rin sila tapos mag-usap ni Ma'am.

Rude na kung rude pero nagseselos ako, damn it.

I know that I shouldn't act this way pero ang hirap. Hindi ko naman alam na selosa pala ako dahil wala naman akong pakialam dati kung may haharot sa mga type ko pero ngayon? Tangina ang sarap ibaon ni

Rage ten feet below the ground.

"Yes, master?"

"Can you get my gift for Shan?" Akala ko ay aangal ang hinayupak na abogado pero kabaligtaran ang nangyari. Instead, he just raised his brow which I did the same saka ito tumalikod at nagpaalam muna kay Ma'am.

The moment Rage turned his back, nakangising humarap sa akin si Ma'am na inirapan ko lang. She was about to went near me nang naglakad ako palayo at nagpaalam kina Uncle na susundan ko si Rage.

"Nga pala Zajei," I arch my brow while waiting for Reagan's statement. Ang seryoso kasi n'ya habang nakatingin sa akin kaya sana lang ay may kwenta ang sasabihin n'ya. "Paabot ako ng apple."

"Putangina."

"Zajei Loure." Huminga ako ng malalim para hindi makawala sa aking bibig ang mga mura na naka-reserve sa abogadong baldado.

Labag sa loob na humiwalay ako kay Ma'am at nagtungo sa snack area ng hospital room. I looked for an apple saka ito hinugasan at hiniwa. Nang ibigay ko ito kay Rage ay kakalahati nalang dahil naubos ko na ang kalahati.

"Ang unti naman nito." Reklamo n'ya na ikinairap ko.

Demanding ang hayop.

"Oh." I handed him the basket of fruits saka ang kutsilyo. Muli akong bumalik sa pagkakasalmpak sa couch kung nasaan si Ma'am na ngayon ay busy na naman sa phone n'ya.

"Who are you texting at?" Nakataas ang isang kilay na tanong ko. Bahagya pa itong nagulat but she really knows how to deal with herself because I just saw her shooking her head while placing her phone at the side.

"Work. You wanna eat something?" I shook my head as an answer bago umupo sa tabi n'ya.

Malalim ang iniisip ko while I'm playing with my fingers. Dapat ko nang paganahin ang utak ko dahil baka mamatay nalang ako bigla kung hindi.

"Where are you going, Sav?" Umangat ang aking tingin when I heard Rage voice followed by my seatmate movements.

Tumayo ito mula sa pagkakaupo. "Cr lang ako." Rage and I nodded in unison bago ako humiga ng

maayos sa couch.

Matagal mag-cr si Ma'am. Siguro it'll take around ten minutes bago s'ya makalabas.

Ang bait kong girlfriend, pati pagbabanyo n'ya kalkulado ko ang oras.

But it's creepy at the same time.

"Don't you think it is the right time to tell her?"

"Tell her what?" Lutang na balik ko sakan'ya dahil gaya nga ng sinasabi ko kanina, malalim ang iniisip ko.

Looks like the danger is following me everywhere na pati ang mga nakapaligid sa'kin ay nadadamay.

"About you know, the stalkers." My eyes squinted but I just remained silent and composed. "You didn't know how good Saviel is when it comes to hacking. S'ya yung nagturo sa'kin."

"I don't want her involve. Baka mapahamak s'ya." Plantyadong batid ko saka inilagay ang braso sa aking mga mata at pumikit.

I did everything to save her from my parents. Alam kong hindi na s'ya matatanggal sa architectural firm dahil ako na yung may kontrol do'n. Ang problema ko nalang ngayon ay kung paano s'ya maililigtas kung may makakaalam ng relationship namin.

As far as I know, teacher to student relationship is still forbidden.

"You don't know your girlfriend, Zj. Also, she deserve to know everything. After all, she's your partner. Wala ka naman sigurong balak itago kay Saviel?"

"Itago ang ano?"

"Yung hamster---ay shit!" Agad akong napaupo at namumutla na napatingin sa babaeng nakasandal sa may pader ng cr. She's coldly staring at us but there's confusion to be seen.

Wala sa sariling napahilamos ako sa aking mukha at tumungo. I place my elbow at my knees saka itinukod ang aking noo.

I'm torn between saying everything to her or not.

Mas marami kasing nakakaalam, mas delikado.

"Zajei." Rage called na ikinalingon ko. Kumpyansang tumango ito bago n'ya paupuin si Sav sa upuan katabi ng kama n'ya.

I didn't know how many times I gulp and sigh. Unti unti na ring namumuo ang pawis sa noo ko habang nakikipagtalo sa sarili.

"Alam kong hot si Zajei kapag seryoso pero please lang Saviel James, stop eye raping her. Kulang nalang hubaran mo s'ya sa ganyang titig." Hindi ko napigilang lingunin yung dalawa na ngayon ay magkatitig.

Salubong ang kilay ni Ma'am samantalang malawak ang ngisi ni Reagan.

"What? Tatanggi ka?" Nanghahamong tanong ng lalake pero ngumisi lamang si Ma'am at sumandal sa upuan n'ya.

She looked at me with tension and admiration on her eyes plus that seductive grin. "I wouldn't. You can't blame me though." She lick her lower lip bago ako nang-aasar na pinasadahan ng tingin. "My girlfriend is hot with my clothes."

My face automatically covered with crimson red. Sobrang init ng mukha ko tapos idagdag pa ang ngiti na pumawi sa nararamdaman kong tensyon kanina.

Ang rupok ko talaga.

"Ang landi, Sav." Rage chuckled before he looked at me. "Pero you're right. Zajei is hot----fvck! What did I do to you?!"

My lopsided smile grew bigger when my girlfriend hit Rage out of the blue.

"Don't look at her like that. Tatanggalin ko 'yang mata mo." Pagbabanta n'ya na lihim kong ikinatawa.

Possesive as ever.

"What? Ang damot mo, ha! Titingnan ko lang naman, hindi ko bubuntusin." Sa nagiging takbo ng asaran nila ay hindi ko alam kung makakalabas pa ba si Rage ng buhay.

Mas lalo n'yang pinipikon 'yong isa eh alam n'ya namang mabilis mainis si Ma'am.

But, maybe my hunches are wrong dahil imbis na inis ang makita ko sa mukha ni Sav ay isang mapaglaro ngunit nakakakilabot na ngiti ang kaniyang iginawad kay Rage.

I'm sure that smiles send chills on my spine.

"Bubuntusin mo? How can you do that eh baog ka?" Tuluyang nawala ang tensyon sa buong sistema ko ng tuluyan akong humagalpak sa tawa.

Seeing them annoying each other makes me want to watch them all day long. Kahit pikon kasi si Ma'am ay napakalakas mang-asar at ang galing n'ya ring i-caught off guard si Rage. Lagi ba namang laglag ang panga kapag humirit na s'ya.

"Damn. I hate you! Huwag sana kayong magkatuluyan ni Zajeishshdhshhshshd!!! Sabi ko nga may poreber sainyo, haha." Awkward na tumawa si Rage ng sabay namin s'yang batuhin ni Ma'am.

Si Ma'am binato s'ya ng alcohol while I threw the pillow. Ang pangit ba naman ng lumalabas sa bunganga n'ya.

"You're changing the topic. Tell me right now what are you two hiding?" Pagbabalik ni Ma'am sa usapan kanina pero ngayon, I'm at ease na. Hindi katulad kanina na parang sasabog ako while battling with myself.

"Months ago after Kaios and I broke up, may napapansin akong sumusunod sa'kin o satin." I paused and pressed my hands together. "I first felt it on the Batanes trip and then in the university because of the

vibes it gives me. Kapag naman nasa labas ako ng univ premises, I can feel someone's with me. I know that it is not just me because I know that you also have a hunch about it." Habang litanya ko ng hindi iniaalis ang mga mata sakan'ya.

Ilang beses ko na kasi s'yang nakasama tapos may sumusunod samin na mostly ay kapag lumalabas kami ng university. Hindi naman kasi s'ya tanga para hindi mapansin 'yon. Idagdag pa na alam n'ya yung nangyari sa Batanes dahil s'ya ang kasama ko noong dalawang beses na nagbato ako ng kutsilyo.

Sandaling naging malamig ang mga mata n'ya pero agad din s'yang tumango. "You mean, you have stalker?"

"Stalkers, Sav. Plural form kaya may S." Pagc-correct ni Rage habang kumakain ito ng mga prutas.

"What else?" Pambabalewala n'ya kay Reagan dahil hindi man lang naalis ang tingin nito sa'kin.

"Six stalkers, Ma'am." I gesture my fingers saka ako umayos ng upo.

"Name them."

"Phineas and Ferb. Si Kaios at yung tatlo naman ay hindi namin kilala." I stated. Hinihintay kong magbago ang ekspresyon sa mga mata n'ya pero nanatili itong malamig at seryoso.

She's good in dealing with this, eh.

Ang compose n'ya masyado pero ang hot, gagi. Ang sarap nalang n'yang iuwi sa bahay tapos do'n nalang ulit kami.

Ihahanda ko na ang tali at whipped cream ko.

Pake ko naman dito kay Rage eh hindi naman 'to mamamatay kung iiwan namin. Maganda naman ang security dito tapos kung may mangyari mang masama sakanya, madali na kasi nasa hospital na s'ya.

"Mmmm, Rage, take over." Pansin ko kay Reagan na natigilan sa pagkain. I nod my head to him while I am checking my phone.

I immediately check my inbox but I felt the colors on my face slowly draining.

Chills and shivers are running on my spine.

Damn it.

From Unknown:
Be careful to whom you are with.

Bumigat ang aking paghinga bago ko lihim na pinagmasdan ang dalawang kasama ko.

I decided not to mind the message but I take a screenshot of it and move it to private safe.

Itatago ko na sanang muli ang phone ko when it beeps again.

It is a new message but from different number.

From Unknown:
Take care, always.
I got ur back, tho.

Just who the hell are they?

...

"Are you okay?"

"Yeah." Simpleng sagot ko habang nasa unahan ang atensyon dahil nagd-drive ako.

We are currently on our way to Reagan's house dahil ipapakita ko sakan'ya yung pictures ng mga stalkers ko.

At first, ayaw ko talagang pumayag pero wala na akong nagawa nang mauna na s'yang maglakad palabas dahil aksidenteng nasabi ni Rage kung saan.

"You've been silent. What's wrong?" She squeeze my hand na nakasiklop sakan'ya pero ngumiti lamang ako at umiling.

I admit, that text bothers the hell out of me. I tried to contact and trace it earlier noong busy pa sa pag-uusap si Ma'am at Rage pero out of coverage na.

Tangina, bumili pa sila ng sim para itext ako. Sayang yung forty at yung free load no'n, sana naman inubos muna nila or binigay nalang nila sa'kin.

"Let's go?" She nodded as I guide her to went out of the car. Ako na rin ang nagbukas ng bahay ni Rage saka s'ya iginiya papunta sa isang room.

"This," she pointed a picture of someone riding a motorbike. "Is this one of your stalker?"

I nodded while hugging her at the back.

I don't know but behind all my confusion and dark thoughts, I find comfort on her presence and warmth. In just a snap, she can remove all my doubts.

Ilang minuto kaming nakatayo sa tapat ng dart board kung saan lahat idinikit ni Rage ang mga pictures na nakukuha n'ya. Yung mga documents naman ay nasa mga cabinet at folders.

"I once saw that person following me. This past few days, lagi s'yang nakasunod tuwing lumalabas ako ng gabi. Minsan, may ilan pang sumusunod pero lahat naka-kotse na. Ang bilis ngang magpatakbo no'ng isa."

"Why are you going outside during night?" Unti unti s'yang humarap sa akin na nakakunot ang noo. "You know that your surroundings are too dangerous but you still obey your stubbornness."

I let out a soft chuckles while staring at her. "I need to go out during night. Sa company ako natutulog."

Partly true, though. Noong umiiwas ako sakan'ya, I did everything to put my attention on different things. Kapag kasi wala akong ginagawa, gusto ko nalang s'yang puntahan sa bahay n'ya.

Two weeks kaya akong nagdrama kaya na-stress yung ganda ko.

"Did they do anything to hurt nor harm you?" I shook my head.

I think, she don't need to know yung nangyari noong barilan when I tortured two men.

"Really, huh?" Her eyes were fixed on mine filled with doubts and undefined emotion.

"Really."

"Then care to explain why your shoulder was bleeding on that night?" I frown my forehead when I didn't get what she meant. "On the bar. . . Ring a bell now?" Malditang tanong nito na ikinaismid ko.

Ang bilis talagang magpalit ng mood.

"Wala 'yon. Nakipag-sparing lang ako kay Rage that day." Pagsisinungaling ko pa dahil ayaw ko talagang malaman n'ya yung about sa torture thingy.

Nasa limang minuto s'yang nakatitig sa'kin na pilit kong nilabanan dahil shet, bukod sa naiilang ako, I'm getting turn on.

Tangina, ang manyak ko na.

"Okay."

"Okay what?" Naguguluhang tanong ko pero nagkibit balikat lamang ito at yumakap sa'kin.

"Do you trust me?" She asked out of a sudden while we are hugging each other. Iniangat nito ang kaniyang tingin kaya tumango ako at matamis s'yang nginitian.

"Of course, I do."

"Do you trust Rage?" This time, muling nagsalubong ang kilay ko.

"Of course." I answer with a duh tone.

"Didn't you question it why he's with Seth and Kuya Vauh when he wasn't on the party last night?" Her question caught me off guard.

Oo nga pala. Sabi n'ya nga pala sa'kin ay busy s'ya kaya hindi s'ya pupunta pero sabi n'ya naman kanina ay pagkagaling nila sa party kagabi, nag-inom sila.

"Make sense?" Monotone na tanong nito na unti unti kong tinanguan.

It really makes sense.

"Naguguluhan ako." I verbalize what I feel saka ako bumitaw sa yakap ko sakan'ya. I walked towards the stool at umupo rito.

Akmang magbubukas ako ng alak nang tapikin nito ang kamay ko at taasan ako ng kilay.

Okay, retreat. Ayaw akong payagan uminom ni Mommy Sav.

"I asked Rage about that earlier. . . But looks like you weren't listening because you haven't any clue about what I am talking about." She rolled her eyes in awe na parang sinasabi na ang tanga ko.

De joke lang.

"Hm, what did he say about it?"

Seriously, I am so serious now pero hindi talaga ako na-aamaze sa sarili ko ngayon. I mean, yes, maganda ako lagi pero naguguluhan talaga ako. Parang more on natatawa ako ngayon sa sarili ko dahil hindi bagay ang magandang si Zajei Loure sa ganitong sitwasyon.

Ang bait bait ko tapos ang humble kong tao pero maaga lang akong tatanda dahil sa mga putanginang stalker ko.

"He followed you as what he said. He decided to watch you from afar and observe all the people around you. Yun nga lang daw, may nakita s'yang maganda kaya nauna na s'yang umalis sa party after we leave kaya mas nauna s'yang pumunta sa bar kung saan sila nag-inom nina Seth." Mahabang saad nito na ikinairap ko.

Napakarupok talaga ng abogadong 'yon pagdating sa maganda.

I remained silent while staring at her left hand, specifically sa ring finger n'ya kung saan nakalagay ang singsing na ibinigay ko.

"Uh, ano," I said, blabbing. "Why did you react that way earlier when you saw Kuya Seth's tattoo?"

Kasi di'ba, naging mag-asawa sila kaya hindi naman siguro malabong hindi n'ya nakita yung tattoo na 'yon.

She cleared her throat first before tilting her head.

"I haven't saw him topless, ever."

"Weh?" I mockingly says which made her eye rolls.

"We never shared a room, okay? In California, I'm sleeping on my own room and sometimes on Shan but I never dared to sleep with him. That's gross." Mahina akong tumawa sa huli n'yang sinabi dahil parang diring diri s'ya.

"Gross talaga? Ex-husband mo pa rin 'yon."

"So? I just love him. . ."

"Sige, subukan mo." Pagbabanta ko ngunit hindi man lang s'ya natinag bagkus ay malawak lang itong ngumiti. "Saviel, tamo! Ibabalik kita sakan'ya --- charot lang pala." Agad na bawi ko nang ma-realize ko ang aking dapat sasabihin.

"I love him but not on a romantic way and we both know that."

I pouted when she pinched my cheeks a little hard that's why I'm sure that it is red as ever.

Yung pagpisil n'ya ata may kasamang galit.

Just kidding. Pang-gigigil 'yon na gawa sa pagmamahal.

Nakabusangot na hinimas ko ang aking mga pisnge when she let it go. Ngingiti-ngiting nakatayo ito sa tabi ko pero sinasamaan ko lang s'ya ng tingin kapag hindi s'ya nakatingin.

Baka masapak ako kapag nakita n'yang binibigyan ko s'ya ng attitude, eh.

"Luv."

"Hmm?" She hummed as a response.

I smiled at her while removing some strand on my hair na tumatabing sa mukha ko.

"When the day comes and I need to go somewhere, will you wait for me?" My smile turns into a bittersweet one hanggang sa namalayan ko nalang na s'ya na ang umaayos sa buhok ko.

"Why would I wait for you if I could be with you?" She leveled her face on mine and smiled sweetly.

Goodness, I fell hard over and over again.

"What if I want some space?" This time, natanggal ang ngiti sa labi n'ya at mataman akong tinitigan.

Unti unti itong lumayo sa akin saka ako mapaglarong nginisian.

"That. . . " She pointed the gap between us. ". . . is space."

My jaw almost drop after getting what she's pertaining to. "Sav, hindi ganon. Not the literal space pero yung ano ---- parang cool off."

Alam ko namang alam n'ya yung tinutukoy ko pero ayaw naman n'yang umayos. Like hello, mukha mas matalino sa'kin si Ma'am.

Pero alam n'yo, hindi ko rin alam kung bakit tinatanong ko 'to. Parang tanga lang kasi. One day palang nagiging kami tapos puro what ifs na agad.

My eyes met hers when she place her forefinger on my chin and slowly lifted it up.

"I can't give that to you." Her serious voice beams on me na bahagya kong ikunapitlag.

"But what if that's what I want? That's what I need?"

Katahimikan ang namayani sa pagitan naming dalawa habang magkatitig kami sa mata ng isa't isa.

Gusto ko lang talaga s'yang asarin noong una pero hindi ko alam bakit parang naging seryoso bigla yung topic namin.

"Then ask yourself why are we in a relationship if you are thinking to leave me in the future temporarily." Tila nanigas ako sa aking kinatatayuan ng sumagot s'ya.

Okay, below the belt talaga yung topic.

"Are you planning to leave me, Zajei?"

"Hell no." Agaran at madiing sagot ko na may kasama pang pag-iling.

I don't leave people I value because I know how it feel to be left behind.

"Then don't overthink such things like that because I," she leaned closer and captured my lips. "I won't leave you."

Our kiss were just a peck but it doesn't gave me their what so called butterflies on my stomach or makes the world stop.

Because her kisses makes me feel like I am home. It gives warmth and comfort. It makes me feel love.

"I love you." I mumbled while my eyes are closed.

I brush my nose on hers making her let out a giggle that makes me smile. "Thank you."

Agad akong napasimangot sa sagot n'ya at nang magmulat ako ng mga mata ay malawak ang ngiti nito habang pinagmamasdan ako.

"You're welcome, gurang." I fired back na sana hindi ko nalang ginawa dahil naramdaman ko nalang ang mabilis na pagdapo ng kamay n'ya sa hita ko, smack it so hard.

"Fvck you!"

Mas lalo akong natuwa sa naging reaksyon n'ya kaya umarte akong walang pakialam habang nakangisi at pinagmamasdan s'yang nanggagalaiti na ata sa galit.

"Later, babe. Later." I wiggle my eyebrows and gave her a seductive smile but my eyes automatically widen when she reach the darts on the side kaya mabilis ko s'yang hinigit at niyakap.

Jusko, may pagka-psychopath pa ata yung girlfriend ko.

Kahit pilit s'yang kumakawala ay hindi ko s'ya hinahayaan na makaalis sa yakap ko hanggang sa tumigil s'ya.

Hoosh! Akala ko katapusan ko na.

"Ma'am."

"Ano?!"

"Kung sa kalawakan ay may bituin, pwede bang habang buhay kang akin?" The room immediately filled ny laughters habang nakasubsob ako sa leeg n'ya.

"That's so lame." She commented but I don't mind. Alam kong kinilig s'ya, nahihiya lang s'yang sabihin at ipakita.

"Ma--"

"Stop it, Zj." Agad na putol n'ya na ikinatutop ko.

Ilang beses ko munang pinatakan ng halik ang leeg n'ya bago ako nag-angat ng tingin at ngitian s'ya ng

matamis.

"If you are the most painful torture I'll ever had," I paused and caressed her cheeks. "Be my death."

Unti unting natunaw ang inis sa mga mata n'ya while she's looking directly at my eyes.

I mentally smiled in bittersweet.

"Why death?"

"Because that's the end of my life in this world. I don't want to make you as my life but I would love to have you as my wife." I giggle in my own statement seeing her blushing.

Nice one, gorgeous self.

"Alam mo Ma'am,"

"Hindi."

"Hindi kana rin makakaisa sakin." Nakairap na sagot ko pero inirapan n'ya lang din ako.

Hindi ko talaga alam kung ano ang mangyayari kapag nag-away kami ng matindi. Baka kapag galit ako, galit din s'ya. Sino ang susuyo samin? Si Shan?

"Ano ba 'yon?" Nagtitimping tanong nito pero inismidan ko lang s'ya pero agad ding ibinalik ang tingin at atensyon sakanya.

"Kung tatanungin kita ngayon na pakasalan ako, anong isasagot mo?"

"Thanks for the ring."

"You're welcome." I rolled my eyes. "What if I ask you for another round?"

"Of?" The side of her lips jerks up.

"Pleasure."

She chuckled and throw me a seductive yet dangerous glares.

"Ayoko."

"Why?"

"Ayokong mabitin."

Maging ako ay napangiti sa sinambit niya. I gently sit down and fix my posture bago ko hilahin ang kan'yang kamay at iniupo siya sa kandungan ko.

"Pero ano nga? What if magpakasal nalang tayo ngayon?" I wiggle my eyebrows but she just encircled her arms around my nape habang nakahawak ako sa hita at bewang niya.

"If you can, do it." She shrugged.

Nanunuring tiningnan ko siya. "Sure ka ba?"

"Zajei," she lean forward and capture my lips. "Put yourself first. You can marry me after that. For now, achieve your dreams. I can wait."

"You look like a dream. You have those dreamy-vibe that I can live for the rest of my life."

"And you look like a nightmare." Pambabara na naman n'ya na tuluyan kong ikinapikit.

Goodness.

"Yes or no? Will you marry me?"

"Where's the papers?"

"Pinapaprint pa."

"Hayop ka."

I chuckled and peck her lips pero marahang itinutulak n'ya lang ako sa balikat.

"Let's not think of that for now. We have to settle our issue with your stalkers first. Malay mo magbago pa ang isip ko tapos hindi na ikaw ang papakasalan ko. Kawawa ka naman."

"Sarap mo namang kabonding." Sarkastikong wika ko na sabay naming ikinairap.

Same vibes kami sa attitude ngayon pero mas lamang lang ulit s'ya. Never ata akong mananalo sa ganito dahil tingin palang n'ya luluhod na ako.

Sarap namang maging under, putangina.

"Yes or no lang." I insisted but she just arch her brow in the most sophisticated way. I don't have any plans dropping this topic off hangga't hindi n'ya ako sinasagot ng maayos.

Alam kong pinagtitripan ako nito, eh. Binabawian ko lang.

"Or."

"Oreo masarap kainin."

"I'm way more tasteful than that."

"Mas masarap 'yon kaysa sa'yo."

"No way."

"Oo kaya."

"It will never be."

"Mas. Masarap. Yon. Sayo." Madiing bigkas ko para mas lalo s'yang inisin na ikinangiti ko ng malawak dahil namumula na yung mukha n'ya.

Asar talo talaga.

"That cannot be! That's ridiculous." She mutter while furrowing her brows.

"It's not. It's just an honest statement."

"Damn you! I can't believe you're loving that cookie when you can't get enough of me last night!" Nawala ang ngiting nakapinta sa labi ko when she said those lines. My lips parted and then suddenly, realization hits me.

"Nagseselos ka ba sa Oreo?" Amuse na tanong ko habang pilit ikinukubli ang ngiti pilit kumakawala sa labi ko.

Halos mag-isang linya ang kilay n'ya habang masama ang tingin sa akin.

"No."

"Ah talaga ba, Saviel?" She glared at me which made me laugh.

Hindi na talaga ako takot sa paganyan-ganyan n'ya pero kapag seryoso na ang usapan, kaya kong tumakbo na parang hinahabol ng aso 'wag lang makatikim ng galit n'ya.

"Hindi nga, nagseselos ka?"

"Fvck, I can't believe I'm feeling this shit. Damn you!" Mas lalo akong bumungisngis ng bigla na naman s'yang magpalit ng mood.

"I don't know the answer kaya sumagot ka ng maayos." I demanded in a stern voice of mine but she just look at me, dead eyes.

"Wag kang magtanga-tangahan, Zajei." Pabalang na balik nito na mas lalong ikinalawak ng ngiti na nakapinta sa labi ko.

"Me? Being stupid?" I mockingly laugh which made her more pissed. "Tagal ko ng tanga Ma'am lalo na pagdating sa'yo."

"Geez, shut up!" Singhal nito na pang-asar na tinawanan ko lang.

Tamo 'to, kapag nilalambing galit pa rin.

I keep on laughing in a mocking way para mas mainis s'ya pero as time passes by, nagmumukha na talaga akong tanga. Idagdag pa na sobrang sama na ng tingin n'ya kaya tumigil na ako.

"What's wrong with you? Kanina ka pa."

"Kulang ako sa lambing."

"Damn it." She utter before leaving me behind.

Napapailing na sumunod ako sakan'ya at nang maabutan ko s'ya ay nakasandal na ito sa kotse habang nakahalukipkip.

"May pupuntahan ka ba?" Tanong ko habang nakasandal lang din sa kotse.

"Seth's parents. Let's fetch Shanen and the dogs." Tumango-tango ako bago i-unlock ang kotse.

I drive towards the direction she gave. Hindi naman malayo dahil in span of ten minutes ay nakarating na rin kami at nakita na namin si Shan na nasa harap ng gate with the dogs.

"Ako nalang ang bababa." I nodded but I think my mind is really a mess because I just found myself smiling like a lunatic.

"Pababa rin ako, Ma'am."

Hindi pa ako nakakalingon sakan'ya ay may malakas na hampas na talaga akong natanggap. Tumatawang lumayo ako at kinandatan s'ya kaya namumulang lumabas ito ng sasakyan.

Nang bumalik siya ay buhat buhat n'ya ang isang tulog na puppy while the other is with Shan.

I opened the door for them and guided the kid to enter the backseat together with the dog. Pagkatapos ay tiningnan ko muna si Ma'am kung ayos lang ba s'ya sa passenger side.

Nai-imagine ko na, dalawang anak ang ibibigay ko kay Ma'am.

Dalawang anak tapos labing dalawang anak sa labas.

Charot.

Baka hindi pa ako nakakaisa sa isang babae ay wala na akong daliri.

"Ate Zajeiiii!!"

"Shan!!!" Parang tangang sigaw namin ni Shan when I started to drive away. Nagising pa ang tuta na hawak ni Ma'am sa pagtili naming dalawa kaya sabay kaming humagikhik.

Pati nga si Ma'am ay bahagyang napaigtad sa upuan n'ya.

"Imissyouuu!" Sabay naming bigkas habang nakabungisngis na ikinangiti nang masungit na katabi ko.

"Kayo na po ni Mommy?"

"Ay shit!" Agad akong napapreno ng malakas at mabuti na lamang ay naka-seatbelt yung bata dahil kung hindi, baka tumalsik na 'yon sa dashboard at baka ako ay tumalsik na papuntang outer space dahil sa galit ni Ma'am.

"Are you fine?" Natatawang tanong ng magaling na si Saviel na inirapan ko lang.

Bakit alam ni Shan?

"How did she know?" Mahinang tanong ko sakan'ya but she just shrugged.

"You're always flirting on me thru chats. You didn't even think if someone get a hold on my phone."

"You mean?" She nod after smirking mischievously. I face palmed with the thought of it saka bumuntong

hininga.

I forgot na marunong na nga palang magbasa si Shanen.

Bullshits.

"Shan, okay lang sa'yo?" I asked saka nagpatuloy sa pagmamaneho.

Chapter 40

Zajei's POV

"I'm on my way. I'll drop your breakfast at your office." I parked my car properly before getting a paper bag and my bag.

[Okay, take care.]

I hang up the call right after she said that she's on her way too to her office. Dapat talaga sabay kaming papasok pero hindi natuloy dahil nagkaroon s'ya ng early meeting with the Dean.

Kaya ngayon, I just bought some breakfast to my favorite restaurant para sabay nalang kaming kumain. Hindi rin kasi ako kumain bago umalis sa condo dahil walang kasabay si Ma'am if ever.

It's been two and a half weeks since we became official pero hindi pa rin kami out sa public. Because aside from the fact that we should be careful to our relationship, we both don't want to expose it on the public.

We prefer a private and lowkey relationship. But I posted some of her pictures on my Instagram feed and story kapag magkasama kami pero hindi ko ipinapakita yung mukha n'ya. Tanging kamay lang or kapag nakakatulog s'ya sa leeg ko due to her paperworks.

Hindi talaga ako active sa mga social media dahil mas marami akong oras sa online games pero simula nang maging kami ay nagagamit ko na 'yon. Dati mga once a year lang ako magpost pero ngayon ay s'ya na at si Shan ang laman ng mga stories ko.

Minsan kasi ay lagi akong nasa bahay n'ya pero hindi na ako natutulog do'n. The last time I slept there is when we were with Shan. Hindi na nasundan yung make love namin kasi parehas kaming tambak ng paperworks.

This week will be the finals kaya ang dami lalong gagawin. Buti nalang natapos ko na ang mga requirements ko kaya matutulungan ko na si Ma'am sakan'ya.

Ilang gabi na kayang puyat 'yon. Malapit na raw kasi yung due ng major project n'ya kaya kailangan nang ipa-finalize yung design n'ya kay Uncle. Idagdag pa na nagc-compute na rin s'ya ng mga grades.

Kawawa naman yung misis ko.

"Good morning." I greeted with a wide smile on my lips the moment I saw her in her couch, crossing her arms.

She lifted her head up to see me.

"Good morning." Naks! Level up na si Ma'am. Dati talaga morning lang yung mga balik n'ya pero ngayon may good na.

Good influence talaga ako.

Ngiting-ngiti na inilapag ko yung paper bag sa lamesang katapat n'ya bago ko s'ya dinamba ng yakap. We ended up in the couch na nakahiga s'ya habang nakapatong ako at nakayakap.

I miss cuddling with her.

Although lagi naman akong andito sa office n'ya pero hindi ko talaga s'ya ginugulo ng sobra. Dzuh! Ang hirap kaya ng mga ginagawa n'ya kaya ayaw ko ng dumagdag pa sa stress n'ya.

Ang matured ko na. Pwede na akong mag-asawa.

"Jei." I hummed while brushing the tip of my nose to her neck. "Did you change your perfume?"

Iniangat ko ang ulo ko at marahang dinampian ng halik ang pisnge n'ya.

"Not really. Ito yung perfume ko before I met you but it goes out of stock kaya bumili nalang ako ng iba. Kahapon lang idinating yung order ko kaya ginamit ko na." She nodded as she remove some strand of my hair. "Don't you like it?"

"It's not like that. Hindi lang ako sanay but it smells so good." She move her hands up to my back and hug me more.

"What do you prefer, then?"

"You and will always be you."

I bit my lower lip to prevent the smile that is trying to escape on my lips but I eventually gave in and let it out.

Minsan lang talaga maging ganyan si Ma'am dahil madalas ay ako ang maharot at clingy sa'min kaya hindi pa rin talaga ako ganon kasanay na bigla nalang s'yang ganyan.

"Ang harot mo." I commented but she just smiled and kiss the tip of my nose. "Kain na tayo."

I slowly get up and fixed my hoodie dahil ang lamig talaga ngayon. Pwede naman na naming suotin kung ano ang gusto namin dahil exam week at pagkatapos nito ay yung completion of requirements nalang.

And as for me, pagkatapos ng linggo na 'to ay pwede na akong magpagala-gala dahil free na ang sched ko. Naipasa ko na lahat kaya malaya ko nang mahaharot si Ma'am at tumambay dito sa office n'ya all the time.

Almost 3 weeks nalang bago ang graduation at pwede ko ng ibahay si Ma'am.

Charr.

That's too early. Gusto ko munang mag-enjoy kami as a normal couple. Siguro, after I got my license as an architect at sumasahod na ako, saka ako magp-propose.

"Hey."

"Oh---yes luv?" I smiled sheepishly while looking at her back to the food she's giving me.

Isang irap lang ang ibinigay n'ya sa akin bago n'ya ilapag sa lap ko yung pagkain for me.

Alam n'ya kasi na para talaga sakan'ya yung vegetable salad dahil hindi ako kumakain no'n. I tried it

once noong nakita kong sarap na sarap s'ya pero halos lumabas yung bituka ko the moment I swallowed it.

"You'll be out at 12, right?" She asked after she drink her water.

Pansin ko lang, parehas kaming hindi mahilig sa coffee ni Ma'am. Hindi kasi s'ya umiinom ng ganon sa umaga, mas nakikita ko pang milk ang iniinom n'ya but mostly ay tubig lang talaga.

"Yup." I answer with a nod.

"How was the exam on my subject?" Mapaglarong tanong nito habang nakangisi.

I snorted and drink the chocolate milkshake on my hand.

"Hindi naman mahirap."

She arch her brow while smirking mischievously.

"Really? You'll get a passing grade--"

"Parang ni-try ko lang akyatin ang mount Everest sa sobrang dali." Sarkastikong wika ko saka s'ya inismidan lalo na nang tumawa ang babaeng katabi ko.

Sa totoo lang, hindi naman talaga ganoon kahirap ang test sa subject n'ya pero ayaw ko munang magpaka-confident kasi baka mamaya bagsak pala.

Nadadalian nga lang ako pero ayaw ko talagang magkapanatag. Baka mamaya sa sobrang dali para sa akin ay mapadali rin ang buhay ko kapag bumagsak.

May pustahan kasi kaming dalawa ni Ma'am before this week happens. I was asking her to have an out of the country vacation with me and Shan after my birthday kaso sabi n'ya dapat pumasa muna ako sa test sa subject n'ya.

Parang hindi ako girlfriend sa ginawa n'yang ganon. Todo review tuloy ako sa subject n'ya para lang makasama ko sila ni Shan.

Alam n'yo na, magf-family bonding kami bago ako mag-review for the board exam.

"After this week, have a night with me." My eyes widen and I totally froze on my spot when she suddenly utter that one.

Normal naman yung pagkakasabi n'ya na have a night with her kaso mga mare, iba yung dating sa'kin eh.

Parang may gagawin na naman kaming bagong exercise.

"Hindi ako pupunta kung hindi date 'yan." Pabirong saad ko pero umirap lang s'ya at umayos ng upo.

I also started cleaning the table kung saan nakalagay yung pinagkainan naming dalawa. Akmang tutulong pa s'ya pero itinulak ko lang ulit s'ya pabalik sa couch.

Puyat na 'yan kaya kailangan n'yang magpahinga.

"Date?"

"Oo. Wala pa tayong date mula noong naging tayo." I shrugged my shoulders and throw the garbage on the trash can.

Nang lumingon ako sakan'ya ay nakatayo na ito at hinila ako papasok sa cr to brush our teeth.

"What is your ideal date?" She asked while putting some toothpaste on our toothbrush.

Mayroon talaga akong personal necessity dito dahil nga naging tambayan ko na 'tong office n'ya kapag wala akong ginagawa.

She handed me my toothbrush while she's starting to brush her teeth.

Pigil pa ang tawa ko habang pinagmamasdan s'ya sa salamin dahil ang puff ng cheeks n'ya.

"Zhajeish!" She hissed when I unintentionally slipped the bubbles out because I turn my face on her.

Muntik ko pa s'yang mabugahan sa mukha kung hindi lang s'ya agad nakaalis sa kinatatayuan n'ya.

Paano ko ba naman kasi hindi maibubuga 'yon kung makikita ko nalang na naka-open na ang tatlong butones ng maroon long sleeves polo n'ya na kanina naman ay nakasara.

Tangina, kita tuloy yung black na bra n'ya. Punyawa tukso, layuan mo ako! I still have an exam to attend!!

"Dhamn, dyamuho kash Luchifer." Parang tangang bigkas ko habang nakasapak sa bibig ko ang toothbrush.

Nakaramdam pa ako ng isang hampas sa balikat ko kaya nag-angat ako ng tingin sa salamin to see my girl, glaring at me.

Hanggang ngayon ay nagsisipilyo pa rin s'ya pero agad din n'ya yung tinapos saka sumandal sa may pader. I also ended mine saka nahihiyang nginitian s'ya.

Ghad! Nakakahiya yung muntik ko na s'yang mabugahan sa mukha. Ang dugyot, gagi. Bet pa naman ni Ma'am ang mga hygienic na tao pero sabagay, toothpaste naman ang maibubuga ko kaya hindi na masama.

"Geez, Ma'am Saviel, ayusin mo nga 'yang polo mo." I looked away and pouted because I remember that her comfort room is made of reflecting glass kaya nakikita ko pa rin s'ya.

Pakshet naman, yung bra n'ya talaga tapos yung cleavage lumalabas. Miss na ata nila 'ko.

Charot.

"I'll change my top. Labas ka muna." She demanded and push me out slightly pero tila natuod ako dahil sumasanib ang kamanyakan ko.

Parang gusto ko nalang samahan s'ya magbihis para hindi s'ya mahirapan.

"Zajei."

"Why would you change?"

"Look," she pointed her polo with a stain on the upper left part na sa tingin ko ay yung sauce ng kinakain n'ya kanina habang sa may collar naman ay yung konting tumalsik na bubbles mula sa'kin.

Ngayon ko lang napansin 'yon, shet. Masyado kasing emphasis yung line of the valley, eh.

"Samahan nalang kita. Baka madulas ka pa." I reasoned out and smile innocently at her.

"Labas."

"But the floor is too wet, just like me---ito na lalabas na." I threw my hands up and started walking out of the cr.

Ikaw ba naman ang ambahan ng suntok kung hindi ka matakot. Natatandaan ko pa kaya yung suntok nya kay Kuya Seth noong sinundo kami sa bahay. That time, I swear not to disobey nor make her mad kaysa magkaroon ako ng black eye.

Tatanggapin ko ng under ako, 'wag lang masampolan ng galit n'ya.

Although, minsan ako ang dominant sa'min ni Ma'am. Pinagbibigyan ko lang talaga s'ya minsan na gawin ang gusto n'yang gawin pero hindi talaga ako nagpapa-api--- "Jei, can you hand me my blouse at the couch?"

"Ayaw ko nga."

Sabi sainyo hindi ko s'ya pinagbibigyan all the time.

"Zajei." She said, threatening.

"No. Ikaw kumuha kung gusto mo. Tinatamad ako, eh."

I'm not a battered girlfriend, bishes.

"Montero!"

"Eto na luv, wait lang. Chill ka lang, mahal. Papangit ka n'yan." I said while scratching my eyebrow. Naglakad ako papalapit sa pinto ng banyo at iniabot sakan'ya ang pinapakuha n'ya.

"So you're saying that I'm ugly?" Mataray na tanong nito habang yung ulo lang n'ya ang nakikita ko.

I shook my head in disapproval before I smiled.

"No. You'll never be ugly because you're so damn beautiful and I am head over heels to you. Got that? Kahit tumaba ka pa or your skin turns rainbow, you're still the woman I love the most."

Plain lang na nakatingin ito sa akin pero hindi nakalampas sa mga mata ko ang pag-irap n'ya.

I smiled in playfulness.

"So? Pwede na ba akong maki-join sa pagbibihis mo?--" hindi ko na naituloy pa ang sasabihin ko when she slammed the door loudly. "Saviel James!! The audacity, ha! I'll make you suffer for slamming the

door on my face---"

"Fvck off, Montero! Ikaw ang sasampalin ko."

Agad akong natahimik saka nakangusong bumalik sa couch.

Alam ko namang hindi n'ya kayang gawin sa'kin 'yon pero syempre, ayaw kong itrigger s'ya. I trust her though. I know that she would never hurt me physically. Puro kurot lang at hampas ang natatanggap ko kapag nag-aasaran kami pero wala ng iba pa do'n.

I sighed.

"Pangarap nalang ata na maging dominant ako sa'ming dalawa."

...

"Luv, kiss me with you." Ngumuso ako at mabilis na hinalikan s'ya sa labi saka humagikhik.

Pigil na pigil kong humalaklak ng tawa dahil ramdam na ramdam ko na yung kagustuhan n'yang isumpa ako kaso hindi pwede dahil nasa misa kami.

We're currently on Cebu dahil tapos na ang examination week. It's Saturday now and we came here last night to have a two days vacation.

As what she promised, I'll spend the night with her but ended up spending the weekend.

We just missed each other.

Isasama nga sana namin si Shanen kaso nasa Singapore daw yung bata kasama yung grandparents n'ya.

"Amen." I mumbled and slightly bow my head.

Tahimik na nakikinig lang naman sa tabi ko si Ma'am pero nagsasalita naman s'ya but it sounds like a whisper.

Patapos na nga yung mass at ilang kurot na rin ang natatanggap ko mula sakan'ya.

I'm just so happy to the point that I can't stop myself teasing her.

Simula noong bumalik ako sa Pilipinas after my grandparents died, wala na akong naging kasama sa pagsimba. Yung parents naman ni Daddy at si Uncle Vauh is very religious person pero hindi na ako sumasama sakanila. Since then, I prefer going to church alone saka ako tutulong do'n.

Choir or not, I do help to the church at the best I could ever offer.

Ngayon lang ulit ako nagkaroon ng kasama sumimba because I promised to myself that the next person I will be with inside the church, that's the person He gave for me.

That's the person I would marry.

Hanggang sa matapos ang misa ay hindi natanggal ang malawak na ngiti sa labi ko. Magkahawak ang

kamay na lumabas kami ng simbahan and look for a restaurant para sa early lunch namin.

"Where do you want to eat?"

"Sa kwarto kasama ka, pwede ba?" I smiled sheepishly before biting my lower lip pero agad akong napangiwi ng hampasin n'ya ako ng shoulder bag na dala n'ya.

Shet, masakit 'yon.

"Kakalabas lang natin ng simbahan napaka-walang filter na naman n'yang bibig mo." Panenermon nito pero nagkibit balikat lamang ako at pinatakbo paalis ang sasakyan.

"May filter yung bibig ko, gusto mong tikman---aray!"

Myghad! Nakakailang hampas na 'yan. Kahit kanina noong paggising namin sa hotel bad mood na s'ya. Paano ba naman hindi eh kahit naman kagabi galit na 'yan. Hindi ko naman kasi nilalandi yung bell boy na nag-assist sa'min papunta sa room pero sabi n'ya nagpapaharot daw ako.

Like, duh?! Syempre magt-thank you ako kasi sinabihan akong mukhang dyosa.

"Sa Vikings nalang kaya?" I suggested pero umiling lang s'ya. "Eh saan mo gusto?" Ang gulong kausap ng babaeng 'to minsan.

"Ikaw bahala."

"What the f--oy tingnan mo may clown." Pag-iiba ko ng usapan saka itinuro yung clown na naglalakad.

I chuckled in an awkward way when she glared at me.

Ayaw n'ya kasi na palagi akong nagmumura. Masyado raw bastos yung bibig ko minsan kaya sabi n'ya, I should be more sensitive sa mga nakapaligid sa'kin.

I won't complain though dahil alam ko naman na she's doing it for my own sake.

Pero noong tinanggap ko yung chocolate na bigay ng isang student sa university nagalit s'ya. Sinunod ko lang naman yung sinabi n'ya na be kind and sensitive. Kung hindi ko tinanggap 'yon edi napahiya yung boy.

Ewan ko ba dito kay Ma'am, sala sa init, sala sa lamig. Pero mamayang gabi yayayain ko s'yang magpainit.

You know, sharing body heats.

"Let's eat there." She pointed a small eatery---what the fudgee bar?! Karinderya?

I haven't eat on that kind of place yet. Hindi naman sa ayaw ko pero hindi ako sanay.

Nadala ako noong nalaman kong muntik ng ma-food poison si Yuki when she eat on that kind of place. I think, elementary palang kami no'n tapos dinala s'ya do'n ng yaya n'ya.

Since then, pinagbawalan na kami kumain sa kung saan saan kasi halos mamatay no'n si Yukiara.

"Ayaw mo?" She then asked when she notice the disapproval painted on my face.

I gulp first before I shook my head.

Hindi naman siguro masamang mag-try di'ba?

"Have you eat on that kind of place?" I asked while parking the car.

We have some business here in Cebu kaya may sasakyan dito for us if ever na bibisita kami. I don't want to use the company car kaya iyong pang-sakin ang ginamit namin for service.

"Yeah."

"With whom?"

"Sa Batanes with Lia." My eyes squinted before I look at her full of betrayal.

"Hindi mo man lang ako sinama?!" I hissed but she just let out a small smile before tapping my cheeks as if wala s'yang ginawang masama na ikinakahimutok ko.

Bwisit.

I mean, bwisit yung nararamdaman ko hindi s'ya.

"What do you want?" I just snorted at umupo na sa isang vacant space dahil hinayaan ko na s'yang mag-order.

Ang sama ng loob ko dahil sa aking nalaman. I mean, close na kami no'n di'ba? She could've consider my feelings---charot!

Inaartehan ko lang talaga si Ma'am para naman malaman ko kung susuyuin ba ako.

Kanina pa n'ya ako binibigyan ng attitude kaya this is my time to shine.

"Oh." She put the food in front of me kaya inalis ko ang pagkakahalumbaba ko sa lamesa.

I immediately stare at the foods in front of me and I can't help not to let out an unsure grin.

"Bakit puro may gulay?"

"Why? Do you have problem with that?" Tingnan mo 'to, sumasabay na naman s'ya sa toyo ko.

"Wala." Nakairap na ngumuso ako saka nagsimulang kumain pero hindi nakalampas sa'kin ang pagngisi n'ya.

"Kakain din naman pala." She mumbled under her breath pero dahil nga sobrang magkagalit kami ay narinig ko.

"Mamaya ikaw ang kakainin ko." I threaten but she just shrugged and rolled her eyes.

Masarap naman yung mga pagkain pero hindi ako nabubusog. Mabilis kasi akong maumay sa kinakain ko kahit na masarap pa.

Habang umiinom ng tubig ay napadako ang tingin ko sa mga batang nasa labas ng karinderya at nanghihingi ng pagkain sa mga tao do'n.

I can't help not to stare at them before I look for my wallet.

"Where are you going?" Taas kilay na tanong ng kasama ko pero inirapan ko lang s'ya.

Nagiging hobby na namin ni Ma'am na irapan ang isa't isa kapag inaasar ko s'ya na tinotoyo ako. Hindi naman ako mabilis toyoin dahil alam kong walang susuyo, punyeta.

"Tapos kana ba?" She nodded before looking at me down to my wallet. "Let's go na."

I stood up and let my cold aura remain para maisip ni ma'am na galit talaga ako sakan'ya.

"Ate ganda, pahingi pong pangkain." Ramdam ko ang pamumungay ng mga mata ko saka ako lumuhod sa tapat ng batang pumunta sa harapan namin ni Ma'am.

I think, she's just around 7 or 8 years old? I'm not sure.

"Asan ang iba mong kasama?" Malambing na tanong ko saka sinundan ang daliri n'yang nakaturo sa isa pang bata na may hawak na baby.

I frowned on what I saw.

What the hell? Asan ang magulang nila?

"Zj," Saviel hold my hand the moment I stood up. I gave her a glance before motioning the little girl to follow me.

"Let's buy them foods." I said and snake my arm to her waist. She nod her head kaya naglakad kami papalapit sa mga bata.

"May gusto ba kayong kainin?" She softly asked which made me smile secretly.

"Kahit ano nalang po." The eldest utter kaya wala sa sariling nagkatinginan kami ni Ma'am. I pointed the nearest fast food restaurant pero kumunot lang ang noo n'ya.

"I don't want to buy their foods on this eatery. Hindi man lang nila binigyan yung mga bata kanina." I snorted.

Kasi naman, sana naman binigyan nila yung mga bata ng pagkain. Tapos ngayon they are staring at us from afar, nah, I won't buy their goods.

Kung tinulungan lang siguro nila yung mga bata kanina edi sana ubos na yung paninda nila.

I know that it's not their responsibility pero 'yung tulong lang 'di ba? Kawawa 'yung mga bata. Ah basta para sa'kin gano'n. Mayaman ako, eh, kaya kapag mayroon ako ay sa street ako tumatambay tapos 'yung mga street children ang kinukulit ko saka ko ibinibili ng pagkain.

Maganda kasi ako.

"Stay here, okay? Kami nalang ang bibili ng pagkain n'yo." Nakangiting ani ng kasama ko na tinanguan

ng mga bata.

Gaya ng sinabi n'ya, kami nalang yung bumili sa KFC ng pagkain. She's the one who ordered while I am busy contacting our company foundation here in Cebu para in case na gusto sumama ng mga bata, isasama na sila.

Nang makabalik kami sa pinag-iwanan namin kanina sa mga bata ay andoon na rin yung tinawagan ko. They are asking the children kaya iniabot na namin yung mga pagkain saka kami nagpaalam na umalis.

The kids even hug us na ikinangiti ko.

It's really heart whelming when you help others and you can see how glad they are because of the little things you do for them.

Ang sarap kayang tumulong.

....

"Zajei, galit ka ba?" Someone hug me from the back while I am looking at the view from our room's balcony.

Kakatapos lang n'yang maligo dahil kakauwi lang namin sa hotel. We spend the whole day together going to other places we never went to not until earlier.

"No."

Kanina ko pa talaga inaartehan si Ma'am pero hindi ko naman dinadamay yung gala namin. Kapag may ginagawa kami, same vibes. Pero kapag hindi na s'ya nagsalita, hindi na rin ako nagsasalita.

"S-sav," Nauutal na bigkas ko sa pangalan n'ya when she started kissing my nape.

I held her arms around my waist saka ako ako humarap sakan'ya.

I don't want anyone to see what we're doing dahil maaga pa. The sun is not setting yet dahil 4 pm palang naman.

The moment I closed the sliding door, agad ko s'yang pinagmasdan. She's just wearing a simple peach sando crop top and a cotton shorts.

I don't mind seeing her wearing clothes like that because I know that I can protect her. Saka lang din naman s'ya nagsusuot ng ganyan kapag kami nalang dalawa though I don't mind if I saw her without any clothes.

Kahit hubad pa s'ya, okay lang. Basta ako lang dapat ang makakakita.

"Gusto mo pa bang umalis?" I asked plainly but she just shook her head.

C'mon, babe, lambingin mo 'ko.

Konti nalang talaga alam kong lalambingin na ako ni Ma'am.

"Luv, are you mad?" She said softly but I just remained silent.

I walked towards the bed at saka humilata habang nakayakap sa isang unan. She then lay on top of me habang hinahalikan ang pisnge ko pababa sa leeg.

Lihim akong napapangiti sa tuwing humihigpit ang yakap n'ya kasabay ng pagdampi ng kaniyang labi sa balat ko.

See people? Marunong naman pala manuyo si Ma'am.

Nang hindi na ako makatiis ay hinawakan ko ang bewang n'ya saka ako umayos ng higa. I place her on top of me habang nasa leeg ko ang mukha n'ya.

I can clearly feel her hot breath on the crook of my neck.

"You're not mad anymore?"

"Galit pa kaya lambingin mo pa 'ko." I said in monotone pero gustong gusto ko nang tumawa sa kagaguhan ko.

She then pulled out from our hug saka umupo sa may tyan ko. She smirk at me before lifting her index finger to brush on my expose collarbone.

"Magalit ka lang. Feeling mo naman lalambingin kita."

I rolled my eyes and make face. Ang tigas talaga ng babaeng 'to minsan. Alam mo yung kapag gustong gusto mong magpalambing tapos ang lakas ng toyo n'ya. Tapos kapag naman s'ya ang nang-lambing mabilis lang kasi bumibigay agad ako.

"Ang sama mo, ha. Alis ka nga d'yan, naiihi ako." I carefully guided her out of my top saka ako tumayo at nagtungo sa cr. "Oh? Anyare sayo?" Hindi man halata sa tono ko pero goodness! What happened to her?

Agad ko s'yang dinaluhan sa couch when I saw her holding her----wait. Ano bang hinahawakan n'ya?

Nang iangat ko ang kaniyang mukha ay agad akong sinakluban ng pag-aalala dahil sa pamumutla n'ya.

"L-luv, shit, saan may masakit? Manganganak ka na ba?-----Ay hindi pa pala kita nabubuntis pero teka nga, ano bang nangyayari?" Histerikal na ani ko habang pilit tinitingnan ang hinahawakan n'ya.

Kahit nakangiwi na s'ya ay nagawa pa nitong hampasin ang kamay ko na hindi ko nalang pinansin.

"Stupid, get me some pads!"

Teka lang, loading.

Pads daw.

Pads.

PUTANGINA ANONG KLASENG PADS?!

Agad akong umalis sa tabi n'ya at nagpunta sa may drawer ko to find some pads pero hindi pa ako nakakalapit papunta sakan'ya para maibigay yung hinihingi n'ya ay may lumipad na agad na unan sa

mukha ko.

"Damn, Zj! I meant napkin hindi pad paper!"

Sandali akong napamaang bago ako napatingin sa papel na nasa kamay ko. I let out a grin for my stupidity bago ko inihagis sa sahig ang papel at kumaripas ng takbo sa comfort room para ihanda ang kailangan n'ya.

"Sav, tara na sa cr." I kneeled in front of her at inalis ang mga buhok na tumatabig sa mukha n'ya.

I forgot that she had dysmenorrhea even if it's just a mild one, masakit pa rin 'yon.

"Answer me, Montero. Bakit hindi mo nalang kami ipapatay tutal mayaman ka, makapangyarihan. You can do whatever you want kaya nga hindi kana nahirapan na malaman kung sino-sino *kami* hindi ba?" He chuckled without any hint of happiness but I can hear amazement and coldness in it. "Nang umuwi ang abogado mong kaibigan, alam na namin na hindi magiging madali ang pagkilos ng bawat isa sa'min. Kung noon mahirap kang sundan, mas naging mahirap ngayon. Your security tightened at maging ang mga nasa paligid mo ay sinigurado mong safe at hindi malalagay sa piligro pero Zajei," he stood tall and straight looked into my eyes. Isang nakakakilabot na ngisi ang pinakawalan nito na mahina kong ikinasinghap. ". . .mga maling tao ang pinoprotektahan mo."

I rolled my eyes and maintain my cold aura the same as his but deep inside, my heart is pounding hard.

"Noong natanggap mo ang death threat, hindi ba't ayun ang oras na tumawag ka ng ibang koneksyon para mapadali ang paghahanap sa mga sumusunod at nagtatangka sa buhay mo?" He shooked his head in amazement. "Feisty. I really like how you treat Atty. Reagan Ventura as your brother but the moment you saw the threat, you used your other connections and forget how can he gives you what you want in just a snap. Looks like your trust got deducted." Tumawa ito na walang kahit anong kasiyahan bago naglakad papalapit sa akin.

Hindi ako makagalaw. Tila nauupos ako sa aking kinauupuan dahil tinatamaan ako sa mga sinasabi n'ya.

"You're monitoring me that much to the point that you knew that I did that thing." I said in monotone at ngumisi.

Anong akala n'ya, magpapadala ako sa mga sinasabi n'ya? Katangahan. Alam ko na ang lahat bago n'ya pa sabihin 'yon.

Totoo naman ang mga sinabi n'ya. Nang makita ko ang death threat ay lahat ng nakapaligid sa akin ay pinaghinalaan ko. Kaya nga hindi ko napigilang tumawag sa isang trusted private group in America to help me with my case. It takes a day before they give me what I want and it doesn't really make any sense.

Alam ko naman kasi noong una pa na galit ang organisasyon nila sa pamilya ko. Well, who wouldn't be? Sina Lolo at Lola ang minsang nagpabagsak sakanilang lahat.

"Oh, *darling*, I know everything. I know every perspectives and I know who's your enemies and not." Naging mahina at seryoso ang boses n'ya bago padaus-dusin ang daliri sa kamay ko.

"Ano ba!" Iwinaksi ko ang kaniyang kamay ng akmang hahawakan ako nitong muli.

Tangina baka magselos si Ma'am kapag nalaman n'ya 'to kaya it's a no.

Nagbago na 'ko, hindi ako lalandi kahit gwapo pa dahil may maganda na akong asawa.

"XIV." He only utter a single word but it is enough to makes my whole body shivers.

He let out a teasing grin before cornering me in between his arms. "Your family is the reason why they had their biggest downfall. Namatay ang taong nagtatag ng organization nang magkaroon ng engkwentro sa New York almost eight years ago. And do you know whose bullet is that from?" Huminga ako ng malalim habang mariing nakakuyom ang kamao. "Sa tatay mo, Zajei. The great business man tycoon, Louie Montero, killed Cruiseon Xiv in order to save his son, Tyrant Louise. . . . But not able to save his daughter."

I can feel my fist turning white because of the statements he's saying. Damn it. How can he know all of it?

Lahat ng alaala na ibinaon ko na sa nakaraan, unti unting bumabalik dahil ipinapaalala ng gagong 'to.

Almost eight years ago noong pumunta sa New York sina Daddy at bagong pamilya n'ya para bisitahin kami, ayun ang oras na on-going ang kaso na inaayos nina Lola.

Nang minsang lumabas kami noon para mamasyal, some peoole tried to salvage us. They also tried to get me and Tyrant away pero hindi natuloy dahil may mga security kaming kasama but not as strong like them. Mas armado sila kaya una palang ay dehado na kami hanggang sa muntik na kaming matamaan ng baril ni Tyrant kaso nga lang, Daddy covered him with his arms while I, iba ang sumagip sakin.

As far as I remember, tinamaan noon si Dad sa balikat at doon din s'ya nagsimulang bumaril pero ako, hindi ko kilala yung nagligtas sa'kin because I was so shocked that time. Ang natatandaan ko lang ay hanggang sa matapos ang gulo, barilan at ingay, hindi ako binitawan noong lalaki. He keep me safe and sound around his arms habang nakikipag-laban s'ya pero noong natapos lahat, inilagay n'ya lang ako sa loob ng sasakyan at parang bulang naglaho.

But I can't be wrong when I saw that he got shot at his chest dahil may tumutunog dugo roon nang lumuhod s'ya sa harapan ko at sinabing mag-ingat ako palagi.

Because after that happened, I fainted.

Hindi ko na natatandaan ang mukha noong lalake dahil bukod sa puro galos at dugo ang mukha n'ya, may mask din s'yang suot.

But his eyes are really really familiar.

"You're one of them." Halos wala ng lumabas na boses sa'kin ng tuluyang hubarin ni Ice ang pangtaas n'ya, leaving his upper body naked.

Ramdam ko ang pagkamanhid ng katawan ko nang tumagilid ito kaya nasilayan ko ang tattoo nito.

Black tint forming XIV with thorns around it but there's more. . . dahil yung kanya ay may guhit sa gitna.

My eyes darkened and the next I knew is he's already pinned on the tree while I am choking him tightly.

Hirap at sakit ang gumuhit sa mga mata n'ya ngunit hindi nawala ang ngising aso nito habang nakahawak sa kamay ko. Imbis na pigilan ako ay ngumisi lamang s'ya kasabay ng mahinang paghalakhak.

"You changed, Zj. Simula ng mamatay ang Lolo at Lola mo, nakalimutan mo na ata ang warrior instinct na itinatak nila sa'yo." Mas lalo kong hinigpitan ang pagkakahawak ko sa leeg n'ya causing from him to gasp for air. "I-i am sure, they a-are disappointed t-to you--argh!"

Nanginginig ang labing iniuntog ko s'ya sa puno kaya unti unting tumulo ang dugo sa ulo n'ya but the egoic state remained on my face.

"XIV organization ang pumatay sa grandparents at sa nanay ng girlfriend mo----oh yeah, *girlfriend.*" He even emphasized the last word and even made a quotation using his fingers nang bitawan ko s'ya.

I pushed him away from my grip bago sumalampak sa lupa na may mga damo.

"What do you want from me?" Mahinang tanong ko ngunit puno ng kalamigan.

"Dead."

Umangat ang ulo ko upang salubungin ang mga mata n'ya ngunit nasa may kubo na ulit ito at isinusuot ang damit niya.

He turned his gazes to me and smirk.

"Death is the only way for you to escape this mess. Either you die or someone will die for you." Unti unti itong lumuhod sa harapan ko matapos itago ang baril sa likuran n'ya.

Ngayon ko lamang napansin ang ilang galos sa mukha ni Ice. Mayroon ding maliit na cut sa kanang kilay n'ya at pasa sa gilid ng labi.

Mukha s'yang tinorture.

"Why are saying these? Hindi ba dapat ngayon ay mas pipiliin mo nalang na patayin ako?"

Nakataas ang kaliwang kilay na tiningnan ako nito bago tumawa ng pagak. "Gusto mong patayin kita?" He shook his head in disbelief. "Zajei, kung gusto lang din naman kitang patayin edi sana noon pang hindi mo ako kilala. Sana noon pa na hindi mo s'ya nakikilala para alam kong mabubuhay ako matapos kang paglamayan."

Confusion envelopes my system and I can't understand a single thing anymore.

What does he meant by that?

"Si Kaios at Wave? Kasama ba sila sa organization?" I asked in a stern voice pero tumaas lamang ang gilid ng labi nito bago tuluyang umupo sa damuhan.

Kung s'ya natanggap ko na kasali s'ya sa organization na 'yon, pwes hindi ko kaya kung pati si Kaios ay andoon. Malaki ang naging tiwala ko kay Kaios. Alam n'ya ang nangyari sa grandparents ko at kung sino ang pumatay sakanila. Pinagkatiwalaan ko s'ya.

"Si Kaios? Yeah. But Wave? Pumunta ka nalang sa simbahan at tyak na andoon s'ya."

Okay, that's it.

"I'm leaving." Walang pasintabing tumayo ako at pasimpleng pinunasan ang ilang luhang pumatak sa aking mga mata.

I shouldn't cry.

They're not fvcking worth it.

Una iyong kambal na hanggang ngayon ay walang balak sabihin kung bakit nila ako sinusundan. Sumunod naman ay itong si Ice na minsan na nga lang sumulpot sa buhay ko tapos ngayon ay malalaman ko nalang na kasapi s'ya ng mga taong dumurog sa'kin. Then now, si Kaios. Tangina, wala na bang ilalala 'to?

Lahat nalang ng pinagkakatiwalaan ko, kayang kaya akong saksakin sa likod.

"Montero, just a piece of advice. . ." Before I even take one more step towards my car, muli n'ya akong tinawag. "Kaios and I may not in good terms but he is the one who can be the root of your biggest downfall kaya kung ako sayo, layuan mo na s'ya at kung pwede lang, kalimutan mo na rin."

"Ayun lang ba?" Paos na batid ko saka umirap. "Hindi ko lang kayo kakalimutan kapag may nangyaring masama sa pamilya ko, ibabaon ko kayo ng buhay. I don't care who you are pero isa lang ang masasabi ko, sa susunod na ihulog mo ako sa bitag n'yo, siguraduhin mong hindi ko mahahalata na may iba tayong kasama." I smirk when I saw how his mouth gape a little. Lumingon ako sa isang bahagi nitong gubat at nakita ang kakaalis lang na kotse.

I'm not that stupid now not to realize everything.

They may be too step ahead but bitches, I always had the strongest ally.

Because I had God with me.

"You're impossible, Zajei."

"I am. Kaya hangga't hindi pa ako tinotoyo, patayin n'yo nalang ako. Patayan tayo tapos kung sino ang matira, s'ya ang gagastos ng pagpapalibing. Dapat bongga para hindi naman sayang yung bala." Sarkastikong wika ko saka sumandal sa sasakyan.

"As much as I wanted you to be killed, hindi pwede. I want everything to be smooth so there's a little chance that this will end up good. Ikaw lang ang mamamatay at kami, ipapalibing ka." Balik nito sa sinabi ko kanina pero umismid lamang ako at hindi pinansin ang pagbabanta n'ya.

Mas natatakot pa akong mawala sa akin si Ma'am at ang pamilya ko kaysa mamatay at ipalibing nila.

"Damn." Mahinang pagmumura ko when my smart watch rang. Nakakonekta ito sa cellphone ko kaya agad kong sinagot ang tawag ng makitang si Ma'am 'yon.

I signalled Ice to be quiet na tinanguan n'ya lang.

[Where are you? Why aren't you here in your condo? Are you with someone and having dinner with that creature? Goodness Montero, I'll skin you alive if you dare.] Seryosong bungad nito matapos kong sagutin ang tawag. Agad akong napangiwi dahil sa tono ng boses n'ya.

Tingnan mo, paano ako matatakot sa mga nagbabanta sa buhay ko kung mas malala pa ang girlfriend ko sakanila?

"Chill, luv. I am not eating yet and I---" I paused for a second before looking around. *"I'm in my villa. Uuwi rin ako mamaya."*

Sandali s'yang natahimik bago tumikhim.

Iyong villa na sinasabi ko ay yung pinupuntahan naming dalawa ni Ma'am. Doon din kami nag-racing kung saan natalo ako.

[I'm in your unit. Uwi kana.] Her voice soften up a little this time kaya sikretong napangiti ako.

"Sayo? Uwi na 'ko sayo?"

I heard her soft chuckles which touches my heart before I look at the night sky.

[Hindi ako bahay, Zajei. Do I look like a roof to you?]

Mahina akong tumawa sa isinagot n'ya ngunit agad kong hinugot ang aking baril at itinutok sa direksyon ni Ice dahil hinampas n'ya ang pintuan ng kubo kaya lumikha iyon ng malakas na tunog.

Tangina, kitang nakikipag-bebetime ako sa girlfriend ko.

[Who the hell is that?!] Singhal ni Ma'am sa kabilang linya kaya napapikit ako at mas lalong tumalim ang titig sa lalakeng namali ata ng tuli.

Kung hindi ba naman s'ya gago. Hindi n'ya ba alam na mas mahirap pa suyuin yung girlfriend ko kaysa maghanap ng mga stalkers na gusto akong patayin?

"Wala 'yon, babe. Nabagsak ko lang yung isang kaldero because I am looking for a knife." Pagpapalusot ko pa.

[Knife? Why?]

"May babasagin akong yelo." I tried not to roll my eyes at the man who's starting to walk towards me.

Konti nalang at iisipin ko ng kinulang sa gatas ng ina 'tong si Ice dahil kanina pa s'ya hindi mapakali sa pwesto n'ya.

[Okay. Be home before 9, Zj.] Dagdag paalala n'ya which I answered with a hummed. *[I love you. Drive safe.]*

"I love you, too. Give me hugs when I got home, ha?"

[No. Shan's with me so you have to sleep at the other room.] Akmang aalma ako sakan'ya ng mabilis nitong pinatay ang tawag.

What the hell? Okay lang naman sa'kin kung nasa unit sila ni Shan pero---gusto ko silang kayakap.

"Tapos na ba kayong maglandian ni Professor James--ouch!" Malakas na daing ni Ice ng walang pasabing inihampas ko sakan'ya ang baril na hawak ko.

"Umalis ka nga sa harapan ko. Tangina ang sarap ipukpok ng mukha mo sa pader." Nanggagalaiting wika ko habang iritadong nakatingin sa kaharap ko na hawak hawak ang nasaktang noo.

"Damn. You got a heavy hand." He commented but I just snorted. "And oh, I forgot to tell you that you can't trust anyone."

"Oh? Talaga ba? Pakyu!"

Sa estado ko ngayon, hindi n'ya ako makakausap ng matino. Ang gusto ko lang kasi ay ang umuwi at makita yung mag-ina ko na naghihintay sa'kin.

"Fvck, you're such a stupid stubborn ass." Iritadong hinampas nito ang bubong ng kotse ko kaya agad

kong tinuhod ang sikmura n'ya reason for him to lose his balance.

Ang dami dami n'yang pagdidiskitahan, yung sasakyan ko pa talaga.

"Aalis na ako. Wala ka namang balak ibigay lahat ng gusto kong malaman." I unlocked my car and I was about to get in when he held my wrist and let me face him.

"They all want you dead as a payment of their founder's death. You should've take care of yourself because no one will do it for you. Your girlfriend? She's not trustworthy. Heck, looks can be deceiving and I can't blame you for falling for her even though she looks like a bitch---"

I cut him off by locking him between my arms at walang kagatol-gatol na binalian s'ya ng buto sa braso.

No one can bad-mouth my girlfriend. Not in front of me and not ever.

"Don't you dare call her on that name again, Hilton. If you still want to see your brother alive, don't dare." Madilim at malalim ang boses na saad ko saka s'ya malakas na sinipa sa mukha.

For the first time, I saw how afraid he was when it flashes on his eyes. Tila nabahag ang buntot nito ng ngumisi ako.

"Do you think you have all the advantages?" I chuckled devilishly at ikinasa ang baril ko. "Ice, I have my eyes. Una palang alam kong may iba ng nangyayari and guess what? I know that your brother is in the hospital---in my own hospital in Canada. He's only alive because of the machines but if someone will turn it off, there's no way that your beloved brother will still see the future."

Mas lalong dumilim ang ekspresyon sa mukha ni Ice nang tumayo ito at hinarap ako.

"So, I suggest that you must not bring the limitations on me because if you would," I snapped my fingers and laughed mischievously. "In just a snap, I can end your sibling's life."

"You're a monster!"

"Oh? I am. Matagal na." I shrugged like it was nothing bago ko buksan ang pintuan ng kotse ko.

I can be a monster if I wishes to. They are pushing me to my limits and I am not a saint not to be responsive on their deadly acts.

If they can play fire, so can I.

Akmang papasok na ako sa aking sasakyan when I heard his statements na ikinatigil ko.

"You're smart yet dumb. Dahil malamang sa oras na 'to, alam mong wala kang dapat pagkatiwalaan kahit isa pero patuloy ka pa rin sa pagpapakatanga. You're acting like a blind when in fact, you know who can destroy you in a snap."

Huminga ako ng malalim bago ngumiti. This time, it is not a devilish or a mischievous one, it is small yet genuine.

"You only see almost half of my attitude, Ice. But you don't know me. No one knows who I am aside from Him." Mahinang saad ko pero alam ko at sigurado akong nakinig n'ya ito.

I am referring to God when I say Him.

"Keep on denying it to yourself, Montero. Itanggi mo pa na kaya hindi ka gumagawa ng ikakabagsak naming lahat ay dahil sakan'ya. You're protecting them? May I asks, are they protecting you?" My mouth parted to say something but I just keep it to myself.

He doesn't need to know about it.

He's an enemy after all.

But true to his words, I really do.

Hindi naman ako ganoon katanga para hindi makita ang mga butas na iniiwan nila. I have my own eyes. I have a lot of connections. I can even shot them one by one but I know that I can't.

I can't even confront them without my voice cracking and knees shaking, ang patayin pa kaya sila? I will never assasinate someone because that's the reason why I was been traumatized.

Hindi ko gagawin sakanila ang gusto nilang gawin sa'kin but I don't want to end this here. Ayokong magsalita ng tapos dahil baka may mangyari pang-iba.

And that fact is enough to kill me.

I was so busy denying and protecting everyone even though I have every guts and reasons not to. . .I just love them too much.

And I rather died at their bullets than to live my whole life remembering the betrayal they made.

"Keep your guards up because in just few days, the show was about to start." His voice came back to a cold one as he patted my shoulder. "You have to take care. Hindi pa 'to ang oras para mamatay ka. May kailangan ka pang iligtas, Zj."

Kumunot ang aking noo bago s'ya harapin ng tuluyan and throw a confuse look. "Iligtas? Sino?"

"Someone that is so special to you but is chain and can't escape the organization."

...

"Good evening, baby." I painted a soft smile on my lips while facing Shanen.

Kakarating ko lang dito sa unit ko at naabutan si Ma'am at Shan na nanonood ng tv.

"Good evening, Ate Zj. Have you eaten na po?" Malambing na tanong ng bata matapos umupo sa kandungan ko.

I kissed her hair before hugging her more.

"Yeah. How 'bout you?" It's true. Nag-drive thru ako kanina habang pabalik dito para naman hindi maghinala si Ma'am kung saan ako galing. For sure kung uuwi akong gutom, magtataka si Ma'am dahil ang alam n'ya ay nasa villa ako.

"Tapos na po. Mommy fetch me earlier and told me that we're gonna sleep here with you." Masayang ani

nito na tila nagniningning pa ang mga mata.

"Ligo lang muna ako then we'll sleep na." Paalam ko sakanila matapos ibaba si Shan sa tabi ng Mommy n'ya. Nakita ko pa ang bahagyang pag-kunot ng noo ni Ma'am pero tumango rin naman ito kaya pumasok na ako sa kwarto.

I remove my all of my clothes and walk to the shower room. Kasabay nang pagpatak ng tubig mula sa shower ay ang pagpatak ng luha sa mga mata ko.

This is what I am avoiding to happen. I feel so lost. I don't know how should I react because I know that a one wrong move can destroy everything.

Malaki at malawak ang XIV organization. Kaya nga hanggang ngayon ay on-going ang kaso ng grandparents ko dahil hindi mahanap ang organisasyon na 'yon. Pero I'm a hundred percent sure na kapag pinlano nila na patayin ako ng harapan, the case will be solved.

Naipakulong nila ang ilang leader ng organization and the founder, he died. Pero alam namin na hindi lang nila pinatay ang mga humawak sa kaso dahil lang gusto nilang maghiganti because somehow, I can feel that there's a deeper reason behind it.

That group is abusive. They can easily get what they want kaya kinakatakutan talaga sila until they had their downfall. Nang maipakulong ang mga taong may hawak sakanila, we all knew na hindi pa tapos 'yon dahil ang alam namin ay may naiwan silang taga-pagmana.

I don't fvcking know kung sino 'yon dahil hindi mahanap ng mga cops and investigators.

But one thing is for sure, that person is the reason why their organization is against me.

"Jei." I was taken aback when I saw my girlfriend in front of the door the moment I open it.

"Where's Shan?" Mabilis na lumabas ako ng cr at nagtungo sa may vanity table ko to put some lotion. I am looking at her through the mirror at nakitang nakasandal s'ya sa may pader habang mariing nakatitig sa akin.

"In the living room."

I nodded and blow-dry my hair but she gets the blower on my hand and initiate to do it by herself. Hindi na ako nakipagtalo pa sakan'ya at hinayaan nalang s'ya. Nakatitig lang ako sakan'ya and I can see the uneasiness on her.

Nang patayin n'ya ang blower ay iniikot ko ang aking upuan to face her. I grabbed her waist and let her straddle me.

"You're so gorgeous like me." Nakangiting ika ko habang tine-trace ang mukha n'ya.

"Your eyes are puffy." Malayong batid nito na ikinaismid ko. Ang layo nang sinabi n'ya sa sinabi ko.

Hindi nalang ako sumagot at nagsumuksik sakan'ya habang inaamoy yung scent n'ya sa leeg. My body wash is too good on her.

"I hate traitor. I hate betreyals and most especially, I hate myself." I mumbled while my face is on the crook of her neck. She stop running her fingers on my hair and just put her arms around my back. "I hate

myself for letting my love ones shatter me into pieces. I hate how absurd I am to act like a blind, pretending that I know nothing."

"Is---is this about your stalkers?" Nag-aalangang tanong n'ya pero ngumiti lamang ako kahit hindi n'ya nakikita.

"I hate how I let you be with me through these days. Hatred is everywhere but I still hate myself for loving you behind all the no's and don'ts." Mahinang bulong ko na mas lalong ikinahigpit ng yakap n'ya.

"Mahal na mahal kita, eh. If I would only have the chance to do so, I want to spend my life with you. I would love to build a family with you and Shan."

"And that'll happen after you achieve your dreams. I told you, I'll be with you through everything." I felt her soft lips at my shoulder na ikinahigit ko ng hininga.

"You won't betray me?" I know I sounds like a paranoid but heck, I only want an assurance.

Mababaliw ata ako kung pati s'ya tatraydorin ako. I don't know if I can still bare with the pain if the person I am hoping to be with me will betray me in the future.

Everyone can stab me but her. . .and if she will, I wish that it will be the cause of my death because I can't live with the truth that she's the one behind all of it.

Kahit na ituro nilang lahat ngayon si Sav, I can close my eyes and still let my love for her win over anything else.

That's why I fear the consequences of love because I fear that I will be smart enough to know my enemies but too fool not to believe.

That's why this love of mine will be my death. She---she and the love I had for her will be the total death of me.

Marahang pinakiramdaman ko s'ya sa mga bisig ko pero mabilis lamang ang tibok ng puso n'ya habang nakayakap sa akin.

"I won't. All you have to do is to trust me, luv. Why? Tingin mo ba isa ako sa stalker mo?" Nakataas ang isang kilay na nilingon ko ito nang lumayo ako sakan'ya ng kaunti.

"What if I say yes?" Pilit seryosong tanong ko pero ngumisi lamang ito.

"You looks like my stalker, rather. Ikaw ang laging nakasunod sakin." Nang-aasar na giit nito pero inirapan ko lang s'ya.

Bastos ang bibig nito.

Totoo naman. Ako nga ang laging nakasunod sakan'ya noong hindi pa kami. Kulang na nga lang ay gawin n'ya akong key chain dahil lagi akong nakasabit sakan'ya.

"Mommy? Ate?" Someone knock on my door kaya agad akong naitulak ni Ma'am bago umalis sa kandungan ko.

She went to the door at pinagbuksan ang anak n'ya ng pinto. I am just busy staring at them bago ako

tumayo at binuhat si Shan para makahiga kami sa bed.

There's no way I'll leave them here alone. Hindi ako matutulog sa kabilang kwarto kahit anong gawin ni Ma'am.

"Where's the dogs?" I asked my future daugter--charr na medyo true.

"They are with Tita Sven's and Tita Yuki po." Bahagyang tumaas ang kilay ko sa sinabi n'ya pero agad ko ring ibinaba.

Sabi na may something sa dalawang 'yon.

"Let's sleep?" My thoughts has been interrupted ng maramdaman ko ang pagyakap sa'kin ni Shan at ni Avey. She gave me a sweet smile before leaning forward and kiss my forehead and her daughter's cheeks.

After we pray, agad na nakatulog si Shan at sa tingin ko nga pati si Ma'am ay tulog na din pero ako? Matamang pinagmamasdan ko lang sila dahil kahit kaunting antok ay hindi ako makaramdam.

"Why aren't you sleeping?" Mahina ngunit paos na ani ng kasama ko. Her hands on my waist traveled on my back and caressed it gently.

"I can't sleep."

"Hm, how can I help to make you sleepy?" Mahahalata sa boses n'ya ang matinding antok ngunit pilit n'ya pa rin akong kinakausap. I told her to sleep but she just rolled her eyes and glare at me.

"Can you tell me some stories?" Noong bata ako, hindi ako nakakatulog hangga't hindi ko nasa tabi ang parents ko. They always read me some bedtime story while they are caressing my back lalo na si Mommy.

"Okay." She nod and motioned me to come closer kaya maingat kong inilagay sa ibabaw ko si Shan dahil halos nakayakap na ang buong katawan n'ya sa'kin bago lumapit kay Ma'am. She immediately wrap her arm around my body before kissing my cheeks.

"Almost eight years ago, my mother brought me to New York. She let me met the great and respected Corten's and have a lunch in their mansion. While I was busy talking with an annoying guy name Reagan, someone caught my attention. . ." I take a glance of her and saw that she is already closing her eyes while smiling. Maging ako ay napangiti hanggang sa isara ko ang aking mga mata. "She was walking down the stairs with alluring aura but sleepiness is also visible on her. Her white blond hair were tied in a messy bun and she's only wearing a loose sando and a pair of shorts short. She looks like a lost teenager but I won't lie when I say that even though she looks sabog, she really looks breathtakingly gorgeous."

Mas lalong lumawak ang ngiti sa labi ko and I can't help not to bite the inside of my cheeks to restrain the wide smile tryna form on my lips.

"I really don't like her at first. She's a spoiled brat who is too full of herself. She gets what she wants in just a snap of her fingers but what really caught my attention is her eyes. She had an unencrypted deep blueish green pair of orbs that I can't read because even if she's smiling, I can tell that she's not happy. She's jolly, annoying and a tease but she also seems uninterested." Naramdaman ko ang paggalaw ng katabi ko ngunit hindi ako nagmulat ng mga mata. Her warm hands made its way to my cheek at

marahang hinaplos ito.

"I don't really like her. I hate her. I hate the way she smiles at me. The way she flirt and make me feel the rollercoaster feelings I've never felt before not until I got the chance to be with her. I hate how her gorgeous eyes makes me lost and I really hate how my heart beats her name in the most unexpected way. . . I don't have any plans to fall in love because it is just a paradoxical thing for me---but she makes me believe in it without any theoretical basis, without any probability and validation." Upon listening to her voice, unti unti akong nakaramdam ng antok.

"Who is she?" I asked sleepily before myself drifted into sleepiness.

But before I even lost my sanity, I heard her sweet voice that send serendipity on me.

"Oh, she's Zajei Loure Corten-Montero. The person I hate the most but turned out to be the gal whom I love."

...

"Dimwit, where are you going?" Ang gandang bungad naman no'n.

Kakalabas n'ya lang sa loob ng room ko pero seryoso na agad ang mukha nito. She also have this stern facade while checking me out.

Lumapit muna ako rito at iginiya s'ya paupo sa sofa bago ko halikan ang noo n'ya. "Good morning din tanda." Sarkastikong bati ko na umani ng isang hampas mula sakan'ya.

It's nearly 8 am pero ngayon lang s'ya nagising. Himala nga at nauna ako dahil madalas ay laging s'ya at si Shan. Pero ngayon, Shan is already taking a bath after we woke up and watched the sunrise.

Ang aga nga magising no'ng bata kaya nagising din ako. Hindi na namin inistorbo pa ang tulog ni Ma'am kaya kami nalang dalawa ang tumambay kanina sa balcony matapos kong mag-order ng breakfast namin ngayon.

"Let's eatttt!" Pag-aanunsyo ko nang makitang pababa na ng hagdan si Shan at kagaya ko, nakaporma rin s'ya. I bought her some clothes eh para kapag na andito sila ng Mommy n'ya, may choices s'ya sa damit.

"What the? Aalis ba kayo?" Naguguluhang tanong ni Avey pero himagikhik lang kami ni Shan at hinila s'ya papunta sa dining room.

"I'll bring Shan with me. May pupuntahan lang kami."

"Hindi ako kasama?" I can't help not to giggle at her response dahil para s'yang bata.

"No po Mommy because you have a class." Sagot ni Shanen kaya mas lalong sumimangot si Ma'am. She then glared at me and rolled her eyes pero nagkibit balikat lang ako.

"Where are you two going?"

"Sa Davao."

"Ahh-what?!" She almost slammed the marble table when she realized what I just said. Sobrang

salubong ang mga kilay nito habang masamang nakatingin sa akin. "Why would you go there?"

I turned my gazes at the kid first na tapos ng kumain. I asked her to stay at the living room which she gladly oblige. Nang muli kong ibaling ang tingin ko kay Ma'am ay sobrang seryoso nito.

Kasalanan talaga n'ya kung bakit ako nainlab eh, naging fan n'ya ako masyado kaya hanggang sakan'ya ay naging sineryoso ko.

Damn. Nakakabaliw minsan isipin na na-in love ako sa dyosang katulad ko.

"So?" Mataray na singhal nito na ikinalunok ko.

Geez, mas nakakatakot talaga s'ya kaysa kay Lucifer.

"Nasa Davao ang parents ko and. . . a-and they want to talk to me."

"So?"

"I wanna bring Shan with me but don't worry, I'll bring my butler and ten body guards para safe s'ya." Paniniguarado ko pero mas lalo lamang tumaas ang kaliwang kilay n'ya.

"So?"

"Wala ka bang ibang alam sabihin kung hindi so?" I scratched the bridge of my nose and look at her frustratedly pero ganon pa rin ang reaksyon n'ya.

"So?"

"Soaking wet, you want?" I played it cool but goodness, tinotoyo na naman s'ya.

Her stoic and serious aura faded and suddenly replace an annoyed yet blushing physique. "Pervert!" Bulyaw n'ya saka tumayo at iniwan ako sa hapag-kainan.

Naiiling na hinugasan ko ang pinagkainan namin saka nagtungo sa living area kung saan naabutan ko sila ni Shan na naghaharutan.

Pansin ko talaga, when she's being with her daughter, she's being carefree and cheerful. Hindi s'ya yung Saviel na kilala sa university. She's not that serious and strict.

Hm, fair enough para sa magiging nanay ng mga anak ko.

"Iiwan n'yo talaga ako?" Masama ang tinging tanong ni Ma'am ng paalis na kami ni Shan.

Hindi na s'ya pumasok kanina dahil magh-halfday lang daw s'ya pero hanggang ngayon ay hindi pa rin s'ya bihis para pumunta sa working place n'ya.

"Mommy looks like a child." Shan teasingly utter kaya natawa ako.

"She is. She can also bare my child."

The kid's face lighten up and she even cupped my cheeks and make me look at her.

"Ate!! I want that! Make a baby sister or baby brother for me, please? I want to take care of Mommy when she gets pregnant to our little baby." Masayang aniya kaya mas lalong lumawak ang ngiti ko.

I lick my lower lip before turning my gazes at the woman who is now puffing her cheeks.

Isn't she aware that she's so adorable?

"Ma'am, buntisin na raw kita."

"Ah."

"Pagbalik ko gawa na tayo."

"Ah."

Napipikon na talaga ako sa kaka-ah ni ma'am. Kanina so tapos ngayon ah. Ano bang trip n'ya?

"Ma'am."

"Ah."

"Ugh!" I softly moan while biting my lower lip na ikinabaling ng tingin n'ya sa akin. "Uhm, f-fvck!"

Agad akong bumulanghit sa tawa ng mabilis n'yang pinadapo ang palad n'ya sa akin. She smack my arm hard but I just keep on laughing habang si Shan naman ay inosenteng nakaupo lang sa tabi ko.

"Jerk." She mumbled at agad akong nanlamig nang makita ko ang kamao n'yang papalapit sa mukha ko. Agad akong tumayo at lumayo sakan'ya na mas lalong ikinasama ng timpla n'ya.

"Aalis na nga kami, Ma'am. Nang-aaway kana naman." Nakangusong ani ko pero umirap lang ito at tumayo matapos halikan sa noo ang anak n'ya.

Yung kiss ko asaan?

"Mommy is pissed, Ate. She didn't give you a kiss." Nakabungisngis na asik ni Shan kaya kakamot-kamot sa batok na ngumiwi ako.

"Wait here. Kukunin ko lang yung kiss ko, ha?" She nod happily and said goodluck kaya napangiti na lang ako.

For a five year-old child, she's too supportive to our lovelife.

Hindi na ako kumatok nang makarating ako sa tapat ng pinto ng kwarto ko. Diretso lang akong pumasok pero agad nanlaki ang aking mga mata nang makita ko ang almost naked upper body n'ya.

She don't have any shirts at kasalukuyan n'yang ikinakabit ang hook ng bra n'ya while she's facing the wall. Tila natutop ako sa aking kinatatayuan habang pinapanood s'ya.

Geez, parang ayaw ko nalang umalis.

My eyes widen when she looked at my side and rolled her eyes matapos n'yang ikabit ang bra n'ya. Malakas ang pakiramdam n'ya kaya alam kong alam n'ya na pumasok ako rito.

"Why are you here? Umalis kana nga." Pangtataboy nito while she's buttoning her white button down long sleeves polo. Nakaligo na s'ya kanina kaya magbibihis nalang s'ya bago pumasok sa university.

With that long sleeves polo with two buttons open and a black fitted skirt, she looks extremely alluring with her seductive scent and aura.

Parang nagdadalawang-isip na akong pumunta sa Davao. Ihatid ko nalang kaya si Shan kina Sven tapos mag-sexy time kami ni Avey pagbalik ko?

"Can you stop staring at my body?!" Iritadong usal nito habang namumula ang mukha pero ngumisi lamang ako at lumapit sakan'ya.

"Can't help it. . . and, what's the matter though? You have a body to die for. Bukod sa ang ganda ng katawan mo, naaadik rin ako sayo. Dito nalang kaya ako? Sundan na natin si Shan para magkaroon na s'ya ng kapatid. Hm, what position do you want? Hindi ba nagawa na ata natin lahat pero we can try it again kasi masarap---aw, shit! Luv masakit--a-aray!" Malakas na daing ko when she pinched my ear at malakas na itinulak ako sa kama.

Okay lang sana kung pumatong s'ya kaso hindi. Hinampas n'ya pa ako ng unan kaya walang nakakatuwa.

"Sumusobra kana, ha. Tandaan mo 'to, pagbalik ko mamayang gabi, itatali talaga kita." Pagbabanta ko sakan'ya pero umirap lamang ito.

"Oh, I'm scared." She sarcastically utter with a mocking tone.

I tried to repeat after her pero inambahan n'ya na naman ako ng suntok kaya natahimik ako.

"Itatali talaga kita sa kama. Mark my words!"

I thought she's gonna mock me again but it's the opposite way. She slowly walked towards me after putting some lipstick on her lips. She bend over and put her hands at my sides before smirking.

"Kasal, Zj. Let's get married first before you put a rope on my wrists." She bit my lower lip and planted a soft kiss afterwards.

Chapter 43

Zajei's POV

"Zajei, andito kana pala."

I almost rolled my eyes when I heard my mother's statement.

Malamang andito na ako. Ano bang akala nila sa nakikita nila ngayon? Hologram na kasing ganda ko?

"Where's my siblings?" Deretsahang tanong ko after stepping back when she tried to kiss my cheek.

Mabilis lang na nagmano ako sakan'ya na ginawa rin ni Shan. I mentally smile upon seeing the kid's gesture. Halatang may good manners ang batang 'to.

"Uh, they are--"

As if on cue, squels and giggles covered the large humble abode of ours. The sounds are coming from the second floor kaya wala sa sariling napalingon ako roon.

My eyebrows flickered when I saw my older brother, Tyrant, walking down the stair with my other two younger sibling at his sides.

What is he doing here?

Nang makababa sila ay agad namang lumabas mula sa kusina sina Tito Andrew, Tita Vien at si Daddy na seryosong nag-uusap. Bahagya silang natigilan when they saw me in front of my mother while holding Shan's hand.

"Good to see you here, Zj." Bati ni Tita Vien, yung asawa ni Daddy, na tinanguan ko lang.

Gaya nang ginawa namin kanina ni Shan, nagmano kami sakanila. I saw how their eyes glinted with adoration when they saw how cute Shan is.

"Oh my! You're so adorable." Papuri ni Azlen saka lumuhod sa tapat ni Shan matapos ako nitong yakapin. Maging si Azreel ay nakipagkulitan sa bata habang si Tyrant naman ay tumango lamang sa akin.

The hell I care to him.

Ewan ko ba. Wala naman akong ginagawa sakan'ya pero ang hilig n'yang mang-inis. Take note, when he says something worse, he's really getting into my nerves.

We're sibling but we just hate the company of each other.

Sa tingin ko nga ay hindi namin kayang mag-sama sa iisang lugar na kami lang dalawa dahil baka kung anong mangyari. Dahil for sure, uuwi s'yang may bangas dahil sa akin. I admit, kahit na lagi kaming nag-aaway ay never naman s'yang lumaban pabalik sa'kin physically. Magaling lang talaga s'ya sa salita pero hindi n'ya ako kayang pagbuhatan ng kamay.

"Where's your girlfriend?" Nakuha ni Tito Andrew ang atensyon ko nang magsalita ito.

"Manila po. Working."

I am really wondering why they are all here. Kung magb-bonding lang naman sila sana naman hindi na nila ako tinawagan pa. Ang akala ko pa naman ay mahalaga ang pag-uusapan at urgent dahil madaling araw talaga sila nag-text sa'kin, saying that I should be here and bring my girlfriend. But instead, I brought my girlfriend's daughter.

Hindi kasi pwedeng umabsent si Ma'am. Madaming due 'yon na hinahabol kaya as for now, kami nalang muna ni Shan ang mag-eenjoy dito at iinggitin s'ya.

"Azreel, stop tickling her. She has an asthma." Saway ni Mommy sa lalakeng anak n'ya kaya agad itong tumigil.

The side of my lips rose up a li'l bit.

I almost forgot na Shan is one of her patient kaya alam n'ya ang kalagayan noong bata.

How thoughtful.

What a good mother.

"Zajei, I-i just want to apologize for our last encounter." My eyebrows unintentionally raised pero agad ko ring ibinaba.

I don't wanna be rude. Well at least for now. I don't know. I just don't feel to be like that because our last encounter really have a big impact on me.

I cut ties with them and I know that I didn't just disrespect my parents but also reach my boundaries.

And that is nothing to be proud of. I've never become proud of having this fvck up relationship with my parents.

Hindi ko lang kasi napigilan no'n. I only wished for one thing, ang hayaan nila si Ma'am noong panahong hindi pa kami but they still insisted what they wanted. And me being their daughter who somehow resemble their stubbornness, I got pissed. Ang isa pa naman sa pinaka-ayaw ay ang hindi sundin ang mga sinasabi ko when I am damn serious about it.

It sounds like I am kinda spoiled brat but that's me. Minsan lang ako mag-demand sa parents ko about sa kapakanan ng ibang tao pero lagi nalang nauuwi sa away.

"Let's forget about that. Hindi n'yo naman po ako siguro pinapunta rito para mag-sorry lang?" I tried not to sound sarcastic na ikinangisi ni Tyrant.

The guts of that guy.

Mariing tumikhim si Dad at tumayo. He walked towards me and unexpectedly, he kneeled in one knee while I am sitting prettily in the couch.

I maintain my compose aura but deep inside, I wanna break down.

This gesture never fails to make my eyes teary because God knows how I cried before to witness this kind of treatment from my Daddy again.

When did I last saw him approaching me like this? When is the last time I looked up to my father the way I see him when they are not leaving me yet?

Simula noong iniwan nila ako ni Mommy, I always see myself as a nobody that no one can even bare with. I got trust issues. Lahat nang dumating sa buhay ko, iniisip ko lagi na iiwan ako. Kaya nga siguro ako hindi masyadong nagkaroon ng kaibigan sa States aside from Reagan. I also became distant from people even though I look approachable.

I just hate the fact that they will come to my life and leave me hanging. Kung yung mga magulang ko nga nagawang iwan ako, sila pa kaya na hindi ko kadugo?

But then, while staying at the New York with my grandparents and Rage, I found the true meaning of life. Just like how I realized that I don't need a lot of friends to hang out with, I just need someone who truly value me as a person. Someone who can understand me and definitely someone who won't invade my privacy. Someone who will respect my decision and most especially, someone who will accept me of who I am.

Then I realized, my parents left me. But my grandparents both sides, my Uncle, Rage, Yuki and the twin, they always got my back through thick and thin. Hindi ko man nakasama sina Phineas at Ferb noong highschool days, wala namang nagbago.

Magkakaibigan pa rin kaming tatlo. They treat me as a little sister they never had.

I am still lucky or beyond that.

I lose myself the moment I lose my parents. I was on the verge of giving up but I always reminds myself that if I won't get over this, I'll get defeated on my own battle. I can't take that. Ego and pride nalang ang meron ako noon para ipakita ko sa parents ko na mali sila na iniwan ako kaya kahit mahirap, I started moving forward.

I got several awards as a student and as an athlete. I took every opportunity I had para lang hindi ko maisip na talunan ako--na hindi ako worth it makasama.

I hate how my mind makes me feel so worthless that time.

I lost my confidence that's why I crawled my way up to have that again. I always covered it with my conceited side everytime I'm having doubts. I always say na maganda ako, na kaya ko, when in fact, I am just boosting my confidence na nawawala tuwing nakikita ko ang mga magulang ko na masaya sa mga bago nilang pamilya.

I was always at my weakest but I don't want everybody to see it. I don't want to see myself as the victim dahil ayokong kaawaan nila ako.

Because having this broken family always breaks me. At kahit na gaano pa katagal simula nang mangyari 'yon, it will always be alive in my mind.

They said that pain makes you stronger but sometimes, it doesn't. It simply hurts and will just destroy you.

If it's true that it will indeed make me stronger then I am sure that being strong and brave is an understatement for me. . .because I've been living my life with pain and heartache as my meal and nightmare for every night to deal.

"Ate Zajei. . ."

I felt my sight slowly eating by darkness. I wanna rest for awhile.

I want to close my eyes and find my way back home.

Saviel.

"Mommy." Tila muling nabuhay ang katawang lupa ko when I heard Shan's voice.

The darkness enveloping my body awhile ago vanished like a thin air kasabay nang pagkurap ko. I found myself in front of my father, he is still kneeling in one knee habang pinupunasan ang mga luhang walang tigil sa pag-agos mula sa mga mata ko.

Bahagya akong natigilan when a pair of arms snaked into my nape as well as her lips landed on my cheeks.

Gaya nang ginagawa ng Mommy n'ya, she trailed my face using her small hands and when I turn my gazes on her, I saw Saviel's little figure.

She doesn't look exactly the same as Sav but her eyes and lips have the resemblance to my girlfriend.

"Mommy Zj, don't cry." She hushed saka ako mahigpit na niyakap. Agad akong napayakap sakan'ya habang umiiyak.

I don't know why we ended up like this. Tahimik ang paligid at tanging mahinang paghikbi ko ang maririnig.

As time passes by, Shan pulled away and gave me her bright smile. She kisses my forehead na laging ginagawa ni Ma'am sa amin tuwing gigising kami sa umaga when we're sleeping together. She then brushed my tears away na ikinangiti ko.

"Did you just call me Mommy?" Paniniguarado ko matapos ayusin ang sarili.

Tahimik lang naman ang mga kasama namin at halatang nakikiramdam.

"Opo. I remember Daddy saying that when the time comes, you'll marry my Mom. I know you will po and I entrust you my Mommy because you can take care of her." Nakangiti ito habang binibigkas ang mga salita na humaplos sa puso ko. "You make each other happy, Ate. Kaya I w-want to call you Mommy just like how I call her. Is it okay with you po?"

Sunod sunod na tumango ako at muli s'yang ikinulong sa mga braso ko. Bumungisngis ito na ikinangiti ko bago tumingin sa paligid.

I saw how my mother brushed her tears away while smiling sweetly. Si Daddy naman ay nakangiti lang din maging ang mga bago nilang asawa. Nang lingunin ko ang mga kapatid ko na ngayon ay magkakatabi, the younger two give me a thumbs up habang si Tyrant inismidan ako bago itaas ang phone n'ya.

My brows furrowed at dahil hindi kalayuan ang inuupuan nila mula sa akin, I saw that it is a video---what the fvck? He filmed us?

"Chill, Zj. Ayaw ko makipag-away sa taong bigla bigla nalang umiiyak." Tyrant's manly voice echoed kaya wala sa sariling napairap ako.

Nagsisimula na naman s'ya.

"Hija, here." Tito Andrew came up and handed me a glass of water before patting my head.

Alam kong mababait naman ang mga asawa ng magulang ko pero ako hindi.

I was self centered bitch back then that's why I imprisoned myself on my own but I never blame them for my sufferings.

Hindi ba nga sinabi ko na noon, sarili ko yung sinisi ko. Hindi sila at lalong lalo nang hindi ang mga kapatid ko.

Desisyon nila 'yon, labas ang mga kapatid ko dito.

"Thanks po."

I drink the water before looking at the kid beside me. Nakatingin lang ito kay Daddy and my father is looking at her too.

"Do I look like a god of handsomeness, sweetie?" Nakangiting tanong ni Daddy na ikinairap ko.

Alam n'yo na kung saan ko nakuha ang ibang ugali ko.

Shan on the other hand giggled and then turn her gazes at my Mom. "Mommy Zj have Doc. Zeah's hair and skin and she got your nose and smiles po, god of handsomeness."

I chuckled at Shan's remarks and the way she called my Dad. Maging ang iba naming kasama ay natawa at si Daddy naman ay ang lawak ng ngiti.

Minsan lang s'ya ngumiti ng ganyan kaya hindi ko mapigilang hindi humanga. Tama naman ang sinabi ni Shan. I got his smiles dahil marami na ang nagsabi n'yan. Some said that I looked my father the most and I won't complain.

Halata naman.

"I love the way you call me but I prefer if you'll call me Dada."

"Dad." Saway ko pero ngumisi lang ang huli.

Dada is the first thing I said sabi nila. Ayun din ang tawag ko sakan'ya noon pero naiba as time passes by.

"What? She calls you Mommy technically, apo ko 'to." He rebutted kaya umismid na lamang ako.

In this type of game, mas stubborn ang tatay ko. Mommy on the other one is the good one. Taga-awat lagi namin s'ya ni Daddy noon tuwing nagkakaroon kami ng maliit na pagtatalo over video games.

Isipin n'yo, ang tanda na ni Daddy noon pero nakikiagaw pa s'ya sa mga laruan ko.

Siya rin ang nagturo sa akin maglaro ng mga computer and online games. Naalala ko pa nga, Mommy got furious when she knows that my father bought all the CDs in the mall for me.

As you can see, close talaga kaming tatlo. Si Mom yung lagi kong nakakausap ng matino about my curiousness in such things that do not have a concrete evidence and explanation pero si Dad naman ang lagi kong kasama tuwing kalokohan na.

I wonder, paano kaya kung noon palang naayos na ang gusot naming tatlo? Bumalik kaya yung bond namin?

"Okay then, call me--wait, what do you prefer to call me?" Singit ni Mommy na ikinasapo ko sa aking noo.

Nakisali pa s'ya.

I am not interfering to them dahil mukhang nag-eenjoy sila na kausap si Shan and same goes for the kiddo at my side.

"Mamita!"

"Oh, I love that." I'm sure, I saw how my mother's eyes twinkle in joy nang tawagin s'ya noon ni Shan.

"Buti pa kay Zj may apo na kami. Sayo kaya Tyrant kailan?" Pasaring ni Daddy sa panganay n'yang anak na ikina-ismid ng isa.

"Baog ata 'yang anak mo, Louie. Huwag mo ng asahan 'yan kung gusto mo pa ng apo." Singit ni Tita Vien na mas lalong ikinasim ng mukha ni Tyrant.

"Ayaw ko pa po kasi. I am still young and I can't build a family as of now. Kay Zajei nalang muna kayo humingi ng isa pang apo kung gusto n'yo."

"Wow. Parang ang dali n'yang sinasabi mo ah." Sarkastikong wika ko pero umiling lamang si Tyrant at kinuha sa tabi ko si Shan. "Where will you take her?" Mataray na tanong ko na ikinatigil n'ya.

Narinig ko pa ang mahihinang pagtawa ng mga magulang n'ya bago s'ya sumimangot at ibinigay si Shan kina Azlen at Azreel.

"I'll let her see your playroom back then and this two will guide her." He pointed out the two teens who's grinning widely.

I think I lost my trance for a second pero agad akong tumango at hinayaan sila na pumunta sa playroom ko noon tuwing bumibisita kami rito nina Mommy at Daddy para makapag-unwind.

Tyrant then sat beside me saka ako bahagyang pinitik sa noo. Agad akong umalma at sinamaan s'ya ng tingin pero ngumiti lamang ito ng mapang-asar.

"Iiyak iyak ka pa kanina. Akala mo naman maganda." He muttered.

"Nagsasalita ka pa, akala mo naman mabango ang hininga."

"Aba put--shut up, Jei." He cut his own self at cursing bago humilig sa akin.

This is one of his way on pissing me dahil alam n'yang ayaw ko sa pabango n'ya. Hindi naman s'ya mabaho, ayaw ko lang talaga sa scent.

"Move away." I tried to pushed him but he just leaned on me more.

I heard the elders laughters kaya napalingon ako sakanila. I saw how happy my father is na hanggang ngayon ay hindi umaalis sa pwesto n'ya pero naka-indian seat na s'ya ngayon habang nakapatong ang mukha sa mga kamay n'yang nakapatong sa kaniyang tuhod.

"It's good to see my children getting along." He whispered but I clearly heard it and I'm sure, Tyrant do too.

"How about you say that, it's good to see my children killing each other in their minds?" I mockingly suggested na ikinatawa nila.

Tita Vien suddenly pointed Tyrant na natutulog na ata sa balikat ko.

"Hindi ka n'yan kaya. Ang laki ng takot ng lalakeng 'yan sayo."

"Mom." Tyrant snickered na ikinailing ng parents n'ya. He then looked at me bago ako irapan. "How about we go to the beach?"

"Iniiba mo ang usapan, Tyrant Louise. Bakit ayaw mo sabihin kay Zajei na takot ka sakan'ya?" Pang-aasar na ani Daddy na ikinapula ng mukha ni Tyrant.

I am just silent at his side but I have this grin plastered on my face. For the first time in the history, nagsama kaming dalawa for more than an hour na hindi lumilipad ang kamao ko sa mukha n'ya.

Looks like I feel comfortable on him sitting beside me. Namumula pa rin ang mukha n'ya dahil mestizo s'ya na nakuha n'ya kay Tita Vien.

"I am not afraid to her, Dad. I just respect my sister kahit hindi halata." Mahinang aniya na ikinatigil ko.

Ilang minuto ko s'yang pinagmasdan bago ako tumawa ng mahina. I patted his head which made him look at me. I grinned and raised my eyebrow. "Nagbibiro ka ba?"

"You're really a pain in the ass, Zajei Loure. Do I look Iike a clown?" Hasik n'ya na ikinatawa ko.

He seems caught of guard when he heard my laugh dahil umawang pa ang labi n'ya at itinuro ako. He looks at his parents after that at parang batang ngumiti.

"Dad, she laughs genuinely because of me!" He proudly utter na ikinatawa ni Daddy. Tila nakalimutan ni Tyrant na andito ako dahil proud na proud s'ya at may paghampas pa sa dibdib n'ya.

Even Tito Andrew and my mother laughed at his reaction bago ako tingnan ng makahulugan.

I didn't know na ganito ang epekto ng tawa ko sakan'ya.

It's true though. Ngayon lang ako tumawa dahil sakan'ya. Mostly kasi ay puro mura ang pinapakawalan ko kapag magkasama kami dahil sa matinding pang-aasar n'ya but right now seems different.

"Tyrant, your sister is still beside you." Paalala ng Mommy n'ya na kanyang ikinatigil. He then glance at

me bago ngumiti ng malawak, full of happiness. He ruffled my hair and the next thing he did made me stiffened.

He kiss me at my forehead bago ako yakapin.

Dali dali itong umalis after that at sa tingin ko ay sa playroom s'ya tutungo kung nasaan sina Shan.

"He's really longing for Zajei, huh." Mommy mumbled out of the blue kaya napatingin ako sakan'ya. She smiles at me when she met my eyes saka ito lumipat sa upuan kanina ni Tyrant.

"What do you mean?"

My mother looked at Tyrant's parents na ngayon ay nakangiti lang.

"He really want to get along with you but he's too shy. He always thought that you don't like him that's why he stay that way. Lagi ka n'yang inaasar kapag nasa paligid ka to have your attention but he didn't meant to make you angry. He just want to bond with you and teasing is his way to have that." I compressed my lips together while listening to my father.

"You don't know how happy he is everytime he saw you laughing with your friends at every party we went to. Hindi ka namin lagi kasama sa table but he always look after you everytime na nasa iisang lugar kayo. Plus, s'ya lang ang nakikita kong natutuwa kapag nasuntok at nabugbog s'ya ng kapatid n'ya. Habang ginagamot ang mga sugat n'ya, tuwang tuwa pa s'ya while explaining how he pissed you off." This time, si Mommy naman ang nagsalita. She leaned closer to me at inakbayan ako kahit na mas matangkad ako sakaniya.

Wala pa kaming maayos na pag-uusap but I'll just cherish this moment with them. Minsan lang 'to mangyari kaya lulubusin ko na.

"Can you tell me more?" I shyly said kaya nagkatinginan silang apat bago ngumiti.

They're weird, huh.

"Tyrant is the one who stop us from the engagement thingy. He doesn't really like the idea of you, arranging with Ice Hilton. He said that we should let you decide for your own because you're intelligent enough and you can outsmarted your enemy. He is older than you but he idolizes you, bunso. He always tell you to his friends telling how good her sister is in archery. How good you are in martial arts and how smart you are in all your ways." Dagdag ni Dad.

Marahang nakikinig lamang ako at hindi ko mapigilang hindi maguilty dahil sa mga pinaggagawa ko kay Tyrant.

Tangina kasing lalake 'yon, kung hindi n'ya ako laging inaasar noon edi sana naging close din kami. Akala ko kasi ayaw n'ya rin sa'kin dahil ako yung kasama ni Daddy upon growing up kaysa sakan'ya ayun pala, he only wants to be with me and treat him as my brother.

Damn.

Ang harsh ko pa naman sakan'ya noon dahil s'ya lang ang taong nakakapikon sa'kin within a snap.

He deserve a punch later for that.

"W-wait, wait." I raised my index finger telling them to stop for awhile dahil may nabanggit sila. "Alam n'ya na may kaaway ako?"

My father nod and I felt my mother's hand on my shoulders tighten.

"We all knew aside from Azlen and Azreel." I nod my head to motion them to continue. "We told you, that's the least thing we could do to protect you that time. We knew what you're current state and about the *stalkers.* Noong nalaman namin na may nagbabanta na sa buhay mo, we made a move but it's really a wrong one. We hurt you and we're really sorry for that. We thought that it is the best because Hilton family insisted too but trust me, wala talagang kasalan na magaganap even if you ever agreed. It was just all in the act to cover your thing with Architect Saviel. She's still intact with the Acozta's, she hold their name. We couldn't let you be in that situation kaya nag-isip kami ng paraan para malito ang media because someone send a link of you with Saviel, making out."

"What the?!! That's pathetic, Mom. We didn't make out 'no." Sa haba nang sinabi n'ya ay yung dulo lang talaga ang tumatak sa akin.

Wala akong natatandaan na nag-make out kami ni Ma'am sa maraming tao. Dug out, powder room and sa car lang kaya kami nag make out noon.

They all chuckled na ikinabusangot ko.

"Just kidding, anak." She kissed my cheeks which made me softened up. "May mga pictures na sinend sa amin kung saan magkalapat ang labi n'yo ni Saviel. There's also one na magkasama kayong dalawa in a specific restaurant. Mayroon pa na natulog ka kasama s'ya tapos ilang litrato na magkasama kayo papasok doon sa villa mo. . . It was about to expose on public but we already stop the mess that was about to see. Binayaran ng Daddy mo ang ilang sites and company para walang makalabas kahit isa and after that, we came up to the plan na gumawa ng act wherein you'll be engage with that Hilton guy."

Everything happened so fast. Hindi pa ako ganon ka-alerto sa paligid ko at kung anong mangyayari because of my carelessness. I only care about what should I supposed to do without thinking about the future ahead.

"Why didn't you tell me ahead of time?" Mahinang tanong ko habang pinaglalaruan ang mga daliri sa kamay.

I hate myself for saying such things that is way too out of the line to my parents when I was the one in fault. Yes, we're not in good terms pero hindi pa rin no'n mababago na sila ang magulang ko.

Damn. Kung sana nalaman ko lang agad di'ba---but what's the matter if I'll blame myself now? Nangyari na ang mga mangyari.

"We also received a death threat kasabay noong mga pictures. Kung sasabihin namin sa'yo, baka nawala kana. We're afraid to risk your life than to risk your happiness for a while. Hawak ka nila sa leeg mo, they can end your life in a minute." Tito Andrew stated kaya napailing ako.

So all this time, ako lang yung walang alam dito.

"Kilala n'yo ba sila?"

"Still the same people who told us why you and Kaios broke up. Hindi ka naman talaga namin gustong ilayo sa ex mo dahil niloko ka n'ya. We want you out of this country because he is one of them. He is

part of that organization." Daddy interfered but I just shook my head.

"Walang tattoo sa katawan si Kaios, Daddy." I contradicted dahil nakita ko na ang katawan n'ya kahit walang nangyari samin. I just saw it when I caught him having sex with someone.

"Zajei, hindi lahat ng kasali sa organization ay may tattoo. Mostly they had but mayroon ding wala."

"How can I know if they are part of it aside from the tattoo?" I fired back habang mariing nakatingin sa kaliwang kamay ko kung nasaan ang singsing na bigay ni Ma'am.

I heard my mother's sigh before she held my hand. "A silver necklace with a metal plate. It have a reverse cross carve in it."

My eyes squinted before I laughed without any hint of humor. "You must gotta be kidding me."

"Zajei--"

Napabitiw sa kamay ko si Mommy nang sabunutan ko ang aking buhok habang nakapikit ang mga mata.

Damn.

I only know one person who have a necklace like that.

"Kaios Gallagher own a necklace exactly like that."

...

From Avey:

1:54

Did you landed safe?
How's the flight?

2:10

Montero, what are you doing? Where's my daughter?

2:33

Damn! If you didn't reply in 10 minutes, I'm gonna go there.
Zajei Loure!!! Napaka-pangit ng ugali mo to fvcking ignore me!

I laughed at her last message bago ko lingunin si Shan na ngayon ay kumakain sa tabi ko. We're currently in the cottage sa likod ng rest house na tinuluyan namin kanina. May dagat kasi rito and it is also a private property kaya kami kami lang ang tao. Sakto pa na gusto mag-swimming ni Shan kaya walang pagdadalawang-isip na dinala s'ya rito ni Daddy.

Muling tumanog ang phone ko signalling that someone texted me.

2:35

Why aren't you replying? Nambababae ka ba?

I can't help but to chuckle kaya napatingin sa akin si Shanen at si Mommy.

Ngayon lang kasi ako nakapag-check ng phone ko kaya hindi agad ako nakapag-reply sakan'ya.

Halatang miss na agad ako ni Ma'am. Gusto na ata n'yang umuwi ako para makapag-sexy time na kami.

Nag-iisip nga ako na bumili ng fruits mamaya para 'yon naman ang gagamitin ko sakan'ya kasi bawal daw ang tali hangga't hindi kami kasal.

To Avey:
Ang gulo mo. May katabi akong babae kaya mamaya mo na ako itext, Miss James.

Wala pang isang minuto ay mabilis kong nakita ang reply n'ya.

I can really imagine her dark and pissed aura now dahil nararamdaman ko na ang inis n'ya sa akin.

Kung magtutuloy-tuloy 'to, baka hindi pa ako nakakapasok sa condo ay hinimatay na ako sa kaba. Malamang sa malamang kapag nabwisit talaga s'ya sa'kin ay walang mangyayaring magic between the two of us at baka masuntok n'ya pa ako.

From Avey:
Ah, ganon? Ginugulo kita? Then fvck off! 'Wag kana magpapakita sa'kin ever again!

She's really unbelievable. Konting lambing lang dito bibigay agad sakin si Ma'am.

Lambing lang ng isang Zajei Loure ang magpapatiklop sakan'ya sabay hubad.

Charot.

To Avey:.
Okay.

From Avey:
Damn you to fvcking death, Montero! Tangina, iuwi mo yung anak ko!

To Avey:
Hm, gusto mo lang ako makita eh. Palusot ka pa na gusto mong iuwi ko si Shan.

Ilang minuto s'ya bago nakapag-reply na ikinataas ng kilay ko.

From Avey:
Why would I? Ang dami daming iba d'yan. Babalikan ko nalang si Seth.

Mula sa pagkakangiti ko kanina ay agad akong napabusangot. Kahit kailan talaga ay hindi ko s'ya nadadala sa mga ganitong usapan kaya ako lagi ang talo.

The last time I checked is she's an architect and a professor, not a lawyer.

Ang galing n'ya humawak ng arguments kaya naiisip ko na kapag nagpakasal kami, hindi pa ako

nakakaalma ay nabara n'ya na agad ang sasabihin ko.

Dang! Magiging battered wife ata ako.

"Why?" Napa-angat ang tingin ko when my mother patted my back. I threw her a confuse look pero hinawakan n'ya lang ang nakakunot kong noo at minasahe ito. "Your forehead is creasing. Is there something wrong?"

I shook my head and move a little away from her. Nakita ko ang pagdaan ng lungkot sa mga mata n'ya kaya umiwas ako ng tingin.

I focused on taking care of Shan na ngayon ay kumakain sa tabi ko. I wipe the side of her lips dahil may sauce na ito.

Tangina. Bakit may street foods dito?

"Shan, who gave this to you?" Naguguluhang tanong ko at bahagyang inilayo sakan'ya ang fishball dahil nakakarami na s'ya.

She looked up to me and gave me a roasted hotdog. "Tito Tyrant give this to me po. He asked for my favorites po kasi."

I glared at Tyrant who's just playing with Azlen and Azreel in the seaside.

Ngayon ko lang napansin, ang childish pala ng lalakeng 'yon. Ang hilig din n'ya sa bata.

I won't be shock if I'll know in the future na mas bata sakan'ya ang magiging asawa n'ya.

I smirk.

Ireto ko kaya s'ya sa inaanak ko?

Literal na baby ang aalagaan n'ya if ever.

Habang kumakain kami ni Shan ng iwan kami panandalian ni Mommy ay nagpicture kaming dalawa at sinend kay Ma'am. I also take a picture of her who's happily playing at the sea habang nakangiti sa camera.

I smiled.

Ang huling picture na sinend ko kay Ma'am ay ang litrato namin ni Shan na kakakuha ko lang minutes ago. We are brushing our teeth kaya mirror shot habang nakasuot kami ng loose hoodie na unicorn ang design.

From Avey:
Ang duduga n'yooooo!
I'm gonna go there!

I shook my head habang nakasandal ako sa headboard. Na andito na kami sa room ko dahil nakatulog si Shan after ko s'yang paliguan kanina.

Mukhang napagod talaga s'ya sa paglalaro kanina with the elders and with my siblings.

To Avey:
4 pm palang. Uuwi na rin kami mamaya.

Ang totoo n'yan, ayaw kaming pauwiin nina Daddy. Dito nalang daw muna kami tutal wala na akong pasok.

I kinda miss this place pero miss ko na rin yung girlfriend ko. May gagawin pa naman kaming activity mamayang pag-uwi ko kaya sa ayaw at gusto nila, uuwi kami ni Shan.

Ganon dapat. You should've set your priorities.

Charot.

Ilang sandali ko pa s'yang hinintay mag-reply pero wala na akong natanggap na message mula sakan'ya. I just texted her na iidlip din muna ako but still, wala pa ring reply.

Nagtampo na ata s'ya.

"Mommy!" I groan when I heard Shan's voice at ang paglugso ng kama.

I covered my face with my arms at hinila pataas ang comforter dahil ang lamig.

"You're here!"

"Baby, andito naman talaga ako." Paos na sagot ko kay Shan ng hindi s'ya tinitingnan.

I furrowed when I heard two giggles but I just shrugged it off. Akmang matutulog na ako ulit nang may pumatong sa akin. Muntik pa akong mahulog sa kama dahil nasa dulo ako kung hindi n'ya lang agad ako nahila sa bewang.

Damn.

Imposible namang si Shan 'to.

Hanggang ngayon ay wala pa rin ako sa wisyo kaya nakapikit pa rin ako. I wanna sleep hanggang bukas dahil napagod ako sa mga nalaman ko kanina.

Hanggang ngayon inaabsorb ko pa rin lahat 'yon.

"Mommy Zj." I groan again at mas niyakap ang taong nasa ibabaw ko. By her scent, I can clearly know who is she pero that's impossible.

Nasa Manila 'yon at malabong malaman n'ya exactly kung nasaan kami dahil medyo tago ang lugar na 'to.

"Mommy, how about you kiss her like what the prince did to Aurora so she can wake up in her deep slumber?" I heard Shanen's voice and by that, I clarified na s'ya talaga ang babaeng akala mo magaan at nakapatong pa talaga sa'kin.

Bakit kapag ganito ang bigat n'ya pero kapag nagm-make love kami kahit magdamag pa s'yang nakapatong sa'kin hindi ko maramdaman yung kanyang weight?

"Baby, Aurora didn't woke up because the Prince kiss her. The actual truth is the Prince rape her---shfghfkdjfjfjf!!!" Someone cut me off just by slapping my mouth a little hard.

"Baby, can you go down first? Your D-dada is looking for you." I heard her stutter when she said Dada that make me smile mentally.

"Okay po."

Seconds after, narinig ko nalang ang pagbukas sara ng pintuan kaya tumagilid ako ng higa at mas yumakap sa babaeng katabi ko.

She smells so damn good.

"Tanya."

"Ha?" I heard her asking kaya pigil na pigil ang tawa ko. Mas nagsumiksik ako sa leeg n'ya at bahagya s'yang hinalikan. "Who's Tanya?"

"F-fvck, Tanya." I intentionally make it sound like a moan which earned a frustrated sigh for her.

Gising na ako. Gising na gising na kaya ready na akong bawian s'ya sa hindi n'ya pagrereply kanina tapos bigla nalang susulpot dito.

"Zajei, I'm warning you. Damn. You can't dream anyone other than me!" Oh, so territorial.

Alam kong hindi n'ya ramdam na gising na ako dahil kung alam n'ya, for sure kanina pa ako nito tinulak paalis sa kama dahil sa sobrang inis n'ya.

"T-tanya, baby. Fvck me more----ouch!" I whines in pain when I felt her hand at my cheek.

Tangina.

Sinampal ako.

Napabangon ako ng wala sa oras habang sapo sapo ang pisnge kong sinampal n'ya. When I turned my gaze on the culprit, nakasandal na ito sa may headboard habang masama ang tingin sa akin.

Wala man lang akong makitang guilt sa mata n'ya habang nakatingin sa akin. More on gusto n'ya ulit akong sampalin.

"Why did you slapped me?!" I hissed hysterically.

She rolled her eyes and massage her hand. "Akala ko nanaginip kang animal ka. Pang-gising lang sana sa'yo."

Kapag talaga nagagalit na s'ya nawawala yung sweetness n'ya, tangina. Natawag pa akong animal ng babae. Anong akala n'ya sakin? Kalahi ng dati n'yang asawa?

"Edi wow ang sakit mong manampal."

"Who's Tanya?" This time, ako ang umirap at lumayo sakan'ya.

"Wala." Nakalabing sagot ko saka tiningnan sa salamin ang pisnge ko. Namumula na ito kaya napairap ako.

My ghad! Ang lakas manampal kahit akala n'ya tulog ako.

"Aww." Napangiwi ako sa hapdi when she held my cheek and check it. She then looked into my eyes and snorted. "Ang taray mo. Ikaw na nga 'tong bigla bigla nalang sumusulpot dito."

"So what? Yung parents mo ang nagpapunta sa'kin dito."

"They're not your boss. Bakit sumunod ka sa utos nila?" Nakakunot ang noo na tanong ko habang magkaharap kami.

I was expecting for her to rolled her eyes but instead of doing it, she leaned forward and claimed my lips.

"I obeyed them because they are the parents of my girlfriend." She mumbled after breaking the kiss. "They're still your parents, Zajei."

"Oh?" Walang ganang tanong ko dahil bukod sa nabitin ako sa halik n'ya, hindi ko pa rin kayang pag-usapan ang mga magulang ko.

I don't know if okay na ba kami. Kung kaya ko na ba ulit makasama sila---kung kaya ko na ba ulit na magtiwala sakanila na hindi na ulit nila ako sasaktan pa.

It's hard when you have your trust issues and you can't trust your parents the most dahil sila yung pinaka-nanakit sa'yo.

It's like you're burning yourself at the fire you personally make.

"Hindi pa rin ba kayo okay?" She gently asked which made me shrugged my shoulders. "You can open up to me, Zj. Hindi ako others."

I chuckled softly and smirk afterwards.

Chapter 44

Zajei's POV

"Sav."

Walang emosyon at seryosong tiningnan n'ya muna ako bago lumapit sa akin at sinuri ang nagdudugong sugat ko.

It's bleeding nonstop.

"What---"

"I'll explain later. You need an immediate medication, luv." Ilang butil ng pawis ang tumulo sa noo n'ya bago hinawakan ang bewang ko at naglakad pabalik sa pinanggalingan ko kanina pero imbis na dumiretso sa sasakyan ni Reagan ay sa sasakyan ko kami nagtungo.

I silently checked her out, testing if there's any possibility that *it* was her.

Pero maayos ang paglalakad n'ya. Wala rin s'yang kahit na anong galos o bali pero sobrang pawisan siya at gaya ng kaharap ko kanina, nakaitim din siya.

"It's not me." She whispered while getting the car key at my pocket.

Tamad na binalingan n'ya ako ng tingin hanggang sa matamang lumunok siya.

I averted my gazes and open my car door's pero hindi pa ako nakakahakbang ay mabilis na napalingon ako sa kung saan ko iniwanan si Tyrant.

"They're already in the hospital." I heard her utter.

I clenched my jaw and without any word, I went inside my car and wait for her to get in, too. I can't drive in this state kaya hinayaan ko na lamang siya.

"Why are you here?" Mababa ang tonong asik ko habang abala siya sa pagmamamaneho. "You're supposed to be at your house---"

"And so you are. Bakit lumabas ka?"

I closed my eyes tightly. "Don't throw the same question I gave to you, Saviel." Seryosong ani ko at malamig na nilingon siya.

She swallowed hard and even her grip at the steering wheel tightened.

"Reagan fetch me in my house."

Not enough.

Imbis na magsalita pa ay tumahimik na lamang ako at hinintay na makarating kami sa hospital dahil medyo nahihilo na rin ako. The wound is too deep to handle. It's making me dizzy to be honest.

"Kapag may nangyaring masama sa kapatid ko...." I mumbled between my breaths and heaved a small smile. "Patayin n'yo nalang din ako."

"Zajei,"

"He was shot while hugging me, trying to protect me from those bullets that was supposed to be mine. Kakaumpisa palang namin, S-sav," a tear fell down to my eyes but my smile remains. "Kakaayos lang ng relasyon ko sa kapatid ko tapos ganito na agad? How many people will I still see after being happy? Because everytime I'm feeling that bullshits, may nawawala. May nangyayaring hindi maganda---may namamatay."

I swallowed hard and breathe deeply kasabay nang paghugot ko sa kutsilyo na nakatarak sa tagiliran ko. I devilishly crack a smirk and look at her side, witnessing how she glance at me through the corner of her eyes.

Walang pakialam na hinayaan ko lamang ang pag-agos ng aking dugo sa tagiliran at nakangising hinaplos ang mismong blade ng kutsilyo habang nakatitig sakan'ya.

"So, tell me, after my parents left me and being the first one to witness my grandparents and your mother lifeless bodies inside their office in New York, looking so abusive more than a nightmare would be, y'all think that you can still hurt me?" I chuckled humorlessly.

"You're the only one I want to have as my torture until death but I never thought that this hurts more than what dying could be." I added.

Wala pa ring imik na itinigil niya ang sasakyan at dali-daling lumabas at tumawag for emergency.

Marahil ay inaasahan na ng hospital na darating kami dahil may nakahanda na agad at nag-aabang si Mommy na tila hindi mapakali.

I went out of the car, looking so hopeless with blood running down in both of my palms habang hawak ko pa rin ang kutsilyo. Wala ni isang nurse ang nagtangkang lapitan ako hanggang sa naramdaman ko nalang ang paglapit ni Avey at pag-agaw niya ng patalim sa akin.

"Zajei," my mother hushed but I just pursed my lips to suppress all my tears. "Tyrant is already in the operating room. He's going to be fine."

"M-mommy," my voice cracked hanggang sa manlabo ang aking mga mata lumuluhang yumakap sakan'ya.

Hindi ko na ininda pa ang patuloy na pagkirot ng sugat ko at paglabo ng aking mga mata dahil sa samo't saring emosyon ang aking nararamdaman.

Bago pa man ako tuluyang bumagsak, I felt how my girlfriend's hand snake into my waist while I'm still hugging my mother.

I wanna puke but I felt like there's something in my throat. Parang nasasakal ako.

"Hold on, b-baby," I heard Sav's voice at ang bahagyang pag-alalay sa akin pahiga sa stretcher.

She squeeze my hand while everyone's panicking. Sobrang labo na ng paningin ko pero naaaninag ko pa rin siya na nasa aking tabi.

"You better explain why did this happen to my daughter, Saviel."

I closed my eyes firmly.

That's my mother's voice before everything went out of my control.

...

Mahinang ngumiwi ako nang maramdaman ang pagdampi ng isang kamay sa aking ulo.

Tangina, kitang may natutulog dito!

Ay hindi pala ako natutulog. Nasaksak nga pala ako punyeta.

"My son's fine, Zeah. Si Zajei? How's my little one?" I heard my father's voice and just by that, I can confirm that he's the one who's now caressing my hair.

"Okay na s'ya. We're just waiting for her to wake up."

"Where's her girlfriend?"

"Pinaalis ko."

Kahit mabigat ang talukap ng aking mga mata ay napamulat ako bigla ng wala sa oras dahil sa sinambit ni Mommy pero tila inaasahan na nila 'yon dahil nakapalibot sila sa aking kama at mahinang tumawa.

I roamed my eyes around and sighed in relief after seeing Avey at my mother's side. Nakaupo ito sa gilid ng aking kama at maliit na nakangiti.

"I told you she's already awake. She just need a word para imulat n'ya ang mga mata n'ya." Pagmamayabang ng nanay ko kay Daddy na umiling na lamang at marahang pinatakan ng halik ang aking noo.

"How's my princess?" He whispered with his softest voice. "I'm sorry if kakarating ko lang. Vien had a breakdown and almost got admitted to this hospital, too, after knowing that Tyrant is in life and death situation."

I closed my eyes and grimace.

"I'm sorry, Daddy." I lowered my head. "Sorry if Tyrant ended up in this situation because of me---"

"No, no, don't be." Agad na pigil nito sa akin at itinaas ang aking baba.

Kampanteng ngumiti ito at inayos ang aking buhok.

"I know that he did that because he wants to protect you. You don't have to say sorry, anak. Wala kang kasalanan."

I bite my lower lip and averted my gazes. "Pero si Tita Vien po, hindi po ba s'ya galit?"

"Of course not. She loves you as much as she loves Tyrant, Zj. Hindi ko s'ya ipaglalaba kapag nagalit s'ya sa'yo." He jokingly utter na bahagya kong ikinangiti.

"Here, drink this." Pag-abot ni Mommy ng isang baso ng tubig na malugod kong tinanggap. We adjusted my bed, too, kaya nakainom ako ng maayos hanggang sa napansin ko ang bulak sa may harap ng siko niya. Parang nag-undergo siya sa isang blood donation.

"Mom," tawag pansin ko at itinuro ang aking napansin. "Nag-donate ka ng dugo sa akin?"

She let out a small smile and wiggle her eyebrows.

"Yes, I did."

"Why?"

"Because you'll be in a much worse situation if I won't. You're my daughter, Zajei. I'll give you everything I have if I need to. Regardless if it is my blood or my heart so you can live." Magandang ngumiti ito sa akin na ikinapungay ng aking mga mata.

They already told me na hindi na nila sinabi ang nangyari sa amin ni Tyrant sa parents ni Daddy dahil baka raw magkaroon ng heart attack si Lolo. Hindi na rin nila pinapunta dito si Uncle dahil baka raw maghinala ang mga 'yon.

Ilang minuto pa kami nag-usap bago nila napagdesisyonan na dadaan muna sa kwarto ni Tyrant para makapag-usap daw muna kami ni Sav na kanina pa tahimik at patawa-tawa lang sa mga sinasabi ni Daddy.

Sinundan ko pa sila ng tingin nang ihatid sila ni Avey hanggang sa pintuan ng kwarto ko bago ito lumapit sa akin.

"Will you be able to attend your graduation?" Mahinang tanong n'ya na ikinatango ko lamang.

"I'm sorry." She whispered as she reached for my hand and intertwine it with hers. "I'm sorry for everything."

"You said that it's not you. Bakit nags'sorry ka ngayon?" Seryosong tanong ko pero lumabi lamang siya ay tumungo.

"I'm sorry for always letting you suffer and witness everything beforehand. I'm sorry for showing up too late. I-i am sorry for this." Her voice cracked as she put our intertwined hands against her forehead.

"Sav,"

"I can explain now---"

"After my birthday." Pigil ko sakan'ya dahil alam ko namang wala ring papatunguhan ang sasabihin n'ya.

Hindi rin naman niya sasabihin lahat.

"But, luv," she looked at me with despair pero maliit na ngumiti lamang ako at umiling.

"Act like nothing happened when I got discharged. 'Wag n'yo ng sabihin sa kambal at sa iba kung anong nangyari. Pagkatapos ng birthday ko o kahit na sa mismong birthday ko nalang, saka n'yo sabihin sa'kin lahat. 'Wag lang ngayon, luv. . .'Wag lang ngayon." I cleared my throat at unti-unting binawi ang aking kamay sa pagkakahawak n'ya.

Ni hindi ko pa nga alam kung ano ang totoong lagay ng kapatid ko dahil kapag tinatanong ko ang eksaktong kalagayan n'ya ay umiiwas ang magulang ko.

"Are you sure?" She asked that made me nod.

Nang makita ko ang nanunubig n'yang mga mata ay marahang tinapik ko ang aking tabi upang umupo siya saka ko s'ya hinila para mahigpit na yakapin.

"I love you so much." I mumbled while hugging her. Hindi ko na ininda pa ang mahinang pagkirot ng sugat ko ngunit parang napansin n'ya pa rin ang aking pagngiwi dahil humiga siya sa aking tabi at tumagilid para hindi madali ito. She then hugged me afterwards and kiss mt forehead.

"I love you more."

I lowkey let out a smile and closed my eyes.

"Magpapadischarge ako mamayang hapon, ha? Uuwi ako sa condo ko."

"You can stay at my house---"

"Sa condo ko." Putol ko sakan'ya. "Let's just see each other in my graduation day."

She sighed and just nod in silence.

Alam kong okay lang na magpa-discharge ako mamaya dahil hindi s'ya nakipagtalo sa bagay na 'yon. Hindi ko rin kasi kayang tagalan ang hospital na 'to. Parang nas'suffocate ako.

We stayed at my hospital bed until lunch dahil dinalhan nalang kami ng pagkain nina Mommy. They didn't disturb us after seeing that we're cuddling at my bed kaya nang maghapon ay napagdesisyonan ko nang magpa-discharge sakanila.

I can't actually feel the physical pain the wound brings because I was too clouded with overthiking and being a paranoid ass here. Sa sobrang dami kong iniisip ay gusto ko na lamang matulog at iwan lahat.

Ayoko pang malaman lahat ngayon dahil alam kong wala rin akong mapapala. I know Saviel. She won't say it all in one sitting. Kahit na anong gusto kong marinig mula sakan'ya ang side n'ya ay hindi ko rin magawa dahil baka bumigay ako kapag narinig ko ang ayaw kong marinig mula sakan'ya.

Gusto kong itanggi kasi alam kong malabo pero tangina ang hirap magpakatanga.

Hindi s'ya 'yon.

At kung s'ya man iyon, I know that I'll be stupid enough to accept her again. My love for her is bigger than my pride and ego. Kahit s'ya pa ang pumatay sa akin ay s'ya pa rin ang pipiliin ko. I'll still love her nonetheless of those bullshits.

"Tyrant," I called while touching the glass of the ICU room kung nasaan siya.

Masyadong maraming nakakonekta sakan'ya ngunit ang nakakuha ng aking atensyon ay ang mga nakabantay na nurses sa pasilyo kung nasaan siya.

I called one earlier while waiting for Sav who just checked all my papers to settle it down and I figured

out that Mommy ordered this all by herself.

They were looking after him at their best dahil ilang beses na rin daw nagflatline ito.

I wiped my tears away and fixed myself bago pa man tuluyang makalapit sa akin si Sav na s'yang maghahatid sa akin sa condo ko.

Hindi na rin s'ya nagtagal dahil agad na natulog ako pero pagkagising ko ay nakita ko pang nagluto muna s'ya bago umalis dahil kailangan pa raw niyang kausapin si Rage.

I looked up to the ceiling while holding my wound. I can handle this enough to look like nothing happened. I can face all those people without them thinking that I almost died.

I sighed.

To my birthday, I swear, I'll get every answer I should know.

...

Graduating as a Summa Cum Laude with flying colors in one of the most prestigious university in the country made me one of the headlines in the news and newspaper.

Aside from the award, the surname I have made it more popular and exceed what I think it would probably be. But literally, it's not what I am thankful.

True, it is my pleasure to have the awards but what made me feel so special is, in this day, all the people I expected to be with me in this ceremony is here. They have the proud and genuine smile painted on their lips while I am saying my thoughts as a Summa Cum Laude of our batch.

Except Tyrant. He's still under observation at hindi pa rin nagkakamalay hanggang ngayon. Nevertheless, we made to cover it for my grandparents na hinahanap ang kapatid ko ngayong graduation pero sinabi nalang namin na nasa ibang bansa at may business trip.

My parents are the one I am with while I am receiving my medals. It should be my grandparents but they insisted that it should be my parents because they are still my guardians.

Noong una ay ayaw pa nila Daddy at Mommy because they thought they are not deserving to be on that spot pero hindi na sila nakatanggi when I personally ask them for it.

Si Tita Vien lang ang isa sa wala dahil s'ya ang nagbabantay ngayon kay Tyrant sa hospital. She volunteered tho so my father could attend.

"Congratulations!!!" Sabay sabay na sigaw namin habang nakataas ang diploma.

We formed a circle habang malalawak ang ngiti. I, Phin, Ferb, Yuki, Sven, Kaios, Wave and Ice have this proud grin on our faces habang nakatingin sa isa isa.

Hindi ko mapigilang hindi humagalpak sa tawa when I saw how Sven's cried matapos n'yang ibaba ang diploma na hawak at nakitang nakaluhod sa harapan n'ya si Yukiara.

My ghad, I can't believe I'll see my cousin kneeling for someone to ask her as her girlfriend.

Ang swerte ng Acozta na 'to, sarap hambalusin.

Charot. Amazona rin kaya si Yuki kaya delikado ang buhay ko kapag ginawa ko 'yon kay Sven the reindeer.

Habang nagdadrama ang dalawa ay hindi ko mapigilang hindi lumingon sa kambal na ngayon ay nagv'video na naman.

Hawak hawak ni Phineas ang camera habang nakatutok naman ang flashlight ni Ferb sa magjowa na ngayon ay nagyayakapan na.

Mamaya magm'make out na 'yan.

"Mommy Zj!!"

My lips automatically formed a sweet smile at agad sinalubong ng yakap si Shan. I carried her before she kiss my cheeks and congratulate me.

Geez, ang cute talaga n'ya.

"Ang swerte talaga ng hayop." I heard Sven's stated while looking at my back.

Ibinaba ko mula sa pagkakabuhat si Shan when she insisted at nakita ko itong tumakbo papalapit kay Azreel at dito nagpabuhat.

I knotted my forehead.

Bakit nakatingin sila sa'king lahat?

"Luv." I froze on my spot when I heard her soft spoken voice but I managed to turn around.

My mouth went agape when I saw her holding a bouquet of flowers while smiling.

Maging ang ibang estudyante ay napapatingin sa amin. Yung iba kinikilig habang yung iba naguguluhan but nevertheless, tangina kinikilig ako!!!

I don't know what to do when she started walking palapit sa akin. I think the world just stop when I saw how she flashes a genuine smile while looking straight at my deep blue green eyes.

"I love you." I subconsciously said which made her bit her lower lip.

"Ayieeeeeeeeeee!!!"

"Tangina, hindi na torpe si Zj!!"

"Master ko 'yan!!"

"Tuli na si Habagat!"

"Kasalan na next?"

"Hindi beh, honeymoon muna para malaman kung baog ba o hindi."

"Fvck, Montero naka-bullseye ka sa puso ni Architect Sav!"

Sa dami ng mga nagsasalita ay hindi ko na alam kung sino sino sila. Ang focus ko lang kasi ay andito sa babaeng nasa harap ko na ngayon ay malawak ang ngiti.

I can't help not to be mesmerize by her ethereal beauty before my eyes landed on the bouquet she's holding.

Nakangiting kinuha ko ito bago s'ya yakapin at halikan sa tip ng nose.

"I love you, too." She mumbled while her hands are on top of my shoulders. I just chuckle and peck her nose again.

After that, I look at her from head to toe and realized that she's wearing the dress we bought yesterday from Japan. It is the one I personally chose for her.

Ghad!

My girlfriend is such a human goddess, indeed.

"Hoy tama na muna 'yang harutan, picture muna." Awat ni Kaios sa amin dahil tahimik na magkayakap lang naman kaming dalawa.

Inis na inirapan ko ang kupal na tumawag sa'min pero tumawa lamang ito at inakbayan ako. I can't help not to admire the ambiance of my surroundings.

It is all fine.

Everyone looks so happy holding their diplomas and some people around them looks so proud.

When my gazes landed on my friends and family, I can't help not to smile bitterly.

It's so easy to cover all my anxieties, fears, and silent cries with a single bright unproblematic smile.

I hope, this day won't end anymore.

...

"Happy birthday kay habagat Zajei na addict sa sex!!!---aray, putangina mo!"

"Hoy gago!" Agad na saway ko kay Sven hindi dahil sa sinabi n'ya tungkol sa'kin kung hindi dahil sa pagmumura n'ya. "Isa pa Samara at babasagin ko 'yang pangit mong mukha. Hindi ko minura ever since 'yang girlfriend mo kaya 'wag mong murahin 'yan."

Agad na kumunot ang noo ni Sven at tumingin sa likod n'ya. Agad na namutla ito which made me smile mentally.

Under.

"Ha? A-ah, haha. Hindi ko alam na si Yuki 'to. I thought it's W-wave kasi." Kinakabahang usal ni Sven dahil masama ang tingin sakan'ya ni Yuki. Habang ako naman ay buhat buhat lang ang anak ko--charr. Si Shan ang buhat buhat ko habang naglalakad kami for departure dito sa airport.

Hindi ko naman masisisi si Sven when she thought it's Wave dahil yung lalakeng 'yon ang nasa likod n'ya kanina kaso tinawag noong kambal para sa pagdadala ng mga gamit namin kaya si Yuki ang pumalit sa pwesto n'ya at bumatok sakan'yang girlfriend.

"Ang cocorny n'yo." Nang-aasar na patid ko habang tumatawa dahil nakita ko nalang silang dalawa na nauuna at naglalambingan.

I held Shanen's back at marahang hinaplos ito dahil tulog s'ya. Maaga pa naman, it's just 6 am in the morning at dapat by 7 am, ready for take off na kami.

"Putangina n'yo!"

"Ferb, lower down your voice. Ibabalibag kita kapag nagising si Shan." Pagbabanta ko bago s'ya samaan ng tingin. When he notice that the kid is sleeping on my shoulder, he kept his mouth shut at nauna nang maglakad.

I frowned when I saw how pissed he is.

Anyare sakan'ya?

"He's jealous." Someone stated which made me look at her. Agad akong napangiti when I saw my girlfriend at my side at marahang inayos ang jacket na suot ko.

"Whose?" I asked.

"Lia and Reagan. He thought there's something going on between the two of 'em but he didn't know that Reagan's not interested on Liallé and same with the last." She shrugged and smirk. "Kanina pa s'ya inaasar ng kapatid n'ya at ng iba, hindi mo ba napapansin?"

I shook my head as she guide me to walk towards the plane. "Nauuna kami hindi ba? Masyado silang maingay, baka magising pa si Shan." I reasoned out when in fact, may iniiwasan lang talaga ako.

I really want to make a move para ma-corner ko lahat ng gustong pabagsakin ako but there's something who keeps on stopping me.

Unang una, si Ice.

He told me that I should be more careful on my actions because in one wrong move, someone will die.

I am really having a gut that he knew what happened because I caught him staring at my wounded side earlier pagdating namin ni Saviel at Shan sa meeting place.

Hindi nila akong pwedeng saktan ngayon hangga't hindi ipinag-uutos ng leader nila, I know that. These past few days ay walang nakasunod sa akin dahil kung mayroon man, agad ko itong inililigaw.

Second, ang mga magulang ko.

They told me to trust them on this issue to keep me no harm. Kulang na nga lang ay pagkamalan akong anak ng hari dahil sa sobrang daming body guard ang nakapaligid sa'min. Sinabi rin nila na hindi ako mapapahamak dahil gagawa sila ng paraan para walang masangkot na iba sa gulo.

They're now putting a lot of walls to secure me because of what happened to Tyrant and I days ago.

At first, I was hesitant but the moment I saw the determination and courage on their eyes just to protect me, I gave in.

There's a lot of bait running around the circle that's why we're afraid to do a risky move because it can result by something dangerous.

"Hey."

"Hm, yeah?" Tumaas ang dalawang kilay ko when Avey poked my arm.

She's looking at me while knotting her forehead which makes me smile in awe. "Stop doing that."

"Doing what?" Takang tanong nito bago umayos ng upo sa tabi ko.

"Forehead creased and pouted lips. Ang cute mo masyado, sarap mong ikulong sa kwarto." I shrugged and chuckle.

Hindi makapaniwalang tiningnan ako nito bago umirap. I smile and bit my lower lip before intertwining our hands. There's no space in between our fingers at namalayan ko nalang na nakasandal na s'ya sa balikat ko while kissing my hand she's holding.

"Birthday mo na bukas." She said as a matter of fact na ikinangiti ko. "Ang tanda mo na." My smile faded as I frowned and playfully glared at her.

"Ikaw nga 28 na next month tinawag ba kitang matanda? Gurang na 'to!---aray, luv!" I whimpered in pain when she bit my hand she's holding.

I chuckled when she rolled her eyes at tila inis na inis na pinagkrus ang mga braso sa dibdib.

Sa itsura n'yang 'yan na ang tanging suot lang ay ang short sleeves button down Hawaiian style polo with the three first buttons open and a denim shorts with specs, she looks so breathtakingly hot.

Ang suot pa naman n'yang salamin ay ang eyeglasses ko dahil ayaw n'yang ipasuot sa akin 'yon and I don't know why.

Iyong black Ray-Ban sunglasses tuloy ang suot suot ko kaya hindi kita ang mga mata ko.

"Mommy."

"Yes baby?" I asked when the kid open her eyes and look at me. She snuggle close to my neck kaya napatingin sa amin si Ma'am.

"I wanna pee." She muttered that made me smile. Akmang aalisin ko na ang kamay ko kay Ma'am when she squeeze it and shook her head.

"Ako na ang sasama sakan'ya." She get her daughter from me and stood up. Nakasunod lang naman ang tingin ko sakanila hanggang sa makapasok sila.

"Makatingin ka naman parang mawawala ang mag-ina mo." I looked at the person who spoke at agad kumunot ang noo ko ng walang pasabi na umupo ito sa harapan ko.

"Hindi mawawala ang mag-ina ko pero tangina mo." I rebutted before arching my brow on him.

Napapailing na sumimsim ito sa hawak na kape bago tumingin sa bintana sa tabi n'ya. "What's up, Phin?" I asked.

I saw how his eyes filled with pain before it returned into a blank one. "Nothing's up aside from your upcoming birthday tomorrow."

"Oh c'mon, don't fool me." I utter na ikinangisi n'ya.

He then glance at the other aisle kaya napalingon din ako. I saw two figures who is just sleeping but carefully holding each other.

"Mahal mo si Yuki?" I asked out of nowhere nang mapagtanto ko ang ipinapahiwatig n'ya.

He slowly nodded and let out a sarcastic grin. "Matagal na."

"Why didn't you fight for her before? Ang tagal n'yang single." Mabining tanong ko pero nagkibit balikat lamang ito at tiningnan ako deretso sa mga mata.

"I am a coward." I scoffed and sighed heavily.

"No doubts."

"But I can fight for her now, Zj. Kaya ko na--"

"Don't you dare mess with my cousin's relationship." I glared at him. "Masaya na s'ya. Hindi na ikaw ang gusto n'ya." I stated which made him taken aback.

Alam kong noon palang may iba na sakanila. When we were still in second year college, they have this mutual understanding pero ayaw nilang lagyan ng label. I think, their so-called-commitment lasts for a year or so pero nawala rin. They decided to end it 'cause they both got tired of it.

Hindi pa sila handa no'n pero alam nilang gusto nila ang isa't isa.

They keep it as a secret but little did they know, Ferb and I knew it from the start. Nalasing no'n si Phin kaya accidentally, he blurted it out.

Kaya noong nagsisimula na ang second sem few months ago and they decided to flirt with each other again, I stood against it. Nakita ko kung paano umiyak si Yuki noong pinili nilang tapusin ni Phin kung anong meron sakanila and just stay as a friend.

I know that she loved him. Hindi 'yon papasok sa isang commitment na magtatagal ng isang taon kung hindi n'ya mahal si Phin.

Sadyang duwag lang sila parehas at takot mag-take ng risk kaya mas pinili nilang tapusin ang namamagitan sakanila kaysa panagutan ang sinimulan nilang dalawa.

Sayang. Ship pa naman sana namin sila.

But when Samara came, nagbago yung ship ko. I saw how happy my cousin is na hindi ko nakita noong si Phineas pa ang kasama n'ya. Sven makes her feel better and loved.

Kaya noong nalaman ko na may namamagitan sakanilang dalawa, hindi ko na pinakialaman pa. That's

their life, not mine.

"I knew it. Alam n'yo nga ang about sa'min dati." Bumalik ang atensyon ko kay Phin when he spoke. I arch my brow and smirk. "Since senior high school, mahal ko na s'ya."

"Pero hindi na nga ikaw ang mahal n'ya." Nawala ang ngisi ko at napalitan ito ng isang nakakakilabot na ngiti. "Know your limits, Oqua. . . . Because I won't think twice not to beat the hell out of you kapag ginulo mo sina Yuki at Sven. I let you and your twin mess with my life by stalking me," I paused and lick my lower lip. I saw how his eyes gets darker but he remain compose and serious. ". . .But I won't tolerate your shits if you'll do anything to hurt my cousin."

I grasp at my seat while we are staring intently at each other.

I confirmed one thing.

Alam n'yang alam ko ang ginagawa nilang pagsunod sa'kin. Hindi man lang s'ya nagulat and he looks like I'll say it.

I shook my head in disbelief before chuckling. Maging s'ya ay natawa bago kami nag-apir dalawa.

Parang tanga lang.

Kanina ang seryoso namin parehas pero ng magtama ulit ang mata naming dalawa ay parehas kaming natawa.

"Don't worry, wala akong planong saktan si Yuki." I nod and motioned him to leave dahil pabalik na yung mag-ina ko. Nang tumayo ito ay lumingon muna ito sa akin at ngumisi. "Hold on to my words. I'll protect all of my friends at all cost."

I just shrugged because I know what he meant by that.

When he say it, ayaw n'yang may masasaktan kahit isa sa kaibigan n'ya.

"I don't know if I could still trust you." I paused and met his gazes. "If I could still trust *all of you*."

Instead of being offended, he just smile and pat my head. "You already trust us the moment you said that we are your friends. . . Iilan lang ang kaibigan mo kaya siguradong may tiwala ka pa sa amin, kahit kaunti lang. . . . I know you so well Zajei. I know that deep inside you, you still care for us. You still trust us because of our untold reasons."

I smiled in bittersweet bago alisin ang kamay n'ya sa ulo ko.

"Walang kai-kaibigan kapag may nangyaring masama sa pamilya ko at sa ibang mahalaga sa'kin." I stated and looked around only to see na lahat ng mata ng mga kasama namin ay nakatutok sa aming dalawa. "Not my love ones. Because if you will do just a li'l bit of thing to harm them, ... I pray to God to have mercy on you because I won't have a single thing of it."

...

Isang ngiti ang kusang gumuhit sa labi ko habang nakasandal sa may bintana ng van.

"Happy birthday, happy birthday, merry Christmas to you~" sabay sabay na kanta ng mga kaibigan ko na

may kasama pang palakpak.

Kanina ko pa pinipigilan ang pagtawa ko dahil ayaw kong magbayad ng 30k sakanila. Pagkalapag kasi ng eroplano namin kanina, napag-usapan nila na kailangang mapa-hagalapak ako sa tawa bago kami makarating sa resort na tutuluyan namin for one week to celebrate my birthday.

If they would be able to do that, I'll pay 30k for all the activities we'll do. May plano kasi silang libutin yung buong El Nido, Palawan, kaya gusto nilang ako ang magbayad kaya nabuo ang bet.

At kung hindi naman nila ako mapapatawa, may gagawin din sila for me.

If I would pay 30k if I'll lose, then they have to convince my girlfriend to give me a sexy dance and a mind blowing body shot if I win.

Noong una ayaw ko talaga. Hindi rin naman kasi nila alam na may nangyayari sa amin ni Ma'am pero alam nilang lahat na we're in a relationship.

Pero shet, ayaw ko talaga ng kapalit kung mananalo ako dahil ayaw kong gawin 'yon ni Sav ng labag sa loob n'ya. Wala naman s'yang pake kanina noong nagbibigayan ng dare dahil nasa unahan s'ya para hindi marinig ni Shan ang pinag-uusapan namin.

Tangina, hindi sana ako papayag doon sa body shot and sexy dance pero noong pumayag si Ma'am after sabihin sakan'ya ang tungkol do'n, naisip ko bigla na hindi nga pala ako tumatanggap ng pagka-talo kaya ipapanalo ko 'to.

Naisip ko nga kanina na uminom ng Alaxan para tapos ang laban.

Kaso baka maging si Manny Pacquiao ako at masuntok ko silang lahat kaya 'wag nalang.

"Zajei!"

"Oh?" Bored na tanong ko kay Kaios ng tawagin ako nito. Nasa may bandang unahan sila ng kambal habang nasa likod naman kaming tatlo nila Ma'am.

Sa second row naman ay si Ice at Wave tapos sa third ay yung magjowa kasama si Rage at Miss Lia.

"Kung ang dagat ay sea, bakit kamukha mo si humble bee?" Sandaling katahimikan ang bumalot sa amin bago bumaling ang tingin ko kay Shan na umangat ang tingin mula sa pinapanood n'yang Wonder Pets.

"Isn't it Bumblebee po?" She asked in a respectful manner na ikinangiti ng Mommy n'ya.

"Bumblebee ba 'yon?" This time, it is Ice who spoke.

We all nod in unison na ikinakunot ng noo nila ni Kaios.

"I thought it is humble bee from the very beginning of my childhood since Kaios said it is humble bee." Ice said out of disbelief which earned a loud groan from his cousin.

